Pagkalahatang Halalan ng California Martes

Ika-8 ng Nobyembre, 2016

Ang mga Botohan ay Bukas Mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan!

★ ★ ★ ★ ★ **OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE** ★ ★ ★ ★ ★

Sertipiko ng Katumpakan

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, sa pamamagitan nito ay pinatutunayan na ang mga panukalang kasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkahalatang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa ika-8 ng Nobyembre, 2016, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-15 araw ng Agosto, 2016.

Alex Padilla, Kalihim ng Estado

BATAS NG MGA KARAPATAN

NG MGA BOTANTE

NARITO ANG IYONG MGA KARAPATAN:

1. **Karapatang bumoto kung isa kang nakarehistrong botante.** Karapat-dapat kang bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
   - may edad na 18 taon pataas
   - nakarehistro sa kasalukuyan mong tinitirhan
   - hindi nakakulong o nakaparol para sa isang malaking pagkakasala

2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na wala ang iyong pangalan sa listahan.** Boboto ka gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang iyong boto kung mapagpapasyahan ng mga opisyal ng halalan na karapat-dapat kang bumoto.

3. **Karapatang bumoto kung nakapila ka pa noong nagsara ang mga botohan.**

4. **Karapatang magpatala ng lihim na balota** nang walang nang-aabala o nagsasabi sa iyo kung paano bumoto.

5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:

   Humingi sa isang opisyal ng halalan sa lugar ng botohan ng panibagong balota; o

   Palitan ang iyong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ng panibagong balota sa isang opisina ng halalan, o sa iyong lugar ng botohan; o

   Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo hawak ang orihinal mong balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

6. **Karapatang makatanggap ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pipiliin mo, maliban sa iyong employer o kinatawan sa unyon.

7. **Karapatang ihulog ang nasagutan mo nang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar ng botohan** sa county kung saan ka nakarehistrong bumoto.

8. **Karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa wikang iba sa Ingles** kung sapat ang dami ng mga taong nagsasalita ng ganoong wika sa iyong pagbobotohang presinto.

9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal ng halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at panoorin ang proseso ng halalan. Kung hindi masasagot ng tatanungin mo ang iyong mga tanong, dapat ka niyang idirekta sa naaangkop na taong makakasagot ng mga ito. Kung nakakaabala ka, maaaring hindi na niya sagutin ang iyong mga tanong.

10. **Karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlilang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa pamamagitan ng pag-e-email sa **elections@sos.ca.gov**

KUNG SA PALAGAY MO AY IPINAGKAIT SA IYO ANG ALINMAN SA MGA KARAPATANG ITO, TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA WALANG BAYAD NA LINYA NG BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY 7

MGA PROPOSISYON

51 Mga Bono ng Paaralan. Pagpopondo Para sa Mga Pasilidad ng Paaralan na K-12 at Kolehiyo ng Komunidad. Inisyatibang Batas. **18**

52 Programa ng Medi-Cal Para sa Paggamit ng Singil ng Ospital. Inisyatibang Pag-Aamyenda sa Saligang-Batas at Batas. **24**

53 Mga Bonong Kita. Pag-apruba ng Botante sa Buong Estado. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-batas. **30**

54 Lehislatura. Pagbabatas at Mga Paglilitis. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-batas at Batas. **36**

55 Pagpapalawig ng Buwis Upang Pondohan ang Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-batas. **40**

56 Buwis sa Sigarilyo Upang Pondohan ang Pangangalagang Pangkalusugan, Pagpigil sa Paggamit ng Tabako, Pananaliksik, at Pagpapatupad ng Batas. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-batas at Batas. **46**

57 Mga Sentensiyang Pangkrimen. Parol. Mga Paglilitis at Pagsentensiya sa Krimen ng Kabataan. Inisyatibang Pag-aamyenda sa Saligang-batas at Batas. **54**

58 Kahusayan sa Ingles. Edukasyon na Nasa Maraming Wika. Inisyatibang Batas. **60**

59 Mga Korporasyon. Paggastos na Pampulitika. Mga Proteksiyon sa Pederal na Saligang-Batas. Pambatasang Katanungan Para sa Pagpapayo. **64**

60 Mga Pelikula na Para sa Nasa Hustong Gulang. Mga Kondom. Mga Kinakailangan Sa Kalusugan. Inisyatibang Batas. **68**

61 Mga Pagbili ng Iniresetang Gamot ng Estado. Mga Pamantayan sa Pagpepresyo. Inisyatibang Batas. **72**

62 Parusang Kamatayan. Inisyatibang Batas. **78**

63 Mga Baril. Pagbebenta ng Mga Bala Ng Baril. Inisyatibang Batas. **84**

64 Pagsasalegal ng Marihuwana. Inisyatibang Batas. **90**

65 Mga Bag na Pinaglalagyan ng Mga Pinamili. Mga Singil. Inisyatibang Batas. **100**

66 Parusang Kamatayan. Mga Pamamaraan. Inisyatibang Batas. **104**

67 Pagbabawal sa Pang-Isahang Gamit na Mga Plastik na Bag. Reperendum. **110**

PANGKALAHATANG-TANAW NG UTANG SA BONO NG ESTADO 114

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO SENADO NG ESTADOS UNIDOS 117

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS 118

MGA PAHINA NG IMPORMASYON

Batas ng Mga Karapatan ng Mga Botante 2
Tulong sa mga Botanteng May Mga Kapansanan 4
Pagpaparehistro ng Botante 4
Impormasyon sa Privacy ng Pagpaparehistro ng Botante 4
Mga Paraan ng Pagboto 5
Pansamantalang Pagboto 5
Liham mula sa Kalihim ng Estado 6
Mga Online na Tagapagdulot 16
Audio at Malaking Limbag na Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante 16
Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan 16
Mga Halalan sa California 17
Mga Nangungunang Nagkontribusyon sa mga Pambuong-estadong Kandidato at mga Panukala sa Balota 17
Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato 116
Mga Kandidato para Presidente ng U.S. 116
Mga Petsang Dapat Tandaan 223

Tulong sa mga Botanteng May Mga Kapansanan

Alinsunod sa mga batas ng estado at pederal, dapat ay madaling mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang mga lugar ng botohan. Sinusuri ng mga opisyal sa mga halalan ng county ang bawat lugar, at kadalasan, gumagawa sila ng mga pansamantalang pagbabago para sa Araw ng Halalan. Ang bawat taong nagtatrabaho sa isang lugar ng botohan ay may kasanayan sa mga batas ng halalan at karapatan ng botante, kasama ang pangangailangang gumawa ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran at pamamaraan upang matiyak na magiging patas ang access ng lahat.

Alinsunod sa mga batas ng estado at pederal, dapat ay magawa ng lahat ng botante na ipatala ang kanilang mga balota nang pribado at hindi tinutulungan. Ang bawat lugar ng botohan ay dapat magkaroon nang kahit isang makina lang sa pagboto, na magbibigay-daan sa mga botante, kasama ang mga bulag at may problema sa paningin, na makaboto nang hindi nangangailangan ng tulong. Dahil sa makina sa pagboto, magagawa ng mga botante na patibayan ang kanilang mga ibinoto, at kung magkaroon man ng error, magagawa nilang iwasto ang kanilang mga pinili bago isumite ang kanilang balota.

Tingnan ang iyong halimbawang balota

Gagawin ng buklet ng halimbawang balota ng iyong county ang sumusunod:

- Ilalarawan nito kung paano makakaboto ang mga taong may mga kapansanan nang pribado at hindi tinutulungan
- Magpapakita ito ng isang simbolo ng wheelchair kung mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang iyong lugar ng botohan

Sa lugar ng botohan

Kung kailangan mo ng tulong sa pagmamarka ng iyong balota, maaari kang pumili ng hanggang dalawang tao upang tumulong sa iyo. Ang taong ito ay hindi maaaring maging:

- Iyong employer o sinumang taong nagtatrabaho para sa iyong employer
- Ang lider ng iyong unyon ng paggawa o sinumang nagtatrabaho para sa iyong unyon ng paggawa

Ang pagboto sa gilid ng daan ay magbibigay-daan sa iyong iparada ang iyong sasakyan malapit sa lugar ng botohan. Dadalhan ka ng mga opisyal ng halalan ng isang listahan na dapat mong lagdaan, isang balota at iba pang materyales sa pagboto na maaari mong kailanganin, nasa gilid ka man ng daan o nakasakay sa isang sasakyan.
Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa iyong county upang malaman kung maaaring bumoto sa gilid ng daan sa iyong lugar ng botohan.

Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro ka na upang bumoto, hindi mo na kailangang muling magparehistro ***maliban*** kung papalitan mo ang iyong pangalan, address ng tirahan, address pangkoreo, o kung gusto mong magpalit o pumili ng partidong pulitikal.
Maaari kang magparehistro upang bumoto online sa *RegisterToVote.ca.gov*. O tumawag sa *libreng* Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan ng porma.

Makakakita ng mga porma ng pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lunsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California.

Impormasyon sa Privacy ng Pagpaparehistro ng Botante

Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang botanteng nahaharap sa mga nakamamatay (ibig sabihin, nakakaranas ng karahasan sa tahanan, may stalker) na sitwasyon ay maaaring maging kwalipikado upang maging isang kumpidensyal na botante. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang-bayad na programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.*

Privacy ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa iyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa iyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng iyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong lalabas sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na isang maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang tumatakbong kandidato, isang komite sa panukala sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at seguridad sosyal, o ang lagda mo sa iyong kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto mong mag-ulat ng hinihinalang maling paggamit sa nabanggit na impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Mga Paraan ng Pagboto

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

- Humingi ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo bago ang **Nobyembre 1**.
- Ibalik sa pamamagitan ng koreo—dapat ay sa mismong araw ng, o bago sumapit ang **Nobyembre 8** ang petsa sa postmark, at dapat itong matanggap ng opisina ng halalan sa iyong county bago ang **Nobyembre 14**.
- Personal na ibalik—sa opisina ng halalan sa iyong county o sa anumang lugar ng botohan sa iyong county bago mag-8:00 p.m. sa **Nobyembre 8**.

Personal na Bumoto nang Maaga

Nag-aalok ang ilang county ng maagang pagboto sa ilang lugar bago ang Araw ng Halalan. Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa iyong county upang malaman kung nag-aalok ito ng maagang pagboto. Makakakita ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa: *http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/*.

Bumoto sa Lugar ng Botohan sa Araw ng Halalan

- Bukas ang mga botohan sa Araw ng Halalan: **Nobyembre 8 mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.**
- Makikita ang lokasyon ng iyong lugar ng botohan sa likod na pahina ng buklet ng halimbawang balota na ipinadala sa iyo ng opisyal ng halalan sa iyong county. Makikita mo rin ang iyong lugar ng botohan:

✆ Sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957

Online sa *www.sos.ca.gov/elections/polling-place*

Sa pamamagitan ng pagte-text ng *Vote* sa GOVOTE (468683)

Pansamantalang Pagboto

Kung wala ang iyong pangalan sa listahan ng botante sa iyong lugar ng botohan, may karapatan kang bumoto sa isang pansamantalang balota.

Ano ang Pansamantalang Balota?

Ang pansamantalang balota ay isang regular na balotang inilalagay sa isang espesyal na sobre bago ilagay sa kahon ng balota.

Sino ang Nagpapatala ng isang Pansamantalang Balota?

Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang ipinapatala ng mga botante na:

- Naniniwalang nakarehistro sila upang bumoto kahit hindi nakasulat ang kanilang mga pangalan sa opisyal na listahan ng mga nakarehistrong botante sa lugar ng botohan.
- Bumoboto sa pamamagitan ng koreo ngunit hindi nakatanggap o nakapagdala ng kanilang balota, kaya gusto nilang bumoto sa isang lugar ng botohan.

Bibilangin Ba ang Aking Pansamantalang Balota?

Bibilangin ang iyong pansamantalang balota kapag nakumpirma na ng mga opisyal ng halalan na nakarehistro ka upang bumoto sa county na iyon at hindi ka pa nakakaboto sa halalang iyon.

Maaari kang bumoto sa isang pansamantalang balota sa anumang lugar ng botohan sa county kung saan ka nakarehistro upang bumoto, gayunpaman, tanging ang mga pinaglalabanang halalan lang kung saan ka karapat-dapat bumoto ang bibilangin.

Paano Mo Malalaman ang Katayuan ng Iyong Pansamantalang Balota?

Ang bawat botanteng magpapatala ng pansamantalang balota ay may karapatang malaman kung binilang ba ng opisyal ng halalan sa kanyang county ang kanyang balota, at kung hindi, kung bakit hindi ito binilang.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/elections/ballot-status/* upang makakita ng isang listahan ng mga contact ng county at impormasyon tungkol sa pag-alam sa katayuan ng iyong pansamantalang balota.

Kalihim ng Estado

Mga Minamahal kong Kapwa Taga-California,

Wala nang mas hihigit pang karapatan kaysa sa karapatang bumoto. Sa pamamagitan ng pagboto, nakakatulong kang pumili ng mga magiging lider ng iyong lokal, estado at bansa, at natitiyak mong maririnig ang iyong tinig. Papalapit na ang Pangkalahatang Halalan ng Presidente. Hinihikayat kitang gamitin ang iyong pinakamahalagang karapatan bilang isang mamamayan ng Estados Unidos.

Makakatulong ang Patnubay ng Botante na ito sa iyong makapagpasya nang may batayan. Makakakita rito ng walang-pinapanigang pagsusuri, mga pangangatwiran na pabor at hindi pabor sa maraming panukala sa balota, pagpapahayag ng mga kandidato, Batas ng Mga Karapatan ng Mga Botante, at iba pang mahalagang impormasyon.

Magagamit mong sanggunian ang lahat ng impormasyong nakasaad dito. Makikita rin ang patnubay na ito online sa website ng Kalihim ng Estado ng California: *www.voterguide.sos.ca.gov.*

Mangyaring maglaan ng oras upang basahin nang mabuti ang impormasyon sa patnubay na ito para sa papalapit nang Araw ng Halalan. Kung gusto mong malaman kung sino ang nagtutustos sa bawat isa sa mga campaign, maaari kang maghanap ng impormasyon ng pagtustos sa kampanya sa: *http://powersearch.sos.ca.gov/.*

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pagboto o pagpaparehistro upang bumoto, maaari kang makipag-ugnayan sa opisina ng Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag nang walang bayad sa (800) 339-2957. Upang makuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga opisyal sa mga halalan ng iyong lokal na county, maaari mong bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa: *www.sos.ca.gov/county-elections-offices.*

Salamat sa pagsasaalang-alang sa kapakanan ng ating estado at bansa sa hinaharap. Isasagawa ang Pangkalahatang Halalan ng Presidente sa Martes, Nobyembre 8. Mahalaga ang iyong boto. Tandaan na ang boto mo ang boses mo. Iparinig ang iyong tinig. BUMOTO!

Pagkalahatang Halalan ng California Martes

Ika-8 ng Nobyembre, 2016

Ang mga Botohan ay Bukas Mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan!

★ ★ ★ ★ ★ **OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE** ★ ★ ★ ★ ★

Ang maikling sangguniang patnubay na ito ay naglalaman ng buod at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat proposisyon ng estado na makikita sa balota sa Nobyembre 8, 2016.

★

- Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.
- Ang mga tagubilin kung paano bumoto ay maaaring makuha sa isang manggagawa sa lugar ng botohan o sa pamamagitan ng pagbabasa sa inyong librito ng halimbawang balota.
- Maaaring hilingin sa mga bagong botante na magbigay ng pagkakakilanlan o iba pang dokumentasyon alinsunod sa pederal na batas. Kayo ay may karapatang magpatala ng pansamantalang balota, kahit na hindi kayo nagbigay ng dokumentasyon.
- Mga nararapat na botante lang ang maaaring bumoto.
- Labag sa batas na pakialaman ang kagamitan sa pagboto.

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 51

MGA BONO NG PAARALAN. PAGPOPONDO PARA SA MGA PASILIDAD NG PAARALAN NA K-12 AT KOLEHIYO NG KOMUNIDAD. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Pinahihintulutan ang $9 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa bagong konstruksiyon at pagsasamoderno ng mga pasilidad ng pampublikong paaralan na K-12; mga pasilidad ng mga paaralang batay sa karta at bokasyonal na edukasyon; at mga pasilidad ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California. Epekto sa Pananalapi: Mga gastos ng estado na humigit-kumulang $17.6 na bilyon upang bayaran ang parehong prinsipal ($9 na bilyon) at interes ($8.6 na bilyon) sa mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang $500 milyon bawat taon para sa 35 taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado ay maaaring magbenta ng $9 na bilyong sa mga bonong may pangkalahatang obligasyon para sa mga pasilidad ng edukasyon ($7 bilyong para sa mga pasilidad ng K–12 na pampublikong paaralan at $2 bilyong para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad).

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magkakaroon ng awtoridad ang estado na magbenta ng mga bagong bonong may pangkalahatang obligasyon para sa mga pasilidad ng K–12 na pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Karapatan ng ating mga anak na pumasok sa mga ligtas na paaralan kung saan matututo sila, ngunit maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad ang nangangailangan ng pagkumpuni upang matugunan ang mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan. Ang Prop. 51 ay mag-aayos ng mga humihinang paaralan, mag-a-upgrade ng mga silid-aralan, at magbibigay ng mga pasilidad para sa pagsasanay sa trabaho para sa mga beterano at bokasyonal na edukasyon. Ang lahat ng proyekto ay pananagutan ng mga lokal na nagbabayad ng buwis.

CON Ang Prop. 51 ay ginawa para mapagsamantalahan ng mga ganid na developer ang mga nagbabayad ng buwis para sa kita. Ang Prop. 51 ay pumipigil sa mga mambabatas sa pagbibigay ng patas na pagpopondo ng paaralan. Mapag-iiwanan ang mahihirap na paaralan. Walang pagpapaigting sa pananagutan ng nagbabayad ng buwis. Wala itong ginagawa upang malabanan ang pagsasayang, pandaraya at pang-aabuso. Tinututulan ni Gobernador Brown ang Prop. 51. Bumoto ng HINDI SA 51.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on Proposition 51—Californians for Quality Schools
info@californiansforqualityschools.com
www.californiansforqualityschools.com

LABAN SA

G. Rick Marshall, Chief Financial Officer
California Taxpayers Action Network
621 Del Mar Avenue
Chula Vista, CA 91910
(310) 346-7425
rick@StopProp51.org
StopProp51.org

PROPOSISYON 52

PROGRAMA NG MEDI-CAL PARA SA PAGGAMIT NG SINGIL NG OSPITAL. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

BUOD

Pinalalawig hanggang sa hindi tiyak na panahon ang kasalukuyang batas na nagpapataw ng mga singil sa mga ospital upang pondohan ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal, pangangalaga para sa walang insurance na mga pasyente, at pagsakop sa kalusugan ng mga bata. Epekto sa Pananalapi: Hindi tiyak na epekto sa pananalapi, mula sa maliit na epekto hanggang sa taunang matitipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado na humigit-kumulang $1 bilyon at nadagdagang pagpopondo para sa mga pampublikong ospital na nasa mababang daan-daang milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang kasalukuyang singil na ipinapataw sa karamihan ng pribadong ospital na nakaiskedyul na matapos sa Enero 1, 2018 sa ilalim ng kasalukuyang batas ay permanenteng papalawigin. Magiging mahirap para sa Lehislatura na magsagawa dito ng mga pagbabago. Ang makakalap na kita ay gagamitin upang magkaroon ng mga impok ang estado, taasan ang mga bayad para sa mga serbisyo ng ospital sa mga taga-California na may mababang kita, at magbigay ng mga gawad sa mga pampublikong ospital.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang kasalukuyang singil na ipinapataw sa karamihan ng pribadong ospital ay matatapos sa Enero 1, 2018 maliban kung papalawigin ito ng karagdagang pagkilos ng Lehislatura.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang OO sa Proposisyon 52 ay magpapalawig sa kasalukuyang programa ng Medi-Cal sa bayad sa ospital sa estado, na nakakapagbigay ng mahigit $3 bilyong bawat taon sa mga pederal na pondong panumbas na nagbabayad para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata, nakatatanda at pamilyang may mababang kita. Pinagbabawalan ng Proposisyon 52 ang Lehislatura sa paglilihis ng perang ito para sa iba pang mga layunin nang walang pag-aproba ng botante.

CON Tinatanggal ang lahat ng pananagutan at pamamahala sa mahigit $3 bilyong ng mga dolyar mula sa nagbabayad ng buwis. Ibinibigay ang $3 bilyong sa mga CEO ng ospital nang walang independiyenteng pagsusuri at walang pag-aatas na gastusin ang pera sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring gastusin ang mga pampublikong pondo sa mga tagalobi, benepisyo at suweldo para sa mga burukrata ng ospital sa halip na sa mga bata at nakatatanda.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on Proposition 52, a coalition of California Association of Hospitals and Health Systems and non-profit health care organizations.
info@yesprop52.org
www.yesprop52.org

LABAN SA

George M. Yin
Californians for Hospital Accountabilty and Quality Care—No on 52, Sponsored by Service Employees International Union—United Healthcare Workers West
777 S. Figueroa Street, Suite 4050, Los Angeles, CA 90017
(213) 452-6565
gyin@kaufmanlegalgroup.com
www.noon52.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 53

MGA BONONG KITA. PAG-APRUBA NG BOTANTE SA BUONG ESTADO. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

BUOD

Kailangan ng pag-apruba ng botante sa buong estado bago ang anumang bonong kita ay maipalabas o maibenta ng estado para sa ilang proyekto kung ang halaga ng bono ay lalampas sa $2 bilyon. Epekto sa Pananalapi: Ang mga epekto sa pang-estado at lokal na pananalapi ay hindi alam at magiging depende sa kung anu-anong mga proyekto ang apektado ng panukala at anu-anong mga aksiyon ang gagawin ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga botante bilang tugon sa iniaatas sa pagboto ng panukala.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga kitang bono ng estado na mahigit $2 bilyong sa kabuuan para sa isang proyekto na popondohan, pagmamay-ari, o papamahalaan ng estado ay mangangailangan ng pag-aruba ng botante sa buong estado.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring patuloy na gamitin ang mga kitang bono ng estado nang walang pag-aproba ng botante.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Kakailanganin ng Proposisyon 53 ang pag-aproba ng botante para sa malalaking proyekto ng estado na nagkakahalaga ng mahigit $2 bilyong sa mga kitang bono ng estado—tulad ng bullet train. Walang epekto sa mga lokal na proyekto. Pinapaigting ang transparency upang malaman ng mga nagbabayad ng buwis ang totoong halaga. Ginagawang may pananagutan ang mga pulitiko at pinipigilan ang mga blangkong tseke. Kung kailangang magbayad ng mga nagbabayad ng buwis, kailangang pakinggan ang opinyon nila!

CON Ang Prop. 53 ay nagpapahina sa lokal na kontrol sa pamamagitan ng pag-aatas ng boto ng buong estado sa ilang lokal na proyekto ng imprastraktura. Binibigyan ng kapangyarihan ang mga botante sa malalayong rehiyon na tanggihan ang mga pangangailangan ng inyong komunidad. Inilalagay sa panganib ng Prop. 53 ang panustos na tubig, kaligtasan ng tulay, at iba pang mga pagkukumpuni. Walang pagkalibre para sa mga panahon ng emerhensiya/kalamidad. Hinihimok ng Mga Propesyonal na Bumbero ng California, mga lungsod, mga county, Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California ang botong Hindi sa 53. www.NoProp53.com

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on 53—Stop Blank Checks
925 University Ave.
Sacramento, CA 95825
(916) 500-7040
Info@StopBlankChecks.com
www.YESon53.com

LABAN SA

No on Prop. 53—Californians to Protect Local Control
info@NoProp53.com
NoProp53.com

PROPOSISYON 54

LEHISLATURA. PAGBABATAS AT MGA PAGLILITIS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

BUOD

Ipinagbabawal sa Lehislatura na magpasa ng anumang panukalang-batas maliban kung inilathala sa Internet para sa 72 oras bago ang pagboto. Hinihiling sa Lehislatura na irekord ang mga paglilitis nito at ilagay sa Internet. Pinahihintulutan ang paggamit ng mga nirekord. Epekto sa Pananalapi: Isang-beses na paggastos ng $1 milyon hanggang $2 milyon at patuloy na mga paggastos ng humigit-kumulang na $1 milyon taun-taon upang irekord ang mga pambatasang pagpupulong at gawing makukuha sa Internet ang mga video ng mga pagpupulong na iyon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang anumang panukalang-batas (kasama na ang mga pagbabago sa panukalang-batas) ay kailangang gawing available sa mga mambabatas at i-post sa Internet sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ito maaaring ipasa ng Lehislatura. Kailangang tiyakin ng Lehislatura na naka-record ang mga pampublikong pulong nito at gawing available sa Internet ang mga video ng mga pulong na iyon.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magbabago ang mga tuntunin at tungkulin ng Lehislatura.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang Prop. 54 ay pumipigil sa espesyal na interes at *biglaang* pagpapasa ng batas sa alinman sa pambatasang kapulungan *nang walang 72 oras* para sa pagrepaso. Ang Prop. 54 ay nagpo-post ng *lahat* ng pampublikong pulong ng Lehislatura online, upang masuri ng mga botante ang mga pampublikong pagkilos ng mga mambabatas. Sinusuportahan ng koalisyon ng dalawang partido ng mga grupo ng maayos na pamamahala, nagbabayad ng buwis, minorya, negosyo, at kapaligiran ang Prop. 54. Walang iniaatas na bagong pera mula sa buwis.

CON Ang botong HINDI ay nangangahulugang magpapatuloy ang access sa libreng Internet & TV upang makita ng sinumang mamamayan ng California kung paano ginagawa ang mga batas. Pinipigilan din ng botong HINDI ang mga espesyal na interes tulad ng pagkilos ng mga kompanya ng tabako, langis, at gamot upang maantala ang pagpapasa ng mga batas ng estado. Nililimitahan din ng botong HINDI ang mga pampulitikang "pag-atakeng" patalastas.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on 54—Voters First, Not Special Interests, Sponsored by Hold Politicians Accountable
1215 K Street, Suite 2260
Sacramento, CA 95814
(916) 325-0056
info@YesProp54.org
www.YesProp54.org

LABAN SA

Steven Maviglio
Californians for an Effective Legislature
1005 12th St., Suite A
Sacramento, CA 95814
(916) 607-8340
steven.maviglio@gmail.com
www.NoOnProposition54.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 55

PAGPAPALAWIG NG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

BUOD

Pinalalawig ng labindalawang taon ang mga pansamantalang pagtaas sa buwis sa personal na kita na isinabatas noong 2012 sa mga kitang mahigit sa $250,000, na ang mga kita ay inilaan sa mga paaralan ng K-12, mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, at, sa mga partikular na taon, sa pangangalagang pangkalusugan. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga kita ng estado—$4 na bilyon hanggang $9 na bilyon taun-taon mula 2019-2030—depende sa ekonomiya at stock market. Nadagdagang pagpopondo para sa mga paaralan, mga kolehiyo ng komunidad, pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong maliit ang kita, mga reserba sa badyet, at mga pagbabayad ng utang.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga pagtaas sa buwis sa kita sa mga nagbabayad ng buwis na may malaking kita, na nakaiskedyul na matapos pagkalipas ng 2018, ay papalawigin na lang hanggang 2030.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga pagtaas sa buwis sa kita sa mga nagbabayad ng buwis na may malaking kita ay mapapaso na gaya ng nakaiskedyul sa pagtatapos ng 2018.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Makakatulong ang Prop. 55 para sa maayos na buhay ng mga bata! Pinipigilan ng Prop. 55 ang $4 na bilyong na bawas sa mga pampublikong paaralan ng California, at pinapalawak ang access ng mga bata sa pangangalagang pangkalusugan, sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga kasalukuyang antas ng buwis sa pinakamayayamang taga-California—na may mahigpit na iniaatas sa pananagutan. Hindi na natin maaaring maranasan ulit ang malalaking bawas na hinarap natin noong huling resesyon. *www.YesOn55.com*

CON BUMOTO NG HINDI SA 55—DAPAT AY PANSAMANTALA LANG ANG PANSAMANTALA. Sinuportahan ng mga botante ang mas matataas na buwis noong 2012 dahil sinabi ni Gobernador Brown na PANSAMANTALA lang ang mga ito. Ipinapakita ng mga pagtatantiya ng badyet ng estado na hindi kailangan ang mas matataas na buwis upang mabalanse ang badyet, ngunit gustong palawigin ng mga may espesyal na interes ang mga ito upang mas lumaki ang kita ng pamahalaan. HUMINDI SA KANILA.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Jordan Curley
Yes on 55—Californians for Budget Stability
1510 J Street, Suite 210
Sacramento, CA 95814
(916) 443-7817
info@protectingcalifornia.com
www.YesOn55.com

LABAN SA

Howard Jarvis Taxpayers Association
www.hjta.org

PROPOSISYON 56

BUWIS SA SIGARILYO UPANG PONDOHAN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAGPIGIL SA PAGGAMIT NG TABAKO, PANANALIKSIK, AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

BUOD

Dinadagdagan ang buwis sa sigarilyo ng $2.00 bawat kaha, na may katumbas na pagdagdag sa ibang mga produktong tabako at mga elektronikong sigarilyo na nagtataglay na nikotina. Epekto sa Pananalapi: Karagdagang kabuuang (net) kita ng estado na $1 bilyon hanggang $1.4 na bilyon sa 2017-18, na posibleng may mas maliit na mga kita sa mga taon sa hinaharap. Ang mga kita ay pangunahing gagamitin upang dagdagan ang paggastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California na maliit ang kita.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga kinakaltas na buwis ng estado sa mga sigarilyo ay tataas nang $2 sa bawat kaha—mula 87 sentimo patungong $2.87. Ang mga kinakaltas na buwis ng estado sa iba pang mga produkto ng tabako ay tataasan ng parehong halaga. Ipapataw din ang kinakaltas na buwis ng estado sa mga electronic na sigarilyo. Ang kita mula sa mas matataas na buwis na ito ay gagamitin sa maraming bagay, ngunit gagamitin ang malaking bahagi nito bilang pandagdag sa ginagastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California na may mababang kita.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang gagawing mga pagbabago sa mga kasalukuyang buwis ng estado sa mga sigarilyo, iba pang mga produkto ng tabako, at electronic na sigarilyo.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang ginagastos ng mga nagbabayad ng buwis sa California sa pangangalagang pangkalusugan kaugnay ng tabako ay $3.5 bilyong taun-taon, kahit na hindi kayo naninigarilyo. Gumagana ang Prop. 56 tulad ng isang bayad ng gumagamit, binubuwisan ang tabako upang makatulong sa pagbabayad para sa pagpigil sa paninigarilyo at pangangalagang pangkalusugan—upang mabayaran ng mga naninigarilyo ang makatuwiran nilang bahagi sa kanilang mga ginastos. Itinataguyod ng Samahan Para sa Kanser ng Amerika at Network ng Aksyon ng Kanser ang Prop. 56 upang mapigilan ang mga bata sa paninigarilyo at makapagligtas ng mga buhay.

CON Subaybayan ang pera sa 56: Ang $1.6 bilyong na pagtataas sa buwis na ito ay magbibigay ng $1 bilyong sa mga kompanya ng seguro sa kalusugan at espesyal na interes. 56 na dadayaing paaralan mula sa $600 milyong bawat taon sa pamamagitan ng pag-iwas sa ating garantiya sa minimum na pagpopondo ng paaralan. Tanging 13% ng pera ang makakatulong sa mga naninigarilyo o pipigil sa mga bata sa pagsisimula dito. Hindi sa 56.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on 56—Save Lives California
1020 12th Street, Suite 303
Sacramento, CA 95814
(916) 706-2487
info@YesOn56.org
YesOn56.org

LABAN SA

No on 56—Stop the Special Interest Tax Grab
925 University Ave.
Sacramento, CA 95825
(916) 409-7500
Info@NoOnProposition56.com
www.NoOnProposition56.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 57

MGA SENTENSIYANG PANGKRIMEN. PAROL. MGA PAGLILITIS AT PAGSENTENSIYA SA KRIMEN NG KABATAAN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

BUOD

Pinahihintulutan ang pagsasaalang-alang sa parol para sa mga nagkasala ng hindi marahas. Pinahihintulutan ang mga kredito sa sentensiya para sa rehabilitasyon, mabuting asal, at edukasyon. Itinatakda na ang hukom ng hukumang pangkabataan ay magpasiya kung ang kabataan ay uusigin bilang nasa hustong gulang. Epekto sa Pananalapi: Kabuuang matitipid ng estado na malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, depende sa pagpapatupad. Kabuuan ng mga gastos ng county na malamang na ilang milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang partikular na preso na nasa kulungan ng estado na nahatulan ng malalaking pagkakasala na hindi marahas ay isasaalang-alang para sa pagpapalaya na mas maaga kaysa sa nakatakda. Ang sistema ng kulungan ng estado ay maaaring magbigay ng mga karagdagang kredito sa pagsesentensiya sa mga preso para sa mabuting pag-uugali at mga inaprobahang nakamit hinggil sa rehabilitasyon o edukasyon. Ang mga kabataan ay kailangang magkaroon ng pagdinig sa hukumang pangkabataan bago sila maaaring ilipat sa hukuman para sa may sapat na gulang.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang magiging pagbabago sa proseso ng pagpapalaya ng mga preso. Ang sistema ng kulungan ng estado ay hindi maaaring magbigay ng mga karagdagang kredito sa pagsesentensiya sa mga preso. Maaaring patuloy na litisin ang ilang partikular na kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang nang walang pagdinig sa hukumang pangkabataan.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Sinusuportahan ng mga lider ng kaligtasan ng publiko ng California at mga biktima ng krimen ang Proposisyon 57—ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan ng Publiko at Rehabilitasyon—dahil itinutuon ng Prop. 57 ang mga mapagkukunan upang manatili sa likod ng mga rehas ang mga mapanganib na kriminal, habang isinasailalim sa rehabilitasyon ang mga kabataan at may sapat na gulang na mga preso at natitipid ang milyun-milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis. OO sa Prop. 57.

CON Bumoto ng HINDI sa 57 dahil ito ay:
- Nagpapahintulot sa MAAGANG PAGLAYA ng mararahas na kriminal, kasama na ang mga NANGGAHASA ng mga walang malay na biktima.
- Nagpapahintulot sa agarang paglaya para sa 16,000 mapanganib na kriminal, pati na ang mga nahatulang mamamatay-tao.
- Nagsususog sa Saligang-batas ng California; tinatanggalan ng mga karapatan ang mga biktima; nagbibigay ng mas maraming karapatan sa mga kriminal. Bumoto ng HINDI SA 57.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

James Harrison
Remcho, Johansen and Purcell, LLP
1901 Harrison Street,
Suite 1550
Oakland, CA 94612
(510) 346-6200
Info@SafetyandRehabilitation.com
www.Vote4Prop57.com

LABAN SA

William Kolkey
Stop Early Release of Violent Criminals Committee
FPPC#1386627
No on 57 Committee
921 11th Street, #300
Sacramento, CA 95814
(916) 409-7401
will@StopEarlyRelease.com
www.StopEarlyRelease.com

PROPOSISYON 58

KAHUSAYAN SA INGLES. EDUKASYON NA NASA MARAMING WIKA. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Pinananatili ang hinihiling na tiyakin ng mga pampublikong paaralan na magiging mahusay sa Ingles ang mga estudyante. Hinihiling sa mga distrito ng paaralan na humingi ng kontribusyon ng magulang/komunidad sa pagbuo ng mga programa upang matuto ng wika. Hinihiling sa pagtuturo na tiyaking matututo ng Ingles nang mabilis at mabisa hangga't maaari. Pinahihintulutan ang mga distrito ng paaralan na magtatag ng mga programa na para sa parehong ang katutubong-wika ay Ingles at hindi katutubong-wika ang Ingles. Epekto sa Pananalapi: Walang kapansin-pansing epekto sa pananalapi sa mga distrito ng paaralan o pamahalaan ng estado.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mas madaling makakapili ang mga pampublikong paaralan kung paano tuturuan ang mga nag-aaral ng Ingles, kung sa Ingles lang, bilingguwal, o iba pang mga programa.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Aatasan pa rin ang mga pampublikong paaralan na turuan ang karamihan ng mga nag-aaral ng Ingles sa mga programang Ingles lang.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang Proposisyon 58 ay sinusuportahan ng mga guro, magulang, punong-guro ng paaralan, miyembro ng lupon ng lokal na paaralan, at ni Gobernador Jerry Brown upang matulungan ang mga estudyante na matuto ng Ingles nang mabilis hangga't maaari at palawakin ang mga oportunidad para sa mga nagsasalita ng Ingles na matuto ng pangalawang wika. Ang Proposisyon 58 ay nagbibigay sa mga distrito ng paaralan ng lokal na kontrol na piliin ang pinakamahusay na paraan ng pagtuturo para sa kanilang mga estudyante.

CON Ang Prop. 58 ay hindi tungkol sa pagsasamoderno ng paraan ng pagtuturo natin ng Ingles. Tungkol ito sa pag-aalis ng mga karapatan ng magulang sa wikang Ingles na edukasyon para sa kanilang mga anak. Naging napakahusay ng tagumpay ng wikang Ingles. Mas mabilis na natututo ng wikang Ingles ang mga batang imigrante kumpara sa dati at napakaraming bilang ng mga estudyanteng imigrante ang nakakapasok sa ating mga unibersidad.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Lisa Gasperoni
Yes on 58—Californians for English Proficiency sponsored by the California State Council of Service Employees
1510 J Street, Suite 210
Sacramento, CA 95814
(916) 668-9103
info@SupportProp58.com
www.SupportProp58.com

LABAN SA

www.KeepEnglish.org

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 59

MGA KORPORASYON. PAGGASTOS NA PAMPULITIKA. MGA PROTEKSIYON SA PEDERAL NA SALIGANG-BATAS. PAMBATASANG KATANUNGAN PARA SA PAGPAPAYO.

BUOD

Tinatanong kung ang mga inihalal na opisyal ng California ay dapat gumamit ng kanilang awtoridad upang magmungkahi at magpatibay ng isang pag-aamyenda sa pederal na Saligang-batas na nagpapawalang-bisa sa desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa *Citizens United v. Federal Election Commission*. Ang *Citizens United* ay nagpasiya na ang mga batas na naglalagay ng partikular na mga limitasyon sa paggastos na pampulitika ng mga korporasyon at unyon ay labag sa saligang-batas. Walang tuwirang epekto sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.

Dapat bang gamitin ng mga inihalal na opisyal ng California ang lahat ng kanilang awtoridad na iginagarantiya ng saligang-batas, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagmungkahi at pag-aamyenda ng isa o higit pa sa mga amyenda sa Saligang-batas ng Estados Unidos, upang ipawalang-bisa ang Citizens United laban sa Federal Election Commission (2010) 558 U.S. 310, at ibang angkop na mga saligang panghukuman, upang pahintulutan ang buong regulasyon o limitasyon ng mga kontribusyon at paggastos sa kampanya, upang matiyak na ang lahat ng mamamayan, anuman ang kayamanan, ay maaaring magpahayag ng kanilang mga pananaw sa isa't isa, at upang linawin na ang mga korporasyon ay hindi dapat magkaroon ng mga karapatang iginagarantiya ng saligang-batas na katulad ng sa mga tao?

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hihilingin ng mga botante sa kanilang inihalal na mga opisyal na gamitin ang kanilang awtoridad ayon sa saligang-batas na magtakda ng mas mahigpit na regulasyon ng paggasta at mga kontribusyon sa kampanya. Bilang panukalang nagbibigay payo, ang Proposisyon 59 ay walang iniaatas na anumang partikular na aksyon ng Kongreso o Lehislatura ng California.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi hihilingin ng mga botante sa kanilang inihalal na mga opisyal na magtakda ng ilang partikular na pagbabago sa regulasyon ng paggasta at mga kontribusyon sa kampanya.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Bumoto ng OO sa Prop. 59 upang sabihin sa kongreso na ayaw namin na malaking pera ang gagastusin sa pulitika at baligtarin ang mga maling desisyon ng Korte Suprema na nagsasabing malayang pagpapahayag ang walang limitasyong paggasta sa kampanya at na ang mga korporasyon ay may parehong karapatan ayon sa saligang-batas tulad ng mga totoong tao. Magpadala ng mensahe sa Kongreso na papanagutin natin sila.

CON Dapat nang ihinto ng Lehislatura ang pagsasayang sa mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa paglalagay sa balota ng mga panukalang walang ginagawa na hinihiling sa Kongreso na baligtarin ang Korte Suprema. Sa halip na magsayang ng oras at pera sa mga panukala sa balota na walang ginagawa, ang mga pulitiko sa Sacramento ay dapat magpokus sa transparency at paghahatid ng mga trabaho sa California. Ang Proposisyon 59 ay WALANG GINAGAWA. Bumoto ng HINDI!

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Derek Cressman
California Common Cause
(323) 536-1459
vote@yesonCAProp59.com
www.yesonCAProp59.com

LABAN SA

Dave Gilliard
Gilliard, Blanning & Associates
5701 Lonetree Blvd., Suite 301
Rocklin, CA 95765
(916) 626-6804
info@gbacampaigns.com

PROPOSISYON 60

MGA PELIKULA NA PARA SA NASA HUSTONG GULANG. MGA KONDOM. MGA KINAKAILANGAN SA KALUSUGAN. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Hinihiling sa mga artista sa pelikula na para sa nasa hustong gulang na gumamit ng mga kondom sa panahon ng pagkuha ng eksenang pagtatalik. Hinihiling sa mga producer na magbayad para sa mga bakuna, pagsusuri, at mga medikal na eksaminasyon ng artista. Hinihiling sa mga producer na magpaskil ng kinakailangan para sa kondom sa mga lugar kung saan gumagawa ng pelikula. Epekto sa Pananalapi: Malamang na pagbawas sa kita sa pang-estado at lokal na buwis nang ilang milyong dolyar taun-taon. Nadagdagang paggasta ng estado na maaaring humigit sa $1 milyon taun-taon sa pagpapatupad ng regulasyon, nababawi ang bahagi sa pamamagitan ng mga bagong bayad.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Magkakaroon ng mga karagdagang iniaatas na pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar ng trabaho na itatakda sa mga produksiyon ng pelikula para sa may sapat na gulang sa California at mga karagdagang paraan upang maipatupad ang mga iniaatas na iyon.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga produksiyon ng pelikula sa California para sa may sapat na gulang ay patuloy na masasaklawan ng mga kasalukuyang iniaatas na pangkalusugan at pangkaligtasan ng estado at lokal na lugar ng trabaho, kasama na ang mga tuntunin na mapapakahulugan ngayon na mag-aatas ng paggamit ng condom sa mga produksiyon ng pelikula para sa may sapat na gulang.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang botong OO sa Prop. 60 ang magpapatigil sa mga pornographer ng pelikula para sa may sapat na gulang sa paglalantad ng kanilang mga nagtatanghal sa mga nakamamatay na sakit na ginagastusan ng milyun-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis. Ang Prop. 60 ay nagbibigay sa mga opisyal ng kalusugan ng California ng mga bagong paraan ng pagpapatupad upang matiyak na susunod na ang mga pornographer sa mga parehong tuntunin sa proteksyon sa lugar ng trabaho na nalalapat sa iba pang mga industriya ng California.

CON Pinapayagan ng Prop. 60 ang SINUMANG taga-California na idemanda ang mga may sapat na gulang na nagtatanghal sa pelikula na namamahagi o gumagawa ng nilalaman para sa may sapat na gulang, lumalabag sa kanilang pagkapribado, at nagpapahina sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Ang isang grupo ng espesyal na interes ay gumastos ng milyun-milyon upang pagtakpan ang mga problema sa Prop. 60. Sumama sa mga manggagawa, pampublikong kalusugan, organisasyon ng mga karapatang sibil, Partidong Demokratiko ng California at Partidong Republikano ng California, BUMOTO NG HINDI sa Prop. 60.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Rick Taylor
Yes on Prop. 60, For Adult Industry Responsibility (FAIR)
22815 Ventura Blvd., #405
Los Angeles, CA 91364
(310) 815-8444
rick@dakcomm.com
www.FAIR4CA.org

LABAN SA

Eric Paul Leue
Californians Against Worker Harassment
PO Box 10480
Canoga Park, CA 91309
(818) 650-1973
press@freespeechcoalition.com
www.DontHarassCA.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 61

MGA PAGBILI NG INIRESETANG GAMOT NG ESTADO. MGA PAMANTAYAN NG PAGPEPRESYO. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Ipinagbabawal sa estado na bumili ng anumang iniresetang gamot mula sa isang tagagawa ng gamot sa presyong mahigit sa pinakamababang presyo na ibinabayad para sa gamot ng Kagawaran ng Mga Ugnayan sa Beterano ng Estados Unidos. Hindi isinasama ang mga programa ng pinamamahalaang pangangalaga na pinopondohan sa pamamagitan ng Medi-Cal. Epekto sa Pananalapi: Posibleng matitipid ng estado na hindi alam na halaga depende sa (1) kung paano tinutugunan ang mga paghamon sa pagpapatupad ng panukala at (2) ang mga tugon ng mga tagagawa ng gamot hinggil sa pagtutustos at pagpepresyo ng kanilang mga gamot.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Sa pangkalahatan ay pagbabawalan ang mga ahensiya ng estado na magbayad nang mas malaki para sa anumang inireresetang gamot kaysa sa pinakamababang presyo na binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S. para sa parehong gamot.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na magagawa ng mga ahensiya ng estado na makipagnegosasyon sa mga presyo ng, at bayaran ang, mga inireresetang gamot nang walang pagsangguni sa mga presyong binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Iaatas ng Prop. 61, Ang Batas sa Bawas sa Presyo ng Gamot ng California, na ang lahat ng inireresetang gamot na bibilhin ng Estado ng California ay magkaroon ng presyo na katumbas ng o mas mababa sa binayarang presyo para sa parehong gamot ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S., na nagbabayad ng pinakamababang presyo kumpara sa anumang pederal na ahensiya.

CON Sinasabi ng mga dalubhasa na ang Prop. 61 ay: magpapataas sa mga presyo ng reseta, maglilimita sa access ng pasyente sa mga kailangang gamot, gagawa ng mas maraming burukrasya at demanda na gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyon, at makakasama sa mga beterano sa pamamagitan ng pagpapataas sa mga halaga ng kanilang reseta. Mariing tinututulan ng Kapisanang Medikal ng California, NAACP ng California, Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California, Koalisyon ng Kanser sa Obaryo ng Greater California, Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa (VFW), Kagawaran ng California. www.NoProp61.com

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Aref Aziz
Yes on Prop. 61, Californians for Lower Drug Prices
22815 Ventura Blvd., #405
Los Angeles, CA 91364
(323) 601-8139
Yes@StopPharmaGreed.com
www.StopPharmaGreed.com

LABAN SA

No on Prop. 61—Californians Against the Deceptive Rx Proposition
(888) 279-8108
info@noprop61.com
www.NoProp61.com

PROPOSISYON 62

PARUSANG KAMATAYAN. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Pinawawalang-bisa ang parusang kamatayan at pinapalitan ito ng habang-buhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad na parol. Magagamit nang retroaktibo sa mga kasalukuyang sentensiyang kamatayan. Dinadagdagan ang bahagi ng mga suweldo ng mga panghabang-buhay na bilanggo na maaaring gamitin sa restitusyon sa biktima. Epekto sa Pananalapi: Kabuuang patuloy na pagbawas sa mga gastos ng estado at county sa katarungang pangkrimen na humigit-kumulang $150 milyon taun-taon sa loob ng ilang taon, bagaman ang epekto ay maaaring mag-iba ng sampu-sampung milyong dolyar depende sa iba't ibang mga dahilan.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang mga offender ang masesentensiyahan ng kamatayan ng estado para sa unang digring pagpatay. Ang pinakamabigat na parusang ipapataw ay panghabambuhay na pagkakakulong na hindi maaaring bigyan ng parol. Ang mga offender na kasalukuyang nasentensiyahan ng kamatayan ay muling sesentensiyahan ng panghabambuhay na pagkakakulong na hindi maaaring bigyan ng parol.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring patuloy na masentensiyahan ng kamatayan ang ilang partikular na offender na nahatulan ng unang digring pagpatay. Walang magiging pagbabago para sa mga offender na kasalukuyang nasentensiyahan ng kamatayan.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Pinapalitan ng Prop. 62 ang PALPAK NA SISTEMA NG PARUSANG KAMATAYAN ng mahigpit na panghabambuhay na sentensiya na hindi maaaring bigyan ng parol. Dapat magtrabaho ang mga preso at magbayad ng restitusyon, sa halip na umupo sa hatol na kamatayan. Tinitiyak nito na walang papataying inosenteng tao. MAKAKATIPID ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG $150 MILYONG/taon. Ang mga miyembro ng pamilya ng mga biktima at dating tagapagtaguyod ng parusang kamatayan: OO sa 62.

CON Pinapawalang-bisa ng Prop. 62 ang parusang kamatayan para sa mga brutal na pumapatay, kasama na ang mga pumapatay ng bata, mamamatay-tao na sabay-sabay pumapatay ng maraming tao, pumapatay nang sunud-sunod, at mamamatay-tao ng ginahasa/pinahirapan. Ang Prop. 62 ay nangangahulugang gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ang mga mamamatay-tao na ito hanggang sa nabubuhay sila, na may libreng pangangalagang pangkalusugan, pagkalipas ng mahabang panahon mula noong pumanaw ang kanilang mga biktima. Tinututulan ng nagpapatupad ng batas, mga pamilya ng biktima, at DA ang Prop. 62.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Quintin Mecke
Yes on Prop. 62, Replace the Costly, Failed Death Penalty System
5 Third Street, Suite 724
San Francisco, CA 94103
(415) 243-0143
info@justicethatworks.org
www.YesOn62.com

LABAN SA

Mike Ramos
Californians for Death Penalty Reform and Savings
520 Capitol Mall, Ste. 630
Sacramento, CA 95814
(800) 372-6417
info@noprop62yesprop66.com
www.noprop62yesprop66.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 63
MGA BARIL. PAGBEBENTA NG MGA BALA NG BARIL. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Hinihiling ang pagsusuri ng kriminal na rekord at awtorisasyon ng Kagawaran ng Hustisya upang bumili ng mga bala ng baril. Ipinagbabawal ang pagkakaroon ng mga magasin ng mga bala ng baril na may malaking kapasidad. Nagtatatag ng mga pamamaraan ng pagpapatupad ng mga batas na nagbabawal sa pagkakaroon ng baril ng mga tinukoy na tao. Hinihiling sa Kagawaran ng Hustisya na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pinagbawalang tao sa pederal na Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kriminal na Rekord. Epekto sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos ng estado at lokal na hukuman at tagapagpatupad ng batas, posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, may kaugnayan sa isang bagong proseso ng hukuman para sa pag-aalis ng mga baril mula sa mga pinagbawalang tao pagkatapos na sila ay mapatunayang nagkasala.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Gagawa ng bagong proseso ng hukuman para sa pagtatanggal ng mga baril mula sa mga indibidwal pagkatapos mahatulan ng ilang partikular na krimen. Magpapatupad ng mga bagong iniaatas na nauugnay sa pagbebenta o pagbili ng bala.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang ipapatupad na mga bagong iniaatas na nauugnay sa baril o bala.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Papaigtingin ng Proposisyon 63 ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga baril at bala sa maling mga kamay. Sinusuportahan ng nagpapatupad ng batas at mga lider ng kaligtasan ng publiko ang Prop. 63 dahil mababawasan nito ang karahasan kaugnay ng baril sa pamamagitan ng pagpigil sa mararahas na taong lumabag sa batas, nang-aabuso sa tahanan, at mga mapanganib na may sakit sa pag-iisip sa pagkakaroon at paggamit ng nakakamatay na armas at bala.

CON Napakatindi ng pagtutol ng nagpapatupad ng batas, mga dalubhasa laban sa terorismo, at mga grupo ng kalayaang sibil sa Prop. 63. Isinulat ito ng isang pulitiko na naglalayong makagawa ng pangalan para sa kanyang sarili, at hindi para sa kaligtasan ng publiko ng komunidad. Nagpapataw ito ng malaking gastos sa pagpapatupad ng batas at sa nagbabayad ng buwis at ang maaapektuhan lang nito ay ang mga sumusunod sa batas.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
Lindsey Cobia
Safety for All
268 Bush Street #222
San Francisco, CA 94104
(415) 735-5192
safetyforall@safetyforall.com
www.safetyforall.com

LABAN SA
Coalition for Civil Liberties
info@coalitionforcivilliberties.com
www.stoptheammograb.com

PROPOSISYON 64
PAGSASALEGAL NG MARIHUWANA. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Ginagawang legal ang marihuwana sa ilalim ng batas ng estado, para gamitin ng mga nasa hustong gulang na 21 o mas matanda pa. Nagpapataw ng mga buwis ng estado sa pagbebenta at pagtatanim. Itinatakda ang paglilisensiya ng industriya at nagtatatag ng mga pamantayan para sa mga produktong marihuwana. Pinahihintulutan ang lokal na regulasyon at pagpapataw ng buwis. Epekto sa Pananalapi: Karagdagang mga kita sa buwis na mula sa mataas na daan-daang milyong dolyar hanggang sa mahigit sa $1 bilyon taun-taon, kung saan ang karamihan ay nakalaan sa mga partikular na layunin. Nabawasang mga gastos sa katarungang pangkrimen na sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga may sapat na gulang na 21 taon o mas matanda ay maaaring legal na magtanim, magmay-ari, at gumamit ng marijuana para sa mga hindi medikal na layunin, nang may ilang partikular na kabawalan. Kokontrolin ng estado ang mga hindi medikal na negosyo ng marijuana at bubuwisan ang pagtatanim at pagbebenta ng medikal at hindi medikal na marijuana. Malaking bahagi ng kita mula sa mga nasabing buwis ang magsusuporta sa mga programa sa kabataan, pagprotekta sa kapaligiran, at pagpapatupad ng batas.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mananatiling ilegal ang pagtatanim, pagmamay-ari, o paggamit ng marijuana para sa mga hindi medikal na layunin. Legal pa rin ang pagtatanim, pagmamay-ari, o paggamit ng marijuana para sa mga medikal na layunin.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang Prop. 64 ay gumagawa ng ligtas at legal na sistema para sa paggamit ng marijuana ng mga may sapat na gulang. Kinokontrol, pinapamahalaan at binubuwisan nito ang paggamit ng marijuana, at may pinakamahigpit na proteksiyon para sa mga bata sa buong bansa. Nagbibigay ito ng bilyun-bilyong halaga para sa mga programa pagkatapos pumasok sa paaralan, pagsasanay sa trabaho, paggamot sa droga , at paghuli sa pagmamaneho nang magulo ang isip. Inaayos ang ating diskarte sa marijuana. Bisitahin ang YesOn64.org!

CON Sadyang inalis ng Proposisyon 64 ang pamantayan ng DUI upang mapanatiling wala sa ating mga highway ang mga nagmamaneho na wala sa tamang pag-iisip dahil sa marijuana. Mariing tumututol ang Kapisanan ng Mga Tagapatrolya ng Haywey ng California at si Senador Dianne Feinstein. Ginagawang legal ang mga patalastas na nagsusulong ng paninigarilyo ng marijuana, gummy candy at mga brownie sa mga palabas na pinapanood ng milyun-milyong bata at tinedyer. Nagpapakita ng pagbabalewala sa kalusugan at kaligtasan ng bata. Tinututulan ng Kapisanan ng Ospital ng California. Bumoto ng “Hindi”.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
Dustin Moore
Yes on 64, Californians to Control, Regulate and Tax Adult Use of Marijuana While Protecting Children
1029 H St., Suite 301
Sacramento, CA 95814
(916) 382-2952
info@yeson64.org
www.yeson64.org

LABAN SA
Tim Rosales
No on 64
2150 River Plaza Drive #150
Sacramento, CA 95833
(916) 473-8866
info@NoOn64.net
www.NoOn64.net

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 65
MGA BAG NA PINAGLALAGYAN NG MGA PINAMILI. MGA SINGIL. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Naglilipat ng perang nakolekta ng grocery at ilang ibang mga nagtitinging tindahan sa pamamagitan ng ipinag-utos na pagbebenta ng mga bag na pinaglalagyan ng mga pinamili. Hinihiling sa mga tindahan na ideposito ang mga nalikom sa pagbebenta ng bag sa isang espesyal na pondo upang suportahan ang tinukoy na mga proyektong pangkapaligiran. Epekto sa Pananalapi: Posibleng kita ng estado na ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, sa pamamagitan ng mga perang ginagamit upang suportahan ang partikular ng mga programang pangkapaligiran.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Kung gagawin ng batas ng estado ang sumusunod (1) ipagbabawal ang libreng pagbibigay sa mga customer ng ilang partikular na bag sa pamimili at (2) mag-aatas ng singil para sa iba pang mga uri ng bag sa pamimili, idedeposito ang magreresultang kita sa bagong pondo ng estado upang suportahan ang ilang partikular na programang pangkapaligiran.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Kung iaatas ng batas ng estado ang mga singil sa mga bag sa pamimili, maaaring idirekta ng batas na iyon ang paggamit ng magreresultang kita sa anumang layunin.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO OO SA 65—PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN. Sa isang deal na pinapamahalaan ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Lehislatura ay NAG-ATAS sa mga grocery store na MANINGIL at PANATILIHIN ang mga bayad sa ilang partikular na bag sa pag-checkout. Madaragdagan ng $300 milyong ang yaman ng mga grocer, habang mawawalan ng $300 milyong ang mga mamimili. Itatalaga ng Prop. 65 ang mga bayad na iyon sa mga proyektong pangkapaligiran, hindi sa mga kita ng grocer.

CON Ang Prop. 65 ay itinataguyod ng mga kompanya ng plastic sa labas ng estado mula sa South Carolina at Texas. Wala silang pakialam sa kapaligiran ng California, gusto lang nilang lituhin ang mga botante at iligaw mula sa totoong isyu: ang pangangailangang i-phase out ang mga plastic na bag ng grocery. Mapanlinlang ang 65 at hindi karapat-dapat sa ating boto.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Yes on 65
2350 Kerner Blvd., Suite 250
San Rafael, CA 94901
info@SayYesOn65.com
www.SayYesOn65.com

LABAN SA

Mark Murray
Californians Against Waste
921 11th Street, Ste. 420
Sacramento, CA 95814
(916) 443-5422
murray@cawrecycles.org
cawrecycles.org

PROPOSISYON 66
PARUSANG KAMATAYAN. MGA PAMAMARAAN. INISYATIBANG BATAS.

BUOD

Binabago ang mga pamamaraang namamahala sa pagsalungat sa hukuman ng estado sa mga sentensiyang kamatayan. Itinatalaga ang hukumang superyor para sa mga inisyal na petisyon at mga limitasyon sa mga susunod na petisyon. Hinihiling sa mga hinirang na abugado na tumatanggap ng mga apelang hindi para sa kapital na tanggapin ang mga apela sa parusang kamatayan. Hindi isinasama ang mga opisyal ng bilangguan sa kasalukuyang proseso ng regulasyon para sa pagbuo ng mga paraan ng pagsasagawa. Epekto sa Pananalapi: Hindi alam na patuloy na epekto sa mga paggastos ng hukuman ng estado para sa pagproseso ng mga pagsalungat na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan. Posibleng matitipid ng bilangguan na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Magkakaroon ng maraming pagbabago sa mga pamamaraan ng hukuman para sa mga legal na suliranin sa mga sentensiya ng kamatayan, gaya ng mga limitasyon sa oras sa mga suliraning iyon at mga binagong tuntunin upang madagdagan ang bilang ng mga available na abugado para sa mga suliraning iyon. Maaaring ikulong ang mga nahatulang preso sa alinmang bilangguan ng estado.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang magiging mga pagbabago sa mga kasalukuyang pamamaraan ng hukuman ng estado para sa mga legal na suliranin sa mga sentensiya ng kamatayan. Lilimitahan pa rin ang estado sa pagkulong ng mga nahatulang preso sa ilang partikular na kulungan ng estado lang.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang ating sistema ng parusang kamatayan ay hindi umuusad dahil sa ilang dekada ng mga apela. Kailangan natin itong ireporma, hindi ipawalang-bisa, sa pamamagitan ng pagpasa sa Proposisyon 66. Ang Prop. 66 ay makakatipid ng milyun-milyong halaga, makakapagbigay ng kapayapaan sa mga pamilya ng mga biktima at hustisya sa mga brutal na mamamatay-tao. Hindi papatayin ang mga inosenteng tao sa ilalim ng Prop. 66. Sinusuportahan ng mga pamilya ng mga biktima, DA at nagpapatupad ng batas ang Proposisyon 66.

CON Ang Prop. 66 ay hindi tunay na reporma. Hindi natin alam ang lahat ng kahihinatnan nito, ngunit ito ang alam natin: nagdaragdag ito ng mas maraming layer ng burukrasya sa pamahalaan na magdudulot ng mas maraming pagkaantala, ginagastos ang pera ng mga nagbabayad ng buwis, at pinapataas ang posibilidad ng pagpatay ng isang inosenteng tao sa California. Ang Prop. 66 ay isang magastos na eksperimento na nagpapalala lang ng sitwasyon.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Kermit Alexander
Californians for Death Penalty Reform and Savings
520 Capitol Mall, Ste. 630
Sacramento, CA 95814
(800) 372-6417
info@noprop62yesprop66.com
www.noprop62yesprop66.com

LABAN SA

No on 66—Californians for Fair Justice
39 Drumm St.
San Francisco, CA 94111
campaign@cafairjustice.org
www.NoonCAProp66.org

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROPOSISYON 67 **PAGBABAWAL SA PANG-ISAHANG GAMIT NA MGA PLASTIK NA BAG. REPERENDUM.**

BUOD

Ang pagboto ng "Oo" ay nag-aaproba, at ang pagboto ng "Hindi" ay tumatanggi sa isang batas na nagbabawal sa grocery at ibang mga tindahan na magbigay sa mga customer ng mga plastik o papel na mga bag na dinadala sa labas pero nagpapahintulot sa pagbebenta ng ni-recycle na papel na mga bag o muling nagagamit na mga bag. Epekto sa Pananalapi: Maliit na mga epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan, kabilang ang maliit na pagtaas sa mga gastos ng estado sa pangangasiwa at posibleng maliit na matitipid ng lokal na pamahalaan mula sa nabawasang mga gastos sa kalat at basura.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Pagbabawalan ang karamihan ng mga grocery store, convenience store, malalaking botika, at tindahan ng alak sa pagbibigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili. Aatasan ang mga tindahan na maningil sa pangkalahatan ng hindi bababa sa 10 sentimo para sa anumang iba pang bag sa pamimili na ibinibigay sa mga customer sa pag-checkout. Itatabi ng mga tindahan ang magreresultang kita para sa mga tinukoy na layunin.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring ipagpatuloy ng mga tindahan ang pagbibigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at iba pang mga bag nang walang bayad maliban kung pagbabawalan ng lokal na batas ang paggamit ng mga nasabing bag.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang OO sa 67 ay magpoprotekta sa mga matagumpay na pagsusumikap ng California na I-PHASE OUT ANG MGA PLASTIC NA BAG SA PAMIMILI. Ang mga plastic bag ay pumapatay sa mga hayop, nagkakalat sa mga komunidad, nagpapataas ng mga gastos sa paglilinis, nagbabara sa mga makina ng pagre-recyle. Ang mga pagbabawal sa mga plastic na bag sa pamimili ay GUMAGANA SA 150 KOMUNIDAD NG CALIFORNIA. Huwag hayaan ang mga kompanya ng plastic sa labas ng estado na pigilan ang California. OO sa 67.

CON HUWAG MAGPAPALOKO. Ang Prop. 67 ay $300 milyong na taunang NAKATAGONG BUWIS sa mga consumer na pipiliting magbayad ng $.10 para sa bawat bag sa pamimili sa pag-checkout. Walang kahit na isang barya ang mapupunta sa kapaligiran. Ang lahat ng $300 milyong ay mapupunta sa mga kita ng grocer. Pigilan ang buwis sa bag . . . BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Mark Murray
California vs Big Plastic
921 11th Street, Ste. 420
Sacramento, CA 95814
(916) 443-5422
murray@cawrecycles.org
protectplasticbagban.org

LABAN SA

No on 67
2350 Kerner Blvd., Suite 250
San Rafael, CA 94901

Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Magsaliksik tungkol sa mga kontribusyon sa kampanya at aktibidad ng paglalobi *cal-access.sos.ca.gov* O *powersearch.sos.ca.gov*
- Tingnan ang patnubay ng botante na ito sa iba pang mga wika *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan *www.sos.ca.gov/elections/polling-place*
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail*
- Basahin ang kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga unang beses na botante *www.sos.ca.gov/elections/voting-california*
- Manood ng mga aktuwal na resulta ng halalan pagkatapos magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan *http://vote.sos.ca.gov*

Audio at Malaking Limbag ng Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante

Available ang patnubay na ito nang walang bayad sa Ingles, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

Upang mag-order:

- Tumawag sa walang bayad na hotline ng botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957
- Bisitahin ang *www.sos.ca.gov*
- Mag-download ng bersiyong audio MP3 sa *www.voterguide.sos.ca.gov/tl/audio*

Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan

Ang mga lugar ng botohan ay itinatatag ng mga opisyal sa mga halalan ng county. Kapag natanggap ninyo ang librito ng halimbawang balota ng inyong county sa koreo ilang linggo bago ang Araw ng Halalan, tingnan ang direksiyon ng inyong lugar ng botohan sa panlikod na pabalat.

Maaari din kayong bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* o tumawag sa walang bayad na Hotline ng Botante sa (800) 339-2957.

Maaari din kayong mag-text ng *Vote* sa GOVOTE (468683) upang mahanap ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

Mga Halalan sa California

Ang batas ng California ay nag-aatas na ang sumusunod na impormasyon ay ililimbag sa patnubay na ito.

Mga Iminumungkahi ng Partido/Partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay maaaring pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi ng partido/partidistang katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang iminungkahing kandidato ay kakatawan sa partidong iyon bilang opisyal na kandidato nito para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan at ang balota ay magpapakita ng opisyal na pagtatalaga. Ang nakakuha ng pinakaraming boto para sa bawat partido sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan. Ang mga partido ay maghahalal din ng mga opisyal ng mga sentral na komite ng county sa primaryang halalan.

Ang isang botante ay maaari lang bumoto sa primaryang halalan ng partidong pampulitika kung saan siya nagsiwalat ng pagkatig noong nagparehistro upang makaboto. Gayunpaman, ang isang partidong pampulitika ay maaaring magpahintulot sa isang tao na tumangging magsiwalat ng kinakatigang partido na bumoto sa primaryang halalan ng partidong iyon.

Mga Iminumungkahi ng Botante na Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang iminungkahi ng mga tao at hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan ay dapat maghayag ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota, pero ang pagtatalaga ng kinakatigang partido ay pinipili ng kandidato lamang at ipinakikita para sa impormasyon ng mga botante lamang. Ito ay hindi nangangahulugan na ang kandidato ay iminungkahi o inendorso ng itinalagang partido, o may pagkakaugnay sa pagitan ng partido at kandidato, at walang kandidatong iminungkahi ng mga botante na dapat ituring na opisyal na iminungkahing kandidato ng alinmang partidong pampulitika. Sa librito ng halimbawang balota ng county, ang mga partido ay maaaring maglista ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi ng botante na katungkulan na tumanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Ang sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi ng botante na katungkulan, kung sila ay nakakatugon sa ibang mga kuwalipikasyon na iniaatas upang makaboto para sa katungkulang iyon. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi ng botante na katungkulan kahit na ang parehong kandidato ay tumukoy ng pagtatalaga sa iisang kinakatigang partido. Walang partido na karapat-dapat magsulong ng isang kandidato na may itinalagang kinakatigang partido sa pangkalahatang halalan, maliban kung ang kandidato ay isa sa dalawang pinakamarami ang mga nakuhang boto sa primaryang halalan.

Mga Di-partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang di-partidistang katungkulan ay hindi maaaring magtalaga ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota. Ang dalawang nakakuha ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

Mga Nangungunang Nagkontribusyon sa mga Pambuong-estadong Kandidato at mga Panukala sa Balota

Kapag ang isang komite (isang tao o pangkat ng mga tao na nakakatanggap o gumagastos ng pera para sa layunin ng paghikayat sa mga botante na suportahan o salungatin ang mga kandidato o panukala sa balota) ay sumusuporta o sumasalungat sa isang panukala sa balota o kandidato at nagpundar ng hindi bababa sa $1 milyong, dapat iulat ng komite ang pangunahin nitong 10 contributor sa California Fair Political Practices Commission (FPPC). Dapat isapanahon ng komite ang listahan ng nangungunang 10 kapag may anumang pagbabago.

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html.*

PROPOSISYON

51 MGA BONO NG PAARALAN. PAGPOPONDO PARA SA MGA PASILIDAD NG PAARALAN NA K-12 AT KOLEHIYO NG KOMUNIDAD. INISYATIBANG BATAS.

51

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinahihintulutan ang $9 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono: $3 bilyon para sa bagong konstruksiyon at $3 bilyon para sa pagsasamoderno ng mga pasilidad ng pampublikong paaralan na K-12; $1 bilyon para sa mga pasilidad ng mga paaralang batay sa karta at bokasyonal na edukasyon; at $2 bilyon para sa mga pasilidad ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.
- Ipinagbabawal ang pag-aamyenda sa umiiral na awtoridad na magpataw ng mga singil ng developer upang pondohan ang mga pasilidad ng paaralan, hanggang sa magastos ang mga nalikom na bono ng bagong konstruksiyon o sa ika-31 ng Disyembre, 2020, alinman ang mas maaga.
- Ipinagbabawal ang pag-aamyenda sa umiiral na proseso ng Lupon ng Paglalaan ng Estado para sa paglalaan ng pagpopondo sa konstruksiyon ng paaralan, gaya ng sa mga bonong ito.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga gastos ng estado na humigit-kumulang $17.6 na bilyon upang bayaran ang parehong prinsipal ($9 na bilyon) at interes ($8.6 na bilyon) sa mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang $500 milyon bawat taon para sa 35 taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Ang California ay Mayroong 8.3 Milyong Estudyante ang Nakatala sa Pampublikong K–14 na Edukasyon. Ang sistema ng pampublikong paaralan mula kindergarten hanggang grade 12 (K–12) ay kasalukuyang mayroong humigit-kumulang 6.2 milyong estudyante, 10,000 paaralan (kasama na ang 1,100 paaralan ng karta), 950 distrito ng paaralan, at 58 opisina ng edukasyon sa county. Sa kasalukuyan, mayroong 2.1 milyong estudyante at 113 kampus ang Mga Kolehiyo ng Komunidad sa California na pinapatakbo ng 72 distrito ng kolehiyo ng komunidad. Ang mga kolehiyo ng komunidad ay nag-aalok ng mga kurso sa Ingles, iba pang mga pangunahing kasanayan, at pagkamamamayan, at nagbibigay rin ng pagsasanay sa lakas-paggawa, associate degree, at paghahanda para sa paglipat sa mga unibersidad.

Mga Proyekto ng Pasilidad ng K–12 na Pampublikong Paaralan na Inaprubahan Sa Pamamagitan ng Proseso ng Pagsusuri ng Estado. Sa ilalim ng kasalukuyang Programa ng Mga Pasilidad ng Paaralan, ang mga paaralan ay magsusumite ng mga mungkahi ng proyekto sa Opisina ng Konstruksiyon ng Pampublikong Paaralan ng estado. Ang mga mungkahi ng proyekto ay maaaring para sa pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, at pagsasamoderno (ibig sabihin, pagbabago ng yari) ng mga kasalukuyang gusali. Karapat-dapat ang mga paaralan sa pagpopondo ng bagong konstruksiyon kung wala nang sapat na espasyo ang mga ito para sa lahat ng kasalukuyan at inaasahang estudyante. Karapat-dapat ang mga paaralan sa pagpopondo para sa pagsasamoderno para sa mga gusaling hindi bababa sa 25 taon na ang tanda.

Ang Programa ay Nakabatay sa Pagtutulungan ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Kadalasan, ang mga paaralang tumanggap ng pagpopondong gawad ng estado para sa mga inaprubahang proyekto ay dapat mag-ambag ng lokal na pondo para sa mga proyektong iyon. Para sa pagbili ng lupa at mga bagong proyekto ng konstruksiyon, paghahatian ng estado at lokal na pamahalaan ang bawat 50 porsiyento ng mga gastusin sa proyekto. Para sa mga proyekto ng pagsasamoderno, ang bahagi ng estado ay 60 porsiyento at ang bahagi ng lokal na pamahalaan ay 40 porsiyento sa mga gastusin sa proyekto. Kung walang sapat na lokal na pagpopondo ang mga paaralan, maaaring mag-apply

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI IPINAGPATULOY

ang mga ito para sa karagdagang pagpopondong gawad ng estado, nang hanggang 100 porsyento ng gastusin sa proyekto, kung saan mababawasan o matatanggal ang mga lokal na kontribusyong kinakailangan nilang ibigay.

Ilang Espesyal na Bahagi ng Programa para sa Dalawang Uri ng Proyekto ng Pasilidad ng K–12. Nalalapat ang karamihan ng mga pangunahing tuntunin ng programa sa mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon at paaralan ng karta, ngunit naiiba ang ilang bahagi ng programa. Bagama't babayaran ng estado ang 60 porsiyento ng mga gastusin sa proyekto para sa karamihan ng proyekto ng pagsasamodermo, babayaran nito ang 50 porsiyento para sa karera sa teknikal na edukasyon at mga proyekto ng pagsasamodermo ng paaralan ng karta. (Pareho lang ang mga bahagi sa bagong konstruksiyon.) Para sa karera sa teknikal na edukasyon, nililimitahan sa $3 milyon ang mga gawad ng estado para sa isang bagong pasilidad at $1.5 milyon para sa pasilidad na isasamoderno. Para sa mga proyekto ng paaralan ng karta, dapat ding sumailalim ang mga mungkahi sa isang espesyal na pagsusuri ng estado upang matukoy kung may kakayahang pinansyal ang paaralan ng karta. Bukod pa sa mga espesyal na tuntuning ito, ang mga paaralang hindi masasaklawan ang kanilang lokal na bahagi para sa dalawang uri ng proyektong ito ay maaaring mag-apply sa mga pautang ng estado (sa halip na karagdagang pagpopondong gawad). Dapat bayaran ng mga paaralan ang mga inutang ng mga ito para sa karera sa teknikal na edukasyon at mga inutang para sa paaralan ng karta sa loob ng maximum na 15 taon at 30 taon, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Mga Proyekto ng Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad na Inaprubahan sa Taunang Badyet. Bagama't maaari ding tumanggap ng pagpopondo ng estado ang mga kolehiyo ng komunidad para sa pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, at pagsasamodermo ng mga kasalukuyang gusali, naiiba ang proseso para sa pagsusumite at pag-aapruba ng mga proyekto kaysa sa pagsusumite at pag-aapruba ng mga pasilidad ng K–12. Upang makatanggap ng pagpopondo ng estado, dapat isumite ng mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ang mga mungkahing proyekto sa Kansilyer ng sistema ng kolehiyo ng komunidad. Ang Kansilyer ang magpapasya kung aling mga proyekto ang isusumite sa Lehislatura at Gobernador, kung saan aaprubahan ang mga proyekto bilang bahagi ng proseso ng pagbabadyet ng estado at popondohan sa taunang batas sa badyet ng estado.

Iba-iba ang Mga Lokal na Kontribusyon para sa Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad. Hindi katulad ng mga pasilidad ng K–12, ang batas ng estado ay walang tinukoy na mga partikular na kontribusyon ng estado at lokal na pamahalaan para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad. Sa halip, iraranggo ng Kansilyer ng sistema ng kolehiyo ng komunidad ang lahat ng isinumiteng proyekto ng pasilidad gamit ang isang sistema ng pagbibigay ng iskor. Ang mga proyekto kung saan mas malaking lokal na pondo ang ibibibigay ng mga kolehiyo ng komunidad ay makakatanggap ng mas maraming puntos sa ilalim ng sistema ng pagbibigay ng iskor.

Ang Estado ang Pangunahing Nagpopondo sa Pampublikong Paaralan at Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad sa Pamamagitan ng Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono. Karaniwang nag-iisyu ang estado ng mga pangkalahatang obligasyong bono upang mabayaran ang mga proyekto ng pasilidad. Dapat aprubahan ng mayoriya ng mga botante ang mga bonong ito. Mula 1998 hanggang 2006, inaprubahan ng mga botante ang apat na bono ng pasilidad na nagbigay ng kabuuang $36 na bilyon para sa mga pasilidad ng K–12 at $4 na bilyon para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad. Hindi inaprubahan ng mga botante ang mga bagong bono ng pasilidad ng estado simula noong 2006. Ngayon, ang estado ay birtuwal na walang natitirang pondo mula sa mga dating inisyung bono ng pasilidad ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng mga bono ng estado, tingnan ang “Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado” sa ibabang bahagi ng gabay sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 51, pumunta sa pahina 118.

botante na ito.)

Pinagpapahinga ng Estado ang Mga Bono Sa Paglipas ng Panahon sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng Mga Taunang Bayad sa Serbisyo ng Utang. Noong 2016–17, nagbayad ang estado ng $2.4 bilyon sa utang na serbisyo mula sa mga dating inisyung pangkalahatang obligasyong bono ng estado para sa mga pasilidad ng paaralan at $300 milyon para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad.

Ang Mga Distrito ay Nangangalap ng Lokal na Pondo para sa Mga Pasilidad Sa Pamamagitan ng Mga Lokal na Pangkalahatang Obligasyong Bono. Maaaring magbenta ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ng mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono upang makatulong na masaklawan ang gastusin sa mga proyekto ng pasilidad. Dapat makumbinsi ng mga distrito ang hindi bababa sa 55 porsiyento ng kanilang mga botante na aprubahan ang pagbebenta ng mga lokal na bonong ito. Simula 1998, ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay nakapagbenta na ng humigit-kumulang $64 na bilyon at $21 bilyon, ayon sa pagkakasunud-sunod, sa mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono para sa mga proyekto ng pasilidad.

Ilang Iba Pang Mga Pinagmumulan ng Pagpopondo. Bilang karagdagan sa mga lokal na bono, ang mga distrito ng paaralan ay maaaring mangalap ng mga pondo para sa mga pasilidad ng paaralan sa pamamagitan ng paniningil para sa bagong pagpapaunlad. Simula 1998, nakakalap na ang mga distrito ng paaralan ng $10 bilyon mula sa mga bayad ng tagapagtayo. (Walang ganitong opsyon ng pangangalap ng kita ang mga kolehiyo ng komunidad.) Ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay maaaring mangalap ng lokal na pondo para sa mga pasilidad gamit ang iba't ibang paraan, kasama na ang mga buwis sa parsela, ngunit mas madalang gamitin ng mga ito ang iba pang mga paraan na ito.

MUNGKAHI

Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, pinapayagan ng panukalang ito ang estado na ibenta ang $9 na bilyon ng mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga pasilidad ng pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Mga Pasilidad ng K–12 na Paaralan. Gaya ng ipinapakita sa pigura, nakalaan ang $7 bilyon para sa mga pasilidad ng K–12 na paaralan para sa apat na uri ng proyekto: bagong konstruksiyon, pagsasamoderno, mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon, at paaralan ng karta. Ilalapat din sa mga pondong ito ang mga tuntunin ng kasalukuyang programa ng pasilidad ng paaralan ng estado.

Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad. Ang $2 bilyong pagpopondo ng kolehiyo ng komunidad ay para sa alinmang proyekto ng pasilidad, kasama na ang pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, pagsasamodermo ng mga kasalukuyang gusali, at pagbili ng kagamitan. Alinsunod sa kasalukuyang kasanayan, ang Lehislatura at Gobernador ang mag-aapruba ng mga partikular na proyekto ng pasilidad ng kolehiyo ng komunidad na popondohan ng mga pera ng bono sa taunang batas sa badyet.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Dadagdagan ng Panukala ang Mga Gastusin ng Estado sa Serbisyo ng Utang. Ang magagastos ng estado sa pag-iisyu ng mga iminungkahing bono ay nakadepende sa oras ng pagbebenta ng bono, mga antas ng interes

Pigura 1
Proposisyon 51: Mga Paggamit ng Mga Pondo ng Bono

(Sa mga Milyon)

	Halaga
Mga Pasilidad ng K–12 na Pampublikong Paaralan	
Bagong konstruksiyon	$3,000
Pagsasamoderno	3,000
Mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon	500
Mga pasilidad ng paaralan ng karta	500
Subtotal	($7,000)
Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad	$2,000
Kabuuan	**$9,000**

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

na ipinapatupad sa oras na ibinenta ang mga bono, at yugto ng panahon kung kailan ibabalik ang bayad para sa mga bono. Malamang na iiisyu ng estado ang mga bonong ito sa loob ng humigit-kumulang limang taon at magbabayad para sa prinsipal at interes mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado (ang pangunahin nitong gumaganang account) sa loob ng humigit-kumulang 35 taon. Kung ibinenta ang mga bono sa average na antas ng interes na 5 porsiyento, ang kabuuang halaga para mabayaran ang mga bono ay $17.6 bilyon ($9 na bilyon sa prinsipal at $8.6 bilyon sa interes). **Ang average na bayad bawat taon ay humigit-kumulang $500 milyon.** Ang halagang ito ay wala pa sa kalahati ng 1 porsiyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Ang Panukala ay Magkakaroon ng Maliit na Epekto sa Lokal na Pangangalap ng Kita at Paggastos sa Pasilidad. Ang pagpapasa ng bagong bono ng estado ay malamang na magkakaroon ng maliit na epekto sa gawi ng lokal na distrito. Ito ay dahil karaniwang inaatasan ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad na magbigay ng mga lokal na kontribusyon sa mga pasilidad ng mga ito kung gusto ng mga ito na makakuha ng pagpopondo ng estado. Hindi tukoy ang eksaktong epekto sa lokal na gawi. Sa kabilang banda, ang ilang distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay maaaring mangalap at gumastos nang mas malaki sa lokal kung may magagamit na mga karagdagang pondo ng estado. Bilang resulta, maaaring magkaroon ng mas maraming pangkalahatang aktibidad sa pasilidad sa mga distritong ito sa loob ng susunod na ilang taon. Sa kabaligtaran, ang iba pang distrito ng paaralan at kolehiyo sa komunidad ay maaaring mangalap at gumastos nang mas maliit sa lokal dahil ang pagkakaroon ng mga karagdagang pondo ng estado ay nangangahulungang hindi kailangang bayaran ng mga ito ang buong gastusin sa mga proyekto ng pasilidad ng mga ito. Maaaring makumpleto ng mga distritong ito ang parehong bilang ng mga proyekto dahil wala silang bagong bono ng estado. Gagamitin ng mga ito ang bagong available na pagpopondo ng estado upang mabawi ang pondong dapat sana ay lokal na nakalap ng mga ito.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 51, pumunta sa pahina 118.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 51 ★

GINAGAWA NG PROP. 51 NA PANGUNAHING PRIYORIDAD ANG PAGPROTEKTA SA MGA ESTUDYANTE.

Maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad na lipas na sa panahon at nangangailangan ng mga pagkukumpuni upang matugunan ang mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan—kabilang ang pagpapatibay para sa kaligtasan sa lindol, kaligtasan sa sunog, at pagtanggal ng asbestos at tinggang pintura at mga tubo. Ang Prop. 51 ay tutulong na tiyakin na ang ating mga lokal na paaralan ay isinasapanahon at ligtas para sa mga estudyante.

ANG PROP. 51 AY TUTULONG SA LAHAT NG ESTUDYANTE NG CALIFORNIA NA MAKAKUHA NG MAHUSAY NA EDUKASYON.

"Walang higit na nakalulungkot kaysa pagtuturo sa mga estudyante kapag ang ating mga silid-aralan ay gumuguho at hindi nagkakaloob ng pagtugon sa mga basikong pangangailangang pang-akademiko ng estudyante. Upang tulungan ang mga estudyante na magtagumpay, ang Prop. 51 ay magkukumpuni sa lipas na sa panahon at humihinang mga paaralan at itaas ang kalagayan ng teknolohiya ng silid-aralan, mga aklatan, at mga laboratoryo ng kompyuter at agham."—*Tim Smith, Guro ng Taon sa California ng 2014, Mataas na Paaralan ng Florin*

PAGPAPABUTI NG BOKASYONAL NA EDUKASYON AT PAGTULONG SA MGA BUMABALIK NA BETERANO.

"Ang Prop. 51 ay nagpapahintulot sa mga lokal na paaralan at kolehiyo ng komunidad upang itaas ang kalagayan ng mga silid-aralan ng bokasyonal na edukasyon upang mga estudyante ay makapagsanay para sa mahusay magpasuweldo na mga karera at makapag-ambag sa umuunlad na ekonomiya ng California. At, utang na loob natin sa ating mga beterano na magkaloob ng pagsasanay at tulungan sila na lumipat sa lugar ng trabaho."—*Tom Torlakson, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado*

NAGTATAAS NG KAKAYAHANG MAKAKUHA NG ISANG ABOT-KAYANG EDUKASYON SA KOLEHIYO.

"Sa pamamagitan ng pagtataas g kalagayan at pagkukumpuni ng ating mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad, maitataas natin ang kakayahang makakuha ng mahusay, abot-kayang mas mataas na edukasyon para sa lahat ng Taga-California. Ang ating mga kolehiyo ng komunidad ay nag-aambag sa lakas na pangkabuhayan at panlipunan ng mga lokal na komunidad sa buong estado, at tumutulong sa mga estudyante ng kolehiyo na iwasan ang libu-libong dolyar na utang. Kailangan nating ipakita ang ating suporta sa mga estudyante ng California."—*Jonathan Lightman, Tagapagpaganap na Direktor, Kapisanan ng mga Tagapagturo sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California*

ANG CALIFORNIA AY HUMAHARAP SA MAHABANG LISTAHAN NG HINDI NAGAGAWANG MGA PROYEKTO SA KAPITBAHAYAN.

"Alam ng mga nars ng paaralan ang pangangailangan ng pinabuting mga pasilidad ng paaralan, ang pagsisikip, problema sa instalasyon ng tubo at ibang mga isyung pangkapaligiran na nangangailangan mga pagbabagong kailangan upang panatilihin ang pinakamataas na kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante, tagapagturo, at tauhan ay tutugunan ng Prop. 51."—*Kathy Ryan, Presidente, Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan sa California*

NAGPOPROTEKTA SA LOKAL NA KONTROL SA BAWAT PROYEKTO.

"Ang Prop. 51 ay magpoprotekta sa lokal na kontrol sa pamamagitan ng pag-aatas na ang pagpopondo ay gamitin lamang para sa mga proyektong pagpapabuti ng paaralan na inaprobahan ng mga lokal na lupon ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Lahat ng pera ay dapat na lokal na gastahin, kung saan ang mga nagbabayad ng buwis ay maaaring magkaroon ng tinig sa pagpapasiya kung paaano pinakamahusay na magagamit ang mga pondong ito upang pabutihin ang mga paaralan sa kanilang kapitbahayan."—*Chris Ungar, Presidente, Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California*

ISANG RESPONSABLE SA PANANALAPI NA PARAAN UPANG ITAAS ANG KALAGAYAN AT KUMPUNIHIN ANG MGA PAARALAN NA MAY MAHIGPIT NA PANANAGUTAN SA NAGBABAYAD NG BUWIS.

"Ang isang pambuong-estadong bono ay ang pinakamahusay na mapipili para sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kontruksiyon ng paaralan ng California, dahil ang edukasyon ay isang pambuong-estadong isyu. Kung wala ang bonong ito, ang mga lokal na nagbabayad ng buwis ay haharap sa mas mataas na mga lokal na buwis sa ari-arian na lumilikha ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, tinatrato ang mga nagbabayad ng buwis nang magkakaiba, at walang matatag na mga tadhana sa pananagutan."—*Teresa Casazza, Presidente, Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California*

HINDI NA TAYO MAKAPAGHIHINTAY.

Hindi tayo nakapagpasa ng isang pambuong-estadong bono sa paaralan sa loob ng sampung taon, at ngayon ay humaharap tayo sa isang napakalaking listahan ng hindi nagagawang mga proyekto sa lokal na paaralan. Ang ating mga paaralan ay lubhang nangangailangan ng mga pagtataas ng kalagayan at pagkukumpuni upang panatilihin ang ating mga estudyante na ligtas at tiyakin na sila ay may mga pasilidad kung saan maaari silang matuto.

Ang Prop. 51 ay tutulong sa ating mga estudyante at beterano na magtagumpay.

MANGYARING SUMAMA SA AMIN SA PAGBOTO NG OO SA PROP. 51.

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

KEN HEWITT, Presidente
Kapisanan ng mga Retiradong Guro ng California

LARRY GALIZIO, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 51 ★

Mula noong 2001, inaprobahan natin ang higit sa $146 na bilyon na pag-estado at lokal na mga bono upang ayusin ang mga paaralan ng California. Pero ang mga tagasuporta ng Prop. 51 ay nagsasabi pa rin na ang ating mga paaralan ay hindi "nakatutugon sa mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan."

Saan napapunta ang pera?

NAG-IIMBITA NG PANDARAYA:

Ang huling pambuong-estadong pagsusuri ng bono sa paaralan ng Kagawaran ng Pananalapi ng California ay nakatuklas ng BILYUN-BILYON NA NANGANGANIB na *"magamit para sa hindi hinahangad na mga layunin. . . kung iiwang hindi nalulutas . . . ay patuloy na makakaapekto nang masama sa pananagutan sa bono."*

Dahil ang mga pananggalang sa paggasta ay hindi ipinatutupad o hindi gumagana ang mga pondo ng pondo ay maaaring magamit nang mali.

Sina Gobernador Jerry Brown at Pangkalahatang Abugada Kamala Harris ay nagpahayag ng ikinababahalang ito.

Ang Prop. 51 ay nagpapanatili nitong madepektong sistema.

HINAHARANGAN ANG MGA REPORMA:

Ang Prop. 51 ay nagtatali sa mga kamay ng mga mambabatas at pinatitibay ang mga kasalukuyang tuntunin. Ito ay humahadlang sa ating demokrasya sa pamamagitan ng *pagbabawal sa ating mga mambabatas na iwasto ang mga tuntunin* na nagkakait sa mahihirap na paaralan ng tulong na kailangan ng mga ito.

Ito ay gumagarantiya na ang mga tagapagpaunlad ay hindi nagbabayad ng kanilang makatarungang kabahagi.

NAGPAPAHINTULOT NG WALANG-INGAT NA PAGGASTA:

Ang mga bono ay magastos. Dalawang dolyar na buwis ang kinakailangan upang bayaran ang bawat dolyar na hiniram. Ang mga bono ay dapat gamitin para sa mga bagay na tumatagal nang mga dekada.. Hindi kapani-paniwala, ang mga pondo ng Prop. 51 ay maaaring gastahin sa kagamitan na may 10-taong "pangkaraniwang kapaki-pakinabang na buhay." *Ang mga pagbabayad sa bono ay maraming dekadang mas matagal.*

Ito ay tulad ng pagbabayad sa iyong tanghalian sa pamamagitan ng isang 30-taon na sangla at pagbabayad para rito nang maraming beses na mas malaki.

Ang Prop. 51 ay maaaring ang pinakamakasarili, mapanlinlang na panukala na iniharap sa mga botante ng California. *Ito ay nilikha ng industriya ng konstruksiyon upang pakinabangan ng industriya ng konstruksiyon.*

Bisitahin ang *StopProp51.org.* Tingnan ang nasa likod ng kampanyang Oo.

Bumoto ng HINDI sa 51!

G. RICK MARSHALL, Punong Opisyal ng Pananalapi
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

WENDY M. LACK, Direktor
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 51 ★

Ang mga bono ay mga utang na bapat bayaran nang may interes, sa paglipas ng panahon.

Mula noong 1998, ang mga botante ng California ay nag-aproba ng $35 bilyon sa mga bono ng estado para sa konstruksiyon ng paaralan. Ang lahat ay inilagay sa balota ng Lehislatura at sinuportahan ng Gobernador. Ang Proposisyon 51 ay naiiba. Hindi ang Lehislatura ang naglagay ng Proposisyon 51 sa balota. At sinasalungat ito ng Gobernador.

Sinasamahan namin ang Gobernador sa pagsalungat dahil ang Proposisyon 51 ay:

HINDI ABOT-KAYA:

Ang mga Taga-California ay nagbabayad na ng $2 bilyon bawat taon sa mga bono sa paaralan ng estado. Ang Proposisyon 51 ay gagastusan ng karagdagang $500 milyon bawat taon—perang hindi taglay ng estado.

Sa kabuuan, ang California ay may higit sa $400 bilyon na utang at mga pagtatalagang pinansiyal. Tinatawag ito ng Gobernador Brown na isang "pader ng utang." Ang paghiram ng mas maraming pera na hindi natin kaya ay walang-ingat.

HINDI NANANAGOT:

Sa mga lokal na bono sa paaralan, mga komunidad ang kumokontrol sa paggasta. Sa mga bono sa paaralan ng estado, ang mga burukrata at ang kanilang mga kaibigan ang gumagawa ng mga desisyon. *Lokal na kontrol ang pinakamahusay na paraan upang paliitin hangga't maaari ang pag-aaksaya ng pamahalan.*

HINDI KAILANGAN:

Para sa konstruksiyon ng paaralan, *ang mga lokal na panukalang bono ay gumagana nang mas mahusay kaysa mga pambuong-estadong bono.* Nitong nakarang hunyo inaprobahan ng mga botante ang higit sa 90% ng mga lokal na bono sa paaralan, nagkakaloob ng higit sa $5.5 bilyon para sa konstruksiyon ng paaralan.

Ang pagpapatala sa paaralan ay inaasahang bababa sa susunod na 10 taon. Ang Proposisyon 51 ay nag-aaksaya ng pera sa pagpanig sa konstruksiyon ng mga bagong paaralan sa halip ng pagremodelo ng mga kasalukuyang paaralan.

WALANG PAGKAKAPANTAY-PANTAY:

Ang pagpopondo ng Proposisyon 51 ay pupunta sa mga nasa unahan ng linya. Ang malalaking distritong mayayaman ay tatanggap ng "pinakamalaking kabahagi" dahil sila ay may mga nakalaang tauhan upang kumpletuhin ang mga papel. Ito ay hindi nagbibigay ng pagkakataon sa mas maliit, mas mahirap na mga distrito na unang-unang nangangailangan ng tulong. Ito ay *moral na mali*.

REPORMA MUNA:

Ang Proposisyon 51 ay walang ginagawa upang baguhin ang burukratiko, isang-sukat-walang-kasya na programang bono ng estado. Ang maliliit, nangangailangang distrito ng paaralan ay hindi makakabayad sa magagastos na kasangguni na ginagamit ng malalaki, mayayamang paaralan. Ang mga reporma sa programa ay kailangan upang ang mahihirap na distrito ay makakuha ng perang karapat-dapat ang mga ito.

Nitong nakaraang Pebrero sinabi ni Gobernador Brown sa *Los Angeles Times*, *"Ako ay laban sa $9-na-bilyong bono ng mga tagapagpaunlad. . . [ito] ay lumulustay sa perang mas mahusay na gastahin sa mga komunidad na maliit ang kita."*

Sinabi rin ni Brown na ang mga pangakong benepisyo sa mga empleyado ng estado ay *"mga pananagutan na napakalaki kaya nakakatuksong ipagwalang-bahala ang mga ito . . .. Hindi natin makakayang bayaran ang mga ito sa isa o dalawang taon o kahit 10. Pero, moral na obligasyon natin na gawin ito—partikular bago tayo gumawa ng mga bagong pangako."*

Sumasang-ayon kami.

Ang Proposisyon 51 ay sinusuportahan ng mga negosyo at pulitiko na nakikinabang sa mas maraming paggasta ng estado. Ang Oo sa 51 ay nakalikom na ng higit sa $6 na milyon mula sa mga unang-unang makikinabang kabilang ang *Koalisyon para sa Sapat na Pabahay (CASH)* at *Kapisanan sa Industriya ng Pagtatayo sa California*.

Ang *Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California* ay isang boluntaryo-lahat, di-partidista, di-nagtutubo na nagtataguyod ng responsibilidad sa pananalapi at kalinawan sa lokal na pamahalaan. Nilalabanan namin ang paglilihim, pag-aaksaya at katiwalian sa pamahalaan at naghahangad na tiyakin na ang lahat ay tumatanggap ng magandang halaga para sa kanilang mga dolyar na buwis.

Kami ay mga taong tulad ninyo na sumusuporta sa mahuhusay na paaralan at gusto ng responsibilidad sa pananalapi sa pamahalaan na walang pag-aaksaya.

Mangyaring sumama sa amin sa pagboto ng HINDI sa Proposisyon 51.

www.caltan.org

G. RICK MARSHALL, Punong Opisyal ng Pananalapi
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

WENDY M. LACK, Direktor
Ugnayan ng Aksiyon ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 51 ★

Ang Prop. 51 ay tumitiyak na ang bawat estudyante sa California ay may pagkakataon na matuto sa isang ligtas, napapanahong mga paaralan habang nagpoprotekta rin sa mga nagbabayad ng buwis.

ANG PROP. 51 AY HINDI ISANG PAGTAAS NG BUWIS.

Ang Prop. 51 ay isang bono na babayaran mula sa isang napakaliit na halaga ng KASALUKUYANG taunang kita ng estado upang kumpunihin at itaas ang kalagayan ng mga lokal na paaralan. Ito ay HINDI nagtataas ng mga buwis.

NAGPOPROTEKTA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS LABAN SA MAS MATAAS NA MGA LOKAL NA BUWIS.

Kung walang mga panumbas na dolyar mula sa isang pambuong-estadong bono sa paaralan, ang mga nagbabayad ng buwis ay haharap sa mas mataas na mga lokal na buwis sa ari-arian upang magbayad para sa mga pagkukumpuni at pagtataas ng kalagayan ng paaralan, at ang ilang distrito ng paaralan ay maaaring hindi magkaroon ng sariling kakayahang ayusin ang mga paaralan. Ang pagbabakasang ito sa pagitan ng estado at mga lokal na distrito ng paaralan ay makatarungang nagpondo sa mga pagkukumpuni ng paaralan para sa lahat ng mga estudyante.

NAG-AATAS NG MAHIGPIT NA PANANAGUTAN.

Ang Prop. 51 ay naglalagay sa mga lokal na botante ng kontrol sa kung paano ginagasta ang mga pera ng bono. Ito ay nag-aatas ng mga taunang pagsusuri at mahihigpit na pamantayan sa pagtutuos.

GINAGAWA NG PROP. 51 NA PRIYORIDAD ANG PAGPROTEKTA SA MGA ESTUDYANTE.

Maraming paaralan at kolehiyo ng komunidad na lipas na sa panahon at nangangailangan ng mga pagkukumpuni upang matugunan ang mga basikong pamantayan sa kalusugan at kaligtasan—kabilang ang pagpapatibay para sa kaligtasan sa lindol, kaligtasan sa sunog, at pagtanggal ng asbestos at tinggang pintura at mga tubo. Ang mga pagkukumpuning ito ay napakahalaga sa pagpapanatiling ligtas ang bawat estudyante.

OO SA PROP. 51.

Ang Prop. 51 ay tutulong sa bawat estudyante ng California na makakuha ng isang mahusay na edukasyon, magtataas ng pagkakataon para sa abot-kayang edukasyon sa kolehiyo, at magpapabuti sa bokasyonal na pagsasanay para sa mga beterano at estudyante na naghahanda para sa lugar ng trabaho.

Ang Prop. 51 ay sinusuportahan ng mga grupo ng nagbabayad ng buwis, guro, negosyo, Republikano, at Demokratiko. Kayo mismo ang tumingin sa *www.californiansforqualityschools.com*

Mangyaring samahan kami sa pagsuporta sa Prop. 51.

CHRIS UNGAR, Presidente
Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California

TERESA CASAZZA, Presidente
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California

LARRY GALIZIO, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

52 PROGRAMA NG MEDI-CAL PARA SA PAGGAMIT NG SINGIL NG OSPITAL. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinalalawig hanggang sa hindi tiyak na panahon ang umiiral na batas na nagpapataw ng mga singil sa mga ospital upang makakuha ng pederal na mga panumbas na pondo.
- Ginagamit ang mga singil upang pondohan ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal, pangangalaga para sa hindi walang insurance na mga pasyente, at pagsakop sa kalusugan ng mga bata.
- Kinakailangan ang pag-apruba ng botante upang baguhin ang paggamit ng mga singil o mga pondo.
- Pinahihintulutan ang ibang mga pag-aamyenda o pagpapawalang-bisa ng Lehislatura sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto.
- Ipinapahayag na ang mga nalikom sa singil ay hindi ibinibilang na kita patungo sa limitasyon sa paggastos ng estado o kinakailangan sa pagpopondo ayon sa Proposisyon 98.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Tagasuri ng Kabuuang Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Ang epekto sa pananalapi ng panukalang ito ay hindi tiyak na may pangunahing dahilan na hindi alam kung ang Lehislatura ay palalawigin ang singil ng ospital nang wala ang panukala.
- Kung palalawigin ng Lehislatura ang singil ng ospital nang wala ang panukalang ito, ang panukala ay malamang na magkaroon ng maliit na epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan.
- Kung *hindi* palalawigin ng Lehislatura ang singil ng ospital nang wala ang panukala, ang panukala ay maaaring magresulta sa matitipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado na humigit-kumulang $1 bilyon taun-taon at nadagdagang pagpopondo para sa mga pampublikong ospital sa mababang daan-daang milyong dolyar taun-taon.

52

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Pangkalahatang-tanaw ng Medi-Cal at Mga Ospital

Ang Medi-Cal ay Nagbibigay ng mga Benepisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Taga-California na Mababa ang Kita. Ang programa ng Medi-Cal ay nagbibigay ng mga benepisyo ng pangangalawang pangkalusugan para sa mga taga-California na mababa ang kita at nakakatugon sa ilang partikular na iniaatas hinggil sa pagiging kwalipikado. Kasama sa mga benepisyong ito ng pangangalagang pangkalusugan ang mga serbisyong gaya ng pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga, pagpapatingin sa emergency room, operasyon, at mga inireresetang gamot. Sa kasalukuyan, ang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 13 milyong taga-California. Umabot sa humigit-kumulang 95 bilyong dolyar ang kabuuang ginastos sa Medi-Cal noong 2015–16, kung saan 23 bilyong dolyar ang nagmula sa Pangkalahatang Pondo ng estado (ang pangunahing account na pinagkukunan ng pondo para sa pagpapatakbo nito).

Pinaghahatian ng Estado at ng Pederal na Pamahalaan ang Gastos sa Medi-Cal. Para sa karamihan ng mga gastos sa programa ng Medi-Cal, tigkalahati sa mga bayarin ang estado at ang pederal na pamahalaan. Sa ilang pagkakataon, mas malaki ang binabayaran ng pederal na pamahalaan kaysa sa estado. Upang makatanggap ng pondo para sa Medi-Cal mula sa pederal na pamahalaan, dapat sundin ng estado ang iba't ibang batas at iniaatas ng pederal na pamahalaan.

Ang mga Pampubliko at Pribadong Ospital ay Nagbibigay ng Pangangalaga sa mga Taong Nakatala sa Medi-Cal. May humigit-kumulang 450 pribado at pambublikong pangkalahatang ospital na nagbibigay ng panandaliang pangangalaga ("mga ospital") na lisensyado sa California na nagbibigay ng mga serbisyong gaya ng mga serbisyong pang-emergency, operasyon, at pangangalagang pang-outpatient sa mga taga-California, kasama

ang mga nakatala sa Medi-Cal. Humigit-kumulang walumpung porsiyento ng mga ospital ang pribado at humigit-kumulang dalawampung porsiyento naman ang pampubliko. Ang mga pampublikong ospital ay pagmamay-ari at pinapatakbo ng mga pampublikong entidad gaya ng mga county o ng Unibersidad ng California. Ang mga pribadong ospital ay pagmamay-ari at pinapatakbo ng mga pribadong entidad, na maaaring hindi pinagkakakitaan o pinagkakakitaan.

Bayad sa Pagtiyak ng Kalidad ng Ospital

Sa mga kamakailang nagdaang taon, nagpataw ang estado ng espesyal na singil sa karamihan ng mga pribadong ospital. Ang singil na ito ay tinatawag na Bayad sa Pagtiyak ng Kalidad ng Ospital ("bayad ng ospital"). Kinokolekta na ito mula pa noong 2009. Nakatakdang matapos ang pagsingil ng estado ng bayad ng ospital sa Enero 1, 2018. Ipinapakita ng Pigura 1 ang pagkolekta at paggamit ng kita mula sa bayad ng ospital noong 2015–16. Dalawang layunin ang pinaggagamitan ng kita mula sa bayad: (1) upang pondohan ang bahagi ng estado sa tumaas na mga bayad sa Medi-Cal para sa mga ospital at gawad para sa mga pampublikong ospital (3.7 bilyong dolyar noong 2015–16) at (2) upang makatipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado (850 milyong dolyar noong 2015–16). Ang kita mula sa bayad ng ospital na ginamit para sa tumaas na mga bayad sa Medi-Cal ay tinumbasan ng 4.4 bilyong dolyar na halaga ng pondo para sa Medi-Cal mula sa pederal na

Pigura 1

Mga Natitipid ng Estado at Netong Pakinabang ng mga Ospital Mula sa Bayad ng Ospital noong 2015-16



Netong Benepisyo ng Industriya ng Pagamutan = **8.1 Bilyong Dolyar** na natanggap na mga bayad
– **4.6 Bilyong Dolyar** na bayarin
3.5 Bilyong Dolyar na netong benepisyo

[a] Pinaghahatian ng estado at ng pederal na pamahalaan ang mga gastos sa Medi-Cal. Kapag gumagastos ng pera ang estado para sa Medi-Cal, sa pangkalahatan, nagbibigay ng pondo ang pamahalaan upang bayaran ang porsiyento ng pederal na pamahalaan sa gastos.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 52, pumunta sa pahina 122.

pamahalaan, kaya naman umabot sa 8.1 bilyong dolyar ang kabuuang halaga ng mga bayad at gawad ng Medi-Cal para sa mga ospital noong 2015–16.

Sa Kabuuan, Nakinabang ang Industriya ng Pagamutan sa Pagpapataw ng Bayad ng Ospital. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, nakatanggap ang industriya ng pagamutan noong 2015–16 ng *netong pakinabang* na nagkakahalaga ng 3.5 bilyong dolyar bilang resulta ng pagpapataw ng bayad dahil nakatanggap ang mga ospital ng mga bayad na nagkakahalaga ng 8.1 bilyong dolyar at 4.6 bilyong dolyar naman ang ibinayad nila. Sa partikular, nakatanggap ang mga pampublikong ospital ng benepisyong nagkakahalaga ng 235 milyong dolyar noong 2015–16, na binubuo ng mga gawad at tumaas na mga bayad sa Medi-Cal. (Bagama't sa kabuuan, ang industriya ng pagamutan ay nakatanggap ng netong pakinabang, may ilang pribadong ospital na mas malaki ang kinita mula sa bayad kaysa sa bayad sa Medi-Cal.)

Nakakatipid ang Estado Dahil sa Perang Nanggagaling sa Bayad ng Ospital. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, ginagamit ang kita mula sa bayad upang makatipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Nakakatipid dito dahil ipinambabayad ang kita mula sa bayad ng ospital sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bata sa Medi-Cal na pera dapat mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado ang ipambabayad. (Ang mga buwis gaya ng buwis sa kita at pagbebenta ang pangunahing tumutustos sa Pangkalahatang Pondo ng estado.) Ang halaga ng kita mula sa bayad na ginagamit upang makatipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado ay nakabatay sa isang formula ayon sa batas ng estado. Noong 2015–16, humigit-kumulang 850 milyong dolyar ang natipid sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

Ilang Beses nang Pinalawig Noon ng Lehislatura ang Bayad ng Ospital. Simula noong ipinataw ang bayad noong 2009, apat na beses na itong pinalawig ng Lehislatura mula sa petsa kung kailan dapat matatapos ang pagpapataw ng bayad ayon sa batas na umiiral noong panahong iyon. Alinsunod sa kagawiang ito mula pa noon, maaaring magpasa ng bagong batas ang Lehislatura upang palawigin ang kasalukuyang bayad ng ospital nang lampas pa sa Enero 1, 2018 (ang petsa kung kailan matatapos ang kasalukuyang bayad).

Dapat Aprubahan ng Pederal na Pamahalaan ang Anumang Pagpapalawig ng Bayad ng Ospital. Kung palalawigin ng Lehislatura o ng mga botante ang bayad nang lampas pa sa Enero 1, 2018 dapat ding aprubahan ng pederal na pamahalaan ang pagpapalawig upang makatanggap ng pondo mula sa pederal na pamahalaan. Kailangan ang pag-apruba ng pederal na pamahalaan dahil ginagamit ng estado ang kita mula sa bayad ng ospital upang pondohan ang bahagi ng estado sa tumaas na mga bayad sa Medi-Cal, at binabayaran din ng pederal na pamahalaan ang ilang porsiyento ng tumaas na mga bayad na ito.

MUNGKAHI

Gawing Permanente ang Bayad ng Ospital. Bagama't matatapos na ang pagpapataw ng bayad ng ospital sa Enero 1, 2018, ayon sa kasalukuyang batas ng estado, permanenteng pinapalawig ng Proposisyon 52 ang kasalukuyang bayad. Gaya ng sa anumang pagpapalawig ng pagpapataw ng bayad ng ospital, kailangang aprubahan ng pederal na pamahalaan ang pagpapalawig sa ilalim ng panukalang ito.

Pinapahirap Nito Para sa Estado na Tapusin ang Pagpapataw ng Bayad ng Ospital. Sa ilalim ng panukala, maaaring tapusin ng estado ang pagpapataw ng bayad ng ospital kung *dalawang-katlo* ng bawat kapulungan ng Lehislatura ang bumoto upang gawin iyon. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring tapusin ang pagpapataw ng bayad kung boboto ang *mayoriya* sa bawat kapulungan.

Pinapahirap Nitong Baguhin ang Pagpapataw ng Bayad ng Ospital. Sa ilalim ng panukala, kakailanganin ang pag-apruba ng mga botante sa hinaharap sa pamamagitan ng pambuong-estadong halalan para sa mga pagbabago sa pagpapataw ng bayad ng ospital. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring gumawa ng mga pagbabago sa pagpapataw ng bayad ang Lehislatura. Halimbawa, maaaring baguhin ng Lehislatura ang formula na ginagamit upang makatipid ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Pinapayagan ng panukala ang Lehislatura—sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto ng bawat

kapulungan—na gumawa ng ilang partikular na pagbabago, gaya ng mga pagbabagong kailangan upang makakuha ng pag-apruba mula sa pederal na pamahalaan para sa pagpapataw ng bayad ng ospital.

Hindi Nito Isinasama ang Perang Mula sa Bayad ng Ospital sa Pagkalkula ng Pagpopondo para sa Paaralan Taun-taon. Iniaatas ng Saligang-batas ng Estado ang paggamit ng ilang partikular na formula sa pagkalkula ng taunang pinakamababang antas ng pagpopondo para sa edukasyon ng K–12 at mga Kolehiyo ng Komunidad sa California. Isinasaalang-alang sa mga formula na ito ang halaga ng kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Ayon sa kasalukuyang kagawian, hindi isinasama ng panukala ang perang nalikom mula sa bayad ng ospital sa mga kalkulasyong ito. Itinatakda ng panukala ang pagbubukod na ito sa isang susog sa Saligang-batas ng Estado.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Hindi tiyak ang epekto ng panukalang ito sa pananalapi dahil hindi alam kung papalawigin ng Lehislatura ang pagpapataw ng bayad ng ospital nang wala ang panukala. Hanggang sa kasalukuyan, apat na beses nang pinalawig ng Lehislatura ang pagpapataw ng bayad. Samakatuwid, batay sa naging kagawian, posible na papalawigin ng Lehislatura ang pagpapataw ng bayad ng ospital nang lampas pa sa Enero 1, 2018, anuman ang mangyari. Mayroon ding mga kamakailang pagbabago sa pederal na batas na maaaring mag-atas ng mga pagbabago sa istruktura ng pagpapataw ng bayad ng ospital, at maaaring makaapekto ang mga ito sa epekto sa pananalapi ng pagpapataw ng bayad ng ospital. Sa ibaba, inilalarawan namin ang epekto ng panukalang ito sa pananalapi sa dalawang pangunahing sitwasyon:

- ***Kung Palalawigin ng Lehislatura ang Pagpapataw ng Bayad ng Ospital nang Wala ang Panukala.*** Sa ganitong sitwasyon, malamang na maliit lang ang maging epekto ng panukala sa pananalapi ng pamahalaan ng estado at mga lokal na pamahalaan (sa loob ng panahon kung kailan pinalawig ng Lehislatura ang pagpapataw ng bayad). Dahil ito sa nakakatipid na sa Pangkalahatang Pondo ang estado at nagbibigay na ito ng pagpopondo sa mga pampublikong ospital. Gayunpaman, ipinapaalala namin na kung wala ang panukalang ito, maaaring baguhin ng Lehislatura ang istruktura ng pagpapataw ng bayad ng ospital, kung saan maaaring maiba ang natitipid sa Pangkalahatang Pondo at benepisyo sa mga pampublikong ospital.
- ***Kung*** **Hindi** ***Palalawigin ng Lehislatura ang Pagpapataw ng Bayad ng Ospital nang Wala ang Panukala.*** Sa ganitong sitwasyon, magkakaroon ang panukala ng malaking epekto sa pananalapi ng pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Ang mga epekto sa pananalapi sa ganitong sitwasyon ay malamang na maging katulad ng mga kamakailang naranasan (na isinaayos ayon sa paglago sa paglipas ng panahon): Aabot lang nang ilang daang milyong dolyar ang (1) taunang natitipid sa Pangkalahatang Pondo na nagkakahalaga ng humigit-kumulang 1 bilyong dolyar at ang (2) taunang pagpopondo sa mga pang-estado at lokal na pampublikong ospital. Makakaranas din ang pamahalaan ng estado at mga lokal na pamahalaan ng kaunting pagtaas ng kita bilang resulta ng dagdag na pondo mula sa pederal na pamahalaan na nakukuha ng estado mula sa bayad. Gayunpaman, ang mga epektong ito ay maaaring maapektuhan ng mga bagong iniaatas ng pederal na pamahalaan na maaaring mag-atas ng mga pagbabago sa pagpapataw ng bayad ng ospital. Sa ngayon, hindi malinaw kung anong mga pagbabago sa pagpapataw ng bayad ng ospital ang kakailanganin upang makasunod sa mga iniaatas ng pederal na pamahalaan. Maaaring madagdagan, mabawasan, o hindi mabago ng anumang katulad na pagbabago ang mga epekto sa pamahalaan ng estado at mga lokal na pamahalaan.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 52, pumunta sa pahina 122.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 52 ★

KAPAG BUMOTO KAYO NG OO SA PROPOSISYON 52, IBIG SABIHIN AY PABOR KAYO SA ISANG MAGANDANG IDEYA—ISANG MAGANDANG IDEYA NA MARAMING MABUTING NAITUTULONG SA MARAMING MABUTING TAO NA NANGANGAILANGAN NG TULONG.

ANO ANG GINAGAWA NG PROPOSISYON 52?

Dalawang bagay ang ginagawa nito.

Una, pinapalawig nito ang kasalukuyang programa sa bayad sa ospital ng Medi-Cal na nagbibigay ng pederal na pondong panumbas na nagkakahalaga ng mahigit $3 bilyon kada taon na hindi naman makukuha kung wala ang programang iyon. Ang pondong ito ay nakakatulong sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal sa mahigit 13 milyong residente ng California, kasama na ang:

- 6.7 milyong bata;
- 1.6 milyong nakatatanda na may mga pangmatagalang karamdaman;
- 4.5 milyong nagtatrabahong pamilya na may maliit na kita na hindi sapat upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan; at
- mga taong may kapansanan.

Pangalawa, mahigpit na pinagbabawalan ng Proposisyon 52 ang Lehislatura na gamitin ang mga pondong ito para sa iba pang bagay nang walang pahintulot mula sa mga tao.

Iyon po.

SINO ANG NASA LIKOD NG INISYATIBONG ITO, AT BAKIT ITO NASA BALOTA?

Ang programa sa bayad sa ospital ng Medi-Cal ay unang pinagtibay ng Lehislatura bilang isang programa ng dalawang partido noong 2009. Tatlong beses na itong muling pinagtibay, ngunit palaging may mga pagtatangka na ilipat sa ibang programa ang pera. Inilagay ito sa balota ng mahigit 400 lokal na ospital ng komunidad ng California upang matiyak na patuloy na makakatanggap ang California ng sapat na pederal na pondong panumbas upang patuloy na mapaglingkuran ng Medi-Cal ang ating mga pinakanangangailangang mamamayan at upang mapigilan ang paglilipat ng mga pondo sa iba pang programa.

SINO ANG SUMUSUPORTA SA PROPOSISYON 52?

Ang Inisyatibong ito ay sinusuportahan ng halos lahat ng pangunahing organisasyon para sa pangangalagang pangkalusugan, negosyo, trabaho, at komunidad sa buong estado. Maliit ang posibilidad na nangyari na dati ang ganitong kalaking sama-samang pagsuporta. Halimbawa, ang Kapisanan ng mga Guro ng California, Konseho ng mga Trabaho hinggil sa Pagtatayo ng Gusali ng California, Mga Propesyonal na Bumbero ng California at Unyon ng mga Teamster at mahigit 30 lokal na unyon ay nakipagtambal sa Pangkomersiyong Kamara ng California, sa Bilog na Mesa ng Negosyo ng California, pati sa mga organisasyong nagtataguyod ng mga bata, nakatatanda at may kapansanan. Dagdag pa rito, inirerekomenda rin ito ng mga partidong Demokratiko at Republikano ng estado. Nakakamangha ito, lalo na't matindi ang labanan sa pulitika ngayon.

ANO ANG EPEKTO NG PROPOSISYON 52 SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA CALIFORNIA?

Ang panukalang ito ay MAGRERESULTA SA PEDERAL NA PONDO NA NAGKAKAHALAGA NG MAHIGIT $3 BILYON NANG WALANG GASTOS NG ESTADO PARA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA CALIFORNIA.

Sa pamamagitan ng pagpapalawig sa kasalukuyang bayad sa ospital ng Medi-Cal para sa estado, ang estado ay patuloy na makakatanggap ng pederal na pondong panumbas na nagkakahalaga ng mahigit $3 bilyon kada taon para sa Medi-Cal. Kung wala ito, magsasara ang ilang panghaliling ospital ng komunidad dahil sa kakulangan ng pondo.

Pakiusap, BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 52 UPANG PABORAN ANG ISANG MAGANDANG IDEYA—ISANG MAGANDANG IDEYA NA MARAMING MABUTING NAITUTULONG SA MARAMING MABUTING TAO.

C. DUANE DAUNER, Presidente
Kapisanan ng Ospital ng California
THERESA ULLRICH, MSN, Presidente ng NP-C
Kapisanan ng mga Nars na Nanggagamot ng California
DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakakatanda sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 52 ★

ANG PROP. 52 AY HINDI NAKAKATULONG SA SINUMAN, MALIBAN SA MGA CEO AT TAGALOBI NG OSPITAL.

ANG PROP. 52 AY ISANG PATIBONG: Ang perang ibinibigay nito kamo sa mga bata at nakakatanda? Nakukuha na nila ang perang iyon. *Ibinibigay na* ng batas ng California ang pondong nagkakahalaga ng mahigit $3,000,000,000 para sa mga serbisyong pangkalusugan. Hindi iyon mababago ng Prop. 52.

Ang tunay na ginagawa ng Prop. 52 ay binabago nito ang ating Saligang-batas upang *permanenteng alisin* ang anumang pananagutan, superbisyon, o garantiya na gagastusin ng mga CEO at tagalobi na ito ang $3,000,000,000 para sa pangangalagang pangkalusugan.

Bakit sila gumagastos ng milyun-milyon para sa Prop. 52? Dahil palaging nahuhuli ang maling paggamit nila sa ating pera:

- Ang mga korporasyon ng ospital na kumikita mula sa Prop. 52 ay pinagmulta na ng daan-daang milyong dolyar dahil sa *mapanloko, hindi kinakailangan, o labis na pagsingil sa Medi-Cal o Medicare.*
- Kinamkam ng iba pang mga CEO ng ospital ang mga dolyar na ito mula sa buwis na para sa mga mahirap at nakakatanda, at ginastos nila ang mga iyon para sa pag-upa ng mamahaling sasakyan, pagkamiyembro sa rural na klab, at pasuweldo para sa mga tagapagpaganap na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar.
- Ang mga CEO ng ospital na sumusuporta sa Prop. 52 ay kumikita ng halos $153,000 KADA LINGGO.

Inaalis lang ng Prop. 52 ang anumang pananagutan o superbisyon sa mga mismong CEO na sangkot sa panloloko at nag-aksaya ng dolyar mula sa buwis para sa mga pansariling bagay.

Huwag magpaloko sa kumplikado at hindi kinakailangang pagbabago na ito sa ating Saligang-batas. Isa itong patibong ng espesyal na interes na idinisenyo upang alisin ang superbisyon sa mga sakim na CEO ng ospital at sa kanilang mga tagalobi—at ang mga nagbabayad ng buwis at nangangailangang residente ng California ang sasagot nito.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 52
www.No0n52.com

VIRGINIA ANDERS-ELLMORE, Nars na Nanggagamot
MICHELLE ROSS, Empleyado ng Pangangalagang Pangkalusugan
JOVITA SALCEDO, Benepisyaryo ng Medi-Cal

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 52 ★

"Dapat gamitin ang ating mga pondo sa pangangalagang pangkalusugan para sa paggamot ng mga pasyente, hindi para sa pansariling paggamit ng mga milyunaryong CEO. *Kinukuha ng Prop. 52 ang pondong nakalaan para sa mga pasyente at komunidad, at inililipat ito sa bulsa ng mayayamang espesyal na interes, nang walang superbisyon, walang pananagutan, at walang garantiya na gagastusin nga ito para sa pangangalagang pangkalusugan.* Mali ito, at pahirap lang ito sa mga nars at doktor."—*Virginia Anders-Ellmore, Nars na Nanggagamot*

- *Ang Prop. 52 ay nagbibigay sa mga CEO ng ospital ng tseke na nagkakahalaga ng mahigit $3 bilyon*—nang walang pananagutan, walang superbisyon, at walang garantiya na gagastusin nga ang pera para sa pangangalagang pangkalusugan.
- *Ang Prop. 52 ay nagbibigay ng mahigit $3,000,000,000 sa mga mismong CEO na kumikita na ng milyun-milyon* at gumagamit ng ating dolyar mula sa buwis para sa mga karangyaan gaya ng pag-upa ng mamahaling sasakyan at bayad sa golf, *nang walang pananagutan.*
- *Ang Prop. 52 ay maganda para sa mga CEO ng ospital at sa kanilang mga tagalobi, ngunit hindi maganda para sa mga pasyente,* babae at bata, nakakatanda, at beterano na maliit ang kita.

Ang mayayamang CEO ng ospital at ang kanilang mga tagalobi ay gumagastos ng milyun-milyon—kasama na ang ating mga dolyar mula sa buwis—upang linlangin kayo sa paniniwalang nakakatulong ang Prop. 52 sa mga pasyente ng Medi-Cal. Wala itong naitutulong. Nakakasama lang ito sa mga taong pinaka-nangangailangan nito, at ang mga tagalobi ng ospital at ang mayayamang CEO lang ang nakikinabang dito.

Ito ang tunay na ginagawa nito:

- *Inaalis ng Prop. 52 ang anumang superbisyon o pananagutan sa mga CEO at tagalobi ng ospital* para sa kung paano nila ginagastos ang natatanggap nilang dolyar na nagkakahalaga ng $3,000,000,000 mula sa mga nagbabayad ng buwis upang gamutin ang mga residente na maliit ang kita.
- Pinupuwersa ang estado na magbigay sa mga ospital ng mga pederal na benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa maliit ang kita na nagkakahalaga ng bilyun-bilyong dolyar nang *walang superbisyon, walang pananagutan, at walang garantiya na gagastusin nga ito para sa pangangalagang pangkalusugan,* lalo na sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga babae, bata, at nakakatanda na maliit ang kita.
- Ito ang mga mismong CEO at tagalobi na gumastos ng milyun-milyong dolyar na nakalaan sana sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga sobra-sobrang suweldo ng CEO, mamahaling upuan sa panonood ng palakasan, pagkamiyembro sa rural na klab, pagbabayad sa ma mamumuhunan sa Wall Street, at iba pang mga benepisyo.

Ito ang sinasabi ng mga tagapagtaguyod para sa mga pasyenteng maliit ang kita:

"Kinukuha ng inisyatibong ito ang perang nakalaan sa mga nangangailangang residente ng California, at sa halip ay ibinibigay ito sa mga milyunaryo, nang walang superbisyon at walang garantiya na gagastusin nga ito sa pangangalagang pangkalusugan para sa mahihirap, o kahit sa pangangalagang pangkalusugan man lang. Marami nang problema sa ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan—at madaragdagan lang ang mga problemang iyon dahil sa patibong na ito ng mayayamang CEO kung saan wala silang pananagutan."—*Michelle Ross, Empleyado ng Pangangalagang Pangkalusugan*

"Hirap na nga akong pagkasyahin ang kita ko at wala akong pambayad para sa pagpapaospital ng aking mga anak. Ngayon, gusto pa nilang kunin ang kakarampot na mayroon ako at ibigay ito sa mga espesyal na interes at korporasyon na nagpapatakbo ng mga tumutubong ospital, nang walang tanung-tanong."—*Jovita Salcedo, Pasyente ng Medi-Cal*

Isinulat ng Kapisanan ng Ospital ng California na pinopondohan ng mga korporasyon ang Prop. 52 upang permanenteng garantiyahin na mapupunta sa kanila ang ating mga pederal at pang-estadong dolyar para sa pangangalagang pangkalusugan na nagkakahalaga ng mahigit $3,000,000,000 anuman ang mangyari, *nang walang superbisyon at walang garantiya na gagastusin nga ito para sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapaboran nito ang mga korporasyon at milyunaryo* at nakakasama ito sa mga babae, bata, at nakakatanda na maliit ang kita. *Inaalis nito ang superbisyon* sa kung paano ginagastos ang pondong ito mula sa ating buwis na nagkakahalaga ng $3,000,000,000, at hinihiling nito sa atin na magtiwala na lang sa mga CEO at tagalobi.

Kailangan nating dagdagan ang superbisyon sa mga CEO, hindi bawasan.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 52

www.No0n52.com

VIRGINIA ANDERS-ELLMORE, Nars na Nanggagamot
MICHELLE ROSS, Empleyado ng Pangangalagang Pangkalusugan
JOVITA SALCEDO, Benepisyaryo ng Medi-Cal

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 52 ★

Ano ang TOTOO tungkol sa Proposisyon 52 . . . at ano ang HINDI TOTOO.

Ang Prop. 52 ay para sa pagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ng Medi-Cal sa mga bata, nakakatanda at pamilya na maliit ang kita.

PINAPALAWIG lang nito ang KASALUKUYANG bayad sa ospital sa Medi-Cal ng estado na nagbibigay ng pederal na pondong panumbas na nagkakahalaga ng mahigit $3 bilyon kada taon upang ipambayad para sa pangangalagang iyon.

Ang Proposisyon 52 AY HINDI PARA SA KABAYARAN O MGA SUWELDO.

Sino ang PABOR sa Proposisyon 52 . . . sino ang HINDI PABOR?

Pumunta sa *www.YesProp52.org* para sa kumpletong listahan ng halos 1,000 tagasuporta, ngunit narito ang ilang halimbawa: Kapisanan ng Ospital ng California; Kapisanan ng mga Guro ng California; Pangkomersiyong Kamara ng California; Konseho ng mga Trabaho hinggil sa Pagtatayo ng Gusali ng California; Kapisanan ng mga County ng Estado ng California; Pederasyon para sa Manggagawa ng California; Bilog na Mesa ng Negosyo ng California; Mga Propesyonal na Bumbero ng California; at mga organisasyong nagtataguyod ng mga bata, nakakatanda at may kapansanan.

Mayroon lang ISANG MALIIT NA ORGANISASYON NA NAGPOPONDO NG OPOSISYON SA 52. Sinabi ng kinatawan nito sa mga mambabatas na DAPAT MAGKAROON NG KAPANGYARIHAN ANG LEHISLATURA NA ILIPAT ANG PONDONG NAKALAAN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN sa iba pang programa.

Hindi kami sang-ayon dito.

Ang Proposisyon 52 ay NAGBABAWAL SA LEHISLATURA NA ILIPAT ang mga pondong ito sa ibang programa NANG WALANG PAHINTULOT MULA SA MGA TAO.

Mahigit 50 taon nang nangangalaga ang Medi-Cal para sa mga residente ng California. Ngayon, mahigit labintatlong milyon na ang natulungan, inalagaan, napagaling at naitaguyod ng Medi-Cal, at lalo lang itong pinapalakas ng isang magandang ideya na maraming mabuting naitutulong.

Ang magandang ideyang iyon ay ang Proposisyon 52.

Pakiusap bumoto ng OO para sa 52.

ANN-LOUISE KUHNS, Presidente
Kapisanan ng Ospital para sa mga Bata ng California
GARY PASSMORE, Bise Presidente
Kongreso ng mga Nakakatanda sa California
DR. SHANNON UDOVIC-CONSTANT, Katiwala
Kapisanang Medikal ng California

PROPOSISYON

53 MGA BONONG KITA. PAG-APRUBA NG BOTANTE SA BUONG ESTADO. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Kailangan ng pag-apruba ng botante sa buong estado bago maibigay o mabenta ang anumang bonong kita ng estado para sa ilang proyekto kung ang halaga ng bono ay lalampas sa $2 bilyon.
- Gagamitin sa anumang mga proyektong tinutustusan ng salapi, pagmamay-ari, pinatatakbo, o pinamamahalaan ng estado, o ng isang pinagsamang ahensiya na binuo sa pagitan ng estado at ng isang pederal na ahensiya ng pamahalaan, ibang estado, at/o isang lokal na pamahalaan.
- Ipinagbabawal ang paghahati ng mga proyekto upang maging maraming magkakahiwalay na proyekto upang maiwasan ang kinakailangang pag-apruba ng botante sa buong estado.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Ang epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan ay hindi alam at magiging depende sa kung anu-anong mga proyekto ang apektado ng panukala, kung ang mga ito ay inaprubahan ng mga botante, at kung ang anumang mga alternatibong proyekto o aktibidad na ipinapatupad ng mga ahensiya ng pamahalaan ay may mas mataas o mas mababang mga gastos kaysa sa orihinal na iminumungkahing proyekto.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Nagbabayad ang Estado para sa Mga Proyektong Pang-imprastruktura Gamit ang Cash at Pangungutang. Nagpapatayo ang estado ng iba't ibang uri ng proyektong pang-imprastruktura tulad ng mga tulay, dam, bilangguan at gusali ng opisina. Sa ilang sitwasyon, nagbabayad ang estado para sa mga proyekto bago ito ipatayo gamit ang mga kita sa buwis na natatanggap kada buwan. Sa iba pang mga sitwasyon, umuutang ang estado upang bayaran ang mga proyekto, kadalasan para sa mas malalaking proyekto.

Umuutang ng Pera ang Estado Gamit ang Mga Bono. Ang pangunahing paraan sa pangungutang ng pera ng estado ay sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono sa mga mamumuhunan. Paglipas ng panahon, binabayaran ng estado ang mga mamumuhunan na ito nang may kasamang interes. Ang estado ay nagbebenta ng dalawang pangunahing uri ng mga bono: mga pangkalahatang obligasyong bono at mga kitang bono. Binabayaran ng estado ang mga pangkalahatng obligasyong bono gamit ang Pangkalahatang Pondo, na pangunahing pinopondohan ng mga buwis sa kita at sa mga pagbebenta. Sa kabilang banda, karaniwang binabayaran ng estado ang mga kitang bono gamit ang kita mula sa mga bayarin o iba pang mga singlin na binabayaran ng mga gumagamit ng proyekto (gaya ng mula sa mga toll gate). Ipinapakita ng Figure 1 kung paano pangkalahatang minamaniobra ang kitang bono ng estado. (Para sa higit pang impormasyon sa paggamit ng mga bono ng estado, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado" sa patnubay ng botante na ito sa ibang pagkakataon.)

Hindi Kailangan ang Pag-aproba ng Botante para sa Mga Kitang Bono ng Estado. Sa ilalim ng Saligang-Batas ng California, kailangan ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado ang pag-aproba ng botante bago gamitin ng estado ang mga ito upang bayaran

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Figure 1

Ano ang Proseso ng Kitang Bono ng Estado



ang isang proyekto. Hindi na kailangan ng Mga kitang bono ng estado ang pag-aproba ng botante sa ilalim ng umiiral na batas ng estado.

MUNGKAHI

Kinakailangan ang Pag-aproba ng Botante sa Ilang Partikular na Kitang Bono ng Estado. Nangangailangan ang panukala ng pag-aproba ng botante sa buong estado sa mga kitang bono na tumutugon sa mga sumusunod na kundisyon:

- ***Ibinebanta ng Estado ang Mga Kitang Bono.*** Ibinebenta ng estado ang mga kitang bono, gayundin ang ilang partikular na kapisanang binubuo ng estado o kapisanan kung saan kasapi ang estado. Ang kinakailangang pagboto ng buong estado ay hindi nalalapat sa mga bonong ibinebenta ng mga lungsod, county, paaralan, kolehiyo ng komunidad at espesyal na distrito.
- ***Ibinebenta ang Mga Bono para sa Proyekto ng Estado.*** Ibinebenta ang mga kitang bono para sa isang proyektong pinopondohan, pag-aari, pinangangasiwaan o pinamamahalaan ng estado. Ang panukala ay naglalaman din ng mga probisyon na hahadlang na gawing maraming proyekto ang nag-iisang proyekto upang maiwasan ang pag-aproba ng botante.
- ***Mahigit $2 Bilyong ang Mga Bono para sa Proyekto.*** Umaabot sa mahigit $2 bilyong ang

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 53, pumunta sa pahina 123.

mga kitang bono na ibinebenta para sa isang proyekto. Sa ilalim ng panukala, isasaayos ang halagang ito kada taon para sa implasyon.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Hindi pa nalalaman ang mga epekto sa pananalapi ng panukala sa estado at mga lokal na pamahalaan. Walang tsansang magkakaroon ng napakararaming proyekto na ganoon kalaki upang maging maapektuhan ng pangangailangan ng pag-aproba ng botante ng panukala. Gayunpaman, para sa mga naaapektuhang proyekto, ang mga magiging epekto sa pananalapi ay nakasalalay sa mga magiging pagkilos ng estado, lokal na pamahalaan at botante bilang tugon sa pangangailangan ng pagboto ng panukalang ito.

MAAARING MASAKLAW NG PANUKALA ANG MAS KAUNTING PROYEKTO

Ang Ilang Proyekto ay Nagkakahalaga ng Mahigit $2 Bilyong. Tinatayang iilang proyekto ng estado ang magiging ganoon kalaki upang matugunan ang $2 bilyong na kinakailangan ng panukala para sa pag-aproba ng botante. Ang dalawang proyekto ng estado na humigit sa $2 bilyong at maaaring gumamit ng mga kitang bono ay (1) ang proyektong "WaterFix" ng California, na magtatayo ng dalawang tunnel upang palagusin ang tubig sa Sacramento-San Joaquin River Delta; at (2) ang proyektong High-Speed Rail ng California. Posibleng maapektuhan ang iba pang malalaking proyektong gagawin, gaya ng mga bagong tulay, dam o mga kalsada sa may bayad na highway.

Hindi Tiyak Kung Aling Mga Proyekto ang Maaapektuhan. Kahit napakararaming proyekto ang magiging ganoon kalaki upang maapektuhan ng panukala, hindi pa rin tiyak kung aling mga proyekto ang maaapektuhan. Ito ay dahil ang panukala ay hindi tumukoy ng "proyekto." Bilang resulta, kailangang gumawa ng desisyon ng mga korte at ng estado tungkol sa kung ano ang itinuturing nilang nag-iisang proyekto. Halimbawa, sa ilang pagkakataon, ang isang proyekto ay maaaring madaling matukoy bilang nag-iisang gusali (tulad ng ospital). Sa iba pang mga sitwasyon, ang isang proyekto ay maaaring malawak na matukoy bilang may kasamang maraming gusali na bahagi ng isang malaking gusali (tulad ng sentrong medikal). Ang mas malawak na pagpapakahulugan ay maaaring magresulta sa mas maraming proyekto na tumutugon sa $2 bilyong na kinakailangan, ngunit nangangailangan ito ng pag-aproba ng botante.

PAANO MAKAKAAPEKTO ANG TUGON NG MGA AHENSYA NG PAMAHALAAN AT BOTAN SA MGA GASTOS

Maaaring Magsagawa ang Pamahalaan at Mga Botante ng Magkakaibang Pagkilos. Kapag natugunan ng iminungkahing proyekto ang mga kinakailangan ng proyektong ito para sa pag-aproba ng botante, maaaring tumugon ang mga pamahalaan at botante sa magkakaibang paraan. Pagkatapos ay aalamin ng mga tugong ito ang mga epekto sa pananalapi, kung mayroon man, ng panukalang ito:

- Sa kabilang banda, kung nagkaroon ng halalan ang estado at inaprobahan ng mga botante ang proyekto, maaari nang isagawa ng estado ang proyekto gaya nang pinlano gamit ang mga kitang bono. Bilang resulta, magkakaroon ng kaunting epekto sa pananalapi na magmumula sa panukalang ito.
- Sa kabilang banda, kung tinanggihan ng mga botante ang proyekto o pinili ng estado na hindi magsagawa ng halalan gaya ng kinakailangan sa panukalang ito, hindi magagamit ng estado ang mga kitang bono para sa proyekto. Kung hindi magagamit ang mga kitang bono, maaaring magsagawa ang estado at/o mga lokal na pamahalaan ng iba pang mga pagkilos upang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

matugunan ang mga kinakailangan ng proyekto. Maaari (1) nilang palitan ang malaking proyekto ng iba pang maliliit na proyekto, (2) silang magsagawa ng iba pang mga aktibidad na makakabawas sa pangangailangang gawin ang proyekto, o (3) silang maghanap ng iba pang mga paraan upang bayaran ang proyekto sa halip na gamitin ang mga kitang bono. Ang mga pagkilos na ito ay maaaring magresulta sa pagtaas o pagbaba ng mga netong gastusin depende sa mga partikular na mapagpipilian na ipinagpatuloy ng mga pamahalaan at kung paano nila inihambing sa orihinal na mungkahi sa proyekto.

Ang Ilang Pagkilos ay Maaaring Magresulta sa Mas Mahal na gastusin. Ang ilang uri ng tugon ng pamahalaan at botante sa panukalang ito ay maaaring magresulta sa mas mahal na gastusin para sa mga pamahalaan ng estado at lokal. Halimbawa, mas magiging mahal sa ilang pagkakataon para sa mga pamahalaan ng estado at lokal na tapusin ang ilang maliliit na proyekto kaysa kung pinatayo ng estado ang orihinal na malaking proyekto. Maaari itong mangyari kung ang malaking proyekto ay mas mabisang paraan upang matugunan ang mga kinakailangan ng proyekto.

Maaari ding pondohan ng estado ang isang proyekto sa ibang paraan na maaaring mas maging mahal kaysa sa mga kitang bono. Halimabawa, maaaring makipagsosyo ang estado sa isang pribadong kumpanya nang magbebenta ng mga bono upang pondohan ang proyekto. Kakailangan ng estadong bayaran ang pribadong kumpanya. Maaari itong magresulta sa mahal na gastusin para sa estado dahil kakailanganin ng pribadong kumpanya na tubuan ang proyekto. Dagdag pa rito, ang pribadong kumpanya ay maaaring magbayad ng mas matataas na antas ng interes kaysa sa estado. Malaki ang tsansang ipasa ng pribadong kumpanya sa estado ang matataas na gastusing ito mula sa pangungutang.

Ang Ilang Pagkilos ay Maaaring Magresulta sa Mas Murang Gastusin. Ang iba pang mga uri ng tugon ay maaaring magresulta sa mas murang gastusin ng estado at lokal. Halimbawa, maaaring makahanap ang pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan ng mga paraan upang mas mapakinabangan ang dati nang imprastruktura. Halimbawa, maaaring magpatupad ang mga lokal na ahensiya sa tubig ng mga panukala sa konserbasyon ng tubig, na makakapagpabawas sa pangangailangang magtayo ng mga bagong dam o iba pang mga proyekto upang magbigay ng mas maraming tubig. Kung matutugunan nang sapat ng dati nang imprastruktura ang kinakailangan ng estado gamit ang mga uri ng pagkilos na ito, makakatipid ang estado dahill hindi na nito kailangang gumastos para sa pagpapatayo ng bagong proyekto.

Maaari ding pondohan ng estado ang isang proyekto sa isang paraang mas mura kaysa sa paggamit ng mga kitang bono. Halimbawa, maaaring umutang ang estado gamit ang mga pangkalahatang obligasyong bono. Kahit kinakailangan ang pag-aproba ng botante para sa mga pangkalahatang obligasyong bono, makakatipid pa rin dahil may mas mabababa ang antas ng interes ng mga ito kaysa sa mga kitang bono.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 53, pumunta sa pahina 123.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 53 ★

Ang Proposisyon 53, ang Inisyatibong Patigilin ang mga Blangkong Tseke, ay payak. Ito ay gumagawa lamang ng dalawang bagay:

1) Ito ay nag-aatas ng pag-aproba ng botante ng California para sa mga proyekto ng ESTADO na gagamit ng higit sa $2 bilyon na mga kitang bono ng estado.
2) BAGO ANG BOTONG IYON, ito ay tumitiyak ng buong pagsisiwalat ng KABUUANG GASTOS ng anumang proyekto ng kitang bono ng estado na mas malaki kaysa $2 bilyon.

Sa kasalukuyan, ang ibang mga bono ng estado para sa mga proyekto sa tubig, paaralan at transportasyon ay nag-aatas ng pag-aproba ng botante. Pero ang isang butas sa batas ng estado ay nagpapahintulot sa mga pulitiko at walang pananagutan na mga ahensiya ng estado na palusutan ang boto ng publiko at humiram ng BILYUN-BILYON sa utang sa kitang bono ng estado para sa napakalaking mga proyekto ng estado NANG WALANG PAG-APROBA NG BOTANTE.

Ang Proposisyon 53 ay MAGPAPATIGIL SA MGA PULITIKO NA MAG-ISYU NG BLANGKONG TSEKE NA UTANG upang makumpleto ang bilyong dolyar na mga pagsasayang ng estado. Isipin ang napakatuling tren ng California. Sinabi nila sa atin na ito ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis sa California ng $10 bilyon. Ngayon alam na natin na ito ay magkakahalaga ng higit sa $60 bilyon! Pero, wala kayong karapatang bumoto sa malaking pagtaas na iyon!

Sa ngayon, WALANG BOTO NG LEHISLATURA O NG MGA TAO na iniaatas upang mag-isyu nitong napakalaking mga mega-bono ng estado. Ang hindi inihalal at walang pananagutan na mga burukrata ng estado ay may lahat ng kapangyarihan at kailangan kayong magbayad sa pamamagitan ng mas mataas na mga presyo ng tubig o tumaas na mga fee!

Ang Proposisyon 53 ay nagsasabi na KUNG KAILANGAN NINYONG MAGBAYAD, DAPAT NA MAY PAPEL KAYO SA PAGGAWA NG DESISYON.

Ang Proposisyon 53 AY NAGBIBIGAY SA INYO NG TINIG, ISANG BOTO, karagdagang KALINAWAN, at PINANANAGOT NITO ANG MGA PULITIKO. Gayon ito! Kayo mismo ang bumasa ng inisyatibo.

Ang Proposisyon 53 AY NAGPAPATIGIL SA MGA PULITIKO SA PAGSISINUNGALING tungkol sa tunay na gastos sa mga napakalaking proyekto ng estado. Si Willie Brown, na minsan ay ang pinakamakapangyarihang pulitiko ng estado, ay sumulat na ang pagpapaliit ng mga unang badyet ay pangkaraniwan sa mga pampublikong proyekto. Sinabi niya, "Ang ideya ay makapagpatuloy. Simulan ang paghuhukay at gawin itong napakalaki, walang panghalili sa paghanap ng pera upang tambakan ito."

Sa kabila ng mga taktikang pananakot ng mga pulitiko, burukrata at korporasyon na kumukuha ng lakas mula sa pampublikong utang ng estado, ang Proposisyon 53 AY HINDI NAKAKAAPEKTO SA MGA LOKAL NA PROYEKTO, sa Unibersidad ng California, konstruksiyon ng priwey o kailangang pagtugon pagkatapos ng isang likas na kalamidad.

Ang Proposisyon 53 AY SIMPLENG GUMAGAMIT NG MATAGAL NANG PROTEKSIYON NG SALIGANG-BATAS laban sa mga pulitikong nagpapataw ng mas malaking utang nang walang pag-aproba ng botante sa MGA NAPAKALAKING KITANG BONO NG ESTADO.

Ang Proposisyon 53 AY TUMITIYAK NG BUONG PAGSISIWALAT NG BADYET AT PAG-APROBA NG BOTANTE sa mga kitang bono ng estado para sa mga napakamahal na proyekto ng California na makakaapekto sa mga susunod na henerasyon.

Sumama sa nangungunang pang-estado at lokal na mga organisasyon ng nagbabayad ng buwis, maliliit na negosyo, nagtatrabahong pamilya at halos isang milyong Taga-California na naglagay ng Proposisyon 53 sa balota. Bumoto ng OO sa 53!

DINO CORTOPASSI, Retiradong magsasaka

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

JOHN MCGINNESS, Inihalal na Syerip (Retirado)

53

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 53 ★

Ang Prop. 53 ay hindi nagbibigay sa inyo ng papel sa paggawa ng desisyon. Ang kasalungat ang ginagawa nito. Ang Prop. 53 ay sumisira sa inyong tinig at sa tinig ng inyong komunidad. Mangyaring kayo mismo ang bumasa nito.

ANG PROP. 53 AY SUMISIRA SA LOKAL NA KONTROL SA PAMAMAGITAN NG PAGPUWERSA NG MGA PAMBUONG-ESTADONG BOTO SA ILANG LOKAL NA PROYEKTO

Ang mga lokal na grupo ng pamahalaan na kumakatawan sa mga lungsod, county at lokal na distrito ng tubig ng California, kabilang ang Liga ng mga Lungsod ng California at Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California, ay sumasalungat sa panukalang ito, nagbibigay ng babala na ito ay maaaring magbigay sa mga botante sa malalayong rehiyon ng kapangyarihan na ipagkait ang mga lokal na proyektong kailangan ng inyong komunidad.

ANG PROP. 53 AY HINDI NAGSASAMA NG PAGKALIBRE PARA SA MGA EMERHENSIYA/ KALAMIDAD

Ang Mga Propesyonal na Bumbero ng California ay nagbabala na ang kabiguan ng Prop. 53 na magtaglay ng isang pagkalibre para sa mga emerhensiya *"ay maaaring mag-antala sa kakayahan ng ating estado na muling magtayo ng napakahalagang impra-istruktura kasunod ng mga lindol, napakalaking sunog, baha o ibang mga likas na kalamidad."*

ILALAGAY NG PROP. 53 SA PANGANIB ANG LUBHANG KAILANGANG MGA PAGKUKUMPUNI SA MGA PANUSTOS NA TUBIG, TULAY, AT IBANG NAPAKAHALAGANG IMPRA-ISTRUKTURA

Ilalagay ng Prop. 53 sa panganib ang kakayahan ng inyong komunidad na ayusin ang mga lumang impra-istruktura, kabilang ang pagpapabuti ng panustos na tubig, paggawa ng mga pagkukumpuning pangkaligtasan ng tulay at priwey, at pagbabago ng yari ng mga ospital upang gawing ligtas sa lindol ang mga ito.

ANG PROP. 53 AY ISANG SARILING-INTERES NA PAG-ABUSO SA PROSESO NG INISYATIBO

Ang Prop. 53 ay isang maraming-milyong dolyar na pagtatangkang patigilin ang iisang proyekto. Hindi natin maaaring payagan ang isang mahusay-na-tinutustusan na indibidwal na abusuhin ang proseso ng inisyatibo at ilagay sa panganib ang mahahalagang impra-istruktura at mga proyektong pangkaligtasan sa buong estado.

ANG PROP. 53 AY SINASALUNGAT NG ISANG MALAWAK, DALAWANG-PARTIDONG KOALISYON NG MGA ORGANISASYON KABILANG ANG:

• Mga Propesyonal na Bumbero ng California • Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California • Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California • Kapisanan ng Ospital ng California • Liga ng mga Lungsod ng California • Mga bumbero, paramediko, magsasakang pampamiya, tagapagtaguyod ng kapaligiran, nars, lungsod, county, lokal na distrito ng tubig, at tapagpatupad ng batas.

www.NoProp53.com

LOU PAULSON, Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

KEITH DUNN, Tagapagpaganap na Direktor
Koalisyon ng Sariling-Pagtulong ng mga County

SYERIP DONNY YOUNGBLOOD, Presidente
Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 53 ★

ANG PROP. 53 AY SUMISIRA SA LOKAL NA KONTROL AT HINDI NAGTATAGLAY NG PAGKALIBRE PARA SA MGA EMERHENSIYA/LIKAS NA KALAMIDAD
Ang Prop. 53 ay sinsalungat ng isang malawak, dalawang-partidong koalisyon ng mga organisasyon kabilang ang Mga Propesyonal na Bumbero ng California, Kamara de Komersiyo ng California, Kapisanan ng Ospital ng California, mga bumbero, paramediko, magsasakang pampamilya, tagapagtaguyod ng kapaligiran, nars, tagapagpatupad ng batas, at lokal na pamahalaan dahil ito ay sisira sa lokal na kontrol at ilalagay sa panganib ang mahahalagang pagpapabuti sa impra-istruktura sa mga komunidad sa lahat ng dako ng California.

SUMISIRA SA LOKAL NA KONTROL SA PAMAMAGITAN NG PAG-AATAS NG PAMBUONG-ESTADONG BOTO PARA SA ILANG LOKAL NA PROYEKTO
Ang mga grupong kumakatawan sa mga lungsod, county at lokal na ahensiya ng tubig ng California, kabilang ang Liga ng mga Lungsod ng California at Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California, ay sumasalungat lahat sa Prop. 53. Sa ilalim ng panukalang ito, ang mga lungsod at bayan na nagsasama-sama upang bumuo ng isang ahensiya ng mga pinagsamang kapangyarihan o katulad na lupon sa estado upang magtayo ng kailangang impra-istruktura ay maaaring mangailangang ilagay ang kanilang lokal na proyekto sa isang pambuong-estadong balota. Iyon ay nangangahulugang ang mga botante sa malalayong rehiyon ay maaaring bumeto sa ilang lokal na proyekto na kailangan at sinusuportahan ng inyong komunidad—tulad ng mga pagkukumpuni para sa kakulangan ng tubig o kaligtasan ng tulay—kahit na ang mga botanteng ito ay hindi gumagamit o walang pakialam sa inyong mga lokal na pagpapabuti.

WALANG PAGKALIBRE PARA SA MGA EMERHENSIYA O LIKAS NA KALAMIDAD
Ang Mga Propesyonal na Bumbero ng California, kumakatawan sa 30,000 bumbero at paramediko, ay nagbabala: *"Ang Prop. 53 ay iresponsableng hindi nagtataglay ng isang pagkalibre para sa mga likas na kalamidad o malalaking emerhensiya. Ang depektong iyon ay maaaring mag-antala sa kakayahan ng ating estado na muling magtayo ng napakahalagang impra-istruktura pagkatapos ng mga lindol, napakalaking sunog, baha o ibang likas o ginawa-ng-tao na mga kalamidad."*

NAGBABANTA SA PANUSTOS NA TUBIG AT PAGHAHANDA SA TAGTUYOT
Ang Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California ay nagsasabi: *"Ang Prop. 53 ay maaaring magbanta sa maraming lokal na proyekto sa tubig kabilang ang pag-iimbak, desalinasyon, muling paggamit at ibang mahahalagang proyekto upang protektahan ang panustos na tubig at kakayang makakuha ng malinis, ligtas na iniinom na tubig. Ang Prop. 53 ay talagang hahadlang sa ating kakayahang maghanda para sa tagtuyot sa hinaharap."*

INILALAGAY SA PANGANIB ANG KAKAYAHANG KUMPUNIHIN ANG LIPAS NA SA PANAHON NA IMPRA-ISTRUKTURA
Ang ating mga komunidad ay nagdurusa na mula sa isang napakahabang listahan ng hindi natutugunang mga pangangailangan sa lokal na impra-istruktura, kabilang ang pagpapabuti ng panustos na tubig at paghahatid nito, paggawa ng mga pagkukumpuning pangkaligtasan sa mga tulay, oberpas at priwey, at pagbabago ng yari ng mga ospital ng komunidad upang gawing ligtas ang mga ito sa lindol. Ilalagay ng Prop. 53 sa panganib ang kakayahan ng mga lokal na komunidad na kumpunihin ang lumang impra-istruktura. Ang Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California ay nagsasabi: *"Ang maaasahang impra-istruktura ay napakahalaga sa kaligtasan ng publiko. Ang panukalang ito ay sumisira sa lokal na kontrol at lumilikha ng mga bagong hadlang na maaaring humarang sa mga komunidad sa pagtataas ng kalagayan ng napakahalagang impra-istruktura na tulad ng mga tulay, sistema ng tubig at ospital."*

TINUTUSTUSAN AT ITINATAGUYOD NG MULTI-MILYONARYONG MAY PANSARILING ADYENDA
Ang panukalang ito ay tinutustusan nang buo ng isang multi-milyonaryo at ng kanyang pamilya, na gumagasta ng milyun-milyon sa isang pagtatangka na guluhin ang iisang proyektong impra-istruktura ng tubig. Anuman ang posisyon ng isang tao sa iisang proyektong iyon, ang kanyang inisyatibo ay may malayo ang naaabot, masasamang implikasyon para sa ibang mga proyektong impra-istruktura sa buong California. Hindi natin maaaring payagan ang isang multi-milyonaryo na abusuhin ang sistema ng inisyatibo upang itulak ang kanyang makitid na pansariling adyenda.

SINASALUNGAT NG ISANG MALAWAK NA DALAWANG-PARTIDONG KOALISYON:
• Mga Propesyonal na Bumbero ng California • Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California • Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California • Liga ng mga Lungsod ng California • Kapisanan ng Ospital ng California • Kamara de Komersiyo ng Califfornia

Ang Prop. 53 ay isang mali ang paggabay na panukala na:

• Sumisira sa lokal na kontrol sa pamamagitan ng pag-aatas ng isang pambuong-estadong boto sa ilang lokal na proyekto. • Ginagambala ang ating kakayahang magtayo ng lubhang kailangang imbakan ng tubig at panustos na tubig. • Walang mga pagkalibre para sa mga emerhensiya/likas na kalamidad.

www.NoProp53.com

LOU PAULSON, Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

TIM QUINN, Tagapagpaganap na Direktor
Kapisanan ng mga Ahensiya ng Tubig ng California

MARK GHILARDUCCI, Direktor
Opisina sa mga Serbisyo sa Emerhensiya ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 53 ★

Ang Proposisyon 53 ay nagtitiwala sa mga botante. Ang mga kalaban ng Proposisyon 53 ay natatakot sa mga botante.

ANG MGA KALABAN AY KABILANG ANG MGA ESPESYAL NA INTERES NA LUMABAN SA REPORMA SA BUWIS SA MARAMING DEKADA, MAGING SA PROPOSISYON 13. Kabilang sa kanila ang mga tagaloob na nakinabang mula sa napakalaking mga proyekto ng kitang bono ng estado, at mga pulitiko at burukrata na hindi nagtitiwala sa inyo upang magpasiya kung aaprobahan ang mga pag-aaksayang tulad ng $64 na bilyon na napakatuling tren at ang $6 na bilyon na pagkabigo na ngayon ay nangangailangan ng $6 na mga tol.

KUNG KAILANGANG MAGBAYAD ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS, SILA AY DAPAT NA MAY PAPEL SA PAGGAWA NG DESISYON! Ang Prop. 53 ay nagpapanagot sa mga pulitiko sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo ng isang boto sa mga napakalaking proyekto ng estado na binabayaran sa pamamagitan ng mga kitang bono ng estado na higit sa $2 bilyon. Ang mga botante ay magkakaroon ng karapatang magpasiya, katulad ng ginagawa natin sa lahat ng ibang mga uri ng mga bono ng estado. At ang Prop. 53 ay naghahantad sa wakas ng tunay na gastos sa lahat ng maraming bilyong dolyar na mga bono ng estado.

ANG PROP. 53 AY NAGTITIWALA SA MGA BOTANTE upang magpasiya kung aaprobahan ang napakalaking maraming bilyong dolyar na pagtaas sa presyo ng napakatuling tren.

ANG PROP. 53 AY NAGTITIWALA SA MGA BOTANTE—mga nagbabayad ng buwis ng California—upang pagpasiyahan sa pamamagitan ng simpleng mayoriya kung gagasta ng $17 bilyon upang idaan sa tunnel ang tubig sa ilalim ng Delta patungo sa Timog California.

ANG PROP. 53 AY MAGTITIWALA RIN SANA SA MGA BOTANTE upang magpasiya kung ang magastos na mga pagbabago sa disenyo sa Bay Bridge ay nagkakahalaga ng $5 bilyon sa sobrang gastos at nakagagalit na mga tol na hindi kaya ng mga nagtatrabahong pamilya.

Ang Prop. 53 ay malinaw na nagpapalibre sa mga lokal na proyekto. Kayo mismo ang magbasa sa *www.YESon53.com*.

Sinabi ng Sacramento Bee na ang Prop. 53 ay hindi makakasakit sa pagtulong sa kalamidad dahil *" . . . ang mga pang-emerhensiyang pagkukumpuni ay karaniwang binabayaran ng pederal na pamahalaan o ibang mga pinagkukunan—hindi ng mga kitang bono."*

KUNG KAYO AY NAGTITIWALA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS AT BOTANTE nang higit sa mga tagalobi, pulitiko at burukrata, BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 53!

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

KAREN MITCHOFF, Superbisor ng County ng Contra Costa
MAURY HANNIGAN, Komisyonado ng Patrolya ng Haywey ng California (Retirado)

PROPOSISYON

54 LEHISLATURA. PAGBABATAS AT MGA PAGLILITIS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Ipinagbabawal sa Lehislatura na magpasa ng anumang panukalang-batas maliban kung ito ay naka-print at inilathala sa Internet nang kahit man lang 72 oras bago ang pagboto, maliban sa mga kaso ng pampublikong emerhensiya.
- Hinihiling sa Lehislatura na gumawa ng mga pagrekord na naririnig at nakikita sa lahat ng mga paglilitis na nito, maliban sa saradong sesyon ng mga paglilitis, at ilagay ang mga ito sa Internet.
- Pinahihintulutan ang sinumang tao na irekord ang mga pambatasang paglilitis sa pamamagitan ng paraang audio o video, maliban sa saradong sesyon ng mga paglilitis.
- Pinahihintulutan ang mga pagrekord ng mga pambatasang paglilitis na gagamitin para sa anumang lehitimong layunin, nang walang babayarang singil sa Estado.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Epekto sa Pananalapi: Isang-beses na mga gastos na $1 milyon hanggang $2 milyon at mga patuloy na gastos na humigit-kumulang $1 milyon taun-taon upang irekord ang mga pambatasang pagpupulong at gawing makukuha sa Internet ang mga video ng mga pagpupulong na iyon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Gumagawa ng Mga Batas ang Lehislatura ng Estado. May dalawang kapulungan ang Lehislatura ng California: ang Senado at ang Asembleya. Ginagabayan ng mga pambatasang tuntunin ang proseso kung paano nagiging mga batas ang mga panukalang-batas. Sa prosesong ito, tinatalakay ng mga mambabatas ang mga panukalang-batas sa mga pagdinig ng komite at iba pang mga tagpo. Kadalasang binabago nila ang mga panukalang-batas batay sa mga talakayang ito. Karaniwan, naglalaan ng ilang araw ang mga mambabatas upang pag-isipan ang mga pagbabagong ito bago sila bumoto kung ipapasa ang panukalang batas. Gayunpaman, kung minsan ay mas maikling oras ang inilalaan ng mga mambabatas upang pag-isipan ang mga pagbabagong ito.

Mga Pampublikong Pulong ng Lehislatura. Iniaatas ng Saligang-Batas ng Estado na maging bukas sa publiko ang mga pulong ng Lehislatura at ng mga komite nito, ngunit may ilang pagbubukod (gaya ng mga pulong upang talakayin ang seguridad sa Kapitolyo ng Estado). Makikita sa Internet ang mga live na video ng karamihan, ngunit hindi lahat, ng mga pulong na ito. Inilalagay ng Lehislatura sa archive ang karamihan sa mga video na ito sa loob ng ilang taon. Ang Lehislatura ay hindi naniningil ng mga bayad para sa paggamit ng mga video na ito. Ang Lehislatura ay gumagastos ng humigit-kumulang $1 milyon bawat taon sa pagre-record, pagpo-post, at pag-iimbak ng mga video na ito. Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, hindi maaaring gamitin ang mga recording ng mga pulong ng Asembleya para sa mga layuning pulitikal o komersyal.

Badyet ng Lehislatura. Nililimitahan ng Saligang-batas kung gaano kalaki ang maaaring gastusin ng Lehislatura sa sarili nitong mga pagpapatakbo. Tumataas ang limitasyong ito habang lumalaki ang populasyon at ekonomiya ng California. Ngayong taon, ang badyet ng Lehislatura ay humigit-kumulang $300 milyon—mas maliit nang 1 porsiyento ng kabuuang paggastos mula sa Pangkalahatang Pondo (ang pangunahing gumaganang account ng estado).

MUNGKAHI

Sinususugan ng Proposisyon 54 ang Saligang-batas upang baguhin ang mga tuntunin at tungkulin ng Lehislatura. Nakabuod sa Pigura 1 ang mga pangunahing pagbabago ng proposisyon. Ibabawas sa taunang limitasyon sa

Pigura 1
Mga Pangunahing Pagbabago na Mangyayari Kung Ipinasa ang Proposisyon 54

- Ang isang panukalang-batas (kasama ang mga pagbabago sa panukalang-batas na iyon) ay kinakailangang maging available sa Internet sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ito maaaring ipasa ng Lehislatura.[a]
- Kinakailangang tiyakin ng Lehislatura na naka-record ang lahat ng pagpupulong nito na pampubliko, kung saan ang mga video ay naka-post sa Internet sa loob ng 24 na oras.
  - Kinakailangang nada-download ang mga video na ito sa loob ng hindi bababa sa 20 taon.

[a] Ang tuntuning ito ay may mga eksepsiyon para sa mga emerhensiya, kasama na ang mga natural na kalamidad.

paggastos ng Lehislatura ang mga gastusin ng Lehislatura upang makasunod sa mga iniaatas na ito.

Mga Pagbabago sa Paraan ng Paggawa ng Mga Batas ng Lehislatura ng Estado. Kung ipinasa ang Proposisyon 54, kinakailangang gawing available sa mga mambabatas ang panukalang-batas (kasama ang mga pagbabago sa panukalang-batas na iyon) at i-post sa Internet sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ito maaaring ipasa ng Lehislatura. Sa isang emerhensiya, tulad ng natural na kalamidad, maaaring mas mabilis na magpasa ng mga panukalang-batas ang Lehislatura. Gayunpaman, maaari lang itong mangyari kung magdedeklara ang Gobernador ng katayuang pang-emerhensiya at dalawang-katlo ng kapulungang pumapanig sa panukalang-batas ang bumoto na ipasa nang mas mabilis ang panukalang-batas.

Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Mga Pampublikong Pulong ng Lehislatura. Kung ipinasa ang Proposisyon 54, ang mga video ng lahat ng pampublikong pulong ng Lehislatura ay kinakailangang (1) i-record, (2) i-post sa Internet sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng pulong, at (3) mada-download mula sa Internet sa loob ng hindi bababa sa 20 taon. (Ang mga iniaatas na ito ay ipapatupad simula sa Enero 1, 2018.) Bilang karagdagan, papayagan ang mga miyembro ng publiko na i-record at ipahayag ang anumang bahagi ng isang pampublikong pambatasang pulong. Binabago rin ng Proposisyon 54 ang batas ng estado upang magamit ng kahit na sino ang mga video ng mga pambatasang pulong para sa anumang lehitimong layunin at nang walang binabayaran sa estado.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang epekto sa pananalapi ng Proposisyon 54 ay nakadepende sa pasya ng Lehislatura kung paano tutugunan ang mga bagong iniaatas na ito. Ang mga pangunahing gastusin sa proposisyon ay nauugnay sa pagre-record ng mga video ng mga pambatasang pulong at pag-iimbak ng mga video na iyon sa Internet. Ang estado ay malamang na mahaharap sa: (1) ***isang beses na gastusin na $1 milyon hanggang $2 milyon*** na pambili ng mga camera at iba pang mga kagamitan at (2) ***mga taunang gastusin na humigit-kumulang $1 milyon*** para sa karagdagang tauhan at online na imbakan para sa mga video. Ang mga gastusing ito ay mas maliit sa 1 porsiyento ng badyet ng Lehislatura para sa sarili nitong mga pagpapatakbo.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 54, pumunta sa pahina 124.

LEHISLATURA. PAGBABATAS AT MGA PAGLILITIS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 54 ★

Sumasang-ayon ang mga Demokratiko, Republikano at Independiyente na panahon na upang UNAHIN ANG MGA BOTANTE, AT HINDI ANG MGA ESPESYAL NA INTERES.

IYON ANG DAHILAN KAYA HINIHIMOK KA NG IBA'T IBANG GRUPO GAYA NG *Liga ng mga Babaing Botante ng California, Pangkomersiyong Kamara ng California, Komperensiya ng Estado ng California ng NAACP, Kapisanan ng mga Latinong Negosyo, Panlahat na Layunin ng California, Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis, Liga ng mga Lunsod ng California, Sulong California, Kamara de Komersiyo ng Lugar ng Los Angeles, Liga ng Konserbasyon at Pagpaplano ng California, at marami pang iba,* NA BUMOTO NG "OO" SA PROP. 54.

GAGAWIN NG PROP. 54 ANG SUMUSUNOD:

• Iaatas nito na i-post ang bawat panukalang-batas online *at* ipamahagi sa mga mambabatas nang kahit 72 oras lang bago pahintulutan ang bawat komite ng Lehislatura na pagbotohan ito (maliban kung magdedeklara ang Gobernador ng emerhensiya). • Pagbabawalan nito ang anumang panukalang-batas na lumalabag sa iniaatas na nabanggit na 72 oras na pumasa at maisabatas. • Kukunan nito ng video ang *LAHAT* ng pampublikong pambatasang pulong. • Ipo-post nito ang mga recording na iyon sa loob ng 24 na oras, at mananatili ang mga iyon online sa loob ng hindi bababa sa 20 taon. • Igagarantiya nito ang karapatan ng bawat tao na kumuha rin ng video at mag-broadcast ng anumang bukas na pambatasang pulong. • HINDI ito maniningil ng bagong buwis sa mga nagbabayad ng buwis. Ang kasalukuyang badyet ng Lehislatura ang gagamiting pambayad sa maliliit na gastusin ng panukalang ito.

Sa Proposisyon 54, magiging mas transparent ang pamahalaan ng ating estado dahil PIPIGILAN NITO ANG PALIHIM NA PAGSUSULAT NG MGA BATAS NA NAGSUSULONG NG MGA ESPESYAL NA INTERES AT ANG PAGPASA NG MGA ITO NANG HALOS WALANG DISKUSYON O PAGSUSURI.

"Matagal na naming tinututulan ang biglaang pagbabago ng Lehislatura ng California sa mga iminumungkahing batas bago pa magkaroon ng pagkakataon ang mga mambabatas, media, at publiko na mabasa at maunawaan ng ang mga ito. Isa itong pambabastos sa ating demokrasya."—*Peter Scheer, KOALISYON PARA SA UNANG PAGSUSOG*

"Ang Proposisyon 54 ay nagbibigay sa lahat ng tao ng oportunidad na manuri, makipagdiskusyon, at makibahagi sa mga batas na nakakaapekto sa ating lahat."—*Alice Huffman, KOMPERENSIYA NG ESTADO NG CALIFORNIA NG NAACP*

Pipigilan ng Proposisyon 54 ang agarang pagpasa ng isang batas na "napakialaman at nasusog" na—isang kasanayan kung saan biglang pinapalitan ang *bawat* salita ng isang panukalang-batas ng bago at kumplikadong wika na palihim na isinulat nang may mga espesyal na interes, kaya nagkakaroon ng malalaking pagbabago sa patakaran nang walang kontribusyon ng publiko.

"Sa Proposisyon 54, ang kapakanan na ng mga botante ang mauuna, hindi ang mga espesyal na interes, kaya huhusay ang pagsasagawa ng mga bagay-bagay sa ating Kapitolyo ng Estado."—*Ruben Guerra, KAPISANAN NG MGA LATINONG NEGOSYO*

Nababahala ang mga may espesyal na interes at ang mga dominanteng grupong nakaupo sa puwesto na masubaybayan ng mga botante ang nangyayari sa mga pampublikong pulong ng Lehislatura mula sa kanilang mga sariling tahanan. Sa palagay ng mga tagalobi ng Sacramento, hindi maipagkakatiwala ang impormasyong ito sa mga tao—o wala silang panahon upang aksyunan ito.

Ngunit animnapu't siyam nang lunsod ng California na kumakatawan ng 15 milyong tao, at tatlumpu't pito nang lupon ng mga superbisor ng county na kumakatawan ng 27 milyong tao ang *kasalukuyan* nang nagpo-post ng mga recording ng kanilang mga pulong online.

Ganoon din dapat ang ating Lehislatura.

"Gagawa ang Proposisyon 54 ng mas bukas, tapat at responsableng pamahalaan. Panahon na upang pakinggan ang saloobin ng mga botante tungkol sa mga prosesong pampulitika."—*Kathay Feng, PANLAHAT NA LAYUNIN NG CALIFORNIA*

TINGNAN ITO sa YesProp54.org. OO SA PROP. 54 ay sinusuportahan ng responsableng pamahalaan, mga miyembro ng minorya, tagapagbayad ng buwis, at grupo ng maliliit na negosyo, nakakatanda at botante mula sa bawat antas ng lipunan, bawat pulitikal na paniniwala, at bawat sulok ng estado.

Ang PROPOSISYON 54 ay isinulat ng mga espesyalista sa saligang-batas, at masusing sinuri at pinagbotohan ng mga organisasyon ng responsableng pamahalaan na sumasang-ayon na *magiging* mas transparent ang pamahalaan dahil sa Prop. 54. Kaya naman ganoon na lang kung tutulan ito ng mga may espesyal na interes.

Sa PROPOSISYON 54, hihina ang impluwensya ng mga may espesyal na interes dahil titiyakin nitong ang bawat iminumungkahing bagong batas ay masusuri at mapagdidiskusyunan muna ng publiko BAGO ito pagbotohan ng mga mambabatas.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 54.

HELEN HUTCHISON, Presidente
Liga ng mga Babaing Botante ng California
HOWARD PENN, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng Konserbasyon at Pagpaplano ng California
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
Pangkomersiyong Kamara ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 54 ★

MALALAKING TAO ANG NASA LIKOD NG PROP. 54: HUWAG MAGPALOKO

Tingnan mo na lang ang pangunahing nagsusulong nito: ang Pangkomersiyong Kamara ng California. Ayon sa Kalihim ng Estado, naglabas ang grupong ito—na may mga miyembrong mula sa malalaking kumpanya ng langis, tabako at gamot—ng 4.3 MILYONG dolyar noong nakaraang taon upang impluwensyahan ang Lehislatura.

Ang Prop. 54 ay magbibigay sa mga may espesyal na interes na ito ng HIGIT PANG impluwensya sa Sacramento.

Iyon ang dahilan kung bakit sinusuportahan ng isang bilyonaryo, na suportado ng malalaking korporasyon sa labas ng estado, ang Prop. 54.

HUWAG MAGPADALA SA MGA MAY-PERA. BUMOTO NG HINDI SA PROP. 54.

Kadalasan, nakakamit ng California ang pinakamalalaking tagumpay nito kapag nagsasama-sama ang ating mga inihalal na kinatawan upang talakayin ang mga bagay-bagay na maaari pang pag-usapan. Kung minsan, hindi nakukuha ng maiimpluwensyang taong may espesyal na interes ang lahat ng kanilang gusto.

Ang isang halimbawa nito ay ang naging kasunduan sa badyet ng estado ng dalawang magkasalungat na partido noong 2009, isang makasaysayang pangyayari na nakapigil sa pagkalugi ng California. Nangyari ang nabanggit na kasunduan sa pagitan ng magkasalungat na partido ilang oras bago maganap ang botohan. Dahil dito, nakuha ng apat na Lider ng Lehislatura na nag-areglo nito ang premyadong "Profiles in Courage Award" mula sa John F. Kennedy Library Foundation.

Kung mayroon nang Prop. 54 noon, malamang ay nalugi na ang California.

Pagtutulungan at hindi red tape ang kailangan ng Lehislatura. Ang Prop. 54 ay nag-aatas sa Lehislatura, nang hindi kinakailangan, na maghintay ng 3 araw bago ipasa ang isang panukala sa "ikalawang komite" nito, kaya magagawa ng mga may espesyal na interes na pigilan ito.

Transparent ang mga gawain ng lehislatura ng California. Magagawa ng sinumang mamamayan na tingnan ang anumang panukalang-batas sa Internet anumang oras. May libreng audio at video online.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 54. ITIGIL ANG IMPLUWENSYA NG MGA MAY ESPESYAL NA INTERES.

ART TORRES, Senador ng Estado (Retirado)
JERILYN STAPLETON,
Pambansang Organisasyon Para sa mga Babae (National Organization for Women, NOW) ng California
STEVE HANSEN, Miyembro ng Kon seho ng Lunsod
Lunsod ng Sacramento

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 54 ★

Napabilang lang ang Proposisyon 54 sa iyong balota dahil ginagamit na ngayon ng isang bilyonaryo ng California, pagkatapos niyang gumastos ng milyun-milyong dolyar upang subukang impluwensyahan ang patakaran at halalan nito, ang proseso ng inisyatibo ng ating mga mamamayan upang isulong ang kanyang pansariling pulitikal na layunin.

Ano ang Prop. 54? Isa itong kumplikadong panukala na mayroong mga hindi kinakailangang bagong paghihigpit sa paraan ng pagbuo ng mga batas ng Lehislatura. Itinatago at isinusulong nito ang mga espesyal na interes bilang "transparency."

Sa halip na magsulong ng responsibilidad, humahadlang ang Prop. 54 sa mga mambabatas na bumuo ng mga solusyon sa pagitan ng magkasalungat na partido, na makakasagot sa pinakamalalaking problema ng ating estado.

Halimbawa, malamang ay hindi nangyari ang maraming kasunduan sa balanseng badyet ng magkasalungat na partido, ang Batas sa Patas na Pabahay (na tumapos sa diskriminasyon sa pabahay) at ang panukala sa bono noong nakaraang taon na tumugon sa tagtuyot ng California kung naisabatas na ang panukalang ito.

Ang Prop. 54 ay magiging sagabal sa kakayahan ng ating mga inihalal na opisyal na magsagawa ng mga bagay-bagay. Palalakihin nito ang impluwensya ng mga may espesyal na interes, kaya magagawa nilang hadlangan ang kagustuhan ng ating mga inihalal na opisyal. Dahil dito, mas hihirap ang pagtugon sa mga emerhensiya ng estado.

HUWAG BIGYAN NG HIGIT PANG IMPLUWENSYA ANG MGA MAY ESPESYAL NA INTERES. BUMOTO NG HINDI SA PROP. 54.

Bagama't mukhang isang magandang ideya na atasan ang Lehislatura na maghintay ng tatlong araw bago pagbotohan ang isang panukalang-batas, bibigyan nito ng oras ang maiimpluwensyang tagalobi at mapeperang may espesyal na interes na maglunsad ng mga kampanya laban sa mga napag-usapan na ng magkasalungat na partido. Masyado nang malaki ang impluwensya ng mga may espesyal na interes sa Sacramento. Magbibigay sa kanila ang Prop. 54 ng higit pang impluwensya.

MAGDUDULOT ANG PROP. 54 NG MGA HINDI KINAKAILANGANG PAGKAANTALA

Sa tuwing may papalitang kuwit sa isang panukalang-batas, mapipilitan na ngayon ang mga mambabatas na maghintay ng tatlong araw bago ito pagbotohan. Ibig sabihin, maaantala ang proseso nang hindi kinakailangan.

PARARAMIHIN NG PROP. 54 ANG MGA AD NA UMAATAKE SA ISANG PULITIKO/ PULITIKAL NA PARTIDO

Ipinagbabawal ng kasalukuyang batas ang paggamit ng mga pamamaraan ng Lehislatura sa mga pulitikal na ad para sa kampanya. Inaalis ng Prop. 54 ang panuntunan na iyon, kaya magagawa ng sinuman na gumastos ng milyun-milyong dolyar sa mga mapanirang ad para sa kampanya na lalabas sa iyong screen bawat halalan.

HUWAG HAYAAN ANG ISANG BILYONARYO NA BAGUHIN ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA PARA SA KANYANG MGA PANSARILING INTERES.

Sino ang nasa likod ng panukalang ito? Si Charles Munger, Jr.—isang bilyonaryong matagal nang nagbibigay ng milyun-milyon sa mga kandidato na tumututol sa pagtaas ng pondo sa edukasyon, minimum na sahod, mga plano upang maging mas abot-kaya ang mas mataas na edukasyon, at iba pang mga progresibong isyu—ang *nag-iisang* tagapagtaguyod ng Prop. 54. Naglabas na siya nang mahigit sa 5.5 milyong dolyar upang ilagay ang panukalang ito sa balota.

Huwag hayaan ang isang mayamang taga-California na balewalain ang Lehislatura upang mabago ang saligang-batas ng ating estado alinsunod sa kanyang pansariling interes. Maging ang Kapisanan ng mga Tagapaglathala ng Pahayagan ng California, na maraming sinusuportahang konsepto ng panukalang ito, ay nagsabi sa pahayagan na *Capitol Weekly* na sa palagay nito, "hindi isang magandang paraan ang proseso ng inisyatibo upang tugunan ang pampublikong patakaran."

Ang Prop. 54 ay tinututulan ng Partidong Demokratiko ng California, maraming inihalal na opisyal, at mga pangkat para sa kalikasan, paggawa at iba pa.

Bumuto ng HINDI sa Prop. 54. Makakuha ng impormasyon sa *www.NoOnProposition54.com* at subaybayan kami sa Twitter @ NoProp54

STEVEN MAVIGLIO,
Mga Taga-California para sa Epektibong Lehislatura

★ SAGOT SA PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 54 ★

Mas mainam nang magkaroon ng panukalang-batas na nabasa ng bawat mambabatas at taga-California sa loob ng 72 oras kaysa sa magkaroon ng panukalang-batas na hindi nila nabasa.

Wala itong pinapanigan: madali lang itong unawain.

Noong 2006, naging isponsor ang dating Senador na si Barack Obama, at naging kapwa isponsor ang dating Senador na si Hillary Clinton ng "Batas sa Pagbabawas sa Bisa ng Paglolobi sa pamamagitan ng Maagang Paunawa, Mga Update at Pagpo-post" o ng "Curtailing Lobbyist Effectiveness Through Advance Notification, Updates, and Posting o CLEAN UP Act" na nag-aatas sa bawat panukalang-batas sa Senado ng U.S. na maging "available sa lahat ng Miyembro at sa pangkalahatang publiko sa pamamagitan ng Internet sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ito pagbotohan".

Ang *epektibo* para sa Senado ng U.S. ay *magiging* epektibo rin para sa Lehislatura ng California.

Iyon ang dahilan kung bakit ang PROP. 54 AY INEENDORSO NG ISANG MALAKING KOALISYON NG MAGKASALUNGAT NA PARTIDO kasama ang Liga ng mga Babaing Botante ng California, Panlahat na Layunin ng California, Komperensiya ng Estado ng California ng NAACP, Liga ng mga Lunsod ng California, Pangkomersiyong Kamara ng California, Kaalaman ng mga Taga-California, Koalisyon para sa Unang Pagsusog, Sulong California, Liga ng Konserbasyon at Pagpaplano, Kamara de Komersiyo ng mga Itim ng California, Bilog na Mesa ng Negosyo ng California, Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo/California, Kapisanan ng mga Latinong Negosyo ng California, Hispanic 100, Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis, Komite ng Aksyon para sa Maliliit na Negosyo, NAACP ng San Jose/ Silicon Valley, Konseho ng Negosyo sa County ng Monterey, at ang Kamara de Komersiyo ng Lugar ng Los Angeles Area, San Francisco at Fresno.

Gaya ng sinabi ng SAN FRANCISCO CHRONICLE tungkol sa Prop. 54, "Pakitandaan na hindi ito ginawa ng iisang makapartidista. Ang mga tagapagtaguyod nito ay binubuo ng maraming iginagalang na grupo para sa reporma, gaya ng Panlahat na Layunin, Sulong California at Liga ng mga Babaing Botante."

May mga espesyal na interes sa bawat pulong ng komite sa Sacramento. *Alam na nila* kung anong mga panukalang-batas ang naisasabatas at hindi, kung bakit nangyayari iyon at kung sino ang may espesyal na interes para o laban dito. Upang maging patas sa lahat, dapat i-record ang mga pampublikong pulong at i-post online. Sa ganoong paraan, hindi tayo mapag-iiwanan.

Hindi maniningil ang Prop. 54 ng bagong buwis sa mga nagbabayad ng buwis. Ang maliliit na gastusin ng Prop. 54 ay kukunin sa badyet sa pagpapatakbo ng Lehislatura.

Upang matuto nang higit pa, tingnan ang *YesProp54.org*.

Bumoto ng OO sa Prop. 54.

TERESA CASAZZA, Presidente
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa California
TOM SCOTT, Tagapagpaganap na Direktor ng Estado
Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo/California
KATHAY FENG, Tagapagpaganap na Direktor
Panlahat na Layunin ng California

PROPOSISYON

55 PAGPAPALAWIG NG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

55

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinalalawig ng labindalawang taon ang pansamantalang mga pagtaas sa buwis sa personal na kita na pinagtibay noong 2012 sa mga kitang mahigit sa $250,000 (para sa nag-iisang nag-file; mahigit sa $500,000 para sa magkasamang nag-file; mahigit sa $340,000 para sa mga puno ng sambahayan).
- Inilalaan ang 89% ng mga kitang ito sa buwis sa mga paaralan na K-12 at 11% sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.
- Naglalaan ng hanggang $2 bilyon bawat taon sa mga partikular na taon para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan.
- Ipinagbabawal ang paggamit ng mga kinita sa edukasyon para sa mga gastos sa pangangasiwa, pero nagbibigay sa mga lokal na namamahalang lupon ng paaralan ng kapangyarihang magpasiya, sa mga bukas na pagpupulong at napapailalim sa taunang pagsusuri, kung paano dapat gastusin ang mga kita.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG PAGSUSURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nadagdagang mga kita ng estado na mula sa $4 na bilyon hanggang $9 na bilyon bawat taon (sa mga dolyar ngayon) mula 2019 hanggang 2030, depende sa ekonomiya at stock market.
- Nadagdagang pagpopondo para sa mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad na halos kalahati ng kitang nalikom ng panukala.
- Nadagdagang pagpopondo para sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong maliit ang kita na mula sa $0 hanggang $2 bilyon bawat taon, depende sa mga desisyon at pagtantiyang ginawa ng pangunahing tagapayo sa badyet ng Gobernador.
- Nadagdagang mga reserba ng badyet at mga pagbabayad ng utang na mula sa $60 milyon hanggang sa halos $1.5 bilyon bawat taon (sa mga dolyar ngayon), na pangunahing depende sa stock market.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Badyet ng Estado

Mahigit Kalahati ng Badyet ng Estado ang Inilaan sa Edukasyon. Ang estado ay naniningil ng mga buwis at bayarin mula sa mga tao at negosyo, at ginagamit nito ang kita upang pondohan ang mga programa sa badyet ng estado. Ngayong taon, pinaplano ng estado na gumastos ng humigit-kumulang $122 bilyon mula sa pangunahing pinagkukunan nito ng pondo para sa pagpapatakbo, ang Pangkalahatang Pondo. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, mahigit kalahati nito ang inilaan sa mga K–12 na paaralan, sa mga kolehiyo ng komunidad, at sa mga pampublikong unibersidad ng estado. Inilaan ang humigit-kumulang isang-kapat ng paggastos na ito sa mga programa para sa kalusugan at serbisyong pantao, at ang pinakamalaking halaga ay inilaan sa programang Medi-Cal ng estado. Ang karamihan ng paggastos na ipinapakita sa pigura para sa "iba pang mga programa" ay inilaan sa mga bilangguan, programa ng parol, at hukuman.

Mga Buwis

Ang Buwis sa Pansariling Kita ay ang Pinakamalaking Pinagkukunan ng Pangkalahatang Pondo. Ang Pangkalahatang Pondo ng estado ay karaniwang sinusuportahan ng tatlong buwis: ang buwis sa pansariling kita, ang buwis sa pagbebenta, at ang buwis sa kita ng korporasyon. (Sa pagsusuring ito, tinatawag naming "buwis sa kita" ang buwis sa pansariling kita.) Ang buwis sa kita ay ang pinakamahalagang buwis para sa badyet ng estado, dahil dito kinukuha ang humigit-kumulang dalawang-katlo ng Pangkalahatang Pondo. Sinisingil ang buwis na ito sa karamihan ng mga anyo ng kita—gaya ng mga suweldo, sahod, kita mula sa interes, at kita mula sa pagbebenta ng mga sapi at iba pang mga asset. Binubuo ito ng ilang antas ng buwis na batay sa "kita", na tumataas kasabay ng pagtaas ng kita na nabubuwisan, o "nabubuwisang kita." Halimbawa, noong 2011, ang buwis para sa nabubuwisang kita ng isang mag-asawa ay 1 porsyento sa unang $14,632 ngunit 9.3 porsyento sa lahat ng nabubuwisang kita na lampas $96,058.

Proposisyon 30. Ang Proposisyon 30, na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 2012, ay nagresulta sa mas matataas na antas ng buwis para sa mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 2, depende sa kanilang mga antas ng kita, ang mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita ay nagbabayad ng dagdag na 1 porsyento, 2 porsyento, o 3 porsyentong buwis sa bahagi ng kanilang mga kita. May bisa ang mas matataas na antas na ito hanggang 2018. Ipinagpapalagay ng badyet ng estado ngayong taon na magreresulta sa kita na nagkakahalaga ng humigit-kumulang $7 billion ang mga pagtaas ng buwis ayon sa Proposisyon 30. Tinaasan din ng Proposisyon 30 ng isang-kapat na sentimo ang antas ng buwis sa pagbebenta ng estado mula 2013 hanggang 2016.

Edukasyon

Mandatoryong Paggastos sa Edukasyon Kada Taon. Ayon sa Saligang-batas ng Estado, kailangang hindi bumaba sa isang partikular na halaga ang gagastusin ng estado para sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo ng komunidad kada taon. Ang "garantisadong halaga" na ito ay lumalaki sa paglipas ng taon batay sa paglago ng mga kita sa

Pigura 1
Mahigit Kalahati ng $122 Bilyong Badyet ng Estado ang Nakalaan para sa Edukasyon

Pangkalahatang Pondo para sa 2016–17



buwis ng estado, sa ekonomiya, at sa pagdalo ng estudyante. Ngayong taon, ang Pangkalahatang Pondo ng estado ay maglalaan ng mahigit $50 bilyon para sa garantisadong halaga. Ang mga lokal na buwis sa ari-arian ay dumaragdag din sa garantisadong halaga.

Medi-Cal

Naglilingkod sa Mga Taga-California na Maliit ang Kita. Ang programang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa mga taong maliit ang kita. Kasama sa mga serbisyong ito ang mga pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga, mga pagpapatingin sa silid ng emerhensiya, pag-opera, at inireresetang gamot. Naglilingkod ang programang ito sa mahigit 13 milyong tao sa California—humigit-kumulang isang-katlo ng populasyon. Ngayong taon, gagastos ang estado ng humigit-kumulang $23 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo para sa Medi-Cal. Dagdag pa rito, umaasa ang programa sa pederal na pondo at nakakatanggap din ito ng suporta mula sa iba pang mga pinagkukunan ng estado.

Mga Reserbang Badyet at Pagbabayad ng Utang

Mga Reserba para sa "Emerhensiya". Ang mga pamahalaan ay gumagamit ng mga reserbang badyet upang makapagtabi ng pera kapag maganda ang lagay ng ekonomiya. Kapag hindi maganda ang lagay ng ekonomiya at lumiliit ang mga kita, ginagamit ng mga pamahalaan ang perang itinabi ng mga ito upang mabawasan ang halaga ng mga bawas sa paggastos, paglaki ng buwis, at iba pang mga aksyon na kinakailangan upang mabalanse ang badyet ng mga ito.

Nagtatakda ang Saligang-batas ng Pinakamababang Halaga na Gagamitin para sa Mga Pagbabayad ng Utang at Reserbang Badyet. Inaatasan ng Saligang-batas ang estado na magtabi ng pinakamababang halaga kada taon sa pang-emerhensiyang pondo nito at gumastos ng pinakamababang halaga kada taon upang mas mabilis na mabayaran ang mga utang ng estado. Ang mga taunang halaga na ginagamit para sa mga utang at reserbang badyet ay nakadepende sa mga kita sa buwis ng estado. Sa partikular, ang mga kita mula sa pagbebenta ng ari-arian—ang perang kinikita ng mga tao kapag nagbenta sila ng mga sapi at iba pang mga uri ng ari-arian—ay mahalaga para sa pagtatantya kung magkano ang dapat gamitin ng estado para sa mga bagay na ito.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay (1) magdaragdag ng 12 taon sa mga karagdagang antas ng buwis sa kita na itinakda ng Proposisyon 30 at (2) gagawa ng pormula upang makapaglaan ng mga karagdagang pondo sa programang Medi-Cal mula sa taon ng pananalapi ng estado

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 55, pumunta sa pahina 128.

Pigura 2

Mga Antas ng Buwis sa Kita sa Ilalim ng Proposisyon 30[a]

Nabubuwisang Kita[b] ng Mag-isang Naghahain	Nabubuwisang Kita[c] ng Magkasamang Naghahain	Antas ng Buwis na Batay sa Kita		
		Batayang Antas	Pagtaas sa Proposisyon 30	Kabuuang Halaga
$0 hanggang $8,000	$0 hanggang $16,000	1.0%	—	1.0%
8,000 hanggang 19,000	16,000 hanggang 37,000	2.0	—	2.0
19,000 hanggang 29,000	37,000 hanggang 59,000	4.0	—	4.0
29,000 hanggang 41,000	59,000 hanggang 82,000	6.0	—	6.0
41,000 hanggang 52,000	82,000 hanggang 103,000	8.0	—	8.0
52,000 hanggang 263,000	103,000 hanggang 526,000	9.3	—	9.3
263,000 hanggang 316,000	526,000 hanggang 632,000	9.3	1.0%	10.3
316,000 hanggang 526,000	632,000 hanggang 1,053,000	9.3	2.0	11.3
Mahigit 526,000	Mahigit 1,053,000	9.3	3.0	12.3

[a] Ang mga grupo ng kita na ipinapakita ay iniayon sa pinakamalapit na libong dolyar. Ang mga grupo ay may bisa para sa 2015 at isinaayos para sa pagtaas ng halaga ng bilihin sa mga susunod na taon.

[b] Kasama sa mga mag-isang naghahain ang mga may asawang indibidwal at nakarehistrong domestikong katambal (registered domestic partner o RDP) na magkahiwalay na naghahain ng buwis.

[c] Kasama sa mga magkasamang naghahain ang mga mag-asawa at RDP na magkatambal na magkasamang naghahain, pati na ang mga kuwalipikadong biyuda o biyudo na may nakadependeng bata.

Tandaan: Hindi nakalista ang mga grupo ng kita para sa mga naghahain na haligi ng tahanan, ngunit ang mga maghahain na may nabubuwisang kita na nagkakahalaga ng $357,981 pataas (mula 2015) ay sisingilin din ng 10.3 porsyento, 11.3 porsyento, o 12.3 porsyento na mga antas ng buwis batay sa kita sa ilalim ng Proposisyon 30. Hindi kasama sa mga antas ng buwis na nakalista ang antas ng buwis para sa kalusugan ng isip na 1 porsyento para sa nabubuwisang kita na lampas $1 milyon.

na 2018–19 hanggang 2030–31.

Mga Buwis

Tataasan ang Mga Buwis sa Kita ng Mga Nagbabayad ng Buwis na Malaki ang Kita. Ayon sa Proposisyon 55, palalawigin mula 2019 hanggang 2030 ang bisa ng mga pagtaas sa antas ng buwis sa kita ng Proposisyon 30 na ipinapakita sa Pigura 2. Ang mga pagtaas na ito ay makakaapekto sa mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita sa estado. Sa partikular, apektado ng panukala ang humigit-kumulang 1.5 porsyento ng mga nagbabayad ng buwis na may pinakamalalaking kita.

Ang Halaga ng Pagtaas ng Buwis ay Nakadepende sa Nabubuwisang Kita. Ang halaga ng tinaasang buwis na babayaran ng mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita ay magdedepende sa kanilang nabubuwisang kita. Halimbawa, kung maipasa ang panukalang ito, ang isang tao na may nabubuwisang kita na $300,000 ay magbabayad ng dagdag na 1 porsyento sa kanyang kita na mula $263,000 hanggang $300,000. Batay sa kalkulasyon, magkakaroon ng pagtaas ng buwis na $370 ang taong ito. Ang isang mag-asawa na magpapasa ng pinagsamang tax return na may nabubuwisang kita na $2,000,000 ay papatawan din ng mas mataas na buwis ayon sa panukalang ito. Sa partikular, ang mag-asawang ito ay magbabayad ng dagdag na 1 porsyento batay sa kanilang kita na mula $526,000 hanggang $632,000, ng dagdag na 2 porsyento sa kanilang kita na mula $632,000 hanggang $1,053,000, at ng dgadag na 3 porsyento sa kanilang kita na mula $1,053,000 hanggang $2,000,000. Batay sa kalkulasyon, magkakaroon ng pagtaas ng buwis na $37,890 ang mag-asawang ito. (Medyo maiiba ang mga halimbawang ito pagsapit ng 2019 dahil isasaayos ang mga grupo ng buwis taun-taon dahil sa pagtaas ng halaga ng bilihin.)

Hindi Nito Palalawigin ang Pagtaas ng Buwis sa Pagbebenta. Hindi pinapalawig ng Proposisyon 55 ang isang-kapat na sentimong pagtaas sa antas ng buwis sa pagbebenta na inaprubahan ng mga botante sa Proposisyon 30. Sa madaling salita, ipasa man ng mga botante ang panukalang ito o hindi, mapapaso ang pagtaas sa buwis sa pagbebenta ng Proposisyon 30 sa katapusan ng 2016.

Medi-Cal

Gumagawa ng Pormula para sa Medi-Cal. Ang Proposisyon 55 ay may bagong pormula para sa badyet ng estado upang makapaglaan ng mas malaking pondo sa programang Medi-Cal. Inaatasan ng panukala ang Direktor ng Pananalapi, ang pangunahing tagapayo sa badyet ng Gobernador, na tukuyin kada taon mula 2018–19 hanggang 2030–31 kung lalampas ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo sa (1) paggastos sa edukasyon na iniaatas ng saligang-batas at (2) sa mga gastos para sa mga programa ng pamahalaan na itinakda noong Enero 1, 2016. Kung lalampas ang mga kita sa mga halaga ng paggastos na ito, 50 porsyento ng sobrang halaga (hanggang $2 bilyon) ang ilalaan sa Medi-Cal. (Maaaring medyo mabawasan ang karagdagang paglalaan na ito sa mga taon na maliit ang badyet.) Isinasaad ng panukala na hindi dapat palitan ng pondong ito para sa Medi-Cal ang kasalukuyang suporta sa Pangkalahatang Pondo para sa programa.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ibinubuod ng Pigura 3 ang mga epekto sa pananalapi ng Proposisyon 55. Ang mas malaking kita mula sa panukala ay

gagamitin para sa mga K–12 na paaralan at kolehiyo ng komunidad, mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong maliit ang kita, mga reserbang badyet, at mga pagbabayad ng utang. Kapag nasapatan na ang mga iniaatas na ito ng saligang-batas, ang mga matitirang halaga, kung mayroon man, ay maaaring gamitin para sa anumang bagay sa badyet ng estado.

Mga Buwis

Pigura 3

Mga Epekto sa Pananalapi ng Proposisyon 55

Mas malaki ang malilikom na buwis sa kita	Mula $4 na bilyon hanggang $9 na bilyon kada taon (batay sa halaga ng dolyar para sa 2016), depende sa ekonomiya at merkado ng sapi.
Mas malaki ang pondo para sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad	Mahigit kalahati ng kitang malilikom ng panukala.
Mas malaki ang pondo para sa Medi-Cal	Mula $0 hanggang $2 bilyon kada taon, depende sa mga desisyon at pagtataya na ginawa ng pangunahing tagapayo sa badyet ng Gobernador.
Mas malaki ang reserbang badyet at pagbabayad ng utang	Mula $60 milyon hanggang humigit-kumulang $1.5 bilyon kada taon (batay sa halaga ng dolyar para sa 2016), depende sa merkado ng sapi.

Ang Kita na Malilikom ng Panukala ay Magdedepende sa Ekonomiya at Merkado ng Sapi. Ang eksaktong halaga ng kita ng estado na malilikom ng Proposisyon 55 ay magdedepende sa ilang bagay na mahirap hulaan. Ang malaking bahagi ng mga kita ng mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita ay nagmumula sa pagbebenta ng ari-arian. Ang mga kitang ito ay nakadepende sa merkado ng sapi sa hinaharap at mga halaga ng iba pang mga ari-arian, na mahirap hulaan. Dagdag pa rito, ang mga kita ng mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita ay nagbabago kasabay ng ekonomiya. Kaya kapag hindi maganda ang lagay ng ekonomiya at merkado ng sapi para sa isang taon, ang panukala ay maaaring makalikom ng humigit-kumulang $4 na bilyon. Kapag maganda ang ekonomiya at merkado ng sapi, ang panukala ay maaaring makalikom ng humigit-kumulang $9 na bilyon. Sa karamihan ng mga taon, ang halaga ng kita na malilikom ng panukala ay nasa pagitan ng dalawang halaga na ito. (Ang mga halagang ito ay batay sa halaga ng dolyar sa ngayon, at maaaring lumaki ang mga ito sa paglipas ng panahon.)

Edukasyon

Mga Pagtaas sa Paggastos para sa Edukasyon. Ang mas matataas na kita sa buwis ng estado ay karaniwang nagreresulta sa mas mataas na paggastos para sa edukasyon. Ang eksaktong halaga na dapat gastusin ng estado para sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad sa hinaharap ay magdedepende sa ilang bagay na mahirap hulaan. Gayunpaman, makatuwirang ipagpalagay na ang humigit-kumulang kalahati ng halagang malilikom ng Proposisyon 55 ay mapupunta sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Medi-Cal

Maaaring Lumaki ang Pondo ng Medi-Cal. Dahil sa pormula para sa karagdagang pondo ng Medi-Cal, kakailanganin ng Direktor ng Pananalapi na tantyahin ang mga kita at gastos kada taon. Gaya ng nabanggit, mahirap hulaan ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo. Upang maibigay ang mga pagtatantya sa gastos na iniaatas ng panukala, kakailanganin ng Direktor ng Pananalapi na hulaan kung paano magbabago sa paglipas ng panahon ang paggastos sa mga programang itinatag mula noong Enero 1, 2016. Samakatuwid, ang karagdagang pondo ng Medi-Cal alinsunod sa panukala ay magdedepende sa mga desisyon at pagtatanya ng Direktor ng Pananalapi. Ang halaga ng anumang karagdagang pondo ng Medi-Cal alinsunod sa panukala ay maaaring mag-iba kada taon, mula $0 hanggang $2 billion.

Mga Reserbang Badyet at Pagbabayad ng Utang

Tinataasan ang Mga Reserbang Badyet at Pagbabayad ng Utang. Gaya ng inilalarawan sa itaas, tinataasan ng Proposisyon 55 ang mga kita sa buwis ng estado. Kapag mas mataas ang mga kita, tataas din ang mga kinakailangang pagbabayad ng utang at reserbang badyet. Ang eksaktong halaga na kailangang gamitin ng estado para sa pagbabayad ng mga utang ng estado at pagtatabi ng mga reserbang badyet ay magdedepende sa mga kita sa pagbebenta ng ari-arian, na mahirap hulaan. Sa mga taon na hindi maganda ang merkado ng sapi, ang Proposisyon 55 ay maaaring makapagdagdag ng $60 milyon sa mga pagbabayad ng utang at reserbang badyet. Sa mga taon na maganda ang lagay ng merkado ng sapi, ang Proposisyon 55 ay maaaring makapagdagdag ng $1.5 bilyon o higit pa sa mga pagbabayad ng utang at reserbang badyet.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 55, pumunta sa pahina 128.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 55 ★

Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng bilyun-bilyong badyet nang hindi tinataasan ang buwis sa pamamagitan ng pagtitiyak na patuloy na binabayaran ng mga pinakamayaman sa California ang kanilang bahagi rito. Nag-aatas ang 55 ng mahigpit na pagtutuos at malinaw na impormasyon upang matiyak na nakakarating sa silid-aralan ang mga pondo. Hindi na tayo maaaring bumalik sa panahong nahihirapan tayo sa pagbabawas ng pondo at maraming guro ang nawawalan ng trabaho.

Katotohanan 1: Hindi itataas ng Proposisyon 55 ang buwis ng sinuman.

• *Hindi nagtataas ng buwis ng sinuman.* Pinapanatili ng Proposisyon 55 ang kasalukuyang antas ng buwis sa kita ng ilan na kumikita nang mahigit sa $500,000 kada taon. • *Nakakaapekto lang sa mga pinakamayaman sa California na makakapagbayad nito,* at pagtitiyak na nababayaran nila ang bahagi nila sa buwis. • *Pinapababa ang buwis sa pagbebenta.* Sa ilalim ng Proposisyon 55, mababawasan ang buwis sa pagbebenta ng lahat ng mamamayan ng California.

Katotohanan 2: Ang Proposisyon 55 ay may mahigpit na iniaatas sa malinaw na impormasyon at pagtutuos upang matiyak na makakarating sa silid-aralan ang mga pondo.

• *Napupunta ang pera sa mga lokal na paaralan at hindi ito magagalaw ng Lehislatura.* Tinitiyak ng mahigpit na iniaatas sa pagtutuos na mapupunta sa mga silid-aralan ang mga pondong nakatalaga para sa edukasyon, at hindi sa burukrasya o gastusin sa pamamahala. Pinapahintulutan ang kriminal na pag-uusig para sa anumang maling paggamit ng pera. • *Mga mandatoryong pagsusuri at mahigpit na iniaatas sa malinaw na impormasyon.* Dapat maglagay online ang mga lokal na paaralan sa distrito ng taunang pagtutuos upang magaratiya na alam ng mga mamamayan ng California kung sa paanong paraan at saan ginagastos ang mga pondo. • *Nagbibigay ng lokal na kontrol sa pagpopondo sa paaralan.* Nagbibigay ang Proposisyon 55 ng kontrol sa lokal na lupon ng paaralan na tukuyin ang mga pangangailangan ng mga estudyante.

Katotohanan 3: Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar sa mga paaralan at ipinagpapatuloy nito ang pagbabalik ng nabawas na pondo noong panahon ng resesyon.

• Tumutulong ang *Proposisyon 55 na matugunan ang napipintong problema ng California sa kakulangan sa mga guro.* Kailangan ng estado ng tinatantyang 22,000 karagdagang guro, sa susunod na taon pa lang. Nagbibigay ang Proposisyon 55 sa lokal na paaralan sa distrito ng pera upang tumanggap ng mga guro at maiwasan ang sobrang bilang ng estudyante sa mga klase. • Tumutulong ang *Proposisyon 55 sa pagpapanumbalik ng sining at musika.* Malaki ang nabawas sa pondo ng mga programa sa sining at musika noong panahon ng resesyon. Tutulong ang Proposisyon 55 upang maprotektahan at mapanumbalik ang mga programang iyon. • *Ginawagawa nitong mas abot-kaya ang pag-aaral sa kolehiyo.* Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang mga pagbabawas ng pondo sa kolehiyo ng komunidad sa California, upang maiwasan ang pagtaas ng matrikula at makatulong na mas magkaroon ng mga klase ang 2.1 milyong estudyante ng kolehiyo ng komunidad sa California. • *Nagpapalawig sa kakayahang magkaroon ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata.* Ang mas malulusog na bata ay mas malulusog na estudyante. Masyadong maraming pamilya ang walang kakayahang makakuha ng karaniwang pangangalagang pangkalusugan, ibig sabihin, hindi nakakapasok ang mga estudyante o pumapasok sila nang may sakit. Tutulong ang Proposisyon 55 sa mga bata upang makapasok sa paaralan nang malusog at handang matuto, dahil karapat-dapat ang lahat ng bata na magkaroon ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, at hindi lang ang mga pinakamayamang mamamayan ng California.

Kailangan ng California na magpatuloy sa pagsulong, hindi na tayo maaaring bumalik sa mga panahon kung saan nahihirapan tayo sa maraming pagbabawas ng pondo sa mga pampublikong paaralan, kolehiyo at pangangalagang pangkalusugan.

30,000 guro ang nawalan ng trabaho, lumaki ang bilang ng mga estudyante sa isang silid, ang dumoble ang binabayaran sa mga kolehiyo ng komunidad.

Sinabi ni Gobernador Jerry Brown na mas maraming pagbabawas ng pondo ang kakaharapin natin kung hindi maipapasa ang Proposisyon 55.

Nagbibigay ang Proposisyon 55 ng malinaw na dapat piliin sa mga mamamayan ng California: sa pamamagitan ng pagboto ng OO, mapoprotektahan ang ating mga estudyante at anak mula sa mga malawakang pagbabawas ng pondo; sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI, gagastos ang ating mga paaralan ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar kada taon.

Nagsisimula nang makabangon muli ang mga paaralan ng California. Kapag naipasa ang Proposisyon 55, matitiyak na hindi na muling makakaranas ang ating mga anak ng isang yugto ng pagbabawas ng pondo. Ang hinaharap ng California ay nakasalalay sa hinaharap ng ating mga anak.

Dahil napakahalaga ng ating mga anak at ng paaralan.

Makikita ang mga detalye sa *www.YesOn55.com*

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

ALEX JOHNSON, Tagapagpaganap na Direktor
Pondo para sa Pagdepensa sa Mga Bata—California

TOM TORLAKSON, Superintendente sa Pampublikong Pagtuturo sa Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 55 ★

ANG PANSAMANTALA AY DAPAT PANSAMANTALA

Sinuportahan ng mga botante ang mas mataas na buwis sa kita at pagbebenta noong 2012 dahil nangako si Gobernador Jerry Brown na pansamantala lang ang mga ito.

Sobra ang badyet ng estado, dapat mawala ang mga pansamantalang buwis na ito, katulad ng ipinangako ng Gobernador.

MAKAKAAPEKTO ANG PROP. 55 SA MALILIIT NA NEGOSYO AT MARAMI ANG MAWAWALAN NG TRABAHO.

Sa Prop. 55, maraming mawawalan ng trabaho, magsasarado ang mga negosyo, at makakasama ito sa ating ekonomiya. Patataasin nito ang mga buwis ng mga maliit na negosyo sa California, at mas mahihirapan silang makagawa ng mga trabahong nagpapasweldo nang maayos.

HINDI NATIN MAPAGKAKATIWALAAN ANG MGA POLITIKO AT MGA ESPESYAL NA INTERES

Alam ng mga politiko at espesyal na interes na HINDI humaharap ang California sa mga pagbabawas ng pondo sa mga programa. Gusto lang nilang palakihin ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapasa sa Prop. 55. Ginagamit nila ang mga anak natin at ang mga paaralan sa pagpilit sa mga botante sa pagsuporta nito. Huwag magpaloko.

GANAP NA NAPOPONDOHAN ANG MGA PAARALAN

Tumaas nang 24.6 na bilyong dolyar mula noong 2012 ang paggasta sa Edukasyon—isang 52% pagtaas.

Pinopondohan ang mga paaralan, at balanse ang badyet ng estado.

Mayroon tayong 2.7 bilyong dolyar na sobra at mahigit sa 9.4 na bilyong dolyar sa mga nakareserbang badyet.

Sa Prop. ng Prop. 55.

HUWAG MAGPALOKO SA PANANAKOT, HINDI KINAKAILANGAN ANG PROP. 55.

Ipinapakita ng opisyal na pagtatantya ng badyet ng di-partidistang Manunuri ng Batas ng estado na HINDI kinakailangan ang mas mataas na buwis upang mabalanse ang badyet at ganap na mapondohan ang mga paaralan.

Magagawa ng California na pondohan ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pamahalaan ng estado nang walang mga bago o mas mataas na buwis.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 55

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

TOM SCOTT, Tagapagpaganap na Direktor ng Estado
Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo—California

TERESA CASAZZA, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ng mga ito ay hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 55 ★

Noong 2012, inaprobahan ng mga botante ang Proposisyon 30 na pagtaas ng pondo dahil ipinangako sa ating pansamantala ang mga ito at matatapos din pagdating ng 2017.

Ngayon, hindi na gustong tuparin ng mga espesyal na interes ang pangakong iyon at gusto nilang palawigin ang pagtataas ng buwis sa loob ng mahigit 12 taon pa.

Hindi iyon pansamantala.

Narito ang opisyal na titulo mula sa panukala noong 2012:

Ang Prop. 30: Mga PANSAMANTALANG buwis upang pondohan ang edukasyon at garantisadong pagpopondo para sa kaligtasan ng lokal na publiko. Inisyatibong Susog sa Saligang-batas.

ANG PANSAMANTALA AY DAPAT PANSAMANTALA

Sinuportahan lang ng mga botante ang mas mataas na buwis sa kita at pagbebenta noong 2012 dahil ipinangako ni Gobernador Jerry Brown na pansamantala lang ang mga ito:

"ITO AY ISANG PANSAMANTALANG BUWIS AT, HANGGANG SA MAY MAGAGAWA AKO, MANANATILI ITONG PANSAMANTALA."—*Gobernador Brown, Sacramento Bee*, 10/7/14

Ipinangako ni Gobernador Brown na magtatagal lang ang mas mataas na buwis sa loob ng ilang taon at mawawala na ito. Ngayon, gusto ng mga espesyal na interes na palawigin ang mga ito sa loob ng 12 taon pa—hindi iyon "pansamantala."

Nakabangon na ang ekonomiya ng California at ngayon ay mayroon na tayong SOBRA SA BADYET.

HINDI NATIN KAILANGAN NG MAS MATAAS NA BUWIS

May balanseng badyet ang California, nabawasan na ang ating utang, tumaas na ang paggasta sa paaralan, nakapaglagay na tayo ng bilyun-bilyon sa "pondo para sa emerhensiya" ng California at mayroon pa rin tayong 2.7 bilyong dolyar na sobra sa badyet.

Mas maraming nalilikom ang California na dolyar sa buwis kaysa sa kailangan natin taun-taon—ito ang dahilan kung bakit nakabangon ang badyet ng estado mula sa 16 na bilyong dolyar na kakulangan noong 2012 hanggang sa 2.7 bilyong dolyar na sobra nitong 2016.

Tumaas nang 24.6 bilyong dolyar mula noong 2012 ang paggasta sa Edukasyon—isang 52% pagtaas.

Tumaas nang 2.9 bilyong dolyar ang paggasta ng Medi-Cal—isang 13% pagtaas.

MAGAGAWA NATING PONDOHAN ANG EDUKASYON, PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, AT PAMAHALAAN NG ESTADO NANG WALANG MGA BAGONG O MAS MATAAS NA BUWIS

Isinaad ni Gobernador Brown at ng mga pagtatantya ng badyet ng Manunuri ng Batas na hindi kailangan ng mas mataas na buwis upang mabalanse ang badyet.

Mayroon tayong sapat na pondo para sa mga paaralan at iba pang mahalagang kinakailangan—kailangan lang ng mga politikong may lakas ng loob na magbawas ng nasasayang at gawing priyoridad ang ating paggasta. Hindi natin kailangan ang pinakamalaking pagtaas ng pondo sa kasaysayan ng California, na magbibigay-daan sa pagpapadala ng milyon-milyon pa sa Sacramento nang walang ipapakitang pagtutuos sa mga botante.

MAKAKAAPEKTO ANG PROP. 55 SA MGA MALIIT NA NEGOSYO SA CALIFORNIA SA PAMAMAGITAN NG MAS MATAAS NA BUWIS SA LOOB NG 12 TAON

Makakaapekto ang panukalang ito sa mga maliit na negosyo na madalas magbayad ng buwis sa kita ng kanilang negosyo sa pamamagitan ng kanilang personal na buwis sa kita. Ang Prop. 55, maraming mawawalan ng trabaho, magsasarado ang mga negosyo, at makakasama ito sa ating ekonomiya.

GUSTO LANG NG MGA ESPESYAL NA INTERES NG HIGIT PANG KITANG GAGASTUSIN NGAYON

Patas lang ipagpalagay na ang pera sa Prop. 55 ay gagastusin sa pagbabayad ng benepisyong pensiyon at iba pang utang ng estado sa halip na gamitin ito sa silid-aralan o paggawa ng mga kalsada. Parang magiging loterya ito—hindi natin malalaman kung saan mapupunta ang pera.

HINDI NATIN MAPAGKAKATIWALAAN ANG MGA POLITIKO AT MGA ESPESYAL NA INTERES

Alam ng mga politiko at espesyal na interes na HINDI humaharap ang California sa mga pagbabawas ng pondo sa anumang mga programa ngayon. Gusto lang nilang palakihin ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapasa sa Prop. 55—ang pinakamalaking buwis ng estado sa buong kasaysayan.

Alamin ito: Mayroong 2.7 bilyong dolyar na sobra ang California at mahigit sa 9.4 na bilyong dolyar sa mga nakareserbang badyet.

Hindi kailangan ng bago at mas mataas na buwis.

DAPAT TUPARIN NG CALIFORNIA ANG SINABI NITO: ANG PANSAMANTALA AY PANSAMANTALA

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 55—ISA ITONG HINDI TINUPAD NA PANGAKO

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis na Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis

TOM SCOTT, Tagapagpaganap na Direktor ng Estado
Pambansang Pederasyon ng mga Independiyenteng Negosyo—California

KGG. QUENTIN L. KOPP, Retiradong Hukom sa Hukumang Superyor

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 55 ★

Bumoto ng OO sa 55. Tulungan natin ang ating mga anak na magsikap.

Tinitiyak ng Prop. 55 na hindi na tayo babalik sa malawakang pagbabawas ng badyet sa pagpopondo ng paaralan. Pinoprotektahan nito ang edukasyon at kalusugan ng ating mga anak.

Hindi itataas ng Proposisyon 55 ang buwis ng sinuman:

• Ang Prop. 55 ay *nagpapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis* sa mga pinakamayamang mamamayan ng California upang matiyak na patuloy na mababayaran ng ilang kumikita nang mahigit sa $500,000 sa isang taon ang kanilang bahagi. • Hindi itinataas ng Proposisyon 55 ang mga buwis sa mga maliit na negosyo. • Sa ilalim ng Proposisyon 55, mababawasan ang buwis ng estado ayon sa nakaplano sa pagtatapos ng 2016.

Pinipigilan ng Proposisyon 55 ang pagbabawas ng hanggang sa 4 na bilyong dolyar kada taon sa badyet sa pagpopondo sa pampublikong paaralan:

• Tumutulong ang Proposisyon 55 sa pagtugon sa kakulangan ng mga guro at nagpapatuloy sa pagpapanumbalik ng pagpopondo sa paaralan na nabawas noong panahon ng resesyon. • Tumataas ang antas ng nagsisipagtapos sa mataas na paaralan sa California sa loob sunud-sunod na anim na taon. Tutulong ang Prop.55 sa pagpapatuloy ng progreso.

Ang Oo sa 55 ay may mahigpit na iniaatas sa pagtutuos at pananalapi upang matiyak na makakarating nang diretso sa silid-aralan ang mga pondo:

• Ayon sa Saligang-batas, garantisado na mapupunta ang kita sa espesyal na account para sa mga paaralan at pangangalagang pangkalusugan ng mga bata na *hindi magagalaw ng Lehislatura.* • Susuriin ang pera kada taon. Ilalagay ang mga matutuklasan sa pagsusuri sa *http://trackprop30.ca.gov/* nang sa gayon ay makita ng mga nagbabayad ng buwis kung saan ginagastos ang kanilang pera.
• May mga mahigpit na iniaatas na ang pagpopondo ay dapat mapunta sa silid-aralan, at hindi sa administrasyon o burukrasya ng Sacramento.
• Pinapahintulutan ng Proposisyon 55 ang kriminal na pag-uusig para sa anumang maling paggamit ng pera. • Ang pagpapatuloy ng mga kasalukuyang antas ng buwis sa mga mayaman ay nakasalalay sa boto at kagustuhan ng mga tao.

ERIC C. HEINS, Presidente
Kapisanan ng Mga Guro ng California

BETTY T. YEE, Kontroler ng Estado ng California

ANN-LOUISE KUHNS, Presidente
Kapisanan sa Ospital para sa Mga Bata ng California

PROPOSISYON

56 BUWIS SA SIGARILYO UPANG PONDOHAN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAGPIGIL SA PAGGAMIT NG TABAKO, PANANALIKSIK, AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Dinadagdagan ang buwis sa sigarilyo ng $2.00/bawat kaha, na may katumbas na pagdagdag sa ibang mga produktong tabako at mga elektronikong sigarilyo na nagtataglay na nikotina.
- Pangunahing inilalaan ang mga kita upang dagdagan ang pagpopondo para sa mga umiiral na programa sa pangangalagang pangkalusugan; at para din sa mga programa sa pagpigil/pagkontrol ng paggamit ng tabako, pananaliksik sa sakit/pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa tabako, pagsasanay ng doktor sa Unibersidad ng California, mga programang pag-iwas sa sakit ng ngipin, at pangangasiwa. Inaalis ang mga kitang ito mula sa mga kinakailangan sa pagkuwenta ng pagpopondo sa edukasyon ayon sa Proposisyon 98.
- Kung ang buwis ay magdudulot ng nabawasang pagkonsumo ng tabako, inililipat ang mga kita sa buwis upang mabawi ang mga pagbawas sa kasalukuyang pinopondohang mga programa para sa tabako at mga kita sa buwis sa pagbebenta.
- Kailangan ng pagsusuri tuwing dalawang taon.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nadagdagang kabuuang kita ng estado na $1 bilyon hanggang $1.4 na bilyon sa 2017-18, na posibleng may mas maliit na mga taunang kita sa paglipas ng panahon. Ang mga pondong ito ay ilalaan sa iba't ibang ispesipikong mga partikular na layunin, na ang karamihan ng mga pera ay ginagamit upang palakihin ang paggastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California na maliit ang kita.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

56

BATAYAN

Sigarilyo at Mga Produkto ng Tabako

Sa kasalukuyan, kumokonsumo ang mga tao ng iba't ibang uri ng sigarilyo at mga produkto ng tabako:

- ***Mga Sigarilyo.*** Ang paninigarilyo ay ang pinakakaraniwang paraan ng paggamit ng tabako.
- ***Iba Pang Mga Produkto ng Tabako.*** Ang iba pang mga produkto ng tabako ay maaaring gawing sigarilyo o maaaring ipadaan sa iba pang mga anyo ng paglunok. Kabilang dito ang mga cigar, nganga at iba pang mga produktong gawa sa o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyento ng tabako.
- ***Mga Electronic Cigarette (Mga E-Cigarette).*** Ang mga ito ay mga device na pinapagana ng baterya kung saan ginagawang vapor ang likidong espesyal na idinisenyo, na maaaring naglalaman ng nicotine. Hinihithit ng user ang vapor. Ibinebenta ang ilang e-cigarette kasama ang likido, habang ang iba naman ay ibinebenta nang walang kasamang likido.

Ang mga produktong ito ay napapailalim sa mga buwis para sa produkto (na ipinapataw sa isang partikular na produkto) at mga buwis sa pagbebenta (na ipinapataw sa halos lahat ng produkto). Ang buwis para sa produkto ay ipinapataw sa mga tagapamahagi (gaya ng mga tagabenta ng pakyawan) habang ang buwis naman sa pagbebenta ay ipinapataw sa oras ng pagbili. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, sa kasalukuyan, ang mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako ay napapailalim sa mga buwis para sa produkto ng na ipinapataw ng estado at pederal gayundin ang mga buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at lokal (mga buwis sa pagbebenta). Napapailalim lang ang mag e-cigarette sa mga buwis sa pagbebenta.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado sa Mga Sigarilyo. Ang kasalukuyang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado ay 87 sentimo para sa isang kaha ng sigarilyo. Ipinapakita ng Pigura 2 kung paano tumaas ang buwis sa paglipas ng panahon at kung paano pinaghahati-hati ang mga kitang ito para sa iba't ibang layunin. Tinatantyang makakalikom ang mga umiiral na buwis para sa produkto ng higit sa 800 milyong dolyar sa 2015–16.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado sa Iba pang Mga Produkto ng Tabako. Bagama't ang mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako ay batay sa buwis para sa produkto sa isang kaha ng sigarilyo, medyo mas mataas ang mga ito dahil sa mga pagkakaloob ng Proposisyon 10. Sa kasalukuyan, ang mga buwis para sa produkto ng iba pang mga produkto ng tabako ay katumbas ng $1.37 kada kaha ng sigarilyo. Ang kita mula sa mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako ay nakalaan lang para sa mga pondo ng Proposisyon 99 (1988) at Proposisyon 10 (1998) para sa iba't ibang layunin, gaya ng inilalarawan sa Pigura 2. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang anumang pagtaas sa mga buwis sa sigarilyo ay awtomatikong magdudulot ng katumbas na pagtaas sa mga buwis para sa produkto sa iba pang mga produkto ng tabako.

Pigura 1
Mga Kasalukuyang Buwis sa Mga Produkto ng Tabako at Electric Cigarette

	Mga Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Pederal	Mga Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Estado	Mga Buwis sa Pagbebenta na Ipinapataw ng Estado at Lokal
Mga Sigarilyo	✓	✓	✓
Iba Pang Mga Produkto ng Tabako[a]	✓	✓	✓
Mga Electronic Cigarette[b]			✓

[a] Isinasama ang mga cigar, nganga at iba pang mga produktong gawa sa o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyento ng tabako.

[b] Mga device na pinapagana ng baterya kung saan ginagawang vapor ang likidong espesyal na idinisenyo, na maaaring naglalaman ng nicotine

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Pigura 2

Paglalaan ng Mga Umiiral na Hindi Tuwirang Buwis sa Sigarilyo ng Estado

(Mga Dolyar sa Mga Milyon)

Paglalarawan sa Mga Pondo	Kasalukuyang Buwis Sa Bawat Pakete ng Mga Sigarilyo	Tinatantiyang Kabuuang Kita ng 2015–16[a]
Pangkalahatang Pondo ng Estado: Sinusuportahan ang badyet ng estado. Ang hindi tuwirang buwis sa sigarilyo na naglalaan ng kita sa Pangkalahatang Pondo ng estado ay pinagtibay ng Lehislatura noong 1959.	10¢	$84
Mga Pondo ng Proposisyon 99: Pinagtibay ng mga botante noong 1988 para sa mga layunin na suportahan ang mga pagsusumikap na magturo tungkol sa at mapigilan ang paggamit ng tabako, programa ng pananaliksik ukol sa sakit kaugnay ng tabako, serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may mababang kita, at pagprotekta sa kalikasan at panlibangang tagapagdulot.	25	259[b]
Pondo ng Breast Cancer: Pinagtibay ng Lehislatura noong 1993 para sa mga layunin na suportahan ang mga programa ng pag-screen ng breast cancer para sa mga babaeng walang insurance at pananaliksik na nauugnay sa breast cancer.	2	20
Mga Pondo ng Proposisyon 10: Pinagtibay ng Lehislatura noong 1998 para sa mga layunin na suportahan ang mga programa para sa paglaki ng bata.	50	447[b]
Kabuuan	**87¢**	**$810**

[a] Itinatala ang mga pagbabayad mula sa Proposisyon 10 sa iba pang mga pondo upang mapanatili ang mga antas ng kita bago ang Proposisyon 10.
[b] Kasama sa kabuuan ang kita ng hindi tuwirang buwis mula sa iba pang mga uri ng produkto ng tabako, gaya ng mga cigar at nginunguyang tabako.

Mga Umiiral na Buwis para sa Produkto na Ipinapataw ng Pederal sa Mga Produkto ng Tabako. Nagpapataw din ang pederal na pamahalaan ng mga buwis para sa produkto sa mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako. Sa kasalukuyan, ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng pederal ay $1.01 kada kaha ng sigarilyo at nagbabago-bago ang halaga sa iba pang mga produkto ng tabako.

Mga Umiiral na Buwis sa Pagbebenta sa Mga Produkto ng Tabako at E-Cigarette. Nalalapat ang mga buwis sa pagbebenta sa pagbebenta ng mga sigarilyo, iba pang mga produkto ng tabako at e-cigarette. Ang mga buwis sa pagbebenta ay nakabatay sa presyo ng tingi ng mga produkto, kung saan kabilang na epekto ng mga buwis para sa produkto. Ang average na presyo ng tingi para sa isang kaha ng sigarilyo sa California ay halos $6. Sa kasalukuyan, naglalaro ang mga buwis sa pagbebenta mula 7.5 porsyento hanggang 10 porsyento ng presyo ng tingi (depende sa lungsod o county), na may pambuong-estadong average na humigit-kumulang 8 porsyento. Kung kaya, nagdaragdag ang buwis sa pagbebenta ng halos 50 sentimo hanggang 60 sentimo sa kabuuang halaga ng isang kaha ng sigarilyo.Ang mga buwis sa pagbebenta sa mga sigarilyo, iba pang mga produkto ng tabako at e-cigarette ay nakakalikom ng humigit-kumulang 400 milyong dolyar taun-taon, kung saan ang mga nalikom ay napupunta sa pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan.

Mga Kalakaran sa Paninigarilyo ng Matatanda at Ang Paggamit ng E-Cigarette sa California

Marami sa mga gumagamit ng tabako sa California ay naninigarilyo. Ayon sa California Department of Public Health (DPH), ang California ay may isa sa pinakamababababang bilang ng matatandang naninigarilyo sa bansa. Iniuulat ng DPH na halos 12 porsyento ng matatanda ang naninigarilyo noong 2013, kumpara sa halos 24 porsyentyon ng matatanda noong 1988. Habang patuloy na bumababa ang bilang ng mga naninigarilyo sa California sa loob ng mga nakalipas na dekada dahil sa iba't ibang bagay, lumalabas na bumabagal ang pagbabang ito sa mga nakalipas na taon ayon sa DPH. Dahil bumababa ang bilang ng mga indibidwal na naninigarilyo sa California, bumababa rin ang kabuuang halaga ng sigarilyong binibili ng mga mamimili sa California. Dahil dito, bumaba rin ang mga kita mula sa mga buwis sa mga pagbiling ito.

Iniuulat ng DPH na ang paggamit ng e-cigarette ng mga nasa hustong gulang sa California ay nasa halos 4 porsyento noong 2013, halos dumoble kumpara sa naunang taon. Ngunit dahil mga bagong produkto ang mga e-cigarette, kaunti lang ang impormasyon upang matukoy ang matagalang paggamit ng mga e-cigarette.

Mga Programang Pangkalusugan ng Estado at Lokal

Medi-Cal. Ang Department of Health Care Services ay nagpapatupad ng programa ng Medi-Cal ng California, kung saan nagbibigay ng mga pagsaklaw sa pangangalaga ng kalusugan sa humigit 13 milyong mahihirap, o halos isang-katlo ng mga Taga-California. Gamit ang kabuuang tinantyang badyet na halos 95 bilyong dolyar (humigit-kumulang 23 bilyong dolyar na Pangkalahatang Pondo) para sa taong 2015–16, binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan gaya ng inpatient at outpatient na pangangalaga sa ospital, sanay na pag-aalaga, mga inireresetang gamot, pangangalaga ng ngipin at mga pagbisita sa doktor. Ang ilan sa mga ibinibigay na serbisyo sa programa ng Medi-Cal ay para sa pagpigil at paggamot sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako.

Mga Programa sa Pampublikong Kalusugan. Ang DPH ay nagpapatupad at namamahala ng maraming iba't ibang programa na may layuning pabutihin ang kalusugan at kapakanan ng mga taga-California. Tinutugunan ng mga programa ng departmento ang malalawak na isyung pangkalusugan, kabilang ang mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako, kalusugan ng mag-ina, cancer at iba pang malalalang sakit, pagkontrol sa sakit dulot ng impeksyon at inspeksyon sa mga pasilidad na pangkalusugan. Maraming programa at serbisyo sa pampublikong kalusugan ang ipinapaabot sa lokal na antas, habang ang estado ang nagbibigay ng pondo, pamamahala at pangkalahatang pinag-isipang pamumuno para sa pagpapabuti ng

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, pumunta sa pahina 134.

kalusugan ng populasyon. Halimbawa, ang DPH ay nagpapatupad ng Programa sa Pagkontrol ng Tabako sa California—isang programa ng Proposisyon 99—na nagpopondo sa mga aktibidad upang mabawasan ang pagkakasakit at pagkamatay nang dahil sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako na may badyet na humigit-kumulang 45 milyong dolyar sa taong 2015–16.

Mga Kamakailang Pagbabago sa Mga Batas na Nauugnay sa Tabako

Kamakailang ipinasa ng Lehislatura, at nilagdaan ng Gobernador noong Mayo 2016, ang bagong batas na nauugnay sa tabako na nagdulot ng malalaking pagbabago sa batas ng estado. Inilalarawan ng Pigura 3 ang mga pagbabagong ito. Noong Mayo 2016 din, ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay naglabas ng mga bagong tuntunin na nagpapalawak sa awtoridad ng pagkontrol ng FDA upang isama ang mga e-cigarette, cigar at iba pang mga produkto ng tabako. Ang mga kamakailang pagbabagong ito ay hindi direktang nakaapekto sa mga buwis ng estado sa mga produktong ito o sa mga programang nakakatanggap ng pondo mula sa mga buwis na ito.

Limitasyon sa Paggastos ng Estado at Pinakamababang Antas ng Pagpopondo para sa Edukasyon

Ang Saligang-batas ng Estado ay naglalaman ng iba't ibang tuntuning nakakaapekto sa badyet ng estado. Ang Proposisyon 4, na ipinasa ng mga botante noong 1979, ay nagtatakda ng limitasyon sa paggastos ng estado. Ang Proposisyon 98, na ipinasa noong 1988, ay nagtatalaga ng pinakamababang antas ng taunang pagpopondo para sa K–12 na edukasyon at sa Mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

MUNGKAHI

Dinaragdagan ng panukalang ito ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako at inilalapat ang buwis na ito sa mga e-cigarette. Ang mga karagdagang kita ay gagamitin para sa iba't ibang natukoy na layunin. Ang mga pangunahing probisyon ng panukala ay nakasaad sa ibaba.

Mga Bagong Buwis na Ipinapataw ng Panukala

Dinaragdagan ang Buwis sa Sigarilyo ng $2 Kada Kaha. Simula Abril 1, 2017, ang buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa isang kaha ng sigarilyo ay daragdagan ng $2—mula 87 sentimo patungong $2.87.

Tinataasan ang Katumbas na Buwis sa Iba Pang Mga Produkto ng Tabako. Gaya ng naunang nakasaad, inaatasan ng kasalukuyang batas ang mga buwis sa iba pang mga produkto ng tabako na dagdagan sa tuwing tataas ang buwis sa mga sigarilyo. Partikular dito, iniaatas ng batas ng estado ang pagdagdag sa mga buwis sa iba pang mga produkto ng tabako upang maging katumbas sa pagdagdag sa mga buwis sa mga sigarilyo. Ayon dito, tataasan din ng panukala ang buwis sa iba pang mga produkto ng tabako ng $2—mula $1.37 (ang kasalukuyang antas ng buwis sa mga produktong ito) patungo sa katumbas na buwis na $3.37 kada kaha ng sigarilyo.

Pinapatawan ng Mga Bagong Buwis ang Mga E-Cigarette. Gaya ng nakasaad sa itaas, kasalukuyang hindi isinasama ng estado ang mga e-cigarette sa pagpapakahulugan ng iba pang mga produkto ng tabako para sa pagpapataw ng buwis. Binabago ng panukala ang pagpapakahulugan ng "iba pang mga produkto ng tabako" para sa pagpapataw ng buwis upang isama ang mga e-cigarette na naglalaman ng nicotine o likidong may nicotine (kilala bilang e-liquid). Kapag binago ang pagpapakahulugan sa ganitong paraan, mailalapat din ang $3.37 na katumbas na buwis sa mga produktong ito.

Pigura 3
Mga Kamakailang Pagbabago sa Mga Batas Kaugnay ng Tabako[a]

Batas	Paksa	Paglalarawan
Kabanata 4 ng 2016 (AB2X 7, Stone)	Paninigarilyo sa lugar ng trabaho	Pinapalawak ang pagbabawal sa paninigarilyo sa lugar ng pagtatrabaho at inaalis ang iba't ibang tinukoy na pagkalibre para sa paninigarilyo sa lugar ng trabaho.
Kabanata 5 ng 2016 (AB2X 9, Thurmond)	Mga programa sa paggamit ng tabako	Pinapalawak ang pagiging karapat-dapat at mga iniaatas ng pagpopondo sa pagpigil sa paggamit ng tabako upang mapabilang ang mga paaralan ng karta.
Kabanata 6 ng 2016 (AB2X 11, Nazarian)	Paglilisensiya ng produkto ng sigarilyo at tabako: mga bayad at pagpopondo	Tinataasan ang mga bayad sa paglilisensiya ng tagatingi, tagapamahagi, at tagabenta ng pakyawan ng sigarilyo at tabako. Magkakaroon ng bisa sa Enero 1, 2017.
Kabanata 7 ng 2016 (SB2X 5, Leno)	Mga electronic cigarette	Pinapalawak ang kahulugan ng mga produkto ng tabako upang maisama ang mga electronic na sigarilyo at binibigyan ng kahulugan ang terminong paninigarilyo, gaya ng tinukoy.[b]
Kabanata 8 ng 2016 (SB2X 7, Hernandez)	Mga produkto ng tabako: minimum na legal na edad	Itinataas ang minimum na edad na sa pagbili ng mga produkto ng tabako mula 18 taong gulang sa 21 taong gulang.

[a] Maliban kung binanggit sa paglalarawan, magkakaroon ng bisa ang bagong batas sa Hunyo 9, 2016.
[b] Ang pinalawak na kahulugan na ito ng mga produkto ng tabako upang maisama ang mga electronic na sigarilyo ay hindi nalalapat para sa mga layunin ng pagbubuwis.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Paano Gagastusin ang Mga Kita Mula sa Mga Bagong Buwis sa Tabako at E-Cigarette?

Ang mga kita mula sa mga buwis para sa produkto ng sigarilyo, iba pang produkto ng tabako at e-cigarette na dinagdagan ng panukalang ito ay direktang idedeposito papunta sa isang bagong espesyal na pondo. Ang mga kitang naideposito sa pondong ito ay gagamitin lang para sa mga layuning nauna nang isinaad sa panukala, gaya ng nakasaad sa ibaba. (Ang mga kita mula sa paglalapat ng $1.37 kada kahang rate sa mga e-cigarette, gayunpaman, ay susuporta sa mga layunin ng Proposisyon 99 at Proposisyon 10. Magiging bagong kita ito sa mga pondong ito.)

Gaya ng ipinakita sa Pigura 4, paghahati-hatiin ang mga kita gaya ng sumusunod:

Pigura 4

Paano Gagastusin ang Bagong Kita sa Buwis

Programa o Entidad	Halaga	Layunin
Hakbang 1: Palitan ang mga Nawalang Kita		
Mga Kasalukuyang Pondo mula sa Buwis sa Tabako	Tinutukoy ng BOE	Palitan ang mga nawalang kita dahil sa mas kaunting pagkonsumo ng tabako na resulta ng pagtaas ng hindi tuwirang buwis.
Buwis sa Pagbebenta at Paggamit ng Estado at Lokal na Pamahalaan	Tinutukoy ng BOE	Palitan ang mga nawalang kita dahil sa mas kaunting pagkonsumo ng tabako na resulta ng pagtaas ng hindi tuwirang buwis.
Hakbang 2: Pangangasiwa sa Buwis		
BOE—pangangasiwa	5 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga gastos upang mapangasiwaan ang buwis.
Hakbang 3: Mga Partikular na Halaga para sa Iba't ibang Entidad ng Estado[a,b]		
Iba't ibang entidad ng estado—pagpapatupad[c]	$48 milyon	Iba't ibang mga aktibidad ng pagpapatupad ng mga batas na nauugnay sa tabako.
UC—pagsasanay ng doktor	$40 milyon	Pagsasanay ng doktor upang tumaas ang bilang ng mga doktor ng pangunahing pangangalaga at doktor ng emerhensiya sa California.
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan—Programang Pangngipin ng Estado	$30 milyon	Pagtuturo tungkol sa pagpigil at paggamot sa sakit sa ngipin.
Tagasuri ng Estado ng California	$400,000	Pagsusuri sa mga ahensiyang tumatanggap ng mga pondo mula sa mga bagong buwis, kahit isang beses lang bawat dalawang taon.
Hakbang 4: Mga Natirang Pondo para sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado[a]		
Medi-Cal—DHCS	82 porsiyento ng mga natirang pondo	Pinapataas ang antas ng bayad para sa pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo, at paggamot na ibinibigay sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Hindi maaaring palitan ng DHCS ang mga kasalukuyang pondo ng estado para sa mga parehong layunin na ito ng mga bagong kita na ito.
Programa ng Pagkontrol sa Tabako ng California—Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan	11 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga programa ng pagkontrol at pagpigil sa paggamit ng tabako na naglalayong bawasan ang karamdaman at kamatayan mula sa mga sakit na nauugnay sa tabako.
Programa para sa Sakit na Nauugnay sa Tabako—UC	5 porsiyento ng mga natirang pondo	Medikal na pananaliksik tungkol sa pagpigil sa paggamit, maagang pagtukoy, mga paggamot, at mga potensyal na lunas sa lahat ng uri ng cancer, cardiovascular na sakit at sakit sa baga, at iba pang mga sakit na nauugnay sa tabako. Hindi maaaring palitan ng UC ang mga kasalukuyang pondo ng estado at lokal na pamahalaan para sa layuning ito ng mga bagong kita na ito.
Mga Programa ng Paaralan—Kagawaran ng Edukasyon ng California	2 porsiyento ng mga natirang pondo	Mga programa ng paaralan na pipigil at magpapababa sa paggamit ng mga produkto ng tabako ng mga kabataan.

[a] Lilimitahan ng panukala ang halaga ng mga kitang kinalap ng panukala na maaaring gamitin upang magbayad para sa mga gastos na pampangasiwaan, na tutukuyin ng Tagasuri ng Estado sa pamamagitan ng regulasyon, sa hindi hihigit sa 5 porsiyento.

[b] Isasaayos nang naaangkop ng BOE ang mga paunang tinukoy na halaga taun-taon, na magsisimula dalawang taon pagkatapos magkaroon ng bisa ang panukala kung natukoy ng BOE na nagkaroon ng pagliit sa mga kita na resulta ng pagbaba ng pagkonsumo ng mga produkto ng sigarilyo at tabako dahil sa panukala.

[c] Ipapamahagi ang mga pondo sa Kagawaran ng Hustisya/Opisina ng Pangkalahatang Abugado ($30 milyon), Opisina ng Pangkalahatang Abugado ($6 na milyon), Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ($6 na milyon), at BOE ($6 na milyon).

BOE = Board of Equalization (Lupon ng Tagapamahala ng Buwis); UC = University of California (Unibersidad ng California); at DHCS = Department of Health Care Services (Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan).

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, pumunta sa pahina 134.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

- ***Unang Hakbang.*** Inaatas ng panukala na gamitin muna ang mga bagong kitang malilikom ng panukala sa pagbawi sa mga nawalang kita sa mga partikular na mapagkukunan (mga umiiral na pondo at buwis sa pagbebenta ng tabako na ipinapataw ng estado) na idinulot ng panukala. Mangyayari ang mga pagkawala ng kita na ito dahil sa mas kaunting pagbili ng mga produkto ng tabako dahil na rin sa mas matataas na buwis.
- ***Pangalawang Hakbang.*** Makakatanggap ang Lupon ng Tagapamahala (Tagakulekta / Mangingilak / Tagasingil) ng Buwis ng Estado ng hanggang 5 porsyento ng mga natitirang pondo upang bayaran ang mga gastos na pampangasiwaan upang ipatupad ang panukala.
- ***Pangatlong Hakbang.*** Nagbibigay ang panukala sa mga natukoy na entidad ng estado ng mga nakatakda nang dolyar na halaga taun-taon para sa mga partikular na layunin, gaya ng inilalarawan sa Pigura 4.
- ***Pang-apat na Hakbang.*** Ilalaan ang mga natitirang pondo—gamit ang mga partikular na porsyento—para sa iba't ibang programa, una na ang pagdaragdag ng gagastusin sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan para sa mahihirap at mga pamilyang saklaw ng programa ng Medi-Cal.

Iba Pang Mga Probisyon

Mga Kinakailangang Pagsusuri. Magsasagawa ang Tagasuri ng Estado ng California ng mga pagsusuri ng mga ahensyang nakakatanggap ng mga pondo mula sa mga bagong buwis kahit tuwing makalawang taon lang. Ang Tagasuri, na siyang nagbibigay ng mga independyenteng pagsusuri ng mga aktibidad ng pananalapi at pangangasiwa ng pamahalaan ng California, ay makakatanggap ng hanggang 400,000 dolyar taun-taon upang bayaran ang mga magagastos sa pagsasagawa ng mga pagsusuring ito.

Mga Kitang Hindi Saklaw ng Limitasyon sa Paggastos ng Estado at Pinakamababang Antas ng Pagpopondo sa Edukasyon. Binabago ng Proposisyon 56 ang Saligang-batas ng Estado upang hindi masaklaw ang mga kita at paggasta ng panukala sa legal na limitasyon sa paggasta ng estado. (Ang legal na hindi pagsaklaw na ito ay kagaya ng umiiral at inaprubahan ng botanteng mga pagtaas sa mga buwis sa tabako.) Sa panukalang ito, hindi rin sinasaklawan ang mga kita mula sa mga kinakailangan ng pinakamababang pagpopondo para sa edukasyon na nakaatas sa ilalim ng Proposisyon 98.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maraming epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Ang mga pangunahing epekto ng panukalang ito ay tatalakayin sa ibaba.

Mga Epekto sa Estado at mga Lokal na Kita

Daragdagan ng Mga Bagong Buwis para sa Produkto ang Kita ng Estado ng Mahigit 1 Bilyong Dolyar sa taong 2017–18. Makakalikom ang panukalang ito ng mula $1.3 bilyon hanggang $1.6 bilyon sa

Pigura 5

Paano Ilalaan ang Mga Tinatantiyang Kita sa 2017–18

(Sa Mga Milyon)

	2017–18	
	Mababang Hanay[a]	Mataas na Hanay[a]
Tinatantiyang kita mula sa mga bagong hindi tuwirang buwis	$1,270	$1,610
Palitan ang nawalang kita[b]	230	200
Ilalaang Tinatantiyang Kabuuang Kita	**$1,040**	**$1,410**
Pangangasiwa sa Buwis		
Lupon ng Tagapamahala ng Buwis—mga gugol na pampangasiwaan	$50	$70
Mga Partikular na Halagang Ilalaan sa Mga Entidad ng Estado		
Iba't ibang entidad ng estado—pagpapatupad	$48	$48
Unibersidad ng California—pagsasanay ng doktor	40	40
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan—Programang Pangngipin ng Estado	30	30
Tagasuri ng Estado ng California—mga pagsusuri	—[c]	—[c]
Ilalaan sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado ang Mga Natirang Pondo		
Medi-Cal	$710	$1,000
Programa sa Pagkontrol ng Paggamit ng Tabako	100	130
Programa para sa Sakit na Nauugnay sa Tabako—Unibersidad ng California	40	60
Mga programa ng paaralan	20	20

[a] Hindi pa tiyak ang tugon ng mamimili sa iminungkahing mga pagtaas ng buwis, kaya nagpakita kami ng hanay ng mga posibleng resulta. Nagpapakita ang maliit na pagtatantiya ng kita ng malakas na tugon ng mamimili, habang nagpapakita ang malaking pagtatantiya ng kita ng mahinang tugon ng mamimili.
[b] Pagtatantiya ng LAO. Tutukuyin ng Lupon ng Tagapamahala ng Buwis ang mga halagang papalitan sa nawalang kita.
[c] $400,000.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

IPINAGPATULOY

karagadagang kita ng estado sa taong 2017–18—ang unang buong taon ng pagpapatupad ng panukala. Ang buwis para sa produkto ay magreresulta sa mas matataas na presyo para sa mga mamimili. Dahil dito, babawasan ng mga mamimili ang kanilang pagkonsumo ng mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako, kabilang na ang mga e-cigarette. (Maraming mamimili rin ang maaaring magbago ng kanilang paraan sa pagbili ng mga produktong ito upang maiwasan ang buwis.) Ang sakop ng bagong kita ay nagpapakita ng walang katiyakan sa kung gaano kalaki ang ibabawas ng mga mamimili sa kanilang mga pagbili bilang tugon sa mga mas mahal na presyo. Ang pagtantya sa mababang sakop ($1.3 bilyon) ay umaasang mas magiging matindi ang tugon ng mga mamimili sa buwis kaysa sa pagtantya sa mataas na sakop ($1.6 bilyon). Sa mga darating na taon, maaaring bumaba ang mga kita kumpara sa taong 2017–18 dahil sa mga magiging pagbabago sa kagustuhan ng mga mamimili.

Ang Paglalapat ng Mga Buwis para sa Produkto sa Mga E-Cigarette ay Makakadagdag Din ng Kita para sa Mga Umiiral na Pondo sa Tabako. Gaya ng naunang isinaad, pinalalawak ng panukala ang pagpapakahulugan ng iba pang mga produkto ng tabako upang maisama ang mga e-cigarette. Dahil dito, sasailalim ang mga e-cigarette sa mga buwis na naipasa ng mga botante sa Proposisyon 99 at Proposisyon 10. Dahil dito, ang mga pondong sinusuportahan ng dalawang proposisyong iyon ay makakatanggap ng karagdagang kita dahil sa panukalang ito. Ang karagdagang kitang ito ay malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Mahigit 1 Biyong Dolyar na Dinagdagang Pagpopondo sa taong 2017–18, Karamihan ay para sa Mga Programang Pangkalusugan ng Estado. Tinatantya ng Pigura 5 ang halaga ng pagpopondong matatanggap ng bawat programa at ahensiya ng pamahalaan mula sa mga bagong kita sa buwis sa taong 2017–18. Pagkatapos mabayaran ang mga pagkawala ng kita na nagresulta mula sa panukala, ang available na kita para sa mga partikular na aktibidad na pinopondohan ng panukala—karamihan ay mga programang pangkalusugan—ay magiging mula 1 bilyong dolyar hanggang 1.4 bilyong dolyar. Kung patuloy na bababa ang paggamit ng sigarilyo, magiging mas mura ang mga halagang ito kahit papaano sa mga darating na taon. Dagdag pa rito, karamihan sa mga idinagdag na paggasta sa mga programang pangkalusugan ay magdudulot pa ng karagdagang pederal na pagpopondo sa estado. Dahil dito, mangongolekta ang estado at mga lokal na pamahalaan ng ilang karagdagang kita sa pangkalahatang buwis.

Maaaring Magkaroon ng Kaunting Epekto sa Kita ng Buwis sa Pagbebenta na Ipinapataw ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Kapag mas matataas ang presyo ng sigarilyo at iba pang produkto ng tabako, tataas ang kita ng buwis sa pagbebenta na ipinapataw ng estado at lokal kung magpapatuloy ang mga mamimili sa pagbili ng parehong dami ng mga produktong ito. Gayunpaman, mas mababawasan ang pagbili ng mga mamimili ng mga produktong ito dahil sa pagtaas ng mga presyo nang dahil sa mga buwis ng panukala. Dahil dito, ang epekto ng panukala sa kita ng buwis sa pagbebenta at maaaging maging positibo, negatibo o hindi nagbago sa pangkalahatan, depende sa magigng tugon ng mga mamimili. Sa ilalim ng panukala, kung nakatanggap ang estado at mga lokal na pamahalaan ng mas kaunting kita sa buwis sa pagbebenta bilang resulta ng mga buwis ng panukala, ang mga pagkawalang iyon ay papalitan ng kitang malilikom ng panukala.

Mga Epekto sa Pagkolekta ng Buwis para sa Produkto. Gaya ng nakasaad sa Pigura 4, magbibigay ang panukala ng karagdagang pagpopondo sa iba't ibang ahensiya ng estado upang masuportahan ang pagpapatupad ng batas ng estado. Gagamitin ang mga pondong ito upang suportahan ang mas maiigting na hakbang sa pagpapatupad upang mabawasan ang pag-iwas sa buwis, pagpapalsipika, pagpupuslit at ang mga hindi lisensyadong pagbebenta ng mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako. Ang mga nasabing hakbang ay magpapataas ng kita sa buwis. Gagamitin din ang mga pondo upang suportahan ang mga hakbang sa pagbabawas ng pagbebenta ng mga produkto ng tabako sa mga menor de edad, na babawas sa pagkolekta ng kita. Dahil dito, hindi malinaw ang epekto sa neto sa kita ng buwis sa pagbebenta mula sa mga aktibidad ng pagpapatupad na ito. Bilang karagdagan, habang ang mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako—gaya ng kasalikuang inilarawan—ay sinasaklawan ng mga batas na pederal upang mapigilan ang pag-iwas sa buwis, hindi saklaw ang mga e-cigarette. Dahil dito, ang pagpapatupad ng mga buwis para sa produkto na ipinapataw ng estado sa mga e-cigarette ay maaaring mas maging mahirap kung bumili ang mga mamimili ng higit pa ng mga produktong ito online upang maiwasan ang mga bagong buwis.

Epekto sa Mga Paggasta ng Estado at Lokal na pamahalaan para sa Pangangalaga ng Kalusugan

Ang estado at mga lokal na pamahalaan sa California nagkaroon ng mga paggasta para sa pagbibigay ng (1) pangangalaga ng kalusugan para sa mahihirap at walang insurance at (2) pagsaklaw sa insurance sa kalusugan para sa mga empleyado at retirado ng estado at lokal na pamahalaan. Dahil dito, ang mga pagbabago sa batas ng estado gaya ng mga ginawa ng panukalang ito na nakaapekto sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ay makakaapekto rin sa mga paggasta sa pangangalaga ng kalusugan na pinopondohan ng publiko.

Halimbawa, gaya ng tinalakay sa itaas, magreresulta ang panukalang ito sa pagkaunti ng pagkonsumo ng mga produkto ng tabako bilang resulta ng pagtaas ng presyo ng mga produkto ng tabako. Dagdag pa rito, nagbibigay ang panukalang ito ng pagpopondo para sa mga programa sa pag-iwas at pagtigil sa paggamit ng tabako, at naging mabisa ang mga programang ito, sa pahlaon ay mababawasan nito ang pagkonsumo ng mga produkto ng tabako. Ang paggamit ng mga produkto ng tabako ay naiugnay ng mga pederal na awtoridad sa kalusugan at maraming siyentipikong pag-aaral sa iba't ibang masamang epekto sa kalusugan. Kung kaya, babawasan ng panukalang ito ang paggasta ng pangangalaga ng kalusugan ng estado at lokal sa mga sakit na nakukuha sa paggamit ng tabako sa loob ng mahabang panahon.

Magkakaroon ang panukalang ito ng iba pang mga epekto sa pananalapi na babawi sa mga pagkatipid na ito. Halimbawa, mararanasan ng estado at mga lokal na pamahalaan ang mga paggasta sa pangangalaga ng kalusugan at mga serbisyong panlipunan sa hinaharap na hindi na mangyayari dahil mabubuhay nang mas matagal ang mga indibidwal na nakaiwas sa mga sakit na nakukuha sa tabako. Dagdag pa rito, ang epekto ng buwis sa mga e-cigarette sa kalusugan at mga nauugnay na paggasta sa loob ng mahabang panahon ay hindi pa alam, dahil bagong device pa lang ang mga e-cigarette at pinag-aaralan pa rin ang mga epekto sa kalusugan ng mga e-cigarette. Kung kaya, hindi pa alam ang epekto sa pananalapi ng mahabang taning na neto ng panukalang ito sa mga paggasta ng estado at lokal na pamahalaan.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 56, tingnan ang pahina 134.

BUWIS SA SIGARILYO UPANG PONDOHAN ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, PAGPIGIL SA PAGGAMIT NG TABAKO, PANANALIKSIK, AT PAGPAPATUPAD NG BATAS. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 56 ★

Ang Network ng Pagkilos sa Kanser ng Samahan Para sa Kanser ng Amerika, Kapisanan sa Baga ng Amerika sa California at Kapisanan sa Puso ng Amerika ang nagtataguyod ng Prop. 56 dahil nakakasagip ng buhay ang pagbubuwis sa tabako sa pamamagitan ng pagpapahinto sa mga tao o paghikayat sa kanilang huwag magsimula sa paninigarilyo.

Alamin ang mga detalye sa *Yes0n56.org*.

BUMOTO NG OO SA PROP. 56 UPANG MAPIGILAN ANG PANINIGARILYO NG MGA BATA AT MABAWASAN ANG MGA GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGANG NAUUGNAY SA PAGGAMIT NG TABAKO

Ang tabako ay nananatiling isang NAKAKAMATAY at MAHAL na produkto na nakakasama sa lahat sa California—kahit na sa mga hindi naninigarilyo.

• Taun-taon, ang tabako ay mas nagdudulot pa ng mas maraming insidente ng pagkamatay kaysa sa pinagsama-samang bilang ng pagkamatay dahil sa pamamaril, aksidente sa sasakyan, HIV, alak, at bawal na gamot. Tabako ang #1 dahilan ng maiiwasang pagkamatay—at taun-taon, 40,000 taga-California ang namamatay dito.
• Taun-taon, 3.58 BILYONG dolyar ang nagagastos ng mga taga-California sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa paggamit ng tabako.

Gayundin, bilyun-bilyon na ang kinita ng Big Tobacco mula sa California at hanggang ngayon ay sinusubukan pa rin nitong hikayatin ang mga henerasyon sa hinaharap sa isang habambuhay na pagkakalulong dito. Alam nilang sa pamamagitan ng Prop.56 ay mapipigilan ang mga kabataan sa paninigarilyo. *Kaya* naman gagastos sila ng milyun-milyong dolyar upang mapigilan ang Prop. 56: upang protektahan ang kanilang kita kahit ikapahamak pa natin.

ANG PROP. 56 AY GUMAGANA TULAD NG BAYARIN NG GUMAGAMIT, BINUBUWISAN NITO ANG TABAKO UPANG MAKATULONG SA MGA GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NA NAUUGNAY SA PAGGAMIT NG TABAKO

Dinaragdagan ng Prop. 56 ang buwis sa mga sigarilyo at iba pang mga produktong gawa sa tabako, kabilang ang mga electronic cigarette.

Ang mga tao lang na magbabayad ay iyong mga gumagamit ng mga produktong gawa sa tabako, at gagamitin ang pera upang pondohan ang mga umiiral nang programa sa pagpigil sa paninigarilyo, pagpapahusay ng pangangalagang pangkalusugan at pananalisik sa lunas ng kanser at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako.

ANG PROP. 56 AY TUNGKOL SA PAGIGING PATAS—KUNG HINDI KA GUMAGAMIT NG TABAKO, HINDI KA MAGBABAYAD

Taun-taon, 3.58 BILYONG dolyar ang ginagastos ng mga nagbabayad ng buwis sa California—$413 kada pamilya, naninigarilyo man sila o hindi—nagbabayad sila ng mga gastusing medikal para sa mga naninigarilyo. Ang Prop. 56 ay isang payak na usapin tungkol sa pagiging patas—gumagana ito tulad ng bayarin ng gumagamit sa mga produktong gawa sa tabako upang mabawasan ang paninigarilyo at matiyak na tumutulong ang mga naninigarilyong magbayad para sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan.

MAPIPIGILAN NG PROP. 56 ANG MGA KABATAAN SA PANINIGARILYO

Sa pamamagitan ng pagtataas ng buwis sa tabako, mapipigilan ang mga kabataan sa paninigarilyo, ayon sa Pinunong Doktor sa Pag-oopera ng US. Sa kabila nito, California ang isa sa mga pinakamababang magbuwis sa tabako sa buong bansa. Ngayong taon pa lang, tinatayang 16,800 kabataang taga-California ang magsisimulang manigarilyo at sang katlo rito ang mamamatay dahil sa mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako.

Bumaba ang bilang ng mga naninigarilyo sa mga estadong nagtaas ng kanilang buwis sa sigarilyo. Napakahalaga ng Prop. 56 dahil makakatulong ito sa pag-iwas ng mga kabataan na maging habambuhay na lulong sa paninigarilyo at makakapagligtas ito ng buhay ng mga henerasyon sa hinaharap.

NILALABANAN NG PROP. 56 ANG PINAKABAGONG DISKARTE NG BIG TOBACCO SA PAGHIHIKAYAT SA MGA BATA

Mga electronic cigarette ay pinakabagong diskarte ng Big Tobacco upang mahikayat ang mga batang malulong sa nikotina. Alam nilang 90% ng mga naninigarilyo ang nagsisimula sa kanilang kabataan. Ang mga kabataang gumagamit ng mga e-cigarette ay dalawang beses na posibleng magsimula sa paninigarilyo ng mga tradisyonal na sigarilyo. Ito ang dahilan kung bakit bawat isang malaking korporasyon ng tabako ay mayroon na ngayong hindi bababa sa isa na sariling brand ng e-cigarette. May ilang e-cigarette din na nanghihikayat ng mga bata gamit ang mga mapanghikayat na tema gaya ng Barbie, Minions at Tinker Bell, at mga flavor tulad ng cotton candy at bubble gum.

Binubuwisan ng Prop. 56 ang mga e-cigarette tulad ng mga produktong gawa sa tabako, upang mapigilan ang mga batang malulong sa gawing ito na mahirap ihinto, mahal at nakakamatay.

KABILANG SA PROP. 56 ANG MGA MAHIGPIT NA PANUKALA SA MALINAW NG IMPORMASYON AT PAGTUTUOS

Ang Prop. 56 ay may mga nakatalagang pangkaligtasang hakbang, kabilang ang mga hiwalay na pagtatasa at mahigpit na limitasyon sa paggasta sa pamamahala at mga gastusin sa pangangasiwa. Hayagang ipinagbabawalan ng Prop. 56 ang mga politiko sa paggamit ng mga pondo para sa kanilang mga pansariling adhikain.

MAHALAGA ANG BUHAY. BUMOTO NG OO SA 56.

JOANNA MORALES, Dating Tagapangulo ng Lupon
Samahan Para sa Kanser ng Amerika, Dibisyon sa California

TAMI TITTELFITZ, R.N., Miyembro ng Lupon sa Pamumuno
Kapisanan sa Baga ng Amerika sa California

DAVID LEE, M.D., Presidente
Kapisanan sa Puso ng Amerika, Mga Kasapi sa mga Estado sa Kanluran

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 56 ★

Ang Prop. 56 ay partikular na isinulat upang pinansyal na makinabang ang mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at iba pang mayamang espesyal na interes. Isa na naman itong halimbawa lang ng pagbabadyet ng kahon ng balota ng espesyal na interes. *Mahigit 16 na milyong dolyar na ang naiambag upang maipasa ito.*

Gusto nilang paniwalain kayo na ito ay tungkol sa pagtulong sa mga taong huminto sa paninigarilyo, ngunit hindi dito mapupunta ang karamihan ng pera:

13% lang mula sa pera sa bagong buwis na ito ang mapupunta sa paggamot ng mga naninigarilyo o pagpigil sa mga bata na magsimula sa paninigarilyo (Seksyon 30130.55(b) ng Prop.56).

82% sa pera sa bagong buwis na ito—1 bilyon dolyar kada taon—ang mapupunta sa mga kumpanya ng seguro at iba pang mayamang espesyal na interes (Seksyon 30130.55(a)) *at hindi nila kailangang gumamot ng kahit isang karagdagang naninigarilyo upang makuha ang pera.*

Halos 10% ang maaaring gastusin sa pangangasiwa at paggasta (Seksyon 30130.57(a)&(f)).

Kung tutuusin, ang Prop. 56 ay walang pagtutuos sa nagbabayad ng buwis kung paano gagastusin ng mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at iba pang provider ang pera dito. Maaaring mabigyan ng mga CEO at mataas na tagapagpaganap ang kanilang mga sarili ng mas mataas na sweldo at kita mula sa ating mga dolyar sa buwis.

NILILINLANG NG PROP. 56 ANG MGA PAARALAN

Kung tutuusin, nililinlang ng Prop. 56 ang mga paaralan nang hindi bababa sa 600 milyong dolyar kada taon sa pamamagitan ng susog sa Saligang-batas ng Estado upang maisantabi ang garantiya sa pinakamaliit na pagpopondo sa paaralan sa California. *Sa katunayan, panlilinlang ang tanging dahilan ng Prop. 56 sa pagsusog nito sa Saligang-batas.*

HINDI DAPAT MAPALAMPAS ANG MGA ESPESYAL NA INTERES SA PAGGAMIT SA PROP. 56 SA PAGPAPAYAMAN SA KANILANG MGA SARILI KAHIT PA MAISAALANG-ALANG ANG PAGPOPONDO NG MGA PAARALAN, PAG-AAYOS NG MGA KALSADA AT PAGSUGPO SA KARAHASAN.

Sundan ang pera para sa katotohanan sa *www.NoOnProposition56.com* at sumali sa amin sa pagboto ng HINDI sa Prop. 56.

MIKE GENEST, Dating Direktor
Kagawaran ng Pananalapi ng California

TOM BOGETICH, Dating Tagapagpaganap na Direktor
Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California

LEW UHLER, Presidente
Komite sa Pambansang Limitasyon sa Buwis

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ng mga ito ay hindi nasuri ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 56 ★

GUSTO NATING LAHAT NA TULUNGAN ANG MGA TAONG HUMINTO SA PANINIGARILYO, NGUNIT ANG PROP. 56 AY HINDI ANG SINASABI NITONG IPINAGLALABAN NITO.

Ang Prop. 56 ay $1.4 na bilyong "pagtaas ng buwis" ng mga kumpanya sa seguro at iba pang mayaman na espesyal na interes upang pataasin ang kanilang mga kita sa pamamagitan ng pagbibigay ng hindi sapat na pondo sa mga paaralan at pagbabalewala sa mga dapat tugunang problema.

13% lang ng pera sa bagong buwis sa tabako ang inilalaan ng Prop. 56 sa pagpapagamot ng mga naninigarilyo o pagpigil sa mga bata sa pagsisimula sa paninigarilyo. Kung bubuwisan pa natin ang mga naninigarilyo ng karagdagang $1.4 na bilyon kada taon, higit pa rito ang dapat ilaan sa paggamot sa kanila at pagpigil sa mga bata sa pagsisimula sa paninigarilyo. Sa halip na mapunta sa nangangailangan nito, karamihan ng $1.4 bilyon sa mga bagong buwis ay mapupunta sa mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at iba pang mga mayamang espesyal na interes.

NILILINLANG NG PROP. 56 ANG MGA PAARALAN NANG HINDI BABABA SA 600 MILYONG DOLYAR KADA TAON.

Iniaatas ng Saligang-batas ng California (sa pamamagitan ng Proposisyon 98), na dapat makatanggap ang mga paaralan nang hindi bababa sa 43% ng anumang pagtaas sa bagong buwis. Iniakda talaga ang Prop. 56 upang maisantabi ang garantiya sa pinakamaliit na pagpopondo sa paaralan ng Saligang-batas, na nagbibigay-daan sa mga espesyal na interes na makakuha nang hindi bababa sa 600 milyong dolyar kada taon mula sa mga paaralan patungo sa mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at iba pang espesyal na interes. *Walang isang kusing ng pera sa bagong buwis ang mapupunta sa pagpapahusay ng mga paaralan ng ating mga anak.*

HINDI NILULUTAS NG PROP. 56 ANG MGA PROBLEMANG KINAKAHARAP NG MGA PAMILYA SA CALIFORNIA.

Marami tayong dapat haraping problema sa California, tulad ng ganap na pagpopondo sa ating mga paaralan, pagkukumpuni ng kalsada, paglutas sa tagtuyot at paglaban sa karahasan. *Kung itataas natin ang mga buwis, dapat nating gastusin ang kita sa bagong buwis sa mga problemang ito.*

PINAPALAGO LANG NG PROP. 56 ANG KITA NG MGA KUMPANYA SA SEGURO.

Sa isa pang panlilinlang, mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at mayamang espesyal na interes ang nagsulat ng Prop. 56 at milyun-milyon ang ginagastos nila upang maipasa ito nang sa gayon ay mabayaran sila nang aabot sa mahigit 1 bilyong dolyar para sa paggamot ng parehong mga pasyente ng Medi-Cal na ginagamot na nila ngayon. *Hindi iniaatas sa kanilang tumanggap ng higit pang mga pasyente ng Medi-Cal upang matanggap ang perang ito.*

Sa halip na makagamot ng higit pang mga pasyente, maaaring pataasin ng mga kumpanya sa seguro ang kanilang kita at mas mapasweldo nang malaki ang kanilang mga CEO at mataas na tagapagpaganap. *Sa katunayan, binibigyan ng formula sa paggasta ng Prop. 56 ang mga kumpanya sa seguro at iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng 82% ng bagong buwis na ito.*

GAGASTOS ANG PROP. 56 NANG MAHIGIT 147 MILYONG DOLYAR KADA TAON SA GASTOS SA PAMAMALAKAD AT BURUKRASYA.

Kung tutuusin, maaaring gastusin ang 147 milyong dolyar na ito kada taon nang walang pagtutuos sa mga nagbabayad ng buwis. Maaari itong humantong sa malawakang pagkasayang, panloloko, at pag-abuso. *Sa katunayan, halos magkapareho ang gagastusin ng Prop. 56 sa pangangasiwa at pamamalakad sa mga pagsusumikap sa pagpigil sa paggamit ng tabako!*

HINDI SA PROP. 56

HINDI sa paggamit ng espesyal na interes sa ating proseso sa inisyatibo upang mapataas lang ang kanilang kita.

HINDI sa panlilinlang sa mga paaralan ng hindi bababa sa 600 milyong dolyar kada taon.

HINDI sa milyun-milyong dolyar sa bagong buwis na mapunta sa pamamalakad at pangangasiwa na hahantong sa pagkasayang, panloloko at pag-abuso.

HINDI sa pagbibigay sa mga kumpanya sa seguro sa kalusugan at mayamang espesyal na interes nang mas malaking kita, sa halip na lutasin ang mga totoong problema katulad ng kalsada, karahasan at ganap na pagpopondo sa mga paaralan.

MANGYARING BASAHIN NINYO ITO AT SUBAYBAYAN ANG PERA NG PROP. 56 SA:

www.NoOnProposition56.com

Mangyaring samahan kami sa pagboto ng 'HINDI' sa Prop. 56.

TOM BOGETICH, Dating Tagapagpaganap na Direktor
Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California

ARNOLD M. ZEIDERMAN, M.D., M.P.H., FACOG,
Dating Direktor, Kalusugan ng Kababaihan at Pagpaplano ng Pamilya, Kagawaran ng Kalusugan ng County ng Los Angeles

TOM DOMINGUEZ, Presidente
Kapisanan ng mga Kinatawang Syerip ng County ng Orange

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 56 ★

BUMOTO NG OO SA 56: MAHALAGA ANG BUHAY. PROTEKTAHAN ANG MGA BATA. BAWASAN ANG GASTUSIN SA PINSALA DAHIL SA PAGGAMIT NG TABAKO.

Ang tabako ay nananatiling isang NAKAKAMATAY at MAHAL na problema.

• Kada taon, 40,000 mula sa California ang namamatay dahil sa mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako. • Ngayong taon pa lang, 16,800 bata na mula sa California ang magsisimulang manigarilyo. • Taun-taon, nagbabayad ang mga ng buwis ang mga tao sa California ng 3.58 Bilyong dolyar para sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa paggamit ng tabako. Ito ay $413 kada pamilya kada taon, naninigarilyo ka man o hindi.

"Ang Prop. 56 ay magbabayad para sa PAGPIGIL SA PANINIGARILYO nang sa gayon ay hindi malulong ang mga bata rito."—*Matthew L. Myers, Presidente, Kampanya para sa Mga Batang Hindi Gumagamit ng Tabako*

ANG PROP. 56 AY GUMAGANA KATULAD NG BAYARIN NG GUMAGAMIT: TUTULONG ANG MGA NANINIGARILYO NA BAYARAN ANG KANILANG PATAS NA BAHAGI SA MGA GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Sa ilalim ng Prop. 56, magbabayad ang mga gumagamit ng tabako upang makatulong na mabawi ang 3.58 bilyong dolyar sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa paggamit ng tabako na binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis taun-taon.

May matibay na proteksyon ang Prop. 56 sa pagtutuos at malinaw na impormasyon, kabilang ang mahigpit na limitasyon sa pamamalakad, upang matiyak na hindi gagamitin ng mga politiko ang pera para sa kanilang mga personal na adhikain.

Sa ilalim ng Prop. 56, kung hindi ka gagamit ng tabako, hindi ka magbabayad.

Tungkol ito sa PAGIGING PATAS. Panahon na para sa mga gumagamit ng tabako na tumulong para sa kanilang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan sa halip na ipapasan ang mga ito sa mga nagbabayad ng buwis upang mabayaran ang mga gastusin.

HUWAG MANIWALA SA MGA KASINUNGALINGAN NG BIG TOBACCO: WALANG KINUKUHANG KAHIT ISANG KUSING ANG PROP. 56 SA MGA PAARALAN

Ilang taon nang NAGSISINUNGALING ang mga Korporasyon sa tabako tungkol sa mga panganib ng paggamit ng tabako. Ngayon, milyun-milyon ang ginagastos nila sa pagsisinungaling upang mapanatili nilang gumagamit nito ang ating mga anak at apo—at maprotektahan ang kanilang kita.

"Maingat naming sinuri ang Prop. 56. Pinoprotektahan nito ang pagpopondo ng paaralan habang tinutulungan ang ating mga anak na huwag masanay sa paggamit ng nakakamatay at nakakalulong na tabako."—*Chris Ungar, Presidente, Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California*

BUMOTO NG OO SA 56.

STUART COHEN, M.D., M.P.H., Tagapangulo ng Distrito
Akademya ng Mga Doktor sa Mga Bata ng Amerika, California

LORI G. BREMNER, Direktor ng Grassroots ng California
Network ng Pagkilos sa Kanser ng Samahan Para sa Kanser ng Amerika

ALEX M. JOHNSON, Tagapagpaganap na Direktor
Pondo para sa Pagdepensa sa Mga Bata—California

PROPOSISYON

57 MGA SENTENSIYANG PANGKRIMEN. PAROL. MGA PAGLILITIS AT PAGSENTENSIYA SA KRIMEN NG KABATAAN. INISYATIBANG PAG-AAMYENDA SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinahihintulutan ang pagsasaalang-alang ng parol para sa mga taong napatunayang nagkasala ng di-marahas na mga kasalanan, pagkatapos ng panahon sa bilangguan para sa kanilang pangunahing pagkakasala gaya ng tinukoy.
- Pinahihintulutan ang Kagawaran ng mga Bilangguan at Rehabilitasyon na maggawad ng mga kredito sa sentensiya para sa rehabilitasyon, mabuting asal, o mga nakamit sa edukasyon.
- Hinihiling sa Kagawaran ng mga Bilangguan at Rehabilitasyon na magpatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang bagong mga probisyon sa parol at sentensiya at patunayan na ang mga ito ay pinabubuti ang kaligtasan ng publiko.
- Isinasaad na ang mga hukom sa hukumang pangkabataan ay dapat gumawa ng pagpapasiya, sa mosyon ng tagausig, kung ang mga kabataang may edad na 14 at mas matanda ay dapat usigin at sentensiyahan bilang mga nasa hustong gulang para sa mga tinukoy na pagkakasala.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Kabuuang mga matitipid ng estado na malamang na nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, na pangunahing dahil sa mga pagbawas sa populasyon ng bilangguan. Ang mga matitipid ay magiging depende sa kung paano ipinapatupad ang ilang mga probisyon.
- Kabuuang gastos ng county na malamang ay ilang milyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

BATAYAN

Mga Offender na May Sapat na Gulang

Pinapatakbo ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon sa California (California Department of Corrections and Rehabilitation o CDCR) ang sistema ng bilangguan ng estado. Responsibilidad ng CDCR na ikulong ang mga may sapat na gulang na nahatulan ng malalaking pagkakasala na tinukoy sa batas ng estado bilang matindi o marahas, gayundin ng ilang partikular na sekswal na pagkakasala. Kasama sa mga halimbawa ng mga marahas na malaking pagkakasala ang pagpatay ng tao, pagnanakaw, at panggagahasa. Kasama sa mga halimbawa ng mga matinding malaking pagkakasala ang ilang partikular na uri ng pag-atake, gaya ng pag-atake na may layuning magsagawa ng pagnanakaw. Responsibilidad din ng kagawaran na ikulong ang mga indibidwal na nahatulan ng iba pang malalaking pagkakasala (gaya ng mabigat na pagnanakaw) sa mga kaso kung saan ang mga indibidwal na iyon ay nahatulan na dati ng matindi, marahas, o ilang partikular na sekswal na pagkakasala. Simula Hunyo 2016, mayroong humigit-kumulang 128,000 indibidwal sa bilangguan ng estado. Tinatalakay namin sa ibaba, ang pagsesentensya sa mga may sapat na gulang na offender at ang gamit ng mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol at kredito sa pagsesentensya.

Pagsesentensya sa May Sapat na Gulang. Ang mga indibidwal ay ipinapasok sa bilangguan sa ilalim ng sentensyang walang partikular na tagal o sentensyang may partikular na tagal. Sa ilalim ng pagsesentensyang walang partikular na tagal, ang mga indibidwal ay sinentensyahang mabilanggo sa loob ng takdang tagal ng panahon na may minimum ngunit walang partikular na maximum na panahon, gaya ng 25 taong hanggang habambuhay. Sa ilalim ng pagsesentensyang may partikular na tagal, ang mga indibidwal ay tatanggap ng hindi nagbabagong takdang tagal ng panahon sa bilangguan na may tukoy na petsa ng paglaya. Karamihan ng mga tao sa bilangguan ng estado ay nakatanggap ng sentensyang may partikular na tagal. Ang mga indibidwal sa bilangguan ay nahatulan ng malaki o mabigat na pagkakasala. Kadalasang may binubuo silang karagdagang panahon dahil sa iba pang mas magagaang krimen kung saan nahatulan sila sa parehong panahon. Bilang karagdagan, kasama din sa batas ng estado ang iba't ibang pagpapahusay sa pagsesentensya na maaaring magdagdag sa panahong bubuuin ng mga indibidwal. Halimbawa, ang mga nahatulan na dati ng matindi o marahas na pagkakasala sa pangkalahatan ay dapat doble ang bubuuing takdang tagal ng panahon para sa anumang bagong malaking pagkakasala.

Mga Pagdinig para sa Pagsasaalang-alang sa Parol. Pagkatapos buuin ng isang indibidwal ang minimum na bilang ng mga taon na kinakailangan para sa sentensyang walang partikular na tagal, magsasagawa ang Lupon ng Mga Pagdinig para sa Parol (Board of Parole Hearings o BPH) ng estado ng mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol upang matukoy kung ang indibidwal ay nakahanda nang lumaya mula sa bilangguan. Halimbawa, magsasagawa ang BPH ng nasabing pagdinig para sa isang indibidwal na nasentensyahan ng 25 taon hanggang habambuhay pagkatapos na manatili ng indibidwal sa bilangguan sa loob ng 25 taon. Kung magpasya ang BPH na huwag palayain ang indibidwal mula sa bilangguan, magsasagawa ang lupon ng kasunod na pagdinig sa hinaharap. Ang mga indibidwal na tumanggap ng sentensyang may partikular na tagal ay hindi nangangailangan ng pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol upang mapalaya mula sa bilangguan sa pagtatapos ng kanilang sentensya. Gayunpaman, ang ilan sa mga indibidwal na ito sa kasalukuyan ay karapat-dapat sa mga pagdinig para sa pagsasaalang-alang sa parol bago nila mabuo ang kabuuan ng kanilang sentensya. Halimbawa, ang ilang partikular na indibidwal na hindi nahatulan ng mga marahas na malaking pagkakasala ay karapat-dapat sa kasalukuyan sa pagsasaalang-alang sa parol pagkatapos nilang mabuo ang kalahati ng kanilang sentensya sa bilangguan. Isa ito sa ilang panukala na itinakda ng pederal na hukuman upang mabawasan ang populasyon sa bilangguan ng estado.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Mga Kredito sa Pagsesentensya. Sa kasalukuyan, pinapayagan ng batas ng estado ang CDCR na magbigay ng mga kredito sa ilalim ng ilang partikular na kundisyon sa mga inmate sa bilangguan na magpapaikli sa panahon na dapat nilang buuin sa bilangguan. Ibinibigay ang mga kredito para sa mabuting pag-uugali o para sa paglahok sa mga programa sa trabaho, pagsasanay, o edukasyon. Mahigit dalawang-katlo sa mga inmate ang karapat-dapat na tumanggap ng mga kredito. Nililimitahan ng batas ng estado ang haba na maaring ibawas sa mga sentensya ng inmate sa pamamagitan ng mga kredito. Halimbawa, sa mahigit kalahati ng mga inmate na karapat-dapat sa mga kredito, maaari lang bawasan ang kanilang mga sentensya nang 15 porsiyento dahil mayroon silang hatol para sa marahas na pagkakasala.

Hustisya para sa Kabataan

Sa pangkalahatan, ang mga kabataang inakusahang gumawa ng mga krimen habang wala pa silang 18 taong gulang ay nililitis sa hukumang pangkabataan. Gayunpaman, sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, maaari silang litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang. Tinatalakay namin sa ibaba ang proseso para sa pagtukoy kung ang isang kabataan ay lilitisin sa hukumang pangkabataan kumpara sa hukuman para sa may sapat na gulang.

Mga Kabataan sa Hukumang Pangkabataan. Iba ang mga pamamaraan sa hukumang pangkabataan kaysa sa mga pamamaraan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Halimbawa, ang isang kabataan ay hindi sesentensyahan ng mga hukom sa hukumang pangkabataan ng isang takdang tagal ng panahon sa bilangguan o kulungan. Sa halip, tutukuyin ng hukom ang naaangkop na paglalagyan at paggagamot para sa rehabilitasyon (gaya ng paggamot sa droga) para sa kabataan, batay sa mga salik gaya ng pagkakasala at kasaysayan ng krimen ng kabataan. Humigit-kumulang 44,000 kabataan ang nilitis sa hukumang pangkabataan noong 2015.

Sa pangkalahatan responsibilidad ng mga county ang mga kabataang inilagay ng mga hukumang pangkabataan. Ang ilan sa mga kabataang ito ay inilalagay sa mga pasilidad na pangkabataan ng county. Gayunpaman, kung mapag-alaman ng hukom na nakagawa ang kabataan ng ilang partikular na malalang krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, at ilang partikular na sekswal na pagkakasala), maaaring ilagay ng hukom ang kabataan sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado. Iniaatas ng batas ng estado na sa pangkalahatan ay bayaran ng mga county ang maliit na bahagi ng gastusin sa pananatili ng mga kabataan sa mga pasilidad ng estado na ito. Ang mga kabataang pinalabas mula sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado ay pinapangasiwaan sa komunidad sa pangkalahatan ng mga opisyal ng probasyon ng county.

Mga Kabataan sa Hukuman para sa May Sapat na Gulang. Sa ilang partikular na sitwasyon, ang mga kabataang inakusahang gumawa ng mga krimen noong sila ay 14 na taong gulang o mas matanda ay maaaring litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang at tumanggap ng mga sentensya para sa may sapat na gulang. (Dapat litisin ang mga kaso ng mga indibidwal na inakusahang gumawa ng mga krimen bago sila tumuntong sa 14 na taong gulang sa hukumang pangkabataan.) Ang mga nasabing kaso ay maaaring ipadala sa hukuman para sa may sapat na gulang sa isa sa tatlong sumusunod na paraan:

- ***Awtomatiko Batay sa Tindi ng Krimen.*** Kung inakusahan ang kabataan na pumatay ng tao o gumawa ng partikular na mga sekswal na pagkakasala sa ilang partikular na espesyal na pangyayari na dahilan upang maging mas matindi ang krimen (gaya ng inaakusahan din ng pagpapahirap sa biktima), dapat siyang litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang.
- ***Sa Diskresyon ng Tagausig Batay sa Krimen at Kasaysayan ng Krimen.*** Kung ang kabataan ay may malalang kasaysayan ng krimen at/o inaakusahan ng ilang partikular na krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao), ang tagausig ay maaaring direktang maghain ng mga demanda sa hukuman para sa may sapat na gulang. May ganitong kakayayahan ang mga tagausig sa mas maraming kaso para sa mga kabataan na 16 o 17 taong gulang sa oras na ginawa ang krimen kaysa sa mga kabataang 14 o 15 taong gulang.
- ***Sa Diskresyon ng Hukom Batay sa Pagdinig.*** Maaaring humiling ng pagdinig ang isang tagausig kung saan magpapasya ang hukom sa hukumang pangkabataan kung dapat bang ilipat ang isang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Para sa mga kabataan na 14 o 15 taong gulang noong ginawa ang krimen, ang krimen ay kinakailangang isa sa ilang partikular na matinding krimen na nakalista sa batas (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, o ilang partikular na sekswal na pagkakasala). Para sa mga kabataan na 16 o 17 taong gulang noong ginawa ang krimen, maaaring hilingin ng tagausig ang pagdinig na ito para sa anumang krimen, ngunit karaniwang gagawin ito para sa mas matitinding krimen o para sa mga kabataan na may malalang kasaysayan ng krimen.

Kaunting kabataan lang ang ipinapadala sa hukuman para sa may sapat na gulang bawat taon. Halimbawa, wala pang 600 kabataan ang ipinadala sa hukuman para sa may sapat na gulang noong 2015. Wala pang 100 kabataan ang ipinadala sa hukuman para sa may sapat na gulang sa diskresyon ng hukom batay sa isang pagdinig. Ang natira ay awtomatikong ipinapadala sa hukuman para sa may sapat na gulang batay sa tindi ng kanilang krimen o sa diskresyon ng isang tagausig batay sa kanilang krimen at/o kasaysayan ng krimen.

Ang mga kabataang nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang habang wala pa silang 18 taong gulang ay karaniwang inilalagay sa pasilidad na pangkabataan ng estado para sa unang bahagi ng kanilang mga sentensya. Kapag naging 18 taong gulang na ang mga kabataang ito, sa pangkalahatan ay inililipat sila sa bilangguan ng estado. Gayunpaman, kung maikli lang ang kanilang mga sentensya at magagawa nilang kumpletuhin ang kanilang mga takdang tagal ng panahon bago maging 21 taong gulang, bubuuin nila ang kabuuan ng kanilang mga sentensya sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado. Babayaran ng estado ang buong gastusin sa pananatili ng mga kabataan sa isang pasilidad na pangkabataan ng estado na nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Pagkatapos kumpletuhin ang kanilang sentensya, ang mga kabataang ito ay papangasiwaan sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 57, pumunta sa pahina 141.

komunidad sa pangkalahatan ng mga ahente ng parol ng estado.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay gumagawa ng mga pagbabago sa Saligang-batas ng Estado upang taasan ang bilang ng mga inmate na karapat-dapat sa pagsasaalang-alang sa parol at pinapahintulutan ang CDCR na magbigay ng mga kredito sa pagsesentensya sa mga inmate. Ang panukala ay gumagawa rin ng mga pagbabago sa batas ng estado upang iatas na ang mga kabataan ay magkaroon ng pagdinig sa hukumang pangkabataan bago sila maaaring ilipat sa hukuman para sa may sapat na gulang. Mas detalyado naming inilarawan ang mga pagkakaloob na ito sa ibaba.

Pagsasaalang-alang sa Parol para sa Mga Offender na Hindi Marahas. Binabago ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Estado upang maging karapat-dapat ang mga indibidwal na nahatulan ng mga kasalanang "pagkakasalang hindi marahas" sa pagsasaalang-alang sa parol pagkatapos buuin ang kumpletong takdang tagal ng panahon sa bilangguan para sa kanilang pangunahing kasalanan. Bilang resulta, magpapasya ang BPH kung papalayain ang mga indibidwal na ito bago nila buuin ang anumang karagdagang oras na nauugnay sa iba pang mga krimen o pagpapahaba ng sentensya.

Inaatasan ng panukala ang CDCR na magpatupad ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga pagbabagong ito. Bagama't hindi tinukoy ng panukala at kasalukuyang batas kung aling mga krimeng may malalaking pagkakasala ang ituturing na hindi marahas, ipinagpapalagay ng pagsusuring ito na ang hindi marahas na kasalanang may malaking pagkakasala ay kabibilangan ng anumang malaking pagkakasala na hindi partikular na tinukoy sa batas bilang marahas. Simula Setyembre 2015, mayroong humigit-kumulang 30,000 indibidwal sa bilangguan ng estado ang maaapektuhan ng mga pagkakaloob ng pagsasaalang-alang sa parol ng panukala. Bilang karagdagan, humigit-kumulang 7,500 sa mga indibidwal na ipinapasok sa bilangguan ng estado bawat taon ang magiging karapat-dapat sa pagsasaalang-alang sa parol sa ilalim ng panukala. Ang mga indibidwal na maaapektuhan ng mga nabanggit na pagbabago sa kasalukuyan ay makakabuo na ng humigit-kumulang dalawang taon sa bilangguan bago maisaalang-alang sa parol at/o mapalaya. Sa ilalim ng panukala, tinatantiya namin na makakabuo ang mga indibidwal na ito ng humigit-kumulang isa at isa't kalahating taon sa bilangguan bago isaalang-alang sa parol at/o palayain.

Awtoridad na Magbigay ng Mga Kredito. Binabago rin ng panukala ang Saligang-batas ng Estado upang mabigyan ng awtoridad ang CDCR na makapagbigay ng mga kredito sa mga inmate para sa mabuting pag-uugali at mga inaprobahang nagawa ukol sa rehabilitasyon o edukasyon. Ang kagawaran ay maaaring magbigay ng mas malalaking kredito sa mga taong kasalukuyang karapat-dapat para sa kanila at mga kredito sa mga taong kasalukuyang hindi karapat-dapat. Bilang resulta, maaaring dagdagan ng CDCR ang dami ng mga kreditong maaaring makuha ng mga inmate, na magpapaikli sa haba ng panahon na bubuuin sa bilangguan.

Mga Pagdinig sa Paglipat ng Kabataan. Binabago ng panukala ang batas ng estado upang iatas na, bago mailipat ang mga kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang, dapat silang magkaroon ng pagdinig sa hukumang pangkabataan upang matukoy kung dapat ba silang ilipat. Bilang resulta, ang tanging paraan para malitis ang isang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang ay kung magpasya ang hukom sa hukumang pangkabataan sa pagdinig na ilipat ang kabataan sa hukuman para sa may sapat na gulang. Ang mga kabataang inakusahang gumawa ng ilang partikular na matitinding krimen ay hindi na awtomatikong lilitisin sa hukuman para sa may sapat na gulang at walang kabataan ang maaaring litisin sa hukuman para sa may sapat na gulang batay lang sa pasya ng isang tagausig. Bilang karagdagan, tinukoy ng panukala na maaari lang humiling ang mga tagausig ng mga paglilipat ng pagdinig para sa mga kabataang inakusahan na (1) gumawa ng ilang partikular na matitinding krimen na nakalista sa batas ng estado (gaya ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, at ilang partikular na sekswal na pagkakasala) noong sila ay 14 o 15 taong gulang o (2) gumawa ng malaking pagkakasala noong sila ay 16 o 17 taong gulang. Bilang resulta ng mga pagkakaloob na ito, mas kaunting bilang ng mga kabataan ang lilitisin sa hukuman para sa may sapat na gulang.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan. Gayunpaman, nakadepende ang lawak ng mga epektong ito sa paraan ng pag-unawa at pagpapatupad sa ilang partikular na pagkakaloob sa panukala. Dahil dito, ang aming mga pagtatantiya sa ibaba ay may malaking bahagi na hindi tiyak.

Pagsasaalang-alang sa Parol para sa Mga Offender na Hindi Marahas

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung mas maikling takdang tagal ng panahon sa bilangguan ang bubuuin ng mga offender na hindi marahas dahil sa mga pagkakaloob ng pagsasaalang-alang sa parol ng panukula, mababawasan nito ang mga gastusin ng estado dahil liliit ang populasyon ng bilangguan. Nakadepende ang malaking bahagi ng antas ng mga matitipid sa bilang ng mga indibidwal na pipiliing palayain ng BPH. Batay sa kamakailang karanasan ng BPH sa pagsasaalang-alang sa parol para sa ilang partikular na offender na hindi marahas, tinatantiya namin na ang tuluy-tuloy na epekto sa pananalapi ng pagkakaloob na ito ay malamang na milyun-milyong dolyar na matitipid ng estado taun-taon. Ang mga matitipid na ito ay bahagyang mao-offset ng mga karagdagang gastusin upang makapagsagawa ang BPH ng mas maraming pagsasaalang-alang sa parol.

Ang panukala ay magreresulta rin sa mga pansamantalang epekto sa pananalapi sa hinaharap dahil sa (1) mga karagdagang matitipid mula sa pagpapalaya ng mga offender na kasalukuyang nasa bilangguan na karapat-dapat para sa pagsasaalang-alang sa parol at (2) paglaki ng mga gastusin sa parol upang mapangasiwaan ang mga indibidwal na mas maagang pinalaya mula sa bilangguan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Paglaki ng Mga Gastusin ng County. Dahil magreresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya sa ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga opisyal ng probasyon ng county pagkatapos ng kanilang paglaya mula sa bilangguan, ang panukala ay malamang na magiging dahilan ng paglaki ng populasyon ng probasyon sa hinaharap. Kahit na wala ang panukala, ang mga county ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa probasyon sa hinaharap.

Mga Kredito sa Pagsesentensya para sa Mga Inmate sa Bilangguan

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung bibigyan ng CDCR ang mga indibidwal ng mga karagdagang kredito, mapapababa ng panukala ang mga gastusin ng estado bilang resulta ng mas mallit na populasyon sa bilangguan. Hindi pa tiyak ang anumang antas ng mga matitipid, dahil nakadepende ito sa average na tagal ng sentensya na ibabawas ng CDCR. Kung nagbigay ang kagawaran ng mga sapat na kredito upang mabawasan ng ilang linggo ang average na panahon na bubuuin ng mga inmate, maaaring magresulta ang panukala sa milyun-milyong dolyar na matitipid ng estado sa pinakamababa taun-taon. Gayunpaman, ang mga matitipid ay maaaring maging mas malaki o mas maliit kung iba ang mga naging pasya ng kagawaran. Dahil maaaring magresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya ng ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga ahente ng parol ng estado pagkatapos ng paglaya, maaaring pansamantalang lumaki ang populasyong binigyan ng parol dahil sa panukala. Gayunpaman, ang estado ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa parol kahit na wala ang panukala.

Paglaki ng Mga Gastusin ng County. Dahil maaaring magresulta ang panukala sa maagang pagpapalaya sa ilang indibidwal na pinapangasiwaan ng mga opisyal ng probasyon ng county pagkatapos ng kanilang paglaya mula sa bilangguan, ang panukala ay maaaring magiging dahilan ng paglaki ng populasyon ng probasyon sa hinaharap. Kahit na wala ang panukala, ang mga county ay malamang na magkakaroon ng mga ganitong gastusin sa probasyon sa hinaharap.

Pag-uusig ng Kabataan sa Hukuman para sa May Sapat na Gulang

Kabuuang Matitipid ng Estado. Kung magreresulta ang mga iniaatas ng panukala sa paglilipat ng pagdinig sa mas mababang bilang ng mga kabataan na nilitis at nahatulan sa hukuman para sa may sapat na gulang, ang panukala ay magkakaroon ng ilang epekto sa pananalapi sa estado. Una, mababawasan nito ang mga gastusin sa bilangguan ng estado at parol dahil hindi na mamamalagi sa bilangguan ang mga kabataang iyon o papangasiwaan ng mga ahente ng parol ng estado pagkatapos ng kanilang paglaya. Bilang karagdagan, dahil ang mga pamamaraan ng hukumang pangkabataan ay mas maikli sa pangkalahatan kaysa sa mga pamamaraan ng hukuman para sa may sapat na gulang, babawasan ng panukala ang mga gastusin ng hukuman ng estado. Ang mga matitipid na ito ay bahagyang mao-offset dahil sa mas malaking mga gastusin sa hustisya para sa kabataan mula sa estado dahil ang mga kabataang maaapektuhan ng panukala ay maglalaan ng mas maraming oras sa pangkalahatan sa mga pangkabataang pasilidad ng estado. (Gaya ng naunang binanggit, babayaran ng mga county ang maliit na bahagi ng gastusin sa pananatili ng mga kabataang ito sa mga pangkabataang pasilidad ng estado.) Sa kabuuan, tinatantiya namin na ang kabuuang matitipid ng estado mula sa mga nabanggit na epekto ay maaring ilang milyong dolyar taun-taon.

Mga Gastusin ng County. Kung mas maliit na bilang ng mga kabataan ang lilitisin at hahatulan bilang mga may sapat na gulang, ng panukala ay magkakaroon din ng ilang epekto sa pananalapi sa mga county. Una, gaya ng tinalakay sa itaas, responsibilidad ng mga county na bayaran ang isang bahagi ng mga gastusin sa pananatili ng mga kabataang ito sa pangkabataang pasilidad ng estado. Bilang karagdagan, responsibilidad ng mga kagawaran ng probasyon ng county na pangasiwaan ang mga kabataang ito pagkatapos ng kanilang paglaya. Dahil sa pangkalahatan ay mas maikli ang mga pamamaraan ng hukumang pangkabataan kaysa sa mga pamamaraan ng hukuman para sa may sapat na gulang, ang mga nabanggit na gastusin ng county ay bahagyang mao-offset ng kaunting matitipid. Halimbawa, ang mga ahensya ng county na sangkot sa mga pamamaraan ng hukuman para sa mga kabataang ito—gaya ng mga abugado ng distrito, pampublikong mananangol, at probasyon ng county—ay makakaranas ng paggaan ng trabaho. **Sa kabuuan, tinatantiya namin na ang kabuuang gastusin sa mga county dahil sa mga nabanggit na epekto ay malamang na ilang milyong dolyar taun-taon.**

Iba Pang Mga Epekto sa Pananalapi

Ang panukala ay maaari ding makaapekto sa antas ng krimen sa iba't ibang paraan. Sa kabilang banda, kung magreresulta ang panukala sa mas maikling oras na ginugugol ng mga offender sa bilangguan at mas maraming oras sa komunidad, maaari itong magresulta sa paggawa ng mga offender na ito ng mga karagdagang krimen o mga krimen nang mas maaga kaysa sa nararapat. Sa kabilang banda, ang panukala ay maaaring humantong sa paglahok ng mas maraming offender sa mga programa ng edukasyon at rehabilitasyon na nagpapababa sa posibilidad na gumawa sila ng mga krimen sa hinaharap. Hindi pa alam ang kabuuang epekto ng mga nabanggit na salik.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 57, pumunta sa pahina 141.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 57 ★

BUMOTO ng OO sa PROPOSISYON 57

Ang mga lider ng kaligtasan ng publiko at mga biktima ng krimen ay sumusuporta sa Proposisyon 57—ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan ng Publiko at Rehabilitasyon—dahil ang Prop. 57 ay nagpopokus ng mga tagapagdulot sa pagpapanatili ng mga mapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas, habang pinagbabago ang mga presong kabataan at may sapat na gulang at nakapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Sa nakalipas na ilang dekada, ang populasyon ng bilangguan ng California ay lumaki ng 500% at ang paggasta sa bilangguan ay lumobo patungo sa higit sa $10 bilyon bawat taon. Samantala, napakakaunting bilanggo ang nababago at karamihan ay muling nagkakasala pagkalabas.

Ang pagsisikip at labag sa saligang-batas na mga kondisyon ay nagtulak sa Korte Suprema ng U.S. na utusan ang Estado na bawasan ang populasyon ng bilangguan nito. Ngayon, nang walang sentido kumon, pangmatagalang solusyon, ipagpapatuloy natin ang pag-aaksaya ng bilyun-bilyon at haharapin ang panganib ng utos-ng-hukuman na pagpapalabas ng mga mapanganib na bilanggo. Ito ay isang hindi katanggap-tanggap na resulta na inilalagay sa panganib ang California—at ito ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Prop. 57.

Ang Prop. 57 ay diretso—narito ang ginagawa nito:

• Nagtitipid ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbawas sa maaksayang paggasta sa mga bilangguan. • Pinananatiling nakakulong ang mga mapanganib na nagkasala. • Nagpapahintulot ng pagsasaalang-alang ng parol para sa mga taong nahatulan ng di-marahas na pagkakasala na nakakumpleto ng buong sentensiya sa bilangguan para sa kanilang pangunahing pagkakasala. • Nagpapahintulot ng isang sistema ng mga kredito na maaaring anihin dahil sa rehabilitasyon, magandang asal at mahahalagang nakamit sa edukasyon o maaaring alisin dahil sa masamang asal. • Nag-aatas sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon na sertipikahan na ang mga patakarang ito ay kaayon ng pagprotekta at pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko. • Nag-aatas sa mga hukom sa halip ng mga tagausig na magpasiya kung ang mga menor ay dapat usigin bilang mga nasa hustong gulang, binibigyang-diin ang rehabilitasyon para sa mga menor sa sistemang pangkabataan.

Alam namin kung ano ang gumagana. Ang ebidensiya ay nagpapakita na kapag mas maraming preso ang binabago, mas maliit ang panganib na sila ay muling magkasala. Ang iba pang ebidensiya ay nagpapakita na ang mga menor na namamalagi sa ilalim ng pangangasiwa ng hukumang pangkabataan ay mas maliit ang panganib na gumawa ng mga bagong krimen. Ang Prop. 57 ay nagpopokus sa batay-sa-ebidensiya na rehabilitasyon at nagpapahintulot sa isang hukom ng hukumang pangkabataan na magpasiya kung ang isang menor ay dapat o hindi dapat usigin bilang isang may sapat na gulang.

Walang awtomatikong pinalalabas, o karapat-dapat na ilabas mula sa bilangguan, sa ilalim ng Prop. 57.

• Upang gawaran ng parol, lahat ng preso, kasalukuyan at sa hinaharap, ay dapat magpakita na sila ay nagbago na at hindi na panganib sa publiko. • Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol—ang karamihan ay binubuo ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas—ay nagpapasiya kung sino ang karapat-dapat na palabasin. • Sinumang indibidwal na inaprobahan para sa pagpapalabas ay sasailalim sa sapilitiang pangangasiwa ng mga tagapagpatupad ng batas.

At gaya ng malinaw na ipinahayag ng Korte Suprema ng California: ang pagiging karapat-dapat sa parol sa Prop. 57 ay angkop *"lamang sa mga bilanggong nahatulan sa di-marahas na mga peloni."*

Ang Prop. 57 ay matagal nang dapat pinagtibay.

Ang Prop. 57 ay ipinopokus ang ating sistema sa batay-sa-ebidensiya na rehabilitasyon para sa mga kabataan at nasa hustong gulang dahil ito ay mas mahusay para sa kaligtasan ng publiko kaysa ating kasalukuyang sistema.

Ang Prop. 57 ay nakapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Ang Prop. 57 ay nagpapanatili ng mga pinakamapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas.

BUMOTO NG OO sa Prop. 57

www.Vote4Prop57.com

EDMUND G. BROWN JR., Gobernador ng California

MARK BONINI, Presidente
Punong Opisyal ng Probasyon ng California

DIONNE WILSON, biyuda ng opisyal ng pulisya na napatay sa pagganap ng tungkulin

57

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 57 ★

Ang mga awtor ng Prop. 57 ay hindi nagsasabi sa inyo ng katotohanan. ITO AY PAIIRALIN SA MARARAHAS NA KRIMINAL, magtataas ng krimen at gagawin kayong mas mababa ang kaligtasan. Bumoto ng HINDI.

KATOTOHANAN: Ang Prop. 57 ay nagpapahintulot ng MAAGANG PAROL para sa isang manggahasa na ginagamitan ng droga at ginagahasa ang isang biktima, dahil ang mga awtor nito ay tinatawag siyang di-marahas.

KATOTOHANAN: Ang Prop. 57 AY NAGSUSUSOG SA SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA upang ibigay ang mga bagong karapatang ito sa mga kriminal na napatunayang nagkasala ng maraming marahas at kakila-kilabot na krimen, kabilang ang:

PANGGAGAHASA ng isang walang malay na biktima; SEKSWAL NA PAGTRAPIKO NG TAO; PAG-ATAKE sa pamamagitan ng isang nakamamatay na sandata; MAHAHALAY NA KILOS laban sa isang 14-taong-gulang; PAGBIHAG PARA MAGPATUBOS; MGA KRIMEN NG PAGKAMUHI na nagdudulot ng pinsala sa katawan.

Iba pang MGA KATOTOHANAN:

• Libu-libong mapanganib na kriminal ang nailabas na nang maaga. Tayo ay nagbabayad ng presyo. Ang marahas na krimen ay tumaas ng 10% nitong nakaraang taon at ang Panggagahasa ay tumaas ng 37%. • Ang Prop. 57 ay magpapahintulot ng AGAD NA PAGPAPALABAS sa libu-libong mapanganib na kriminal. • Ang mga dating nahatulan ng PAGPATAY NG TAO, PANGGAGAHASA at PAGHAHALAY NG BATA ay magiging karapat-dapat para sa maagang parol. • *Ang pagpapalabas ng libu-libong mapanganib na kriminal ay hindi makapagtitipid ng pera.* Bilang karagdagan sa mga pagbabayad ng tao sa tumaas na krimen, ang mga county at lungsod ay mapipilitang kumuha ng mga karagdagang pulis, kinatawan ng syerip, tagapayo ng biktima at magpalawak ng mga hukuman. • Ang *Prop. 57* ay nagpapawalang-saysay sa mahahalagang tadhana ng Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen, ating Batas na 3 Tama at Batas ni Marsy—malalakas na panukala na pinagtibay ng mga botante.

Ang paghina ng mga batas ng California laban sa krimen ay masyadong malayo na ang narating. Huwag susugan ang Saligang-batas ng California upang magbigay ng mas marami pang mga karapatan sa mga kriminal.

Ang mga Biktima ng Krimen, Pulis, Syerip, Hukom at Tagausig ay humihimok ng botong HINDI sa 57.

KAGALANG-GALANG NA JAMES ARDAIZ, Namamatnugot na Hukom
Hukuman ng Paghahabol ng Ika-5 Distrito (Ret.)

SANDRA HUTCHENS, Syerip
County ng Orange

COLLENE THOMPSON CAMPBELL, Tagapagtatag
Alaala ng mga Biktima Kahit Saan

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 57 ★

Ang Proposisyon 57 ay magpapahintulot sa mga kriminal na nahatulan ng PANGGAGAHASA, MAHAHALAY NA KILOS LABAN SA ISANG BATA, MGA KRIMEN NG GANG NA KAUGNAY NG BARIL at PAGTRAPIKO NG TAO upang ilabas nang maaga mula sa bilangguan.

Iyon ang dahilan kung bakit *ang Proposisyon 57 ay SINASALUNGAT ng mga Tagapagpatupad ng Batas ng California—mga Abugado ng Distrito, Syerip, Pulis, Tagausig sa Silid ng Hukuman, mga Biktima ng Krimen at lokal na lider ng komunidad.*

Narito ang mga katotohanan:

Ang mga awtor ng Proposisyon 57 ay nagsasabi na ito ay paiiralin lamang sa mga "di-marahas" na krimen, pero ang kanilang mahinang isinulat na panukala ay nagtuturing sa mga sumusunod na krimen bilang "di-marahas" at ginagawa ang nagkasala na karapat-dapat para sa MAAGANG PAROL at PAGPAPALABAS patungo sa mga lokal na komunidad:

• Panggagahasa sa pamamagitan ng paglango • Panggagahasa ng isang walang malay na tao • Pagtrapiko ng Tao na Kaugnay ang sekswal na aksiyon sa mga menor • Pamamaril ng nasa sasakyan • Pag-atake nang may nakakamatay na sandata • Pambibihag para sa pagpapatubos • Pagtatangkang magpasabog ng bomba sa isang ospital o paaralan • Karahasan sa tahanan na kaugnay ang trauma • Pagtustos ng baril sa isang miyembro ng gang • Krimen ng pagkamuhi na nagdulot ng pinsala sa katawan • Hindi pagpaparehistro bilang isang nakagawa ng sekswal na pagkakasala • Panununog • Pagpapatuok ng baril sa mga lupang sakop ng paaralan • Mahahalay na kilos laban sa isang batang 14 o 15 • Maling pagkulong sa isang nakatatanda sa pamamagitan ng karahasan. *di-buong listahan

Narito ang lima pang mga dahilan upang BUMOTO NG HINDI sa 57:

1) Ang 57 ay nagpapahintulot *sa mga burukrata ng pamahalaan ng estado na bawasan ang maraming sentensiya dahil sa "magandang asal," kahit na para sa mga presong nahatulan ng pagpatay ng tao, panggagahasa, panghahalay ng bata at pagtrapiko ng tao.* 2) Ang 57 *ay nagpapahintulot sa pinakamasamang kriminal na tratuhin nang katulad ng nakagawa ng pagkakasala sa unang pagkakataon,* hindi isinasaalang-alang ang mabibigat na sentensiyang ipinataw ng isang hukom. 3) "Ang 57 ay mabisang *nagpapawalang-saysay sa mga pangunahing tadhana ng Batas ni Marsy, '3-Tama at Tapos Ka,' Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima, Batas ng mga Taga-California Laban sa Sekswal na Pagsasamantala*—mga panukalang pinagtibay ng mga botante na nagprotekta sa mga biktima at ginawa ang mga komunidad na *mas ligtas"—Susan Fisher, Dating Tagapangulo ng Lupon ng Parol ng Estado* 4) Ang 57 *ay pumupuwersa sa mga biktimang nagsisikap na buuing muli ang kanilang mga buhay upang muling buhayin ang mga krimeng ginawa sa kanila nang paulit-ulit,* sa bawat bagong pagdinig para sa parol. 5) Ang 57 *ay malamang na magresulta sa mas mataas na bilang ng mga krimen dahil hindi kukulangin sa 16,000 mapanganib na kriminal, kabilang ang dating nahatulan ng pagpatay at panggagahasa ay magiging karapat-dapat para sa maagang pagpapalabas.*

Panghuli, ang *Prop. 57 ay naglalagay sa lahat ng bagong pribilehiyong at karapatang ito para sa mga nahatulang kriminal sa Saligang-Batas ng California,* kung saan ang mga ito ay hindi mababago ng Lehislatura.

Huwag magkamali. Kung ang Prop. 57 pumasa, ang bawat bahay, bawat kapitbahayan, bawat paaralan ay hindi magiging ligtas na katulad ngayon.

Itanong sa sarili ang mga katanungang ito:

Ang isang kriminal na NANGGAHASA NG ISANG WALANG MALAY NA TAO ay dapat pang payagang tumanggap ng maagang pagpapalabas mula sa bilangguan? Paano halimbawa ang isang 50-taong gulang na molestiyador ng bata na nanghalay ng isang bata?

Ang mga kriminal na nahatulan ng PAGTRAPIKO NG TAO na kaugnay ng mga sekswal na kilos sa isang bata, ay dapat bang payagang bumalik sa mga kalye bago matapos ang kanilang buong sentensiya?

Ang isang kriminal na nagtangkang MAGPASABOG NG BOMBA sa isang ospital, paaralan o lugar ng pagsamba, ay dapat bang payagang lumabas ng bilangguan nang maaga?

Kung sumagot ka ng HINDI sa mga katanungang ito, sumama sa mga Abugado ng Distrito, Tagausig sa Silid ng Hukuman, Pulis, Syerip, Biktima ng Krimen, Hukom ng Hukumang Superyor at lider ng komunidad sa pagboto ng HINDI sa 57.

Ang marahas na krimen ay tumaas ng 10% nitong nakaraang taon sa California. Huwag payagan ang marami pang mararahas at mapanganib na kriminal na palabasin nang maaga. BUMOTO NG HINDI sa 57.

MARTIN HALLORAN, Presidente
Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Francisco

GEORGE HOFSTETTER, Presidente
Kapisanan ng mga Kinatawang Syerip ng Los Angeles

STEPHEN WAGSTAFFE, Presidente
Kapisanan ng mga Abugado ng Distrito ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 57 ★

OO sa Proposisyon 57

Ang mga kalaban ng Prop. 57 ay mali.

Ang Prop. 57 ay nakapagtitipid ng milyun-milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbawas sa maaksayang paggasta sa bilangguan, sinisira ang ikot ng krimen sa pamamagitan ng rehabilitasyon ng nararapat na presong kabataan at may sapat na gulang, pinananatiling nasa likod ng mga rehas ang mga mapanganib na kriminal.

Huwang hayaang iligaw ng mga maling pag-atake. Ang Prop. 57:

• Ay HINDI awtomatikong nagpapalabas ng sinuman mula sa bilangguan. • Ay HINDI nagpapahintulot ng parol para sa mararahas na nagkasala. Ang Korte Suprema ng California ay malinaw na nagpahayag na ang pagiging karapat-dapat sa parol sa ilalim ng Prop. 57 ay angkop, *"lamang sa mga bilanggong nahatulan ng di-marahas na mga peloni."* (Brown v. Superior Court, Ika-6 ng Hunyo, 2016). Ang mararahas na kriminal gaya ng nilinaw sa Kodigo Penal 667.5(c) ay hindi kasama sa parol. • Ay HINDI at hindi magbabago sa pederal na utos ng hukuman na hindi nagsasama sa mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala, gaya ng nilinaw sa Kodigo Penal 290, sa parol. • Ay HINDI nagbabawas sa mga karapatan ng mga biktima. • Ay HINDI pumipigil sa mga hukom na mag-isyu ng mabibigat na sentensiya.

Ang Prop. 57:

• AY magpopokus sa mga tagapagdulot sa pagpapanatili ng mga mapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas. • AY makapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis. • AY tutulong na ayusin ang sirang sistema kung saan ang mga preso ay umaalis sa bilangguan nang walang rehabilitasyon, muling nagkakasala at bumabalik sa sistema. • AY ipatutupad sa pamamagitan ng mga regulasyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon na binuo nang may ambag ng publiko at biktima at sinertipikahan na nagpoprotekta sa kaligtasan ng publiko.

Alam ni Abugado ng Distrito ng San Diego Bonnie Dumanis—isang tagasuporta ng Prop. 57 —na mahalagang magkaloob sa mga preso ng mga kasangkapan upang patigilin ang paikot-ikot na pinto patungo sa bilangguan. (*Daily Journal*, Ika-14 ng Hulyo, 2016).

At ginagawa nitong ligtas ang ating mga komunidad.

Sumama sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, mga biktima ng krimen at mga lider na panrelihiyon: bumoto ng OO sa Prop. 57.

EDMUND G. BROWN JR., Gobernador ng California

MARK BONINI, Presidente
Punong Opisyal ng Probasyon ng California

DIONNE WILSON, biyuda ng opisyal ng pulisya na napatay sa pagganap ng tungkulin

PROPOSISYON

58 KAHUSAYAN SA INGLES. EDUKASYON NA NASA MARAMING WIKA. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinapanatili ang hinihiling na tiyakin ng mga pampublikong paaralan na magiging mahusay sa Ingles ang mga estudyante.
- Hinihiling sa mga distrito ng paaralan na humingi ng kontribusyon ng magulang/komunidad sa pagbuo ng mga programa upang matuto ng wika upang matiyak ang pagkakatuto ng Ingles nang mabilis at mabisa hangga't maaari.
- Hinihiling sa mga distrito ng paaralan na bigyan ang mga estudyanteng may limitadong kahusayan sa Ingles ng opsyon na turuan ng Ingles sa halos lahat ay sa pamamagitan ng Ingles.
- Pinahihintulutan ang mga distrito ng paaralan na magtatag ng mga programa na may mga estudyanteng nagsasalita ng Ingles at nagsasalita ng banyagang wika para sa parehong ang katutubong-wika ay Ingles at hindi katutubong-wika ang Ingles.
- Pinahihintulutan ang mga magulang/legal na tagapangalaga ng mga estudyante na pumili ng available na programa para matuto ng wika na pinaka-akma sa kanilang anak.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang kapansin-pansing epekto sa pananalapi sa mga distrito ng paaralan o pamahalaan ng estado.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA SB (SENATE BILL O PANUKALANG-BATAS NG SENADO) 1174 (PROPOSISYON 58) (KABANATA 753, MGA BATAS NG 2014)

Senado:	Mga Oo 25	Mga Hindi 10
Asembleya:	Mga Oo 53	Mga Hindi 26

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

BATAYAN

Humigit-kumulang Isa sa Limang Estudyante sa California ang Nag-aaral ng Ingles. Noong 2015–16, humigit-kumulang 2.7 milyong estudyante sa pampublikong paaralan sa California sa mga baitang ng elementarya at sekundarya ang nagsasalita ng wika maliban sa Ingles sa bahay. Ikinategorya ng mga paaralan ang humigit-kumulang 1.4 milyon sa mga estudyanteng ito bilang mga nag-aaral ng Ingles, na nangangahulugang hindi pa sila mahusay sa Ingles. Binubuo ng mga nag-aaral ng Ingles ang 22 porsiyento ng lahat ng estudyante sa pampublikong paaralan sa California. Mahigit 80 porsiyento ng mga nag-aaral ng Ingles sa California ang mga likas na nagsasalita ng Spanish.

Dapat Tulungan ng Mga Paaralan ang Lahat ng Estudyante na Matuto ng Ingles. Ang mga pampublikong paaralan ay inaatasan ng batas na turuan ang mga nag-aaral ng Ingles kung paano magsalita at magbasa sa Ingles bukod pa sa pagtuturo sa kanila ng iba pang mga paksa gaya ng matematika at agham. Sa buong bansa, madalas na tinuturuan ng mga paaralan ang mga nag-aaral ng Ingles gamit ang mga programang Ingles lang o bilingguwal. Sa mga programang Ingles lang, ang mga estudyante ay nag-aaral ng Ingles at iba pang mga paksa mula sa mga gurong Ingles lang ang sinasalita. Sa mga programang bilingguwal, natututunan ng mga estudyante ang kanilang mga paksa mula sa mga gurong nagsasalita ng Ingles at ng katutubo nilang wika. Marami sa mga programang bilingguwal ang dinisenyo upang tumagal sa pagitan ng tatlo at anim na taon, pagkatapos nito ay papasok ang mga estudyante sa mga klaseng itinuturo lang sa Ingles. Sa ilang programang bilingguwal, patuloy na tinuturuan ang mga nag-aaral ng Ingles sa katutubo nilang wika sa loob ng maikling oras sa isang araw kahit na mahusay na sa pagsasalita ng Ingles ang mga estudyante.

Inaatasan ng California ang Mga Paaralan na Hangga't Maaari ay Wikang Ingles ang Gamitin sa Pagtuturo sa Mga Nag-aaral ng Ingles. Bilang tugon sa ilang alalahanin sa paraan ng pagtuturo sa mga nag-aaral ng Ingles, ipinasa ng mga botante sa California ang Proposisyon 227 noong 1998. Sa pangkalahatan ay iniaatas ng Proposisyon 227 na turuan sa Ingles ang mga nag-aaral ng Ingles at ipinagbabawal nito ang paggamit ng mga programang bilingguwal. Sa pangkalahatan ay inaatasan ng Proposisyon 227 ang mga pampublikong paaralan na bigyan ang mga nag-aaral ng Ingles ng isang taong espesyal at masusing pagtuturo ng Ingles bago ilipat ang mga estudyanteng iyon sa iba pang mga klase na Ingles lang. Patuloy na may bisa hanggang ngayon ang Proposisyon 227.

Ang Mga Paaralan ay Maaaring Magpatakbo ng Mga Programang Bilingguwal Sa Ilalim ng Ilang Partikular na Kundisyon. Sa ilalim ng Proposisyon 227, ang mga magulang ng nag-aaral ng Ingles ay dapat pumunta sa paaralan at lumagda sa isang pagtalikdan kung gusto nilang isaalang-alang ang kanilang anak para sa bilingguwal na pagtuturo. Maaaring aprubahan ng mga paaralan ang mga pagtalikdang ito para sa mga estudyante na makakatugon sa isa sa tatlong kundisyong ito: (1) Mga nag-aaral ng Ingles na nakadalo na sa isang Ingles lang na silid-aralan sa loob ng hindi bababa sa 30 araw at sumang-ayon ang lahat ng guro, prinsipal, at superintendente ng distrito na matututo sila nang mas maayos sa isang programang bilingguwal; (2) mga estudyanteng hindi bababa sa sampung taong gulang; o (3) mga estudyanteng mahusay nang magsalita ng Ingles. Kung 20 o mahigit pang estudyante ang nakakuha ng mga inaprubahang pagtalikdan, dapat mag-alok ang kanilang paaralan ng bilingguwal na klase o payagan ang mga estudyante na lumipat sa isang paaralan na

may nasabing klase.

Simula 1998, Lumiit ang Bilang ng Mga Paaralang Nag-aalok ng Mga Programang Bilingguwal. Sa taon bago ipinatupad ang Proposisyon 227, humigit-kumulang 30 porsiyento ng mga nag-aaral ng Ingles ng California ang tinuturuan sa mga programang bilingguwal. Pagkalipas ng sampung taon, humigit-kumulang 5 porsiyento ng mga nag-aaral ng Ingles ng California ang tinuturuan sa mga programang bilingguwal.

Dapat Isali ng Mga Distrito ng Paaralan at Opisina ng Edukasyon sa County ang Komunidad ng Mga Ito sa Taunang Proseso ng Pagpaplano. Inaatasan ng estado ang mga distrito ng paaralan at opisina ng edukasyon sa county na ilathala ang mga taunang plano na naglalarawan sa mga serbisyong ibibigay ng mga ito para sa ilang partikular na grupo ng mga estudyante, kasama na ang mga nag-aaral ng Ingles. Bago ipatupad ang mga planong ito, dapat kausapin ng mga opisyal ng paaralan ang mga magulang at iba pang miyembro ng komunidad tungkol sa kung anong mga uri ng programa ang gusto nilang isagawa ng kanilang mga paaralan.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay nagpapawalang-saysay sa mga pangunahing tadhana ng Proposisyon 227 at nagdaragdag ng ilang bagong tadhana patungkol sa pagtuturo ng wikang Ingles, tulad ng inilalarawan sa ibaba.

Nag-aalis ng Mga Kabawalan sa Mga Programang Bilingguwal. Sa ilalim ng mungkahing ito, hindi na aatasan ang mga paaralan na turuan ang mga nag-aaral ng Ingles sa mga programang Ingles lang. Sa halip, maaaring turuan ng mga paaralan ang kanilang mga nag-aaral ng Ingles gamit ang iba't ibang programa, kasama na ang mga programang bilingguwal. Bilang karagdagan, hindi na kailangang lumagda ng mga magulang ng mga nag-aaral ng Ingles sa mga pagtalikdan bago makapagpatala ang kanilang mga anak sa mga programang bilingguwal.

Inaatasan ang Mga Distrito na Tumugon sa Ilang Kahilingan ng Magulang. Bagama't sa pangkalahatan ay maaaring idisenyo ng mga paaralan ang mga programa ng mga ito para sa nag-aaral ng Ingles sa paraang gusto ng mga ito, kailangan pa ring magbigay ang mga ito ng masusing pagtuturo ng Ingles sa mga nag-aaral ng Ingles kung hilingin ito ng mga magulang. Bilang karagdagan, aatasan ang mga distrito ng paaralan na mag-alok ng anumang partikular na programa para sa nag-aaral ng Ingles na hiniling ng sapat na bilang ng mga magulang. Sa partikular, kung sa alinmang paaralan ay (1) 20 o higit pang mga magulang ng mga estudyante sa anumang isang baitang o (2) 30 o higit pang mga magulang sa pangkalahatan ang humiling ng partikular na uri ng programa para sa nag-aaral ng Ingles, dapat ialok ng paaralang iyon ang nasabing programa hangga't maaari.

Inaatasan ang Mga Distrito na Kausapin ang Mga Miyembro ng Komunidad Tungkol sa Mga Programa ng Mga Ito para sa Nag-aaral ng Ingles. Inaatasan ng mungkahing ito ang mga distrito ng paaralan at opisina ng edukasyon sa county na tanungin ang mga magulang at iba pang miyembro ng komunidad kung paano dapat turuan ang mga nag-aaral ng Ingles (halimbawa, sa pamamagitan ng paggamit ng programang Ingles lang o bilingguwal). Hihilingin ng mga distrito ng paaralan at opisina ng edukasyon sa county ang feedback na ito bilang bahagi ng regular na taunang proseso ng pagpaplano ng mga ito. (Marahil ay tinatalakay na ng ilang distrito ang mga isyung ito sa kanilang taunang proseso ng pagpaplano, ngunit sa mungkahing ito ay inaatasan na ang lahat ng distrito ma humingi ng feedback tungkol sa mga isyung ito.)

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukula ay walang magiging malaking epekto sa pananalapi sa pamahalaan ng estado. Gayunpaman, malamang na magreresulta ito sa mga pagbabago sa paraan ng pagtuturo ng ilang distrito ng paaralan sa mga nag-aaral ng Ingles. Ang mga pagbabagong ito ay magkakaroon ng maliit na epekto sa mga lokal na gastusin. Tatalakayin natin sa ibaba ang mga epekto ng panukala sa programa at pananalapi sa mga paaralan.

Kapansin-pansing Epekto sa Programa para sa Ilang Nag-aaral ng Ingles. Bagama't sa pangkalahatan ay hindi inaatasan ng panukala ang mga distrito ng paaralan na baguhin ang paraan ng pagtuturo ng mga ito sa mga nag-aaral ng Ingles, ginagawa nitong mas madali para sa lahat ng distrito na magsimula o magpalawak ng mga programang bilingguwal. Ang eksaktong epekto ng panukalang ito ay nakadepende sa paraan ng pagtugon dito ng mga magulang at mga paaralan. Sa paglipas ng panahon, maaaring maging mas karaniwan ang mga programang bilingguwal, kung saan tuturuan ang ilang nag-aaral ng Ingles sa mga programang bilingguwal na dapat sana ay tuturuan sa mga programang Ingles lang. Para sa mga distrito ng paaralan at estudyanteng ito, magiging kapansin-pansin ang epekto sa programa ng panukala.

Maliit na Epekto sa Mga Tuluy-tuloy at Isang Beses na Gastusin ng Mga Paaralan. Sa pangkalahatan, ang mga programang bilingguwal na gagawin o papalawakin dahil sa panukala ay hindi nangangahulugang magiging mas mahal o mas mura kaysa sa mga programang Ingles lang, dahil kadalasang nakadepende ang mga taunang gastusin para sa parehong uri ng mga programa sa mga salik tulad ng laki ng klase at bayad sa guro. Ang anumang paaralang gagawa ng programang bilingguwal ay magkakaroon ng ilang isang beses na mga gastusin para sa pagbuo ng bagong kurikulum, pagbili ng mga bagong gamit sa pagtuturo, pagsasanay ng mga guro sa bagong kurikulum at mga gamit, at pagbibigay-alam sa mga magulang tungkol sa programa. Gayunpaman, ang mga gastusing ito ay hindi nangangahulugang mga karagdagang gastusin, dahil ang mga paaralan ay regular na nagbabago ng kurikulum, bumibili ng mga bagong gamit, nagsasanay ng mga guro, at pinapanatiling may alam ang mga magulang tungkol sa mahahalagang isyu ng paaralan.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 58, pumunta sa pahina 146.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 58 ★

TINITIYAK NG PROPOSISYON 58 NA ANG LAHAT NG ESTUDYANTE AY MAGKAKAROON NG KAHUSAYAN SA PAGGAMIT NG WIKANG INGLES SA LALONG MADALING PANAHON.

Maraming estudyante sa California ang napag-iiwanan at hindi nabibigyan ng oportunidad sa pagkakatuto ng wikang Ingles sa pamamagitan ng pinakamahusay na pamamaraan sa pagtuturo na maaaring ibigay sa kanila. Ito ay dahil sa isang halos napaglipasan na ng panahon at 20 taon nang batas na Proposisyon 227, na naghihigpit sa mga maaaring gamiting pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Ingles ng mga distrito ng paaralan.

Binabago ng Proposisyon 58 ang Proposisyon 227 upang alisin ang mga paghihigpit na ito nang sa gayon ay magamit ng mga paaralan ang mga pinakanapapanahong pamamaraan sa pagtuturo upang matulungang matuto ang ating mga estudyante.

Ang Proposisyon 58 ay: • Nag-aatas sa mga lokal na distrito ng paaralan na tukuyin ang kanilang taunang Mga Lokal Plano sa Pangangasiwa at Pagtutuos sa K–12, ang mga pamamaraan sa pagtuturo na gagamitin nila upang matiyak na magiging mahusay ang lahat ng estudyante sa wikang Ingles sa pinakamabilis na panahon hangga't maaari. • Nag-aatas sa mga paaralan na mag-alok ng planadong programa sa imersyon sa wikang Ingles para sa mga estudyante ng wikang Ingles. Ngunit maaari ding gumamit ang mga paaralan ng ibang pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Ingles batay sa pananaliksik at opinyon ng mga tagapagtaguyod. • Dapat humingi ng opinyon ang mga distrito ng paaralan sa mga guro, magulang at sa komunidad.

PINAPALAWAK DIN NG PROPOSISYON 58 ANG MGA OPORTUNINDAD PARA SA MGA GUMAGAMIT NG WIKANG INGLES NA MATUTO NG PANGALAWANG WIKA.

Inaalis ng Proposisyon 58 ang mga hadlang na nakakasama sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagpigil sa mga paaralan sa pagpapalawig ng edukasyong gumamit ng maraming wika sa pagtuturo. Hinihikayat ng Proposisyon 58 ang mga distrito ng paaralan na magbigay ng mga programa sa pagtuturo upang maging mahusay sa pangalawang wika ang mga estudyanteng Ingles ang unang wika:

• Dapat isama ng mga distrito ng paaralan ang kanilang taunang mga programa sa Mga Lokal Plano sa Pangangasiwa at Pagtutuos sa K–12 ang pagbibigay sa mga estudyanteng gumagamit ng wikang Ingles ng oportunidad na makamit ang kahusayan sa isang pangalawang wika. • Ang mga pagpipilian sa ibang mga wika maliban sa Ingles ay dapat magmula sa mga opinyon ng mga magulang, komunidad at tagapagdulot ng mga paaralan sa wika at pananalapi. • Ayon sa pananaliksik, ang mga estudyanteng lumalahok sa mga programang itinuturo sa mahigit isang wika ay mas nagkakaroon ng mahusay na pagganap pagdating sa akademikong aspeto.

IBINABALIK NG 58 ANG LOKAL NA PANGANGASIWA SA ATING MGA PAARALAN.

Nagbibigay-daan ang Proposisyon 58 sa mga lokal na distrito ng paaralan na mapili ang mga pinakanapapanahon na pamamaraan sa pagtuturo ng wika upang mapahusay ang mga resulta sa mga mag-aaral nang walang mga legal na paghihigpit sa mga ito ng maraming dekada na ang tagal na batas.

NAGBIBIGAY ANG PROPOSISYON 58 NG MAS MAGANDANG KINABUKASAN PARA SA ATING MGA ANAK AT PARA SA ATING ESTADO.

Mabilis na nagbabago ang ekonomiya ng mundo. Sa ngayon, nagbibigay-daan ang teknolohiya sa pinakamaliliit na negosyong magkaroon ng pandaigdigang naaabot. Ang mga estudyanteng mahusay sa wikang Ingles at pangalawang wika ay mas magkakaroon ng pagkakataong matanggap sa trabaho, magsimula sa mataas na antas ng sweldo, at magiging bahagi sila sa lakas-paggawa ng California na mas handa sa pakikipagsabayan sa mga trabaho sa pandaigdigang ekonomiya.

ANG PROPOSISYON 58 AY MAY MALAWAK NA SUPORTA MULA SA MGA LOKAL NA DISTRITO NG PAARALAN, GURO, MAGULANG AT EMPLOYER.

Hindi partisado o politikal na usapin ang pagbibigay sa mga lokal na paaralan ng mga kagamitang kailangan nila sa pagpapahusay ng mga resulta para sa mga mag-aaral. Inilagay sa balota ang Proposisyon 58 ng dalawang partisadong boto ng lehislatura. Ang suporta sa dapat ipatupad na reporma ng Proposisyon 58 na magpapahusay sa pagtuturo ng wika sa ating mga paaralan ay may malawak na batayan at kabilang dito ang: Mga lokal na lupon ng paaralan (ang Kapisanan ng mga Lupon ng Paaralan ng California), Guro (ang Kapisanan ng Mga Guro sa Wika ng California, ang Kapisanan ng Mga Guro ng California, ang Pederasyon ng Mga Guro ng California), Mga Magulang (PTA ng Estado ng California), at Mga Employer (kabilang ang San Jose/Silicon Valley at Kamara de Komersiyo ng Los Angeles).

Nagbibigay-daan ang mga reporma ng Proposisyon 58 na ipatupad ang mga pinakanapapanahong pamamaraan sa pagtuturo ng wika upang mapahusay ang mga resulta sa mga estudyante at mas magamit sa makabuluhang paraan ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.

Higit pang impormasyon sa *www.SupportProp58.com*.

BUMOTO NG OO SA 58.

LENORA LACY BARNES, Nakatataas na Bise Presidente
Pederasyon ng mga Guro ng California

CHRIS UNGAR, Presidente
Kapisanan ng Mga Lupon ng Paaralan ng California

TANYA ZACCONE, Tagapagpaganap na Direktor
Kapisanan ng Guro sa Wika ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 58 ★

Dalawampung taon na ang nakakalipas mula noong pinipilit pa ng mga paaralan sa California ang libu-libong estudyante sa mga klaseng mandatoryo na Halos Wikang Espanyol Lang. Ayaw nang balikan ng mga estudyante, kanilang mga magulang, at employer ang mga araw na iyon, ngunit gusto itong balikan ng "tagapagtaguyod" ng bilingguwal na edukasyon at unyon ng guro, at pati na rin ng mga politikong bumoto sa Proposisyon 58 sa balota.

Dalawa kami sa maraming Mambabatas na bumoto laban dito at hinihikayat namin kayong bumoto din ng HINDI.

Noong 1998, inaprubahan ng mga botante ng California ang inisyatibo na nag-aatas na turuan ang mga bata sa wikang Ingles sa ating mga paaralan, maliban kung hindi pumayag ang kanilang mga magulang. Ginawa nila ito dahil ang mga batang hindi Ingles ang unang wika ay nahihirapan sa mga klaseng "bilingguwal" ang ginagamit at hindi talaga natututo.

Naging maganda ang mga resulta. Natututo ang mga bata ng wikang Ingles nang mas mabilis kapag pinipilit sila sa "mga bilingguwal na programa" na tumagal nang ilang taon. Dahil mas mabilis silang natututo ng wikang Ingles at sa mas murang edad, tumataas ang bilang ng mga estudyanteng imigrante na natatanggap sa ating mga kolehiyo at unibersidad na pangkomunidad.

Ang mga ito ay gustong baguhin ng mga sumusuporta sa Prop. 58 dahil ang mga tinatawag na "guro sa wika" na ito ay may trabaho lang sa ating mga paaralan hangga't mayroong mga estudyante sa mga bilingguwal na klase. Makikinabang ang mga guro at ang kanilang mga unyon ngunit hindi ang mga bata.

Ang Proposisyon 58 ay hindi usapin ng pagiging makabago ng paraan ng pagtuturo natin ng wikang Ingles, usapin ito ng pagpipilit sa isang nabigo nang pamamaraan ng pagtuturo ng wikang Ingles sa mga batang imigrante kahit hindi ito gusto ng kanilang mga magulang.

Inaalis ng Proposisyon 58 ang mga kasalukuyang karapatan ng magulang sa isang edukasyon sa Wikang Ingles para sa kanilang mga anak.

Bumoto ng HINDI sa nakakalinlang na panukalang ito sa balota.

SHANNON GROVE, Miyembro ng Asembleya
Bakersfield

JOEL ANDERSON, Senador
County ng San Diego

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 58 ★

ANG PANUKALANG ITO SA BALOTA AY ISANG HINDI MATAPAT NA PANDARAYA NG MGA POLITIKO NG SACRAMENTO

• Ang opisyal na titulo ng Proposisyon 58 ay "Pagtuturo sa Wikang Ingles." Ngunit sa katunayan, PINAPAWALANG-BISA nito ang iniaatas na dapat turuan ang mga estudyante ng wikang Ingles sa mga pampublikong paaralan sa California. Ang lahat ng ito ay panlilinlang lang ng mga politiko ng Sacramento upang maloko ang mga botante, na ganap na ipinasa ang Proposisyon 227, ang inisyatibong "Wikang Ingles para sa Mga Bata" noong 1998. • Ang pinakamatinding bahagi ng Proposisyon 58 ay itinatago sa Seksyon 8, na NAGPAPAWALANG-BISA sa lahat ng paghihigpit sa Lehislatura ng California upang makagawa ng mga pagbabago sa hinaharap. Magbibigay-daan ito sa Lehislatura na muling ipatupad ang pagtuturo na HALOS WIKANG ESPANYOL LANG sa mga pampublikong paaralan sa pamamagitan ng simpleng pagboto ng mayoriya, na muling magpipilit sa mga batang Latino sa mga klase kahit hindi gusto ng kanilang mga magulang. • Ganap na sinusuportahan ng mga magulang sa California ang pagtuturo ng wikang Ingles, sa mga imigrante o hindi imigrante, mga Latino o Anglo, Asian o Black. Ito ang dahilan kung bakit sinusubukang LINLANGIN ng mga politiko ang mga botante sa pamamagitan ng isang MAPANLINLANG NA TITULO.

BUMOTO NG HINDI AT PANATILIHIN ANG "WIKANG INGLES PARA SA MGA BATA"—EPEKTIBO ITO!

• Sa loob ng maraming dekada, milyun-milyong batang Latino ang PINIPILIT SA MGA KLASE NA HALOS WIKANG ESPANYOL LANG na mapanlinlang na tinatawag na "bilingguwal na edukasyon." Isa itong pagkakamali sa edukasyon at kahit kailan ay hindi ito naging epektibo. Maraming Latino ang hindi kahit kailan natutong bumasa, sumulat o kahit magsalita ng wikang Ingles nang wasto. • Ngunit noong 1998, ganap na ipinasa ng mga botante ng California ang Prop. 227—ang inisyatibo na "Wikang Ingles para sa Mga Bata"—kung saan nagbigay ito ng planadong imersyon sa wikang Ingles sa mga imigrate na mag-aaral at nag-atas na turuan sila sa wikang Ingles sa lalong madaling panahon kapag nagsimula silang pumasok sa paaralan. • Matagumpay na pinamunuan ni Jaime Escalante, isa sa pinakamatagumpay na guro ng Amerika, ang kilusang *Tumindig at Maghatid*, ang kampanya ng Prop. 227 bilang Pandangal na Tagapangulo, at sa pamamagitan nito ay natulungan niya ang mga Latino sa California mula sa Wikang Espanyol Lang na edukasyon para sa minorya. • Naging epektibo ito! Sa loob ng apat na taon, tumaas nang 30%, 50%, o kahit 100% ang mga marka sa pagsusulit ng mahigit isang milyong estudyanteng imigrante. • Idineklara ng lahat ng pangunahing pahayagan, pati na ng pambansang *New York Times*, na ang bagong sistema sa imersyon sa wikang Ingles ay isang malaking tagumpay sa edukasyon. • Ipinahayag ng dating superintendente ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Oceanside na nagkamali siya tungkol sa bilingguwal na edukasyon sa loob ng tatlumpung taon at naging nangungunang pambansang tagapagtaguyod para sa imersyon sa wikang Ingles. • Simula noong naipasa ang "Wikang Ingles para sa Mga Bata," nagkaroon ng malaking pagtaas sa bilang ng mga Latino na nakakakuha ng marka na sapat upang matanggap sa tanyag na sistema ng Unibersidad ng California. Naging epektibo ang Prop. 227 sa mga paaralan sa California kaya halos nakalimutan na ng lahat ang usapin maliban sa mga aktibista ng bilingguwal na edukasyon. Ngayon, sinusubukan nilang linlangin ang mga botante sa pagpayag sa PAGPAPANUMBALIK NG MGA KLASENG MANDATORYO NA SA HALOS WIKANG ESPANYOL LANG.

Bumoto ng HINDI, panatilihin ang "Wikang Ingles para sa Mga Bata," at protektahan ang pamana ni Jaime Escalante sa edukasyon para sa mga estudyanteng imigrante ng California.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website sa *www.KeepEnglish.org*

RON UNZ, Tagapangulo
Wikang Ingles para sa Mga Bata

KENNETH A. NOONAN, Dating Superintendente
Nng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Oceanside

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 58 ★

TINITIYAK NG PROPOSISYON 58 NA ANG LAHAT NG ESTUDYANTE AY MAGIGING MAHUSAY SA PAGGAMIT NG WIKANG INGLES SA LALONG MADALING PANAHON. PINAPALAWAK DIN NG PROPOSISYON 58 ANG MGA OPORTUNIDAD PARA SA MGA GUMAGAMIT NG WIKANG INGLES NA MAGING MAHUSAY SA PANGALAWANG WIKA.

Ito ang dahilan kung bakit ang Proposition 58 ay sinusuportahan ng mga nangungunang guro at tagapagtaguyod na magulang ng ating estado—mga guro sa paaralan, ang PTA ng estado, mga punong-guro at lokal na miyembro ng lupon ng mag-aaral—at ni Gobernador Jerry Brown.

HINDI TOTOONG ANG PROPOSISYON 58 AY ISANG "HINDI MATAPAT NA DISKARTE."

Huwag magpaloko sa mga mapanlinlang na taktika ng kalaban sa pananakot. Ang Prop. 58 ay HINDI isang "taktika" upang abandunahin ang pagtuturo ng wikang Ingles na panig sa "mga mandatoryong klase na Halos Wikang Espanyol Lang." Narito ang totoong sinasabi ng Prop. 58:

• Dapat magbigay ang mga distrito ng paaralan sa kanilang mga mag-aaral ng "epektibo at naaangkop" na programa sa pagkakatuto ng wika na "nakadisenyo upang matiyak ang pagkatuto ng wikang Ingles sa pinakamabilis na panahon at pinakamahusay na paraan hangga't maaari" (Mga Seksyon sa Kodigo sa Edukasyon 305(a)(1) at 306(c)). • "May karapatan ang lahat ng estudyante sa California na mabigyan ng libreng edukasyon sa pampublikong paaralan at pampublikong edukasyon sa pag-aaral ng wikang Ingles." (Seksyon 320 ng Kodigo sa Edukasyon). • Ang mga distrito ng edukasyon "ay dapat man lang magbigay sa mga Estudyante ng Wikang Ingles ng planadong programa sa imersyon sa wikang Ingles" (Seksyon 305(a)(2) ng Kodigo sa Edukasyon).

HINDI SINUSUPORTAHAN NG EBIDENSYA ANG MGA SINASABI NG KALABAN. Sinasabi ng mga kalaban ng Proposisyon 227 na matagumpay ito, ngunit ayon sa isang komprehensibong pagsusuri na isinagawa sa loob ng limang taon ng Pananaliksik sa Mga Institusyon sa Amerika, "walang batayang ebidensya" upang masuportahan ang mga sinasabi nila.

HINIHILING NG MGA GURO AT MAGULANG NA HUWAG PANIWALAAN ANG MGA TAKTIKA NG KALABAN SA PANANAKOT. Sa ilalim ng Prop. 58, lokal na distrito ng paaralan ang magpapasiya—gamit ang opinyon mula sa mga magulang, guro at kanilang mga komunidad—para sa mga pinakanaaangkop na paraan ng pagtuturo ng wika sa kanilang mga mag-aaral sa pinakamabilis na panahon hangga't maaari at palawakin ang mga oportunidad para sa mga nagsasalita ng Ingles upang maging mahusay sa isang pangalawang wika.

SUPORTAHAN ANG ATING MGA ANAK AT ANG ATING MGA PAARALAN.
BUMOTO NG OO SA 58.

JUSTINE FISCHER, Presidente
PTA ng Estado ng California

TOM TORLAKSON, Superitendente sa Pampublikong Pagtuturo ng Estado
RALPH GOMEZ PORRAS, Presidente
Kapisanan ng Mga Tagapangasiwa ng Paaralan ng California

PROPOSISYON

59 MGA KORPORASYON. PAGGASTOS NA PAMPULITIKA. MGA PROTEKSIYON SA PEDERAL NA SALIGANG-BATAS. PAMBATASANG KATANUNGAN PARA SA PAGPAPAYO.

59

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Tinatanong kung ang mga inihalal na opisyal ng California ay dapat gamitin ang kanilang awtoridad upang magmungkahi at magpatibay ng isang pag-aamyenda sa pederal na Saligang-batas na nagpapawalang-bisa sa desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa *Citizens United v. Federal Election Commission.*
- Ang *Citizens United* ay nagpasiya na ang mga batas na naglalagay ng partikular na mga limitasyon sa paggastos na pampulitika ng mga korporasyon at unyon ay labag sa saligang-batas.
- Ipinapahayag na dapat linawin ng iminumungkahing pag-aamyenda na ang mga korporasyon ay hindi dapat magkaroon ng mga karapatan ayon sa saligang-batas na katulad ng sa mga tao.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang tuwirang epekto sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA SB 254 (PROPOSISYON 59)
(KABANATA 20, MGA BATAS NG 2016)

Senado:	Mga Oo 26	Mga Hindi 12
Asembleya:	Mga Oo 51	Mga Hindi 26

PAGSUSURI NG MANUNURI NG LEHISLATURA

BATAYAN

Paggasta sa Pampulitikang Kampanya. Maraming tao, korporasyon, unyon ng paggawa, at iba pang mga grupo ang gumagastos ng pera upang maimpluwensiyahan ang mga desisyon ng botante sa mga pampulitikang kampanya. Kasama sa paggastang ito ang:

- ***Mga Direktang Kontribusyon.*** Ang mga tao ay maaaring direktang magbigay ng pera sa mga kandidato, partidong pampulitika, at komite. Ang mga direktang kontribusyon na ito ay napapailalim sa mga pederal, estado, at lokal na limitasyon. Sa ilang sitwasyon, hindi pinapayagan ng batas na pederal ang mga direktang kontribusyon. Halimbawa, ang mga korporasyon at unyon ng paggawa ay hindi maaaring direktang magbigay ng pera sa isang kandidato para sa pederal na opisina.
- ***Mga Independiyenteng Paggasta.*** Ang isang tao ay gumagawa ng "independiyenteng paggasta" kung gumasta siya ng pera upang impluwensiyahan ang mga botante nang hindi nakikipag-ugnayan sa isang kandidato o kampanya. Halimbawa, ang taong nag-produce ng patalastas sa radyo na humihikayat sa mga tao na iboto ang isang kandidato ay gumagawa ng independiyenteng paggasta kung ginawa ang patalastas nang walang pakikisangkot ng kampanya ng kandidato.

Pinoprotektahan ng Saligang-batas ng U.S. ang Mga Independiyenteng Paggasta. Bago ang 2010, nilimitahan ng batas na pederal ang mga kakayahan ng korporasyon at unyon ng paggawa na magsagawa ng mga independiyenteng paggasta sa mga pederal na halalan. Ang ilang lokal na pamahalaan sa California ay may mga katulad na batas para sa mga lokal na halalan. Noong 2010, natukoy ng Korte Suprema ng U.S. sa kasong *Citizens United* na ang mga independiyenteng paggasta na ginagawa ng mga korporasyon at unyon ng paggawa ay isang

uri ng pagsasalita na pinoprotektahan sa ilalim ng Saligang-batas. Batay sa pagtukoy na ito at mga kaugnay na desisyon sa hukuman, hindi maaaring limitahan ng pamahalaan ang karapatan ng mga korporasyon at unyon ng paggawa na magsagawa ng mga independiyenteng paggasta. Nalalapat ang tuntuning ito sa mga pederal, estado, at lokal na pamahalaan.

Dalawang Hakbang na Proseso upang Mabago ang Saligang-batas. Maaaring baguhin ang Saligang-batas sa pamamagitan ng dalawang hakbang na proseso ng "pagsusog." Sa ilalim ng prosesong ito, na inilalarawan sa ibaba, tanging ang Kongreso, mga lehislatura ng estado, at—kung pinanawagan ng Kongreso—mga kombensiyon para sa saligang-batas ang may tungkulin na baguhin ang Saligang-batas. Simula noong naisabatas ang Saligang-batas noong 1789, nagmungkahi ng 33 susog at 27 susog ang inaprobahan sa pamamagitan ng prosesong ito.

- ***Unang Hakbang: Ang Kongreso ang Kikilos.*** Ang proseso upang mabago ang Saligang-batas ay nagsisimula sa pagsasagawa ng Kongreso ng alinman sa (1) pagmumungkahi ng mga pagbabago o susog sa Saligang-batas o (2) pananawagan para sa isang kombensiyon para sa saligang-batas upang magmungkahi ng mga susog pagkatapos hilingin ng mga lehislatura ng estado ng hindi bababa sa 34 na estado ang nasabing kombensiyon. Walang susog ang iminungkahi sa pamamagitan ng isang kombensiyon para sa saligang-batas.
- ***Pangalawang Hakbang: Ang Estado ang Kikilos.*** Dapat aprobahan ng hindi bababa sa 38 estado ang isang iminungkahing susog bago ito maging isang batas. Depende sa mga tagubilin mula sa Kongreso, aaprobahan ng mga estado ang mga iminungkahing susog sa pamamagitan ng alinman sa mga lehislatura ng estado o mga kombensiyon sa antas ng estado. Batay sa kasaysayan, isang susog lang—ang ika-21 Susog na nagpapawalang-saysay sa pagbabawal sa pagbebenta ng mga inuming may alcohol—ang inaprobahan sa pamamagitan ng mga kombensiyon sa antas ng estado sa halip na sa pamamagitan ng mga lehislatura ng estado.

MUNGKAHI

Nagtatanong ang Proposisyon 59 kung dapat gamitin ng inihalal na mga opisyal ng California ang lahat ng kanilang awtoridad batay sa saligang-batas—kasama na ang, ngunit hindi nililimitahan sa, pagsusog sa Saligang-batas—upang:

- Baligtarin ang mga epekto ng Citizens United at mga kaugnay na desisyon ng hukuman.
- Payagan ang regulasyon at limitasyon ng paggasta sa pampulitikang kampanya.
- Tiyakin na maipapahayag ng mga indibidwal ang mga pananaw sa pulitika.
- Linawin na ang mga korporasyon ay hindi dapat magkaroon ng mga parehong karapatan sa saligang-batas tulad ng karapatan ng mga tao.

Ang Proposisyon 59 ay isang panukalang nakapagpapayo lamang. Hindi ito nag-aatas ng anumang partikular na pagkilos ng Saligang-batas o Lehislatura ng California.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay walang direktang epekto sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 59, pumunta sa pahina 149.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 59 ★

Bumoto ng OO sa Proposisyon 59 upang makatulong na makakuha ng malaking pera mula sa politika at mapanumbalik ang isang pamahalaan na pinamumunuman ng, sa pamamagitan ng at para sa mga mamamayan.

Hindi dapat payagan ang mga korporasyon at bilyonaryo na patuloy na bilhin ang ating mga halalan.

Ngunit ito mismo ang ginawa ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa masalimuot na pasiya ng hukuman sa *Citizens United v. FEC.* Ang hindi makatarungang pasiyang ay nagbigay sa mga korporasyon ng parehong "mga karapatan" bilang mga tao at binigyan ang mga ito ng kalayaan upang gumastos nang walang limitasyon sa ating mga halalan. Ibinasura ng ibang pasiya ang mga matagal nang umiiral na batas na naglilimita sa kung magkano ang maaaring gastusin ng mga bilyonaryo sa isang halalan.

Bilang resulta, gumagastos ang mga korporasyon at ang mga bilyonaryong may-ari ng mga ito ng kahit magkanong halaga upang maimpluwensyahan ang mga resulta ng halalan na panig sa kanila.

Hindi dapat magkaroon ng mas maririnig na tinig ang mga korporasyon at bilyonaryo kumpara sa mga botante ng California sa ating mga halalan. Malaki ang ginagastos ng mga korporasyon upang maimpluwensyahan ang mga resulta at mas mahirapan tayong ipahayag ang ating mga tinig.

Mali ang Korte Suprema at dapat itong iwasto.

Malaki ang ginagampanang tungkulin ng mga korporasyon sa ating ekonomiya. Ngunit hindi mga tao ang mga korporasyon. Ang mga ito ay hindi bumoboto, hindi nagkakasakit, o namamatay sa pakikipaglaban para sa ating bansa. Iniakda ang Saligang-Batas upang protekahan ang mga tao, at hindi ang mga korporasyon. Ang mga karapatang ibinigay ng Korte Suprema sa mga korporasyon ay nagbibigay-daan sa kanilang tabunan ang mga tinig ng mga totoong tao—bilang mga botante, mamimili, manggagawa, at may-ari ng maliliit na negosyo.

Tayo, ang Mga Tao ay dapat magkaroon ng karapatan sa pagtatakda ng makatuwirang limitasyon sa pangangalap at paggasta ng pera ng mga kandidato at iba pa upang maimpluwensyahan ang mga halalan.

Bumoto ng OO sa Prop. 59 at iparating sa Kongreso na magpasa ng susog sa Saligang-Batas ng U.S. na nagtutuldok sa malawakang paggastos na pulitikal.

Noon, ginamit ng mga botante ng California ang mga panukala sa balota upang magabayan at mapahusay ang ating estado at lokal na pamahalaan. Ang Prop. 59 ay nagbibigay-daan sa ating magawa ito hinggil sa mahalagang usaping ito.

Ang totoong reporma sa pagpopondo ng kampanya ay maaari lang mangyari sa ganap na pagkakaroon ng suporta mula sa lahat mula sa buong bansa. Gawin natin ang ating bahagi at bumoto ng OO sa Proposisyon 59.

Tumulong sa pagpapahayag ng mensahe sa Kongreso na kumilos na ngayon upang mapagtibay ang ating demokrasya.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 59.

BEN ALLEN, Senador ng Estado

MICHELE SUTTER, Ka-Tagapagtatag
Money Out Voters In (Alisin ang Pera, Pabotohin ang Botante)

KATHAY FENG, Tagapagpaganap na Direktor
California Common Cause (Panlahat na Layunin ng California)

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 59 ★

Ang Proposisyon 59 ay WALANG SILBI.

Pati ang mga tagasuporta nito ay aminado na *ang gagawin lang ng panukalang ito ay ang "pagpaparating ng mensahe sa Kongreso."*

Aminado sila na ang mga korporasyon ay may "malaking ginagampanang tungkulin sa ating ekonomiya."

Dapat pagtuunan ng pansin ng Lehislatura ang tungkulin nito at ihinto ang paglalagay ng mga walang saysay na panukala sa balota upang humiling sa Kongreso na limitahan ang malayang pamamahayag sa pamamagitan ng pagbabasura sa pasiya ng Korte Suprema.

Nagbibigay ng pera ang mga korporasyon. Nagbibigay ng pera ang mga unyon ng manggagawa. Nagbibigay ng pera ang mga tao. Ginagawa ito ng lahat upang suportahan ang mga kandidatong gusto nila at matutulan ang mga ayaw nilang kandidato.

Sinasabi ng mga tagasuporta ng Proposisyon 59 na ang mga tao ay dapat "magkaroon ng karapatan sa pagtatakda ng makatuwirang limitasyon sa pangangalap at paggasta ng pera ng mga kandidato at iba pa upang maimpluwensyahan ang mga halalan."

Sino ang magpapasiya kung anu-ano ang mga makatuwirang limitasyong ito?

ANG KONGRESONG ITO?

ANG LEHISLATURANG ITO?

Gusto ba talaga nating mapasakamay ng mga politikong nakaluklok sa pwesto ang kapangyarihan upang patahimikin ang tinig ng mga tao o organisasyong sumisigaw ng pagbabago sa paraan ng pamamalakad ng ating pamahalaan?

Walang obligasyon sa batas ang Proposisyon 59. WALA ITONG SAYSAY.

Marami na tayong pinagkasunduang pasiya ng Korte Suprema. Marami na rin tayong hindi napagkasunduan.

Ang isang bagay na pinagkakasunduan ng mga Demokratiko, Republikano at D-partidistang botante ay *ang Korte Suprema ay dapat mangibabaw sa politika* at mangibabaw sa pagpili ng mga panalo at talo.

Ang Proposisyon 59 ay isang politikal na pahayag ng ilang piling indibidwal na gustong ipilit sa marami ang kanilang layunin. Sa halip ng paglalagay ng walang nagagawang paunawa sa balota, dapat pagtuunan ng pansin ng Lehislatura ang pagiging malinaw ng impormasyon at pagsisimula ng pagtupad ng tungkulin nila sa mamamayan.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 59 . . . WALA ITONG GINAGAWA . . . WALA ITONG SAYSAY.

JEFF STONE, Senador ng Estado
Ika-28 Distrito

K.H. ACHADJIAN, Miyembro ng Asembleya
Ika-35 Distrito

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 59 ★

ANG PROPOSISYON 59 AY ISANG MALAKING SAYANG SA INYONG ORAS AT SA MGA DOLYAR NG ATING MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Itinalaga ng LEHISLATURA ang WALANG-BISANG PAUNAWA sa panukala sa balota na ito upang sabihin na gusto nila ng reporma sa pagpopondo sa kampanya at gusto nilang alisan ng kapangyarihan ang mga epesyal na interes sa Sacramento, ngunit, ang katotohanan ay wala itong gagawing anuman dito. Sa halip, nakikipaglaban ito na ang *MALAYANG PAGPAPAHAYAG AY HINDI DAPAT MALAPAT SA* maliliit na negosyo at sa ibang gustong maging kasama ng korporasyon bilang isang korporasyon. Narito ang hindi nagagawang ipatupad ng panukalang ito:

- BIGO ito sa pagbabawal o paglilimita ng mga kontribusyon ng korporasyon sa mga kandidato at nahalal na opisyal.
- BIGO ito sa pagbabawal o paglilimita ng mga kontribusyon ng unyon sa mga kandidato o nahalal na opisyal.
- BIGO ito sa pagbabawal o paglilimita ng mga kontribusyon ng korporasyon sa mga partidong pulitikal.
- BIGO ito sa pagbabawal o paglilimita ng mga kontribusyon ng unyon sa mga partidong pulitikal.

Sa halip, hinihiling ng Proposisyon 59 sa miyembro ng Kongreso ng California na baguhin ang Unang Susog sa Saligang-Batas ng Estados Unidos. Gusto ninyo ba talagang baguhin ng KONGRESONG ITO ang UNANG SUSOG na naggagaratiya at nagpoprotekta sa:

- Iyong karapatan sa pagtalima sa inyong relihiyon?
- Iyong karapatan sa MALAYANG PAMAMAHAYAG?
- Iyong karapatan sa MALAYANG PAGLALATHALA?
- Iyong karapatan sa matiwasay na makipangkat at makipag-ugnayan sa iba?
- Iyong karapatan sa paghahain ng petisyon sa iyong pamahalaan?

Ipinagtatanggol ng mga tagasuporta ng Proposisyon 59 na "hindi tao ang mga korporasyon." Ngunit, maraming Simbahan ang nasa kasamang korporasyon. Ang mga Pahayagan at Telebisyon ay nasa kasamang korporasyon. Ang Facebook, Google, at Twitter ay nasa kasamang korporasyon. Pati na rin ang mga organisasyon tulad ng Karaniwang Layunin, ang Liga ng mga Babaing Botante, at ang Unyon ng Kalayaang Sibil ng Amerika (ACLU) ay nasa kasamang korporasyon. Hindi dapat mawalan ng karapatan mula sa Saligang-Batas ang mga tao dahil lang pinipili nilang maging kasapi ng isang kumpanya o organisasyon na nasa kasamang korporasyon.

Ang ating mga BALOTA ay HINDI dapat mapigilan ng mga walang saysay na WALANG-BISANG panukala.

Ito ang una, ngunit kung boboto kayo ng "oo," tiyak na hindi ito ang magiging huli. Sa halip, ang inyong BOTONG HINDI ay magpapahayag ng malinaw na mensahe sa Lehislatura:

- Ihinto ang PAGSASAYANG NG AMING PERA—Gagastos ang mga nagbabayad ng buwis ng kalahating milyong dolyar, o higit pa, para dito.
- Ihinto ang PAGLALAGAY SA AMING BALOTA ng mga walang saysay na panukala na WALANG SILBI.
- Simulan ang buong taon na PAGBUBUNYAG ng kontribusyon para sa politika SA LOOB NG 24 NA ORAS mula sa pagtanggap nito.
- Simulang GAWIN ANG INYONG TUNGKULIN. Ayusin ang aming hindi epektibong sistema ng edukasyon. Ayusin ang aming mga may sirang kalsada. Protektahan kami mula sa krimen.

Walang may gusto sa kasalukuyang kalagayan ng Politika sa Amerika o California. Ngunit ang PROPOSISYON 59 ay isang panukala na "magandang lang pakinggan" at ito ay WALANG SILBI sa pagpapahusay ng pagbubunyag ng pera na ginagastos sa politika.

Mangyaring BUMOTO ng HINDI sa PROPOSISYON 59. WALA ITONG SAYSAY.

JEFF STONE, Senador ng Estado
Ika-28 Distrito

KATCHO ACHADJIAN, Miyembro ng Asembleya ng Estado
Ika-35 Distrito

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 59 ★

HUWAG MAGPALOKO SA MGA MAPANLINLANG NA TAKTIKA NG KALABAN SA PANANAKOT.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 59 dahil kung hindi natin ibabasura ang maling pasiya ng Korte Suprema sa *Citizens United (Mga Nakakaisang Mamamayan)*, KAHIT KAILAN AY HINDI natin mapapatupad ang mga repormang kailangan natin sa PAGPIGIL SA MGA KORPORASYON AT MAYAMANG ESPESYAL NA INTERES SA PAGBILI NG ATING MGA HALALAN.

Gustong maniwala ng mga kalaban na ang pagbabasura ng *Mga Nagkakaisang Mamamayan* ay makakaapekto sa iyong mga karapatan sa UNANG SUSOG. Ang mga INTERES LANG NA MAY MALAKING PERA, na gustong kontrolin ang ating mga halalan ang may dapat katakutan sa pagbabasura ng *Mga Nagkakaisang Mamamayan.*

Hindi dapat magkaroon ang mga korporasyon ng katulad na karapatan ng mga tao—hindi dapat pahintulutan ang mga ito na gumasta nang walang limitasyong pera upang kontrolin ang ating mga halalan. NGUNIT ITO MISMO ANG NAGBIBIGAY-DAAN SA KANILANG GAWIN SA PAMAMAGITAN NG PASIYA SA *MGA NAGKAKAISANG MAMAMAYAN*! Pinababa nito ang mga limitasyon sa paggasta ng korporasyon at unyon para sa politika.

Nagkakasundo ang mga Demokratiko, Republikano, at independiyenteng botante na dapat ibasura ang *Mga Nagkakaisang Mamamayan* sa pamamagitan ng susog sa saligang-batas. Bumoto ng OO sa Proposisyon 59 upang ipahayag sa Kongresong kumilos dito.

Magbibigay-daan ang pagbabasura sa *Mga Nagkakaisang Mamamayan* sa makabuluhang pagpopondo sa kampanya na magbabalik ng pag-aari ng ating mga halalan sa mga ordinaryong Amerikano! Ang pagboto ng OO sa Proposisyon 59 ay magpapahayag ng malinaw na mensahe sa Kongreso na Kami, ang Mga Tao ay may kagustuhang magpahayag ng AMING mga tinig sa panahon ng halalan.

Huwag hayaan ang mga korporasyong linlangin kayo—hindi dapat payagan ang mga korporasyon at bilyonaryong patuloy na bilhin ang ating mga halalan.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 59 upang makatulong na makakuha ng malaking pera mula sa politika at mapanumbalik ang isang pamahalaan na pinamumunuman ng, sa pamamagitan ng at para sa MGA MAMAMAYAN.

MARK LENO, Senador ng Estado

MICHELE SUTTER, Ka-Tagapagtatag
Alisin ang Pera, Pabotohin ang Botante

KATHAY FENG, Tagapagpaganap na Direktor
Panlahat na Layunin ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

60 MGA PELIKULA NA PARA SA NASA HUSTONG GULANG. MGA KONDOM. MGA KINAKAILANGAN SA KALUSUGAN. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Hinihiling sa mga artista sa pelikula na para sa nasa hustong gulang na gumamit ng mga kondom sa panahon ng pagkuha ng eksenang pagtatalik.
- Hinihiling sa mga producer ng mga pelikula na para sa nasa hustong gulang na magbayad para sa mga bakuna, pagsusuri, at medikal na eksaminasyon ng artista na may kaugnayan sa mga impeksiyon na naihahawa sa paraang sekswal.
- Hinihiling sa mga producer ng mga pelikula na para sa nasa hustong gulang na kumuha ng lisensiyang pangkalusugan ng estado, at ipaskil ang kinakailangan para sa kondom sa mga lugar kung saan gumagawa ng pelikula.
- Nagpapataw ng pananagutan sa mga producer para sa mga paglabag, sa mga partikular na tagapamahagi, sa mga artista kung sila ay may pinansyal na interes sa kasamang pelikula, at sa mga kumakatawan sa talent na sadyang nagrerekomenda ng mga artista sa mga hindi sumusunod na producer.
- Pinahihintulutan ang estado, mga artista, o sinumang residente ng estado na magpatupad para sa mga paglabag.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Malamang na pagbawas sa mga kita sa pang-estado at lokal na buwis nang ilang milyong dolyar bawat taon.
- Nadagdagang mga paggastos ng estado na maaaring lumampas sa $1 milyon taun-taon upang lisensiyahan at pangasiwaan ang paggawa ng pelikula na para sa nasa hustong gulang at upang ipatupad ang mga tuntunin sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho. Ang mga paggastos na ito ay mababawi sa ilang antas sa pamamagitan ng kita sa bagong singil.

60

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Ang California Ang Nangungunang Lokasyon ng Industriya ng Pang-Nasa Hustong Gulang na Pelikula. Maraming pang-nasa hustong gulang na pelikula ang ginawa sa San Fernando Valley ng Los Angeles (isang dati nang sentro ng paggawa ng pang-nasa hustong gulang na pelikula) at sa iba pang bahagi ng California. (Ang mga pang-nasa hustong gulang na pelikula ay kilala rin bilang "pornograpiya.") Ang ilang kumpanya ng media ay dito gumagawa ng mga pang-nasa hustong gulang na pelikula, na kadalasang nakikita ng mga mamimili sa Internet. Ang ilang gumaganap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula ay nagmamay-ari rin ng mga negosyong gumagawa, nagpopondo, o namamahagi ng content. Kabilang sa mga negosyong ito ang mga website at social media platform kung saan itinatampok ng mga aktor ang kanilang mga sariling video at larawan.

Pinoprotektahan ng Mga Batas ng Estado ang Kaligtasan at Kalusugan ng Manggagawa. Nag-uutos ang batas ng estado ng iba't ibang kinakailangan sa mga employer upang maprotektahan ang kanilang mga empleyado mula sa panganib sa pinagtatrabahuhan. Ang Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA) ay nagpapatupad ng mga regulasyon upang maprotektahan ang mga manggagawa mula sa mga banta ng panganib sa pinagtatrabahuhan. Responsibilidad ng isang lupon ng estado, na itinalaga ng Gobernador, ang pagpapatupad at pagbabago ng mga regulasyong ito sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan. Ang mga gumaganap at iba pang manggagawa sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, gaya ng mga direktor at camera operator, ay maaaring malantad sa iba't ibang banta ng panganib sa kalusugan at kaligtasan habang nagtatrabaho roon. Saklaw ng mga ito mula sa mga karaniwang isyu sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan (tulad ng kakulangan ng mga first aid kit sa pinagtatrabahuhan) hanggang sa iba pang mga panganib na partikular sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula—gaya ng pagkalantad sa mga likidong nagmumula sa katawan na maaaring may impeksyon, lalo na ang semilya, habang gumagawa ng o gumaganap sa isang pelikula.

Iniaatas Na ng Cal/OSHA ang Paggamit ng Condom sa Paggawa ng Pang-Nasa Hustong Gulang na Pelikula. Itinuturing ng Cal/OSHA ang pagkalantad sa ilang partikular na likidong nagmumula sa katawan bilang banta ng panganib sa pinagtatrabahuhan. Ito ay dahil ang mapapanganib na sexually transmitted infection (mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik o STI)—tulad ng chlamydia, hepatitis B, at human immunodeficiency virus (HIV)—ay nakakahawa mula sa mga taong may impeksyon papunta sa malulusog na tao sa pamamagitan ng pagkalantad sa dugo o iba pang mga likidong nagmumula sa katawan. Dahil dito, ang mga kasalukuyang regulasyon ng estado ay pangkalahatang inaatasan ang mga employer na magbigay at tiyaking gumagamit ang kanilang mga empleyado ng kagamitan para sa proteksyon upang maiwasan ang pagkalantad sa ilang partikular na likidong nagmumula sa katawan sa pinagtatrabahuhan. Sa pagpapatupad ng mga regulasyong ito, inaatasan ng Cal/OSHA ang mga aktor na gumamit ng mga condom habang nakikipagtalik sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula. Sa pangkalahatan, ipinapatupad ng Cal/OSHA ang mga tuntuning ito ayon sa pagtugon sa mga reklamo. Sa loob ng dalawang taon ng 2014 at 2015, tumukoy ang Cal/OSHA ng apat na kumpanya ng produksiyon na lumabag sa mga regulasyong ito.

Partikular na Iniaatas ng Batas ng County ng Los Angeles ang Paggamit ng Condom sa Paggawa ng Pang-Nasa Hustong Gulang na Pelikula. Noong Nobyembre 2012, inaprobahan ng mga botante sa County ng Los Angeles ang isang panukala sa balota (Panukala B) na partikular na nag-aatas sa mga aktor na gumamit ng mga condom habang nakikipagtalik sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula roon.

Magkakaiba ang mga Kasanayan sa Industrya. Ang ilang produksyon ng pang-nasa hustong gulang na pelikula ay kasalukuyang inaatasan o pinapayagan ang mga gumaganap na magsuot ng mga condom. Gayunpaman, sa kabila ng mga pang-estado at lokal regulasyon, mas gusto ng ibang mga prodyuser at aktor na gumawa ng mga pang-nasa hustong gulang na pelikula nang walang mga condom o iba pang kagamitan para sa proteksyon. Sa halip, gumagamit ang ilang bahagi ng industrya ng regular na pagsusuri ng STI na nilalayong kumpirmahing walang mapapanganib na impeksyon ang mga gumaganap.

MUNGKAHI

Naglalagay ang Proposisyon 60 sa California Labor Code ng mga karagdagang kinakailangan, gaya ng nakabuod sa Pigura 1, na nauugnay sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula sa estadong ito. Ang panukalang ito ay partikular na nalalapat sa mga eksena ng pakikipagtalik sa mga set ng pang-nasa hustong gulang na pelikula "kung saan aktwal na ipinapasok ang ari ng isang gumaganap sa ari o sa puwit ng iba."

Nililinaw ang Kodigo sa Trabaho ng Estado upang Partikular na Iatas ang Paggamit ng Mga Condom. Nililinaw ng panukalang ito kung paano nailalapat ang ilang pangunahing probisyon ng mga umiiral na tuntunin sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan partikular na sa industrya ng pang-nasa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Figure 1
Maglalagay ang Proposisyon 60 ng Mga Karagdagang Kinakailangan sa Industrya ng Pang-Nasa Hustong Gulang na Pelikula

- Nililinaw ang mga umiiral na tuntunin sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng partikular na pag-aatas ng paggamit ng condom sa Kodigo sa Trabaho ng California.
- Inaatasan ang mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na malisensyahan at magbigay ng impormasyon sa estado tungkol sa kukunang pang-nasa hustong gulang na pelikula.
- Dinaragdagan ang panahon para sa pagpapatupad ng ilang paglabag sa kalusugan at kaligtasan ng pang-nasa hustong gulang na pelikula.
- Ipinapataw sa mga tagapamahagi at ahente ang maaaring managot para sa mga paglabag sa ilang tuntunin sa pinagtatrabahuhan para sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.
- Pinapayagan sa ilang pagkakataon ang sinumang naninirahan sa California na magsampa ng sibil na demanda laban sa mga prodyuser para sa ilang paglabag sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan para sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.

hustong gulang na pelikula. Naglalagay ito sa Kodigo sa Trabaho ng partikular na pangangailangan na magbigay ng mga condom ang mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula at matiyak na nagagamit ang mga ito ng mga aktor (bilang kasalungat ng umiiral na mga pangkalahatang regulasyon, sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan tungkol sa pag-iwas sa pagkakalantad sa dugo at ilang partikular na likidong nagmumula sa katawan). Isinasaad ng panukalang ito na ang mga condom ay hindi naman kailangang makita sa mga pelikulang ipinamahagi sa mga mamimili. Gayunpaman, kakailanganing mapatunayan ng mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na aktwal na gumamit ang mga gumaganap ng mga condom.

Iba Pang Mga Iniaatas sa Mga Prodyuser ng Pang-Nasa Hustong Gulang na Pelikula. Iniaatas ng proposisyong ito sa mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na malisensyahan ng Cal/OSHA sa kada dalawang taon at abisuhan ang Cal/OSHA sa tuwing gagawa sila ng pang-nasa hustong gulang na pelikula. Magbabayad ang mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula ng mga bayarin sa Cal/OSHA upang ipatupad ang mga bagong kinakailangang ito. Bilang karagdagan, kakailanganin ng mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na bayaran ang mga gastos sa mga pagpapabakuna laban sa STI na nauugnay sa trabaho, pagsusuri ng STI, at mga medikal na pagsusuri ng mga gumaganap. Inaatasan din ng panukala ang mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na magtabi ng mga rekord na nagpapakita na sumunod sila sa mga bagong kinakailangan.

Pinalawak na Panahon para sa Pagpapatupad. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang Cal/OSHA ay karaniwang may anim na buwan mula sa oras ng paglabag sa pinagtatrabahuhan na tapusin ang pag-iimbestiga at pagbibigay ng citation. Pinapayagan ng proposisyon na magsimula ang mga pagkilos sa pagpapatupad para sa mga paglabag na ito sa mga pang-nasa hustong gulang na pelikula isang taon pagkatapos madiskubre ang paglabag.

Pinapalawak ang Pananagutan para sa Ilang Partikular na Paglabag sa Kalusugan at Kaligtasan sa Pinagtatrabahuhan. Dagdag pa sa mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, ipinapataw ng panukala sa mga tagapamahagi ng pang-nasa hustong gulang na pelikula at ahenteng kumukuha ng gumaganap ang maaaring maging pananagutan para sa mga paglabag sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan na isinabatas ng panukalang ito. Nagtatakda rin ang panukala ng mga parusa ng pananalapi para sa mga paglabag sa mga kinakailangang ito.

IPINAGPATULOY

Pinapayagan ang Mga Indibidwal na Magsampa ng Mga Demanda sa Mga Paglabag sa Regulasyon. Sa ilalim ng panukala, ang sinumang naninirahan sa California ay maaaring humiling sa Cal/OSHA na aksyunan ang ilang di-umano'y paglabag sa kalusugan at kaligtasan sa pinagtatrabahuhan. Kung hindi nagsagawa ang Cal/OSHA ng ilang partikular na pagkilos sa loob ng ibinigay na panahon, maaaring maghain ang taong iyon ng sibil na pagkilos laban sa prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula. Kung mananaig ang indibidwal, mababawi nya ang kaniyang mga legal na gastusin at makakatangap siya ng 25 porsyento ng anumang parusang binayaran ng nasasakdal sa nasabing demanda, at ang natitira ay ibabayad sa estado. Isinasaad ng panukala na ang mga parusa nito ay hindi ilalapat sa mga gumaganap sa o empleyado ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, hangga't ang mga indibidwal na iyon ay walang pananalaping interes sa isang pelikula at hindi sila mga prodyuser ng pelikula.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Maaaring Pagkabawas sa Kita sa Buwis. Ang mga kalahok sa industrya ay tutugon sa mga pinataas na regulasyon at mga kinakailangan sa pagpapatupad ng panukalang ito sa maraming paraan. Ang ilang bahagi ng industrya ng pang-nasa hustong gulang na pelikula ay susunod sa panukala habang ang iba ay maaaring piliing lumipat sa labas ng California. Posible ring susubukan ng ilang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na iwasan ang pagpapatupad ng pang-estado at lokal na batas habang ipinagpapatuloy na gawin ang mga pang-nasa hustong gulang na pelikula rito. Malaki ang tsansang bumaba ang mga pasahod na nagmumula sa pang-nasa hustong gulang na pelikula at kita ng negosyo sa California at, bilang resulta, maaaring bawasan ng panukala ang mga kita sa pang-estado at lokal na buwis nang halos ilang milyong dolyar kada taon.

Mga Gastusin at Kita ng Pangangasiwa at Pagpapatupad. Ang mga patuloy na gastos ng pamahalaan ng estado upang ipatupad ang batas na ito ay maaaring lumampas sa $1 milyon taun-taon. Karamihan sa mga gastusin ay maaaring sagutin ng mga bagong bayarin sa mga prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula. Ang anumang kitang nagmula sa parusa ay idedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

Mga Epekto sa Iba Pang Pampublikong Badyet. Ang panukala ay maaaring magkaroon ng mga epekto sa pananalapi sa mga pamahalaan ng California. Halimbawa, ang pagbabawas ng trabaho sa industrya ng pang-nasa hustong gulang na pelikula at maaaring magresulta sa bahagyang pagtaas ng mga gastusin ng estado o lokal para sa mga programa ng mga pangkalusugan at panlipunang serbisyo. Ang panukala ay maaari ding magresulta sa mas kanuting pagpasa ng mga STI, na maaaring makabawas kahit papano sa mga gastos ng estado at lokal para sa mga programang pangkalusugan na pinopondohan ng publiko. Sa pangkalahatan, ang epekto sa neto sa mga programa ng mga pangkalusugan at panlipunang serbisyo na pinopondohan ng publiko ay maaaring maging bahagya lang.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 60, pumunta sa pahina 149.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 60 ★

Hindi dapat kailanganing isugal ng sinuman ang kanyang buhay para sa kanyang trabaho!

Kapag bumoto ka ng OO para sa Prop. 60, bumoboto ka upang protektahan laban sa sakit ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko sa California. Ang mga prodyuser ng pornograpiya ay kontra sa pagbibigay ng ligtas na lugar ng pagtatrabaho para sa kanilang mga aktor. Bilang resulta, libu-libong manggagawa na ang nalagay sa panganib na magkaroon ng mga malala at nakamamatay na sakit. *Oras na upang panagutin ang mga prodyuser ng pornograpiya para sa kaligtasan at kalusugan ng manggagawa sa industriya ng pornograpiya ng California.*

Mula pa noong 1992, mandatoryo na ayon sa batas ang paggamit ng condom sa lahat ng pelikulang pornograpiko na ginagawa sa California. Ayon sa Cal/OSHA, *"Mandatoryo ang paggamit ng mga condom upang maprotektahan ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko laban sa HIV at iba pang mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik."* Inaalis ng Prop. 60 ang mga butas sa kasalukuyang batas at pinapahigpit nito ang pagpapatupad, kung kaya't mas madaling panagutin ang mga prodyuser ng pornograpiya para sa parehong batas sa proteksyon sa lugar ng pagtatrabaho na sinusunod na ng iba pang mga industriya sa California. Ang mga prodyuser, direktor at ahente ng pornograpiya lang ang pinapanagot ng Prop. 60—*hindi* ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko.

Sinusuportahan ng Kapisanang Medikal ng Amerika, ng Kapisanan ng Pampublikong Kalusugan ng Amerika, at ng iba pang mga pangunahing institusyong medikal at institusyon ng pampublikong kalusugan ang paggamit ng mga condom sa mga pelikulang pornograpiko. Ngunit malinaw na nilalabag ng mga prodyuser ng pornograpiya ang batas. Sinasabi nila na mababawasan ang kita nila dahil sa paggamit ng condom sa kanilang mga pelikula. Tinatanggal at iniiwasan nila ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko na nagnanais na protektahan ang kanilang mga sarili gamit ang mga condom.

Kapag binabalewala ng mga prodyuser ng pornograpiya ang batas, inilalagay nila ang kanilang mga manggagawa sa panganib na magkaroon ng HIV, syphilis, chlamydia, gonorrhea, herpes, hepatitis, at human papillomavirus (HPV). Ayon sa mga pag-aaral ng siyentipiko, ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko ay mas malamang na magkaroon ng mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik kumpara sa karaniwang mamamayan. Libu-libong kaso na ng mga sakit—na maaaring kumalat sa komunidad—ang naisadokumento sa industriya ng pelikulang pornograpiko sa mga nakaraang taon.

Ayon sa mga prodyuser ng pornograpiya, sumasailalim naman sa pagsusuri para sa sakit ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko. Ngunit hindi sapat ang pagsusuri lang (na kailangan pang bayaran ng mga manggagawa!). Hindi nito natutukoy kaagad ang maraming sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik. Ang mga condom ay nagbibigay ng mahalaga at karagdagang proteksyon. *Bumoto ng OO sa Prop. 60 para sa kaligtasan ng manggagawa!*

Tayo ang naaabala dahil ayaw sumunod ng mga prodyuser ng pornograpiya sa batas. Ang panghabambuhay na gastos upang gamutin ang HIV ay halos kalahating milyong dolyar *kada tao.* Dahil sa industriyang ito, gumastos na ng tinatayang 10 milyong dolyar ang mga nagbabayad ng buwis sa California para lang sa pagpapagamot ng HIV. Dagdag pa rito, ang mga nagbabayad ng buwis ay gumagastos ng daan-daan libong dolyar kada taon upang gamutin ang mga nauugnay na sakit.

Napakahalagang palakasin ngayon ang kasalukuyang batas dahil kasalukuyang mahina ang kita ng industriya ng pelikulang pornograpiko. Bilang resulta, mas malamang na tanggihan ng mga prodyuser ng pornograpiya ang paggamit ng condom. Ibinibigay ng Prop. 60 sa mga opisyal ng kalusugan ang mga kagamitan sa pagpapatupad na kailangan nila upang matiyak na nasusunod ang batas at may sapat na proteksyon ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko.

Masyadong matagal nang sinasamantala ng mga prodyuser ng pornograpiya ang mga kabataang babae at lalaki na nagtatrabaho. Hindi dapat payagan ang mga prodyuser ng pornograpiya na patuloy na lumabag sa batas na nagpoprotekta sa mga manggagawang ito sa California. Para ito sa pagiging patas at pagkakaroon ng responsibilidad. Bisitahin ang *FAIR4CA.org* para sa karagdagang impormasyon.

BUMOTO NG OO SA PROP. 60!

CYNTHIA DAVIS, M.P.H., Tagapangulo ng Lupon
Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS

GARY A. RICHWALD, M.D., M.P.H., Dating Direktor
Programa para sa Sakit na Naipapasa sa Pamamagitan ng Pakikipagtalik ng County ng Los Angeles

DERRICK BURTS, Dating Aktor sa Pelikulang Pornograpiko na May HIV

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 60 ★

Ang Prop. 60 ay mapanganib para sa mga manggagawa, at magastos para sa mga botanteng kagaya mo. Ito lang ang inisyatibong kinokontra ng lahat ng pangunahing partidong pampulitika.

May isang grupo ng espesyal na interes na gumastos na ng milyun-milyong dolyar para sa pagsusulat ng Prop. 60 at pagpopondo sa kampanya. Nakakagulat pa ba na makikinabang rin ang grupo ng espesyal na interes na ito mula sa proposisyon? Bibigyan sila ng awtoridad na magsampa ng napakaraming paghahabla laban sa mga aktor sa mga pelikulang pornograpiko, at maaari din silang magbulsa ng mga espesyal na multa. Maaaring ihabla ang bawat manggagawa na nasa set.

Ang Prop. 60 ay nagkakaloob din sa SINUMANG residente ng California ng kakayahan na kasuhan ang mga gumaganap at gumagawa ng mga pelikula na para sa nasa sapat na gulang. Kahit ang isang sugatang manggagawa. Hindi ba't nakakatakot ang potensyal para sa pang-aabuso at panggigipit? At siyempre, ang laki ng gagastusin natin. Hindi na nakapagtatakang ang di-partidistang Opisina ng Pambatasang Manunuri (LAO) ay nagtatantiya ng posibleng gastusin sa mga tagabayad ng buwis ng California ng "milyun-milyong dolyar."

Ganito ang nangyayari kapag gumastos ang isang grupo ng espesyal na interes ng milyun-milyong dolyar para sa isang kumplikadong inisyatibo na binubuo ng labintatlong pahina: isang panukala na sa sobrang dami ng mga depekto at problema ay nawawalan na ng saysay ang anumang mga positibong epekto nito. Pinapahina nito ang kasalukuyang kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Patuloy na lumalaki ang OPOSISYON sa Prop. 60, kasama na ang mga organisasyon para sa pampublikong kalusugan at karapatang sibil, gaya ng Equality California, APAC (ang pinakamalaki at independiyenteng organisasyon para sa aktor) at LA LGBT Center. Kinokontra din ng PARTIDONG DEMOKRATIKO NG CALIFORNIA at PARTIDONG REPUBLIKANO NG CALIFORNIA ang Prop. 60.

Ang Prop. 60 ay isang solusyon na "walang kompromiso" na pinopondohan ng iisang grupo ng espesyal na interes. Kapag nagsusulat ng patakaran sa kaligtasan ng manggagawa, dapat alamin ang opinyon ng lahat. BUMOTO NG HINDI SA PROP.60.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang Mga Taga-California Laban sa Panggigipit sa Manggagawa sa *DontHarassCA.com*

RACHEL "CHANEL PRESTON" TAYLOR, Presidente ng Komite para sa Adbokasiya ng Aktor sa Pelikulang Pornograpiko

JERE INGRAM, CIH, CSP, FAIHA, dating Tagapangulo ng Lupon ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California

MARIE LOUISE "NINA HARTLEY" LEVINE, Batsilyer sa Agham sa Pag-aalaga

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 60 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 60: Ganito ang nangyayari kapag nakakatanggap ng milyun-milyong dolyar ang isang grupo ng espesyal na interes upang pondohan ang isang pampulitikang kampanya. Dahil hindi maganda ang pagkakasulat sa panukalang ito na binubuo ng 13 pahina, ito lang ang inisyatibo ngayong taon na KINOKONTRA ng PARTIDONG DEMOKRATIKO NG CALIFORNIA at ng PARTIDONG REPUBLIKANO NG CALIFORNIA. Kahit ang Partidong Libertaryan ng California ay kontra sa Prop. 60.

Gusto kayong papaniwalain ng may-panukala nito na para ito sa kaligtasan ng manggagawa. Gayunpaman, ang Prop. 60 ay KINOKONTRA ng NAG-IISANG independiyenteng organisasyon ng *mga aktor sa pelikulang pornograpiko* sa estado, na binubuo ng daan-daang miyembrong nagbabayad. Sa isang liham sa Kalihim ng Estado ng California, ipinahayag ng Presidente ng Komite ng Adbokasiya sa Mga Gumaganap sa Pelikula para Nasa Sapat na Gulang na si Chanel Preston na ang inisyatibo ay mapanganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga gumaganap.

Ang Prop. 60 ay KINOKONTRA rin ng maraming organisasyon para sa mga karapatang sibil at pampublikong kalusugan, kasama na ang Equality California, ang Sentro para sa Batas ng Transgender, ang AIDS Project Los Angeles, ang Sentro para sa LGBT ng Los Angeles at ang Pundasyon para sa AIDS ng San Francisco.

Ang Prop. 60 ay kinokontra ng mga namumuno sa negosyo gaya ng Valley Industry & Commerce Association (VICA).

Gusto kayong papaniwalain ng may-panukala nito na para ito sa kaligtasan ng manggagawa. Ngunit ikinukubli nito ang totoong epekto ng panukala: ang paggawa ng isang hindi pa nasusubukang PAGHAHABLA NG MARAMING KASO na magpapapasan sa mga tagabayad ng buwis ng "milyun-milyong dolyar" at magbabanta sa kaligtasan ng mga gumaganap.

Ang inisyatibo ay gumagawa ng isang bagong pribadong karapatan sa pagkilos na nagpapahintulot sa May-panukala AT sa lahat ng 38 MILYONG RESIDENTE NG CALIFORNIA na direktang maghain ng mga kaso sa mga gumagawa at nagpapamahagi ng mga nilalaman para sa nasa sapat na gulang, na maaaring kasama ang mga gumaganap sa pelikula para sa nasa sapat na gulang, pati na rin ang mga may pinsalang gumaganap, mga nagtatrabaho sa set, at mga kompanya ng kable at satellite na telebisyon. Wala nagtatrabaho sa California ang maaaring kasuhan sa ganitong paraan. BUMOTO NG HINDI SA PROP. 60

NARITO ANG MGA DETALYE:

- Ayon sa di-partidistang tagapayo sa pananalapi ng California, ang Prop. 60 ay maaaring magpapasan sa mga tagabayad ng buwis ng "MILYUN-MILYONG DOLYAR" kada taon; pera na maaaring magamit sana sa mga serbisyo sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, mga aklatan, pulisya at bumbero.
- Ang panukala sa balota ng pangunahing abugado ng paglilitis, Prop. 60 ay nagbibigay sa BAWAT mamamayan ng California ng karapatan na kasuhan ang mga taong gumagawa o nagpapamahagi ng nilalaman para sa nasa sapat na gulang, na maaaring kasama ang mga gumaganap sa pelikula para sa nasa sapat na gulang, kasama ang mga gumaganap na LGBT, nagtatrabaho sa set, at mga kumpanya ng kable at satelite na telebisyon. Ang posibleng liabilidad ng inisyatibo ay maaaring malapat sa bawat magagawang pelikula para sa nasa sapat na gulang sa California sa kableng telebisyon.
- Maaaring puwersahin ng Prop. 60 ang mga aktor sa pelikulang pornograpiko na *maglahad ng pribadong impormasyon* sa publiko, kasama na ang kanilang mga legal na pangalan at ADDRESS NG TAHANAN.
- Aatasan ang mga empleyado ng estado na "magsuri" ng mga pelikulang pornograpiko.
- Ang pinangalanang may-panukala ay pinapahintulutan na "manumpa" bilang isang ahente ng estado; tanging ang Lehislatura lang ang maaaring BUMOTO sa kanya upang masibak sa posisyon.
- Maaaring kasuhan ang mga mag-asawang magpapamahagi ng kanilang sariling ginawa sa kanilang sariling tahanan.

Ang Prop. 60 ay magdudulot ng gastos na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar para sa mga nagbabayad ng buwis, lalabag sa pagkapribado ng manggagawa, at maghihirang sa May-panukala bilang isang empleyado ng estado—at kayong mga nagbabayad ng buwis ang magpapasuweldo sa kanya.

Iyon ang dahilan kung bakit dapat ninyong samahan ang mga aktor, ang mga namumuno sa negosyo, ang PARTIDONG DEMOKRATIKO NG CALIFORNIA at ang PARTIDONG REPUBLIKANO NG CALIFORNIA sa PAGBOTO NG HINDI SA PROP.60.

MARK LENO, Senador
Ika-11 Distrito

JAY GLADSTEIN, M.D.
Panloob na Medisina/Mga Nakakahawang Sakit

JESSICA YASUKOCHI, Bise Presidente
Kapisanan ng Industriya at Komersiyo sa Valley

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 60 ★

Huwag kayong magpaloko sa kung sino ba ang kumokontra sa Prop. 60. Sila ang mga suwapang na prodyuser ng pornograpiko. Palagi nilang inilalagay sa panganib ang kaligtasan at kalusugan ng mga aktor sa pelikulang pornograpiko sa pamamagitan ng pagpuwersa sa kanila na huwag gumamit ng mga condom. Ayon sa mga kamakailang pag-aaral, isa sa apat na aktor ang nagkaroon ng mga malalang sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik. *Hindi dapat kailanganing isugal ng sinuman ang kanyang buhay para sa kanyang trabaho!*

Ang ilegal na kagawian na pagbibigay ng priyoridad sa kita bago ang kaligtasan sa industriya ng pelikulang pornograpiko ay batid naman ng lahat. Ang mga opisyal ng kaligtasan at kalusugan sa California—Cal/OSHA—ay nagsampa na ng mga paghahabla na nagkakahalaga ng DAAN-DAANG LIBONG DOLYAR laban sa halos dalawang dosenang prodyuser ng pornograpiya dahil sa paglabag sa mga patakaran na malinaw na nagsasaad na dapat magsuot ng mga condom sa mga pelikulang pornograpiko.

Ngunit ang mga opisyal ng Cal/OSHA ay palaging nahahadlangan ng mga butas at limitasyon sa pagpapatupad. Isasara ng Prop. 60 ang mga butas, at paiigtingin nito ang kakayahan ng Cal/OSHA na ipatupad ang kasalukuyang batas. *Para ito sa pagiging patas at pagkakaroon ng responsibilidad!*

Ang Prop. 60 ay sinusuportahan ng MARAMING ORGANISASYON SA MEDIKAL AT PAMPUBLIKONG KALUSUGAN, kabilang ang:

- Kapisanan ng Mga Nars para sa Kalusugan sa Trabaho ng Estado ng California
- Akademya ng Pang-iwas na Medisina ng California
- Koalisyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng Timog California
- Kolehiyo ng Espesyalista sa Pagpapaanak at Hinekolohiya—Distrito IX ng Amerika
- Kapisanan para sa Kalusugang Sekswal ng Amerika
- Beyond AIDS
- Instituto ng Mga Pinagsama-samang Komunidad ng California

Masyadong matagal nang inaabuso ng mga prodyuser ng pornograpiya ang mga aktor. Kailangan at karapat-dapat matanggap ng mga aktor ang mga proteksyon sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng pagtatrabaho na natatamasa ng mga manggagawa sa konstruksiyon, magsasaka, nars, at milyun-milyon pang mga empleyado sa California.

BUMOTO NG OO SA PROP. 60!

JEFFREY KLAUSNER, M.D., M.P.H., Propesor
Paaralan ng Medisina ng UCLA

PAULA TAVROW, Ph.D., Direktor
Programang Bixby sa Populasyon at Kalusugang Pangreproduktibo ng UCLA

AMANDA GULLESSERIAN, Tagapagtatag
Pandaigdigang Unyon para sa Pornograpiya (International Entertainment Adult Union o IEAU)

PROPOSISYON

61 MGA PAGBILI NG INIRESETANG GAMOT NG ESTADO. MGA PAMANTAYAN SA PAGPEPRESYO. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Ipinagbabawal sa mga ahensiya ng estado na bumili ng anumang iniresetang gamot mula sa isang tagagawa ng gamot sa anumang presyo na mahigit sa pinakamababang presyo na ibinabayad para sa katulad na gamot ng Kagawaran ng Mga Ugnayan sa Beterano ng Estados Unidos maliban sa kung ayon sa hinihiling ng batas.
- Ginagamit sa anumang programa kung saan ang ahensiya ng estado ay ang panghuling tagabayad para sa isang iniresetang gamot, kahit na ang ahensiya ng estado ay hindi mismo bumibili ng gamot.
- Hindi isinasama ang mga pagbili ng mga iniresetang gamot sa ilalim ng mga programa ng pinamamahalaang pangangalaga na pinopondohan sa pamamagitan ng Medi-Cal.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng matitipid ng estado na hindi alam na halaga depende sa (1) kung paano tinutugunan ang mga pagsalungat sa pagpapatupad ng panukala at (2) ang mga sagot ng mga tagagawa ng gamot na nauukol sa pagkakaloob at pagpresyo ng kanilang mga gamot.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Ang Mga Bayad ng Estado para sa Mga Iniresetang Gamot

Nagbabayad ang Estado ng Mga Iniresetang Gamot sa Ilalim ng Maraming Iba't ibang Programa ng Estado. Karaniwan, nagbabayad ang estado ng mga iniresetang gamot sa ilalim ng mga programang nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o segurong pangkalusugan sa ilang bahagi ng populasyon ng estado. Halimbawa, nagbabayad ang estado ng mga iniresetang gamot sa pamamagitan ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay nito sa mga residente ng estado na mababa ang kita sa pamamagitan ng programa ng Medi-Cal at sa mga kasalukuyan at retiradong empleyado ng estado. Nagbibigay at nagbabayad din ang estado ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga preso, kasama na ang kanilang gastos sa mga iniresetang gamot.

Nagbabayad ang Estado ng Mga Iniresetang Gamot sa Iba't Ibang Paraan. Sa ilang sitwasyon, direktang binibili ng estado ang mga iniresetang gamot sa mga tagapagyari ng gamot. Sa ibang sitwasyon, nagbabayad ang estado ng mga iniresetang gamot kahit na hindi sila ang direktang bumili ng mga ito. Halimbawa, binabayaran ng estado sa mga tingiang botika ang halaga ng mga iniresetang gamot na binili ng mga botika at ibinibigay sa mga indibidwal na nakatala sa ilang programa ng estado.

Umabot nang Halos 3.8 Bilyong Dolyar ang Kabuuang Taunang Gastos ng Estado sa Gamot noong 2014–15. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, halos 3.8 bilyong dolyar ang ginastos ng estado sa mga iniresetang gamot noong 2014–15 sa ilalim ng iba't ibang programa ng estado. Humigit-kumulang kalahati ng pangkalahatang gastos ng estado sa mga iniresetang gamot ang pinopondohan ng estado, at ang natitira naman ay binabayaran gamit ang kita ng pederal na pamahalaan at iba pang kita na hindi mula sa estado.

Pigura 1

Taunang Gastos ng Estado sa Gamot[a]

2014–15, Lahat ng Pinagkukunan ng Pondo

Ahensiya/Programa	Sakop na Populasyon	Gastos sa Gamot[b] (Ayon sa Milyon)
Medi-Cal	Mga residente ng estado na mababa ang kita	$1,809[c]
Sistema ng Pagreretiro ng Mga Pampublikong Empleyado	Mga pampublikong empleyado, nakadepende, at retirado	1,328[d]
Unibersidad ng California	Mga estudyante, klinika, at pasyente sa ospital	334
Bilangguan	Mga preso	211
Pampublikong Kalusugan	Mga indibidwal na hindi sapat ang seguro at may HIV	57
Mga Ospital sa Estado	Mga pasyente sa mga ospital sa estado	35
Mga Serbisyo sa Pag-unlad	Mga residente sa mga sentro para sa pag-unlad	8
Pang-estadong Unibersidad ng California	Mga estudyante	4
Kabuuan		**$3,786**

a Hindi kasama sa pigura ang ilang ahensiya o programa sa estado na maliit lang ang halagang ginagastos sa mga iniresetang gamot.

b Sa pangkalahatan, naisaalang-alang na sa mga halagang nakalista ang anumang diskwento o pagsasauli na nagpapababa ng gastos ng mga ahensiya o mga programa sa mga iniresetang gamot.

c Hindi kasama sa halaga ang gastos sa gamot para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal.

d Hindi kasama sa halaga ang mga paggasta sa ngalan ng mga lokal na pampublikong empleyado.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Presyo ng Inireresetang Gamot sa Pangkalahatan

Kadalasang Iba ang Presyong Binabayaran Kaysa sa "Mga Nakalistang Presyo" ng Mga Gamot. Ang mga inireresetang gamot na ibinebenta sa Estados Unidos ay may mga nakalistang presyo na katulad ng iminumungkahing tingiang presyo ng tagapagyari (manufacturer's suggested retail price o MSRP) para sa mga sasakyan. Karaniwang nakikipagtawaran ang mga bumibili ng mga gamot at kadalasan ay nakakakuha sila ng mga diskwento. Bilang resulta, karaniwang mas mababa ang pinal na presyong binabayaran para sa inireresetang gamot kaysa sa nakalistang presyo nito.

Kadalasang Magkakaiba ang Presyong Binabayaran ng Iba't Ibang Tagapagbayad para sa Iisang Inireresetang Gamot. Kadalasang walang iisang presyong binabayaran ang lahat ng tagapagbayad para sa isang partikular na inireresetang gamot. Sa halip, maaaring regular na nag-iiba-iba ang presyong binabayaran ng iba't ibang tagapagbayad para sa iisang gamot, na nagpapakita ng resulta ng tawaran sa pagitan ng mga bumibili at nagbebenta ng mga gamot. Halimbawa, maaaring magkaiba ang presyong binabayaran ng dalawang magkaibang kumpanya ng seguro para sa iisang gamot, at maaaring ganito rin ang sitwasyon para sa dalawang magkaibang ahensiya ng estado gaya ng Kagarawan ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services o DHCS) sa California at Kagarawan ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health) sa California.

Kadalasang Napapailaim sa Mga Kasunduan sa Pagiging Kumpidensyal ang Mga Presyong Binabayaran para sa Mga Inireresetang Gamot. Ang mga kasunduan sa pagbili ng inireresetang gamot ay kadalasang may nilalaman na mga sugnay tungkol sa pagiging kumpidensyal na ginawa upang ipagbawal ang pagsisiwalat ng mga napagkasunduang presyo sa publiko. Bilang resulta, maaaring hindi malaman ng publiko ang mga presyo ng inireresetang gamot na binabayaran ng isang partikular na entidad, kasama na ang ahensiya ng pamahalaan.

Presyo ng Inireresetang Gamot sa Estado

Mga Diskarte ng Estado upang Mapababa ang Mga Presyo ng Inireresetang Gamot. Ang mga ahensiya ng estado ng California ay gumagamit ng iba't ibang diskarte upang mapababa ang mga presyong binabayaran nila para sa mga inireresetang gamot, na kadalasang kinasasangkutan ng pakikipagtawaran sa mga tagapagyari at tagapagbenta ng pakyawan ng mga gamot. Nag-iiba-iba ang mga partikular na diskarte depende sa istruktura ng programa at sa paraan ng pagbabayad ng estado para sa mga gamot. Halimbawa, magkakasamang nakikipagtawaran sa mga tagapagyari ang maraming kagawaran sa estado ng California para sa mga presyo ng gamot. Sa pamamagitan ng pakikipagtawaran bilang isang mas malaking entidad, nakakakuha ng mas mababababang presyo ng gamot ang mga kalahok na kagawaran ng estado. Isa pang diskarte ng estado ang paghingi ng diskwento sa mga tagapagyari ng gamot, at bilang kapalit nito ay mababawasan ang mga bayarin sa pamahalaan ng mga doktor na nagrereseta ng mga gamot ng mga tagapagyaring ito.

Presyo ng Kagarawan ng mga Gawain ng mga Beterano (Department of Veterans Affairs o VA) ng Estados Unidos para sa Mga Inireresetang Gamot

Ang VA ay Nagbibigay ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Mga Beterano. Ang VA ay nagbibigay ng kumprehensibong pangangalagang pangkalusugan sa humigit-kumulang siyam na milyong beterano sa buong bansa. Sa paggawa noon, sa pangkalahatan, binibili ng VA ang mga inireresetang gamot na ibinibigay nito sa mga benepisyaryo ng pangangalagang pangkalusugan sa VA.

Mga Programa upang Mabawasan ang Mga Paggasta ng Pederal na Pamahalaan sa Mga Inireresetang Gamot. Nakapagtatag na ang pederal na pamahalaan ng mga programa para sa diskwento na nagtatakda ng limitasyon sa mga presyong binabayaran para sa mga inireresetang gamot ng mga piling tagapagbayad ng pederal na pamahalaan, kasama na ang VA. Sa pangkalahatan, nagiging mas mababa ang mga presyo kumpara sa mga presyong ibinibigay sa mga pribadong tagapagbayad bilang resulta ng mga programang ito.

Nakakakuha ang VA ng Mga Karagdagang Diskwento Mula sa Mga Tagapagyari o Nagbebenta ng Mga Gamot. Dagdag pa sa mga programa ng pederal na pamahalaan para sa diskwento, kadalasang nanghihingi ang VA ng mga karagdagang diskwento mula sa mga tagapagyari o nagbebenta ng mga gamot na nagpapababa pa ng mga presyo nito kaysa sa binabayaran ng ibang mga kagawaran sa pederal na pamahalaan. Ibinibigay ng mga tagapagyari o nagbebenta ang mga diskwentong ito dahil mas madali nang makuha ng mga pasyente ng VA ang kanilang mga gamot.

Naglalathala ang VA ng Impormasyon Tungkol sa Presyo ng Ilan sa Mga Inireresetang Gamot Nito. Ang VA ay nagpapanatili ng pampublikong tipunan ng datos na naglilista ng mga presyong binabayaran ng VA para sa karamihan ng mga inireresetang gamot na binibili nito. Gayunpaman, ayon sa VA, hindi maaaring ipakita sa tipunan ng datos ang pinakamababababang presyo na binabayaran para sa ilan sa mga gamot na nakukuhaan ng VA ng mga karagdagang diskwentong napagkasunduan. Hindi maaaring ilathala ng VA sa tipunan ng datos ang impormasyong ito tungkol sa presyo dahil sa mga sugnay tungkol sa pagiging kumpidensyal na kasama sa ilang partikular na kasunduan sa pagbili ng mga gamot at ginawa upang ipagbawal ang pagsisiwalat ng mga napagkasunduang presyo sa publiko.

PANAKULA

Ang Panukala ay Nagtatakda ng Limitasyon sa Halagang Maaaring Bayaran ng Estado para sa Mga Inireresetang Gamot. Sa pangkalahatan, pinagbabawalan ng panukalang ito ang mga

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 61, pumunta sa pahina 155.

ahensiya ng estado na magbayad nang mas malaki para sa isang inireresetang gamot kaysa sa pinakamababang presyo na binabayaran ng VA para sa iisang gamot pagkatapos maisaalang-alang ang lahat ng diskwento para mga ahensiya ng estado ng California at gayundin para sa VA.

Iiral ang Panukala sa Tuwing ang Estado ang Magbabayad ng Mga Inireresetang Gamot. Iiral ang limitasyon ng panukala sa mga presyo ng inireresetang gamot sa estado anuman ang paraan ng pagbabayad ng estado para sa mga inireresetang gamot. Halimbawa, iiral ito direkta mang bumibili ang estado ng mga inireresetang gamot mula sa isang tagapagyari o binabayaran man nito ang mga botika para sa mga gamot na ibinibigay nila sa mga nakatala sa mga programa ng estado.

Hindi Isinasama ng Panukala sa Saklaw ang Isang Bahagi ng Pinakamalaking Programa sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado sa Mga Iniaatas Nito Kaugnay ng Presyo ng Mga Gamot. Ang programang Medi-Cal ng estado ay nag-aalok ng kumprehensibong saklaw sa kalusugan sa mga residente ng estado na mababa ang kita. Pinapatakbo ng estado ang Medi-Cal gamit ang dalawang magkaibang sistema ng paghahatid ng serbisyo: ang sistemang fee-for-service (o pagbabayad para sa bawat serbisyong kinukuha, na nagbibigay ng serbisyo sa humigit-kumulang 25 porsyento ng mga nakatala sa Medi-Cal) at ang sistema ng pinamamahalaang pangangalaga (na nagbibigay ng serbisyo sa humigit-kumulang 75 porsyento ng mga nakatala). Bagama't nalalapat ang panukala sa sistemang fee-for-service, hindi nito isinasama ang sistema ng pinamamahalaang pangangalaga sa mga iniaatas nito kaugnay ng presyo ng mga gamot na inilarawan sa itaas.

Inaatasan ang DHCS na Patibayan na Sumusunod ang Mga Ahensiya ng Estado sa Mga Iniaatas ng Panukala Kaugnay ng Presyo ng Mga Gamot. Inaatasan ng panukalang ito ang DHCS na patibayan na kapantay o mas mababa sa presyong binabayaran ng VA para sa bawat gamot ang binabayaran ng mga ahensiya ng estado.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Sa pamamagitan ng pagbabawal sa estado na magbayad nang mas malaki para sa isang inireresetang gamot kaysa sa pinakamababang presyo na binabayaran ng VA, may potensyal na makaramdam ang estado ng pagbaba ng mga gastos nito sa gamot. Gayunpaman, may malalaking agam-agam patungkol sa (1) pagpapatupad ng iniaatas ng panukala kaugnay ng pinakamababang gastos at (2) kung paano tutugon ang mga tagapagyari ng gamot sa merkado. Tatalakayin namin ang mga alalahaning ito sa ibaba.

Magkakaroon ng Mga Agam-agam Tungkol sa Pananalapi Dahil sa Mga Potensyal sa Hamon sa Pagpapatupad

Hindi Maaaring I-access ng Publiko ang Impormasyon tungkol sa Presyo ng VA para sa Ilang Gamot. Sa pangkalahatan, iniaatas ng panukala na hindi dapat lumampas sa pinakamababababang presyo na binabayaran ng VA para sa bawat gamot ang mga presyo ng inireresetang gamot na binabayaran ng estado. Gaya ng nabanggit sa itaas, hindi *palaging* nakasaad sa pampublikong tipunan ng datos ng VA tungkol sa mga presyo ng mga inireresetang gamot na binibili nito ang pinakamababababang presyo na binabayaran ng VA. Iyon ay dahil, para sa ilang gamot, nakakuha ang VA ng mas mababang presyo kaysa sa ipinapakita sa pampublikong tipunan ng datos at pinapanatili nitong kumpidensyal ang impormasyong iyon tungkol sa presyo. Hindi tiyak kung maaari pa ring atasan ang VA na isiwalat ang mas mababababang presyong ito sa isang entidad—gaya ng DHCS—na nanghihingi ng nasabing impormasyon sa pamamagitan ng isang kahilingan sa pederal na pamahalaan kaugnay ng Freedom of Information Act (FOIA). Maaaring may umiral na pagkalibre sa FOIA na sumasaklaw sa mga lihim ng kalakalan at impormasyon sa pananalapi upang hindi kailanganin ng VA na isiwalat sa estado ang mga presyong ito na kasalukuyang kumpidensyal.

Maaaring Makompromiso ang Pagiging Kumpidensyal ng Mga Presyo ng Gamot ng VA ang Kakayahan ng Estado na Ipatupad ang Panukala. Kung pinapayagan ng batas ang VA na panatilihing kumpidensyal ang impormasyon nito sa pagpepresyo para sa ilang inireresetang gamot, hindi matatasa ng DHCS sa lahat ng sitwasyon kung ang ibinabayad ba ng mga ahensiya ng estado ay mas mababa o kapantay lang ng pinakamababang presyong binabayaran ng VA para sa parehong gamot. Lilimitahan nito ang kakayahan ng estado na ipatupad ang panukala gaya ng isinasaad nito. Gayunpaman, upang matugunan ang mga hamon sa pagpapatupad ng mga batas, kung minsan ay pinagkakalooban ng mga hukuman ang mga ahensiya ng estado ng kalayaang magpatupad ng mga batas hanggang sa antas na posible hangga't naaayon sa hangarin ng batas ang pagpapatupad. Halimbawa, maaaring payagan ng mga hukuman ang estado na magbayad ng mga gamot sa presyong hindi lalampas sa pinakamababang *alam* na presyo na binabayaran ng VA, sa halip ng aktwal na pinakamababang presyo, upang magbigay-daan sa pagpapatupad ng panukala.

Kung Gagawing Kumpidensyal ang Pinakamababababang Presyo ng Gamot ng VA, Mababawasan Ngunit Hindi Mawawalan ng Matitipid ang Estado. Kung gagawing kumpidensyal ang ilan sa pinakamababababang presyo ng VA, mababawasan ngunit hindi mawawala ang potensyal ng panukala na makatipid sa gastos ng estado sa mga inireresetang gamot. Bagama't maaaring hindi makakuha ng impormasyon tungkol sa presyo ng ilan sa mga inireresetang gamot ng VA na may pinakamababababang presyo, batay sa mga nakaraang datos, talaga namang mas mababa ang mga presyo ng gamot ng VA na nakikita ng publiko kaysa sa mga presyong binabayaran ng ilang ahensiya ng estado ng California para sa ilang gamot. Kung ang mga presyo ng gamot ng VA na nakikita ng publiko para sa ilang partikular na gamot ay mas mababa kaysa sa binabayaran ng mga ahensiya ng estado ng California at ang mga tagapagyari ay magpapasyang ibigay ang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

mga presyong ito sa estado, tutulong ang panukala sa estado na makatipid kaugnay sa mga inireresetang gamot.

Lilimitahan ng Mga Maaaring Itugon ng Mga Tagapagyari ng Gamot ang Mga Maaaring Matipid

Maaaring Magkaroon ng Malaking Epekto sa Pananalapi ang Mga Tugon ng Mga Tagapagyari ng Gamot sa Panukala. Upang hindi magbago ang halagang kanilang kikitain sa kanilang mga produkto, malamang na gumawa ang mga tagapagyari ng gamot ng mga hakbang upang mapagaaan ang epekto ng panukala. Isang pangunahing dahilan kung bakit maaaring gumawa ng mga hakbang ang mga tagapagyari ng gamot bilang tugon sa panukala ay may kinalaman sa paraan ng pagkontrol ng pederal na batas sa mga presyo ng mga inireresetang gamot sa mga programang Medicaid ng estado. (Medi-Cal ang programang Medicaid sa California.) Ayon sa pederal na batas, kwalipikado ang lahat ng programang Medicaid ng estado sa pinakamababababang presyo ng inireresetang gamot na ibinibigay sa karamihan ng mga pampubliko at pribadong tagapagbayad sa Estados Unidos (hindi kasama ang ilang partikular na tagapagbayad, gaya ng VA). Kung mga presyo ng VA ang nakukuha ng ilang partikular na ahensiya ng estado ng California, gaya ng hinahangad ng panukala, magtatakda ito ng mga bagong limitasyon sa presyo ng inireresetang gamot sa mga presyo ng VA para sa *lahat* ng programang Medicaid ng estado. Bilang resulta, dahil sa panukala, maaaring maibigay rin ang mga abot-kayang presyo ng gamot ng VA sa mga programang pangkalusugan na nagbibigay ng serbisyo sa milyun-milyon pang tao sa buong bansa, dahilan upang lalo pang mapilitan ang mga tagapagyari ng gamot na gumawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang kanilang kita sa ilalim ng panukala.

Nasa ibaba ang dalawang posibleng maging tugon ng mga tagapagyari. (Ipinapaalala namin na maaaring sa huli ay gawin ng mga tagapagyari ang dalawang diskarte, habang nag-aalok din ng ilang gamot sa abot-kayang presyo ng VA.)

- ***Maaaring Taasan ng Mga Tagapagyari ng Gamot ang Mga Presyo ng Gamot ng VA.*** Kung alam nila na ayon sa panukala, ang mga presyo ng VA ang gagawing limitasyon para sa maaaring ibayad ng estado, maaaring magpasya ang mga tagapagyari ng gamot na taasan ang mga presyo ng gamot ng VA. Magbibigay-daan ito sa mga tagapagyari ng gamot na patuloy na makapag-alok ng mga inireresetang gamot sa mga ahensiya ng estado habang hindi masyadong hinahayaang mabawasan ang kanilang kita. Sakali mang ganito ang maging tugon ng mga tagapagyari, mababawasan ang mga maaaring matipid sa gastos ng estado sa mga inireresetang gamot.
- ***Maaaring Tumanggi ang Mga Tagapagyari ng Gamot na Ibigay ang Pinakamababababang Presyo ng VA sa Estado para sa Ilang Gamot.*** Hindi inaatasan ng panukalang ito ang mga tagapagyari ng gamot na mag-alok ng mga inireresetang gamot sa estado sa pinakamababababang presyo ng VA. Sa halip, nililimitahan ng panukalang ito ang mga hakbang na maaaring gawin ng *estado* (iyon ay, pagbabawal sa estado na magbayad nang mas malaki kaysa sa pinakamababababang presyo ng VA para sa mga inireresetang gamot). Samakatuwid, kung magpapasya ang mga tagapagyari na mas makabubuti para sa kanila kung hindi nila ibibigay ang abot-kayang presyo ng VA sa mga ahensiya ng estado ng California (halimbawa, upang makaiwas sa mga kahihinatnang katulad ng mga inilarawan sa itaas), maaaring tumanggi ang mga tagapagyari ng gamot na ialok sa estado ang ilang gamot na binibili ng VA. Sa mga ganoong sitwasyon, hindi mabibili ng karamihan ng mga tagapagbayad sa estado ang mga gamot na ito. Sa halip, magiging limitado ang estado sa pagbabayad para sa mga gamot na hindi binibili ng VA o mga gamot na iaalok ng mga tagapagyari sa pinakamababababang presyo ng VA. (Gayunpaman, upang makasunod sa pederal na batas, maaaring kailanganing ipagwalang-bahala ng Medi-Cal ang mga limitasyon ng panukala sa presyo at bayaran ang mga inireresetang gamot, iniaalok man ng tagapagyari ang kanilang mga gamot sa presyong kapantay ng o mas mababa sa mga presyo ng VA.) Sa ganitong tugon ng tagapagyari, maaaring mabawasan ang mga maaaring matipid ng estado sa ilalim ng panukala dahil maaaring limitahan nito ang mga gamot na maaaring bayaran ng estado sa mga gamot na mas mahal kaysa sa kasalukuyang binabayaran ng estado, bagama't nakakatugon ang mga ito sa mga iniaatas ng panukala kaugnay ng presyo.

Buod ng Pangkalahatang Epekto sa Pananalapi

Gaya ng tinalakay sa itaas, kung maipagtitibay ang panukala, maaaring makatipid ang estado taun-taon. Gayunpaman, walang kasiguraduhan kung magkano ang matitipid dahil depende ito (1) sa kung paano tutugunan ang mga hamon sa pagpapatupad ng panukala at (2) sa hindi tiyak na magiging tugon sa merkado ng mga tagapagyari ng gamot dahil sa panukala. Bilang resulta, hindi alam kung ano ang epekto ng panukalang ito sa pananalapi ng estado. Maaaring magkaroon ito ng maliit na epekto, o maaari din itong magdulot ng malaki-laking matitipid taun-taon. Halimbawa, kung mababawasan ng kahit ilang porsiyento lang ang kabuuang gastos ng estado sa mga inireresetang gamot dahil sa panukala, maaaring umabot sa milyun-milyong dolyar ang matitipid ng estado taun-taon.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 61, pumunta sa pahina 155.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 61 ★

Malaki ang kinikita ng mga kumpanya ng gamot mula sa mga karamdaman ng mga tao, at hindi lang pighati ang dulot ng problemang iyon. Maaaring ikamatay ang mga tumataas na presyo ng inireresetang gamot. Mas maraming Amerikano ang namamatay dahil sa hepatitis C kumpara sa lahat ng iba pang mga nakakahawang sakit—KAHIT NA MAYROON NAMANG LUNAS PARA DITO. Ang isang dahilan? Ang kumpanya ng gamot na kumokontrol dito ay sumisingil *ng mahigit $1,000 kada pilduras,* na masyadong mahal para sa karamihan ng mga pasyente.

Hindi lang ito ang halimbawa ng sobrang pagpepresyo ng isang kumpanya ng gamot:

• Ang presyo ng isang karaniwang pilduras na panlaban sa impeksyon ay tinaasan mula $13.50 patungong $750 sa isang gabi lang—*isang pagtaas na halos 5000%.* • *Ang average na taunang gastos sa mga espesyal na gamot na karaniwang ginagamit ay tinatayang umaabot ng halaga na $53,000*—mas malaki pa sa avarage na kita ng samabahayan sa bansa ($52,000) at mas malaki nang halos 3 1/2 beses kumpara sa average na mga taunang benepisyo sa Social Security na nagkakahalaga ng $15,000. • Ang isang gamot para sa kanser ay nagkakahalaga ng *$300,000 kada taon.*

Mas binibigyan ng priyoridad ng mga kumpanya ng gamot ang tubo kumpara sa mga tao, at ang mga kita ng mga may-ari ng sapi kumpara sa mga lunas para sa mga pasyente. Para saan pa ang mga gamot na nakakapagsagip ng buhay, kung sa sobrang mahal ng mga ito ay hindi kayang bilhin ng mga pasyente ang mga ito—at libu-libo ang namamatay bilang resulta?

Ang Proposisyon 61, Ang Batas sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot sa California, ay lumalaban sa sobrang pagpepresyo ng mga kumpanya ng gamot. At inaasahang makakapagsagip ito ng mga buhay. Ganito ito gagana: Aatasan ng Batas ang Estado ng California na makipagkasundo sa mga kumpanya ng gamot upang magkaroon ng mga presyo na hindi lalampas sa mga presyong binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S. (Department of Veteran's Affairs o DVA) para sa parehong mga gamot.

Bakit ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano? Dahil hndi gaya ng Medicare, nakikipagkasundo ang DVA para sa mga presyo ng gamot, at sa average ay 20–24% na mas mura ang binabayaran nito para sa mga gamot kumpara sa iba pang mga ahensya ng pamahalaan, hanggang 40% na mas mura kumpara sa Medicare Part D. Ang Batas sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot ay nagbibigay ng kapangyarihan sa Estado ng California, bilang ang nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa milyun-milyong residente ng California, na makipagkasundo para sa pareho o mas murang presyo para sa mga nagbabayad ng buwis, na makakabawas ng milyun-milyon sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga kumpanya ng gamot ay nagpaplanong gumastos ng $100 milyon upang labanan ang panukalang ito *dahil alam nilang magreresulta ito sa pagbaba ng LAHAT ng presyo ng gamot*—at makakabawas sa napakalaki nilang kita.

Hindi lang kami ang nagsasabi nito, ang isang publikasyon para sa mga tagapagpaganap ng gamot na tinatawag na Prop. 61 *"GROUND ZERO"* sa pambansang laban para sa mas murang presyo ng gamot, ay nagbibigay ng babala na:

"Kung aaprubahan ng mga botante ng California ang proposisyon na ito . . . walang duda na hihingin din ng iba pang mga estado ang parehong antas ng diskwento, pati na ang pederal na pamahalaan at mga pribadong entidad ng pangangalagang pangkalusugan. *SA MADALING SALITA, MAGKAKAROON NG SAKUNA SA PAGPEPRESYO ANG BUONG INDUSTRIYA NG GAMOT NG U.S."*

Ngunit ang "sakuna sa pagpepresyo" para sa mga kumpanya ng gamot ay magdudulot naman ng mas murang presyo ng gamot para sa mga residente na salat sa pera.

Ang Prop. 61 ay sinusuportahan ng Kapisanan ng mga Nars ng California na binubuo ng 86,000 miyembro—ang pinakamalaking organisasyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa estado; ng AARP, ang pinakamalaking grupo ng mga retirado sa California, na may 3.3 milyong miyembro; ng Liga ng Kalunsuran; ng Kampanya para sa isang Malusog na California, at ng maraming unyon ng paggawa; ng Mga Progresibong Demokratiko ng Amerika; ni Sen. Bernie Sanders; ng dating Kalihim ng Paggawa ng U.S. na si Robert Reich; at marami pa.

SAMAHAN KAMI SA LABAN KONTRA SA MATATAAS NA PRESYO NG GAMOT AT PAGKASAKIM NG MGA KUMPANYA NG GAMOT. BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 61. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa *www.StopPharmaGreed.com.*

ZENEI CORTEZ, RN, Kasamang Presidente
Kapisanan ng mga Nars ng California/Pambansang Tagaorganisang Komite ng mga Nars

NANCY MCPHERSON, Direktor ng Estado
AARP California

SENATOR ART TORRES (Ret.), Tagapangulo
Partidong Demokratiko ng California (1996–2009)

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 61 ★

Pinabulaanan ng mga nangungunang eksperto ang pahayag ng mga may-panukala na mapapababa ng Prop. 61 ang mga presyo ng gamot. Sa katunayan, AYON SA MGA EKSPERTO AY TATAAS LANG LALO ANG MGA PRESYO NG GAMOT DAHIL SA PROP. 61.

Ayon sa *Kapisanang Medikal ng California*, ang nangungunang organisasyong medikal ng estado na kumakatawan para sa 41,000 doktor:

"Bagama't lubos na inaalala ng mga doktor ng California ang presyo ng mga inireresetang gamot, sinuri namin ang panukalang ito at napag-alaman namin na marami itong maidudulot na problema. Naniniwala kami na patataasin nito—at hindi pababababain—ang mga presyo ng inireresetang gamot sa estado."

Ayon sa iginagalang at independiyenteng *Manunuri ng Lehislatura ng Estado ng California*, ang Prop. 61 *"ay maaaring magresulta sa pagtaas ng gastos ng estado sa mga inireresetang gamot."*

Kontra ang *Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California* sa Prop. 61 dahil magdudulot lang ito ng bagong burukrasya at napakaraming paghahabla—NA MAGRERESULTA SA GASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NA NAGKAKAHALAGA NG MILYUN-MILYONG DOLYAR.

Hinihikayat ng *Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa (Veterans of Foreign Wars o VFW)*, Kagawaran ng California ang pagboto ng HINDI sa 61 dahil maaari itong magresulta sa pagkawala ng mga espesyal na diskwentong ibinibigay sa Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng U.S. at PAGTAAS NG MGA PRESYO NG GAMOT PARA SA MGA BETERANO.

Sino ang nasa likod ng panukalang ito?

Ang Prop. 61 ay isinulat ni Michael Weinstein, ang presidente ng isang organisasyon na kumikita ng $1 bilyon kada taon para sa pagbebenta ng mga inireresetang gamot at pagpapatakbo ng mga HMO. Ang kanyang grupo ay gumagastos ng milyun-milyon upang pondohan ang kampanya. Ngunit hindi niya isinaklaw ang sarili niyang organisasyon sa mga probisyon nito sa pagpepresyo ng gamot. Hindi niya dapat hilingin sa mga residente ng California na aprubahan ang isang inisyatibong may problema na ayaw naman niyang sundin.

Ang Prop. 61 ay KINOKONTRA NG MAHIGIT SA 100 ORGANISASYON SA CALIFORNIA, kasama na ang:

• Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California • Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California • Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa (Veterans of Foreign Wars o VFW), Kagawaran ng California • California NAACP • Kongreso ng mga Espesyalista sa Pagpapaanak at Hinekolohiya ng Amerika (ACOG)—Distrito IX/CA • Kapisanang Medikal ng California

Ang Prop. 61 ay maraming problema at magastos. Bumoto ng HINDI.

www.NoProp61.com

STEVE MACKEY, Presidente
Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California

WILLIAM M. REMAK, Tagapangulo
Puwersang Tagakilos Laban sa Hepatitis C ng California

ALICE A. HUFFMAN, Presidente
California NAACP

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 61 ★

Ang Proposisyon 61 ay isang nakakapanlinlang na panukala na maraming problema at magastos.

Ang Prop. 61 ay isinulat at isinusulong ni Michael Weinstein, ang kontrobersiyal na presidente ng isang kumpanya na kumita ng mahigit $1 bilyon mula sa pagbebenta ng mga inireresetang gamot at polisa sa HMO. Nakakapagduda na hindi niya isinaklaw ang sarili niyang HMO sa pagsunod sa panukalang isinulat at isinusulong niya.

• Ayon sa *Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California* ang Prop. 61 ay magkakaroon ng masamang epekto sa mga beterano. • Ayon sa *Kapisanang Medikal ng California*, na kumakatawan para sa 41,000 doktor, ang Prop. 61 ay makakaapekto sa kakayahan ng mga pasyente na makakuha ng mga gamot. • Ayon sa *Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California* ang Prop. 61 ay magdudulot ng bagong burukrasya at mga paghahabla—na magreresulta sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

HINDI SAKLAW NG PROP. 61 ANG 88% NG MGA RESIDENTE NG CALIFORNIA. NGUNIT MAY NEGATIBONG EPEKTO ITO SA LAHAT NG RESIDENTE NG CALIFORNIA

Ang saklaw lang ng proposisyon ay isang grupo ng mga pasyente sa ilang partikular na programa ng pamahalaan ng estado, kasama na ang ilang empleyado ng pamahalaan at bilanggo ng estado. Hindi saklaw ang mahigit 88% ng mga residente ng California. Mahigit 10 milyong pasyente ng Medi-Cal na maliit ang kita, 20 milyong residente ng California na may pribadong seguro sa kalusugan at Medicare, at milyun-milyon pa—*LAHAT AY HINDI SAKLAW*.

ANG PROP. 61 AY MAAARING MAGRESULTA SA PAGTAAS NG PRESYO NG INIRERESETANG GAMOT PARA SA MGA BETERANO

Ang Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng US ay nakakatanggap ng mga espesyal na diskwento sa mga inireresetang gamot para sa mga beterano. Ang panukalang ito ay maaaring magresulta sa pagkawala ng mga diskwentong ito at pagtaas ng mga presyo ng inireresetang gamot para sa mga beterano. Ito ang dahilan kung bakit kinokontra ng mahigit isang dosenang grupo ng beterano ang panukalang ito, kasama na ang:

• Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California • Mga Beterano ng Vietnam ng Amerika, Konseho ng Estado ng California • Lehiyong Amerikano, Kagawaran ng California
• AMVETS, Kagawaran ng California

AYON SA MGA DOKTOR AT TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, ANG PROP. 61 AY MAKAKAAPEKTO SA KAKAYAHANG MAKAKUHA NG MGA KINAKAILANGANG GAMOT

Ang Prop. 61 ay magreresulta sa bagong burukrasya sa proseso ng paunang pag-apruba na makakaapekto sa kakayahan ng pasyente na makakuha ng mga kinakailangang gamot.

Ang mga nangungunang grupong pangkalusugan ay kontra sa Prop. 61, kasama na ang:

• Kapisanang Medikal ng California • Kongreso ng mga Espesyalista sa Pagpapaanak at Hinekolohiya ng Amerika (ACOG)—Distrito IX/CA
• Koalisyon Laban sa Kanser sa Obaryo ng Kalakhang California

ANG PROP. 61 AY MALAMANG NA MAKAPAGPATAAS NG PRESYO NG INIRERESETANG GAMOT SA ESTADO

Ang Prop. 61 ay magreresulta sa pagkawala ng mga diskwento sa gamot na kasalukuyang natatanggap ng estado—na magdaragdag ng milyun-milyong dolyar sa mga gastos sa inireresetang gamot ng estado kada taon. Ayon sa di-partidistang Manunuri ng Lehislatura ng estado, maaaring pataasin ng panukala ang paggastos ng estado sa maraming inireresetang gamot.

DAGDAG NA BURUKRASYA AT MAS MALAKING GASTOS NG NAGBABAYAD NG BUWIS

Kontra ang Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California sa Prop. 61. Hindi nililinaw ng panukala kung paano ito ipapatupad. Ang pagpasa ng panukalang ito ay magreresulta sa dagdag na burukrasya at mga paghahabla dahil mahihirapan ang mga ahensya ng estado na ipatupad ito—na magdudulot ng gastos sa mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

ANG NAGSUSULONG NG PANUKALA AY NAGSULAT NG MGA ESPESYAL NA PROBISYON PARA SA SARILI NIYANG ORGANISASYON

Hindi isinaklaw ng may-panukala ang kanyang organisasyon na kumikita ng bilyun-bilyong dolyar, at nagsulat siya ng mga probisyon na magbibigay sa kanya ng espesyal na karapatang maghabla hinggil sa panukalang ito. Inaatasan ng probisyong ito ang mga nagbabayad ng buwis sa California na bayaran ang kanyang mga abugado—nang walang limitasyon.

Ang Proposisyon 61 ay isa na namang halimbawa ng mapanlinlang at magastos na panukala sa balota. Ito ay makakasama sa mga beterano; makakaapekto sa kakayahan ng pasyente na makakuha ng mga kinakailangang gamot; makakapagpataas ng mga gastos sa inireresetang gamot ng estado; at magdaragdag ng burukrasya at mga paghahabla—na magreresulta sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis na nagkakahalaga ng milyun-milyon.

SAMAHAN ANG MGA BETERANO, DOKTOR, TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, GRUPO NG NAGBABAYAD NG BUWIS: Bumoto ng HINDI sa 61.

www.NoProp61.com

DALE SMITH, Kumander
Mga Beterano ng Digmaan sa Ibang Bansa, Kagawaran ng California
RANDY MUNOZ, Bise Tagapangulo, Kapisanan ng Latino Laban sa Diabetes
GAIL NICKERSON, Presidente
Kapisanan ng mga Rural na Klinikang Pangkalusugan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 61 ★

Gusto kayong papaniwalain ng mga kumpanya ng gamot na kontra sila sa Prop. 61 dahil hindi nito masasaklaw ang bawat pagbili ng gamot sa California. Para na ring sinabi ng NRA na kontra ito sa pagbabawal ng mga assault-weapon dahil hindi sapat ang bilang ng mga uri ng mga baril na saklaw nito.

ANG INAALALA LANG NG MGA KUMPANYA NG GAMOT AY ANG PAGPAPANATILI NG MATATAAS NILANG PRESYO AT KITA!

Huwag magpalinlang sa kanilang kampanya ng panloloko at kasinungalingan na inaasahang umabot ng $100 milyon ang halaga. Kapag bumoto kayo laban sa 61, patuloy lang kayong lolokohin ng mga kumpanya ng gamot, pati na ang inyong pamilya.

Salungat sa sinasabi nila sa mga botante, may dahilan kung bakit ang Hindi sa kampanya para sa Prop. 61 ay PINOPONDOHAN LANG HALOS NG MGA KUMPANYA NG GAMOT NA WALA SA ESTADO. Narito ang mga sinasabi ng mga mismong gumagawa ng gamot, sa mga publikasyong gaya ng *Tagapagpaganap ng Gamot:*

"Malinaw na kung maipapasa ang proposisyong ito sa pagpepresyo sa California, MALAKING PROBLEMA ANG KAKAHARAPIN NG INDUSTRIYA NG GAMOT NG AMERIKA . . . Malaki ang magiging epekto nito sa bawat pampublikong programa ng gamot ng estado sa bansa, pati na sa mga pederal na programa ng Medicaid at Medicare."

Nagbabanta rin ang mga kumpanya ng gamot na taasan ang mga presyo ng gamot para sa mga beterano, NGUNIT HANGGANG BANTA LANG SILA. INIAATAS NG pederal na batas ang pagbibigay ng mga diskwento para sa Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano, ang mga kumpanya ng gamot ay hindi nagbebenta ng mga mas murang gamot sa mga beterano dahil sa kabutihan ng kanilang puso.

Suportahan ang Prop. 61 kasama ng:

• Kapisanan ng mga Nars ng California • AARP California • Liga ng Kalunsuran • Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS • Pondo sa Aksyon ng VoteVets • Kapisanan ng mga Organisasyong Pangkalusugan para sa Asian Pacific na Komunidad • Mga Progresibong Demokratiko ng Amerika

ANG PROPOSISYON 61 LANG ANG MAGBIBIGAY NG KAKAYAHAN SA MGA ORDINARYONG MAMAMAYAN NA LABANAN ANG KAPANGYARIHAN AT KASAKIMAN NG MGA KUMPANYA NG GAMOT. *www.StopPharmaGreed.com*.

OTTO O. YANG, M.D., Direktor ng Agham
Pundasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa AIDS
CAPTAIN SHAWN TERRIS (Ret.), Tagapangulo
Kawkus ng mga Beterano ng Partidong Demokratiko ng California
NOLAN V. ROLLINS, Presidente
Liga ng Kalunsuran ng Los Angeles/Kapisanan ng mga Liga ng Kalunsuran ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

62 PARUSANG KAMATAYAN. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinawawalang-bisa ang parusang kamatayan bilang pinakamataas na parusa sa mga taong mapapatunayang nagkasala ng pagpatay ng tao at papalitan ito ng habang-buhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad na parol.
- Magagamit nang retroaktibo sa mga taong nasentensiyahan na ng kamatayan.
- Isinasaad na ang mga taong napatunayang nagkasala ng pagpatay ng tao at nasentensiyahan ng habang-buhay nang walang posibilidad na parol ay dapat magtrabaho habang nasa bilangguan ayon sa iniatas ng Kagawaran ng mga Bilangguan at Rehabilitasyon.
- Nagtataas ng bahagi ng mga suweldo ng mga habambuhay na bilanggo na maaaring gamitin sa restitusyon sa biktima.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Kabuuang patuloy na pagbawas sa mga paggastos ng estado at county na may kaugnayan sa mga paglilitis ng pagpatay ng tao, mga pagsalungat na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan, at ng mga bilangguan na humigit-kumulang $150 milyon taun-taon sa loob ng ilang taon. Ang mga tantiyang ito ay maaaring maging mas mataas o mas mababa ng sampu-sampung milyong dolyar, depende sa iba't ibang mga dahilan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Ang Pagpatay ng Tao ay May Kaakibat na Parusang Kamatayan

Ang unang digring pagpatay ay karaniwang inilalarawan bilang ang ilegal na pagpatay sa isang tao na (1) sinadya at pinagplanuhan o (2) naganap habang gumagawa ng ilang partikular na uri ng mga krimen, gaya ng pagkidnap. Maaari itong hatulan ng parusang habambuhay na pagkakakulong sa bilangguan ng estado at may posibilidad na palayain ng lupon ng parol ng estado pagkalipas ng hindi bababa sa 25 taon. Gayunpaman, ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang unang digring pagpatay ay maaaring hatulan ng parusang kamatayan o habambuhay na pagkakakulong na walang posibilidad ng parol kapag isinampa at napatunayan sa hukuman ang "mga natatanging pangyayari" ng krimen. Nakasulat sa kasalukuyang batas ng estado ang ilang natatanging pangyayari na maaaring isampa, gaya ng sa mga pangyayari kung saan isinagawa ang pagpatay para sa pera o kapag mahigit sa isang pagpatay ang naganap.

Mga Paglilitis para sa Parusang Kamatayan

Maaaring Buuin ng Dalawang Yugto ang Mga Paglilitis para sa Parusang Kamatayan. Ang unang yugto ng isang paglilitis ng pagpatay ng tao kung saan naghahabol ng parusang kamatayan ang tagausig ay kinasasangkutan ng pagtukoy sa kung nagkasala nga ng pagpatay ng tao ang nasasakdal at anumang mga natatanging pangyayari. Kung mahatulang nagkasala ang nasasakdal at napatunayan na may natatanging pangyayari, ang pangalawang yugto ay kinasasangkutan ng pagtukoy sa kung dapat bang maghatol ng parusang kamatayan o habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol. Ang mga paglilitis na ito ng pagpatay ng tao ay nagreresulta sa gastos sa mga hukuman ng paglilitis ng estado. Dagdag pa rito, gumagastos ang mga county para sa pag-uusig laban sa mga indibidwal na ito at para sa pagdepensa sa mga indibidwal na walang pambayad ng abugado. Mula noong pinagtibay ang kasalukuyang batas sa parusang kamatayan sa California noong 1978, 930 indibidwal na ang nahatulan ng parusang kamatayan. Sa mga nakalipas na taon, humigit-kumulang 20 indibidwal ang nahahatulan ng parusang kamatayan taun-taon, sa average.

Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan. Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang mga hatol ng parusang kamatayan ay awtomatikong inaapela sa Korte Suprema ng California. Sa "mga direktang pag-apela" na ito, ikinakatuwiran ng mga abugado ng mga nasasakdal na nagkaroon ng mga paglabag sa batas ng estado o batas na pederal ayon sa saligang-batas sa panahon ng paglilitis, gaya ng hindi nararapat na pagsasama o hindi pagsasama ng ebidensya sa paglilitis. Kung kukumpirmahin ng Korte Suprema ng California ang hatol at parusang kamatayan, maaaring hilingin ng nasasakdal sa Korte Suprema ng U.S. na repasuhin ang desisyon. Dagdag pa sa mga direktang pag-apela, ang mga kaso ng parusang kamatayan ay karaniwang inaapela nang malawakan sa mga hukuman ng estado at hukumang pederal. Ang mga pag-apela na ito,

na karaniwang tinatawag na mga petisyon para sa "habeas corpus," ay binubuo ng mga salik ng kaso na iba sa mga salik na nabanggit sa mga direktang pag-apela (gaya ng paratang na mahina ang abugado ng nasasakdal). Ang mga legal na pag-apela na ito—na sinusukat mula sa oras kung kailan hinatulan ng parusang kamatayan ang indibidwal hanggang sa oras kung kailan nakumpleto ng indibidwal ang lahat ng pang-estado at pederal na paglilitis para sa legal na pag-apela—ay maaaring abutin nang ilang dekada bago makumpleto sa California.

Sa kasalukuyan, gumagastos ang estado ng humigit-kumulang $55 milyon taun-taon para sa mga legal na pag-apela sa mga hatol ng parusang kamatayan. Sinusuportahan ng pondong ito ang Korte Suprema ng California, pati na rin ang mga abugadong nagtatrabaho sa Kagawaran ng Hustisya ng estado na nagnanais na ipagtanggol ang mga hatol ng parusang kamatayan na inaapela sa hukuman. Dagdag pa rito, sinusuportahan din nito ang iba't ibang ahensya ng estado na may tungkulin na magbigay ng abugado sa mga indibidwal na hinatulan ng parusang kamatayan ngunit walang pambayad.

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan

Pabahay para sa Mga Presong Hinatulan ng Parusang Kamatayan. Noong Abril 2016, mula sa 930 indibidwal na hinatulan ng parusang kamatayan mula pa noong 1978, 15 na ang naipapatay, 103 na ang namatay bago pa maipataw ang parusa, 64 na ang nabigyan ng mas mababang sentensya ng mga hukuman, at 748 ang kasalukuyang nasa bilangguan ng estado habang naghihintay ng parusang kamatayan. Ang karamihan ng 748 preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay nasa iba't ibang yugto ng proseso ng direktang pag-apela o petisyon para sa habeas corpus. Ang mga lalaking preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang nakapiit sa Bilangguan ng Estado ng San Quentin (sa death row), habang nakapiit naman sa Bilangguan para sa Babae ng Central California sa Chowchilla ang mga babaeng preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Sa kasalukuyan, ang estado ay mayroong iba't ibang regulasyon at pamamaraang panseguridad na nagreresulta sa mas malalaking gastusin sa seguridad para sa mga presong ito. Halimbawa, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang pinoposasan at binabantayan ng isa o dalawang pulis habang nasa labas ng selda. Dagdag pa rito, hindi gaya ng karamihan ng mga nasasakdal, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kailangang bigyan ng magkakahiwalay na selda sa kasalukuyan.

Ang Mga Pagpatay ay Kasalukuyang Hinaharang ng Mga Hukuman. Ang estado ay gumagamit ng lethal injection upang patayin ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Dahil sa iba't ibang legal na isyu hinggil sa mga pamamaraan sa lethal injection ng estado, wala pang naipapapatay na preso mula noong 2006. Ang estado ay kasalukuyang gumagawa ng mga pamamaraan upang maipagpatuloy na ang pagpatay.

PANUKALA

Pag-aalis ng Parusang Kamatayan para sa Unang Digring Pagpatay. Sa ilalim ng panukalang ito, hindi maaaring hatulan ng estado ang sinumang nasasakdal ng parusang kamatayan dahil sa unang digring pagpatay. Sa halip, ang pinakamabigat na parusang maibibigay ay ang habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad na palayain ng lupon ng parol ng estado. (May isa pang panukala sa balotang ito—Proposisyon 66—na magpapanatili ng parusang kamatayan ngunit magpapaikli ng palugit para sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan.)

Pagpapalit ng Sentensya sa Mga Preso Mula Parusang Kamatayan Patungong Habambuhay na Pagkakabilanggo nang Walang Posibilidad ng Parol. Ayon sa panukala, ang mga nasasakdal na kasalukuyang may hatol na parusang kamatayan ay hindi papatayin at bibigyan na lang ng sentensyang habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol. Papayagan din ng panukalang ito ang Korte Suprema ng California na ilipat sa Mga Hukuman ng Paghahabol o hukuman ng paglilitis ng estado ang lahat ng kasalukuyan nitong direktang pag-apela sa parusang kamatayan at petisyon para sa habeas corpus. Reresolbahin ng mga hukumang ito ang anumang mga natitirang isyu na hindi nauugnay sa parusang kamatayan—gaya ng pagpapahayag ng pagiging inosente.

Mga Kinakailangan para sa Pagpapatrabaho ng Preso at Mga Danyos sa Biktima ng Krimen. Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, kailangang magtrabaho ng mga preso—kasama na ang mga mamamatay-tao—habang nasa bilangguan sila. Pinapayagan ng mga regulasyon ng bilangguan ng estado ang ilang pagbubukod sa mga pag-aatas na ito sa pagtatrabaho, gaya ng para sa mga preso na masyadong mapanganib upang pasalihin sa mga programa ng pagtatrabaho. Dagdag pa rito, ang mga preso ay

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 62 pumunta sa pahina 157.

maaaring atasan ng mga hukuman na magbayad ng danyos sa mga biktima ng krimen. Isinasaad ng panukalang ito na dapat magtrabaho ang bawat taong nagkasala ng pagpatay ng tao habang nasa bilangguan ng estado siya, at ibabawas sa kanyang suweldo ang anumang utang niya sa mga biktima ng krimen, alinsunod sa mga regulasyon ng estado. Dahil hindi binabago ng panukala ang mga regulasyon ng estado, maaaring hindi magbago ang mga kasalukuyang kagawian sa bilangguan kaugnay ng mga kinakailangan sa pagtatrabaho ng preso. Dagdag pa rito, mula 50 porsyento ay ginawang 60 porsyento ng panukala ang pinakamalaking halaga na maaaring ibawas sa suweldo ng mga preso na hinatulan ng habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol para sa anumang mga utang sa mga biktima ng krimen. Saklaw din ng probisyong ito ang mga indibidwal na binigyan ng bagong sentensya mula parusang kamatayan patungong habambuhay na pagkakabilanggo sa ilalim ng panukala.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukala ay magkakaroon ng ilang epekto sa pananalapi ng mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Ipinapaliwanag sa ibaba ang malalaking epekto sa pananalapi ng panukala.

Mga Paglilitis ng Pagpatay ng Tao

Mga Paglilitis sa Hukuman. Babawasan ng panukalang ito ang mga gastos ng estado at county na nauugnay sa ilang kaso ng pagpatay ng tao na ituturing na karapat-dapat para sa parusang kamatayan sa ilalim ng kasalukuyang batas. May dalawang pangunahing dahilan kung bakit mababawasan ang gastos para sa mga kasong ito kung hindi na opsyon ang parusang kamatayan. Una, magiging mas maikli ang ilang paglilitis. Ito ay dahil hindi na magkakaroon ng hiwalay na yugto para sa pagtukoy kung karapat-dapat ba ang parusang kamatayan. Maaari ding umikli ang iba pang mga aspeto ng mga paglilitis ng pagpatay ng tao. Halimbawa, maaaring maging mas mabilis ang pagpili ng mga tagahatol para sa ilang paglilitis, dahil hindi na kailangang alisin ang mga potensyal na tagahatol na hindi pabor sa parusang kamatayan. Pangalawa, ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay makakabawas sa ginagastos ng mga county para sa mga tagausig at pampublikong mananangol para sa ilang kaso ng pagpatay ng tao. Ito ay dahil kadalasang gumagamit ng mas maraming abugado ang mga ahensyang ito sa mga kaso kung saan naghahabol ng parusang kamatayan at mas malaki ang ginagastos para sa mga imbestigasyon at iba pang mga paghahanda para sa yugto ng paghahatol sa mga nasabing kaso.

Mga Bilangguan ng County. Maaari ding mabawasan ang gastos sa bilangguan ng county dahil sa epekto ng panukala sa mga paglilitis ng pagpatay ng tao. Ang mga taong kasalukuyang nakapiit dahil sa paratang na pagpatay ng tao, lalo na ang mga kasong maaaring magresulta sa parusang kamatayan, ay kadalasang nananatili sa bilangguan ng county hanggang sa matapos ang kanilang paglilitis at paghahatol. Dahil iikli ang ilang kaso ng pagpatay ng tao dahil sa pag-aalis ng parusang kamatayan, ang mga taong nagkasala ng pagpatay ng tao ay mas maagang maipapadala sa bilangguan ng estado. Kapag ganoon ang nangyari, mababawasan ang gastos sa bilangguan ng county at lalaki ang gastos sa bilangguan ng estado.

Buod ng Mga Epektong Nauugnay sa Mga Paglilitis ng Pagpatay ng Tao. Sa kabuuan, maaaring mabawasan ng panukala ng milyun-milyong dolyar ang gastos ng estado at ng county taun-taon para sa mga paglilitis ng pagpatay ng tao, sa buong estado. Ang aktwal na bawas ay magdedepende sa iba't ibang salik, kasama na ang bilang ng mga paglilitis ng parusang kamatayan na naganap sana kung wala ang panukalang ito. Dagdag pa rito, ang halaga ng bawas na ito ay maaaring makontra kung hindi na mapipilitan ang mga nasasakdal na umamin ng pagkakasala kapalit ng mas magaang parusa sa ilang kaso ng pagpatay ng tao kapag nawala na ang parusang kamatayan. Kung matuloy sa paglilitis ang mga karagdagang kaso sa halip na maresolba sa pamamagitan ng pakikipag-areglo, madaragdagan ang gastos ng estado at mga county para sa pagbabayad sa mga hukuman, tagausig, at abugado ng depensa, kasama na ang mga bilangguan ng county. Hindi alam kung gaano kalaki ang magiging dagdag sa gastos. Sa karamihan ng mga sitwasyon, malamang na ilipat na lang ng estado at mga county ang mga mapagkukunan na makukuha nila mula sa mga nasabing katipiran patungo sa iba pang mga aktibidad ng hukuman at tagapagpatupad ng batas.

Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan

Sa paglipas ng panahon, babawasan ng panukala ang mga

gastos sa estado ng Korte Suprema ng California at ng mga ahensya ng estado na kasali sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Ang mga matitipid ay aabot ng humigit-kumulang $55 milyon taun-taon. Gayunpaman, ang mga matitipid na ito ay maaaring bahagyang makontra pansamantala dahil malamang na magpatuloy ang ilang gastos ng estado hanggang sa maresolba ng mga hukuman ang lahat ng kaso para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Sa katagalan, maliit lang ang magiging gastos ng estado at lokal na pamahalaan—maaaring umabot lang ng ilang milyong dolyar taun-taon—para sa pagdinig ng mga pag-apela mula sa mga karagdagang nasasakdal na hinatulan ng habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol.

Mga Bilangguan ng Estado

Ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay makakaapekto sa mga gastos ng bilangguan ng estado sa iba't ibang paraan. Sa isang banda, ang pag-aalis nito ay magreresulta sa medyo mas mataas na populasyon sa bilangguan at mas malaking gastos dahil ang mga preso na dating hinatulan ng parusang kamatayan ay bibigyan na lang ng sentensya na habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol. Dahil matagal rin namang nananatili sa death row ang mga preso, malamang ay hindi naman maging ganoong kalaki ang mga gastos na ito. Sa kabilang banda, ang mga dagdag na gastos na ito ay malamang na makontra ng mga matitipid mula sa pag-aalis ng daan-daang preso sa death row. Gaya ng nabanggit na, kadalasan ay mas magastos na ipiit ang isang preso na hinatulan ng parusang kamatayan kumpara sa isang preso na hinatulan ng habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad ng parol, dahil sa mas mahihigpit na pamamaraang panseguridad na ginagamit upang ipiit at bantayan ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan.

Ang pinagsamang epekto ng mga epekto sa pananalapi na ito ay malamang na magresulta sa katipiran ng estado para sa pagpapatakbo ng sistema ng bilangguan ng estado na nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar taun-taon. Gayunpaman, maaaring maging mas malaki o mas maliit ang mga katipirang ito depende sa dami ng mga pagpatay na naganap sana dahil sa parusang kamatayan.

Iba Pang Mga Epekto sa Pananalapi

Pagpapatayo ng Bilangguan. Ang panukala ay maaari ding makaapekto sa mga gastos sa pagpapatayo ng bilangguan sa hinaharap, dahil maiiwasan ng estado ang mga gastos sa bilangguan sa hinaharap na nauugnay sa pagpiit ng dumaraming bilang ng mga preso sa death row. Ang laki ng mga nasabing matitipid ay magdedepende sa paglaki ng populasyon ng mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan sa hinaharap, kung paano pinili ng estado na ipiit ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan sa hinaharap, at ang paglaki ng pangkalahatang populasyon sa bilangguan sa hinaharap.

Epekto sa Dami ng Pagpatay ng Tao. Kung magkaroon ng epekto sa mga insidente ng pagpatay ng tao sa California ang pagbabawal sa paggamit ng parusang kamatayan, ang panukala ay maaaring makaapekto sa mga gastos sa hustisyang pangkrimen ng pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Ang magreresultang epekto sa pananalapi, kung mayroon man, ay hindi alam at hindi maaaring matantya.

Buod ng Mga Epekto sa Pananalapi

Sa kabuuan, inaasahan namin na mababawasan ng panukalang ito ang mga gastos ng estado at county kaugnay ng mga paglilitis ng pagpatay ng tao, legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan, at bilangguan. Ang mga matitipid na ito ay malamang na umabot ng humigit-kumulang $150 milyon taun-taon sa loob ng ilang taon. Ang mga matitipid na ito sa gastos ay maaaring madagdagan o mabawasan ng ilang milyong dolyar, depende sa iba't ibang salik.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 62 pumunta sa pahina 157.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 62 ★

Hindi nagtagumpay ang sistema ng parusang kamatayan ng California. Gumastos ang mga tagabayad ng Buwis ng mahigit 5 bilyong dolyar mula noong 1978 upang isagawa ang 13 pagpatay—na nagkakahalaga ng 384 na milyong dolyar kada pagpatay.

Ang parusang kamatayan ay walang ipinapangakong hustisya sa mga pamilya ng mga biktima at may idinudulot na hindi maiiwasang pangamba ng pagpatay ng isang taong walang sala.

BUMOTO NG OO SA 62 KUNG SAAN PAPALITAN ANG MAGASTOS AT HINDI MATAGUMPAY NA SISTEMANG ITO NG MAY MAHIGPIT NA SENTENSYA NG PANGHABAMBUHAY NA PAGKAKABILANGGO AT WALANG TSANSANG MABIGYAN NG PAROLE

Sa ilalim ng Prop. Sa 62, papalitan ang parusang kamatayan ng mahigpit na sentensya ng panghabambuhay na pagkakabilanggo. Ang mga nahatulan sa pinakamabibigat na krimen ay HINDI KAILANMAN mapapalaya. Sa halip na ilagak sa mga mamahalin at pribadong selda sa death row, ikukulong ang mga mamamatay-tao kasama ang iba pang mga presong may pinakamahigpit na seguridad.

PAGTATRABAHO AT PAGBABAYAD NG DANYOS

Ang mga kriminal na haharap dapat sa death row at sa mga korte sa panahon ng kanilang pag-apela nang mahabang panahon na ginarantiyahan ng Saligang-batas, ay kakailanganing magtrabaho at magbayad ng danyos sa mga pamilya ng kanilang mga biktima.

TUNAY NA KATAHIMIKAN PARA SA MGA PAMILYA NG MGA BIKTIMA

"Ang sistema ng parusang kamatayan ng California ay isang mahaba at masalimuot na pagsubok para sa aming pamilya. Habang ang pumatay sa kapatid kong babae ay humaharap sa hindi mabilang na mga pandinig, patuloy kaming nabubuhay sa alaala ng trahedyang ito. Ang parusang kamatayan ay walang ipinapangakong hustisya. Ang sentensya ng panghabambuhay na pagkakabilanggo nang walang parole ay maghahatid ng tunay na katahimikan."—*Beth Webb, na namatayan ng kapatid kasama ang pito pa sa isang mass-shooting sa isang Orange County hair salon.*

MALAKING KATIPIRAN NA KINUMPIRMA NG WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI

Kinumpirma ng independyenteng Pambatasang Manunuri ng estado na ang Prop. 62 ay makakatipid ng 150 milyong dolyar kada taon. Ang sentensya ng death row ay nagkakahalaga ng 18 beses na mas malaki kaysa habambuhay na pagkabilanggo. Ang mga perang ginagastos ay mas mapapakinabangan pa sa edukasyon, kaligtasan ng publiko at pagpigil ng krimen na mas mabisa.

MALALIM ANG KAPALPAKAN NG PARUSANG KAMATAYAN

Ang California ay hindi nagpataw ng kamatayan sa sinuman sa loob ng 10 taon dahil sa malalalang suliranin. Sa halos 40 taon, hindi nagtagumpay ang bawat pagsasaayos na sinusubukan upang gawing mabisa ang sistema ng parusang kamatayan. Hindi lang talaga ito malulutas.

"Inusig ko ang mga mamamatay-tao gamit ang batas ng parusang kamatayan ng California, ngunit ang laki ng gastos, hindi matapos-tapos na mga antala at ganap na hindi pagiging mabisa sa humahadlang na krimen ang nakapagpakumbinsi sa akin na kailangan nating palitan ang sistema ng parusang kamatayan ng pagkakabilanggo nang walang parole."—*John Van de Kamp, dating Abogado ng Distrito ng Los Angeles at dating Pangkalahatang Abugado ng California.*

TUNAY ANG PANGAMBA NG PAGPATAY NG TAONG WALANG SALA

Napatunayan ng teknolohiya ng DNA at bagong ebidensya ang pagiging inosente ng mahigit 150 tao sa death row pagkatapos silang masentensyahan ng kamatayan. Sa California, 66 na taong nahatulan ng pagpatay ng tao ang nakapagbaliktad ng kanilang mga kaso dahil ipinakita ng bagong ebidensya na wala silang sala.

Napatawan ng kamatayan si Carlos DeLuna noong 1989, ngunit paglaon ay napatunayan ng independyenteng imbestigasyon ang kaniyang pagiging inosente. Ang pagpatay ng taong walang sala ay isang pagkakamali na hindi na kailanman maitutuwid pa.

MGA DATING TAGAPAGTAGUYOD NG PARUSANG KAMATAYAN: BUMOTO NG OO SA 62

"Pinamunuan ko ang kampanya upang maibalik ang parusang kamatayan sa California noong 1978. Isa itong napakalaking pagmamakamali. Ngayon, nalaman kong nasaktan lang namin ang mga pamilya ng mga biktima na sinusubukan naming tulungan at nasayang lang namin ang mga dolyar ng tagabayad ng Buwis. Hindi na maaayos pa ang parusang kamatayan. Kailangan nating palitan ito, ganap na ikulong ang mga mamamatay-tao, pagtrabahuhin sila at magpatuloy sa buhay."—*Ron Briggs, pinamunuan ang kampanya upang mabuo ang sistema ng parusang kamatayan ng California.*

www.YesOn62.com

JEANNE WOODFORD, Dating Warden ng Death Row

DONALD HELLER, May-akda ng Batas ng Parusang Kamatayan ng California

BETH WEBB, Kapatid na Babae ng Pinatay na Biktima noong 2011

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 62 ★

HINDI nabigo ang parusang kamatayan ng California; *sadya itong sinabotahe.*

Ang mga pangunahing sumusuporta sa Proposisyon 62—tulad ng ACLU—ay gumugol ng ilang dekada upang pahinain ang parusang kamatayan; ngayon, husto nila itong mapawalang-saysay.

Para sa kapakanan ng mga biktima, HUWAG NATIN SILANG HAYAANG MANALO!

Lahat tayo ay sumasang-ayon na hindi mabisa ang parusang kamatayan ng California. Ang solusyon ay AYUSIN, HINDI TAPUSIN, parusang kamatayan. Ang mga nangungunang tagausig ng California at halos lahat ng ating 58 nahalal na Abogado ng Distrito ay pinagpaplanuhang asyusin ito.

SIMULA SA PAGBOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 62!

Magastos ang sistema dahil ang MALULUPIT NA MAMAMATAY-TAO ay naghahain ng mga walang katapusan at walang kabuluhang apela, na nagpapatagal sa kanila nang ilang dekada sa death row. Ang Prop. Ang mga nasa likod ng 62 ay gusto kayong paniwalain na makakatipid ang pagbibigay sa mga sangganong ito ng panghabambuhay na pangangalaga ng kalusugan, pabahay, pagkain at mga pribilehiyo? SINO ANG NILOLOKO NILA?

Sabi nila, hindi natin kailangan ng parusang kamatayan. *Talaga?*

May humigit-kumulang 2,000 pagpatay ng tao sa California taun-taon. Tinatayang 15—ang pinakamalalala sa lahat—ang nakatanggap ng sentensya ng kamatayan. Sinu-sino sila?

• MGA MASS MURDERER/SERIAL KILLER. • Mga mamamatay-taong NANG-RAPE/NANG-TORTURE ng mga biktima. • MGA MAMAMATAY NG BATA. • MGA TERRORISTA.

Tanungin nyo ang mga may-panukala ng Proposisyon 62: kung ang isang mamamatay-tao na sinentensyahan ng "Habambuhay Nang Walang Parole" ay nakatakas ay pumatay ulit ng tao, o pumatay ng gwardiya ng bilangguan, anong sentensya ang ipapataw nila? Isa pang habambuhay nang walang parole?

Ang may-panukala ng Prop. Ang 62—na isang aktor—ay gusto kayong paniwalain sa script ng pelikula. Ngunit maging malinaw tayo, walang inosente sa death row ng California. Tiningnan nila ang isang kaso mula sa Texas mula 1989, hanggang ngayon ay pinagtatalunan pa rin. Hindi nagpataw ng kamatayan ang California sa isang taong walang sala, at kailanman ay hindi magpapataw.

Samahan ang mga pamilya ng mga biktima at tagapagpatupad ng batas at BUMOTO NG HINDI SA PROP. 62!

www.NoProp62YesProp66.com.

MICHELE HANISEE, Presidente
Kapisanan ng Kinatawan ng Mga Abugado ng Distrito ng County ng Los Angeles

MARC KLAAS, Ama ng 12 taong gulang na Biktima ng Pagpaslang na si Polly Klaas

LAREN LEICHLITER, Presidente
Kapisanan ng Kinatawan ng mga Sheriff ng County ng San Bernardino

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATUWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 62 ★

Mangyaring samahan kami sa PAGBOTO NG HINDI sa Proposisyon 62!

Maging malinaw tayo sa ginagawa ng Proposisyon 62.

Sinasabi ng Proposisyon 62 na ang mga pinakakarumal-dumal na mamamatay-tao ay mananatiling buhay, sa pagtutustos ng mga tagabayad ng Buwis, ilang dekada pagkatapos nilang gawin ang kanilang malalagim na krimen, at pinagtatawanan ang paghihirap ng mga pamilya ng mga biktima.

Ang parusang kamatayan ay para lang sa mga malulupit na mamamatay-tao tulad ng mga mamamatay ng bata, mamamatay-taong nangre-rape/nanto-torture, serial murderer at mamamatay ng pulis. Tanging 1–2% lang ng humigit-kumulang 2,000 mamamatay-tao sa California taun-taon ang nasesentensyahan ng kamatayan.

Sinasabi ng Proposisyon 62 na ang mga kasuklam-suklam na krimeng ito ay hindi dapat magkaroon ng mas mataas na antas ng parusa. Hindi kami sumasang-ayon. Para sa bawat pinakamalalagim na kriminal, kailangang may kaukulang parusang kamatayan.

Alam nating lahat na hindi maayos ang sistema ng parusang kamatayan ng California. Ang mga preso sa death row ay nagagawa nang maghain nang maghain ng di-gaanong mahahalagang apela, na sumusupil sa hustisya.

Ang sagot ay AYUSIN, HINDI TAPUSIN ang mga batas ng parusang kamatayan ng California.

Ang mga tagausig, tagapagpatupad ng batas at mga pamilya ng mga pinaslang na biktima ay TINUTULIGSA ANG PROPOSISYON 62 dahil inilalagay nito sa peligro ang kaligtasan ng publiko, tinatalikuran ang hustisya at katahimikan ng mga pamilya ng mga biktima at ginagantimpalaan ang maraming walang-pusong mamamatay-tao.

Ang mga nasa likod ng Proposisyon 62 ay gusto kayong paniwalain na pinoprotektahan nila mula sa pagpataw ng kamatayan ang mga preso sa death row na nahatulan ng maling kaso.

Ngunit sa isang pagpupulong kasama ang *San Francisco Chronicle,* sinabi ni Gobernador Jerry Brown, "isang dating Pangkalahatang Abugado, na walang mga preso sa death row ng California." (3/7/12)

Sinasabi ng mga nasa likod ng Proposisyon 62 na matitipid ang pera ng mga tagabayad ng Buwis. SINO ANG NILOLOKO NILA?

Sa ilalim ng Prop. Sa 62, sagot ng mga tagabayad ng Buwis ang pagpapakain, damit, pabahay, gwardiya at pangangalaga ng kalusugan ng mga walang pusong mamamatay-tao hanggang sa mamatay sila sa katandaan. Sagot din pati ang heart transplant nila!

Kaya naman sinasabi ni Mike Genest, dating Direktor ng Pananalapi ng California, na, "Magkakahalaga ang Prop. 62 ng mahigit 100 milyong dolyar."

Kung hindi pinoprotektahan ng Proposisyon 62 ang mga biktima at mga tagabayad ng Buwis, sino nga ba ang pinoprotektahan ng Proposisyon 62?

Ang Prop. Pinoprotektahan ng 62 si Charles Ng, isang matinik na serial killer na nang-kidnap ng mga pamilya, nang-torture/pumatay ng mga bata sa harap ng kanilang mga magulang, pinatay ang ama at pagkatapos ay paulit-ulit na ni-rape ang ina bago siya patayin.

Ginawa ni Ng ang kaniyang krimen mahigit 30 taon na ang nakalipas, inantala niya ang kaniyang pagdinig nang halos 15 taon gamit ang mga apela at sa wakas ay hinatulan at sinentensyahan ng kamatayan makalipas ang halos 20 taon. Nananatili siya sa death row, naghahain ng mga apela upang iantala ang kaniyang parusa, nang matagal na panahon pagtapos niyang patahimikin habambuhay ang kaniyang mga biktima.

Sino pa ba ang pinoprotektahan ng Proposisyon 62?

Si Richard Allen Davis, na nang-kidnap, nang-rape at nang-torture sa 12 taong gulang na si Polly Klaas.

Ang serial killer na si Robert Rhoads, na nang-kidnap, nang-rape at nang-torture sa 8 taong gulang na si Michael Lyons bago siyang pagsasaksakin ng 70 beses.

At daan-daan pang tulad nila.

Kabilang sa mga preso sa death row ng California ang mga mamamatay-taong:
• May mahigit 1,000 ang BIKTIMA NG PAGPASLANG. • 226 NA BATA. • 43 OPISYAL NG KAPAYAPAAN. • 294 na biktima na NA-RAPE o NA-TORTURE bago pinatay.

Sinusuportahan ng American Civil Liberties Union ang pagpapawalang-saysay sa parusang kamatayan; na sila rin mismong naghain ng lahat ng di-gaanong mahahalagang apela na nagpabagal sa sistema. Ngayon, ginagamit nila ang mga suliraning ginawa nila upang ipawalang-saysay ang parusang kamatayan.

HUWAG MAGPALOKO. Mangyaring samahan kami at BUMOTO NG HINDI sa PROPOSISYON 62!

Bisitahin ang *www.NoProp62YesProp66.com* para sa higit pang impormasyon.

MIKE RAMOS, Abogado ng Distrito ng County ng San Bernardino

MARC KLAAS, Ama ng 12 taong gulang na Biktima ng Pagpaslang na si Polly Klaas

MIKE DURANT, Presidente
Kapisanan ng Pananaliksik ng Mga Opisyal ng Kapayapaan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 62 ★

BUMOTO NG OO SA 62 NA NAG-AATAS NG MAHIGPIT NA SENTENSYA NG PANGHABAMBUHAY NA PAGKAKABILANGGO—BAKIT PATULOY NA MAGBABAYAD PARA SA ISANG MAGASTOS AT PALPAK NA SISTEMA NG PARUSANG KAMATAYAN?

Ang Prop. Ikinukulong nang habambuhay ng 62 ang pinakasasamang mamamatay-tao at tinatapos nito ang malaking paggastos para sa death row. Ang mga mamamatay-taong ito ay hindi kailanman bibigyan ng parole o palalayain. Kakailanganin nilang magtrabaho at magbayad ng danyos sa mga pamilya ng kanilang mga biktima.

Karamihan sa mga nasentensyahang ito ng kamatayan ay gumugugol na ng habambuhay sa bilangguan dahil 99% ng mga nasentensyahan ng kamatayan ay hindi pinatay. Subalit, nagkakahalaga ng 18 beses na mas malaki ang paglalagak sa kanila sa death row at ang pagbabayad para sa kanilang mga abugado kaysa sa mahigpit na sentensya ng habambuhay na pagkakabilanggo nang walang parole.

BUMOTO NG OO SA 62 AT MAKATIPID NG 150 MILYONG DOLYAR KADA TAON

Kinukumpirma ng walang-pinapanigang tagapayo sa pananalapi ng estado—ang Pambatasang Manunuri—na ang Prop. 62 ay makakatipid ng 150 milyong dolyar ng mga tagabayad ng Buwis sa bawat taon. Mangyaring basahin niyo mismo ang pagsusuri sa Patnubay na ito ng Botante.

38 TAON NG PAGPALPAK

Inaamin ng mga Kalaban ng Prop. 62 na may problema sa parusang kamatayan. Sa katunayan, ang mga tagapagtaguyod ng parusang kamatayan na bumuo ng sistema ay inaamin ngayong nabigo ito, sa likod ng maraming pagsubok na ayusin ito. Mula noong 1978, gumagastos ang mga tagabayad ng Buwis ng 5 bilyong dolyar sa parusang kamatayan, subalit sa nakalipas na mahigit sampung taon, wala pa kahit isang pinatawan ng kamatayan.

Ang mahaba at magastos na mga apela ay iniutos ng Saligang-batas nang sa gayon ay hindi mapatawan ng kamatayan ang isang taong walang sala. Hindi na ito mababago. Bumoto ng OO sa Prop. Tinitipid ng 62 ang daan-daan ng milyun-milyong dolyar at pinapanatiling nakakulong ang masasamang mamamatay-tao, na nagtatrabaho at nagbabayad ng danyos sa mga pamilya ng kanilang mga biktima.

ROBYN BARBOUR, Pinatay ang Kaniyang Lola noong 1994

JOHN DONOHUE, Ph.D., Propesor ng Economics at Batas
Paaralan ng Batas ng Stanford

RON BRIGGS, Pinamunuan ang Kampanya Upang Ibalik ang Parusang Kamatayan noong 1978

PROPOSISYON

63 MGA BARIL. PAGBEBENTA NG MGA BALA NG BARIL. INISYATIBANG BATAS.

63

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Hinihiling na dumaan ang mga tao sa isang pagsusuri ng kriminal na rekord at kumuha ng awtorisasyon ng Kagawaran ng Hustisya upang bumili ng mga bala ng baril.
- Ipinagbabawal ang pagdadala ng may malaking kapasidad na mga magasin ng baril, at hinihiling ang pag-aalis ng mga ito, gaya ng tinukoy.
- Hinihiling na ang karamihan ng mga pagbebenta ng bala ng baril ay gawin sa pamamagitan ng mga lisensiyadong tagabenta ng bala ng baril at iulat sa Kagawaran ng Hustisya.
- Hinihiling na ang nawala o ninakaw na mga baril at bala ng baril ay iulat sa tagapagpatupad ng batas.
- Ipinagbabawal sa mga taong napatunayang nagnakaw ng baril na magkaroon ng baril.
- Nagtatatag ng mga bagong pamamaraan para sa pagpapatupad ng mga batas na nagbabawal sa pagkakaroon ng baril.
- Hihiniling sa Kagawaran ng Hustisya na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pinagbawalang tao sa pederal na Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kriminal na Rekord.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Nadagdagang mga paggastos ng pang-estado at lokal na hukuman at tagapagpatupad ng batas, posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, na may kaugnayan sa isang bagong proseso ng hukuman para sa pag-aalis ng mga baril mula sa mga pinagbawalang tao pagkatapos na sila ay mapatunayang nagkasala.
- Posibleng pagtaas sa mga paggastos ng estado, na hindi malamang na humigit sa milyun-milyong dolyar taun-taon, at na may kaugnayan sa pangangasiwa ng pagbebenta ng bala ng baril. Ang mga gastos na ito ay malamang na mabawi sa pamamagitan ng mga kita sa singil.
- Posibleng kabuuang pagtaas sa pang-estado at lokal na mga paggastos sa bilangguan, na hindi malamang na humigit sa mababang milyun-milyong dolyar taun-taon, at na may kaugnayan sa mga pagbabago sa mga parusa sa baril at bala ng baril.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Kabawalan sa Pagmamay-ari ng Baril at Bala

Sa ilalim ng batas na pederal at batas ng estado, hindi pinapayagang magkaroon ng mga baril ang ilang partikular na indibidwal. Kasama sa “mga taong pinagbabawalan” na ito ang mga indibidwal na (1) nahatulan ng malalaking pagkakasala at ilang maliit na pagkakasala (gaya ng pag-atake o pambubugbog), (2) napag-alaman ng hukuman na magdudulot ng panganib sa kanilang mga sarili o sa iba dahil sa sakit sa pag-iisip, at (3) may utos ng restriksyon laban sa kanila. Sa California, ang mga indibidwal na hindi pinapayagang magkaroon ng mga baril ay hindi rin pinapayagang magkaroon ng bala.

Regulasyon ng Mga Pagbebenta ng Baril

Ang batas na pederal at batas ng estado ay mayroong iba't ibang regulasyon na nauugnay sa mga pagbebenta ng baril, kasama na ang paglilisensiya ng mga mangangalakal ng baril. Kabilang sa mga nasabing regulasyon ang:

- ***Mga Pagsusuri sa Karanasan.*** Sa ilalim ng batas na pederal, dapat humiling ang mga mangangalakal ng baril ng mga pagsusuri sa karanasan ng mga indibidwal na gustong bumili ng mga baril mula sa Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri sa Karanasan sa Krimen (National Instant Criminal Background Check System o NICS). Ang NICS ay maghahanap sa ilang pederal na database upang matiyak na ang bumibili ay hindi isang taong pinagbabawalan. Ayon sa pinapahintulutan ng batas na pederal, pinoproseso ng California ang lahat ng kahilingan sa pagsusuri sa karanasan mula sa mga mangangalakal ng baril sa estado nang direkta sa pamamagitan ng paggamit ng NICS at iba't ibang database ng estado.
- ***Pagtanggal ng Mga Baril Mula sa Mga Taong Pinagbabawalan.*** Ang Kagawaran ng Hustisya ng California (Department of Justice o DOJ) ay nagpapanatili ng database ng mga indibidwal na legal na bumili o nagparehistro ng baril sa estado. Ginagamit ng mga ahente ng DOJ ang impormasyong ito upang magtanggal ng mga baril sa mga indibidwal na hindi na pinapayagang magkaroon ng mga baril.
- ***Iba Pang Mga Regulasyon.*** Kabilang sa iba pang mga regulasyon ng estado na nauugnay sa mga baril ang: mga limitasyon sa uri ng mga baril na maaaring bilhin, sampung araw na panahon ng paghihintay bago maaaring bigyan ng baril ng mangangalakal ang isang bumibili, at mga iniaatas para sa pagrerekord at pag-uulat ng mga pagbebenta ng baril.

Sa pangkalahatan, nao-offset ng mga bayad na sinisingil sa mga mangangalakal at bumibili ng baril ang mga nagastos ng estado upang kontrolin ang mga pagbebenta ng baril.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

Regulasyon ng Mga Pagbebenta ng Bala

Bago ang taong ito, hindi kinokontrol ng estado ang mga pagbebenta ng bala sa parehong paraan gaya ng pagkontrol sa mga baril. Noong Hulyo 2016, ang estado ay nagpatibay ng batas upang paigtingin ang regulasyon ng mga pagbebenta ng bala. Kabilang sa mga nasabing regulasyon ang:

- ***Mga Lisensiya para sa Pagbebenta ng Bala.*** Simula sa Enero 2018, aatasan ang mga indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiyang may bisa sa loob ng isang taon mula sa DOJ para sa pagbebenta ng bala. Hindi aatasan ang ilang partikular na indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiya, gaya ng mga lisensiyadong mangangaso na nagbebenta ng wala pang 50 round ng bala bawat buwan sa isa pang lisensiyadong mangangaso habang nangangaso. Upang makakuha ng lisensiya, kinakailangang ipakita ng mga mangangalakal ng bala na hindi sila mga taong pinagbabawalan. Bilang karagdagan, awtomatikong makakatanggap ng lisensiya para sa bala ang ilang partikular na entidad, gaya ng mga mangangalakal ng baril na parehong binigyan ng lisensiya ng estado at pederal na pamahalaan at mga tagabenta ng pakyawan ng baril. Kapag tatlong beses nang hindi nakasunod ang isang nagtitinda sa mga iniaatas sa pagbebenta ng bala, permanenteng mawawalan ng bisa ang kanyang lisensiya ng mangangalakal ng bala. Maaaring maningil ng bayad ang DOJ sa mga indibidwal at negosyong nanghihingi ng lisensiya para sa pagbebenta ng bala upang masuportahan ang mga gastos nito sa pangangasiwa at pagpapatupad.
- ***Pag-apruba ng DOJ para sa Pagbili ng Bala.*** Simula sa Hulyo 2019, aatasan ang mga mangangalakal ng bala na alamin sa DOJ sa oras ng pagbili na ang mga indibidwal na gustong bumili ng bala ay hindi mga taong pinagbabawalan. Hindi nalalapat ang iniaatas na ito sa ilang indibidwal, gaya ng mga taong pinapayagang magdala ng mga nakatagong armas. Bilang karagdagan, sa pangkalahatan ay aatasan ang mga mangangalakal ng bala na kolektahin at iulat ang impormasyon—gaya ng petsa ng pagbebenta, ang impormasyon ng pagkakakilanlan ng bumibili, at ang uri ng biniling bala—sa DOJ para sa pag-iimbak sa isang database sa loob ng dalawang taon. Ang hindi pagsunod sa mga iniaatas na ito ay isang maliit na pagkakasala (paparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta at/o pagkakakulong sa kulungan ng county). Sa pangkalahatan ay maaaring singilin ng DOJ ang isang indibidwal na gustong bumili ng bala ng bayad na hanggang $1 sa bawat transaksyon upang masuportahan ang mga gastos nito sa pangangasiwa at pagpapatupad. Maaaring isaayos ng DOJ ang limitasyon ng bayad na ito taun-taon para sa implasyon.
- ***Iba Pang Mga Regulasyon.*** Simula sa Enero 2018, sa pangkalahatan ay iaatas ng batas ng estado na gawin ang karamihan ng mga pagbebenta ng bala (kasama na ang mga pagbebenta sa Internet at sa labas ng estado) sa pamamagitan ng lisensiyadong mangangalakal ng bala. Bilang karagdagan, simula sa Hulyo 2019, pagbabawalan ang karamihan ng mga residente ng California sa pagdadala ng bala sa estado nang hindi muna inihahatid ang bala sa isang lisensiyadong mangangalakal ng bala. Ang hindi pagsunod sa mga iniaatas na ito ay isang maliit na pagkakasala.

Katayuan ng Kasalukuyang Batas

Gaya ng tinalakay sa itaas, ang estado ay kamakailang nagpatibay ng batas upang paigtingin ang regulasyon ng mga pagbebenta ng bala. Ang estado ay kamakailan ding nagpatibay ng batas upang mas malimitahan ang pagmamay-ari ng mga magazine na maraming lamang bala at upang gumawa ng parusa para sa paghahain ng maling ulat sa pagkawala o pagkanakaw ng baril sa nagpapatupad ng batas. Magkakaroon ng bisa ang mga batas na ito maliban kung ihaharap ang mga ito sa mga botante bilang petisyon na reperendum. Kung mangyari iyon, tutukuyin ng mga botante kung magkakaroon ng bisa ang mga batas.

MUNGKAHI

Ang Proposisyon 63 (1) ay nagbabago sa regulasyon ng estado sa mga pagbebenta ng bala, (2) gumagawa ng bagong proseso ng hukuman upang matiyak ang pagtatanggal ng mga baril sa mga taong pinagbabawalan pagkatapos nilang mahatulan ng malaking pagkakasala o ilang partikular na maliit na pagkakasala, at (3) nagpapatupad ng iba't ibang pagkakaloob. Bukod pa rito, ipinapahayag ng Proposisyon 63 na maaaring baguhin ng Lehislatura ang mga pagkakaloob nito kung ang mga nasabing pagbabago ay "naaayon sa at nagsusulong sa layunin" ng panukala. Maaari lang gawin ang mga nasabing pagbabago kung 55 porsiyento ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura ang nagpasa sa mga ito at ang panukalang-batas ay pinagtibay na maging batas.

Mga Pagbabago sa Regulasyon ng Estado sa Mga Pagbebenta ng Bala

Kabilang sa Proposisyon 63 ang iba't ibang regulasyong nauugnay sa pagbebenta ng bala. Papalitan ng ilan sa mga regulasyon ang kasalukuyang batas na may mga katulad na pagkakaloob. Gayunpaman, naiiba ang iba pang mga regulasyong iminumungkahi ng Proposisyon 63, gaya ng tinalakay sa ibaba.

Mga Iniaatas para sa Pagbili ng Bala. Kabilang sa Proposisyon 63 ang iba't ibang iniaatas para sa mga indibidwal na gustong bumili

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 63 pumunta sa pahina 164.

ng bala at upang makontrol ng DOJ ang mga nasabing pagbili. Sa partikular, ang panukala ay:

- Nag-aatas sa mga indibidwal na kumuha ng permisong may bisa sa loob ng apat na taon mula sa DOJ para sa pagbili ng bala at na alamin sa DOJ ng mga mangangalakal ng bala na ang mga indibidwal na bumibili ng bala ay mayroon ng mga nasabing permiso.
- Nag-aatas sa DOJ na ipawalang-bisa ang mga permiso mula sa mga indibidwal na kasama sa mga pinagbabawalan.
- Nagpapahintulot sa DOJ na singilin ang bawat taong nag-a-apply para sa permisong may bisa sa loob ng apat na taon ng bayad na hanggang $50 upang masuportahan ang iba't iba nitong gastos sa pangangasiwa at pagpapatupad na nauugnay sa mga pagbebenta ng bala.

Gayunpaman, may pinagtibay na batas ang estado noong Hulyo 2016 upang palitan ang mga nabanggit na pagkakaloob ng mga alternatibong pagkakaloob kung inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 63. (Pinagtibay ang batas na ito alinsunod sa pagkakaloob ng Proposisyon 63 na nagpapahintulot sa mga pagbabago na "naaayon sa at nagsusulong sa layunin" ng proposisyon, tulad ng naunang inilarawan.) Sa partikular, sa ilalim ng batas: (1) aatasan ang mga mangangalakal ng bala na alamin sa DOJ na ang mga indibidwal na gustong bumili ng bala ay hindi mga taong pinagbabawalan sa oras ng pagbili at (2) sa pangkalahatan ay maaaring singilin ng DOJ ang mga nasabing indibidwal ng hanggang $1 sa bawat transaksiyon. Ang mga pagkakaloob na ito ay katulad ng kasalukuyang batas. Gayunpaman, mas kaunting mga indibidwal ang malilibre mula sa pagsusuring ito kaysa sa ilalim ng kasalukuyang batas. Halimbawa, ang mga indibidwal na pinayagang magdala ng mga nakatagong armas ay sasailalim sa pagsusuring ito.

Mga Lisensiya para sa Pagbebenta ng Bala. Katulad ng kasalukuyang batas, inaatasan ng Proposisyon 63 ang mga indibidwal at negosyo na kumuha ng lisensiyang may bisa sa loob ng isang taon mula sa DOJ para sa pagbebenta ng bala. Gayunpaman, binago ng panukala ang mga uri ng mga indibidwal at negosyo na malilibre mula sa pagkuha ng lisensiya. Halimbawa, sa pangkalahatan ay inililibre ng panukala ang mga indibidwal at negosyo na nagbebenta ng maliit na bilang ng mga round ng bala mula sa iniaatas na kumuha ng lisensiya. Ang panukala ay nagsagawa rin ng iba't ibang pagbabago sa mga parusa para sa hindi pagsunod sa mga iniaatas sa pagbebenta ng bala. Halimbawa, nagtakda ito ng bagong parusa para sa krimen—sa partikular, isang maliit na pagkakasala—para sa hindi pagsunod sa mga iniaatas sa paglilisensiya ng nagtitinda.

Iba Pang Mga Iniaatas sa Bala. Pinagbabawalan ng panukalang ito ang karamihan sa mga residente ng California sa pagdadala ng bala sa estado nang hindi muna inihahatid ang bala sa isang lisensiyadong mangangalakal ng bala simula sa Enero 2018—isa at kalahating taon na mas maaga kaysa sa ilalim ng kasalukuyang batas. Bukod pa rito, kung hindi makakasunod sa iniaatas na ito, ang maliit na pagkakasala ay magiging pagsuway (paparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta) para sa unang pagkakamali at alinman sa pagsuway o maliit na pagkakasala para sa anumang karagdagang pagkakamali. Inaatasan din ng panukala ang DOJ na iimbak ang ilang partikular na impormasyon ng mga pagbebenta ng bala sa isang database sa loob ng walang partikular na tagal ng panahon, sa halip na sa loob ng dalawang taon.

Gumagawa ng Bagong Proseso ng Hukuman para sa Pagtanggal ng Mga Baril

Ang panukalang ito ay gumagawa ng bagong proseso ng hukuman upang matiyak na ang mga indibidwal na nahatulang nagkasala na siyang nagbabawal sa kanila sa pagmamay-ari ng mga baril ay patuloy na hindi magkakaroon ng mga ito. Simula sa 2018, inaatasan ng panukala ang mga hukuman na ipaalam sa mga offender pagkatapos nilang mahatulan na dapat nilang (1) isuko ang kanilang mga baril sa lokal na nagpapatupad ng batas, (2) ibenta ang mga baril sa isang lisensiyadong mangangalakal ng baril, o (3) ibigay ang mga baril sa isang lisensiyadong mangangalakal ng baril para sa pag-iimbak. Inaatasan din ng panukala ang mga hukuman na magtalaga ng mga opisyal ng probasyon na mag-uulat kung ano ang ginawa ng mga offender sa kanilang mga baril. Kung mapag-alaman ng hukuman na mayroong matibay na ebidensya na mayroon pa ring mga baril ang isang offender, dapat nitong ipag-utos na tanggalin ang mga baril. Panghuli, maaaring maningil ng bayad ang mga lokal na pamahalaan o ahensiya ng estado upang bumalik sa kanila ang ilang partikular na nagastos sa pagpapatupad ng panukala (gaya ng mga gastos na nauugnay sa pagtatanggal o pag-iimbak ng mga baril).

Nagpapatupad ng Iba Pang Mga Pagkakaloob

Mga Iniaatas sa Pag-uulat. Kabilang sa panukalang ito ang ilang mga iniaatas sa pag-uulat na nauugnay sa mga baril at bala. Halimbawa, iniaatas ng panukala na iulat ng mga mangangalakal ng bala ang pagkawala o pagkanakaw ng bala sa loob ng 48 oras. Iniaatas din nito na iulat ng karamihan ng mga indibidwal ang pagkawala o pagkanaw ng mga baril sa loob ng limang araw sa lokal na nagpapatupad ng batas. Ang indibidwal na hindi magsasagawa ng nasabing ulat sa loob ng limang araw ay magkakaroon ng sala ng pagsuway para sa unang dalawang paglabag. Ang mga karagdagang paglabag ay papatawan ng maliit na pagkakasala. Pinapagaan din ng panukalang ito ang parusa para sa indibidwal na sadyang nagsumite ng maling ulat sa lokal na nagpapatupad ng batas mula sa maliit na pagkakasala patungong pagsuway at inaalis ang pagbabawal sa pagmamay-

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

ari ng mga baril sa loob ng sampung taon para sa nasabing indibidwal. Inaatasan din ng panukalang ito ang DOJ na isumite sa NICS ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at pisikal na paglalarawan ng sinumang bagong taong pinagbabawalan.

Mga Magazine na Maraming Lamang Bala. Simula 2000, sa pangkalahatan ay pinagbawalan na ng batas ng estado ang mga indibidwal na magkaroon ng mga magazine na maraming lamang bala (ibig sabihin, naglalaman ng mahigit sa sampung round ng bala). Gayunpaman, pinapayagan ng batas ang mga indibidwal na mayroong mga magazine na maraming lamang bala bago ang 2000 na itabi ang mga ito para sa pansarili nilang gamit. Simula sa Hulyo 2017, pagbabawalan ng kamakailang pinagtibay na batas ang karamihan sa mga indibidwal na ito sa pagmamay-ari ng mga ganitong magazine. Ang mga indibidwal na hindi susunod ay magkakaroon ng sala ng pagsuway. Gayunpaman, may iba't ibang indibidwal na malilibre mula sa iniaatas na ito—gaya ng indibidwal na nagmamay-ari ng baril (nakuha bago ang 2000) na magagamit lang gamit ang magazine na maraming lamang bala. Inaalis ng Proposisyon 63 ang ilan sa mga pagkalibre na ito, at dinadagdagan din ang maximum na parusa para sa pagmamay-ari ng mga magazine na maraming lamang bala. Sa partikular, ang mga indibidwal na magmamay-ari ng mga nasabing magazine pagkalipas ng Hulyo 2017 ay magkakaroon ng sala ng pagsuway o maliit na pagkakasala.

Parusa para sa Pagnanakaw ng Mga Baril. Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ang parusa para sa pagnanakaw ng mga baril na nagkakahalaga ng $950 o mas maliit pa, sa pangkalahatan, ay maliit na pagkakasala na paparusahan sa pamamagitan ng pananatili nang hanggang isang taon sa kulungan ng county. Sa ilalim ng panukalang ito, ang nasabing krimen ay isang malaking pagkakasala at maaaring maparusahan nang hanggang tatlong taon sa bilangguan ng estado. Bukod pa rito, ang mga indibidwal na nahatulan na dati ng maliit na pagkakasala para sa pagnanakaw ng isang baril ay pagbabawalang magmay-ari ng mga baril sa loob ng sampung taon. Sa kasalukuyan, walang ganoong pagbabawal para sa hatol na maliit na pagkakasala para sa pagnanakaw ng mga baril.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mas Malaking Mga Gastos sa Hukuman at Pagpapatupad ng Batas. Ang bagong proseso ng hukuman para sa pagtatanggal ng mga baril mula sa mga taong pinagbabawalan pagkatapos nilang mahatulan ay magreresulta sa mas maraming trabaho para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, magkakaroon ng mas maraming trabaho ang mga hukuman ng estado at kagawaran ng probasyon ng county upang matukoy kung may mga baril ang mga taong pinagbabawalan at kung isinuko na nila ang mga ito. Bilang karagdagan, magkakaroon ng bagong trabaho ang estado at lokal na nagpapatupad ng batas kaugnay ng pagtatanggal ng mga baril mula sa mga offender na nabigong isuko ang mga ito bilang bahagi ng bagong proseso ng hukuman. Maaari ding madagdagan ang mga gastos ng mga ito kaugnay ng pag-iimbak o pagbabalik ng mga baril. Ang ilan sa nadagdag na gastos sa pagpapatupad ng batas kaugnay ng pagtatanggal, pag-iimbak, o pagbabalik ng mga baril ay mao-offset kung mangongolekta at maniningil ang mga lokal na pamahalaan at ahensiya ng pamahalaan ng mga bayad para sa mga aktibidad na ito, ayon sa pinapayagan ng panukalang ito. Ang kabuuang lawak ng mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan na ito **ay maaaring milyun-milyong dolyar taun-taon.** Nakadepende ang mga aktuwal na gastos sa paraan ng pagpapatupad sa panukalang ito.

Potensyal na Mas Malaking Mga Gastos ng Estado sa Regulasyon. Sa kabilang banda, ang mga pagbabago ng panukala sa regulasyon ng mga pagbebenta ng bala ay maaaring magpataas sa mga gastos ng estado. Halimbawa, mas maraming indibidwal o negosyo ang malamang na masasaklawan ng mga iniaatas sa bala ng estado sa ilalim ng panukala. Ang aktuwal na epekto sa pananalapi ng mga pagbabago ay nakadepende sa paraan ng pagpapatupad sa mga ito at sa paraan ng pagtugon sa mga ito ng mga indibidwal. Tinatantiya namin na ang potensyal na pagtaas sa mga gastos ng estado ay malamang na hindi lalampas sa milyun-milyong dolyar taun-taon. Ang mga gastos na ito ay malamang na mao-offset ng iba't ibang bayad na pinahintulutan ng panukala at kasalukuyang batas ng estado.

Potensyal na Kabuuang Mas Malaking Mga Gastos sa Pagwawasto. Gumawa ng iba't ibang pagbabago sa mga parusang nauugnay sa mga baril at bala ang panukalang ito. Bagama't pinagaan ng ilang pagbabago ang mga parusa para sa ilang partikular na pagkakamali, pinabigat ng iba pang mga pagbabago ang mga parusa para sa ilang partikular na pagkakamali. Sa kabuuan, ang mga pagbabagong ito ay maaaring magresulta sa mas malaking mga gastos sa pagwawasto ng estado at mga lokal na pamahalaan, gaya ng pagbibigay ng matutuluyan sa mga indibidwal sa bilangguan at kulungan. Pangunahing nakadepende ang lawak ng mga nasabing gastos sa bilang ng mga paglabag at paraan ng pagpapatupad ng panukala. Ang potensyal na kabuuang paglaki sa mga gastos sa pagwawasto ay **malamang na hindi lalampas sailang milyong dolyar taun-taon.**

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 63 pumunta sa pahina 164.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 63 ★

ANG PROPOSISYON 63 AY MAGPAPANATILI SA ATIN NA MAS LIGTAS SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA KARAHASANG KAUGNAY NG BARIL

Mga pulis sa Dallas na ginagawa ang kanilang trabaho . . .. Isang panggabing klab sa Orlando . . .. Isang pagtitipon ng opisina sa piyesta opisyal sa San Bernardino . . .. Isang simbahan sa Charleston . . .. Isang sinehan sa Aurora . . .. Isang paaralang elementarya sa Newtown . . ..

Ano ang kasunod? Ilan pang tao ang kailangang mamatay mula sa karahasang kaugnay ng baril bago tayo gumawa ng matapang na aksiyon upang magligtas ng mga buhay?

Higit sa 300 Amerikano ang nababaril bawat araw, higit sa 80 sa kanila ay namamatay.

Higit sa 1 milyong Amerikano ang napatay o seryosong napinsala ng mga baril mula 2004–20I4.

TAMA NA!

Panahon na upang umaksiyon upang panatilihin ang mga baril at bala na wala sa mga maling kamay.

Proposisiyon 63—ang Batas na Kaligtasan para sa Lahat—ay magliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagsasara ng mga butas upang pigilan ang mga mapanganib na kriminal, mga domestikong nang-aabuso, at ang mga mapanganib na may sakit sa isip mula sa pagkuha at paggamit ng mga nakamamatay na sandata.

ANG PROPOSISYON 63 AY:

- Magtatanggal ng mga bawal na baril mula sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga mapanganib na kriminal at domestikong nang-aabuso ay nagbebenta o naglilipat ng kanilang mga barili pagkatapos nilang mahatulan.
- Mag-aatas sa anumang negosyo na nagbebenta ng bala na iulat kung ang bala ay nawala o ninakaw.
- Mag-aatas sa mga tao na bigyan ng paunawa ang mga tagapagpatupad ng batas kung ang kanilang mga baril ay nawala o ninakaw, bago mapapunta ang mga sandata sa mga maling kamay.
- Titiyakin na ang mga taong nahatulan ng pagnanakaw ng baril ay hindi karapat-dapat mag-ari ng mga baril.
- Palakasin ang ating mga sistema ng pagsusuri ng kasaysayan at titiyakin na ang mga tagapagpatupad ng batas ng California ay nagbabahagi ng mga datos tungkol sa mga mapanganib na tao sa FBI.

Ang Proposisyon 63 ay nagpapanatili ng mga baril at bala na wala sa mga maling kamay, habang nagpoprotekta sa mga karapatan ng masunurin sa batas na mga Taga-California na mag-ari ng mga baril para sa pagtatanggol sa sarili, pangangaso, at libangan.

Sa ngayon, libu-libong mapanganib na kriminal ang nananatiling labag sa batas na armado dahil hindi natin tinitiyak na ang mga taong nahatulan ng mararahas na krimen na talagang isinuko nila ang kanilang mga baril pagkatapos mahatulan. Ang Kagawaran ng Hustisya ay tumukoy ng higit sa 17,000 kriminal at ibang mapanganib na mga tao na may higit sa 34,000 baril, kabilang ang higit sa 1,400 sandatang pang-atake.

Ang pagpasa ng Proposisyon 63 ay kakatawan sa isang makasaysayan at kauna-unahang hakbang patungo sa kaligtasan sa baril.

ANG MGA LIDER SA BUONG CALIFORNIA AY SUMUSUPORTA SA PROPOSISYON 63, KABILANG ANG MGA SUMUSUNOD:

• Tenyente Gobernador Gavin Newsom • Senadora ng U.S. Dianne Feinstein • Sentro ng Batas Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Partidong Demokratiko ng California • Kalihim ng Estado Alex Padilla • Ispiker na Emeritus ng Asembleya Toni Atkins • Ispiker na Emeritus ng Asembleya John Pérez • Syerip Vicki Hennessy, San Francisco • Dating Hepe ng Pulisya Ken James, Emeryville • SEIU • Liga ng mga Babaing Botante ng California • Mga Batang Demokratiko ng California • Pederasyon ng mga Guro ng California • Lupon ng Edukasyon ng San Francisco • Equality California • Courage Campaign • Amerikanong Kolehiyo ng mga Doktor ng California • Amerikanong Kolehiyo ng mga Pang-emerhensiyang Doktor ng California • Kapisanan sa Pampublikong Kalusugan ng Southern California • Nagkakaisang Klero at Karaniwang mga Tao para sa Hustisyang Pangkabuhayan • Koalisyon Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Mga Rabbi Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Mga Estadong Nagkakaisa Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Patigilin ang Karahasang Kaugnay ng Baril • Itigil ang Ating mga Pagputok • Mga Babae Laban sa Karahasang Kaugnay ng Baril • Youth Alive!

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman mangyaring bisitahin ang *www.SafetyforAll.com.*

GAVIN NEWSOM, Tenyente Gobernador ng California

DIANNE FEINSTEIN, Senadora ng Estados Unidos

ROBYN THOMAS, Tagapagpaganap na Direktor
Sentro ng Batas Upang Pigilan ang Karahasang Kaugnay ng Baril

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 63 ★

Ang mga terorista ay hindi sumusunod sa batas!

Si Gavin Newsom ay tumatangging kilalanin na ang pag-atake sa Orlando at San Bernardino ay inspirado ng ISIS na radikalismong Islamiko. Ito ang kaparehong paniniwala na nagbuyo ng mga 9/11 na pag-atake ng terorista na pumatay ng 2,996 na inosente.

Ang paggamit sa mga pag-atake ng terorista upang itulak ang mga batas na nakakaapekto sa mga kalayaang sibil ng mga taong masunurin sa batas ay mapanligaw, mali, at mapanganib.

Wala sa mga iminungkahing batas na pipigil sa mga pag-atake ng terorista. Ang katotohanan ay laging makakahanap ang mga terorista ng mga paraan upang maghasik ng kaguluhan, isang panggupit ng kahon sa isang eruplano noong 9/11, isang gawang-bahay na bomba sa Boston, o isang trak sa Nice, France. Ang mga terorista at kriminal ay kumukuha ng mga sandata mula sa palihim na pamilihan, ginagawa ang mga ito, o ninanakaw ang mga ito mula sa mga mamamayang masunurin sa batas.

Bawat isa ay sumasang-ayon na ang pagpigil sa mga sandala na bumagsak sa mga maling kamay ay napakahalaga. Lahat tayo ay nababahala sa lumalaking terorismo at radikalisasyon.

Pero, HINDI ang Prop. 63 ang sagot.

Ang paggasta ng sampu-sampung milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis taun-taon sa walang-silbing mga listahan ng bawat isang bumibili at nagbebenta ng bala ay naglilihis ng napakahalagang mga tagapagdulot at pokus palayo sa mabibisang pagsisikap laban sa terorismo, iniiwan ang publiko na mas mahina laban sa pag-atake at *MAS MABABA ANG KALIGTASAN.*

May dahilan kung bakit ang mga tagapagtupad ng batas ay lubos na sumasalungat sa Prop. 63.

Ang interes ng publiko ay mas mahusay na mapaglilingkuran kung ang mga tagapagdulot na ito ay ginamit upang turuan ang mas maraming Taga-California tungkol sa kung ano ang magagawa nila upang protektahan ang kanilang mga pamilya at komunidad laban sa mga pag-atake ng terorista o upang higit na sanayin ang mga tagapagpatupad ng batas na gawin ito.

Patigilin itong mapanganib na pag-abuso ng mga pampublikong tagapagdulot.

Bumoto ng HINDI sa Prop. 63!

ALON STIVI, Presidente
Direct Measures International, Inc.

WILLIAM "BILLY" BIRDZELL, Tagapagturo ng Anti-Terorismo sa Kapangyarihan ng mga Espesyal na Operasyon ng U.S.

RICHARD GRENELL, Pinakamatagal na naglingkod na Tagapagsalita ng U.S. sa Mga Nagkakaisang Bansa

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 63 ★

Ang Prop. 63 ay lubos na sinasalungat ng komunidad ng pagpapatupad ng batas at mga grupo ng mga karapatang sibil dahil ito ay magpapabigat sa mga mamamayang masunurin sa batas nang hindi pinipigilan ang mararahas na kriminal at terorista mula sa paggamit ng mga baril at bala.

Ang Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California, Kapisanan ng mga Kinatawang Abugado ng Distrito para sa County ng Los Angeles, Kapisanan ng mga Opisyal na Pangkapayapaan sa Pagwawasto ng California, Kapisanan ng mga Warden ng Isda at Maiilap na Hayop-Gubat, Kapisanan ng mga Nakareserbang Opisyal na Pangkapayapaan, at napakaraming ibang mga grupo sa pagpapatupad ng batas at sibiko, kumakatawan sa sampu-sampung libong propesyonal sa kaligtasan ng publiko sa buong California, ay nagkakaisa sa kanilang pagsalungat sa hindi mabisa, nagpapabigat, at magastos na mungkahi.

Ang Prop. 63 ay maglilihis ng kakaunting tagapagdulot ng pagpapatupad ng batas palayo sa lokal na pagpapatupad ng batas at labis na magpapabigat sa nagsisikip nang sistema ng hukuman sa pagpapatupad ng mga madepektong batas na gagawing kriminal ang hindi nakakasakit, masurin sa batas na mga mamamayan. Ang totoo, iniwan kamakailan ng New York ang pagpapatupad nito ng isang katulad na mungkahi pagkatapos na ipasa ito, natuklasan na ito ay imposibleng ipatupad at mabisang panatilihin.

Ang paggawa ng tunay na gumagana upang panatilihin ang kaligtasan ng publiko ay ang pinakamataas na priyoridad ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas na naglalaan ng kanilang mga buhay sa pagprotekta sa mga Taga-California. Sa kasamaang-palad, hindi gagawin ng Prop. 63 na mas ligtas ang sinuman. Kasalungat nito, sa paglilipat ng mga tagapagdulot palayo sa mga hakbang na tunay na mabisa sa pagpigil ng mga elementong kriminal mula sa pagtatamo ng mga baril at bala, gagawin nitong mas mababa ang ating kaligtasan. Ang napakalaking pampublikong kakayahan na aaksayahin ng Prop. 63 ay dapat gamitin upang kumuha ng mga karagdagang opisyal at upang asintahin, imbestigahan, at usigin ang mga mapanganib na indibidwal at terorista.

Pagkatapos na masusing suriin ang pananalita ng Prop. 63, ang komunidad ng pagpapatupad ng batas ay nakatuklas ng maraming problema sa mga detalye. Dahil sa mahihigpit na limitasyon sa kakayahan ng Lehislatura na susugan ang pinagtibay-ng-botante na mga proposisyon, karamihan ng mga problemang ito ay magiging mahirap o imposibleng maayos ng Lehislatura kung ang Prop. 63 pumasa, isasadlak ang California sa mga pasanin at gastos nitong madepektong mungkahi habang panahon.

Sa pamamagitan ng pag-ikot sa Lehislatura, ang inisyatibong ito ay naglilimita sa mga propesyonal sa kaligtasan ng publiko sa pagbuo ng batas sa hinaharap na tunay na magtataguyod ng kaligtasan ng publiko. Ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay hindi dapat mag-aksaya ng daan-daang milyong dolyar sa hindi mabisang mga batas na walang halaga sa pagpapatupad ng batas at makakasakit sa kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng paglihis ng mga kakayahan palayo sa mabibisang aktibidad sa pagpapatupad ng batas na napakahalaga sa kaligtasan ng publiko.

Mangyaring bisitahin ang *WWW.WHERESMYAMMO.COM* para sa karagdagang impormasyon.

MANGYARING BUMOTO NG HINDI SA PROP. 63.

DONNY YOUNGBLOOD, Presidente
Kapisanan ng mga Syerip ng Estado ng California

KEVIN BERNZOTT, Punong Tagapagpaganap na Opisyal
Kapisanan ng mga Nakareserbang Opisyal na Pangkapayapaan ng California

TIFFANY CHEUVRONT, Pangunahing Opisyal
Koalisyon para sa Kalayaang Sibil

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 63 ★

Bilang mga opisyal sa pagpapatupad ng batas at kaligtasan ng publiko, hindi kami nagugulat na ang mga grupong tulad ng NRA at mga kasapi nito ay sumasalungat sa Proposisyon 63. Huwag magkamali, ang tinatawag umano na "Koalisyon para sa Kalayaang Sibil" sa katotohanan ay isang pangharap na grupo ng NRA.

Ang lobi ng baril ay madalas na nagsasabi na tayo ay dapat magpokus sa pagpapatupad ng mga kasalukuyang batas sa baril, at iyon ang eksaktong ginagawa ng inisyatibong ito— ang *Prop. 63 ay nagsasara ng mga butas at tumutulong na ipatupad ang mga kasalukuyang batas upang panatilihin ang mga baril at bala na wala sa mga maling kamay.*

Halimbawa, ang Prop. 63 *ay tumitiyak na ang mga mapanganib na nagkasala na pinagbabawalang mag-ari ng mga sandata ay sumusunod sa batas at inaalis ang kanilang mga baril.* Natuklasan ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas na ang mga kriminal at mapanganib na tao ay kasalukuyang nag-aangkin ng libu-libong baril nang labag sa batas—kaya ang pagsasara ng butas na ito ay magliligtas ng mga buhay.

Ang Prop. 63 ay nag-aatas din *ng pag-uulat ng mga nawala o ninakaw na baril,* upang tulungan ang pulisya na pigilan ang mga sindikato ng pagtrapiko ng baril at mahanap ang mga cache ng mga bawal na sandata. Ang Prop. 63 ay tutulong sa pulisya na mabawi ang mga ninakaw na baril bago magamit ang mga ito sa mga krimen at ibalik ang mga ito sa mga tunay na may-ari.

Ang Prop. 63 ay nagpapabuti rin *ng mga sistema ng pagsusuri ng kasaysayan* upang mapigilan ng mga tagapagpatupad ng batas ang mga taong pinagbawalan na mag-angkin ng mga sandata—tulad ng mararahas na kriminal—mula sa pagbili ng mga baril at bala.

At ang Prop. 63 ay naglilinaw sa kasalukuyang batas upang ang anumang pagnanakaw ng baril ay isang peloni, *tinitiyak na ang mga taong nagnakaw ng mga baril ay hindi maaaring mag-angkin ng mga baril.* Iyon ay isa pang sentido-kumon na reporma upang magligtas ng mga buhay na lubos na sinusuportahan ng mga propesyonal sa pagpapatupad ng batas.

Ang Prop. 63 ay magsasara ng mga butas sa ating mga kasalukuyang batas at pipigil sa mga mapanganib na kriminal, domestikong nang-aabuso, at sa mapanganib na may sakit sa isip mula sa pagtatamo at paggamit ng mga nakamamatay sa sandata.

NANCY O'MALLEY, Abugada ng Distrito
County ng Alameda

JEFF ROSEN, Abugado ng Distrito
County ng Santa Clara

VICKI HENNESSY, Syerip
San Francisco

PROPOSISYON

64 PAGSASALEGAL NG MARIHUWANA. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Ginagawang legal ang marihuwana sa ilalim ng batas ng estado, para gamitin ng mga nasa hustong gulang na 21 o mas matanda pa.
- Itinatalaga ang mga ahensiya ng estado upang lisensiyahan at pangasiwaan ang industriya ng marihuwana.
- Nagpapataw ng kinakaltas na buwis ng estado na 15% sa mga tinging pagbebenta ng marihuwana, at mga buwis ng estado sa pagtatanim ng marihuwana na $9.25 bawat onsa ng mga bulaklak at $2.75 bawat onsa ng mga dahon.
- Hindi isinasama ang medikal na marihuwana sa ilang pagpapataw ng buwis.
- Nagtatatag ng mga pamantayan at paghihigpit sa pagpapakete, paglalagay ng label, pag-a-advertise at pagbebenta para sa mga produktong marihuwana.
- Ipinagbabawal ang pagbebenta at pag-a-advertise ng marihuwana nang tuwiran sa mga menor de edad.
- Pinahihintulutan ang lokal na regulasyon at pagpapataw ng buwis sa marihuwana.
- Pinahihintulutan ang pagbibigay ng bagong sentensiya at pagsira ng mga rekord para sa naunang napatunayang mga pagkakasala na may kaugnayan sa marihuwana.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Ang laki ng mga epekto sa pananalapi ng panukala ay maaaring magbago nang malaki depende sa:
  (1) kung paano pipiliin ng pang-estado at lokal na mga pamahalaan ang pagkontrol at pagpapataw ng buwis sa marihuwana,
  (2) kung paano nagpapatupad ang pederal na pamahalaan ng mga pederal na batas na nagbabawal sa marihuwana, at
  (3) kung paano nagbabago ang mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana sa ilalim ng panukala.
- Kabuuan ng karagdagang pang-estado at lokal na mga kita sa buwis na sa huli ay maaaring mula sa mataas na daan-daang milyong dolyar hanggang sa mahigit sa $1 bilyon taun-taon. Karamihan ng mga pondong ito ay hihilinging gastusin para sa mga partikular na layunin tulad ng mga programang pangkabataan, proteksiyon ng kapaligiran, at pagpapatupad ng batas.
- Kabuuan ng nabawasang mga gastos na posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa pang-estado at lokal na pamahalaan, na pangunahing may kaugnayan sa pagbaba sa bilang ng mga nagkasala na may kaugnayan sa marihuwana na nakabilanggo sa mga bilangguan ng estado at mga kulungan ng county.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Batas sa Marihuwana ng Estado

Ang Marihuwana sa Pangkalahatan ay Labag sa Batas sa Ilalim ng Batas ng Estado. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, sa pangkalahatan ay labag sa batas na magtaglay o gumamit ng marihuwana. (Mangyaring tingnan ang kalapit na kahon para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano ginagamit ang marihuwana.) Ang mga parusa para sa aktibidad na may kaugnayan sa marihuwana ay nag-iiba depende sa pagkakasala. Halimbawa, ang pagtataglay ng mas kaunti kaysa isang onsa ng marihuwana (ang katumbas ng halos 40 sigarilyong marihuwana, kilala rin bilang "joints") ay maparurusahan ng isang multa, habang nagbebenta o nagtatanim ng marihuwana ay maaaring magresulta sa isang sentensiya sa kulungan o bilangguan.

Ginawang Legal ng Proposisyon 215 ang Medikal na Marihuwana. Noong 1996, inaprobahan ng mga botante ang Proposisyon 215, na ginawang legal sa ilalim ng batas ng estado para sa mga indibidwal anuman ang edad na gumamit ng marihuwana sa California para sa mga medikal na layunin. Ang mga indibidwal ay dapat magkaroon ng rekomendasyon mula sa isang doktor upang gumamit ng medikal na marihuwana. Noong 2003, ginawang legal ng Lehislatura ang mga kolektiba, na mga di-nagtutubong organisasyon na nagtatanim at nagkakaloob ng marihuwana sa kanilang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Paano Gumagamit ang mga Indibiwal ng Marihuwana?

Paghithit. Ang pinakakaraniwang paraan na ginagamit ng mga indibidwal ang marihuwana ay sa pamamagitan ng paghithit dito. Pangkaraniwan, ang mga gumagamit ay humihithit ng mga tuyong bulaklak ng halamang marihuwana. Ang mga tuyong dahon ng marihuwana ay maaari ring hithitin pero ito ay bihira dahil ang mga dahon ay nagtataglay ng maliit lamang na tetrahydrocannabinol (THC), na sangkap sa marihuwana na lumilikha ng isang "high." Ang mga dahon, bulaklak, at tangkay ay maaari ring iproseso patungo sa konsentradong marihuwana at hithitin. Ang mga halimbawa ng konsentradong marihuwana ay kabilang ang hash at langis ng hash. Ang konsentradong marihuwana ay mas malakas kaysa tuyong marihuwana, madalas na nagtataglay na lima hanggang sampung beses ng mga antas ng THC na natatagpuan sa mga tuyong bulaklak ng marihuwana.

Pagpapasingaw. Ang ilang gumagamit ay kumokonsumo ng marihuwana sa pamamagitan ng mga kagamitang tinatawag na pampasingaw. Ang pampasingaw ay nagpapainit sa tuyong marihuwana o konsentradong marihuwana pero hindi sinusunog ito. Ang prosesong ito ng pagpapainit ay lumilikha ng isang gas na nagtataglay ng THC na hinihithit.

Pagkain. Ang marihuwana ay maaari ring idagdag sa pagkain. Ang nakakaing mga produktong marihuwana ay pangkaraniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng THC mula sa halaman patungo sa mga sangkap (tulad ng mantikilya o langis) na ginagamit upang maghanda ng mga pagkain tulad ng mga brownie, cookie, o mga bar ng tsokolate.

Ibang mga Paraan. Ang ibang hindi gaanong pangkaraniwang mga paraan ng paggamit ng marihuwana ay kabilang ang mga inumin na hinaluan ng marihuwana at pagpahid sa balat ng mga losyong may marihuwana.

mga miyembro. Ang mga kolektiba na hindi lisensiyado o pinangangasiwaan ng estado ngayon, pero ang mga lungsod at county ay maaaring mangasiwa kung saan at paano itinatanim at ibinebenta ang medikal na marihuwana ng mga indibidwal o kolektiba.

Ang Estado ay Kasalukuyang Nagpapatibay ng mga Bagong Regulasyon sa Medikal na Marihuwana. Kamakailan, ang mga bagong batas ng estado ay pinagtibay upang simulan ang pangangasiwa ng medikal na marihuwana. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 1, ang isang bagong Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana at ibang mga ahensiya ng estado ay responsable para sa regulasyong ito. Ang mga bagong batas ay nag-aatas sa estado na magtatag ng mga pamantayan para sa pagmamarka, pagsusuri, at pagpapakete ng mga produktong medikal na marihuwana at upang bumuo ng isang sistema upang subaybayan ang mga naturang produkto mula a produksiyon hanggang sa pagbebenta. Sa kasalukuyan, ang mga bagong regulasyon ay binubuo ng magkakaibang ahensiya ng pangangasiwa. Sa ilalim ng mga bagong batas, ang mga kolektiba ng medikal na marihuwana ay dapat sarhan sa loob ng ilang taon at palitan ng lisensiyado-ng-estado na mga negosyo. Ang mga lokal na pamahalaan ay patuloy na magkakaroon ng kakayahan na pangasiwaan kung saan at paano pinatatakbo ang mga

Pigura 1

Industriya ng Medikal na Marihuwana Pangangasiwaan ng Maraming Ahensiya ng Estado

Ahensiya ng Pangangasiwa	Mga Pangunahing Responsibilidad
Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana	Lisensiyahan ang mga tagapamahagi ng medikal na marihuwana, tagapaghatid, mga pasilidad ng pagsusuri, at mga nagtitingi.
Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura	Lisensiyahan at pangasiwaan ang mga magtatanim ng marihuwana.
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan	Lisensiyahan at pangasiwaan ang mga prodyuser ng nakakaing produktong marihuwana.
Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado	Pangasiwaan ang mga epektong pangkapaligiran ng pagtatanim ng marihuwana sa kalidad ng tubig.
Kagawaran ng Isda at Maiilap na mga Hayop-gubat	Pangasiwaan ang mga epektong pangkapaligiran ng pagtatanim ng marihuwana.
Kagawaran ng Regulasyon ng Pestisidyo	Pangasiwaan ang paggamit ng pestisidyo para sa pagtatanim ng marihuwana.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

negosyong medikal na marihuwana.

Mga buwis sa Medikal na Marihuwana. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay kasalukuyang sumisingil ng buwis sa pagbebenta sa medikal na marihuwana. Ang isang maliit na bilang ng mga lungsod ay nagpapataw din ng mga karagdagang buwis sa partikular sa medikal na marihuwana. Ang kabuuang halaga ng pang-estado at lokal na mga buwis na sinisingil sa medikal na marihuwana ay malamang na ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Mga Pederal na Batas sa Marihuwana

Sa ilalim ng pederal na batas, labag sa batas na magtaglay o gumamit ng marihuwana, kabilang ang para sa medikal na paggamit. Ang Korte Suprema ng U.S. ay nagpasiya noong 2005 na ang mga pederal na ahensiya ay maaaring magpatuloy sa ilalim ng pederal na batas na umusig sa mga indibidwal na nagtataglay o gumagamit ng marihuwana para sa mga medikal na layunin kahit na legal sa ilalim ng batas ng estado. Sa kasalukuyan, gayunman, ang Kagawaran ng Hustisya (DOJ) ng U.S. ay pumipiling huwag usigin ang karamihan ng mga gumagamit at negosyo ng marihuwana na sumusunod sa pang-estado at lokal na mga batas sa marihuwana kung ang mga batas na ito ay kaayon ng mga pederal na priyoridad. Ang mga priyoridad na ito ay kabilang ang pagpigil sa mga menor na gumamit ng marihuwana at pagpigil na dalhin sa ibang mga estado ang marihuwana.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito (1) ay ginagawang legal ang di-medikal na paggamit ng marihuwana ng naa hustong gulang, (2) lumilikha ang isang sistema para sa pangangasiwa ng negosyong di-medikal na marihuwana, (3) nagpapataw ng mga buwis sa marihuwana, at (4) nagbabago ng mga parusa para sa mga krimeng may kaugnayan sa marihuwana. Ang mga pagbabagong ito ay inilarawan sa ibaba.

Pagsasalegal ng Di-medikal na Paggamit ng Marihuwana ng Nasa Hustong Gulang

Personal na Paggamit ng Di-medikal na Marihuwana. Ang panukalang ito ay nagbabago sa batas ng estado upang gawing legal ang paggamit ng marihuwana para sa di-medikal na mga layunin ng mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda. Pigura 2 ay nagsasabuod kung anu-anong mga aktibidad ang ipahihintulot sa ilalim ng panukala. Ang mga aktibidad na ito ay mananatiling labag sa batas para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang.

Pagbili ng Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga nasa hustong gulang na 21 at mas matanda ay makakabili ng marihuwana sa lisensiyado-ng-estado na mga negosyo o sa pamamagitan ng kanilang mga serbisyong paghahatid. Ang mga negosyo sa pangkalahatan ay hindi maaaring itayo sa loob ng 600 talampakan ng isang paaralan, sentro ng pag-aalaga sa araw, o sentro ng kabataan, maliban

Pigura 2

Proposisyon 64 Ginagawang Legal ang mga Aktibidad na Kaugnay ng Di-medikal na Marihuwana, May mga Kabawalan

Aktibidad	Mga Aktibidad na Ipinahihintulot sa Ilalim ng Panukala	Mga Aktibidad na Hindi Ipinahihintulot sa Ilalim ng Panukala
Paghithit ng marihuwana	Paghithit ng marihuwana sa isang pribadong bahay o sa isang negosyong lisensiyado para sa loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana.	Paghithit ng marihuwana (1) habang nagmamaneho ng isang sasakyan, (2) sa anumang pampublikong lugar (iba sa isang negosyong lisensiyado para sa loob-ng-lugar na pagkonsumo), o (3) kahit saan na ipinagbabawal ang paghithit ng tabako.
Pagtataglay ng marihuwana para sa personal na paggamit	Pagtataglay ng hanggang 28.5 gramo (mga isang onsa) ng marihuwana at hanggang 8 gramo ng konsentradong marihuwana (tulad ng hash).	Pagtataglay ng marihuwana sa mga lupang sakop ng isang paaralan, sentro ng pag-aalaga sa araw, o sentro ng kabataan habang may mga bata.
Pagtatanim ng marihuwana	Pagtatanim ng hanggang anim na halamang marihuwana at pagpapanatili sa marihuwanang nililikha ng mga halaman sa loob ng isang pribadong bahay.	Pagtatanim sa isang lugar na hindi nakakandado o nakikita mula a isang pampublikong lugar.
Pamimigay ng marihuwana	Pamimigay ng ibang mga nasa hustong gulang hanggang sa 28.5 gramo ng marihuwana at hanggang 8 gramo ng konsentradong marihuwana.	Pagkakaloob ng marihuwana sa mga menor na wala pang 21 taong gulang para sa di-medikal na paggamit.

kung ipinahihintulot ng isang lokal na pamahalaan. Bilang karagdagan, ang mga negosyong nagbebenta ng marihuwana ay hindi maaaring magbenta ng tabako o alkohol. Sa ilalim ng panukala, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring mag-awtorisa sa mga lisensiyadong negosyo na magpahintulot na loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana. Gayunman, ang mga naturang negosyo ay hindi maaaring magpahintulot ng pagkonsumo sa mga lugar sa mayroon o nakikita ng mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang o mga lugar na nakikita mula sa isang pampublikong lugar. Bilang karagdagan, ang mga negosyong nagpapahintulot ng loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana ay hindi maaaring magpahintulot ng pagkonsumo ng alkohol o tabako.

Regulasyon ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana

Regulasyon ng Estado ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana. Ang panukalang ito ay nagbabago sa pangalan ng Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana patungo sa Kawanihan ng Pagkontrol sa Marihuwana at ginagawa rin itong responsable para sa pangangasiwa at paglilisensiya ng mga negosyong di-medikal na marihuwana. Bilang karagdagan, ang panukala ay nag-aatas sa ibang mga ahensiya ng estado na pangasiwaan at lisensiyahan ang iba't ibang mga bahagi ng industriya ng di-medikal na marihuwana. Ang mga ahensiya ng estado ay magkakaroon ng mga responsibilidad na katulad ng kasalukuyang nasa kanila para sa medikal na marihuwana. Ang panukala ay nag-aatas sa bawat ahensiya ng paglilisensiya na sumingil ng mga fee na sumasaklaw sa mg gastos sa pangangasiwa ng marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang sistema para sa pagsubaybay ng mga produktong medikal na marihuwana na dapat buuin sa ilalim ng kasalukuyang batas ay palalawakin upang isama ang marihuwana para sa di-medikal na paggamit. Ang panukala ay lumilikha rin ng Lupon ng mga Apela sa Pagkontrol ng Marihuwana upang dinggin ang mga apela mula sa mga indibidwal na apektado ng isang desisyon ng mga ahensiya sa pangangasiwa ng estado. Ang mga desisyon ng lupon ay maaaring iapela sa mga hukuman.

Lokal na Regulasyon ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga lungsod at county at ay maaaring mangasiwa ng mga negosyong di-medikal na marihuwana. Halimbawa, ang mga lungsod at county ay maaaring mag-atas sa mga negosyong di-medikal na marihuwana na kumuha ng mga lokal na lisensiya at takdaan ang lugar na maaaring itayo ang mga ito. Ang mga lungsod at county ay maaari ring lubos na ipagbawal ang mga negosyong may kaugnayan sa marihuwana. Gayunman, hindi nila maaaring ipagbawal ang transportasyon ng marihuwana na dumadaan sa kanilang mga hurisdiksiyon.

Pagbubuwis sa Marihuwana

Ang panukala ay nagpapataw ng mga bagong buwis ng estado sa pagtatanim at pagbebenta ng pareho ng medikal at di-medikal na marihuwana. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 3, ang bagong batas sa pagtatanim ng marihuwana ay ibabatay sa dolyar na halaga kada onsa ng marihuwana, at ang bagong kinakaltas na buwis ay ibabatay sa presyo sa pagtitingi ng mga produktong marihuwana na ibinebenta.

Ang panukala ay makakaapekto rin sa kita sa buwis sa pagbebenta sa estado at mga lokal na pamahalaan sa dalawang paraan. Una, ang pagsasalegal ng pagbebenta ng di-medikal na marihuwana ay magreresulta sa kita sa bagong buwis sa pagbebenta. (Ito ay awtomatikong mangyayari, dahil pangkaraniwan ang mga produkto ay napapailalim sa buwis na ito sa ilalim ng kasalukuyang batas.) Ikalawa, ang pagbebenta ng medikal na marihuwana, na kasalukuyang napapailalim sa buwis sa pagbebenta, ay ispesipikong pinalilibre mula sa buwis na iyon. Ang panukala ay hindi

Pigura 3

Pagbubuwis sa Marihuwana sa Ilalim ng Proposisyon 64

Uri ng Buwis	Uri ng Marihuwana na Binubuwisan	Antas
Bagong buwis ng estado sa pagtatanim	Pareho ng medikal at di-medikal.	$9.25 kada onsa ng mga tuyong bulaklak ng marihuwana at $2.75 kada onsa ng mga tuyong dahon ng marihuwana.
Bagong kinakaltas na buwis sa pagtitingi ng estado	Pareho ng medikal at di-medikal.	15 porsiyento ng presyo sa pagtitingi.
Kasalukuyang pang-estado at lokal na buwis sa pagbebenta	Di-medikal lamang.	Ang mga antas ay nagbabago sa buong estado pero pangkaraniwang mga 8 porsiyento.
Kasalukuyan at panghinaharap na mga lokal na buwis	Maaaring pairalin sa pareho ng medikal at di-medikal.	Napapailalim sa mga desisyon ng lokal na pamahalaan.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

nagbabago sa kasalukuyang kakayahan ng mga lokal na pamahalaan na maglagay ng ibang mga buwis sa medikal na marihuwana at hindi tinatakdaan ang kanilang kakayahang buwisan ang di-medikal na marihuwana.

Simula sa 2020, ang buwis sa pagtatanim ng marihuwana ay iaakma taun-taon para sa implasyon. Ang panukala ay nagpapahintulot din sa Lupon ng Tagasingil ng Buwis upang taunang iakma ang antas ng buwis para sa mga dahon ng marihuwana upang ipakita ang mga pagbabago sa presyo ng mga bulaklak ng mariuwana kumpara sa mga dahon. Bilang karagdagan, ang panukala ay nagpapahintulot sa lupon na magtatag ng ibang mga kategorya ng marihuwana (tulad ng eladong marihuwana) para sa mga layunin ng buwis at tinutukoy na ang mga kategoryang ito ay bubuwisan sa halaga ng mga ito kumpara sa mga bulaklak ng marihuwana.

Paglalaan ng Partikular na mga Kita sa Buwis ng Estado. Ang mga kitang natipon mula sa bagong kinakaltas na buwis ng estado at sa buwis ng estado sa pagtatanim ng marihuwana ay idedeposito sa isang bagong kuwenta ng estado, ang Pondo ng Buwis sa Marihuwana ng California. Ang mga partikular na multa sa mga negosyo o indibidwal na lumabag sa mga regulasyon ng panukala ay idedeposito rin sa pondong ito. Ang mga pera a pondo ay unang gagamitin upang bayaran ang mga partikular na aheniya ng estado para sa anumang gastos sa pangangasiwa ng marihuwana na hindi saklaw ng mga fee sa liseniya. Ang isang bahagi ng mga pera ay ilalaan sa ispesikong mga dolyar na halaga para sa iba't ibang mga layunin, gaya ng ipinakikita sa Pigura 4.

Lahat ng natitirang kita (ang malaking mayoriya ng mga perang idineposito sa pondo) ay ilalaan gaya ng mga sumusunod:

- 60 porsiyento para sa mga programa sa kabataan—kabilang ang edukasyon, pagpigil, at paggamot ng sakit sa paggamit ng substansiya.
- 20 porsiyento upang linisin at pigilan ang pinsalang pangkapaligiran na resulta ng labag sa batas na pagtatanim ng marihuwana.
- 20 porsiyento para sa (1) mga programang idinisenyo upang bawasan ang pagmamaneho nang nasa ilaiim ng impluwensiya ng alkohol, marihuwana, at ibang mga droga (2) isang programang gawad na idinisenyo upang bawasan ang anumang posibleng masasamang epekto sa pampublikong kalusugan o kaligtasan na resulta ng panukala.

Mga Parusa para sa Krimeng May Kaugnayan sa Marihuwana

Pagbabago sa mga Parusa para sa Krimen sa Marihuwana sa Hinaharap. Ang panukala ay nagbabago ng mga parusa sa marihuwana ng estado. Halimbawa, ang pagtataglay ng isang onsa o mas kaunting marihuwana ay kasalukuyang maparurusahan ng isang $100 na multa. Sa ilalim ng panukala, ang naturang krimen na ginawa ng isang taong wala pang 18 taong gulang ay maparurusahan sa halip ng isang iniaatas na dumalo sa isang programang edukasyon o pagpapayo sa droga at magkumpleto ng serbisyo sa komunidad. Bilang karagdagan, ang pagbebenta

Pigura 4

Proposisyon 64 Naglalaan ng isang Bahagi ng mga Kita ng Estado para sa mga Ispesipikong Layunin

Layunin	Taunang Pagpopondo	Tagal
Mga gawad para sa mga partikular na serbisyo (tulad ng tulong sa paglalagay sa trabaho at paggamot ng sakit sa paggamit ng substansiya) sa mga komunidad na pinakaapektado ng mga nakaraang patakaran sa droga	$10 milyon hanggang $50 milyon[a]	2018–19 at patuloy
Tayahin ang mga epekto ng panukala	$10 milyon	2018–19 hanggang 2028–29
Lumikha at magpatibay ng mga paraan upang malaman kung ang isang tao ay nagmamaneho habang may nagpapahina, kabilang ang sa pamamagitan ng marihuwana	$3 milyon	2018–19 hanggang 2022-23
Pag-aralan ang mga panganib at benepisyo ng medikal na marihuwana	$2 milyon	2017-18 at patuloy

[a] $10 milyon sa 2018–19, nadaragdagan ng $10 milyon taun-taon hanggang 2022–23, at $50 milyon bawat taon pagkaraan.

ng marihuwana para sa di-medikal a mga layunin ay kasalukuyang maparurusahan ng hanggang apat na taon sa bilangguan ng estado o kulungan ng county. Sa ilalim ng panukala, ang pagbebenta ng marihuwana nang walang lisensiya ay magiging isang krimen na pangkaraniwang maparurusahan ng hanggang anim na buwan sa kulungan ng county at/o isang multa na hanggang $500. Bilang karagdagan, ang mga indibidwal na lumalahok sa anumang aktibidad ng negosyong marihuwana nang walang lisensiya ay sasailalim sa isang multang sibil na hanggang tatlong ulit ng halaga ng fee sa lisensiya para sa bawat paglabag. Habang ang panukala ay nagbabago sa mga parusa para sa maraming krimen na may kaugnayan sa marihuwana, ang mga parusa para sa pagmamaneho ng sasakyan habang nasa pagpapahina ng marihuwana ay mananatiling hindi nagbabago. Ang panukala ay nag-aatas din ng pagsira—sa loob ng dalawang taon—ng mga rekord na pangkrimen para sa mga indibidwal na inaresto o napatunayang nagkasala para sa partkular na mga pagkakasalang may kaugnayan sa marihuwana.

Mga Indibidwal na Dating Napatunayang Nagkasala ng mga Krimeng Kaugnay ng Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga indibidwal na nagsisilbi ng mga sentensiya para sa mga aktibidad na ginagawang legal o napapailalim sa mas mababang mga parusa sa ilalim ng panukala ay magiging karapat-dapat para sa pagbabago ng sentensiya. Halimbawa, ang isang nagkasalang nagsisilbi ng sentensiya sa kulungan o bilangguan para sa pagtatanim o pagbebenta ng marihuwana ay maaaring magpabawas ng kanyang sentensiya. (Ang isang hukuman ay hindi aatasan na baguhin ang sentensiya ng isang tao kung ipinasiya na ang tao ay malamang na gumawa ng partikular na matitinding krimen.) Ang sentensiya ng mga kuwalipikadong indibidwal ay papalitan ng anumang parusang dapat na tanggapin nila sa ilalim ng panukala. Ang mga indibidwal na pinalitan ang sentensiya na kasalukuhang nasa kulungan o bilangguan ay sasailalim sa pangangasiwa ng komunidad (tulad ng probasyon) para sa hanggang isang taon kasunod ng paglaya nila, maliban kung alisin ng isang hukuman ang iniaatas na iyon. Bilang karagdagan, ang mga indibidwal na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya para sa mga krimen na binawasan ng panukala ay maaaring mag-aplay sa mga hukuman upang ipabago ang kanilang mga rekord na pangkrimen.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Epekto sa Pananalapi Napapailalim sa Malaking Kawalan ng Katiyakan

Ang panukalang ito ay makakaapekto sa pareho ng mga gastos at kita para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ang laki ng mga epektong ito ay maaaring magkaroon ng malaking pagkakaiba depende unang-una sa tatlong pangunahing bagay:

- Una, ito ay magiging depende sa kung paano pipiliin ng estado at mga lokal na pamahalaan na pangasiwaan at buwisan ang marihuwana. Halimbawa, kung maraming lungsod at county ang nagbawal sa mga negosyong marihuwana, ang laki ng kita mula sa mga buwis sa marihuwana ay mas mababa kaysa kung walang naturang mga pagbabawal.
- Ikalawa, ito ay magiging depende sa kung ang DOJ ng U.S. ay nagpatupad ng mga pederal na batas na nagbabawal sa marihuwana. Halimbawa, kung ang DOJ ng U.S. ay pumiling usigin ang lisensiyado-ng-estado na mga negosyong marihuwana, maaaring mabawasan nang malaki ang kita mula sa mga buwis sa marihuwana. Ang pagsusuring ito ay nagpapalaggay na ang DOJ ng U.S. ay susunod sa kasalukyang patakaran nito na nauukol sa pagpapatupad ng mga batas sa marihuwana.
- Ikatlo, ang mga epekto sa pananalapi ay magiging depende nang malaki sa kung paano ang mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana ay nagbago sa ilalim ng panukala. Ang pagsusuring ito ay nagpapalagay na ang presyo ng marihuwana ay mababawasan nang malaki. Ito unang-una ay dahil sa (1) ang mga negosyo ay magiging mas episyente sa paglikha at pamamahagi ng marihuwana at (2) ang presyo ng marihuwana ay hindi na sasailalim sa implasyon upang tugunan ang panganib ng pagbebenta ng labag sa batas na droga. Ang pagsusuring ito ay nagpapalagay din na ang pagkonsumo ng marihuwana ay tataas sa ilalim ng panukala. Ito ay dahil unang-una sa (1) nabawasang presyo at (2) nabawasang panganib na pambatas para sa mga gumagamit ng marihuwana.

Ang mga aktuwal na epekto sa mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana ay hindi alam, gayon din ang mga aksiyon sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

pangangasiwa at pagpapatupad ng pang-estado, pederal, at lokal na mga pamahalaan. Sa gayon, ang posibleng gastos at mga tama sa kita ng panukalang ito na inilarawan sa ibaba ay napapailalim sa malaking kawalan ng katiyakan.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Gastos

Kabawasan sa Iba't Ibang mga Gastos sa Hustisyang Pangkrimen. Ang panukala ay magreresulta sa nabawasang mga gastos sa hustisyang pangkrimen para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ito ay pangunahing may kaugnayan sa isang pagbaba sa bilang ng mga nagkasala na pinamamalagi sa mga bilangguan ng estado at mga kulungan ng county para sa pagtatanim at pagbebenta ng marihuwana. Ang panukala ay magbabawas din sa bilang ng mga naturang nagkasala na inilalagay sa ilalim ng pangangasiwa ng komunidad (tulad ng probasyon ng county). Bilang karagdagan, ang panukala ay malamang na magbawas sa ibang mga gastos sa hustisyang pangkrimen, tulad ng mga gastos ng hukuman ng estado para sa paghawak ng mga kaugnay na kasong pangkrimen.

Ang bahagi ng mga pagbawas sa gastos ay mapapalitan naman ng mga gastos sa ilang lugar. Sa partikular, ang mga hukuman ay magkakaroon ng mga gastos upang iproseso ang mga aplikasyon mula sa mga indibiwal na naghahangad ng pagbabago ng sentensiya o pagbabago ng kanilang mga rekord na pangkrimen. Bilang karagdagan, magkakaroon ng mga gastos upang pangasiwaan ang mga nagkasalang nagkaroon ng bagong sentensiya sa komunidad. Ang iba't ibang mga gastos na ito ay matatamo pangunahin sa loob ng unang dalawang taon kasunod ng pagpasa ng panukala. Bilang karagdagan, magkakaroon ng patuloy na mga gastos sa ilang lugar. Halimbawa, magkakaroon ng mga gastos ng hukuman upang sirain ang mga rekord ng pag-aresto at pagpapatunay ng pagkakasala para sa mga indibidwal na gumawa ng mga partikular na krimen na may kaugnayan sa marihuwana. Bilang karagdagan, magkakaroon ng mga patuloy na gastos upang patakbuhin ang mga programang edukasyon at pagpapayo sa droga gaya ng iniaatas ng panukala. Magkaroon din ng ilang tumaas na mga gastos sa hustisyang pangkrimen (tulad ng mga gastos sa kulungan ng county at hukuman ng estado) kung ang tumaas na paggamit ng marihuwana ay humantong sa tumaas na krimen na may kaugnayan sa marihuwana (tulad ng pagmamaneho habang pinahihina ng marihuwana).

Sa kabuuan, ang netong kabawasan sa pang-estado at lokal na mga gastos sa hustisyang pangkrimen mula sa nasa itaas na mga pagbabago ay maaaring nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Sa maraming kaso, ang mga tagapagdulot na ito ay malamang na ilipat sa ibang mga aktibidad ng hustisyang pangkrimen.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Programang Pangkalusugan. Ang panukala ay maaari ring magkaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi sa pang-estado at lokal na mga programang pangkalusugan bilang resulta ng tumaas na paggamit ng marihuwana. Halimbawa, ang panukala ay maaaring magresulta sa pagtaas sa bilang ng mga indibidwal na naghahangad ng pinopondohan ng publiko na paggamot sa paggamit ng substansiya. Anumang karagdagang mga gastos para sa mga naturang serbisyo ay maaring di-buo o buong mapagaan ng karagdagang pagpopondo na makukuha para sa paggamot ng paggamit ng substansiya sa ilalim ng panukala. Bagaman ang pananaliksik sa mga epekto sa kalusugan o paggamit ng marihuwana ay limitado, may ilang ebidensiya na ang paghithit ng marihuwana ay may mga nakapipinsalang epekto. Halimbawa, ang usok ng marihuwana ay kasama sa isang listahan ng mga substansiya na tinukoy ng estado na nagiging sanhi ng kanser. Kung ang pagtaas sa paggamit ng marihuwana ay nakakaapekto nang masama sa kalusugan ng mga gumagamit, ito ay magtataas ng mga gastos sa pang-estado at lokal na programang pangkalusugan.

Tumaas na mga Gastos sa Pangangasiwa ng Estado. Ang panukala ay magreresulta rin sa mga gastos para sa estado upang pangasiwaan ang di-medikal na mga negosyong marihuwana. Ang mga gastos na ito ay mag-iiba depende sa kung paano pipiliin ng estado na pangasiwaan ang marihuwana pero maaaring umabot sa ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Sa huli, ang mga gastos na ito ay malamang na lubos na mabawi ng mga fee sa lisensiya at mga kita sa buwis.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Kita

Ang mga Kita sa Buwis ay Maaaring Umabot ng $1 Bilyon Taun-taon, Pero Hindi Agad. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay tatanggap ng mas maraming kita—kabilang ang mga buwis sa pagbebenta, kinakaltas na buwis, at buwis sa kita—mula sa pagbebenta ng marihuwana na ipinahihintulot sa ilalim ng panukalang ito. Ang pagtaas na ito sa kita sa buwis ay magreresulta unang-una mula sa (1) bagong mga kinakaltas na buwis ng estado sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

pagtatanim at pagbebenta ng marihuwana, (2) mga indibidwal na lumilipat mula sa mga labag sa batas na pagbili ng marihuwana (ginagawa mula sa mga indibidwal na hindi nagbabayad ng lahat ng buwis na dapat nilang bayaran) sa mga ayon sa batas na mga pagbili (sa mga negosyong sumisingil at nagbabayad ng mga buwis na dapat nilang bayaran), at (3) isang pagtaas sa pagkonsumo ng marihuwana. Bilang karagdagan, ang mas mababang mga presyo ng marihuwana dahil sa panukala ay maaaring magkaloob sa mga indibidwal na gumagamit ng marihuwana ngayon ng ilang matitipid. Ito ay maaaring magpahintulot sa kanila na bumili ng ibang mga ayon sa batas na produkto na lumilikha ng kita sa buwis. Ang mga pagtaas na ito sa kita, gayunman, ay mababawasan ng pagkawala ng mga buwis sa pagbebenta na sinisingil ngayon sa pagbebenta ng medikal na marihuwana, dahil ang panukala ay nagpapalibre sa mga naturang pagbili mula sa mga buwis na ito.

Sa kabuuan, ang aming pinakamahusay na tantiya ay ang estado at mga lokal na pamahalaan ay maaaring makasingil sa huli ng netong mga karagdagang kita na aabot ng mula sa mataas na daan-daang milyong dolyar hanggang sa higit sa $1 bilyon taun-taon. Gayunman, ang mga kita ay malamang na mas mababa nang malaki sa unang ilang taon kasunod ng pagpasa ng panukala. Ito ay dahil kailangan ng dalawang taon para makapag-isyu ang estado ng mga lisensiya sa mga negosyong marihuwana. Bilang karagdagan, malamang na mangailangan ng ilang panahon para makapagtatag ang bagong lisensiyadong mga negosyo ng episyenteng mga sistema ng paglikha at pamamahagi. Ang mga presyo sa mga ayon sa batas na pamilihan ay malamang na bumaba habang mas maraming ayon sa batas na mga negosyo ang nalilisensiyahan at habang ang mga ito ay nagiging mas episyente. Habang ito ay nangyayari, mas maraming gumagamit ang magsisimulang bumili ng marihuwana nang ayon sa batas. Hindi alam kung gaaano katagal talaga ang prosesong ito pero ito ay maaaring ilang taon pagkatapos ipasa ang panukala bago umabot ang kita sa inilarawan sa itaas. Gaya ng tinalakay nang mas una, ang panukala ay nag-aatas na ang karamihan ng mga pondong ito ay dapat gastahin sa mga tinukoy na layunin.

Karagdagang mga Kita ng Lokal na Pamahalaan. Ang panukala ay maaaring magresulta sa mga karagdagang kita kung ang mga lokal na pamahalaan ay magpataw ng mga buwis sa marihuwana. Ang halaga ng mga karagdagang kita ay maaaring mag-iba nang malaki, depende unang-una sa kung gaano karaming lokal na pamahalaan ang magpapataw ng mga buwis sa marihuwana at sa anong mga antas. Ang mga kitang ito ay madaling umabot sa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Posibleng Epekto sa mga Lokal na Ekonomiya sa mga Lugar na Lumilikha ng Marihuwana. Ang mga pagluluwas ng marihuwana na kasalukuyang nakatutulong nang malaki sa ekonomiya sa mga bahagi ng Hilagang California, tulad ng mga County ng Humboldt, Mendocino, at Trinity. Kung paano eksaktong makakaapekto ang panukalang ito sa mga lokal na ekonomiya ay hindi alam. Ang mas mababang mga presyo ng marihuwana at mas maraming pagkakataon para sa ayon sa batas na pagtatanim sa ibang lugar ay maaaring makasakit sa ekonomiya sa mga lugar na ito, magbabawas ng mga kita sa buwis ng lokal na pamahalaan. Kung, gayunman, ang mga lokal na magtatanim at negosyo ay matagumpay na magbenta ng kanilang mga produktong marihuwana bilang mga pangunahing kalakal, ang mga mamimili ay maaaring maging handang magbayad ng mas mataas kaysa pangkaraniwan na mga presyo para sa mga ito. Kung iyon ay mangyari, ito ay makakatulong na mapagaan ang ilan sa masasamang epektong pangkabuhayan sa mga lugar na ito.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 64 ★

Sa wakas ay nasa Proposisyon 64 na ang isang ligtas, legal at komprehensibong sistema para paggamit ng nasa sapat na gulang ng marijuana habang pinoprotektahan ang ating mga anak.

Sa California, halos makakabili ka ng marijuana kahit saan—ngunit walang anumang mga proteksiyon para sa mga bata, walang katiyakan sa kaligtasan ng produkto, at hindi nakakakuha ng mga kita sa buwis para sa estado.

Ang Prop. 64 ay nagkokontrol, nangangasiwa at nagbubuwis sa paggamit ng marijuana para sa mga nasa sapat na gulang, at tinutuldukan nito ang kriminalisasyon sa California ng responsableng paggamit ng mga nasa sapat na gulang.

Sinusuportahan ng Kapisanang Medikal ng California ang Prop. 64 dahil isinasama nito ang mga pinakamahusay na kasanayan mula sa mga estadong ginawa nang legal ang paggamit ng marijuana, at mahigpit itong sumusunod sa mga rekomendasyon ng Asul na Lasong Komisyon ng California sa Patakaran sa Marijuana, na nagsasama ng bagong pagpapatupad ng batas at mga eksperto sa pampublikong kalusugan.

Paano Gumagana ang Prop. 64:

- Sa ilalim ng batas na ito, ang mga nasa sapat na gulang na 21+ ay papahintulutan nang magtaglay ng maliliit na gramo ng marijuana na hindi ginagamit na gamot, at magtanim ng kaunti nito sa bahay para sa pansariling paggamit. Ang pagbebenta ng marijuana na hindi ginagamit na gamot ay magiging legal lang sa ganap na pinaghihigpitan at lisensiyadong negosyo sa marijuana, at ang mga nasa sapat na gulang lang na 21+ lang papahintulutang magnegosyo nito. Hindi magbebenta ng marijuana ang mga bar, gayundin ang mga tindahan ng alak at tindahan ng groseri.

Mga Pagprotekta sa Bata:

- Hindi humihingi ang mga mangangalakal ng droga ng katibayan ng edad at ngayon, maaari nang magbenta ng marijuana na may mga mapanganib na droga at kemikal. Isinasama ng 64 ang mga pinakamahigpit sa bansa na proteksiyon para sa mga bata, kung saan iaatas na 21 taong gulang ang mga maaaring bumili, pagbabawal ng anunsiyo na nakadirekta sa mga bata, at pag-aatas ng malinaw na tatak at independiyenteng pagsusuri ng produkto upang matiyak ang kaligtasan. Ipinagbabawal ng 64 ang mga negosyo sa marijuana sa tabi ng mga paaralan.

Napag-alaman ng Opisina ng independiyenteng Pambatasang Manunuri na parehong papataasin ng 64 ang kita at pababababain nito ang mga gastusin. Sa pamamagitan ng pagkolekta sa mga hindi nababayarang buwis mula sa marijuana, magdadala ito nang mahigit $1 bilyong kita kada taon upang matulungan ang California. At maaari itong magbigay-daan sa pakakatipid ng milyun-milyong dolyar taun-taon dahil sa pagbaba ng mga gastusin sa pagpapatupad ng batas. Kung pagsasamahin, ito ay benepisyo na $11 bilyon sa susunod na dekada.

- Iniwawasto ng 64 ang mga pagkakamali mula sa mga nauunang panukala na hindi nagdidirekta sa dapat patunguhan ng pera. Sa halip, ang panukalang ito ay partikular sa kung papaano gagastusin ang pera. Ang Prop. 64 ay partikular na nagbabawal sa mga politiko sa dibersyon ng pera sa kanilang mga hiwalay na pansariling proyekto.
- Ang 64 ang mismong magbabayad sa sarili nito at makakakolekta ito ng bilyun-bilyon para sa mga programa pagkatapos ng klase na tutulong sa mga batang manatili sa paaralan; para sa pagkakaroon ng trabaho, pagsasanay sa trabaho, at paggamot sa kalusugan ng isip; para sa edukasyon tungkol sa pagpigil sa droga para sa mga kabataan; upang magamot ang pagkakalulong sa alak at droga; at upang mapondohan ang pagsasanay at pananaliksik upang masugpo ng nagpapatupad ng batas ang pagmamaneho nang nasa impluwensya ng droga. Sa susunod na dekada, makakatanggap ang mga programang ito ng bilyun-bilyong kita.

Kada taon, may mahigit 8,800 ang pag-aresto ukol sa peloni para sa pagpapatubo ng marijuana sa California, na nagresulta sa ilang napakatagal na pagsintensiya sa pagkakabilanggo. Ito ay isang ganap na pagsasayang ng mga mapagkukunan para sa pagpapatupad ng batas. Ang Prop. 64 ay magbibigay-daan sa paghinto ng pagsira ng buhay ng mga tao para sa marijuana.

Ang mga mahigpit at sentido kumon na regulasyong itinatakda sa 64 ay sinusuportahan ng pinakamalaking koalisyon higit kailanman ng pagsuporta sa reporma sa marijuana, kabilang sina Tenyente Gobernador Gavin Newsom, Mga Demokratiko at Republikanong Miyembro ng Kongreso, Nagpapatupad ng Batas Laban sa Pagbabawal, NAACP ng California, Partidong Demokratiko ng California at marami pang iba.

Alam na nating lahat na ang pamamaraan ng California hinggil sa marijuana ay hindi epektibo. Panahon na upang tuldukan ang ating sirang sistema, at magpatupad ng mga subok nang reporma nang sa gayon ay maging ligtas, kontrolado, at binubuwisan ang paggamit ng marijuana.

DR. DONALD O. LYMAN, Dating Hepe ng Pagkontrol sa Hindi Gumagaling na Sakit at Pinsala
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California

GRETCHEN BURNS, Tagapagpaganap na Direktor
Mga Magulang para sa Paggamot at Paghilom sa Pagkakalulong

STEVEN DOWNING, Dating Kinatawan na Hepe
Kagawaran ng Pulisya ng Los Angeles

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 64 ★

Kung tutuusin, maaaring limitahan ng Proposisyon 64 ang 45 taong pagbabawal sa mga patalastas sa paninigarilyo sa telebisyon, na magbibigay-daan sa pagpapalabas ng mga patalastas sa marijuana na mapapanood ng milyun-milyong bata at tinedyer. Ang mga patalastas na ito ay maaaring ipalabas habang nanonood ng Olympics, "The Voice," "The Big Bang Theory" at daan-daan pang programa na sikat sa mga batang manonood.

Ang mga patalastas na ito sa paninigarilyo ng marijuana ay maaaring pahintulutan sa lahat ng palabas sa gabi, at humigit-kumulang 95% ng lahat ng nasa himpapawid na programa sa telebisyon. Maaaring makapanood ang mga bata ng mga patalastas tungkol sa promosyon ng Gummy candy at brownies na may marijuana—ang mga produktong sinisi para sa pagtaas ng bilang ng mga pumupunta sa silid para sa emerhensiya sa Colorado.

Ipinagbabawal natin ang mga patalatas sa tabako sa telebisyon dahil ayon sa mga pag-aaral, hinihikayat nito ang pagsisimula sa paninigarilyo. *Dapat* ay ipinagbabawal din sa TV ang patalastas sa paninigarilyo ng marijuana, ngunit ayaw malimitahan ng mga may-panukala ang malaking kitang plano nilang makuha, na tinatantiyang nasa bilyun-bilyon. At tulad ng pera sa tabako, maaaring gamitin ng mga pang-korporasyong monolopyo na ipinupunla ng Proposisyon 64 ang perang iyon para sa mga kontribusyon sa mga politiko upang matiyak na hindi na natin mababawi ang pinsalang gagawin ng Proposisyon 64.

Nagbabala si Sharon Levy, M.D., FAAP, tagapangulo ng Komite sa Pag-abuso ng Mga Substansiya ng Akademya Doktor ng Mga Bata sa Amerika na "Kinailangan ng maraming henerasyon, milyun-milyong buhay at bilyun-bilyong dolyar upang maipaalam sa lahat ang mga panganib sa kalusugan ng paggamit ng tabako, kahit pa sadyang napakatindi ng mga panganib na ito. Hindi natin dapat ituring ang marijuana na 'inosente hanggang sa mapatunayang may sala,' dahil alam na natin ang tungkol sa mga panganib nito sa mga binatilyo at dalagita."

Pagkatapos ng mga kamakailang reporma, *walang kahit isang tao* ang nanatili sa mga bilangguan ng California dahil lang sa pagtataglay ng marijuana. Sa totoo lang, ang Proposisyon 64 ay tungkol talaga sa paglalantad sa ating mga anak sa mga panganib upang makalikom ng milyun-milyong salapi.

Sumamasa amin sa pagboto ng "Hindi" sa Proposisyon 64.

KATIE DEXTER, Dating Presidente
Presidente ng Kapisanan ng Mga Lupon ng Paaralan ng County ng San Diego

JOHN QUINTANILLA, Miyembro ng Lupon
Distrito ng Paaralan ng Rosemead

CYNTHIA RUIZ, Miyembro ng Lupon
Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Walnut Valley

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 64 ★

May limang malaking butas ang Proposisyon 64 na direktang makakaapekto sa inyo at sa mga taong pinapahalagahan ninyo.

Butas #1: Pagdoble ng mga aksidente sa haywey.

Sa ulat ng Pundasyon ng AAA para sa Kaligtasan sa Haywey, ang mga pagkamatay sa mga aksidente sa sasakyan na nauugnay sa paggamit ng marijuana ay nadoble simula noong inaprobahan ng Estado ng Washington ang legalisasyon nito. Sa kabila nito, nakakapagtaka na tinatanggihan ng mga may-panukala ng Proposisyon 64 na isama ang pamantayan para sa marijuana ng DUI, at pinapahirap nito ang pagpapanatiling hindi nagmamaneho sa kalsada ang mga drayber na nasa impluwensya ng marijuana.

Butas #2: Nagbibigay-daan ito sa pagpapatubo ng marijuana malapit sa mga paaralan at parke.

Katunayan, pinagbabawalan ng Proposisyon 64 ang mga lokal na pamahalaan na pagbawalan ang pagpapatubo ng marijuana sa loob ng bahay sa mga residensyal na lugar—kahit pa sa tabi ng isang paaralang elementarya—basta't ang tanim ay limitado sa anim na halaman, (at maraming marijuana na iyon). Dagdag pa ng Kapisanan ng Mga Hepe ng Pulisya ng California, "sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa pag-aalaga ng marijuana sa loob ng bahay, kahit na ang katabilang establisamyento ay mga paaralang elementarya o palaruan, niyuyurakan ng Proposisyon 64 ang lokal na pangangasiwa."

Butas #3: Papataasin at hindi nito papababain ang aktibidad sa ipinagbabawal na pagbebenta at kartel ng droga.

"Biglaan ang naging pagtaas ng mga paghahain ng mga organisadong krimen sa Colorado mula noong legalisasyon ng marijuana," ayon sa Dating Presidente ng Kapisanan ng Mga Hepe ng Pulisya ng Colorado na si John Jackson. "Nagkaroon lang tayo ng isang paghahain noong 2007 at pagdating ng 2015, nagkaroon tayo ng 40. Sapagkat napapawalang-saysay ng Proposisyon 64 ang pagbabawal sa mga nangangalakal ng heroin at meth na may paghatol sa peloni sa pagpasok sa legal na pagnenegosyo ng marijuana, maaaring mas tumindi pa ang sitwasyon sa California."

Butas #4: Maaaring dahil dito ay matuldukan na ang ganap na pagbabawal ng patalastas sa paninigarilyo sa TV.

Maraming dekada nang ipinagbabawal ang mga patalastas ng tabako sa telebisyon, ngunit papahintulutan ng Proposisyon 64 ang mga patalastas sa paninigarilyo ng marijuana sa gabi, kung saan hindi maiiwasang may milyun-milyong bata at tinedyer na makakapanood ng mga programa dito.

Butas #5: Ang Proposisyon 64 ay isang ganap na pag-atake sa mga mahihirap na kapitbahayan na lubog na lubog na sa mga problema tungkol sa pagkakalulong sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga.

Tinatawag ni Obispo Ron Allen ng Internasyonal na Koalisyon sa Pananampalataya na kumakatawan sa 5,000 simbahan sa loob ng lunsod ang Proposisyon 64 na "pag-atake sa mga minorya" at tanong niya, "Bakit walang limitasyon sa bilang ng mga tindahan ng marijuana na maaaring buksan sa mga naghihirap na kapitbahayan? Magkakaroon tayo ng maraming tindahan ng marijuana kasama pa ang mga tindahan ng alak sa bawat kalye, ngunit hindi tayo makapagpatayo ng tindahan ng groseri. Papahirapin ng Proposisyon 64 ang tungkulin ng bawat magulang."

Sa madaling salita, radikal na naiiba ang Proposisyon 64 mula sa legalisasyon sa ibang mga estado, at maaari nitong pahinain ang maraming proteksiyon sa mamimili na kakapasa lang noong isang taon at nilagdaan ni Gobernador Brown upang maisabatas.

Kung wala sa mga sagot sa ibaba ng mga may-panukala ang limang tanong na ito, ang tanging makatwirang pasiya lang ay ang pagboto ng "Hindi".

1. Bakit walang pamantayan na DUI sa inyong inisyatibo na bigyang-daan ang mga opisyal ng CHP na alisin sa kalsada ang mga drayber na nasa impluwensya ng droga? Hindi sapat na magkomisyon lang ng "pag-aaral".
2. Bakit pinapahintulutan ng Proposisyon 64 ang pag-aalaga ng marijuana sa loob ng bahay na katabi lang mga mga palaruan at paaralan?
3. Bakit pinapahintulutan ng Proposisyon 64 ang mga nahatulan ng peloni na magbenta ng meth at heroin at maging lisensiyado sa pagbebenta ng marijuana?
4. Bakit pinapahintulutan ng Proposisyon 64 ang paninigarilyo ng marijuana sa mga patalastas sa TV?
5. Bakit walang limitasyon sa bilang ng mga tindahan ng marijuana na maaaring buksan sa isang kapitbahayan?

Mali na naman ang pagtingin nila tungkol dito. Ganap namin kayong hinihikayat na bumoto ng "Hindi" sa Proposisyon 64.

Upang makuha ang mga detalye, bisitahin ang *www.NoOn64.net*

DIANNE FEINSTEIN, Senador ng Estados Unidos
DOUG VILLARS, Presidente
Kapisanan ng Patrolya ng Haywey ng California

C. DUANE DAUNER, Presidente
Kapisanan ng Ospital sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 64 ★

Pagbatayan ang mga detalye ng katotohanan, at hindi ang mga taktika sa pananakot mula sa mga grupo na palaging tumutuligsa sa reporma sa marijuana.

- May mga ebidensyang nagpapatunay na ang mga estadong may legalisasyon sa paggamit ng marijuana ay may *mas kaunting* paggamit ng marijuana pagdating sa mga kabataan. Ang Prop. ay 64 naglalaman ng pinakamahihigpit na proteksiyon sa mga kabataan sa bansa: mga tatak ng babala, pakete na hindi magagawang buksan ng mga bata, mga paghihigpit sa anunsiyo, at nag-aatas ito ng pagpapanatili ng marijuana na hindi nakikita ng publiko, at malayo sa mga bata.
- *Wala* sa 64 ang ginagawang legal ang pagpapakita ng mga patalastas ng marijuana sa TV. Ipinagbabawal ito ng batas na pederal!
- Wala pang tiyak na nakakapagpatunay na *tumaas* ang bilang ng pagmamaneho nang nasa impluwensya ng marijuana sa mga estado na may legalisasyon ng paggamit ng marijuana, at hindi rin tumaas ang insidente ng banggaan. Kinukumpirma ito ng Kagawaran ng Kaligtasan ng Publiko at Pangasiwaan ng Kaligtasan sa Trapiko sa Pambansang Haywey ng Colorado.

Bumoto ng Oo sa 64 dahil:

- Namumuhunan ang 64 ng milyun-milyon sa pagsasanay sa kagamitan at pagpapatupad ng batas upang usigin ang hindi ligtas na pagmamaneho. Naglalaan ito ng mga bagong pondo upang makabuo ng mga komprehensibo at legal na pamantayan sa ilalim ng direksyon ng Patrolya ng Haywey ng California para sa pagsusukat ng pagkalulong ng drayber.
- Ang proteksiyon ng pampublikong kalusugan at kaligtasan ang ginagawa ng 64 #1 na priyoridad ng mga nangangasiwa sa pagtukoy kung sino ang kuwalipikado para sa isang lisensiya sa pagnenegosyo sa marijuana .
- Pinapanatili ng 64 ang lokal na kontrol.
- Bumubuo ang 64 ng mga proteksiyon sa mamimili na nilagdaan ng Gobernador.

Sinasabi ng Opisina ng independiyenteng Pambatasang Manunuri na papataasin ng 64 ang kita at pababababain nito ang mga gastusin. Sinusuporahan ng mga mambabatas na may dalawang partido ang 64 dahil nakabatay ito sa mga pinakamahusay na kasanayan ng mga estado na nagpapatupad ng ligtas na legalisasyon nito.

"Hindi ako gumagamit ng marijuana at ayoko ring gumamit nito ang aking 17 taong gulang na anak na lalaki. Boboto ako ng Oo sa 64 dahil malinaw na mas mapoprotektahan nito ang mga bata kumpara sa batas na mayroon tayo ngayon," ayon kay Maria Alexander, ina sa Los Angeles.

Matuto nang higit pa sa *YesOn64.org*.

REP. TED LIEU, Dating Tagausig ng Militar
MARSHA ROSENBAUM, Ph.D., Ka-tagapangulo
Nagtatrabahong Grupo sa Edukasyon at Pagpapanatili ng Kabataan,
Asul na Lasong Komisyon sa Patakaran sa Marijuana

DR. LARRY BEDARD, Dating Presidente
Kolehiyo ng Amerika ng Mga Doktor para sa Emerhensiya

PROPOSISYON

65 MGA BAG NA PINAGLALAGYAN NG MGA PINAMILI. MGA SINGIL. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Naglilipat ng perang kinokolekta ng grocery at ilang ibang mga nagtitinging tindahan sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bag na pinaglalagyan ng mga pinamili, tuwing ang anumang mga batas ng estado ay ipinagbabawal ang libreng pamamahagi ng isang partikular na bag na pinaglalagyan ng mga pinamili at nag-uutos ng pagbebenta ng anumang ibang uri ng bag na pinaglalagyan ng mga pinamili.
- Hinihiling sa mga tindahan na ideposito ang mga nalikom sa pagbebenta ng bag sa isang espesyal na pondo na pinangangasiwaan ng Lupon sa Pagpapanatili ng Wildlife upang suportahan ang mga tinukoy na kategorya ng mga proyektong pangkapaligiran.
- Itinatakda ang Lupon na bumuo ng mga regulasyon na nagpapatupad ng batas.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG (NET) EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng kita ng estado na ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa ilalim ng mga partikular na pangyayari. Ang kita ay gagamitin upang suportahan ang mga partikular na programang pangkapaligiran.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Paggamit ng Bag sa Pamimili. Karaniwang nagbibigay ang mga tindahan sa kanilang mga mamimili ng mga bag upang madala ang kanilang mga ipinamili. Ang isang uri ng bag na karaniwang ibinibigay ay ang "pang-isahang gamitan na plastic bag," na tumutukoy sa isang manipis na plastic bag na ginagamit sa pag-checkout na hindi para sa pangmatagalang gamitan. Sa kabilang banda, ang "mga reusable na plastic bag" ay mas makapal at mas matibay nang sa gayon ay maaari pang gamitin ang mga ito nang maraming beses. Nagbibigay rin ang maraming tindahan ng mga pang-isahang gamitan na paper bag. Madalas ibinibigay nang libre ng mga tindahan ang mga pang-isahang gamitan na paper at plastic bag sa mga mamimili, at ang ilang tindahan naman ay nagbebenta ng mga reusable na bag. Sa bawat taon, halos 15 bilyong pang-isahang gamitan na plastic bag ang ibinibigay sa mga mamimili sa California (may average na humigit-kumulang 400 bag para sa bawat taga-California).

Maraming Lokal na Pamahalaan ang Nagbabawal sa Mga Pang-isahang gamitan na Bag. Maraming lunsod at county sa California ang nagpatupad ng mga lokal na batas sa mga nakalipas na taon na nagbabawal o nagba-ban sa mga pang-isahang gamitan na bag. Ipinatupad ang mga lokal na batas na ito dahil sa pag-aalala sa maaaring maging epekto ng paggamit ng mga naturang bag sa kapaligiran. Halimbawa, nakakadagdag sa kalat ang mga plastic bag na maaaring bumara sa mga daluyan ng tubig. Dagdag pa rito, maaaring mahirap i-recycle ang mga plastic bag dahil pwedeng magbuhul-buhol ang mga ito sa mga recycling machine. Karamihan sa mga lokal na batas na ito ay nagba-ban ng mga pang-isahang gamitan na plastic bag sa mga grocery store, convenience store, botika at tindahan ng alak. Karaniwang iniuutos din ng mga ito sa tindahan na patawan ng singil nang hindi bababa sa 10 sentimo ang anumang bag sa pamimili. Mapupunta sa mga tindahan ang kita mula rito. Noong Hunyo 2016, may mga lokal na batas na tungkol sa paggamit ng bag sa pamimili sa humigit-kumulang 150 lunsod at county—sakop ang halos 40 porsyento ng populasyon ng California—na karamihan ay mga lugar sa loob ng mga county na malapit sa dagat.

Pambuong Estadong Batas sa Paggamit ng Bag sa Pamimili. Noong 2014, ipinasa ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador ang isang pambuong estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili, Senate Bill (Panukalang-batas ng senado o SB) 270. Kapareho ng maraming lokal na batas, ipinagbabawal ng SB 270 ang halos lahat ng grocery store, convenience store, malalaking botika at tindahan ng alak sa estado na magbigay ng mga pang-isahang gamitan na plastic bag. Iniuutos din nito sa isang tindahan na singilin ang mga mamimili nang hindi bababa sa 10 sentimo para sa anumang bag na ibibigay sa kanila sa pag-checkout. Hindi na kailangang magbayad ang ilang mamimili na may mababang kita. Sa ilalim ng SB 270, mapupunta sa mga tindahan ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag. Maaari nilang gamitin ang mga kinita sa paggastos para sa mga ibinibigay na bag, pagsunod sa panukala at mga gawaing nagbibigay ng kaalaman upang maghikayat sa paggamit ng mga reusable bag. Ang mga iniaatas na ito ay ilalapat lang sa mga lunsod at county na wala pang sariling mga batas hinggil sa paggamit ng bag sa pamimili noong 2014.

Reperendum sa SB 270. Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, ang bagong batas ng estado ay maaaring iharap sa mga botante bilang isang reperendum upang malaman kung ang batas ay magkakabisa. Ang reperendum sa SB 270 ay kwalipikado para sa balotang ito (Proposisyon 67). Kung maipapasa ang reperendum, magkakabisa ang SB 270. Kung hindi ito maipapasa, ipapawalang-saysay ang SB 270.

MUNGKAHI

Paglalaan ng Kita ng Bag sa Pamimili sa Bagong Pondong Pangkapaligiran ng Estado. Tinutukoy ng panukalang ito kung paano maaaring gamitin ang kita na nagmula sa anumang batas ng estado na (1) nagbabawal sa pagbibigay nang libre ng ilang partikular na bag sa pamimili at (2) nag-aatas ng pinakamababang singil para sa iba pang mga uri ng bag sa pamimili. Sa partikular, iniaatas ng panukalang ito na ang kikitain ay idedeposito sa isang bagong pondo ng estado—ang Pondo para sa Pagprotekta at Pagpapaganda ng Kapaligiran—para sa iba't ibang layuning pangkapaligiran sa halip na manatili ang kita sa mga tindahan. Gagamitin ang pondo upang suportahan ang mga gawad para sa mga programa at proyekto na nauugnay sa (1) pagpigil sa pagkatuyot; (2) pagre-recycle; (3) malilinis na panustos na tubig na maiinom; (4) mga parke sa bawat estado, rehiyon at lokal; (5) paglilinis ng dalampasigan; (6) pag-aalis ng kalat; at (7) pagpapanumbalik sa mga tirahan ng maiilap na hayop sa gubat. Pinapayagan ng panukala ang maliit na bahagi ng mga pondong ito na magamit para sa paggawad ng pangasiwaan at mga pagsusuri sa kada dalawang taon ng mga programang tumatanggap ng pondo.

Iba Pang Mga Probisyon. Bilang karagdagan, pinapayagan ng panukala ang mga lokal na pamahalaan na iatas ang perang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

nakolekta mula sa mga lokal na batas sa paggamit ng bag sa pamimili na mapunta sa bagong pondo ng estado sa halip na hayaang mapanatili ang kitang iyon sa mga tindahan. Kabilang din dito ang isang probisyon hinggil sa pagpapatupad ng panukalang ito at iba pang panukala sa paggamit ng bag sa pamimili sa balotang ito. Maaaring pakahulugan ng korte ang probisyong ito bilang pumipigil sa pagkakaroon ng bisa ng Proposisyon 67 (ang reperendum sa SB 270). Ang probisyong ito ay magkakabisa lang kung maipapasa ang parehong panukala at makakakuha ng mas maraming "oo" ang panukalang ito (Proposisyon 65). Gayunpaman, ipinagpapalagay ng pagsusuring ito na sa sitwasyong ito, ang mga probisyon ng Proposisyon 67 na hindi nauugnay sa paggamit ng mga kita—gaya ng pag-aatas na i-ban ang mga pang-isahang gamitan na plastic bag at pagpataw ng singil para sa iba pang mga bag—ay maipapatupad pa rin.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Kung ang mga kinakailangan ng panukalang ito (na magkaroon ng batas ng estado na nagbabawal sa pamimigay nang libre ng ilang partikular na bag sa pamimili at nag-aatas ng minimum na singil para sa iba pang mga bag) ay natugunan, magkakaroon ng pagtaas sa kita ng estado para sa ilang partikular na programang pangkapaligiran. Maaaring umabot ang kitang ito sa mahigit sampung milyong dolyar taun-taon. Ang aktwal na halaga ng kita ay maaaring mas mataas o mas mababa batay sa ilang salik, partikular na sa mga magiging benta at presyo ng mga bag sa pamimili.

Sa kasalukuyan, wala pang umiiral na batas ng estado na nakakatugon sa mga kinakailangan ng panukalang ito. Gaya ng nabanggit, walang magiging epekto sa pananalapi hanggang nagpapatuloy ito. Gaya ng naunang nabanggit, gayunpaman, ipapatupad ng Proposisyon 67 sa balotang ito ang naturang batas ng estado. Kung maipapasa ang Proposisyon 67 at ang panukalang ito (Proposisyon 65), magkakaroon ng epekto sa estado ang alinmang makakatanggap ng pinakamaraming boto:

- ***Kapag Nakatanggap ng Mas Maraming Boto ang Proposisyon 67 (Reperendum).*** Sa sitwasyong ito, mananatili sa mga tindahan ang kita na nakolekta ng mga tindahan at walang magiging epekto sa pananalapi sa estado na nauugnay sa Proposisyon 65.
- ***Kapag Nakatanggap ng Mas Maraming Boto ang Proposisyon 65 (Inisyatibo).*** Sa sitwasyong ito, ang anumang kita na nakolekta ng mga tindahan mula sa pinagbentahan ng mga bag sa pamimili ay ililipat sa bagong pondo ng estado, kasama ang dinagdagang kita ng estado na ginagamit upang suportahan ang ilang partikular na programang pangkapaligiran.

Bilang karagdagan, kung itong panukala lang ang naipasa at hindi ang Proposisyon 67 (na nangangahulugan na walang kasalukuyang pambuong-estadong batas na paglalapatan ng panukalang ito), maaari pa ring magkaroon ng epekto sa pananalapi kung ipapatupad ang batas ng estado sa paggamit ng bag sa pamimili. Ipinapakita ng Figure 1 kung paano ipapatupad nang naiiba ang panukalang ito depende sa mga desisyon ng botante.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Pigura 1

Ang Pagpapatupad ng Proposisyon 65 ay Maaapektuhan ng Kalalabasan ng Reperendum

	Proposisyon 67 (SB 270 Reperendum) Naipasa	**Proposisyon 67 (SB 270 Reperendum)** Hindi Naipasa
Proposisyon 65 (Inisyatibo) Naipasa	Pagkakaroon ng bisa ng pambuong-estadong batas hinggil sa paggamit ng bag sa pamimili. Ang paggamit ng mga kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili ay nakadepende kung aling proposisyon ang makakakuha ng mas maraming boto: • Kung mas marami ang botong **"oo"** para sa reperendum, mapupunta ang kita sa mga tindahan. • Kung mas marami ang botong **"oo"** para sa inisyatibo, mapupunta ang kita sa estado para sa mga programang pangkapaligiran.[a]	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili. Ang kita mula sa anumang magiging pambuong-estadong batas na kapareho ng SB 270 ay gagamitin para sa mga programang pangkapaligiran.
Proposisyon 65 (Inisyatibo) Hindi Naipasa	Ipapatupad ang pambuong-estadong batas hinggil sa paggamit ng bag sa pamimili at ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili ay mananatili sa mga tindahan.	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili.

[a] Bilang mapagpipilian, maaaring ipakahulugan ng korte ang probisyon ng Proposisyon 65 bilang pumipigil sa pagpapatupad ng Senate Bill (SB) 270.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 65 pumunta sa pahina 211.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 65 ★

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN NA KAUGNAY NG BUWIS SA BAG. TULUNGAN ANG KAPALIGIRAN

Ang Proposisyon 65 ay kailangan upang PATIGILIN ang mga tindahan ng groseri sa pagpananatili ng lahat ng perang nasingil mula sa mga buwis sa bag na pinaglalagyan ng pinamili bilang tubo sa halip na tulungan ang kapaligiran.

Ang mga tindahan ng groseri ay magkakaroon ng hanggang $300 milyon sa mga karagdagang tubo sa bawat taon maliban kung bumoto kayo ng oo sa Prop. 65.

Ang perang iyo ay dapat ilaan sa kapaligiran, hindi sa mga karagdagang tubo para sa mga korporasyon ng kawing-kawing na groseri.

Ang Proposisyon 65 ay MAGPAPATIGIL SA MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA MGA TINDAHAN NG GROSERI at ilalaan ang mga fee sa bag na pinaglalagyan ng pinamili sa mga makabuluhang layunin.

ISANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA SCRAMENTO

Sinong matino ang papayag sa mga tindahan ng groseri na magpanatili ng $300 milyon sa mga fee sa bag na pinaglalagyan ng pinamili na binabayaran ng masisipag na mamimili ng California na gusto lamang makaraos?

Ang Lehislatura ng Estado!

Sa isang may-pagtatanging kasunduang binuo ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Lehislatura ay bumoto upang payagan ang mga tindahan ng groseri na panatilihin ang mga fee sa bag bilang *ekstrang* tubo.

Ang mga tindahan ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman samantalang ang mga mamimili ay magiging $300 milyon sa mas mahirap.

DAPAT MAHIYA ANG MGA TAGOLOBI AT MAMBABATAS

Ang malalaking kawing-kawing na tindahan ng groseri at nagtitingi ay nagbigay ng malalaking kontribusyon sa mga mambabatas sa nakalipas na pitong taon.

Ang mga mambabatas ay naggantimpala sa kanila ng $300 milyon sa mga bagong tubo—lahat ay sa mga likod ng mga mamimili.

Patigilin ang may-pagtatanging kasunduan sa espesyal na interes . . . BUMOTO NG OO SA PROP. 65.

ISANG MAS MAHUSAY NA PARAAN UPANG TULUNGAN ANG KAPALIGIRAN

Magagawa ninyo ang dapat ginawa ng mga mambabatas—ilaan ang mga fee sa bag sa mga tunay na proyektong nagpoprotekta sa kapaligiran.

Ang Proposisyon 65 ay naglalaan ng mga fee sa bag sa mga proyektong pangkapaligiran tulad ng tulong sa tagtuyot, paglilinis ng dalampasigan at pagtanggal ng kalat.

Ito ay naglalagay sa Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng California sa pagkontrol ng mga pondong ito, hindi mga tagapagpaganap ng tindahan ng groseri, upang makinabang ang mga Taga-California.

PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN. PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG.

BUMOTO NG OO SA PROP. 65.

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis sa California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 65 ★

Tinatawag ng *San Jose Mercury News* ang Proposisyon 65 na isang "mapanlansing istratehiya" at idinagdag na ang "Prop. 65 ay karapat-dapat isaalang-alang bilang isa sa pinakamapanlinlang na mga panukala sa balota sa kasaysayan ng estado."

Ang labas-ng-estado na mga tagapagyari ng plastik na nasa likod ng Prop. 65 ay walang pakialam sa pagprotekta sa kapaligiran ng California. Gusto nilang lituhin kayo. Huwag paloko.

Ang mga bag ay hindi libre; ang mga ito ay ginagastusan ng inyong lokal na tagapagpatakbo ng groseri ng hanggang 15 sentimo bawat isa. Ang mga pigura ng industriya ng bag sa labas ng estado ay huwad. Ang di-partidistang pagsusuri ng estado ay humuhula na ang kabuuang kita mula sa Prop. 65 ay nasa "zero" hanggang, sa pinakamahusay, $80 milyon.

Tandaan, magkakaroon ng "zero" na pagpopondo para sa kapaligiran mula sa Prop. 65 maliban kung inaprobahan ng mga botante ang Prop. 67 upang itigil na ang paggamit ng mga plastik na bag.

Pero ang mga tagapagyari ng plastik na nasa likod ng Prop. 65 ay gumagasta ng milyun-milyon upang himukin ang mga botante na salutangin ang Prop. 67. Nalilito? Iyon ang plano ng industriya ng plastik!

Kung kayo ay nagpapahalaga sa pagprotekta sa maiilap na mga hayop-gubat at paglaban sa labas-ng-estado na industriya ng plastik na bag, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

Kung ikaw ay nagpapahalaga sa pagbawas ng pagpaparumi ng plastik, kalat at basura, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

Kung ikaw ay nagpapahalaga sa pagbawas ng mga gastos ng nagbabayad ng buwis para sa paglilinis ng plastik na kalat, Bumoto ng Oo sa Prop. 67, hindi sa panukalang ito.

MARK MURRAY, Tagapagpaganap na Direktor
Mga Taga-California Laban sa Pag-aaksaya

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 65 ★

ANG TANGING LAYUNIN NG PROP. 65 AY LITUHIN ANG MGA BOTANTE

Ang Prop. 65 ay nangangako ng marami pero—sa katotohanan—ay maghahatid ng kaunti para sa kapaligiran. Ito ay inilagay sa balota ng apat na labas-ng-estado na kompanya ng plastik na bag na patuloy na gumagambala sa mga pagsisikap ng California na bawasan ang pagpaparumi ng plastik.

Ang 65 ay walang tunay na kahalagahan, idinisenyo upang maglihis mula sa kasalukuyang isyu: pagtigil sa paggamit ng mga plastik na bag sa pamimili. Ang tanging gagawin ng 65 ay ang tuwirang pagpopondo mula sa pagbebenta ng mga papel na bag (isang opsiyon sa ilalim ng pagbabawal sa plastik na bag) patungo sa isang bagong pondo ng estado. Ang pera para sa pondong ito ay isang patak lamang sa timba at liliit sa paglipas ng panahon habang ang mga tao ay nag-aagpang patungo sa pagdadala ng muling nagagamit na mga bag.

UPANG TUNAY NA PROTEKTAHAN ANG ATING KAPALIGIRAN, BUMOTO NG OO SA 67

Ang priyoridad para sa kapaligiran ng California sa halalang ito ay bawasan ang nakapipinsalang pagpaparumi ng plastik sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Prop. 67. Ito ay magpapatuloy sa mga pagsisikap na panatilihin ang maaksayang mga plastik na bag sa pamimili na wala sa ating mga parke, punongkahoy, kapitbahayan at pinahahalagahang mga bukas na espasyo.

Ang Prop. 65 ay hindi karapat-dapat sa inyong boto. Iparinig ang inyong boto sa mas mahalagang mga isyu at ipadama ang pagsunod sa mahalagang pagbabawal ng California sa plastik na bag hanggang sa dulo ng balota.

MARK MURRAY, Tagapagpaganap na Direktor
Mga Taga-California Laban sa Pag-aaksaya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 65 ★

Ang mga kalaban ng Prop. 65 ay gustong ituring ito na "walang tunay na kahalagahan".

KAYO ANG MAGPASIYA: ANG ISANG $300 MILYONG PAG-AAGAW NG PERA NG MGA TINDAHAN NG GROSERI AY HINDI BA MAHALAGA?

Kung walang Prop. 65, wala kahit isang sentimo ng $300 milyon na iaatas sa mga parokyano na bayaran kung ang pagbabawal sa California sa mga plastik na bag ay magkabisa na tutulong sa kapaligiran.

Ang buong $300 milyon ay pupunta sa mga tubo ng tindahan ng groseri. IYON AY $300 MILYON BAWAT TAON!

BUMOTO NG OO SA 65—PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING PAMIMIGAY SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI.

Sa isang may-pagtatanging kasunduang binuo ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Lehislatura ay bumoto upang IPAGBAWAL ang mga plastik na bag at IATAS sa mga tindahan ng groseri na panatilihin ang mga fee sa bag bilang tubo.

Ang kanilang "pagbabawal sa plastik na bag" ay NAG-AATAS sa mga tindahan ng groseri na sumingil sa bawat mamimili na binibigyan ng bag sa paglabas nang hindi mas mababa kaysa 10 sentimo kada bag.

Magagawa nila noon na ipagbawal ang mga plastik na bag nang walang fee o nakalaang mga fee sa mga proyektong pangkapaligiran.

Hindi nila ginawa.

Sa halip, ginawa nila ang mga tindahan ng groseri na $300 milyon na mas mayaman at ang mga mamimili ay $300 milyon na mas mahirap bawat taon.

ISANG MAS MAHUSAY NA PARAAN UPANG PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN.

Magagawa ninyo ang hindi ginawa ng Lehislatura pero dapat na ginawa—ilaan ang mga fee sa bag sa mga proyekto upang protektahan ang kapaligiran.

Ang Prop. 65 ay naglalaan ng mga fee sa bag sa mga proyektong pangkapaligiran tulad ng tulong sa tagtuyot, paglilinis ng dalampasigan at pagtanggal ng kalat.

Ito ay naglalagay sa Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng California sa pagkontrol ng mga pondong ito, hindi mga tagapagpaganap ng tindahan ng groseri.

ANG PROP. 65 AY MAGLALAAN NG MGA FEE SA BAG SA KAPALIGIRIAN.

Ito ay madali at mahalaga.

Sumama sa amin—bumoto ng OO.

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis sa California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

PROPOSISYON

66 PARUSANG KAMATAYAN. MGA PAMAMARAAN. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Binabago ang mga pamamaraang namamahala sa mga apela at petisyon sa hukuman ng estado na humahamon sa mga pagpapatunay ng pagkakasala at mga sentensiya na may parusang kamatayan.
- Itinatalaga ang hukumang superyor para sa mga inisyal na petisyon at mga limitasyon sa mga susunod na petisyon.
- Nagtatatag ng takdang panahon para sa pagrerepaso sa parusang kamatayan ng hukuman ng estado.
- Hinihiling sa mga hinirang na abugado na tumatanggap ng mga apelang hindi para sa kapital na tanggapin ang mga apela sa parusang kamatayan.
- Hindi isinasama ang mga opisyal ng bilangguan sa kasalukuyang proseso ng regulasyon para sa pagbuo ng mga paraan ng pagsasagawa.
- Pinahihintulutan ang mga paglipat ng bilanggong may sentensiyang kamatayan sa mga bilangguan ng California.
- Dinadagdagan ang bahagi ng mga suweldo ng mga kinondenang bilanggo na maaaring gamitin sa restitusyon sa biktima.
- Ipinapahayag na ang ibang mga panukalang inaprubahan ng botante na may kaugnayan sa parusang kamatayan ay walang-bisa kung ang panukalang ito ay makakatanggap ng mas maraming pumapanig na boto.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Hindi alam na patuloy na epekto sa pananalapi sa mga gastos ng hukuman ng estado para sa pagproseso ng mga paghamon na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan.
- Nalalapit na mga pagtaas sa mga gastos ng hukuman ng estado—posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon—dahil sa pagpapabilis ng paggastos upang tugunan ang mga bagong takdang panahon sa mga paghamon na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan. Matitipid na mga katulad na halaga sa mga taon sa hinaharap.
- Posibleng matitipid ng bilangguan ng estado na maaaring nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Parusang Kamatayan

Ang unang digring pagpatay ay karaniwang inilalarawan bilang ang ilegal na pagpatay sa isang tao na (1) sinadya at pinagplanuhan o (2) naganap habang gumagawa ng ilang partikular na uri ng mga krimen, gaya ng pagkidnap. Maaari itong hatulan ng parusang habambuhay na pagkakakulong sa bilangguan ng estado at may posibilidad na palayain ng lupon ng parol ng estado pagkalipas ng hindi bababa sa 25 taon. Gayunpaman, ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang unang digring pagpatay ay maaaring hatulan ng parusang kamatayan o habambuhay na pagkakakulong na walang posibilidad ng parol kapag isinampa at napatunayan sa hukuman ang "mga natatanging pangyayari" ng krimen. Nakasulat sa kasalukuyang batas ng estado ang ilang natatanging pangyayari na maaaring isampa, gaya ng sa mga pangyayari kung saan isinagawa ang pagpatay para sa pera o kapag mahigit sa isang pagpatay ang naganap. Dagdag pa sa unang digring pagpatay, nakasulat din sa batas ng estado ang ilan pang mga krimen, gaya ng pagtataksil laban sa estado ng California, na maaari ding hatulan ng parusang kamatayan. Mula noong pinagtibay ang kasalukuyang batas sa parusang kamatayan sa California noong 1978, 930 indibidwal na ang nahatulan ng parusang kamatayan. Sa mga nakalipas na taon, humigit-kumulang 20 indibidwal ang nahahatulan ng parusang kamatayan taun-taon, sa average.

Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan

Dalawang Paraan upang Iapela ang Mga Parusang Kamatayan. Kasunod ng isang hatol ng parusang kamatayan, maaaring iapela ng mga nasasakdal ang parusa gamit ang dalawang paraan:

- ***Direktang Pag-apela.*** Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang mga hatol ng parusang kamatayan ay awtomatikong inaapela sa Korte Suprema ng California. Sa "mga direktang pag-apela" na ito, ikinakatuwiran ng mga abugado ng mga nasasakdal na nagkaroon ng mga paglabag sa batas ng estado o batas na pederal ayon sa saligang-batas sa panahon ng paglilitis, gaya ng hindi nararapat na pagsasama o hindi pagsasama ng ebidensya sa paglilitis. Ang mga direktang pag-apela na ito ay nakatuon sa mga rekord ng mga paglilitis sa hukuman na nagresulta sa paghahatol ng parusang kamatayan sa nasasakdal. Kung kukumpirmahin ng Korte Suprema ng California ang hatol at parusang kamatayan, maaaring hilingin ng nasasakdal sa Korte Suprema ng U.S. na repasuhin ang desisyon.
- ***Mga Petisyon para sa Habeas Corpus.*** Dagdag pa sa mga direktang pag-apela, ang mga kaso ng parusang kamatayan ay karaniwang inaapela nang malawakan—una ay sa Korte Suprema ng California at pagkatapos ay sa mga hukumang pederal. Ang mga pag-apela na ito, na karaniwang tinatawag na mga petisyon para sa "habeas corpus," ay binubuo ng mga salik ng kaso na iba sa mga salik na nabanggit sa mga direktang pag-apela. Ang mga halimbawa ng mga nasabing salik ay kinabibilangan ng mga paratang na (1) mahina ang abugado ng nasasakdal o (2) kung naipagbigay-alam lang sa mga tagahatol ang karagdagang impormasyon (gaya ng mga pisikal, pangkaisipan o panlipunang sitwasyon na kinaharap ng nasasakdal), hindi sana nahatulan ng parusang kamatayan ang nasasakdal.

Humihirang ng Mga Abugado upang Kumatawan para sa Mga Presong Hinatulan ng Parusang Kamatayan sa Mga Legal na Pag-apela. Ang Korte Suprema ng California ay humihirang ng mga abugado upang kumatawan para sa mga indibidwal na

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

hinatulan ng parusang kamatayan, ngunit walang pambayad para sa isang abugado. Dapat masapatan ng mga abugadong ito ang mga kuwalipikasyong itinakda ng Konsehong Panghukuman (ang panghukumang sangay na namamahala at gumagawa ng patakaran). Ang ilan sa mga abugadong ito ay nagtatrabaho sa mga ahensya ng estado—partikular na ang Tanggapan ng Pampublikong Manananggol ng Estado o ang Sentrong Mapagkukunan ng Habeas Corpus. Ang natitira ay mga pribadong abugado na binabayaran ng Korte Suprema ng California. Kadalasan, iba't ibang abugado ang hinihirang na kumatawan para sa mga indibidwal sa mga direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus.

Ang Estado ang Nagbabayad ng Mga Gastos para sa Legal na Pag-apela. Binabayaran ng estado ang Korte Suprema ng California upang dinggin ang mga legal na pag-apela na ito at upang kumatawan ang mga abugado para sa mga presong hinatulan ng parusang kamatayan. Binabayaran din ng estado ang mga abugadong nagtatrabaho sa Kagawaran ng Hustisya ng estado na nagnanais na ipagtanggol ang mga hatol ng parusang kamatayan na inaapela sa hukuman. Sa kabuuan, gumagastos ang estado sa kasalukuyan ng humigit-kumulang $55 milyon taun-taon para sa mga legal na pag-apela sa mga hatol ng parusang kamatayan.

Maaaring Umabot nang Ilang Dekada ang Mga Legal na Pag-apela. Mula sa 930 indibidwal na hinatulan ng parusang kamatayan mula pa noong 1978, 15 na ang naipapatay, 103 na ang namatay bago pa maipataw ang parusa, 64 na ang nabigyan ng mas mababang sentensya ng mga hukuman, at 748 ang kasalukuyang nasa bilangguan ng estado habang naghihintay ng parusang kamatayan. Ang karamihan ng 748 preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay nasa iba't ibang yugto ng proseso ng direktang pag-apela o petisyon para sa habeas corpus. Ang mga legal na pag-apela na ito—na sinusukat mula sa oras kung kailan hinatulan ng parusang kamatayan ang indibidwal hanggang sa oras kung kailan nakumpleto ng indibidwal ang lahat ng pang-estado at pederal na paglilitis para sa legal na pag-apela—ay maaaring abutin nang ilang dekada bago makumpleto sa California dahil sa iba't ibang salik. Halimbawa, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay maaaring maghintay nang matagal bago makahirang ang Korte Suprema ng California ng mga abugadong kakatawan para sa kanila. Noong Abril 2016, 49 na indibidwal ang naghihintay na mabigyan ng mga abugado para sa kanilang mga direktang pag-apela at 360 indibidwal ang naghihintay na mabigyan ng mga abugado para sa kanilang mga petisyon para sa habeas corpus. Dagdag pa rito, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay maaaring maghintay nang matagal bago dinggin ng mga hukuman ang kanilang mga kaso. Noong Abril 2016, tinatayang 337 direktang pag-apela at 263 petisyon para sa habeas corpus sa estado ang nakabinbin sa Korte Suprema ng California.

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan

Pabahay para sa Mga Presong Hinatulan ng Parusang Kamatayan. Ang mga lalaking preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang nakapiit sa Bilangguan ng Estado ng San Quentin (sa death row), habang nakapiit naman sa Bilangguan para sa Babae ng Central California sa Chowchilla ang mga babaeng preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Sa kasalukuyan, ang estado ay mayroong iba't ibang regulasyon at pamamaraang panseguridad na nagreresulta sa mas malalaking gastusin sa seguridad para sa mga presong ito. Halimbawa, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang pinoposasan at binabantayan ng isa o dalawang pulis habang nasa labas ng selda. Dagdag pa rito, hindi gaya ng karamihan ng mga preso, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kailangang bigyan ng magkakahiwalay na selda sa kasalukuyan.

Ang Mga Pagpatay ay Kasalukuyang Hinaharang ng Mga Hukuman. Ang estado ay gumagamit ng lethal injection upang patayin ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Gayunpaman, dahil sa iba't ibang legal na isyu hinggil sa mga pamamaraan sa lethal injection ng estado, wala pang naipapapatay na preso mula noong 2006. Halimbawa, ang hatol ng mga hukuman ay hindi sinunod ng estado ang mga pamamaraang pampangasiwaan na nabanggit sa Batas sa Mga Pamamaraang Pampangasiwaan noong binago nito ang mga regulasyon nito sa pagpatay noong 2010. Ayon sa mga pamamaraang ito, kailangan ng mga ahensya ng estado na gumawa ng ilang partikular na aktibidad upang mabigyan ang publiko ng oportunidad na sumali sa proseso ng pagsusulat ng mga regulasyon ng estado. Nakagawa na ng balangkas ng mga regulasyon para sa lethal injection, at kasalukuyan itong nirerepaso ng publiko.

PANUKALA

Layunin ng panukalang ito na bawasan ang panahon na ginugugol para sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Sa partikular, (1) iniaatas nito na dinggin muna sa mga hukuman ng paglilitis ang mga petisyon para sa habeas corpus, (2) nagtatakda ito ng mga limitasyon sa oras para sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan, (3) binabago nito ang proseso para sa paghirang ng mga abugadong kakatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, at (4) nagtatakda ito ng iba pang mga pagbabago. (May isa pang panukala sa balotang ito—Proposisyon 62—na nauugnay rin sa parusang kamatayan. Aalisin ng Proposisyon 62 ang parusang kamatayan para sa unang digring pagpatay.)

Iniaatas na Dinggin Muna sa Mga Hukuman ng Paglilitis ang Mga Petisyon para sa Habeas Corpus

Iniaatas ng panukala na dinggin muna sa mga hukuman ng paglilitis ang mga petisyon para sa habeas corpus bago dinggin ang mga ito sa Korte Suprema ng California. (Ang mga direktang pag-apela ay patuloy na didinggin sa Korte Suprema ng California.) Sa partikular, ang mga petisyong ito para sa habeas corpus ay didinggin ng hukom na namuno sa orihinal na paglilitis para sa pagpatay ng tao, maliban na lang kung makakapagbigay ng magandang dahilan upang ibang hukom o hukuman ang duminig sa petisyon. Iniaatas ng panukala sa mga hukuman ng paglilitis na ipaliwanag ang kanilang desisyon sa bawat petisyon sa pasulat na paraan, na maaaring iapela sa Mga Hukuman ng Paghahabol. Pagkatapos, ang mga desisyon ng Mga Hukuman ng Paghahabol ay maaaring iapela sa Korte Suprema ng California. Pinapayagan ng panukalang ito ang Korte Suprema ng California na ilipat sa mga hukuman ng paglilitis ang anumang mga petisyon para sa habeas corpus na kasalukuyang nakabinbin doon.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 66 pumunta sa pahina 213.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Nagtatakda ng Mga Limitasyon sa Oras para sa Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan

Kailangang Makumpleto ang Proseso ng Direktang Pag-apela at Petisyon para sa Habeas Corpus sa Loob ng Limang Taon. Iniaatas ng panukala na dapat makumpleto ang proseso ng direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus sa loob ng limang taon matapos ang paghahatol ng parusang kamatayan. Iniaatas din ng panukalang ito sa Konsehong Panghukuman na baguhin ang mga patakaran nito upang makatulong na tiyakin na makukumpleto ang mga direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus sa loob ng panahong ito. Ang limang taon na palugit ay ipapatupad para sa mga bagong legal na pag-apela, pati na sa mga kasalukuyang nakabinbin sa hukuman. Para sa mga pag-apela na kasalukuyang nakabinbin, iniaatas ng panukala na dapat makumpleto ang mga iyon sa loob ng limang taon mula sa oras kung kailan pinagtibay ng Konsehong Panghukuman ang mga binagong patakaran. Kung aabutin ng mahigit limang taon ang proseso, ang mga biktima o ang kanilang mga abugado ay maaaring humiling ng utos ng hukuman upang pabilisin ito.

Kailangang Maihain ang Mga Petisyon para sa Habeas Corpus sa Loob ng Isang Taon Matapos Humirang ng Abugado. Ang panukala ay nag-aatas sa mga abugadong hinirang upang kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan sa mga petisyon para sa habeas corpus na ihain ang petisyon sa mga hukuman ng paglilitis sa loob ng isang taon matapos silang hirangin. Pagkatapos, kadalasan ay magkakaroon ng isang taon na palugit ang hukuman ng paglilitis upang magdesisyon hinggil sa petisyon. Kung hindi maghahain ng petisyon sa loob ng panahong ito, dapat ibasura ng hukuman ng paglilitis ang petisyon, maliban na lang kung matukoy nito na malamang ay inosente o hindi karapat-dapat para sa parusang kamatayan ang nasasakdal.

Nagtatakda ng Iba Pang Mga Limitasyon. Upang makatulong na masunod ang mga nabanggit na palugit, ang panukala ay nagtatakda ng iba pang mga limitasyon sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Halimbawa, hindi pinapayagan ng panukala ang paghahain ng mga karagdagang petisyon para sa habeas corpus pagkatapos ihain ang unang petisyon, maliban sa mga sitwasyon kung saan natukoy ng hukuman na malamang ay inosente o hindi karapat-dapat para sa parusang kamatayan ang nasasakdal.

Binabago ang Proseso para sa Paghirang ng Mga Abugado

Iniaatas ng panukala sa Konsehong Panghukuman at sa Korte Suprema ng California na pag-isipang baguhin ang mga kuwalipikasyon na dapat masapatan ng mga abugadong kumakatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Ayon sa panukala, ang mga kuwalipikasyong ito ay (1) magbibigay ng katiyakan hinggil sa mahusay na representasyon at (2) magpaparami sa bilang ng mga abugado na maaaring kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan nang sa gayon ay madinig kaagad ang mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Inaatasan din ng panukala ang mga hukuman ng paglilitis—at hindi ang Korte Suprema ng California—na humirang ng mga abugado para sa mga petisyon para sa habeas corpus.

Dagdag pa rito, binabago ng panukala ang paraan ng paghirang ng mga abugado para sa mga direktang pag-apela sa ilang partikular na sitwasyon. Sa kasalukuyan, ang Korte Suprema ng California ay naghihirang ng mga abugado mula sa isang listahan ng mga kuwalipikadong abugado na mayroon ito. Ayon sa panukala, maaari ding humirang ng mga abugado mula sa mga listahan ng mga abugado na mayroon ang Mga Hukuman ng Paghahabol para sa mga kasong hindi hinahatulan ng parusang kamatayan. Sa partikular, ang mga abugadong (1) kuwalipikadong hirangin sa mga pinakamabigat na pag-apela para sa mga kasong hindi hinahatulan ng parusang kamatayan at (2) nakakasapat sa mga kuwalipikasyong pinagtibay ng Konsehong Panghukuman para sa paghirang sa mga kasong hinahatulan ng parusang kamatayan ay aatasang tanggapin ang pagkakahirang sa mga direktang pag-apela kung gusto nilang manatili sa mga listahan ng paghirang ng Mga Hukuman ng Paghahabol.

Gumagawa ng Iba Pang Mga Pagbabago

Mga Pagpapatakbo ng Sentro ng Mga Mapagkukunan ng Habeas Corpus. Inaalis ng panukalang ito ang lupon ng mga direktor ng Sentro ng Mga Mapagkukunan ng Habeas Corpus na binubuo ng limang miyembro, at inaatasan nito ang Korte Suprema ng California na pangasiwaan ang sentro. Iniaatas din ng panukala na pagpantayin ang bayad para sa mga abugado ng sentro at sa mga abugado sa Tanggapan ng Pampublikong Manananggol ng Estado, at nililimitahan din nito ang mga legal na aktibidad ng mga iyon.

Mga Pag-aatas para sa Pagpapatrabaho ng Preso at Mga Danyos sa Mga Biktima ng Krimen. Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, kailangang magtrabaho ng mga preso habang nasa bilangguan sila. Pinapayagan ng mga regulasyon ng bilangguan ng estado ang ilang pagbubukod sa mga pag-aatas na ito, gaya ng para sa mga preso na masyadong mapanganib upang pasalihin sa mga programa ng pagtatrabaho. Dagdag pa rito, ang mga preso ay maaaring atasan ng mga hukuman na magbayad ng danyos sa mga biktima ng krimen. Ginagamit ang hanggang 50 porsyento ng anumang perang natatanggap ng mga preso upang ipambayad sa mga utang na ito. Isinasaad ng panukalang ito na dapat magtrabaho ang bawat taong hinatulan ng parusang kamatayan habang nananatili sila sa bilangguan ng estado, alinsunod sa mga regulasyon ng estado. Dahil hindi binabago ng panukala ang mga regulasyon ng estado, maaaring hindi magbago ang mga kasalukuyang kagawian sa bilangguan kaugnay ng mga kinakailangan sa pagtatrabaho ng preso. Dagdag pa rito, iniaatas ng panukala na gamitin ang 70 porsyento ng anumang perang matatanggap ng mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan upang ipambayad sa anumang mga utang sa mga biktima.

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan. Pinapayagan ng panukala ang estado na ipiit sa anumang bilangguan ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Ayon sa panukala, ang mga pamamaraan sa pagpatay ng estado ay hindi saklaw ng Batas sa Mga Pamamaraang Pampangasiwaan. Dagdag pa rito, ang panukala ay gumagawa ng iba't ibang pagbabago hinggil sa paraan ng pagpatay na ginagamit ng estado. Halimbawa, ang mga legal na pag-apela

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **IPINAGPATULOY**

sa pamamaraan ay maaari lang dinggin sa hukuman na naghatol ng parusang kamatayan. Dagdag pa rito, kung manalo ang mga nasabing pag-apela, iniaatas ng panukala sa hukuman ng paglilitis na maghatol ng wastong pamamaraan ng pagpatay. Sa mga sitwasyon kung saan hindi magamit ng estado ang isang pamamaraan ng pagpatay dahil sa isang utos ng hukumang pederal, aatasan ang mga bilangguan ng estado na gumawa ng pamamaraan ng pagpatay na nakakasapat sa mga pederal na pag-aatas sa loob ng 90 araw. Panghuli, isinasaad ng panukala na ang iba't ibang propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa pagpatay ay hindi saklaw ng ilang partikular na batas ng estado at parusa ng mga naglilisensyang ahensya, kung ipinataw ang mga iyon bilang resulta ng pagtulong sa pagpatay.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Gastos ng Hukuman ng Estado

Hindi Tiyak ang Epekto sa Gastos para sa Bawat Legal na Pag-apela. Ang epekto sa pananalapi ng panukala sa mga gastos ng hukuman ng estado para sa bawat legal na pag-apela sa isang parusang kamatayan ay hindi tiyak. Ito ay dahil maaaring maging malaki ang pagkakaiba ng aktwal na gastos depende sa apat na mahahalagang salik: (1) kung gaano kakumplikado ang mga legal na pag-apela na inihain, (2) kung paano tinutugunan ng estado ang mga kasalukuyan at bagong legal na pag-apela, (3) ang kahandaan ng mga abugado na kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, at (4) kung kailangan ng mga karagdagang abugado upang maproseso ang bawat legal na pag-apela.

Sa isang banda, maaaring mabawasan ng panukala ang gastos para sa bawat legal na pag-apela. Halimbawa, ang pag-aatas na dapat makumpleto ang bawat pag-apela sa loob ng limang taon, at ang pagtatakda ng mga limitasyon sa bilang ng mga petisyon para sa habeas corpus na maaaring ihain ay maaaring magresulta sa paghahain ng mas kaunti at mas maiikling legal na dokumento. Ang nasabing pagbabago ay maaaring magresulta sa mas mabilis at mas matipid na pagproseso sa bawat legal na pag-apela.

Sa kabilang banda, maaaring lumaki ang gastos ng estado para sa bawat legal na pag-apela dahil sa ilan sa mga probisyon ng panukala. Halimbawa, ang mga karagdagang pagrepaso na iniaatas para sa isang petisyon para sa habeas corpus ay maaaring magresulta sa mas matagal at mas magastos na pagproseso ng mga hukuman sa bawat legal na pag-apela. Dagdag pa rito, maaaring magkaroon ng mga karagdagang bayarin sa abugado kung magdesisyon ang estado na dapat humirang ng bagong abugado kapag inapela sa Mga Hukuman ng Paghahababol ang desisyon ng mga hukuman ng paglilitis hinggil sa isang petisyon para sa habeas corpus.

Batay sa mga nabanggit, ang kasalukuyang epekto sa pananalapi ng panukala sa mga gastos ng estado taun-taon kaugnay ng mga legal na pag-apela ay hindi alam.

Pansamantalang Lalaki ang Taunang Gastos Dahil sa Mas Malaking Paggastos sa Mga Kasalukuyang Kaso. Anuman ang epekto ng panukala sa gastos para sa bawat legal na pag-apela, magiging mas malaki ang ginagastos ng estado sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan dahil sa panukalang ito. Ito ay dahil pansamantalang madaragdagan ang taunang gastos ng estado para sa pagproseso ng daan-daang nakabinbing legal na pag-apela sa loob ng palugit na nakasaad sa panukala. Sa mga susunod na taon, makakatipid ang estado ng halaga na halos kapantay ng ilan o lahat ng gastos na ito na babayaran sana sa loob ng mas matagal pang panahon kung wala ang panukalang ito. Batay sa malaking bilang ng mga nakabinbing kaso na kailangang asikasuhin, hindi pa alam ang aktwal na halaga at tagal ng mga mas pinalaking gastos na ito sa pansamantala. Gayunpaman, posibleng umabot ng milyun-milyong dolyar kada taon sa loob ng maraming taon ang mga gastos.

Mga Bilangguan ng Estado

Kung babaguhin ng estado ang paraan ng pagpiit nito sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, maaaring makatipid ang bilangguan ng estado dahil sa panukala. Halimbawa, kung ililipat ang mga lalaking preso sa ibang bilangguan sa halip na ilagay sa magkakahiwalay na selda sa San Quentin, maaaring mabawasan ang gastos sa pagpiit at pagbabantay sa mga presong ito. Dagdag pa rito, kung magresulta ang panukala sa mga karagdagang pagpatay na makakabawas sa bilang ng mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, mas makakatipid pa lalo ang estado. Sa kabuuan, maaaring umabot ng milyun-milyong dolyar ang matitipid kada taon.

Iba Pang Mga Epekto sa Pananalapi

Kung magkaroon ng epekto sa bilang ng mga pagpatay ng tao sa California o sa kung gaano kadalas hinahabol ng mga tagausig ang parusang kamatayan sa mga paglilitis para sa pagpatay ng tao, maaaring maapektuhan ng panukala ang mga gastos ng pamahalaan ng estado at ng lokal na pamahalaan. Ang magreresultang epekto sa pananalapi, kung mayroon man, ay hindi alam at hindi maaaring matantya.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 66 pumunta sa pahina 213.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 66 ★

Ang mga inihalal na lider sa pagpapatupad ng batas, mga opisyal ng pulisya, mga tagausig na nasa pangharap na linya ng California, at ang mga pamilya ng mga biktima ng pagpatay ng tao ay humihingi sa inyo na REPORMAHIN ang sistema ng parusang kamatayan ng California sa pamamagitan ng pagboto ng OO SA PROPOSISYON 66!

Sumasang-ayon kami na ang kasalukuyang sistema ng parusang kamatayan ng California ay sira. Ang mga pinakakasumpa-sumpang kriminal ay nakaupo sa hanay ng bibitayin para sa 30 taon, na may walang-katapusang mga apela na nag-aantala sa hustisya at ginagastushan ng mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang milyon.

Hindi kailangang magkaganito.

Ang solusyon ay AYUSIN, HINDI TAPUSIN, ang parusang kamatayan ng California.

Ang solusyon ay OO sa PROPOSISYON 66.

Ang Proposisyon 66 ay isinulat upang pabilisin ang sistema ng mga apela sa parusang kamatayan habang tinitiyak na walang inosenteng tao na nabibitay.

Ang Proposisyon 66 ay nangangahulugang ang mga pinakamasamang mamamatay-tao ay tatanggap ng pinakamabigat na sentensiya.

Ang Prop. 66 ay nagdadala ng pagsasara sa mga pamilya ng mga biktima.

Ang Proposisyon 66 ay nagpoprotekta sa kaligtasan ng publiko—ang malulupit na mamamatay-taong ito ay walang pag-asang bumalik sa lipunan.

Ang Prop. 66 ay nakapagtitipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis, dahil ang mga kasumpa-supang kriminal ay hindi na uupo sa hanay ng bibitayin sa gastos ng nagbabayad ng buwis para sa 30+ na taon.

Ang Proposisyon 66 ay isinulat ng mga pangharap na tagausig para sa parusang kamatayan na alam ang loob at labas ng sistema. Alam nila kung paano sinisira ang sistema, at alam nila kung paano aayusin ito. Ito ay maaaring anyong kumplikado, pero ang mga reporma ay talagang payak.

NARITO ANG GINAGAWA NG PROPOSISYON 66:

1. Lahat ng apela sa estado ay dapat na limitado sa 5 taon.
2. Bawat mamamatay-tao na sinentensiyahan ng kamatayan ay magkakaroon ng abugado sa espesyal na mga apela na itatalaga agad. Sa kasalukuyan, maaaring umabot ng limang taon o higit bago magtalaga sa kanila ng isang abugado.
3. Ang listahan ng mga nakahandang abugado na hahawak sa mga apelang ito ay palalawakin.
4. Ang mga hukuman ng paglilitis na humahawak ng mga paglilitis na kaugnay ng parusang kamatayan at pinakamahusay na nakakaalam ng mga ito ay haharap sa mga unang apela.
5. Ang Korte Suprema ng Estado ay bibigyan ng kapangyarihan na pangasiwaan ang sistema at tiyakin na ang mga apela ay pinabibilis habang pinoprotektahan ang mga karapatan ng akusado.
6. Ang Kagawaran ng mga Pagwawaasto ng Estado (mga Bilangguan) ay magrereporma sa lugar ng hanay ng bibitayin; aalisin ang mga espesyal na pribilehiyo mula sa malulupit na mamamatay-tao at makapagtitipid ng milyun-milyon.

Magkakasama, ang mga repormang ito ay makapagtitipid sa mga nagbabayad ng buwis sa California ng higit sa $30,000,000 taun-taon, alinsunod kay dating Direktor ng Pananalapi Mike Genest, habang muling pinagagana ang ating sistema ng parusang kamatayan.

KAILANGAN NATIN NG NAKAGAGANAP NA SISTEMA NG PARUSANG KAMATAYAN SA CALIFORNIA

Ang mga sentensiyang kamatayan ay iniisiyu nang bihira at maingat, at laban lamang sa mga pinakamasamang mamamatay-tao.

Upang maging karapat-dapat para sa parusang kamatayan sa California, ikaw ay kailangang mapatunayang nagkasala ng unang-digring pagpatay ng tao na may mga "natatanging pangyayari."

Ang mga natatanging pangyayaring ito ay kabilang, sa bahagi ang mga sumusunod:

- Mga mamamatay-tao na nanggahasa/nagpahirap sa kanilang mga biktima.
- Mga pumatay ng bata.
- Mga pumatay ng maraming tao/paulit-ulit na pumapatay.
- Mga pagpatay na ginawa ng mga terorista; bilang bahagi ng isang krimen ng pagkamuhi; o pagpatay ng isang opisyal ng pulisya.

May halos 2,000 pagpatay ng tao sa California taun-taon. Mga 15 lamang na sentensiyang kamatayan ang ipinapataw.

Pero kapag ang mga kakila-kilabot na krimeng ito ay nangyari, at ang lupon ng mga tagahatol ay buong pagkakaisang nagpasiyang nagkasala ang isang kriminal at hiwalay, buong pagkakaisang nagrekomenda ng kamatayan, ang mga apela ay dapat dinggin sa loob ng limang taon, at bitayin ang pumatay.

Tulungan kaming protektahan ang California, magkaloob ng pagsasara sa mga biktima, at magtipid ng milyun-milyon ng mga nagbabayad ng buwis.

Bisitahin ang *www.NoProp62YesProp66.com* para sa karagdagang impormasyon.

Saka sumama sa mga tagapagpatupad ng batas at mga pamilya ng mga biktima at bumoto ng OO SA PROPOSISYON 66!

JACKIE LACEY, Abugada ng Distrito ng County ng Los Angeles

KERMIT ALEXANDER, Miyembro ng Pamilya ng mga Biktima ng Maraming Pagpatay

SHAWN WELCH, Presidente
Kapisanan ng mga Kinatawang Syerip ng County ng Contra Costa

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 66 ★

Ang Prop. 66 ay isang mahinang-isinulat at MAGASTOS NA EKSPERIMENTO na MAGTATAAS NG PANGANIB NG CALIFORNIA SA PAGBITAY SA ISANG INOSENTENG TAO, magdaragdag ng mga bagong suson ng burukrasya ng pamahalaan at lilikha ng mas maraming pagkaantalang pambatas sa mga kaso ng parusang kamatayan.

**Kayo mismo ang bumasa ng panukala: Alinsunod sa di-partidistang Opisina ng Manunuri ng Lehislatura, ang panukalang ito ay maaaring gastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng SAMPU-SAMPUNG MILYONG DOLYAR.

Ang Prop. 66 ay hindi isang tunay na reporma. Narito ang sinasabi ng MGA EKSPERTO NA TUNAY NA GAGAWIN NG Prop. 66:

- ITATAAS ang panganib na ang California ay bibitay ng isang inosenteng tao
- ITATAAS ANG PINOPONDOHAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS na depensang pambatas para sa mga presong nasa hanay ng bibitayin
- MAG-AATAS sa estado na kumuha at magbayad para sa daan-daang bagong abugado
- MAUUWI SA PAGTATAYO ng mga bagong PINOPONDOHAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS na mga pasilidad ng hanay ng bibitayin
- MAGBABARA sa mga hukuman ng county, pupuwersa ng mga kasong parusang kamatayan sa kulang sa karanasan na mga hukom
- Mauuwisa MAGASTOS NA PAGHAHABLA ng mga abugadong sasalungat sa iseng serye ng mga nakalilitong tadhana

Ang Prop. 66 ay isang perpektong halimbawa ng MGA GRUPO NG ESPESYAL NA INTERES na umaabuso sa kanilang kapangyarihan at itinutulak ang isang adyenda habang nagsasabi na naghahangad ng reporma. Tingnan kung sino ang nasa likod ng Prop. 66: ang unyon ng mga guwardiya ng bilangguan na may interes sa pagpapasok ng mas maraming pera sa sistema ng bilangguan at mga oportunistang pulitiko na gumagamit ng inisyatibo upang isulong ang kanilang mga karera.

Ang mga eksperto ay sumasang-ayon: Ang Prop. 66 ay isang MAHINANG ISINULAT, NAKALILITONG inisyatibo na magdaragdag lamang ng MAS MARAMING PAGKAANTALA at MAS MARAMING GASTOS sa parusang kamatayan ng California.

Tandaan, HIGIT SA 150 INOSENTENG TAO ANG NASENTENSIYAHAN NG KAMATAYAN, at ilan ay nabitay na dahil sa mahinang isinulat na mga batas na tulad nito.

Ang mga Taga-California ay karapat-dapat sa tunay na reporma. Hindi ang Prop. 66 ang sagot.

www.NOonCAProp66.org

GIL GARCETTI, Abugado ng Distrito
County ng Los Angeles, 1992–2000

HUKOM LADORIS CORDELL, (Retirado)
Hukumang Superyor ng County ng Santa Clara

HELEN HUTCHISON, Presidente
Liga ng mga Babaing Botante ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 66 ★

Ang Prop. 66 AY NAG-AAKSAYA NG SAMPU-SAMPUNG MILYON NG MGA DOLYAR NG NAGBABAYAD NG BUWIS.

Ang ebidensiya ay nagpapakita na HIGIT SA 150 TAO ANG NASENTENSIYAHAN NG KAMATAYAN, at ang ilan ay nabitay na dahil sa mahinang isinulat na mga batas na tulad nito.

Ang Prop. 66 ay masyadong nakalilito at mahinang isinulat kaya hindi natin alam ang lahat ng kahihinatnan nito. Ang alam natin ay ito: ito ay magdaragdag ng mas maraming suson ng burukrasya ng pamahalaan na magdudulot ng mas maraming pagkaantala, gagastusan ng pera ng mga nagbabayad ng buwis, magtataas ng panganib na ang California ay bibitay ng isang inosenteng tao.

Ang mga eksperto ay sumasang-ayon: Ang Prop. 66 ay LABIS NA MADEPEKTO.

** ANG PROP. 66 AY MAAARING MAGTAAS NG MGA GASTOS NG NAGBABAYAD NG BUWIS NG MILYUN-MILYON.

Alinsunod sa walang pinapanigang pagsusuri, ang Prop. 66 ay maaaring gastusan ng "sampu-sampung milyong dolyar taun-taon" na may "hindi alam" na mga gastos. Basahin ang ulat ng LAO na inilagay sa *www.No0nCAProp66.org/cost*.

Ang mga eksperto ay nagsasabi na ang Prop. 66 ay:

- MAGTATAAS NG PAGGASTA SA BILANGGUAN habang ang mga paaralan, mga serbisyong panlipunan, at ibang mga priyoridad ay magdurusa.
- MAGTATAS NG PINOPONDOHAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS na depensang pambatas para sa mga presyong nasa hanay ng bibitayin, nag-aatas sa estado na kumuha ng hanggang 400 bagong abugado na pinopondohan ng nagbabayad ng buwis.
- MAUUWI SA PAGTATAYO ng mga bagong PINOPONDOHAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS na mga pasilidad. Ang inisyatibong ito ay nagpapahintulot sa estado na ilagay ang mga presong nasa hanay ng bibitayin sa mga bagong bilangguan, kahit saan sa California.
- Mauuwi sa MAGASTOS NA PAGHAHABLA ng mga abugadong sasalungat sa isang serye ng mahinang isinulat na mga tadhana.

"Ang Prop. 66 ay labis na madepekto kaya imposibleng matiyak ang lahat ng nakatagong gastos na ipadarama sa mga nagbabayad ng buwis sa California."—*John Van de Kamp, dating Pangkalahatang Abugado ng California.*

** ANG PROP. 66 AY MAGTATAAS NG PANGANIB NA ANG CALIFORNIA AY BIBITAY NG ISANG INOSENTENG TAO.

Sa halip na matiyak na ang bawat isa ay tumatanggap ng isang makatarungang paglilitis na ang lahat ng ebidensiya ay inihaharap, ang panukalang ito ay NAGTATANGGAL NG MAHAHALAGANG PANANGGALANG NA PAMBATAS at madaling mauuwi sa mga nakamamatay na pagkakamali.

Ang panukalang ito ay itinulad sa mga batas ng mga estadong tulad ng Texas, kung saan ang mga awtoridad ay nakabitay ng mga inosenteng tao. Mga taong tulad nina Cameron Willingham at Carlos De Luna, parehong binitay sa Texas.

Ang mga eksperto ay nagsasabi ngayon na ang mga ito ay inosente.

Ang Prop. 66 ay:

- MAGLILIMITA sa kakayahang magharap ng bagong ebidensiya ng kawalan ng sala sa hukuman.
- MAG-IIWAN sa mga tao na hindi kayang bumayad ng mahusay na abugado sa malaking panganib ng mga pagkakamali.
- MAGBABARA sa mga lokal na hukuman sa pamamagitan ng paglipat doon ng mga kasong parusang kamatayan, magdaragdag ng mga bagong suson ng burukrasya at maglalagay ng mga napakasensitibong kaso sa mga kamay ng kulang sa karanasan na mga hukom at abugado. Ito ay maaaring humantong sa mga pagkakamaling matindi ang kabayaran.

"Kung ang isang tao ay binitay at sa huli ay napatunayang inosente, hindi tayo makakabalik."—*Hukom LaDoris Cordell, Santa Clara (retirado).*

** ISANG NAKALILITO AT MAHINANG ISINULAT NA INISYATIBO NA MAGDUDULOT LAMANG NG MAS MARAMING PAGKAANTALA.

Ang Prop. 66 ay isang maling ginabayan na eksperimento na humihingi sa mga nagbabayad ng buwis na itaas ang mga gastos sa ating mga sistema ng hustisya at bilangguan ng MILYUN-MILYON upang pagtibayin ang mahinang isinulat na mga reporma na ilalagay sa panganib ang California.

Ang *SF Weekly* ay nagpahayag, "Ang pagdaan sa 16 na pahina ng inisyatibo ay parang pagtitingin sa unang burador ng isang papel ng hindi gradwadong estudyante. Ang pananalita ay malabo, hindi nakapokus at madaramang magkakahiwalay."

Sa halip na magdagdag ng mga bagong suson ng burukrasya ng pamahalaan at magtaas ng mga gastos, tayo ay nararapat sa tunay na reporma ng ating sistema ng hustisya. Hindi ang Prop. 66 ang sagot.

"Sa halip ng walang ingat, magagastos na pagbabago sa ating sistema ng bilangguan, kailangan natin ng matatalinong pamumuhunan na nasubok nang nakakabawas ng krimen at naglilingkod sa mga biktima."—*Dionne Wilson, biyuda ng opisyal ng pulisya na napatay sa pagtupad ng tungkulin.*

JEANNE WOODFORD, Warden
Bilangguan ng Hanay ng Bibitayin ng California, 1999–2004

FRANCISCO CARRILLO JR., Inosenteng tao na maling nahatulan sa County ng Los Angeles

KAGALANG-GALANG NA ANTONIO R. VILLARAIGOSA, Alkalde
Lungsod ng Los Angeles, 2005–2013

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 66 ★

Ang Proposisyon 66 ay maingat na isinulat ng mga nangungunang tagausig na pangkrimen ng California, ng Pambatas na Pundasyon sa Hustisyang Pangkrimen at ibang mga nangungunang eksperto—mga taong alam mula sa karanasan kung ano ang kailangan upang AYUSIN, HINDI TAPUSIN ang sirang sistema ng parusang kamatayan ng ating estado.

Alam ng mga ekstremistang kontra sa parusang kamatayan na sumasalungat sa Proposisyon 66 na inaayos nito ang sistema, at sasabihin ang kahit ano upang matalo ito. Huwag paloko.

Ang Proposisyon 66 ay nagrereporma sa parusang kamatayan upang ang sistema ay patas sa pareho ng nasasakdal at sa mga pamilya ng mga biktima. Ang mga nasasakdal ay naghihintay ngayon ng limang taon para mabigyan ng isang abugado, nag-aantala sa hustisya, nakasasakit sa kanilang mga apela, at pumipigil sa pagsasara para sa mga pamilya ng mga biktima. Ito ay inaayos ng Proposisyon 66 sa pamamagitan ng pagpapasimple sa proseso upang matiyak ang hustisya para sa lahat.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, ang mga pinakamalupit na mamamatay-tao ng California—mga paulit-ulit na pumapatay, mamamatay ng maraming tao, mga pumapatay ng bata, at mga mamamatay-tao na nanggagahasa at at nagpapahirap sa kanilang mga biktima—ay naghihintay sa hanay ng bibitayin hanggang mamatay sa katandaan, na ang mga nagbabayad ng buwis ang nagbabayad para sa kanilang mga pagkain, pangangalagang pangkalusugan, pribilehiyo at walang-katapusang mga apelang pambatas.

Sa pagreporma sa sistema, ang Proposisyon 66 ay makapagtitipid para sa mga nagbabayad ng buwis ng higit sa $30 milyon sa isang taon, alinsunod sa dating Direktor ng Pananalapi ng California Mike Genest. Sa halip na pagtagalin nang mga dekada at gastusan ng milyun-milyon, ang mga pumatay na nasa hanay ng bibitayin ay magkakaroon ng lima hanggang sampung taon upang dinggin ang kanilang mga apela, sapat na panahon upang matiyak na ang hustisya ay patas na pinaiiral habang iginagarantiya na walang inosenteng tao na maling nabibitay.

Tiyakin ang hustiya sa pamamagitan ng pagboto ng "OO" sa Proposisyon 66—AYUSIN, HINDI TAPUSIN ang parusang kamatayan.

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *www.NoProp62YesProp66.com.*

ANNE MARIE SCHUBERT, Abugada ng Distrito ng County ng Sacramento

SANDY FRIEND, Ina ng Biktima ng Pagpatay ng Tao

CHUCK ALEXANDER, Presidente
Kapisanan ng mga Opisyal na Pangkapayapaan sa Pagwawasto ng California

PROPOSISYON

67 PAGBABAWAL SA PANG-ISAHANG GAMIT NA MGA PLASTIK NA BAG. REPERENDUM.

67

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

Ang pagboto ng "Oo" ay nag-aapruba, at ang pagboto ng "Hindi" ay tumatanggi sa isang batas na:

- Nagbabawal sa grocery at ilang ibang mga nagtitinging tindahan na magbigay sa mga customer sa lugar ng pagbebenta ng plastik o papel na mga bag na nadadala sa labas at na gagamitin lang ng isang beses sa lugar ng pagbebenta.
- Nagpapahintulot sa pagbebenta ng mga ni-recycle na mga papel na bag at muling nagagamit na mga bag sa mga customer, sa pinakamababang presyo na 10 sentimo bawat bag.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Maliit na mga epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Maliit na pagtaas na mas mababa kaysa sa isang milyong dolyar taun-taon para sa mga gastos ng estado sa pangangasiwa, na mababawi sa pamamagitan ng mga singil. Posibleng maliit na matitipid ng mga lokal na pamahalaan mula sa nabawasang mga paggastos sa pamamahala ng kalat at basura.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Paggamit ng Bag sa Pamimili. Ang mga tindahan ay karaniwang nagbibigay ng mga bag sa kanilang mga customer upang madala nila ang kanilang mga pinamili. Isang uri ng bag na karaniwang ibinibigay ay ang "pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili," na tumutukoy sa isang manipis na plastic bag na ginagamit sa pag-checkout at hindi ginawa para sa pangmatagalang gamitan. Sa kabaligtaran, ang mga "reusable na plastic bag" naman ay mas makapal at mas matibay nang sa gayon ay magamit ang mga ito nang maraming beses. Maraming tindahan ang nagbibigay rin ng mga pang-isahang gamit na paper bag. Kadalasang nagbibigay ang mga tindahan ng mga pang-isahang gamit na papel at plastic na bag sa pamimili sa mga customer nang libre, at ang ilang tindahan naman ay nagbebenta ng mga reusable bag. Bawat taon, humigit-kumulang 15 bilyong pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili ang ibinibigay sa mga customer sa California (may average na humigit-kumulang 400 bag sa bawat taga-California).

Pinaghihigpitan ng Maraming Lokal na Pamahalaan ang Mga Pang-isahang Gamit na Bag sa Pamimili. Maraming lungsod at county sa California ang nagpatibay ng mga lokal na batas na naglilimita o nagbabawal sa paggamit ng mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili sa mga kamakailang taon na nakalipas. Ipinatupad ang mga lokal na batas na ito dahil sa mga alalahanin tungkol sa maaaring maging epekto ng paggamit ng mga ganitong bag sa kapaligiran. Halimbawa, ang mga plastic bag ay nakakadagdag sa basura at maaaring mapunta sa mga daluyan ng tubig. Bukod pa rito, maaaring maging mahirap i-recycle ang mga plastic bag dahil nagbubuhul-buhol ang mga ito sa mga makinang pang-recycle. Ipinagbabawal ng karamihan sa mga lokal na batas na ito ang paggamit ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili sa mga grocery store, convenience store, botika at tindahan ng alak. Kadalasang inaatasan din ng mga ito ang tindahan na maningil ng kahit 10 sentimos lang para sa anumang bag sa pamimili na maibebenta. Pinapayagan ang mga tindahan na itabi ang kinita. Simula noong Hunyo 2016, may mga lokal na batas sa paggamit ng mga bag sa pamimili sa humigit-kumulang 150 lungsod at county—na sumasaklaw sa humigit-kumulang 40 porsyento ng populasyon ng California—karaniwang sa mga lugar na nasa mga county na nasa baybayin.

Pagpasa ng Pambuong-estadong Batas sa Paggamit ng Bag sa Pamimili. Noong 2014, ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador ang isang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili, ang Panukalang-batas ng Senado (Senate Bill o SB) 270. Gaya ng isinasaad sa mas detalyadong paglalarawan sa ibaba, pinagbabawalan ng batas ang ilang partikular na tindahan na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili. Inaatasan din nito ang mga tindahang ito na singilin ang mga customer para sa anumang bag sa pamimili na ibinigay sa pag-checkout.

MUNGKAHI

Sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, maaaring iharap sa mga botante ang isang bagong batas sa estado bilang isang reperendum upang mapagpasyahan kung maaaring ipatupad ang batas. Ang proposisyong ito ay isang reperendum sa SB 270. Sa ibaba, inilalarawan namin kung ano ang ibig sabihin ng pagboto ng "oo" at "hindi" para sa panukalang ito, ang mga pangunahin nitong pagkakaloob, at kung paano maaaring maapektuhan ng ibang proposisyon sa balotang ito ang panukalang ito.

Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "Oo" at "Hindi"

Itinataguyod ng Pagboto ng "Oo" ang SB 270. Pagbabawalan ang ilang partikular na tindahan na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at aatasan ang mga ito na maningil ng kahit 10 sentimo lang para sa iba pang mga bag sa pamimili sa pangkalahatan. Liral lang ang mga iniaatas na ito sa mga lungsod at county na wala pang sarili nitong mga batas sa paggamit ng pang-isahang gamit na bag sa pamimili simula noong tagsibol noong 2014.

Tinatanggihan ng Pagboto ng "Hindi" ang SB 270. Maaaring magpatuloy sa pagbibigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at iba pang mga bag ang isang tindahan nang libre maliban na lang kung sakop ito ng isang lokal na batas na naglilimita sa paggamit ng mga ganoong bag.

Mga Pangunahing Pagkakaloob ng Panukala

Nagbabawal sa Paggamit ng Mga Pang-isahang Gamit na Plastic na Bag sa Pamimili. Pinagbabawalan ng panukalang ito ang karamihan ng mga grocery store, convenience store, malalaking botika at tindahan ng alak sa estado na magbigay ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili. Hindi umiiral ang pagkakaloob na ito para sa mga plastic bag na ginagamit para sa ilang partikular na layunin—gaya ng bilang supot para sa mga walang balot na prutas o gulay.

Gumagawa ng Mga Bagong Pamantayan para sa Mga Reusable na Plastic na Bag sa Pamimili. Gumagawa rin ang panukalang ito ng mga bagong pamantayan para sa mga materyales at tibay ng mga reusable na plastic na bag sa pamimili. Magiging responsable ang Kagawaran ng Pagbawi at Muling Paggamit ng Mga Mapagkukunan sa California (California Department of Resources Recovery and Recycling o CalRecycle) sa pagtiyak na natutugunan ng mga tagapagyari ng bag ang mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

iniaatas na ito. Tinutukoy rin ng panukala ang mga pamantayan para sa iba pang mga uri ng mga bag sa pamimili.

Nag-aatas ng Singil para sa Ibang Mga Bag sa Pamimili. Sa pangkalahatan, inaatasan ng panukalang ito ang isang tindahan na maningil ng kahit 10 sentimo lang para sa anumang bag sa pamimili na ibibigay nito sa mga consumer sa pag-checkout. Hindi iiral ang singil na ito para sa mga bag na ginagamit para sa ilang partikular na layunin—gaya ng mga bag para sa inireresetang gamot. Bukod pa rito, ang singil na ito ay hindi kakailanganing bayaran ng ilang partikular na customer na may mababang kita. Sa ilalim ng panukala, mapupunta sa mga tindahan ang kinita sa pagbebenta ng mga bag. Maaari nilang gamitin ang mga nalikom para sa gastos sa pagbibigay ng mga bag sa pamimili, pagsunod sa panukala, at pagbibigay ng impormasyon upang hikayatin ang paggamit ng mga reusable na bag.

May Isa pang Proposisyon sa Balotang Ito na Maaaring Makaapekto sa Pagpapatupad ng Panukalang Ito

May isa pang panukalang kasama sa balotang ito—ang Proposisyon 65—na maaaring mag-atas na mapunta sa estado ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili kung aaprubahan ito ng mga botante. Sa partikular, iniaatas ng Proposisyon 65 na ang kitang makukuha mula sa isang batas sa estado na nagbabawal sa ilang partikular na bag at naniningil ng bayarin para sa iba pang mga bag (gaya ng ginagawa ng SB 270) ay kakailanganing ilagay sa bagong pondo ng estado upang masuportahan ang iba't ibang programang pangkapaligiran.

Kung maipapasa ang dalawang panukala, depende sa kung aling panukala ang makakatanggap ng mas maraming boto kung paano gagamitin ang kita sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili. Ipinapakita ng Pigura 1 kung paano mag-iiba ang pagpapatupad ng mga pangunahing pagkakaloob ng SB 270 depende sa iba't ibang pasya ng mga botante sa dalawang panukala. Sa partikular, kung mas maraming boboto ng "oo" sa Proposisyon 67 (sa reperendum na ito sa SB 270), mapupunta sa mga tindahan ang kita para sa mga tinukoy na layunin. Gayunpaman, kung mas maraming boboto ng "oo" sa Proposisyon 65 (inisyatibo), gagamitin ang kita para sa mga programang pangkapaligiran. Ipinagbibigay-alam namin na ang Proposisyon 65 ay may kasamang pagkakaloob na maaaring ituring ng mga hukuman na pumipigil sa pagpapatupad ng SB 270 sakali mang maipasa ang dalawang panukala at mas maraming bumoto ng "oo" sa Proposisyon 65. Gayunpaman, ipinagpapalagay sa pagsusuring ito na ang iba pang mga pagkakaloob ng SB 270 na walang kaugnayan sa paggamit ng kita—gaya ng iniaatas na ipagbawal ang mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili at maningil para sa iba pang mga bag—ay ipapatupad pa rin.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Maliliit na Epekto sa Estado at Lokal na Pananalapi. Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maliliit na epekto sa mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan. Sa partikular, bilang resulta ng panukalang ito, magkakaroon ng maliit na dagdag na gastos ng estado na hindi aabot sa isang milyong dolyar taun-taon para sa CalRecycle upang matiyak na nakakatugon ang mga tagapagyari ng bag sa mga bagong iniaatas para sa mga reusable na plastic bag. Ang mga gastos na ito ay mapapagaan ng mga bayaring sinisingil sa mga gumagawa ng mga bag na ito. Maaari ding magdulot ng iba pang mga epekto sa pananalapi ang panukala—halimbawa, maaaring makatipid nang kaunti ang mga lokal na pamahalaan dahil mababawasan ang paglilinis ng kalat at ang gastos sa pamamahala sa basura.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Pigura 1

Maaapektuhan ng Resulta ng Proposisyon 65 ang Pagpapatupad ng Reperendum

	Ang Proposisyon 67 (Reperendum sa SB 270) ay Naipasa	**Ang Proposisyon 67 (Reperendum sa SB 270)** ay Nabigo
Ang Proposisyon 65 (Inisyatibo) ay Naipasa	Magkakabisa ang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili. Depende sa kung aling proposisyon ang makakakuha ng mas maraming boto kung paano gagamitin ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili: • Kung mas maraming boboto ng **"oo"** para sa reperendum, mapupunta ang kita sa mga tindahan. • Kung mas maraming boboto ng **"oo"** para sa inisyatibo, mapupunta ang kita sa estado para sa mga programang pangkapaligiran.[a]	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili. Gagamitin para sa mga programang pangkapaligiran ang kita mula sa anumang pambuong-estadong batas na katulad ng SB 270 sa hinaharap.
Ang Proposisyon 65 (Inisyatibo) ay Nabigo	Magkakabisa ang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili at mapupunta sa mga tindahan ang kita mula sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili.	Walang pambuong-estadong batas sa paggamit ng bag sa pamimili.

[a] Ang isang pagkakaloob ng Proposisyon 65 ay maaari ding ituring ng mga hukuman na pumipigil sa pagpapatupad ng Panukalang-batas ng Senado (Senate Bill o SB) 270.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 67 pumunta sa pahina 218.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 67 ★

OO sa 67 upang BAWASAN ANG KALAT, PROTEKTAHAN ANG ATING KARAGATAN at MAIILAP NA MGA HAYOP-GUBAT, at BAWASAN ANG MGA GASTOS SA PAGLILINIS.

Ang iisang-paggamit na mga plastik na bag sa pamimili ay lumilikha ng ilan sa unang-unang nakikitang kalat na nakakarating sa ating mga parke, punongkahoy at kapitbahayan, at nadadala ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan. Ang botong OO ay tutulong na panatilihin ang mga itinapong plastik na bag na malayo sa ating mga bundok, lambak, dalampasigan at komunidad, at pinananatiling maganda ang mga ito. Ang batas ay makapagtitipid din para sa ating estado at lokal na komunidad ng sampu-sampung milyong dolyar sa mga gastos sa paglilinis ng kalat.

ANG MGA PLASTIK NA BAG AY NAKAMAMATAY NA BANTA SA MAIILAP NA MGA HAYOP-GUBAT.

"*Ang mga plastik na bag ay nakapipinsala sa maiilap na mga hayop-gubat araw-araw. Ang mga pagong sa dagat, otter sa dagat, seal, isda at ibon ay sumasabit sa mga plastik na bag; ang ilan ay napagkakamalang pagkain ang mga bag, pinupuno ang kanilang mga tiyan ng mga plastik at namamatay sa gutom. Ang OO sa 67 ay isang sentido-kumon na solusyon sa ating karagatan, lawa at batis, at nagpoprotekta sa maiilap na mga hayop-gubat.*"—*Julie Packard, Tagapagpaganap na Direktor, Monterey Bay Aquarium*

Ang OO sa 67 AY NAGPAPATULOY SA TAGUMPAY NG CALIFORNIA SA PAGTIGIL NG PAGGAMIT NG MGA PLASTIK NA BAG.

Ang botong OO ay magpapanatili ng isang batas na ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador na pagpapatigil sa pamamahagi ng maaksayang iisang-paggamit na mga plastik na bag sa pamimili. Ang batas na ito ay may malakas na suporta mula sa mga organisasyon na nakalaang protektahan ang karagatan, maiilap na mga hayop-gubat, mga mamimili, at maliliit na negosyo. Ito ay lubos na ipatutupad sa buong estado sa sandaling aprobahan ng ang Prop. 67.

Maraming lokal na komunidad ang tumitigil na sa paggamit ng mga plastik na bag. Ang totoo, halos 150 lokal na lungsod at county ay nagbawal na sa iisang-paggamit na mga plastik na bag. Ang mga batas na ito ay naging tagumpay na; ang ilang komunidad ay nakakita ng halos 90 porsiyentong pagbawas sa iisang-paggamit na mga bag, gayon din ng malakas na suporta mula sa mga mamimili.

ANG LABAS-NG-ESTADO NA MGA KOMPANYA NG PLASTIK NA BAG AY SUMASALUNGAT SA PROGRESO NG CALIFORNIA.

Ang pagsalungat sa batas na ito ay pinopondohan ng apat na malaking labas-ng-estado na mga kompanya ng plastik na bag. Ayaw nilang mamuno ang California laban sa plastik na bag, at nagsisikap na talunin ang panukalang ito upang protektahan ang kanilang mga tubo.

Huwag paniwalaan ang kanilang mga maling sinasabi. Dapat nating bigyan ang batas sa plastik na bag ng California ng pagkakataong gumana, ngayong napakarami nang tagumpay sa lokal na antas.

OO sa 67 upang PROTEKTAHAN ANG BATAS SA PAGBAWAS NG KALAT NG PLASTIK NA BAG.

JULIE PACKARD, Tagapagpaganap na Direktor
Monterey Bay Aquarium

JOHN LAIRD, Tagapangulo
Konseho sa Proteksiyon ng Karagatan ng California

SCOTT SMITHLINE, Direktor
Kagawaran ng Muling Paggamit at Pagbawi ng mga Tagapagdulot ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 67 ★

GUSTO NATING LAHAT NA PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN, PERO ANG PROP. 67 AY ISANG PANDARAYA.

Ito ay isang $300 milyon kada taon NA NAKATAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili ng California na mapupuwersang magbayad ng pinakamababang 10 sentimo para sa bawat papel at makapal na bag ng groseri na ibinibigay sa kaniila bago lumabas.

AT WALA NI ISANG SENTIMO NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN.

Sa halip, ibinigay ng Lehislatura ang buong $300 milyon ng kita sa bagong buwis sa bag sa mga nagpapatakbo ng groseri bilang ekstrang tubo.

IYON AY $300 MILYON BAWAT TAON!

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA ESPESYAL NA INTERES.

Sa isang may-pagtatanging kasunduan na inayos ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Proposisyon 67 ay magpapalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri ng hanggang $300 milyon sa isang taon.

Ang mga kawing-kawing na tindahan ng malaking groseri ay nakakakuha ng LAHAT ng kita sa bagong buwis.

Ang mga nagpapatakbo ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman bawat taon sa mga likod ng mga mamimili.

HUWAG PALOKO: WALA NI ISANG SENTIMO NG BUWIS SA PAGBABAWAL SA BAG NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN.

Maaaring ilaan ng Lehislatura ang kita sa bagong buwis upang protektahan ang kapaligiran, pero ang kanilang hangarin ay hindi protektahan ang kapaligiran . . . ITO AY ANG PAGPAPALAKI NG MGA TUBO PARA SA MGA TINDAHAN NG GROSERI AT MGA UNYON NG PAGGAWA.

Ang panukala ay PARTIKULAR NA NAG-AATAS SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI NA PANATILIHIN ANG BAGONG BUWIS BILANG TUBO!

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

DOROTHY ROTHROCK, Presidente
Kapisanan ng mga Tagayari at Teknolohiya ng California

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis ng California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 67 ★

HUWAG PALOKO SA PROP. 67.

Ito ay isang $300 milyon kada taon NA NAKATAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili ng California na mapupuwersang magbayad ng pinakamababang 10 sentimo para sa bawat papel at makapal na bag ng groseri na ibinibigay sa kanila bago lumabas.

At wala ni isang sentimo na pupunta sa kapaligiran.

Sa halip, ibinigay ng Lehislatura ang buong $300 milyon ng kita sa bagong buwis sa mga nagpapatakbo ng groseri bilang ekstrang tubo.

Patigilin ang may-pagtatanging kasunduan sa espesyal na interes . . . BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

PATIGILIN ANG BUWIS SA BAG

Ang Prop. 67 ay nagbabawal sa paggamit ng mga plastik na bag sa pagtitingi at NAG-AATAS sa mga nagpapatakbo ng groseri na sumingil at magpanatili ng pinakamababang 10 sentimong buwis sa bawat papel o mas makapal na plastik na muling nagagamit na bag na ibinibigay bago lumabas.

Ang mga mamimili ay magbabayad ng karagdagang $300 milyon bawat taon para gumamit lamang ng mga bag sa pamimili na dating ipinagkakaloob nang libre ng mga tindahan ng groseri.

ANG KITA SA BUWIS AY PUPUNTA SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI, MGA ESPESYAL NA INTERES

Ang Proposisyon 67 ay magpapalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri ng hanggang $300 milyon sa isang taon.

Ang mga kawing-kawing na tindahan ng malaking groseri ay makapagpapanatili ng lahat ng kita sa bagong buwis.

Ang mga nagpapatakbo ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman sa mga likod ng mga mamimili.

WALA NI ISANG SENTIMO NG BUWIS SA PAGBABAWAL SA BAG NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN

Maaaring ilaan ng Lehislatura ang kita sa bagong buwis upang protektahan ang kapaligiran, pero hindi nito ginawa ito.

Sa halip, ito ay NAG-ATAS na ang mga tindahan ng groseri ay magpanatili ng kita sa bagong buwis sa bag.

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA ESPESYAL NA INTERES NA KAUGNAY NG BUWIS SA BAG

Ang Prop. 67 ay isang kasunduang niluto ng mga tagalobi ng espesyal na interes sa Sacrameto upang magpalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri.

Ipinasa ng Lehislatura ang SB 270 at nakatago sa maliliit na letra ang isang BAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili—isang pinakamababang 10 sentimo sa bawat papel at makapal na plastik na muling nagagamit na bag na ibinibigay sa mga mamimili—lahat ay nakalaan sa mga tubo ng nagpapatakbo ng groseri.

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

DOROTHY ROTHROCK, Presidente
Kapisanan ng mga Tagayari at Teknolohiya ng California

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis ng California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 67 ★

Ang botong OO sa 67 ay nagkukumpirma na ang California ay maaaring sumulong sa pagbabawal nito sa mga plastik na bag ng groseri. Ganyan kasimple ito.

Huwag paloko sa mapanlinlang na kampanya ng mga korporasyon ng plastik na bag mula sa Texas at South Carolina, na nagsasabi na sila ay nangangalaga sa ating kapaligiran. Ang pagtigil ng paggamit ng iisang-paggamit na mga plastik na bag ay nagdadala ng malalaking benepisyo sa California.

Ang mga bag na ito ay papatay ng maiilap na mga hayop-gubat, magpaparumi sa ating mga karagatan, sisira sa mga makina sa muling paggamit, at magdudulot ng kalat na magastos linisin.

Maraming lokal na komunidad sa buong California na tumigil na sa paggamit ng mga plastik na bag ng groseri, at ang botong OO ay magpapatuloy ng progresong ito.

"*Huwag kagatin ang pagpapaikot ng industriya! . . . maaaring iwasan ng mga mamimili ang 10-sentimong fee sa papel o muling nagagamit na mga plastik na bag sa pamamagitan lamang ng pagdadala ng sarili nilang mga bag.*"—*Lupon ng patnugutan ng Los Angeles Times*

"*Sa buong Californria, ang maliliit n lokal na tindahan ng groseri na tulad ng sa amin ay sumusuporta sa botong OO sa Prop. 67. Sa aming lokal na komunidad, kami ay may pagbabawal sa iisang-paggamit na mga plastik na bag na mahusay na gumagana. Ang aming mga parokyano ay nagdadala ng kanilang mga sariling muling nagagamit na bag, at masayang gawin ang kanilang bahagi upang bawasan ang hindi kailangang kalat na plastik. Ito ay mabuti para sa maliliit na negosyo at mamimili.*"—*Roberta Cruz, La Fruteria Produce*

"*Ang mga Taga-California ay mas matalino kaysa inaakala ng mga gumagawa ng mga plastik na bag, lalo na mula sa labas ng estado.*"—*Lupon ng Patnugutan ng Sacramento Bee*

Bumoto ng OO sa 67 upang protektahan ang tagumpay ng California sa pagtanggal ng kalat at basurang plastik na bag.

DOLORES HUERTA, Ka-Tagapagtatag
Nagkakaisang mga Manggagawa ng Bukid

SAM LICCARDO, Alkalde
Lungsod ng San Jose

MARY LUÉVANO, Komisyonado
Komisyon sa Baybay-dagat ng California

Inilalarawan ng seksiyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay din nito ang magiging epekto ng Proposisyon 51—ang 9 na bilyong dolyar na iminumungkahing bono sa paaralan—sa mga gastos sa bono ng estado.

Batayan

Ano ang Mga Bono? Ang mga bono ay isang paraan ng paghiram ng pera ng mga pamahalaan at kompanya. Kadalasans, gumagamit ang pamahalaan ng estado ng mga bono upang mabayaran ang pagpaplano, konstruksiyon at pagbabago ng yari ng mga proyekto sa imprastruktura gaya ng mga tulay, dam, bilangguan, parke, paaralan at gusali ng opisina. Nagbebenta ang estado ng mga bono sa mga mamumuhunan upang makatanggap ng "agarang" pagpopondo para sa mga naturang proyekto, pagkatapos ay binabayaran nito ang mga mamumuhunan, nang may interes, sa paglipas ng panahon.

Bakit Gumagamit ng Mga Bono? Kung minsan, nagbibigay ng mga bono dahil maaaring maging mahirap na minsanang bayaran ang lahat ng gastos para sa mga proyekto sa imprastruktura. Bukod pa rito, kadalasan ay matagal na napapakinabangan ang mga imprastruktura. Kaya makatwiran lang para sa mga tao, sa ngayon at sa hinaharap, na tumulong sa pagbabayad ng mga proyektong ito.

Ano ang Mga Pangunahing Uri ng Mga Bono? Ang dalawang pangunahing uri ng mga bono na ginagamit ng estado ay ang mga pangkalahatang obligasyong bono at ang mga kitang bono. Binabayaran ng estado ang mga pangkalahatang obligasyong bono gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing kuwenta sa pagpapatakbo ng estado, na ginagamit nito sa pagbabayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang mga serbisyo. Kadalasan, ang Pangkalahatang Pondo ay sinusuportahan ng mga kita sa buwis sa kita at pagbebenta. Sa ilalim ng Saligang-Batas ng California, ang mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado ay dapat aprubahan ng mga botante.

Sa kabilang banda, kadalasan ay binabayaran ng estado ang mga kitang bono gamit ang kita mula sa mga bayad o iba pang mga singil na binabayaran ng mga gumagamit sa proyekto (gaya ng mula sa mga toll gate). Kung minsan, binabayaran ang ilang partikular na kitang bono gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, hindi kailangan ng mga kitang bono ng estado ng pag-aproba ng mga botante. (Nabanggit namin dito na mangangailangan ang Proposisyon 53, na inilarawan sa unang bahagi ng patnubay ng botante na ito, nang mahigit sa 2 bilyong dolyar na kitang bono ng estado upang makakuha ang isang proyekto ng estado ng pambuong-estadong pag-aproba ng botante.)

Ano ang Mga Gastos sa Pagtustos ng Bono? Kapag nakapagbenta na ng mga bono ang estado, taun-taon itong magbabayad hanggang sa ganap nang mabayaran ang mga bono. Karaniwan, nakadepende ang taunang gastos sa pagbabayad ng mga bono sa antas ng interes at tagal ng panahon kung kailan dapat mabayaran ang mga bono. Kadalasan ay tumatagal nang 30 taon ang pagbabayad ng bono ng estado (katulad ng maraming may-ari ng bahay na nagbabayad ng kanilang mga sangla). Halimbawa, kung 5 porsiyento ang antas ng interes, sa bawat $1 na hihiramin ng estado, aabot nang halos $2 ang babayaran nito sa loob ng 30 taong karaniwang tagal ng pagbabayad. Sa $2 na iyon, $1 ang magiging pambayad para sa halagang hiniram (ang prinsipal) at halos $1 ang mapupunta para sa interes. Gayunpaman, dahil hindi minsanang binabayaran ang bawat bono sa loob ng 30 taon, lubos na bumababa ang singil pagkatapos iangkop sa implasyon—nasa $1.30 para sa bawat $1 na hiniram.

Mga Bono sa Imprastruktura at Badyet ng Estado

Halaga ng Utang ng Pangkalahatang Pondo. Ang estado ay may humigit-kumulang 85 bilyong dolyar na utang sa mga bono sa imprastruktura na sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo—ang mga bono na binabayaran nito ng prinsipal at interes. Bukod pa rito, naaprubahan na ng mga botante at ng Lehislatura ang halos 31 bilyong dolyar ng mga bono na sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa naibebenta. Ang karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabenta sa mga susunod na taon bilang mga karagdagang proyekto

na nangangailangan ng pagpopondo. Noong 2015–16, umabot nang humigit-kumulang 6 na bilyong dolyar ang kabuuang ibinayad para sa bono sa imprastruktura ng Pangkalahatang Pondo.

Ang Epekto ng Halalang Ito sa Mga Pagbabayad ng Utang. Magbibigay-daan ang iminumungkahing bono sa paaralan sa balotang ito (Proposisyon 51) sa estado na makahiram ng karagdagang 9 na bilyong dolyar sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan. Ang halagang kailangan upang mabayaran ang prinsipal at interes sa mga bonong ito, na tinatawag ding serbisyo sa utang, ay dedepende sa mga partikular na detalye ng mga pagbebenta ng bono. Ipagpalagay nating 5 porsiyento ang antas ng interes, na ibibigay ang mga bono sa loob ng limang taon at na mababayaran ang mga ito sa loob ng 30 taon. Batay sa mga pagpapalagay na ito, aabutin nang halos 500 milyong dolyar ang magiging average ng tinatayang gastos ng Pangkalahatang Pondo kada taon, 8 porsiyento itong mas mataas kaysa sa kasalukuyang ginagastos ng estado para sa serbisyo sa utang mula sa Pangkalahatang Pondo. Sa aming pagtataya, kakailanganin ng panukala ng humigit-kumulang 17.6 bilyong dolyar na pambayad para sa serbisyo sa utang sa loob ng 35 taong panahon ng pagbabayad ng mga bono.

Ang Epekto ng Halalang Ito sa Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang (Debt-Service Ratio o DSR). Ang DSR ng isang estado ay isang palatandaan ng dami ng utang nito. Ipinapakita ng proporsiyong ito ang dami ng taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado na dapat itabi bilang pambayad para sa serbisyo sa utang sa mga bono sa imprastruktura, na hindi magagamit para sa iba pang mga programa ng estado. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, ang DSR ay halos 5 porsiyento na ngayon ng mga taunang kita ng Pangkalahatang Pondo. Kung hindi aaprobahan ng mga botante ang iminumungkahing bono sa paaralan sa balotang ito, inaasahan naming mananatili sa humigit-kumulang 5 porsiyento ang magiging serbisyo sa utang ng estado sa mga ipinahintulot nang bono sa mga susunod na taon, at na bababa ito pagkatapos noon. Kung aaprobahan ng mga botante ang iminumungkahing bono sa paaralan sa balotang ito, inaasahan naming tataas ang orihinal na inaasahang DSR nang halos isang-katlo ng isang yunit ng isang porsiyento (percentage point). Malalampasan ng DSR ng estado sa hinaharap ang mga nakasaad sa pigura kung may mga aaprobahang karagdagang bono ang estado at mga botante sa hinaharap.

Pigura 1

Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang ng Pangkalahatang Pondo

Porsiyento ng Mga Kita ng Pangkalahatang Pondo na Nagastos sa Serbisyo sa Utang



Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

Sa Patnubay na Ito

Kasama sa patnubay ng botante na ito ang impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa Senado ng U.S. na nagsisimula sa pahina 117 ng patnubay na ito.

Ang mga kandidato para sa Senado ng Estados Unidos ay maaaring bumili ng espasyo para sa kanilang pahayag ng kandidato sa patnubay ng botante na ito. Ang ilang kandidato, gayunpaman, ay piniling hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag.

Ang mga kandidato para sa Senado ng U.S. ay sina:

Kamala D. Harris	Demokratiko
Loretta L. Sanchez	Demokratiko

Sa Iyong Halimbawang Balota (Ipinadala nang Hiwalay Mula sa Iyong County Registrar)

Bilang karagdagan sa mga kandidato sa patnubay na ito, kabilang sa iyong balota ang mga kandidato para sa Senado ng Estado, Asembleya ng Estado at Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S.

Ang Senado ng Estado at Asembleya ng Estado ay maaaring bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa mga halimbawang balota ng county KUNG sumasang-ayon sila na panatilihin ang kanilang paggasta sa kampanya na mas mababa sa isang partikular na halaga ng dolyar na nakasaad sa ibaba.

- Maaaring gumasta ang mga kandidato sa Senado ng Estado ng hindi lalampas sa $1,269,000 sa pangkalahatang halalan
- Maaaring gumasta ang mga kandidato sa Asembleya ng Estado ng hindi lalampas sa $987,000 sa pangkalahatang halalan

Makikita ang isang listahan ng mga kandidatong tumanggap sa boluntaryong kampanya sa mga limitasyon ng paggasta ng California sa *www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements*

Ang boluntaryong kampanya sa mga limitasyon ng paggasta ng California ay hindi nalalapat sa mga kandidato sa pederal na katungkulan kabilang ang Presidente, Senado ng U.S. at Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S.

Maaaring bumili ang lahat ng kandidato para sa Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S. ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa mga halimbawang balota ng county. Ang ilang kandidato, gayunpaman, ay piniling hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag.

Para sa sertipikadong listahan ng mga kandidato, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements*

Mga Kandidato para Presidente ng U.S.

Ang impormasyon tungkol sa mga kandidatong tumatakbo para Presidente ay makukuha sa website ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kalihim ng Estado. Bisitahin ang *www.voterguide.sos.ca.gov* para sa mga karagdagang detalye.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

- Nagsisilbing isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma ng mga pederal na hukom, mga Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos at maraming mataas na antas na mga paghirang ng presidente sa mga katungkulang sibilyan at militar.

Kamala D. Harris | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Senado ng Estados Unidos dahil naniniwala akong oras na upang ayusin ang antas ng pagkakaroon ng pagkakataon para sa mas maraming Taga-California at Amerikano. Bilang tagausig sa buong buhay ko, isang kliyente lang ang pinagsilbihan ko sa lahat ng oras: Ang Mamamayan ng California. Bilang Abogado ng Distrito ng San Francisco at Pangkalahatang Abugado ng California, taas-noo akong nanindigan sa makakapangyarihang interes sa ngalan ng mamamayan at naipanalo ko ang mga totoong laban para sa ating mga pamilya. Nilabanan ko ang malalaking salot, kabilang ang mga kriminal na organisasyon sa loob at labas ng bansa at ilegal na pagbebenta ng tao na kumikita mula sa pang-aabuso ng kababaihan at mga bata. Inusig ko ang mga nagdudulot ng polusyon at malalaking kumpanya ng langis, nilabanan ang malalaking bangko sa Wall Street at nagpursiging maipasa ang pinakamahigpit na batas ng bansa laban sa pagreremata upang maprotektahan ang mga may-ari ng bahay. Bilang Senador ng Estados Unidos ng California, itutuloy ko ang masidhing paglaban para sa mamamayan at upang kumawala sa rehas na nakakaimpluwensya sa Washington. Gagawa ako ng mga trabahong kailangan ng ating mamamayan sa pamamagitan ng pagpupundar ng mga pederal na dolyar na mag-aayos sa ating mga nanghihinang sistema ng tubig at transportasyon. Ipaglalaban ko ang mas ikahuhusay ng mga paaralan at ang pagbibigay ng pagkakataon sa bawat bata na makatuntong ng pre-kindergarten at abot-kayang pangangalaga ng bata. Para sa mga nagtapos ng kolehiyo na nabaon sa pautang para sa mag-aaral, ipaglalaban ko ang pagpapalit ng pagtustos at reporma na magiging susi sa pagiging abot-kaya ng pagpasok sa kolehiyo para sa lahat ng mag-aaral. Manindigan ako para sa ating mga beterano na karapat-dapat para sa de-kalidad na pangangalaga ng kalusugan at pagsasanay para sa trabaho kapag nakauwi na sila. Dedepensahan ko ang ating kapaligiran at dalampasigan at pamumunuan ko ang pagsugpo sa climate change. Mangyaring samahan niyo ako. Salamat sa inyong pagsasaalang-alang.

4311 Wilshire Blvd., Suite 200
Los Angeles, CA 90010

Tel: (213) 221-1269
Email: info@KamalaHarris.org
www.KamalaHarris.org

Loretta L. Sanchez | DEMOCRATIKO

Nangangailangan ang California ng subok nang pinuno na makapagbibigay ng mga resulta at kayang-kayang harapin ang mga hamong pang-ekonomiya, pang-edukasyon at panseguridad na kinahaharap natin ngayon. *Ang ating susunod na Senador ng U.S. ay dapat may malawak na karanasang pambatasan at karanasan sa pambansang seguridad at pareho ang pinagdadaanan gaya ng mga nagtatrabaho. Ako 'yun, kaya naman ako ang pinakamahusay na kandidato para sa trabaho.* Ang mga magulang ko ay masisipag na nangibambayan upang suportahan ang kanilang pitong anak. Sinikap kong makapasok sa kolehiyo sa tulong ng mga paggawad mula sa pamahalaan at unyon, at ang Anaheim Rotary Club ang nagbayad sa aking MBA. Nagsumikap ang aking mga magulang, pinahalagahan nila ang edukasyon at sila lang ang tanging mga magulang sa kasaysayan ng Amerika na nakapagpadala ng dalawang anak na babae sa Kongreso. Kaya naman tuwiran kong ipinaglaban sa Kongreso sa loob ng 20 taon ang edukasyon, abot-kayang kolehiyo, reporma sa pangangalaga sa kalusugan, reporma sa imigrasyon, pagkakapantay-pantay ng kasarian, mga karapatan ng LGBT, pagtaas ng pinakamababang sahod at pagprotekta sa kapaligiran. Ipinakita ko rin ang paghusgang malaya sa anumang impluwensya at tapang sa panahong kinakailangan ito: *Bumoto ako laban sa Giyera sa Iraq, ang tinatawag na Patriot Act, at mga pag-bailout sa Wall Street. Bilang isang nakatatandang miyembro ng Mga Komite ng Mga Armadong Serbisyo at Seguridad ng Bayan,* nagsikap ako upang matiyak na sinasanay at hinahasa ang ating mga sundalo upang manalo at upang maalagaan kapag nakauwi na sila. Ako lang ang tanging kandidato na may karanasan sa pambansang seguridad na kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang Amerika mula sa terorismo sa loob at labas ng bansa. Bilang Senador ninyo, ipaglalaban ko ang lahat ng Taga-California, nang sa gayon ay magkaroon tayo ng mas matibay at mas masaganang kinabukasan. *Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.*

P.O. Box 6037
Santa Ana, CA 92706

Tel: (714) 774-0236
Email: info@loretta.org
http://loretta.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

PROPOSISYON 51

Ang panukalang inisyatibo na ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

May mga idinaragdag na seksiyon sa Kodigo ng Edukasyon ang panukalang inisyatibo na ito; dahil doon, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay ililimbag nang *naka-italicize* upang ipabatid na bago ang mga ito.

51

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Mga Ipinasiya at Pagpapahayag.

Narito ang lahat ng ipinasiya at ipinahayag ng mga tao ng Estado ng California:

(a) Alinsunod sa Saligang-Batas ng California, ang pampublikong edukasyon ay isang responsibilidad ng estado, at dahil sa responsibilidad na iyon, kailangang maging ligtas at maayos ang mga pampublikong paaralan.

(b) Ang isa sa mga pangunahing isinasaalang ng Estado ng California ay ang pagpopondo ng pampublikong edukasyon, tinitiyak nitong ligtas at maayos ang pagkakagawa at pagpapanatili sa mga pasilidad para sa K–14.

(c) Noong 1998, matagumpay na natugunan ng Estado ng California ang responsibilidad nitong magbigay ng mga ligtas at maayos na pasilidad sa pamamagitan ng Batas ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Leroy F. Greene ng 1998, na makikita sa Artikulo 1 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Edukasyon.

(d) May awtoridad ang Lupon ng Paglalaan ng Estado na suriin ang mga ulat ng paggasta at rekord ng distrito ng paaralan upang matiyak na nagagamit ang mga pondo ng bono alinsunod sa mga iniaatas ng programa, kasama ang pagpapatibay na umuusad ang mga proyekto nang naaayon sa iskedyul, at na hindi nagagastos ang mga pondo sa mga suweldo o gastos sa pagpapatakbo.

(e) Narito ang iba pang ipinasiya at ipinahayag ng mga tao ng Estado ng California:

(1) Ang California ang isa sa mga pinakanaapektuhang estado sa nakaraang resesyon, at bagama't tumataas nang muli ang bilang ng mga kinukuhang empleyado, sa palagay ng mga ekonomista ay hindi pa ganap na nakakabawi ang ekonomiya ng estado.

(2) Ang mga pamumuhunan mula sa Batas ng Bono sa mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon mula Kindergarten Hanggang Kolehiyo ng Komunidad ng 2016 ay magagamit sa mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon, kung saan maaaring magsanay para sa pagtatrabaho ang maraming taga-California at beteranong nahihirapang tapusin ang kanilang pag-aaral at makahanap ng trabaho.

(3) Lilikom ng mga pamumuhunan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na distrito ng paaralan upang maisaayos ang mga luma nang pasilidad at makatugon ang mga ito sa mga kasalukuyang pamantayan sa kalusugan at kaligtasan, kasama ang pagre-retrofit para sa lindol at pag-aalis ng lead paint, asbestos at iba pang mapanganib na materyal.

(4) Ayon sa mga pag-aaral, 13,000 trabaho ang nagagawa ng bawat $1 bilyong na pamumuhunan sa imprastruktura ng estado. Kasama sa mga trabahong ito ang mga hanapbuhay sa pagtatayo ng mga gusali at konstruksiyon sa buong estado.

(5) Tumutulong ang Batas ng Bono sa mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon mula Kindergarten Hanggang Kolehiyo ng Komunidad ng 2016 sa mga distrito ng paaralan na kulang sa badyet at lokal na kontrol.

(6) Hindi makakamit ang mga akademikong layunin nang walang mga Ika-21 Siglong pasilidad ng paaralan na idinisenyo upang magbigay ng pinahusay na teknolohiya at mga pinagandang pasilidad ng pagtuturo sa mga paaralan.

(f) Dahil doon, pinagtibay ng mga tao ang Batas ng Bono sa mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon mula Kindergarten Hanggang Kolehiyo ng Komunidad ng 2016 upang makagawa ng isang komprehensibong paraang responsable sa pananalapi na makakatugon sa pangangailangan sa pasilidad ng paaralan ng lahat ng taga-California.

SEK. 2. NARITO ANG NAKASAAD SA IDINAGDAG NA Seksiyon 17070.41 sa Kodigo ng Edukasyon:

17070.41. Paglikha ng 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado.

(a) Sa pamamagitan nito, may nailalaan na pondo sa Tesorerya ng Estado, na tatawaging 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado. Alinsunod sa kabanatang ito at sa pamamagitan nito, ang lahat ng pera sa pondo, kasama ang anumang perang idineposito ng anumang mapagkukunan sa pondong iyon, at sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay patuloy na nailalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi para sa paggasta.

(b) Gaya ng nabanggit noong Enero 1, 2015, maaaring maglaan ang lupon ng mga pondo sa mga distrito ng paaralan para sa mga layunin ng kabanatang ito gamit ang mga pondong inilipat ng anumang mapagkukunan sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado.

(c) Maaaring maglaan ang lupon ng mga halagang hindi lalampas sa mga nakadepositong pondo sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado, at ng anumang halaga ng mga bono na ipinahintulot ng komite, ngunit hindi pa naibebenta ng Ingat-yaman.

(d) Maaaring magbayad ang lupon, alinsunod sa naging paglalaan ng anumang mga pondo sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado, may sapat mang pondo sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado sa panahon ng pagbabayad upang maibigay nang buo ang lahat ng nailaan nang halaga o wala. Gayunpaman, hindi maaaring gastusin ang anumang mga pondong dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa batas.

SEK. 3. Narito ang nakasaad sa idinagdag na Bahagi 70 (nagsisimula sa Seksiyon 101110) sa Dibisyon 14 ng Titulo 3 ng Kodigo ng Edukasyon:

BAHAGI 70. BATAS NG BONO SA MGA PASILIDAD NG PAMPUBLIKONG EDUKASYON MULA KINDERGARTEN HANGGANG KOLEHIYO NG KOMUNIDAD NG 2016

KABANATA 1. PANGKALAHATAN

101110. Ang bahaging ito ay tatawagin, at maaaring banggitin, bilang ang Batas ng Bono sa mga Pasilidad ng Pampublikong Edukasyon mula Kindergarten Hanggang Kolehiyo ng Komunidad ng 2016.

101112. Ang mga bonong may kabuuang halaga na siyam na bilyong dolyar ($9,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang mga ibinabalik na bono na ipinalabas alinsunod sa Seksiyon 101140 at 101149, o na itinuturing na kinakailangan, ay maaaring ilabas at ibenta para sa mga layuning nakalagay sa Seksiyon 101130 at 101144. Kapag naibenta na ang mga bono, mapapailalim ang Estado ng California sa isang may-bisang obligasyon at sa pamamagitan nito, nangangako ang Estado ng California, nang may buong pagtitiwala at pagkilala sa mga batas ng ibang estado, na babayaran nito ang prinsipal at interes ng mga bono sa nakatakdang oras kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

KABANATA 2. KINDERGARTEN HANGGANG IKA-12 BAITANG

Artikulo 1. Mga Tadhana ng Programa sa mga Pasilidad ng Paaralan mula Kindergarten Hanggang Ika-12 Baitang

101120. Ang mga nalikom ng mga bonong ipinalabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat ideposito sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado na itinakda sa Tesorerya ng Estado sa Seksiyon 17070.41 at dapat ilaan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

101121. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, dapat ay magamit ang lahat ng perang nakadeposito sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado sa pagtulong sa mga distrito ng paaralan, superintendente ng county ng mga paaralan, at lupon ng edukasyon ng county ng estado alinsunod sa Batas ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Leroy F. Greene ng 1998 (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1), gaya ng nabanggit noong Enero 1, 2015 at nakalagay sa Seksiyon 101122, upang magbigay ng mga pondong magagamit na pambayad sa perang pauna nang nakuha o inutang sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado alinsunod sa anumang batas ng Lehislatura, nang may interes na kasama sa

batas na iyon, at upang mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Bonong may Pangkalahatang Obligasyon alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

101122. (a) Ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bono, na ipinalabas at ibinenta para sa mga layunin ng kabanatang ito, ay dapat ilaan sa ganitong paraan:

(1) Tatlong bilyong dolyar ($3,000,000,000) para sa konstruksiyon ng mga pasilidad ng paaralan ng mga nag-aaplay na distrito ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(2) Limangdaang milyong dolyar ($500,000,000) para sa pagtatayo ng mga pasilidad ng paaralan sa mga paaralan ng karta alinsunod sa Artikulo 12 (nagsisimula sa Seksiyon 17078.52) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(3) Tatlong bilyong dolyar ($3,000,000,000) para sa pagpapaganda ng mga pasilidad ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(4) Limangdaang milyong dolyar ($500,000,000) para sa mga pasilidad sa mga programa ng karera sa teknikal na edukasyon alinsunod sa Artikulo 13 (nagsisimula sa Seksiyon 17078.70) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(b) Magagamit lang ng mga distrito ng paaralan ang mga nakalaang pondo alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (a) sa isa o higit pang mga sumusunod na layunin alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1:

(1) Pagbili at paglalagay ng aircon at mga materyal para sa insulasyon, at mga nauugnay na gastusin.

(2) Mga proyekto ng konstruksiyon o pagbili ng kasangkapan o kagamitan na idinisenyo upang mas maging mahigpit ang seguridad ng paaralan at maging mas ligtas ang palaruan.

(3) Pagtukoy, pagsusuri o pagpapatighaw ng mapanganib na asbestos sa mga pasilidad ng paaralan.

(4) Pagpopondo ng proyekto para sa mga proyekto sa pagpapalit ng bubong na mataas ang priyoridad.

(5) Iba pang pagpapaganda ng mga pasilidad alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1.

(c) Ang mga inilaang pondo alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ay maaari ding gamitin upang magbigay ng mga bagong gawad sa konstruksiyon para sa mga karapat-dapat na nag-aaplay na lupon ng edukasyon ng county alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1 para sa pagpopondo ng mga silid-aralan para sa mga may kapansanang estudyante o pagpopondo ng mga paaralan para sa mga estudyante ng paaralan ng komunidad ng county.

(d) Magkakaroon ng bisa ang Kabanata 4.9 (nagsisimula sa Seksiyon 65995) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng nabanggit sa mga tadhanang iyon noong Enero 1, 2015, hangga't hindi (a) nagagastos ang kabuuang halaga ng mga ipinahintulot na bono para sa konstruksiyon ng bagong pasilidad ng paaralan alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon o hangga't hindi sumasapit ang Disyembre 31, 2020, alinman doon ang mauna. Pagkaraan nito, maaari nang isusog ang Kabanata 4.9 (nagsisimula sa Seksiyon 65995) ng Dibisyon 1 ng Titulo 7 ng Kodigo ng Pamahalaan alinsunod sa batas.

Artikulo 2. Mga Tadhana sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Paaralan mula Kindergarten Hanggang Ika-12 Baitang

101130. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong ipinahintulot n ilabas o ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 101110), ang mga bonong nagkakahalaga ng pitong bilyong dolyar ($7,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang mga ibinabalik na bono na inilabas alinsunod sa Seksiyon 101140 o na itinuturing na kinakailangan, ay maaaring ilabas at ibenta upang makapagbigay ng pondong magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa kabanatang ito at mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Bonong may Pangkalahatang Obligasyon alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksiyong ito, dapat ibenta ng Ingat-yaman ang mga bonong ipinapahintulot ng itinakdang Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado alinsunod sa Seksiyon 15909, anumang oras kailanganin ang mga ito sa mga paggasta sa serbisyo na iniaatas ng mga paglalaan.

101131. Ang Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado, na itinakda ng Seksiyon 15909 at ginawa ng Gobernador, Tagapamahala, Ingat-yaman, Direktor ng Pananalapi at Superintendente, o ng mga itinalagang kinatawan ng mga ito, na hindi na makakatanggap ng kabayaran para sa pagbibigay ng mga serbisyo pagkatapos noon, at na may mayoriyang makakabuo ng isang korum, ay pananatilihin para sa layunin ng kabanatang ito. Ang Ingat-yaman ay dapat maglingod bilang tagapangulo ng komite. Dalawang Miyembro ng Senado na itinalaga ng Komite sa Mga Tuntunin ng Senado, at dalawang Miyembro ng Asembleya na itinalaga ng Ispiker ng Asembleya ang dapat makipagpulong at magpayo sa komite, basta't naaayon pa rin ang nabanggit na pagpapayo sa kanilang mga kaukulang posisyon bilang mga Miyembro ng Lehislatura. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, dapat bumuo ang mga Miyembro ng Lehislatura ng pansamantalang komite sa pagsisiyasat ng paksa ng kabanatang ito, at dapat magkaroon ang komiteng iyon ng kapangyarihan at mga tungkulin ng mga komite ng Mga Pinagsamang Tuntunin ng Senado at Asembleya. Kung kailangan, dapat tumulong ang Direktor ng Pananalapi sa komite. Ang Pangkalahatang Abugado ng estado ang tagapayong pambatas ng komite.

101132. (a) Sa pamamagitan nito, ang mga bonong pinahihintulutan ng kabanatang ito ay dapat ihanda, pagtibayin, ibigay, ibenta, bayaran at tubusin alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at ang lahat ng batas na maaaring isusog at idagdag dito ay isinasama sa kabanatang ito, na para bang nakasaad na ang mga ito nang buo sa kabanatang ito, maliban sa hindi dapat ilapat ang mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan sa mga bonong pinahihintulutan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, itinalaga ang Lupon ng Paglalaan ng Estado bilang ang "lupon" para sa mga layunin ng pagbibigay sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado.

101133. (a) Kapag hiniling ng Lupon ng Paglalaan ng Estado, dapat tukuyin ng Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado kung kinakailangan o tama bang magpalabas ng mga ipinahintulot na bono alinsunod sa kabanatang ito upang pondohan ang mga nauugnay na paglalaan, at kung ganoon nga, kung magkano ang mga bonong dapat ilabas o ibenta. Maaaring ipahintulot at ibenta ang mga susunod na ilalabas na bono upang regular na mapondohan ang mga paglalaang iyon, at hindi kinakailangang minsanang maibenta ang lahat ng bonong ipinahintulot na ilabas.

(b) Ang isang kahilingan ng Lupon ng Paglalaan ng Estado alinsunod sa subdibisyon ay (a) dapat suportahan ng isang pahayag ng mga paglalaang naisagawa na at isasagawa pa lang para sa mga layuning inilalarawan sa Seksiyon 101121 at 101122.

101134. Bawat taon, bukod pa sa mga ordinaryong kita ng estado, dapat ay may makolektang isang halagang katumbas ng iniaatas na halaga upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bono kada taon, sa paraan at panahon kung kailan kinokolekta ang iba pang kita ng estado. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang pagkilos upang masingil ang nabanggit na karagdagang halaga.

101135. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, may nailalaang halaga mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoriya ng Estado, na tutumbas sa kabuuan ng sumusunod:

(a) Ang kinakailangang halaga taun-taon upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inilabas at ibinenta alisunod sa kabanatang ito, kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Ang kinakailangang halaga upang maisakatuparan ang Seksiyon 101138, na inilaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

101136. Maaaring hilingin ng Lupon ng Paglalaan ng Estado sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang sa ibang Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera o iba pang naaprubahan nang uri ng pansamantalang pagtustos, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Hindi dapat lumampas ang halaga ng kahilingan sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono (hindi kasama ang mga ibinabalik na bono) na ipinahintulot ng komite, sa pamamagitan ng isang resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Dapat pagtibayin ng Lupon ng Paglalaan ng Estado ang anumang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Alinsunod sa kabanatang ito, ang anumang mga uutanging halaga ay dapat ideposito sa pondo, nang sa gayon ay mailaan ito ng Lupon ng Paglalaan ng Estado.

101137. Sa kabila ng iba pang tadhana ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung magbebenta ang Ingat-yaman ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may opinyon ng konseho ng bono na ibukod ang interes ng mga bono sa kabuuang kita para sa mga layunin sa buwis ng pederal, na napapailalim sa mga itinalagang kundisyon, maaaring gumawa ang Ingat-yaman ng magkakahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom na pondo at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nalikom na iyon. Magagawa ng Ingat-yaman na gamitin o pangasiwaan ang paggamit sa mga nalikom o kitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa o iba pang bayaring iniaatas sa ilalim ng pederal na batas, o magsagawa ng iba pang pagkilos na nauugnay sa pamumuhunan at gamitin ang mga nalikom ng mga bonong iyon na iniaatas o hinihingi sa ilalim ng pederal na batas upang patuloy na hindi patawan ng buwis ang mga bonong iyon at makakuha ng iba pang benepisyo sa ilalim ng batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101138. Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito, maaaring ipahintulot ng Direktor ng Pananalapi ang pagwi-withdraw sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono (hindi kasama ang mga ibinabalik na bono) na ipinahintulot ng Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Alinsunod sa kabanatang ito, ang anumang mga iwi-withdraw na halaga ay dapat ideposito sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado. Ang anumang ilalabas na pera alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, nang may kasamang halagang katumbas ng interes na kinita sana ng pera kung inilagay ito sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito.

101139. Ang lahat ng perang nakadeposito sa 2016 Bono ng mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado, na galing sa hulog at naipong interes ng mga naibentang bono ay dapat ireserba sa pondo at magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban sa ang mga halaga galing sa hulog ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

101140. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa kabanatang ito ang pag-aproba sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang ibalik ang anumang mga bonong orihinal na inilabas alinsunod sa kabatang ito, o anumang mga ibinabalik na bono na dati nang inilabas. Ang anumang ibabalik na bono gamit ang mga nalikom ng mga ibinabalik na bono na ipinahintulot ng seksiyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng batas sa paraan at sukdulang nakalagay sa resolusyon, na pana-panahong sinususog, na nagpapahintulot sa nabanggit na ibinalik na bono.

101141. Sa pamamagitan nito, ipinapasiya at ipinapahayag ng mga tao na dahil hindi "mga nalikom ng mga buwis" ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong ipinahintulot ng kabanatang ito, gaya ng pagkakagamit sa katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, hindi napapailalim ang pagbabayad sa mga nalikom na ito sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

Kabanata 3. Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

Artikulo 1. Pangkalahatan

101142. (a) Sa pamamagitan nito, may nailalaang 2016 Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California sa Tesorerya ng Estado para sa pagdedeposito ng mga pondo mula sa mga inilabas at ibinenta nang mga nalikom ng mga bono para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(b) Sa pamamagitan nito, ang itinakdang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon alinsunod sa Seksiyon 67353 ay ipinapahintulot na magkaroon ng utang o mga utang, pananagutan o mga pananagutan, ng Estado ng California alinsunod sa kabanatang ito para sa layunin ng pagbibigay ng mga pondong makakatulong sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

Artikulo 2. Mga Tadhana ng Programa sa Kolehiyo ng Komunidad ng California

101143. (a) Mula sa mga nalikom ng mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 101144), dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) ang dapat ideposito sa 2016 Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California para sa mga layunin ng artikulong ito. Pagkatapos ilaan, dapat ay maaaring gastusin ang mga pondong ito para sa mga layunin ng artikulong ito.

(b) Kasama sa mga layunin ng artikulong ito ang pagtulong sa pag-abot sa mga pangangailangan sa pagtustos ng kapital na paglalaan ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

(c) Ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong inilabas at ibinenta para sa mga layunin ng artikulong ito ay maaaring gamitin upang pondohan ang konstruksiyon sa mga kasalukuyang kampus, kasama ang konstruksiyon ng mga gusali at pagtatamo ng mga nauugnay na kagamitan, konstruksiyon ng mga pasilidad na magagamit ng mahigit sa isang segment ng pampublikong mas mataas na edukasyon (maraming segment), pagbabago ng yari at muling konstruksiyon ng mga pasilidad, pagtatamo ng lugar, paglalagay ng kagamitan sa mga pasilidad na bago, nabago ang yari o muling itinayo, pagtukoy ng kagamitang tatagal nang average na 10 taon, at magbigay ng mga pondo para sa pagbabayad ng mga gastusin bago ang konstruksiyon, kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga paunang plano at naka-scale na drawing para sa mga pasilidad ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

Artikulo 3. Mga Tadhana sa Pananalapi ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

101144. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong ipinahintulot na ilabas o ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 101110), ang mga bonong nagkakahalaga ng dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang mga ibinabalik na bono na inilabas alinsunod sa Seksiyon 101149, o na itinuturing na kinakailangan, ay maaaring ilabas at ibenta upang makapagbigay ng pondong magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layunin sa kabanatang ito at mabayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Bonong may Pangkalahatang Obligasyonalinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Alinsunod sa seksiyong ito, dapat ibenta ng Ingat-yaman ang mga bonong ipinapahintulot ng itinakdang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon sa Seksiyon 67353, anumang oras kailanganin

ang mga ito sa mga paggasta sa serbisyo na iniaatas ng mga paglalaan.

101144.5. (a) Sa pamamagitan nito, ang mga bonong pinahihintulutan ng kabanatang ito ay dapat ihanda, pagtibayin, ibigay, ibenta, bayaran at tubusin alinsunod sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at ang lahat ng batas na maaaring isusog at idagdag dito ay isinasama sa kabanatang ito, na para bang nakasaad na ang mga ito nang buo sa kabanatang ito, maliban sa hindi dapat ilapat ang mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 16727 ng Kodigo ng Pamahalaan sa mga bonong pinahihintulutan ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang bawat ahensiya ng estado na nagbibigay ng paglalaan ng 2016 Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ay italalaga bilang ang "Iupon" para sa mga pinopondohang proyekto alinsunod sa kabanatang ito.

(c) Alinsunod sa nakalagay sa kabanatang ito, dapat ay magamit ang mga nalikom ng mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito para sa layunin ng pagpopondo ng tulong sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California para sa konstruksiyon ng mga kasakalukuyan o bagong kampus, at kaukulang sentro ng mga ito sa labas ng kampus, pinagsamang paggamit at pasilidad na pangmaramihang segment.

101145. Alinsunod sa Seksiyon 67353, dapat lang ipahintulot ng itinakdang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon ang pagpapalabas ng mga bono kung kinakailangan ito upang mapondohan ang mga nauugnay na paglalaan para sa mga layuning inilalarawan sa kabanatang ito na hayagang ipinapahintulot ng Lehislatura sa taunang Batas sa Badyet. Alinsunod sa tagubilin ng lehislatura, dapat tukuyin ng komite kung kinakailangan o tama bang magpalabas ng mga ipinahintulot na bono alinsunod sa kabanatang ito upang maisakatuparan ang mga layuning inilalarawan sa kabanatang ito, at kung ganoon nga, kung magkano ang mga bonong dapat ilabas o ibenta. Maaaring ipahintulot at ibenta ang mga susunod na ilalabas na bono upang regular na maisakatuparan ang mga paglalaang iyon, at hindi kinakailangang minsanang maibenta ang lahat ng bonong ipinahintulot na ilabas.

101145.5. Bawat taon, bukod pa sa mga ordinaryong kita ng estado, dapat ay may makolektang isang halagang katumbas ng iniaatas na halaga upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bono kada taon, sa paraan at panahon kung kailan kinokolekta ang iba pang kita ng estado. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang pagkilos upang masingil ang nabanggit na karagdagang halaga.

101146. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, may nailalaang halaga mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoriya ng Estado, na tutumbas sa kabuuan ng sumusunod:

(a) Ang kinakailangang halaga taun-taon upang mabayaran ang prinsipal at interes ng mga bonong inilabas at ibinenta alisunod sa kabanatang ito, kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Ang kinakailangang halaga upang maisakatuparan ang Seksiyon 101147.5, na inilaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

101146.5. Gaya ng inilalarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 101144.5, maaaring hilingin ng Iupon sa Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera na umutang sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera o iba pang naaprubahan nang uri ng pansamantalang pagtustos, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Hindi dapat lumampas ang halaga ng kahilingan sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono (hindi kasama ang mga ibinabalik na bono) na ipinahintulot ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon, sa pamamagitan ng isang resolusyon, na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Gaya ng inilalarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 101144.5, dapat pagtibayin ng Iupon ang anumang mga dokumentong iniaatas ng Lupon ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera upang makuha at mabayaran ang utang. Alinsunod sa kabanatang ito, ang anumang mga uutanging halaga ay dapat ideposito sa pondo, nang sa gayon ay mailaan ito ng Iupon.

101147. Sa kabila ng iba pang tadhana ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung magbebenta ang Ingat-yaman ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na may opinyon ng konseho ng bono na ibukod ang interes ng mga bono sa kabuuang kita para sa mga layunin sa buwis ng pederal, na napapailalim sa mga itinalagang kundisyon, maaaring gumawa ang Ingat-yaman ng magkakahiwalay na account para sa pamumuhunan ng mga nalikom na pondo at para sa mga kita sa pamumuhunan ng mga nalikom na iyon. Magagawa ng Ingat-yaman na gamitin o pangasiwaan ang paggamit sa mga nalikom o kitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa o iba pang bayaring iniaatas sa ilalim ng pederal na batas, o magsagawa ng iba pang pagkilos na nauugnay sa pamumuhunan at gamitin ang mga nalikom ng mga bonong iyon na iniaatas o hinihingi sa ilalim ng pederal na batas upang patuloy na hindi patawan ng buwis ang mga bonong iyon at makakuha ng iba pang benepisyo sa ilalim ng batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

101147.5. (a) Para sa mga layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito, maaaring ipahintulot ng Direktor ng Pananalapi ang pagwi-withdraw sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono (hindi kasama ang mga ibinabalik na bono) na ipinahintulot ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon na ibenta para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito. Alinsunod sa kabanatang ito, ang anumang mga iwi-withdraw na halaga ay dapat ideposito sa 2016 Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California. Ang anumang ilalabas na pera alinsunod sa seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, nang may kasamang halagang katumbas ng interes na kinita sana ng pera kung inilagay ito sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layunin ng pagsasakatuparan sa kabanatang ito.

(b) Ang anumang isusumiteng kahilingan sa Lehislatura at Kagawaran ng Pananalapi para sa mga pondo mula sa pagpapalabas ng bono na ito sa paggasta, para sa mga layuning inilalarawan sa kabanatang ito ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay dapat ibigay nang kasama ang limang taon na plano sa kapital na paglalaan na nagpapakita sa mga pangangailangan at priyoridad ng sistema ng kolehiyo ng komunidad, at binibigyang-priyoridad ayon sa estado. Ang mga kahilingan ay dapat may kasamang isang iskedyul na nagbibigay-priyoridad sa pagre-retrofit para sa lindol, na kinakailangan upang lubos na mabawasan ang mga panganib ng lindol sa mga gusaling itinuturing na malapit sa panganib ng isang partikular na kolehiyo.

101148. Ang lahat ng perang nakadeposito sa 2016 Pondo ng Bono sa Kapital na Paglalaan ng Kolehiyo ng Komunidad ng California, na galing sa hulog at naipong interes ng mga naibentang bono ay dapat ireserba sa pondo at magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban sa ang mga halaga galing sa hulog ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa halaga ng pagpapalabas ng bono bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

101149. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pagpapalabas ng mga bonong inilalarawan sa kabanatang ito ang pag-aproba sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inilabas upang ibalik ang anumang mga bonong orihinal na inilabas alinsunod sa kabatang ito, o anumang mga ibinabalik na bono na dati nang inilabas. Ang anumang ibabalik na bono gamit ang mga nalikom ng mga ibinabalik na bono na ipinahintulot ng seksiyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa hanggang sa sukdulang pinahihintulutan ng batas sa paraan at sukdulang nakalagay sa resolusyon, na pana-panahong sinususog, na nagpapahintulot sa nabanggit na ibinalik na bono.

101149.5. Sa pamamagitan nito, ipinapasiya at ipinapahayag ng mga tao

na dahil hindi "mga nalikom ng mga buwis" ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bonong ipinahintulot ng kabanatang ito, gaya ng pagkakagamit sa katawagang iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, hindi napapailalim ang pagbabayad sa mga nalikom na ito sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

SEK. 4. Mga Pangkalahatang Tadhana.

51

(a) Kung mapag-aalamang walang bisa o labag sa batas ang anumang tadhana ng batas na ito o ang anumang bahagi nito, hindi dapat maapektuhan ang iba pang mga tadhana at sa halip, dapat ay patuloy pa ring ipatupad at magkaroon ng bisa ang mga ito, sa puntong ito, maaaring paghiwa-hiwalayin ang mga tadhana ng batas na ito.

(b) Ginawa ang batas na ito upang maging komprehensibo. Kung sakaling lumabas ang batas o mga panukalang ito tungkol sa iisang paksa sa iisang pambuong-estadong balota sa halalan,ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng batas na ito. Kung sakaling makakuha ang batas na ito ng mas maraming boto ng pagsang-ayon, dapat ay ganap na mangibabaw ang mga tadhana ng batas na ito, at dapat ay mapawalang-bisa ang lahat ng tadhana ng ibang panukala o mga panukala.

PROPOSISYON 52

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

52

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Saligang-Batas ng California at nagsususog sa mga seksiyon ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon; dahil doon, ang mga kasalukuyang tadhana na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Pahayag ng mga Ipinasiya.

A. Ang pederal na pamahalaan ay nagtatag ng programang Medicaid upang makatulong na magbayad para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na ipinagkakaloob sa mga pasyenteng maliit ang kita, kabilang ang matatanda, mga taong may kapansanan at mga bata. Sa California ang programang ito ay tinatawag na Medi-Cal. Upang makatanggap ang estado ng pederal na mga pondo ng Medicaid, ang estado ay kailangang mag-ambag ng isang panumbas na halaga ng sarili nitong pera.

B. Noong 2009, ang isang bagong programa ay nilikha kung saan ang mga ospital ng California ay nagsimulang magbayad ng fee upang tulungan ang estado na makakuha ng nakahandang mga pederal na pondo ng Medicaid, walang gastos ang mga nagbabayad ng buwis ng California. Ang programang ito ay nakatulong na magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang maliit ang kita at nagresulta sa pagtanggap ng mga ospital ng California ng humigit-kumulang na $2 bilyon kada taon sa karagdagang pederal na pera upang tulungan ang mga ospital na tugunan ang mga pangangailangan ng mga pasyente ng Medi-Cal.

SEK. 2. Pahayag ng Layunin.

Upang matiyak na ang fee na ibinabayad ng mga ospital sa estado para sa layunin na palakihin hanggang maaari ang makukuhang pederal na mga panumbas na pondo ay ginagamit para sa hinahangad ng layunin, ang mga tao sa pamamagitan nito ay nagsususog sa Saligang-batas upang iatas ang pag-aproba ng botante sa programang fee sa ospital upang matiyak na ang estado ay gumagamit ng mga pondong ito para sa hinahangad na layunin na suportahan ang pangangalaga ng ospital sa mga pasyente ng Medi-Cal at upang tumulong na magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang maliit ang kita.

SEK. 3. Susog sa Saligang-batas.

SEK. 3.1. Seksiyon 3.5 ay idinaragdag sa Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California, upang mabasang:

SEK. 3.5. (a) Walang batas na nagsususog o nagdaragdag sa mga tadhana ng Batas ng 2013 sa Pagpapahusay ng Pagbabayad sa Ospital ng Medi-Cal na dapat magkabisa maliban kung aprobahan ng mga manghahalal sa paraang kapareho ng mga batas na nagsususog sa mga inisyatibong batas alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II, maliban sa ang Lehislatura ay maaari, sa pamamagitan ng batas na ipinasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong pagtawag sa pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumanga-ayon, na magsusog o magdagdag ng mga tadhana na nagsusulong ng mga layunin ng batas.

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito:

(1) "Batas" ay nangangahulugang ang Batas ng 2013 sa Pagpapahusay ng Pagbabayad sa Ospital ng Medi-Cal (pinagtibay ng Panukalang-batas 239 ng Senado ng Regular na Sesyon ng 2013–14 ng Lehislatura, at anumang di-malaking mga susog sa batas na pinagtibay ng isang mas huling panukalang-batas sa kaparehong sesyon ng Lehislatura).

(2) "Di-malaking mga susog" ay dapat lamang mangahulugan ng menor, teknikal, ukol sa gramatika, o naglilinaw na mga susog.

(3) "Mga tadhanang nagsusulong ng mga layunin ng batas" ay dapat lamang mangahulugan ng:

(A) Mga susog o dagdag na kailangan upang kumuha o magpanatili ng pederal na pag-aproba ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang fee na ipinataw at kaugnay na mga pagbabayad para sa pagtiyak ng kalidad sa mga ospital na ginawa alinsunod sa batas;

(B) Mga susog o dagdag sa paraang ginamit para sa pagbuo ng fee at mga pagbabayad para sa pagtiyak ng kalidad sa mga ospital alinsunod sa batas.

(c) Wala sa seksiyong ito na dapat magbawal sa Lehislatura sa pagpapawalang-bisa ng batas sa kabuuan nito sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong pagtawag sa pangalan na ipinasok sa talaan, dalaang-ikatlo ng mga mibyembro ang sumang-ayon, maliban sa ang Lehislatura ay hindi dapat pahintulutang pawalang-bisa ng isang buwis, fee, o pagtasa maliban kung ang katulad na batas ay:

(1) Isang tadhanang nagsusulong ng mga layunin ng batas gaya ng nilinaw dito;

(2) Ay inaprobahan ng mga manghahalal sa paraang katulad ng mga batas na nagsususog sa mga inisyatibong batas alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II.

(d) Ang mga nalikom ng fee na ipinataw ng batas at lahat ng interes na inani sa mga naturang nalikom ay hindi dapat ituring na mga kita, mga kita ng Pangkalahatang Pondo, mga nalikom sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo, o inilaang mga lokal na nalikom ng mga buwis, para sa mga layunin ng mga Seksiyon 8 at 8.5 ng artikulong ito o para sa mga layunin ng Artikulo XIII B. Ang paglalaan ng mga nalikom sa ipinagkakatiwalang pondo na tinukoy sa batas para sa mga serbisyo ng ospital sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal o ibang mga benepisyaryo sa anumang ibang katulad na pederal na programa ay hindi dapat sumailalim sa mga pagbabawal o patatakda sa mga Seksiyon 3 o 5 ng artikulong ito.

SEK. 4. Mga susog sa Batas ng 2013 sa Pagpapahusay ng Pagbabayad sa Ospital ng Medi-Cal.

SEK. 4.1. Seksiyon 14169.72 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay sinususugan upang mabasang:

14169.72. Ang artikulong ito ay dapat mawalan ng bisa kung ang alinman sa mga sumusunod ay nangyari:

(a) Ang petsa ng pagkakabisa ng isang pangwakas na pagpapasiya ng hukuman na ginawa ng alinmang hurisdiksiyon ng hukuman ng paghahabol o isang pangwakas na pagpapasiya ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos o ng pederal na mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid na ang itinatag ng fee para sa pagtiyak ng kalidad alinsunod sa artikulong ito, o Seksiyon 14169.54 o 14169.55, ay hindi maaaring ipatupad. Ang subdibisyong ito ay hindi dapat

pairalin sa anumang pangwakas na pagpapasiya na ginawa ng alinmang hurisdiksiyon ng hukuman ng paghahabol sa isang kasong dinala ng mga ospital na matatagpuan sa labas ng estado.

(b) Ang pederal na Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Mediaid ay nagkait ng pag-aproba para sa, o hindi nag-aproba sa o bago ang huling araw ng isang panahon ng programa, ang pagpapatupad ng mga Seksiyon 14169.52, 14169.53, 14169.54, at 14169.55, at ang kagawaran ay nabigong baguhin ang Seksiyon 14169.52, 14169.53, 14169.54, o 14169.55 alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 14169.53 upang tugunan ang mga iniaatas ng pederal na batas o upang kumuha ng pederal na pag-aproba.

(c) *Ang Lehislatura ay nabigong maglaan ng mga pera sa pondo sa taunang Batas sa Badyet o nabigong ilaan ang mga naturang pera sa isang nakahiwalay na panukalang-batas na pinagtibay sa loob ng tatlumpung (30) araw kasunod ng pagpapatibay ng taunang Batas sa Badyet.* ~~Ang isang pangwakas na pagpapasiya ng hukuman ng Korte Suprema ng California o alinmang Hukuman ng Paghahabol ng California na ang mga kitang nakolekta alinsunod sa artikulang ito na idinedeposito sa pondo ay alinman sa mga sumusunod:~~

~~(1) "Ang mga nalikom ng buwis ng Pangkalahatang Pondo na inilaan alinsunod sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California," gaya ng pagkakagamit sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.~~

~~(2) "Ang inilaang mga lokal na nalikom ng mga buwis," gaya ng pagkakagamit sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California.~~

(d) Ang kagawaran ay humingi pero hindi nakatanggap ng pederal na pinansiyal na paglahok para sa mga suplementong pagbabayad at ibang mga gastos na iniaatas ng artikulong ito para sa kung saan ang pederal na pinansiyal na paglahok ay hiningi.

(e) Ang isang demandang may kaugnayan sa artikulong ito ay iniharap laban sa estado at ang isang preliminaryong kautusan o ibang utos ay inisyu na nagresulta sa isang pinansiyal na kasamaan sa estado. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "pinansiyal na kasamaan sa estado" ay nangangahulugan ng alinman sa mga sumusunod:

(1) Pagkawala ng pederal ng pinansiyal na paglahok.

(2) Isang *netong* ~~gastos sa~~ Pangkalahatang Pondo *gastos na natamo dahil sa batas* ~~na kapantay o mas malaki kaysa isang-kuwarto ng 1 porsiyento ng mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo na ipinahintulot sa pinakahuling taunang Batas sa Badyet~~.

(f) Ang mga nalikom ng fee at anumang interes at mga dibidendo na kinita sa mga deposito ay hindi idinedeposito sa pondo o hindi ginagamit gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 14169.53.

(g) Ang mga nalikom ng fee, ang panumbas na halagang itinatadhana ng pederal na pamahalaan, at interes at mga dibidendo na kinita sa mga deposito sa pondo ay hindi ginagamit gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 14169.68.

SEK. 4.2. Seksiyon 14169.75 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ay sinususugan upang mabasang:

14169.75. *Sa kabila ng subdibisyon (k) ng Seksiyon 14167.35, ang mga subdibisyon (a), (i), at (j) ng Seksiyon 14167.35, na lumilikha ng pondo, ay hindi pinawawalang-bisa at dapat manatiling may bisa hanggang ang artikulong ito ay namamalaging may bisa.* ~~Sa kabila ng Seksiyon 14169.72, ang artikulong ito ay dapat mawalan ng bisa sa ika-1 ng Enero, 2018. Ang isang ospital ay hindi dapat atasang magbayad ng fee pagkaraan ng petsang iyon malinban kung ang fee ay dapat bayaran sa panahon kung kailan ang artikulo ay may bisa, at ang mga pagbabayad na ipinahintulot sa ilalim ng Seksiyon 14169.53 ay hindi dapat gawin maliban kung ang mga pagbabayad ay dapat gawin sa panahon kung kailan ang artikulo ay may bisa.~~

SEK. 5. Mga Pangkalahatang Tadhana

(a) Kung ang anumang tadhana ng panukalang ito, o bahagi nito, sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang mga natitirang tadhana ay hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatiling may buong puwersa at epekto, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

(b) Ang panukalang ito ay hinahangad na maging masaklaw. Hangarin ng mga tao na kung sakaling ang panukalang ito at ibang mga panukala na may kaugnayan sa kaparehong paksa ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang panukala ay dapat pawalang-bisa.

PROPOSISYON 53

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng isang seksiyon sa Kodigo sa Seguro; dahil doon, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tukuyin bilang Inisyatibong Walang mga Blangkong Tseke.

SEK. 2. Mga Ipinasiya at mga Pagpapahayag.

Ipinasiya at ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California ang mga sumusunod:

(a) Ang mga pulitiko ng Sacramento ay nagsangla ng ating hinaharap sa pamamagitan ng pangmatagalang mga obligasyon sa utang sa bono na mangangailangan ng mga dekada para mabayaran ng mga nagbabayad ng buwis, ating mga anak, at mga susunod na henerasyon.

(b) Sa ilalim ng mga kasalukuyang tuntunin, ang pagbebenta ng mga bono ng estado ay nangangailangan lamang na aprobahan ng mga botante kung ang mga ito ay babayaran mula sa mga pangkalahatang kita ng estado. Pero ang mga pulitiko ng estado ay maaaring magbenta ng bilyun-bilyong dolyar ng karagdagang utang sa bono nang hindi kukuha ng pag-aproba ng mga botante kung ang mga bono ay babayaran sa pamamagitan ng ispesipikong mga daloy ng kita o mga singil na ipinapataw nang tuwiran sa mga Taga-California tulad ng mga buwis, fee, presyo, tol, o renta. Ang mga pulitiko ay hindi dapat pahintulutang mag-isyu ng mga blangkong tseke na dapat bayaran ng mga Taga-California. Ang mga botante ay dapat magbigay ng nauunang pag-aproba para sa lahat ng mga desisyon sa malaking pagbebenta ng bono ng estado, dahil ang mga botante ay magbabayad sa huli ng singil.

(c) Alinsunod sa isang ulat noong 2014 mula sa isang independiyente, di-partidistang Opisina ng Manunuri ng Lehislatura ng California, ang Estado ng California ay may $340 bilyon sa pampublikong utang. (Opisina ng Manunuri ng Lehislatura, "Pagtugon sa mga Pangunahing Pananagutan ng California," Ika-7 ng Marso, 2014.) Ang mga pagbabayad ng interes at prinsipal sa ating pangmatagalang mga obligasyon sa utang ay lulumpo sa estado kung patuloy tayong gagasta sa paraang ginagawa natin ngayon—nagbabawas ng perang magagamit para sa kaligtasan ng publiko, mga paaralan, at ibang mahahalagang programa ng estado.

(d) Dagdag dito, ang mga botante ay bihirang sabihan ng mga totoong halaga ng pinopondohan-ng-bono na mga proyekto. Tayo ay sinabihan noong una na ang napakatuling tren ay gagastusan ng $9 na bilyon. Pero ngayon ang tinatantiyang gastos ay lumobo sa halos $70 bilyon. (Los Angeles Times, "Ang Malabong Hinaharap ng Napakatuling Tren ng California," Ika-14 ng

Enero, 2014.)

(e) Ang panukalang ito ay nagpapatigil sa ating krisis sa pampublikong utang sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga botante ng papel sa paggawa ng desisyon tungkol sa lahat ng mga mungkahing utang sa bono ng estado na dapat bayaran sa pamamagitan ng ispesipikong mga daloy ng kita o mga singil, ipinapataw nang tuwiran sa mga Taga-California tulad ng mga buwis, fee, presyo, tol, o renta.

SEK. 3. Pahayag ng Layunin.

Ang layunin ng panukalang ito ay kontrolin ang krisis sa pampublikong utang ng estado sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga botante ng papel sa paggawa ng desisyon sa lahat ng malalaking pinopondohan-ng-bono na mga proyekto na babayaran sa pamamagitan ng ispesipikong mga daloy ng kita o mas mataas na mga buwis, fee, presyo, tol, o renta na kinokolekta mula sa mga Taga-California, sa kanilang mga anak, at sa mga susunod na henerasyon.

SEK. 4. Seksiyon 1.6 ay idinaragdag sa Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

SEK. 1.6. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, lahat ng mga kitang bono na inisyu o ibinenta ng Estado sa isang halaga nang nag-iisa o may kasama na higit sa dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) para sa anumang nag-iisang proyekto na tinutustusan, pag-aari, pinatatakbo, o pinamamahalaan ng Estado ay dapat munang aprobahan ng mga botante sa isang pambuong-estadong halalan. "Estado" ay nangangahulugang ang Estado ng California, anumang ahensiya o kagawaran nito, at anumang ahensiya ng pinagsamang kapangyarihan o katulad na lupon na nilikha ng Estado o kung saan ang Estado ay isang miyembro. "Estado" gaya ng pagkakagamit dito ay hindi kabilang ang isang lungsod, county, lungsod at county, distrito ng paaralan, distrio ng kolehiyo ng komunidad, o espesyal na distrito. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "espesyal na distrito" ay tumutukoy lamang sa mga pampublikong entidad na binuo para sa pagganap ng mga tungkulin ng mga lokal na pamahalaan sa loob ng mga limitadong hangganan.

(b) Ang nag-iisang proyekto na dahilan kung bakit ang kitang bono ng estado ay iniisyu o ibinebenta sa isang halagang higit sa dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) ay hindi maaaring hatiin sa, o ituring na, maraming magkakahiwalay na proyekto upang iwasan ang mga iniaatas na pag-aproba ng botante na nakapaloob sa seksiyong ito. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang maraming magkakahiwalay umano na proyekto ay dapat ituring na bumubuo ng isang nag-iisang proyekto kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na pangyayari:

(1) Kung saan ang magkakahiwalay umanong proyekto ay pisikal o heograpikal na magkakatabi; o

(2) Kung saan ang magkakahiwalay umanong mga proyekto ay magiging pisikal na magkakasama o magkakakonekta sa isa't isa; o

(3) Kung saan ang isang nakahiwalay umanong proyektlo ay hindi makatutupad ng ipinahayag na layunin nito nang walang pagkumpleto ng ibang nakahiwalay umang proyekto.

(c) Ang dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) na hangganan na nakapaloob sa seksiyong ito ay dapat iakma taun-taon upang magpakita ng anumang pagtaas o pagbaba sa implasyon gaya ng sinukat ng Indise ng Presyo ng Mamimili para sa lahat ng mga Mamimili sa Lungsod (CPI-U) na inilathala ng Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa ng Estados Unidos. Ang Opisina ng Ingat-yaman ay dapat kumuwenta at maglathala ng mga pag-aakmang iniaatas ng subdibisyong ito.

SEK. 5. Liberal na Konstruksiyon.

Ang batas na ito ay dapat na liberal na bigyang-kahulugan upang makamit ang mga layunin nito.

SEK. 6. Mga Kasalungat na Panukala.

(a) Kung sakaling ang panukalang ito at ibang panukala o mga panukala na may kaugnayan sa mga iniaatas na pag-aproba ng botante para sa mga bono ng estado ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat pawalang-bisa.

(b) Kung ang panukalang ito ay aprobahan ng mga botante pero pinawalang-bisa ng batas sa pamamagitan ng anumang kasalungat na inisyatibo na inaprobahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at ang naturang kasalungat na inisyatibo ay ipinasiyang walang-bisa sa huli, ang panukalang ito ay dapat magpatupad sa sarili at bigyan ng buong puwersa at epekto.

SEK. 7. Naihihiwalay.

Ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay. Kung ang alinmang seksiyon, subseksiyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita, o ang paggamit ng batas na ito para sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa ng isang desisyon ng anumang hukuman ng may-kakayahang hurisdiksiyon, ang desisyong iyon ay hindi dapat makaapekto sa pagiging may-bisa ng mga natitirang bahagi ng batas na ito. Ang mga tao ng Estado ng California sa pamamagitan nito nagpapahayag na sila ay magpapatibay ng batas na ito at ang bawat bahagi, seksiyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita, at paggamit na hindi ipinahayag na walang-bisa o labag sa saligang-batas nang hindi isinasaalan-alang kung ang anumang bahagi ng batas o paggamit nito ay ipapahayag na walang-bisa sa huli.

SEK. 8. Depensang Pambatas.

Kung ang batas na ito ay aprobahan ng mga botante ng Estado ng California at pagkaraan ay isinailalim sa isang pagsalungat na pambatas na nagpaparatang ng isang paglabag sa pederal na batas, at ang pareho ng Gobernador at Pangkalahatang Abugado ay tumangging ipagtanggol ang batas na ito, ang mga sumusunod na aksiyon ay dapat gawin:

(a) Sa kabila ng anumang bagay na kasalungat, nakapaloob sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o anumang ibang batas, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat maghirang ng independiyenteng abugado upang matapat at masiglang ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago maghirang o maghalili pagkaraan ng independiyenteng abugado, ang Pangkalahatang Abugado ay dapat gumawa ng angkop na pagsisikap sa pagpapasiya ng mga kuwalipikasyon ng independiyenteng abugado at dapat kumuha ng nakasulat na pag-apirma mula sa independiyenteng abugado na ang independiyenteng abugado ay matapat at masiglang ipagtatanggol ang batas na ito. Ang nakasulat na pag-apirma ay dapat gawing makukuha ng publiko kapag hiniling.

(c) Ang isang patuloy na paglalaan ay ginagawa sa pamamagitan nito mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Kontroler, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, sa isang halagang kailangan upang masaklaw ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abugado upang matapat at masiglang ipagtanggol ang batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

PROPOSISYON 54

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang panukalang inisyatibo na ito ay nagsususog sa Saligang-Batas ng California at nagsususog at nagbabago sa mga seksiyon sa Kodigo ng Pamahalaan; samakatuwid, ang mga umiiral na probisyong iminungkahing tatanggalin ay nakalimbag sa ~~strikeout na uri~~ at ang mga bagong probisyong iminungkahing idagdag ay nakalimbag sa *italic na uri* upang maipakitang ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay kikilalanin at maaaring tawagin bilang Batas sa Pagiging Malinaw ng Lehislatura ng California.

SEK. 2. Mga Ipinasiya at mga Pagpapahayag.

Sa pamamagitan ay inito ay napagpasiyahan at ipinapahayag na mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

(a) Mahalaga sa pagpapanatili ng isang demokratikong lipunan na isagawa ang mga pampublikong negosyo sa bukas at pampublikong paraan, at maging ganap na kasiya-siya na, sa pamamagitan nito ay mabibigyan ang mga mamamayang ganap na masuri ang bawat panukalang batas at maipahayag ang kanilang mga pananaw hinggil sa mga merito ng panukalang batas sa kanilang mga nahalal na kinatawan, bago ito ipasa.

(b) Gayunpaman, madalas na ginagamit ang mga huling susog sa mga panukalang batas upang makapagpatuloy sa mga politikal na pabor nang walang komento o nang halos walang paunang paunawa.

(c) Bukod pa rito, madalas na naipapasa ang mga masalimuot na panukalang batas bago pa man magkaroon ang mga Miyembro ng Lehislatura ng anumang makatotohanang oportunidad upang suriin o idebate ang mga ito, na nagreresulita sa pagsasabatas na hindi napag-isipan nang maayos.

(d) Bilang karagdagan, bagama't kasalukuyang ipinagkakaloob ng Saligang-batas ng ating Estado na ang mga pamamaraan ng bawat kapulungan at komite rito ay dapat maging bukas at pampubliko, ilang mamamayan lang ang may kakayahang pumunta nang personal sa mga pambatasang pamamaraan, at maraming pambatasang pamamaraan ang natatapos nang hindi nasusubaybayan ng publiko at media, kaya't madalas ay walang rekord ng mga nasabi tungkol rito.

(e) Sa kabila nito, ang kahandaan ng modernong teknolohiya sa pagre-rekord at ang Internet, ay hindi dahilan upang manatiling halos hindi nalalaman ng mga mamamayang pinaglilingkuran nila ang mga pambatasang pamamaraan.

(f) Alinsunod dito, upang magkaroon ng pagsisiwalat, deliberasyon, debate, at kawastuan sa ating mga pambatasang pamamaraan, upang mapanatiling may alam ang ating mga mamamayan, at upang matiyak na isasagawa nang patas at bukas ang mga pambatasang pamamaraan, dapat tiyakin ng Saligang-batas ng ating Estado ang karapatan ng lahat ng tao, kabilang ang mga miyembro ng media, upang malayang makapag-rekord ng mga pambatasang pamamaraan at ipahayag, ipaskil, o kung hindi naman ay i-transmit ang mga rekord na iyon.

(g) Upang madagdagan ang karapatang makapag-rekord ng mga pambatasang pamamaraan, dapat ding atasan ang mismong Lehislatura upang gumawa at mapagskil ng mga audiovisual na rekord ng lahat ng pampublikong pamamaraan sa Internet at magpanatili ng isang archive ng mga rekord na ito, na magiging mahalagang mapagkukunan para sa publiko, media, at akademikong komunidad para sa mga susunod na henerasyon.

(h) Dapat ding sundin ng California ang pamumuno ng ibang mga estado na nag-aatas ng paunang 72 oras na panahon ng paunawa sa pagitan ng paglilimbag at paghahanda sa publiko at sa panahong pagbobotohan ang isang panukalang batas, na magbibigay-daan sa pagbubukod lang sa kaso ng isang totoong emerhensiya, gaya ng isang likas na kalamidad.

(i) Ang oportunidad para sa isang maayos at detalyadong pagsusuri ng mga panukalang batas ng publiko, media at mambabatas ay magreresulta sa mga mas mahusay na panukalang batas habang hinahadlangan ang mga politikal na paboritismo at pangangamkam ng kapangyarihan.

(j) Ang mga panukalang ito ay magkakaroon ng mas maliit na gatusin para sa mga nagbabayad ng buwis, habang binibigyan ng promosyon at mas mahusay na linaw ang ating mga pambatasang pamamaraan para sa pakinabang ng mga tao.

SEK. 3. Pahayag ng Layunin.

Sa pagpapatupad ng panukalang ito, layunin ng mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

(a) Upang maipatupad, tayo, ang mga tao, ay susubaybay sa Internet kung ano ang nangyayari at nangyari sa anuman at lahat ng pampublikong pamamaraan ng Lehislatura upang makakuha ng impormasyong kinakailan upang makalahok sa pampulitikang proseso at upang mabigyan ng pananagutan ang ating mga nahalal na kinatawan para sa kanilang mga pagkilos.

(b) Upang maipatupad, tayo, ang mga tao, ay magre-rekord at magpapaskil, kung hindi naman ay magta-transmit ng ating mga sariling rekord ng mga pambatasang pamamaraan upang makapaghikayat ng pagkakapantay-pantay sa mga pamamaraan, deliberasyon para sa mga pagpapasiya, at pananagutan ng ating mga kinatawan.

(c) Upang makapagbigay sa atin, sa mga tao, at sa ating mga kinatawan ng kinakailangang oras upang masusing suriin ang kahusayan at kakulangan ng huling bersyon ng isang panukalang batas sa botahan, sa pamamagitan ng pag-aatas ng 72 oras na pampubikong paunawa sa pagitan ng panahon ng paghahanda ng huling bersyon sa Lehislatura at sa publiko, at sa panahong kukunin ang boto, maliban sa mga kasong ng tunay na emerhensiya ng idineklara ng Gobernador.

SEK. 4. Mga Susod sa Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California.

SEK. 4.1. Ang Seksyon 7 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay sinususugan, upang mabasang:

SEK. 7. (a) Pipili ang bawat kapulungan ng mga opisyal nito at dapat nitong pagtibayin ang mga tuntunin para sa mga pamamaraan nito. Ang mayoriya ng pagkamiyembro ay bumubuo ng korum, ngunit ang isan mas maliit na bilang ay maaaring pansamantalang itigil araw-araw at iatas ang pagdalo ng mga lumiban na miyembro.

(b) Ang bawat kapulungan ay dapat magpanatili at maglathala ng isang sipi ng mga pamamaraan nito. Ang pagboto sa pagtawag nang isa-isa ng mga miyembro sa isang taong ay dapat makuha at mailagay sa sipi kung hihilingin ng 3 miyembrong naroon.

(c) (1) *Maliban kung ipinagkaloob sa talata (3),* ~~Ang~~ *ang* pamamaraan ng bawat kapulungan at ang mga komite dito ay dapat maging bukas at pampubliko. *Ang ibig sabihin, kasama sa karapatang dumalo sa mga bukas at pampublikong pamamaraan ang karapatan ng sinuman na mag-rekord sa pamamagitan ng audio o video sa anuman at lahat ng bahagi ng mga pamamaraan at upang ipahayag o kung hindi naman ay i-transmit ang mga ito; sa kundisyon na maaaring magpatupad ang Lehislatura ng mga makatwirang tuntunin alinsunod sa talataan (5) na nangangasiwa sa pagtatalaga at paggamit ng ma kagamitan para sa pagre-rekord o pamamahayag sa mga pamamaraan para sa layunin lang ng pagbabawas ng mga pagkakaantala ng mga pamamaraan. Ang anumang naagrabyadong panig ay magkakaroon ng pagkakataon upang hamunin ang mga nasabing tuntunin sa isang pagkilos para sa pagpapahayag at tulong ng utos ng hukuman, at papasanin ng Lehislatura ang pagpapakita na makatwiran ang tuntutin.*

(2) Simula sa Enero 1 ng pangalawang taon sa kalendaryo kasunod ng pagpapatibay ng talataan na ito, ang idudulot din ng Lehislatura na magkaroon ng mga audiovisual at rekord ang lahat ng pamamaraan na napapailalim sa talataan (1) sa kabuuan ng mga ito, at dapat isapubliko ang mga naturang rekord sa pamamagitan ng Internet sa loob ng 24 oras pagkatapos ng pagkakaantala o pagtatapos ng mga pamamaraan para sa buong araw, at dapat magpanatili ng isang archive ng mga naturang rekord, na napuputahan ng publiko sa pamamagitan ng Internet at mada-download sa loob ng hindi bababa sa 20 taon na tinukoy ng batas.

(3) Sa kabila ng mga talataan (1) at (2)~~Gayunpaman~~, maaaring isagawa ang mga saradong sesyon para sa mga sumusunod na dahilan lang:

(A) Upang isaalang-alang ang paghirang, pagtatrabaho, pagsusuri ng pagganap, o pag-aalis sa tungkulin ng isang pampublikong opisyal o empleyado, upang isaalang-alang o manghingi ng mga reklamo o akusasyon na idudulog laban sa Miyembro ng Lehislatura o iba pang pampublikong opisyal o empleyado, o upang isakatuparan ang klasipikasyon o kabayaran ng

54

isang empleyado ng Lehislatura.

(B) Upang isaalang-alang ang mga usaping nakakaapekto sa kaligtasan at seguridad ng mga Miyembro ng Lehislatura o ng mga empleyado nito o ang kaligtasan at seguridad ng anumang gusali o bulwagang ginagamit ng Lehislatura.

(C) Upang makipag-usap, o makatanggap ng payo, mula sa legal na abogado hinggil sa nakabinbin o makatwirang inaasahan na, o pasimulan ang isang paghahabla kapag ang pag-uusap sa isang bukas na sesyon ay hindi magpoprotekta sa mga interes ng kapulungan o komite hinggill sa paghahabla.

~~(2)~~*(4)* Maaaring magsama-sama sa isang saradong sesyon ang isang kawkus ng mga Miyembro ng Senado, Miyembro ng Asembleya, o Miyembro ng parehong kapulungan, na binubuo ng mga miyembro ng iisang partidong pulitikal.

~~(3)~~*(5)* Ang Lehislatura ay dapat magpatupad ng subdibisyon ng magkaparehong resolusyong pinagtibay sa pamamagitan ng boto sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sa sipi, dalawang-katlo ng pagkamiyembro ng sumasang-ayong kapulungan, o ayon sa batas, at ~~dapat itagubilin na, kung~~ *sakaling ang* isang saradong sesyon ay isasagawa alinsunod sa talataan ~~(1),~~ *(3), dapat itagubilin na* ang makatwirang paunawa ng saradong sesyon at dapat ipagkaloob sa publiko ang layunin ng saradong sesyon. Kung mayroong salungatan sa pagitan ng magkaparehong resolusyon at batas, ang huling pinagtibay o ipinatupad ang mangingibabaw.

(d) Walang kapulungan nang walang pahintulot ng isa pa ang maaaring mag-antala nang mahigit sa 10 araw o sa anumang iba pang lugar.

SEK. 4.2. Ang Seksyon 8 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay sinususugan, upang mabasang:

SEK. 8. (a) Sa mga regular na sesyon, walang panukalang-batas maliban sa panukalang-batas sa badyet ang dapat dinggin o ipatupad ng komite o alinmang kapulungan hanggang sa ika-31 araw na sinimulan ang panukalang-batas, maliban kung ibibigay ng kapulungan ang mga iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sa sipi, kung saan sasang-ayon ang tatlong-kapat ng pagkamiyembro.

(b) *(1)* Hindi maaaring gumawa ng batas ang Lehislatura maliban kung sa pamamagitan ng batas at hindi maaaring magpatupad ng anumang batas maliban kung sa pamamagitan ng panukalang-batas. Walang panukalang-batas ang maaaring ipasa maliban kung binasa ito ayon sa titulo sa loob ng 3 araw sa bawat kapulungan maliban na lang kung ibibigay ito ng kapulungan gamit ang iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sa sipi, kung saan sasang-ayon ang dalawang-katlo ng pagkamiyembro.

(2) Walang batas ang maaaring ipasa *o ganap na maging batas maliban kung* ~~hanggang~~ ang panukalang-batas, gamit ang *anumang* mga pagsusog ay nailathala*,* ~~at~~ naipamahagi sa mga miyembro*, at nailathala sa Internet, sa huling anyo nito, nang hindi bababa sa 72 oras bago ang pagboto, maliban kung babawiin ang panahong ito ng paunawa kung magsusumite ang Gobernador sa Lehislatura ng nakasulat na pahayag na ang pagbibigay ng panahong ito ng paunawa para sa panukalang-batas na ito ay kinakailangan upang magpatupad ng estado ng emerhensiya, ayon sa tinutukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 3 ng Artikulo XIII B, na idineklara ng Gobernador, at ng kapulungan, na may pagsasaalang-alang na pagkatapos nito, ang panukalang-batas ay ibibigay na may panahon ng paunawa para sa panukalang-batas na iyon sa pamamagitan ng hiwalay na pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sipi, kung saan sasang-ayon ang dalawang-katlo ng pagkamiyembro, bago pa ang pagboto sa panukalang-batas.*

(3) Walang panukalang-batas ang maaaring ipasa maliban, sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sa sipi, at sasang-ayon ang isang mayorya ng pagkamiyembro ng bawat kapulungan.

(c) (1) Maliban kung ipinagkaloob sa mga talataan (2) at (3) ng subdibisyon na ito, ang isang ipinatupad na batas sa isang regular na sesyon ay dapat magkaroon ng bisa sa Enero 1 kasunod ng isang 90 araw na yugto mula sa petsa ng pagpapatupad ng batas at isang ipinatupad na batas sa ika-91 araw sa pagtatapos ng espesyal na sesyon kung kailan naipasa ang panukalang-batas.

(2) Ang isang batas, maliban sa batas na nagtatalaga o nagbabago ng mga hangganan ng anumang lehislatura, pangkongreso, o iba pang distrito sa halalan, na ipinapatupad ng isang panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura sa petsa ng pagtatapos ng Lehislatura o bago ito para sa isang magkasamang recess upang muling magtipon sa pangalawang taon sa kalendaryo ng dalawang taon ng sesyon ng lehislatura, at hawak ito ng Gobernador pagkatapos ng petsang ito, ay dapat magkaroon ng bisa sa Enero 1 sa susunod na petsa ng pagpapatupad ng batas maliban kung, bago ang Enero 1, ang isang kopya ng petisyon sa reperendum ay isinumite sa Pangkalahatang Abugado alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II, kung mangyayari ito, ang batas ay magkakaroon ng bisa sa ika-91 araw pagkatapos ng pagpapatupad dito maliban kung ang petisyon at iniharap sa Kalihim ng Estado alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 9 ng Artikulo II.

(3) Ang mga batas na nagbibigay-daan sa mga halalan, mga batas na nagkakaloob ng ipinapataw na buwis o paglalaan para sa karaniwang kasalukuyang gastusin ng Estado, at mga agarang batas ay dapat magkaroon ng bisa kaagad pagkatapos ng pagpapatupad dito.

(d) Ang mga agarang batas ay iyong mga kinakailangan para sa mabilis na pangangalaga ng kapayapaan, kalusugan, at kaligtasan ng publiko. Dapat ipatupad ang isang pahayag ng impormasyon na binubuo ng pangangailangan dito sa isang seksiyon ng panukalang-batas. Dapat hiwalay na ipasa ang seksiyon at ang panukalang-batas sa bawat kapulungan, ang bawat isa ay sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa sa sipi, kung saan sumasang-ayon ang dalawang-katlo ng pagkamiyembro. Ang isang agarang batas ay maaring hindi makagawa o makapag-alis nang permanente ng anumang opisina o magbago ng suweldo, termino, o tungkulin ng anumang opisina, o magbigay ng anumang prankisya o espesyal na pribilehiyo, o makagawa ng anumang ibinigay na karapatan o interes.

SEK. 5. Mga Susod sa Kodigo ng Pamahalaan.

SEK. 5.1. Ang Seksiyon 9026.5 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang mabasang:

9026.5. *Isinasatelebisyon o iba pang audiovisual na rekord ng mga pampublikong pamamaraan.*

(a) *Ang isinasatelebisyon o iba pang mga audiovisual na rekord ng mga pampublikong pamamaraan ng bawat kapulungan ng Lehislatura at ng mga komite rito ay maaaring gamitin para sa lehitimong layunin at nang walang imposisyon ng anumang bayad na babayaran sa Estado o anumang pampublikong ahensiya o pampublikong korporasyon dito.* ~~Walang signal ng telebisyon na nasasagap ng Asembleya ang dapat gamitin para sa anumang pampulitika o pangkomersiyo na layunin, kabilang ngunit hindi limitado sa, anumang kampanya para sa elektibong pampublikong katungkula o anumang kampanyang sumusuporta o sumasalungat sa proposisyon ng balota na isinumite sa mga manghahalal.~~

~~Gaya ng pagkagamit sa seksiyon na ito, hindi kasama sa "pangkomersiyo na layunin" ang sumusunod:~~

~~(1) Ang paggamit ng signal ng telebisyon na nasasagap ng Asembleya mula sa isang kinikilalang organisasyon sa pagbabalita o anumang hindi para sa kita na organisasyon para sa mga programa na pang-edukasyon o pampublikong gawain.~~

~~(2) Ayon sa pinapahintulutan ng Asembleya, ang transmisyon ng isang ikatlong partido sa mga bayad na tagatangkilik ng isang hindi na-edit feed ng video ng signal ng telebisyon na nasasagap ng Asembleya.~~

(b) *Ang mga halagang gagastusin ng Lehislatura sa pagsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 7 at ng talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 8 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California ay dapat isama*

bilang kabuuang pinagsama-samang gastusin na pinapahintulutan sa ilalim ng Seksiyon 7.5 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California. ~~Ang sinumang tao o organisasyon na lalabag sa seksiyon na ito ay makakasuhan para sa isang maliit na pagkakasala.~~

SEK. 5.2. Ang Seksiyon 10248 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang mabasang:

10248. *Pampublikong network ng computer; iniaatas na pambatasang impormasyon.*

(a) Dapat ihanda ng Pambatasang Abogado, sa pamamagitan ng payo ng Komite ng Asembleya sa Mga Tuntunin at Komite ng Senado sa Mga Tuntunin, ang lahat ng impormasyon sa publiko sa elektronikong anyon:

(1) Ang pambatasang kalendaryo, iskedyul ng mga pandinig ng lehislaturang komite, listahan ng nakabinbing usapin sa asembleya ng magkabilang kapulungan ng Lehislatura, at listahan ng mga komite ng Lehislatura at ang mga miyembro ng mga ito.

(2) Ang teksto sa bawat ipinakilalang panukalang-batas sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon, kabilang ang bawat nasusog, naitala at hinati sa kabanata na anyo ng bawat panukalang-batas.

(3) Ang kasaysayan ng bawat panukalang-batas na ipinakilala at nasusog sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon.

(4) Ang katayuan ng bawat panukalang-batas na ipinakilala at nasusog sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon.

(5) Ang lahat ng pagsusuri ng panukalang-batas ng mga pambatasang komite kaugnay ng bawat panukalang-batas sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon.

(6) *Ang lahat ng audiovisual ng rekord ng mga pambatasang pamamaraan na ginawa ng Lehislatura alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 7 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California. Ang bawat rekord ay mananatiling napupuntahan ng publiko sa pamamagitan ng Internet at nada-download para sa isang pinakamaikling panahon ng 20 taon kasunod ng petsa kung kailan ginawa ang rekord at dapat itabi sa isang ligtas na format.*

~~(6)~~*(7)* Ang lahat ng boto na may kaugnayan sa bawat panukalang-batas sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon.

~~(7)~~*(8)* Ang anumang mensaheng veto na may kaugnayan sa isang panukalang-batas sa bawat kasalukuyang pambatasang sesyon.

~~(8)~~*(9)* Ang Mga Kodigo ng California.

~~(9)~~*(10)* Ang Saligang-Batas ng California.

~~(10)~~*(11)* Ang lahat ng batas na ipinatupad noon o pagkalipas ng Enero 1, 1993.

(b) Ang impormasyong tinukoy sa subdibisyon (a) ay ihahanda sa publiko sa pamamagitan ng pagkuha sa pinakamalaking nakikiisang pampublikong network ng computer na hindi pribado at hindi para sakita. Ihahanda ang impormasyon sa isa higit pang mga format at ng isa o higit pang pamamaraan upang magkaloob ng pinakamahusay na posibleng paggamit sa pangkalahatang publiko sa estado. Ang sinumang kukuha ay maaaring kumuha ng lahat o anumang bahagi lang ng impormasyon. Maaari ding ihanda ang impormasyon sa pamamagitan ng anumang ibang paraan ng pagkuha na magpapabilis sa pagkuha ng publiko sa impormasyon. Ang pinapanatiling impormasyon sa pambatasang sistema ng impormasyon na pinapagana at pinapanatili ng Pambatasang Abogado ay dapat ihanda sa pinakamabilis na posibleng panahon pagkatapos na ihanda ang impormasyon sa sistema ng impormasyon. Ang impormasyong hindi pinapanatili sa sistema ng impormasyon ay dapat ihanda sa pinakamabilis na posibleng panahon pagkatapos nitong maihanda sa Pambatasang Abogado.

(c) Ang anumang dokumentasyong naglalarawan ng elektronikong digital na format ng tinukoy na impormasyon sa subdibisyon (a) at nakahanda para sa publiko ay dapat ihanda sa pamamagitan ng pagkuha ng network ng computer ba tinukoy sa subdibisyon (b).

(d) Ang pansariling impormasyon na may kaugnayan sa isang tao na kumuha ng impormasyon ay maaari lang panatilihin para sa layunin ng pagkakaloob ng serbisyo sa tao.

(e) Walang bayad o anumang ibang singil ang itatakda ng Pambatasang Abogado bilang isang kundisyon sa pagkuha ng impormasyon na makukuha sa pamamagitan ng network ng computer na tinukkoy sa subdibisyon (b).

(f) Ang ipinagkakaloob ng elektroniko at pampublikong pagkuha sa pamamagitan ng network ng computer na tinukoy sa subdibisyon (b) ay dapat idagdag sa ibang elektroniko o nakalimbag na pamamahagi ng impormasyon.

(g) Walang pagkilos alinsunod sa seksiyon na ito ang dapat ituring na kapalit o ipaisantabi ang anumang copyright o iba pang pagmamay-aring interes o karapatan ng Estado ng California na nauugnay sa anuman sa impormasyong inihanda alinsunod sa seksiyong ito.

SEK. 6. Depensa ng Panukalang Inisyatibo.

SEK. 6.1. Ang Seksiyon 12511.7 *ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:*

12511.7. Depensa ng Batas sa Pagiging Malinaw ng Lehislatura ng California.

Kung ang isang pagkilos ay napag-alamang mapanghamon, sa kabuuan o sa bahagi nito, ang pagkakaroon ng bisa ng Batas sa Pagiging Malinaw ng Lehislatura ng California at ang sumusunod ay malalapat:

(a) Dapat ipagpatuloy ng Lehislatura ang pagsunod sa batas maliban kung madedeklara itong hindi naaayon sa saligang-batas alinsunod sa huling hatol ng may kapangyarihang hukuman.

(b) Maliban kung itatakda sa subdibisyon (c), dapat magtanggol ang Pangkalahatang Abugado laban sa anumang pagkilos na humahamon, sa kabuuan o sa bahagi nito, ang pagkakaroon ng bisa ng batas, at dapat itong magkaroon ng walang kundisyong batas na mamagitan sa anumang pagkilos na tumutugon sa pagkakaroon ng bisa ng batas.

(c) Kung tatanggihan ng Pangkalahatang Abugado na depensahan ang pagkakaroon ng bisa ng batas sa anumang pagkilos, dapat maghain ang Pangkalahatang Abugado ng apela mula sa, o humiling ng pagsusuri ng, anumang hatol ng anumang hukuman na tumutukoy na walang bisa ang batas, sa kabuuan o sa bahagi nito, kung kinakailangan o naaangkop upang mapangalagaan ang pinapanindigan ng estado upang madepensahan ang batas alinsunod sa tungkulin ng Pangkalahatang Abugado ayon sa saligang-batas na iyaking ang mga batas ay ganap na naipapatupad.

(d) Ang mga opisyal na may-panukala ng batas ay may walang kundisyong karapatan na makiisa, bilang tagapamagitan o tunay na partido, sa anumang pagkilos na makakaapekto sa pagkakaroon ng bisa o pagbibigay-kahulugan sa batas. Kapag tumanggi ang Gobernador at Pangkalahatang Abugado na depensahan ang pagkakaroon ng bisa ng batas, ang mga opisyal na may-panukala ay pinapahintulutan ding kumilos sa ngalan ng estado sa pagtataguyod ng interes ng estado sa pagkakaroon ng bisa ng naturang pagkilos at upang umapela mula sa anumang hatol na nagpapawalang-bisa sa batas.

(e) Walang anuman sa seksiyong ito ang humahadlang sa iba pang mga pampublikong opisyal sa pagtataguyod ng interes ng estado sa pagkakaroon ng bisa ng batas.

SEK. 7. Pagpapawalang-saysay ng anumang Nagsasalungat na Iminumungkahing Batas sa Pangunahing Halalan.

Kung magtatalaga ang Lehislatura ng isang panukala sa balota para sa pangunahing halalan para sa Hunyo 2016, na naaprubahan ng mayoriya ng mga boto doon, ang anumang probisyon ng panukalang iyon na hindi tumutugma sa, o humahadlang sa anumang paraan, sa layunin o probisyong ipinapatupad ng panukalang inisyatibong ito ay dapat ituring na walang bisa at walang legal na epekto.

SEK. 8. Pagkakabukod.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay nabubukod. Kung ang anumang

probisyon ng batas na ito o ang paggamit nito ay mapatunayang walang bisa, ang kawalan ng bisa nito ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon o aplikasyon na maaaring mabigyan ng bisa kung wala ang walang-bisang probisyon o aplikasyon. Hanggang sa hindi nililimitahan sa anumang paraan ang pagiging pangkalahatan ng nauna, idinedeklara ng mga botante (1) na ang mga susog sa Seksyon 7 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California ay hindi nabubukod mula sa mga susog ng Seksyon 8 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California, (2) na ang mga obligasyon ng Lehislatura na magdudulot ng pagpapatupad, pagsasapubliko at pagpapanatili ng mga audiovisual na rekord ng mga pambatasang pamamaraan ay nabubukod mula sa karapatan ng sinuman na irekord ang mga pamamaraan at ipahayag o kung hindi naman ay mag-transmit ng naturang mga rekord alinsunod sa mga susog sa Seksyon 7 ng Artikulo IV ng Saligang-Batas ng California, (3) na ang karapatang irekord ang mga pamamaraan ay nabubukod sa karapatang ipamahayag o kung hindi naman ay i-transmit ang mga rekord, at (4) ang ma pambatasang susog ng panukalang inisyatibo na ito ay nabubukod sa mga susog sa saligang-batas.

SEK. 9. Mga Susog.

Ang mga pambatasang probisyon ng batas ay hindi dapat susugan maliban sa pag-aproba ng mga botante, maliban kung susugan ng Lehislatura ang talataan (6) ng subdibisyon (a) ng subdibisyon 10248 ng Kodigo ng Pamahalaan upang palawigin ang pahanong papanatilihing makukuha ng publiko ang mga rekord sa pamamagitan ng Internet at nada-downlad sa pamamagitan ng pagpapasa ng batas sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag nang isa-isa na ilalagay sa sipi, kung saan sasang-ayon ang isang mayoriya ng pagkamiyembro ng bawat kapulungan.

SEK. 10. Hindi Magkakatugmang mga Proposisyon ng Balota.

(a) Kung sakaling ang panukalang inisyatibo na ito at anumang iba pang panukala o mga panukala na nauugnay sa pagiging malinaw ng pambatasang proseso na may kaugnayan sa anuman sa mga usaping tinutugunan dito ay maaaprobahan ng isang mayoriya ng mga botante sa parehong halalan, at makakatanggap ng mas maraming pagsang-ayong boto ang panukalang inisyatibong ito kumpara sa anumang iba pang panukala o mga panukala, ang kabuuan ay kokontrolin ng panukalang inisyatibo at ang iba pang panukala o mga panukala ay itituring na walang bisa at walang legal na epekto.

(b) Kung ang panukalang inisyatibo at isang pambatasang panukala na nakalagay sa balota ay naaprobahan ng Lehislatura sa pamamagitan ng mayoriya ng mga botante sa parehong halalan, ang mga susog sa saligang-batas sa panukalang inisyatibo na ito ay dapat magkontrol sa anumang pambatasang panukala na inilagay ng Lehislatura sa balota hanggang sa sumalungat, tumugma, o humadlang ang pambatasang panukala sa layunin, tunguhin o mga probisyon ng panukalang inisyatibo na ito.

(c) Kung ang panukalang inisyatibo na ito ay maaprobahan ng mga botante ngunit mapapalitan sa kabuuan o sa bahagi nito ng anumang sumasalungat na panukalang naaprobahan ng mga botante at tumatanggap ng mas maraming bilang ng pagsang-ayong boto sa parehong halalan, at ang sumasalungat na panukala o mga pumapalit na probisyon dito ay mapapatunayang walang-bisa, ang mga naunang pumapalit na probisyon ng panukalang inisyatibo na ito, hanggang sa pinapalitan na ito ng kasunod na napawalang-bisa na probisyon ng sumasalungat na panukala, ay dapat ipatupad sa sarili nito at dapat mabigyan ng ganap na pagpapatupad sa batas.

PROPOSISYON 55

Ang panukalang inisyatibong ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga pagkakaloob ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Sinususugan ng panukalang inisyatibong ito ang isang seksiyon sa Saligang-batas ng California; dahil doon, ang mga kasalukuyang pagkakaloob na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag nang nasa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong pagkakaloob na iminumungkahing idagdag ay nakalimbag nang nasa *tipong nakahilig* upang isaad na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas ng California sa Pagprotekta sa Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata ng 2016

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay kikilalanin at maaaring tawaging "Ang Batas ng California sa Pagprotekta sa Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata ng 2016 (The California Children's Education and Health Care Protection Act of 2016)."

SEK. 2. Mga Ipinasiya.

(a) Noong kamakailang resesyon, mahigit 56 na bilyong dolyar ang ikinaltas ng California sa pondo para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at iba pang mahahalagang pang-estado at lokal na serbisyo. Dahil sa mga kaltas na ito sa pondo, libu-libong guro ang nawalan ng trabaho, lumaki ang mga sukat ng klase, tumaas ang matrikula sa kolehiyo, at nabawasan ang mahahalagang serbisyo. Nakatulong ang mga pansamantalang pagtataas ng buwis na ipinasa ng mga botante sa California noong 2012 upang bahagyang mapagaan ang pagkawala ng ilang pondo, ngunit magsisimula nang ihinto ang pagpapataw ng mga buwis na iyon sa katapusan ng 2016, na hahantong sa mas marami pang kakulangan at mas malaking kaltas sa pondo para sa mga paaralan.

(b) Maliban na lang kung kikilos tayo ngayon upang pansamantalang palawigin ang pagpapataw ng mga kasalukuyang antas ng buwis sa kita sa pinakamayayamang taga-California, mahaharap na naman sa mga panibagong kaltas sa pondo ang ating mga pampublikong paaralan dahil sa nawalang kita na nagkakahalaga ng bilyun-bilyong dolyar kada taon. Sagad ang naging kaltas sa pondo para sa mga pampublikong paaralan noong panahon ng resesyon. Nagsisimula pa lang makabawi ang ating mga paaralan at kolehiyo, at sinusubukan dapat nating protektahan ang pagpopondo para sa edukasyon sa halip na sagarin itong muli. Maaari nating hayaang huminto ang pagpapatupad ng pansamantalang pagtaas ng buwis sa pagbebenta upang matulungan ang mga nagtatrabahong pamilya, ngunit hindi ito ang tamang panahon upang bigyan ng pagkakataon ang pinakamayayamang tao sa California na makatipid sa buwis, isang bagay na hindi nila kailangan at hindi kakayanin ng ating mga paaralan.

(c) Nakasalalay ang hinaharap ng California sa tagumpay ng siyam na milyong bata na naninirahan dito. Ang bawat bata sa California ay karapat-dapat magkaroon ng patas na pagkakataong maging matagumpay sa kanilang paglaki. Ngunit upang magtagumpay ang mga bata pagdating nila ng hustong gulang, dapat silang magkaroon ng pagkakataong makakuha ng de-kalidad na edukasyon at pangangalagang pangkalusugan.

(d) Para sa mga bata, ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ay mahalaga at nakasalalay sa isa't isa. Mahalaga ang pagkakataong makakuha ng de-kalidad na edukasyon sa tagumpay ng mga bata sa California. Kahit sa mga nakakasapat na paaralan, hindi makakapag-aral ang mga bata kung hindi sila makakapasok sa eskwela dahil sa sakit. At ang mga batang lumalaki sa mga komunidad na walang sapat na pangangalagang pangkalusugan ay mas malamang na magkasakit o magkaroon ng mga pangmatagalang kundisyong medikal na hahadlang sa kanila upang regular silang makapasok sa eskwela.

(e) Magkakaroon din ng negatibong epekto sa pananalapi ng California ang paglalaan ng hindi sapat na pondo para sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan. Ang bawat bagong dolyar mula sa estado na ginagastos sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bata ay awtomatikong tinutumbasan ng pondo mula sa pederal na pamahalaan. Ang ibig sabihin nito, bawat taon, hindi nakakatanggap ang California ng bilyung-bilyong dolyar na halaga ng pondong panumbas mula sa pederal na pamahalaan na maaaring gamitin upang matiyak na makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan ang mga bata at ang kanilang mga pamilya.

(f) Ayon din sa mga pananaliksik, mas lumalaki ang tsansa ng mga bata na magtagumpay sa paaralan at sa buhay kung maaga silang makakakuha ng de-kalidad na edukasyon. Dapat pang magsumikap ang California

upang matiyak na makukuha ng mga bata sa estado ang edukasyon at pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila upang yumabong at makamit ang kanilang sukdulang potensyal.

(g) Halimbawa, ang mga pampublikong paaralan sa California ang may pinakamaraming estudyante sa buong bansa. Kagula-gulantang na ang mga sukat ng klase ay mas malaki nang 80 porsiyento kaysa sa average sa bansa. Nabawasan ng 50 porsiyento ang bilang ng mga taga-California na nag-aaral upang maging mga guro sa hinaharap sa nakalipas na limang taon habang patuloy namang lumaki ang sukat ng mga klase.

(h) Gayundin, malaki ang ikinaltas sa mga badyet ng mga kolehiyo ng komunidad sa California noong panahon ng Great Recession, dahilan upang humina ang kakayahan ng mga bata sa California—lalo na ang mga batang galing sa mga pamilyang mababa ang kita—na makatanggap ng pagsasanay para sa trabaho at ng abot-kaya at kinakailangang pag-aaral sa kolehiyo.

(i) Lagi na lang hindi sapat ang pondong inilalaan ng California sa pangangalagang pangkalusugan. Sa 50 estado, nasa ika-48 ang California pagdating sa paggasta sa pangangalagang pangkalusugan, kaya naman nagiging mahirap para sa mga bata at sa kanilang mga pamilya, sa mga nakatatanda, at sa mga may kapansanan na makakuha ng pangangalagang pangkalusugan. Dahil sa hindi sapat na pagpopondo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata, mas malaki ang tsansa ng pagkakaroon ng malubhang sakit at mas malalaki at pangmatagalang gastos sa pagpapagamot. Kung mas mahusay ang pagbabayad para sa mga serbisyong pangkalusugan, mas madaling matitiyak na makakapagpatingin sa mga doktor at sa mga ospital ang mga bata. At kapag nagsara ang isang ospital o tanggapan ng doktor dahil sa tuluy-tuloy na kakulangan sa pagpopondo, magsasara ito para sa lahat ng nasa komunidad na iyon.

(j) Pansamantalang pinapalawig ng Batas ng California sa Pagprotekta sa Edukasyon at Pangangalagang Pangkalusugan ng mga Bata ng 2016 ang pagpapataw ng mas matataas na antas ng buwis sa kita sa mga mag-asawang kumikita nang mahigit sa kalahating milyong dolyar kada taon—ang mga taong may pinakasapat na kakayahang bayaran ito—upang matulungan ang lahat ng bata sa California na manatiling malusog, manatili sa mahuhusay na pampublikong paaralan, at magkaroon ng pagkakataong makakuha ng mas mataas na edukasyon.

(k) Sa panukalang ito, hindi tataasan ang buwis ng sinumang wala pang $250,000 ang kinikita. Hindi nito pinapalawig ang mga pansamantalang pagtataas ng buwis sa pagbebenta na inaprubahan ng mga botante noong 2012.

(*l*) Ang kita sa buwis sa kita, ayon sa Saligang-batas ng California, ay garantisadong didiretso sa mga lokal na distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad, at tutulong sa estado na bayaran ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang mababa ang kita at mga pamilya nila. Ginagawang available ang pagpopondo ng estado upang makatulong na ibalanse ang badyet at pigilan ang mas malalaki pang kaltas sa pondo ng mga serbisyo para sa mga nakatatanda, mga batang mababa ang kita, mga nagtatrabahong pamilya, at mga may-ari ng maliit na negosyo. Makikinabang ang lahat.

(m) Upang matiyak na ang lahat ng pondong ito ay mapupunta lang sa pinaglaanan ng mga botante, inilalagay ang mga ito sa isang espesyal na pondo na hindi maaaring gamitin ng Lehislatura sa ibang mga layunin. Hindi maaaring gastusin ang alinman sa mga kita na ito sa burukrasya ng estado o mga gastos na pampangasiwaan.

(n) Sasailalim ang mga pondong ito sa hiwalay na pagsusuri taun-taon upang matiyak na gagastusin lang ang mga ito sa mga layuning nakalagay sa panukalang ito. Uusigin at papatawan ng mga kriminal na parusa ang inihalal na mga opisyal kung gagamitin nila ang mga pondo sa maling paraan.

(o) Nakaranas ng malalaking pagbabago sa badyet ang California sa nakalipas na 15 taon, kung saan nagkaroon ng malalaking kakulangan at kaltas sa pondo pagkatapos ng Dot-Com bust (panahon ng pagkalugi ng mga negosyong nagpapatakbo sa Internet) at Great Recession. Kapag pinanatili ang nakareserbang pondo ng estado, mababalanse ang badyet, maiiwasan ang mga biglaang pagtaas at pagbaba na nangyari sa nakaraan, at mapoprotektahan ang ating mga anak, nakatatanda, at may kapansanang taga-California laban sa pagkakaltas sa pondo para sa paaralan at pangangalagang pangkalusugan sa mga pagkakataong hihina ang ekonomiya sa hinaharap.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

(a) Ang pangunahing layunin at hangarin ng mga botante sa pagpapatibay ng panukalang ito ay upang maiwasan ang mga pagkakaltas sa pondo na makakapagpasama sa kalidad ng edukasyon at pagtuturo sa mga lokal na pampublikong paaralan ng California, at upang makapagkaloob ng sapat na pondo para sa mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at miyembro ng pamilya na mga legal na residente ng California.

(b) Ginawa ang panukalang ito upang protektahan ang ating mga anak sa pamamagitan ng pansamantalang pagpapalawig ng pagpapataw ng mga kasalukuyang antas ng buwis sa kita sa mayayamang taga-California, sa halip na hayaang makatipid nang malaki sa buwis ang mga mag-asawang kumikita nang mahigit sa kalahating milyong dolyar kada taon, o ang mga indibidwal na kumikita nang mahigit sa isang kapat na milyon. Sa halip ng pagbabalik ng pera sa bulsa ng mayayaman, ilalagay ng panukalang ito ang pera sa isang espesyal na account na dapat gastusin nang eksklusibo para sa pagtiyak na magkakaroon ng pagkakataon ang bawat bata sa California na makakuha ng de-kalidad na pampublikong edukasyon at de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan na kailangan upang manatili sila sa paaralan at matuto sila.

(c) Ginawa ang panukalang ito upang patuloy na magkaroon ang California ng balanseng badyet at maaasahang pondo para sa mga paaralan, kolehiyo ng komunidad, at pangangalagang pangkalusugan, na makakapigil sa pagbalik sa panahon kung saan palagi na lang kulang ang badyet at kinakaltasan ang mga pondo.

(d) Ginagarantiyahan ng panukalang ito sa Saligang-batas na ang mga kikitain nito para sa mga paaralan ay diretsong ibibigay sa mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad para sa mga gastos sa silid-aralan, hindi sa mga gastos na pampangasiwaan. Hindi maaaring suspindihin o hindi ibigay ang pondong ito ng paaralan anuman ang mangyari sa badyet ng estado.

(e) Ginagarantiyahan ng panukalang ito sa Saligang-batas na ang mga kikitain nito para sa pangangalagang pangkalusugan ay gagastusin bilang pandagdag sa kasalukuyang pondo ng estado para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kwalipikado para sa pondong panumbas mula sa pederal na pamahalaan.

(f) Ang lahat ng kikitain mula sa panukalang ito ay sasailalim sa lokal na pagsusuri taun-taon, at sa pagsuusuri ng hiwalay na Controller upang matiyak na gagamitin lang ang mga ito para sa mga layuning nakalagay sa panukalang ito.

SEK. 4. Sinusugan ang Seksiyon 36 ng Artikulo XIII Saligang-batas ng California upang maging:

SEK. 36. (a) Para sa mga layunin ng Seksiyong ito:

(1) Ang "Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko" ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

(A) Pagkuha at pagsasanay ng mga opisyal para sa kaligtasan ng publiko, kasama na ang mga tauhan para sa pagpapatupad ng batas, mga abugadong nakatalaga sa mga kriminal na paglilitis, at mga tauhan para sa seguridad ng hukuman.

(B) Pamamahala sa mga lokal na kulungan at pagbibigay ng pabahay, paggamot, at mga serbisyo para sa, at pangangasiwa sa, mga kabataan at nasa hustong gulang na nagkasala.

(C) Pagpigil sa pang-aabuso, pagpapabaya, o pananamantala sa mga

bata; pagbibigay ng mga serbisyo sa mga bata at kabataang inaabuso, napapabayaan o sinasamantala, at sa mga pamilya ng mga batang iyon; pagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aampon; at pagbibigay ng mga serbisyo sa pagprotekta sa mga nasa hustong gulang.

(D) Pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa mga bata at nasa hustong gulang upang mabawasan ang mga pagkakamali o pagbagsak sa paaralan, pananakit sa sarili o sa iba, kawalan ng tirahan, at mga maiiwasang pagkakakulong o pagpapasok sa mga institusyon.

(E) Pagpigil, paggamot, at pagbibigay ng mga serbisyo sa pagbawi sa mapang-abusong paggamit ng alak at droga.

(2) Ang ibig sabihin ng "Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011" ay batas na pinagtibay noong Setyembre 30, 2012 o bago ang petsang ito, upang ipatupad ang plano sa badyet ng estado, na may titulong Muling Pagtutugma ng 2011 at nagtatakda ng pagtatalaga ng mga responsibilidad ng Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko sa mga lokal na ahensiya, kasama na ang mga nauugnay na responsibilidad sa pag-uulat. Ang batas ay magbibigay sa mga lokal na ahensiya ng kakayahang baguhin at kontrolin ang disenyo, pangangasiwa, at paghahatid ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Publiko sa anumang paraan na naaayon sa batas at mga iniaatas sa pagpopondo ng pederal na pamahalaan, gaya ng mapagpapasyahan ng Lehislatura. Gayunpaman, ang Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 ay hindi kabibilangan ng mga bagong programang nakatalaga sa mga lokal na ahensiya pagkatapos ng Enero 1, 2012, maliban sa programa ng maagang pana-panahong pag-screen, diagnosis, at paggamot (early periodic screening, diagnosis, and treatment o EPSDT) at pinamamahalaang pangangalaga para sa kalusugan ng isip.

(b) (1) Maliban sa nakatakda sa subdibisyon (d), simula sa taon ng pananalapi ng 2011–12 at magpapatuloy pagkatapos noon, idedeposito ang mga sumusunod na halaga sa Lokal na Pondo ng Kita ng 2011, gaya ng itinakda ng Seksiyon 30025 ng Kodigo ng Pamahalaan, gaya ng sumusunod:

(A) Ang lahat ng kita, kung saan naibawas na ang mga balik-bayad, na nakuha sa mga buwis na inilalarawan sa Seksiyon 6051.15 at 6201.15 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, gaya ng pagkakasulat sa mga seksiyong iyon noong Hulyo 1, 2011.

(B) Ang lahat ng kita, kung saan naibawas na ang mga balik-bayad, na nakuha sa mga bayad sa lisensiya ng sasakyan na inilalarawan sa Seksiyon 11005 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, gaya ng pagkakasulat sa seksiyong iyon noong Hulyo 1, 2011.

(2) Sa Hulyo 1, 2011 at pagkatapos ng petsang ito, ang mga kitang naideposito alinsunod sa talataan (1) ay hindi ituturing na mga kita ng Pangkahalatang Pondo o mga nalikom ng mga buwis para sa mga layunin ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.

(c) (1) Ang mga pondong naideposito sa Lokal na Pondo ng Kita ng 2011 ay tuluy-tuloy na gagamitin nang eksklusibo upang pondohan ang pagkakaloob ng Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko ng mga lokal na ahensiya. Bago ganap na ipatupad ang Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, maaari ding gamitin ang mga pondo upang bayaran ang Estado para sa mga nagastos sa programa sa pagbibigay ng Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko sa ngalan ng mga lokal na ahensiya. Ang pamamaraan para sa paglalaan ng mga pondo ay tutukuyin sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011.

(2) Ang ingat-yaman ng county, ingat-yaman ng lunsod at county, o iba pang naaangkop na opisyal ay gagawa ng Lokal na Pondo ng Kita ng County ng 2011 sa kabang-yaman ng bawat county o lunsod at county. Ang pera sa bawat Lokal na Pondo ng Kita ng County ng 2011 ay eksklusibong gagamitin upang pondohan ang pagkakaloob ng Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko ng mga lokal na ahensiya gaya ng tinukoy sa Batas sa Muling Pagtatalaga ng 2011.

(3) Sa kabila ng Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B, o anupamang pagkakaloob ayon sa saligang-batas, ang isang utos kaugnay ng bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa isang lokal na ahensiya na ipinapatupad ng Batas sa Muling Pagtatalaga ng 2011, o ng anumang regulasyong pinagtibay o anumang utos ng tagapagpaganapp o pampangasiwaang direktiba na ibinigay upang ipatupad ang batas na iyon, ay hindi nangangahulugan na magkakaroon ng utos na nag-aatas sa Estado na magbigay ng pondo mula sa pamahalaan na sakop ng ibig pakahulugan ng seksiyong iyon. Ang anumang pag-aatas sa isang lokal na ahensiya na sumunod sa Kabanata 9 (simula sa Seksiyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo ng Pamahalaan, kaugnay sa pagtupad sa mga responsibilidad nito sa Mga Serbisyo para sa Kaligtasan ng Publiko, o anupamang usapin, ay hindi magiging utos na maaaring bayaran sa ilalim ng Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B.

(4) (A) Ang batas na naipatupad na pagkatapos ng Setyembre 30, 2012, na nagdulot ng pangkalahatang paglaki ng mga gastos na binabayaran na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ayon sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 ay iiral sa mga lokal na ahensiya hangga't ang Estado ay magbibigay ng taunang pagpopondo para sa inilaki ng gastos. Hindi oobligahin ang mga lokal na ahensiya na magbigay ng mga programa o antas ng serbisyo na iniaatas ng batas, na inilalarawan sa subparagraph na ito, na mas mataas sa antas na napaglaanan ng pondo.

(B) Ang mga regulasyon, utos ng tagapagpaganap, o pampangasiwaang direktiba, na ipinatupad pagkatapos ng Oktubre 9, 2011, na hindi kailangan upang ipatupad ang Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 at nagdudulot ng pangkalahatang paglaki ng gastos na binabayaran na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ayon sa Batas sa Muling Pagtutugma n 2011, ay iiral para sa mga lokal na ahensiya hangga't ang Estado ay magbibigay ng taunang pagpopondo para sa inilaki ng gastos. Hindi oobligahin ang mga lokal na ahensiya na magbigay ng mga programa o antas ng serbisyo alinsunod sa mga bagong regulasyon, utos ng tagapagpaganap, o pampangasiwaang direktiba, na inilalarawan sa subparagraph, na mas mataas sa antas na napaglaanan ng pondo.

(C) Ang anumang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo na ibinibigay ng mga lokal na ahensiya, gaya ng inilalarawan sa subparagraph (A) at (B), na mas mataas sa antas na napaglaanan ng pondo, ay hindi mangangailangan ng pondo mula sa pamahalaan ng Estado at hindi rin mapapailalim sa Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B. Hindi iiral ang talataang ito sa batas na kasalukuyang hindi saklaw ng pagbibigay ng pondo mula sa pamahalaan sa ilalim ng talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B gaya ng pagkakasulat sa talataang iyon noong Enero 2, 2011.

(D) Ang Estado ay hindi maghaharap ng anumang plano o pagtalikdan, o susog sa mga plano o pagtalikdang iyon, sa pamahalaan na magdudulot ng pangkalahatang paglaki ng gastos na binabayaran ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ayon sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, hangga't ang mga plano, pagtalikdan, o susog ay iniaatas ng batas na pederal, o ang Estado ay magbibigay ng taunang pagpopondo para sa inilaki ng gastos.

(E) Hindi aatasan ang Estado na magbigay ng pondo alinsunod sa talataang ito para sa isang utos na ipinatupad ng Estado ayon sa hiling ng isang lokal na ahensiya o upang makasunod sa batas na pederal. Ang mga pondo ng estado na hinihingi ng talataang ito ay magmumula sa isang pinagkukunang iba pa sa mga inilalarawan sa subdibisyon (b) at (d), mga buwis sa ari-arian na batay sa halaga, o sa Subaccount ng mga Serbisyong Panlipunan ng Kuwenta ng Buwis sa Pagbebenta ng Lokal na Pondo ng Kita.

(5) (A) Para sa mga programang inilalarawan sa subparagraph (C) hanggang (E), kasama ang lahat, ng talataan (1) ng subdibisyon (a) at kasama sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, kung magkakaroon ng mga pagbabago sa mga batas o regulasyon ng pederal na pamahalaan na magdudulot ng mga pagbabago sa mga kundisyon ng pagkuha ng panumbas na pondo ng pederal na pamahalaan gaya ng inilalarawan sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, at magdudulot ng pangkalahatang paglaki ng nagagastos ng isang lokal na ahensiya, ang Estado ay magbibigay taun-taon ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng bahagi ng mga gastos na iyon na hindi mula sa pederal na pamahalaan ayon sa mapagpapasyahan ng Estado.

(B) Kapag ang Estado ay isang partido sa anumang reklamong iniharap sa isang pederal na paglilitis ng hukuman o pangasiwaan na kinasasangkutan ng isa o higit pa sa mga programang inilalarawan sa subparagraph (C)

hanggang (E), kasama ang lahat, ng talataan (1) ng subdibisyon (a) at kasama sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, o may kasunduan o utos ng hukuman o pangasiwaan na nagpapataw ng gastos na perang multa o nagdudulot ng pangkalahatang paglaki ng gastos na binabayaran na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ayon sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, ang Estado ay magbibigay taun-taon ng hindi bababa sa 50 porsiyento ng bahagi ng mga gastos na iyon na hindi mula sa pederal na pamahalaan ayon sa mapagpapasyahan ng Estado. Hindi kailangang magbayad ng Estado kung matutukoy ng Estado na ang kasunduan o utos ay nauugnay sa pagkabigo ng isa o higit pang mga lokal na ahensiya na isagawa ang isang gampanin ayon sa batas, sa pagkabigo nitong gawin nang matapat ang isang obligasyon ayon sa batas, o sa pagkilos nito nang pabaya o walang ingat.

(C) Ang mga pondo ng estado na ipinagkakaloob sa talataang ito ay magmumula sa mga pinagkukunan ng pondo na iba pa sa mga inilalarawan sa subdibisyon (b) at (d), mga buwis sa ari-arian na batay sa halaga, o sa Subaccount ng mga Serbisyong Panlipunan ng Kuwenta ng Buwis sa Pagbebenta ng Lokal na Pondo ng Kita.

(6) Kung hindi maisasagawa ng Estado o ng isang lokal na ahensiya ang isang tungkulin o obligasyon alinsunod sa seksiyong ito o alinsunod sa 2011 Batas ng Muling Pagtutugma, magagawa ng isang naaangkop na partidong humiling ng tulong mula sa hukuman. Uunahing bigyan ng priyoridad ang mga pamamaraang ito kaysa sa lahat ng iba pang mga bagay na sibil.

(7) Ang mga nakadepositong pondo sa isang Pondo ng Lokal na Kita ng County 2011 ay dapat gastusin sa paraang idinisenyo upang mapanatili ang pagiging karapat-dapat ng Estado para sa mga pondong panumbas ng pederal, at matiyak na susunod ang Estado sa mga angkop na pamantayan ng pederal na sumasaklaw sa tadhana ng Estado tungkol sa mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko ng Estado.

(8) Hindi dapat gamitin ng mga lokal na ahensiya ang mga nakadepositong pondo sa isang Pondo ng Lokal na Kita ng County 2011 bilang isang pamalit sa ibang pagpopondo para sa Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko.

(d) Kung mababawasan o hindi na magagamit ang mga buwis na inilalarawan sa subdibisyon (b), dapat ay maglagay ang Estado ng mga pera sa Pondo ng Lokal na Kita 2011 taun-taon ng halagang katumbas ng, o mas malaki sa pinagsama-samang halaga na kinita sana ng mga buwis na inilalarawan sa subdibisyon (b). Ang paraan ng pagtukoy sa halagang iyon ay ilalarawan sa 2011 Batas ng Muling Pagtutugma, at maoobliga ang Estado na ilabas ang halagang iyon hangga't inaatasan ang mga lokal na ahensiya na isagawa ang mga responsibilidad sa Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko na itinalaga ng 2011 Batas ng Muling Pagtutugma. Kung hindi mailalaan ng Estado ang halagang iyon taun-taon, ililipat ng Tagapamahala ang naturang halaga sa Pondo ng Lokal na Kita 2011 mula sa Pangkalahatang Pondo sa mga buwanang parte sa proporsiyonal na paraan. Pagkaraan nito, hahatiin ng Tagapamahala ang mga halagang ito sa mga lokal na ahensiya sa paraang iniaatas ng 2011 Batas ng Muling Pagtutugma. Magiging mas mababa ang priyoridad ng paghahabol ng mga obligasyon ng estado sa ilalim ng subdibisyon na ito sa pera sa Pangkalahatang Pondo, kaysa sa unang priyoridad na maglaan ng pera alinsunod sa Seksiyon 8 ng Artikulo XVI at sa ikalawang priyoridad na bayaran ang mga utang at liabilidad na inaprubahan ng mga botante na inilalarawan sa Seksiyon 1 ng Artikulo XVI.

(e) (1) Upang matiyak na hindi maaapektuhan ang pampublikong edukasyon sa proseso ng pagbibigay ng kinakailangang proteksyon sa mga lokal na Serbisyo ng Kaligtasan ng Publiko, sa pamamagitan nito, ginagawa ang Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon sa Pangkalahatang Pondo upang matanggap at maibigay ang mga kita mula sa mga regular na pagtaas ng mga buwis na ipinapataw ng seksiyong ito, gaya ng nakasaad sa subdibisyon (f).

(2) (A) Bago ang Hunyo 30, 2013, at bago ang Hunyo 30 ng bawat taon mula 2014 hanggang ~~2018~~ *2030*, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, gagawa ang Direktor ng Pananalapi ng isang pagtataya ng kabuuang halaga ng mga karagdagang kita, nang hindi kasama ang mga isasauling pera, na makukuha mula sa mga regular na pagtaas ng mga antas ng buwis sa subdibisyon (f), na maaari nang ilipat sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon sa susunod na taon ng pananalapi. Muling gagawa ang Direktor ng Pananalapi ng pagtataya ng mga karagdagang kita, nang hindi kasama ang mga isasauling pera, bago ang Enero 10, 2013, at matatanggap ito sa pagtatapos ng taon ng pananalapi 2012–13.

(B) Sa huling 10 araw ng ikatlong buwan ng bawat isa sa unang tatlong buwan ng bawat taon ng pananalapi mula 2013–14 hanggang ~~2018–19~~ *2030–31*, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, ililipat ng Tagapamahala sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon, alinsunod sa napapailalim na talataan (A) para sa taon ng pananalapi na iyon, ang isang kapat ng tinatayang kabuuang halaga, maliban sa maaaring iangkop ang halagang ito alinsunod sa napapailalim na talataan (D).

(C) Sa bawat isa sa mga taon ng pananalapi mula 2012–13 hanggang ~~2020–21~~ *2032–33*, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, magkakalkula ang Direktor ng Pananalapi ng halaga para sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon, gaya ng nakasaad sa napapailalim na talataan (D), sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa mga sumusunod na halaga, kung naaangkop:

(i) Sa huling ikatlong buwan ng bawat taon ng pananalapi mula 2012–13 hanggang ~~2018–19~~ *2030–31*, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, muling kakalkulahin ng Direktor ng Pananalapi ang naging pagtataya nito para sa taon ng pananalapi alinsunod sa napapailalim na talataan (A), pagkatapos ay ikakaltas niya sa napapanahong pagtataya na ito ang mga halagang dati nang nailipat sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon para sa taon ng pananalapi na iyon.

(ii) Sa Hunyo 2015 at tuwing Hunyo mula 2016 hanggang ~~2021~~ *2033*, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, gagawa ang Direktor ng Pananalapi ng pinal na pagpapasiya kaugnay ng halaga ng mga karagdagang kita, nang hindi kasama ang mga isasauling pera, mula sa mga regular na pagtaas ng mga antas ng buwis sa subdibisyon (f) para sa taon ng pananalapi na magtatapos dalawang taon bago ang taon sa panahong iyon. Ang halaga ng napapanahong pagtataya na makakalkula sa sugnay (i) para sa taon ng pananalapi na magtatapos dalawang taon bago ang taon sa panahong iyon ay ikakaltas mula sa halaga ng pinal na pagpapasiya na ito.

(D) Kung positibo ang matutukoy na halaga alinsunod sa napapailalim na talataan (C), maglilipat ang Tagapamahala ng halagang katumbas ng halagang iyon sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon sa loob ng 10 araw bago matapos ang taon ng pananalapi. Kung negatibo ang matutukoy na halaga, sususpindihin o kakaltasan ng Tagapamahala ang mga susunod na paglilipat kada tatlong buwan, kung mayroon man, sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon hangga't hindi nagiging magkatumbas ang kabuuang ikakaltas at ang negatibong halaga na inilalarawan dito. Para sa mga layunin ng anumang kalkulasyon na gagawin alinsunod sa sugnay (i) ng napapailalim na talataan (C), hindi dapat baguhin ang halaga ng ililipat kada tatlong buwan upang maipakita ang anumang sinuspinde o kinaltas na halaga alinsunod sa napapailalim na talataang ito.

(E) Bago ang Hunyo 30, 2018, at bago ang Hunyo 30 ng bawat taon mula 2019 hanggang 2030, kasama ang lahat ng petsang sinasaklaw nito, gagawa ang Direktor ng Pananalapi ng isang pagtataya ng kabuuang halaga ng mga karagdagang kita, nang hindi kasama ang mga isasauling pera, na makukuha sa susunod na taon ng pananalapi mula sa mga regular na pagtaas ng mga antas ng buwis sa subdibisyon (f), na kapag isinama sa lahat ng iba pang kita ng Pangkalahatang Pondo ay kakailanganing tumugon sa sumusunod:

(i) Ang minimum na garantiya sa pagpopondo ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI para sa susunod na taon ng pananalapi na iyon; at

(ii) Ang badyet sa pagpapatakbo para sa susunod na taon ng pananalapi na iyon, hindi kasama ang anumang mga paggasta sa programa na natugunan na sa pamamagitan ng sugnay (i). Para sa mga layunin ng seksiyong ito, at ayon sa pagkakagamit at pagpapakahulugan ng Kagawaran ng Pananalapi noong Enero 1, 2016, ang "badyet sa pagpapatakbo" ay tumutukoy sa nakasaad sa Seksiyon 13308.05 ng Kodigo ng Pamahalaan basta't ang

"mga serbisyong ipinapahintulot sa kasalukuyan" ay tumutukoy lang sa mga serbisyong ituturing sana bilang "mga serbisyong ipinapahintulot sa kasalukuyan" alinsunod sa Seksiyon 13308.05 ng Kodigo ng Pamahalaan sa Enero 1, 2016.

(F) Upang mas magawa ng lahat ng batang nag-aaral sa California at ng kanilang mga pamilya na makatanggap ng regular at de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at maiwasan ang pagliban sa paaralan dahil sa mga problemang nauugnay sa kalusugan, sa tuwing matutukoy ng Direktor ng Pananalapi na mas malaki ang halagang maaari nang ilipat sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon sa susunod na taon ng pananalapi kaysa sa halaga ng mga kitang kinakailangan sa account na iyon alinsunod sa napapailalim na talataan (E) para sa susunod na taon ng pananalapi ng iyon, tutukuyin ng direktor ang matitirang halaga. Ang limampung porsiyento ng matitirang halaga, hanggang sa maximum na dalawang bilyong dolyar sa anumang isang taon ng pananalapi, ay ilalaan ng Tagapamahala sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon kada tatlong buwan upang tumaas ang pondo para sa mga kasalukuyang programa at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inilalarawan sa Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksiyon 14000) hanggang Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 14700), kasama ang lahat ng napapaloob dito, ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon. Dapat lang gamitin ang naturang pondo para sa mahahalaga, emerhensiya, malala at pang-iwas sa sakit na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga bata at sa kanilang mga pamilya, na ibinibigay ng mga lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at pasilidad ng kalusugan alinsunod sa Seksiyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at sa mga planong pangkalusugan at iba pang namamahala sa pagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na may kontrata sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na magbigay ng mga benepisyong pangkalusugan alinsunod sa seksiyong ito.

(G) Ang paglalaan na nakasaad sa napapailalim na talataan (F) ay maaaring suspindihin sa pamamagitan ng isang batas sa isang taon ng pananalapi kung kailan may idineklarang isang emerhensiya sa badyet, basta't hindi kakaltasan ang naturang paglalaan nang mahigit sa proporsiyonal na ikakaltas sa pangkalahatang paggasta sa Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "emerhensiya sa badyet" ay tumutukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 22 ng Artikulo XVI.

(H) Ang ibibigay na pondo alinsunod sa napapailalim na talataan (F) ay hindi dapat gamitin bilang isang pamalit sa mga kasalukuyang Pangkalahatang Pondo ng estado para sa hindi pederal na parte ng mga pagbabayad sa mga programang iyon, at alinsunod sa pederal na batas, dapat lang itong gamitin upang makakuha ng mga pondong panumbas ng Medicaid ng pederal.

(3) Sa pamamagitan nito, patuloy na nailalaan ang lahat ng pera sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon para sa pagsuporta ng mga paaralan ng distrito, opisina ng edukasyon ng county, paaralan ng karta, at distrito ng kolehiyo ng komunidad na nakasaad sa talataan na ito*, at para sa pangangalagang pangkalusugan na nakasaad sa napapailalim na talataan (F) ng talataan (2)*.

(A) Alinsunod sa talataang ito, ang labing-isang porsiyento ng mga perang inilaan *para sa edukasyon* ay dapat ilaan ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad kada tatlong buwan, upang magbigay ng pondo para sa pangkalahatang layunin sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad nang proporsiyonal sa mga natukoy nang halaga alinsunod sa Seksiyon 84750.5 ng Kodigo ng Edukasyon, gaya ng pagkakagamit sa seksiyon ng kodigo na iyon ~~pagkatapos aprubahan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*. Ang mga makakalkulang paglalaan alinsunod sa napapailalim na talataan na ito ay dapat pagaanin ayon sa mga halagang nakasaad sa mga subdibisyon (a), (c), at (d) ng Seksiyon 84751 ng Kodigo ng Edukasyon, ayon sa pagkakagamit sa seksiyon na iyon ~~pagkatapos aprubahan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*, na mas malaki sa mga halagang nakalkula alinsunod sa Seksiyon 84750.5 ng Kodigo ng Edukasyon, gaya ng pagkakagamit sa seksiyong iyon ~~pagkatapos aprubahan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*, basta't walang distrito ng kolehiyo ng komunidad na makakatanggap ng halagang mas maliit sa isang daang dolyar ($100) para sa bawat estudyanteng nag-aaral nang full time.

(B) Ang walumpu't siyam na porsiyento ng mga perang inilaan *para sa edukasyon* alinsunod sa talataang ito ay dapat ilaan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo kada tatlong buwan, upang magbigay ng pondo para sa pangkalahatang layunin sa mga distrito ng paaralan at opisina ng edukasyon ng county, at pondo para sa pangkalahatang layunin ng estado sa mga paaralan ng karta nang proporsiyonal sa mga limitasyon ng kita na nakalkula alinsunod sa Seksiyon 2558 at 42238 ng Kodigo ng Edukasyon at sa mga halagang nakalkula alinsunod sa Seksiyon 47633 ng Kodigo ng Edukasyon para sa mga opisina ng edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralan ng karta, sa ganoong pagkakasunud-sunod, ayon sa pagkakagamit sa mga seksiyong iyon ~~pagkatapos pagbotohan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*. Ang mga makakalkulang halaga ay dapat pagaanin ayon sa mga halagang nakasaad sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 2558 ng, talataan (1) hanggang (7) ng talataan (h) ng Seksiyon 42238 ng, at Seksiyon 47635 ng, Kodigo ng Edukasyon para sa mga opisina ng edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralan ng karta, sa ganoong pagkakasunud-sunod, ayon sa pagkakagamit ng mga seksiyong iyon ~~pagkatapos pagbotohan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*, na mas malaki kaysa sa mga halagang nakalkula alinsunod sa Seksiyon 2558, 42238, at 47633 ng Kodigo ng Edukasyon para sa mga opisina ng edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralan ng karta, sa ganoong pagkakasunud-sunod, ayon sa pagkakagamit sa mga seksiyong iyon ~~pagkatapos pagbotohan ng mga botante ang seksiyong ito~~ *noong Nobyembre 6, 2012*, basta't walang distrito ng paaralan, opisina ng edukasyon ng county, o paaralan ng karta na makakatanggap ng halagang mas maliit sa dalawang daang dolyar ($200) para sa bawat yunit ng pangkaraniwang bilang ng dumadalo araw-araw.

(4) Awtomatikong maipapatupad ang subdibisyong ito at hindi nangangailangan ng anumang pambatasang pagkilos upang magkaroon ng bisa. Ang pamamahagi ng mga pera sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay hindi dapat maantala o maapektuhan ng hindi pagpapatupad ng Lehislatura at Gobernador ng isang taunang panukalang-batas sa badyet alinsunod sa Seksiyon 12 ng Artikulo IV, sa pamamagitan ng pagpapatupad sa ~~talataan~~ *subdibisyon* (h) ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI, o sa pamamagitan ng iba pang pagkilos o hindi pagkilos ng Lehislatura o Gobernador.

(5) Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, ang mga perang nakadeposito sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon *para sa edukasyon* ay hindi dapat gamitin upang mabayaran ang anumang mga gastusing naipon ng Lehislatura, Gobernador, o anumang ahensiya ng pamahalaan ng estado.

(6) Tanging ang distrito lang ng kolehiyo ng komunidad, opisina ng edukasyon ng county, distrito ng paaralan, o paaralan ng karta ang magkakaroon ng awtoridad na magpasiya kung paano gagastusin ang mga pera mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon sa paaralan o mga paaralang napapailalim sa hurisdiksiyon nito, basta't gagawin ng angkop na namamahalang lupon ang mga pagpapasiya sa paggastos na ito sa isang bukas na pampublikong pulong ng namamahalang lupon, at hindi gagamitin ang alinman sa mga nabanggit na pondo mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon para sa mga suweldo o benepisyo ng mga tagapangasiwa o iba pang gastos na pampangasiwaan. Ang bawat distrito ng kolehiyo ng komunidad, opisina ng edukasyon ng county, at paaralan ng karta ay dapat maglathala sa Internet Web site nito taun-taon ng isang pagtutuos ng halaga ng perang natanggap nito mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon at ng naging paglalaan nito sa perang iyon.

(7) Bukod sa lahat ng iba pang kinakailangan, dapat tiyakin at patibayan ng taunang independiyenteng pagsusuri ng pananalapi at pagsunod, na iniaatas sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, opisina ng edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at paaralan ng karta kung maayos bang naipamahagi

o nagastos ang mga pondo mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon alinsunod sa iniaatas ng seksiyong ito. Ang mga maiipong gastusin ng mga entidad na iyon upang masunod ang karagdagang kinakailangan sa pagsusuri ng seksiyong ito ay maaaring bayaran gamit ang pondo mula sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon at hindi dapat ituring bilang gastos na pampangasiwaan para sa mga layunin ng seksiyong ito.

(8) Ang mga kita, hindi kasama ang mga isasauling pera, na makukuha alinsunod sa subdibisyon (f) na idedeposito sa Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon alinsunod sa seksiyong ito ay ituturing na "mga Kita ng Pangkalahatang Pondo," "mga nalikom ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo," at " mga perang ilalapat ng Estado upang masuportahan ang mga distrito ng paaralan at distrito ng kolehiyo ng komunidad" para sa mga layunin ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI.

(f) (1) (A) Sa pamamagitan nito, bukod pa sa mga buwis na ipinapataw ng Bahagi 1 (nagsisimula sa Seksiyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa pribilehiyong magbenta ng aktwal na personal na ari-arian nang tingi, may naipapataw na buwis sa lahat ng tagapagtingi sa antas na 1/4 na porsiyento ng kabuuang natanggap ng sinumang tagapagtingi mula sa pagbebenta sa lahat ng aktwal na personal na ari-ariang naibenta nang tingi sa Estadong ito bago ang, at pagkalipas ng Enero 1, 2013, at bago ang Enero 1, 2017.

(B) Sa pamamagitan nito, bukod pa sa mga buwis na ipinapataw ng Bahagi 1 (nagsisimula sa Seksiyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, may naipapataw na espesyal na buwis sa pagtatabi, paggamit o iba pang ginagawa ng Estadong ito sa aktwal na personal na ari-ariang binili mula sa sinumang tagapagtingi bago ang, o pagkalipas ng Enero 1, 2013, at bago ang Enero 1, 2017, para sa pagtatabi, paggamit o iba pang ginagawa ng estadong ito sa antas na 1/4 na porsiyento ng presyo sa pagbebenta ng nabanggit na ari-arian.

(C) Ang Batas ng Buwis sa Pagbebenta at Paggamit, kasama ang anumang mga susog na ipinatupad bago ang, o pagkalipas ng epektibong petsa ng seksiyong ito, ay ilalapat sa mga ipinataw na buwis alinsunod sa talataang ito.

(D) Mawawalan na ng bisa ang talataang ito sa Enero 1, 2017.

(2) Nang isinasaalang-alang ang ipinataw na buwis alinsunod sa Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa anumang taong mapapatawan ng buwis simula sa, o pagkalipas ng Enero 1, 2012, at bago ang Enero 1, ~~2019~~ *2031*, ang bracket ng buwis sa kita at ang antas na 9.3 porsiyento na nakalagay sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay maaaring baguhin ng bawat isa sa sumusunod:

(A) (i) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa dalawang daan at limampu't limang libong dolyar ($250,000) ngunit mas maliit sa tatlong daang libong dolyar ($300,000), ang antas ng buwis ay ang 10.3 porsiyento ng halagang lalampas sa dalawang daan at limampu't limang libong dolyar ($250,000).

(ii) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa tatlong daang libong dolyar ($300,000) ngunit mas maliit sa limang daang libong dolyar ($500,000), ang antas ng buwis ay ang 11.3 porsiyento ng halagang lalampas sa tatlong daang libong dolyar ($300,000).

(iii) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa limang daang libong dolyar ($500,000), ang antas ng buwis ay ang 12.3 porsiyento ng halagang lalampas sa limang daang libong dolyar ($500,000).

(B) Ang mga bracket ng buwis sa kita na nakasaad sa sugnay (i), (ii), at (iii) ng napapailalim na talataan (A) ay dapat lang muling kalkulahin, sa ibang paraan na nakasaad sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa mga taong mapapatawan ng buwis simula sa, at pagkalipas ng Enero 1, 2013.

(C) (i) Para sa mga layunin ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 19136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ituturing na naipasa na ang talataang ito sa ~~petsa kung kailan ito magkakaroon ng bisa~~ *Nobyembre 6, 2012*.

(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksiyon 17001) ng, at Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksiyon 18401) ng, Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang mga itinakda at ipinataw na binago nang bracket ng buwis at antas ng buwis ng talataang ito ay ituturing na naitakda at naipataw na alinsunod sa Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

(D) Mawawalan ng bisa ang talataang ito sa Disyembre 1, ~~2019~~ *2031*.

(3) Nang isinasaalang-alang ang ipinataw na buwis alinsunod sa Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa anumang taong mapapatawan ng buwis simula sa, o pagkalipas ng Enero 1, 2012, at bago ang Enero 1, ~~2019~~ *2031*, ang bracket ng buwis sa kita at ang antas ng 9.3 porsiyento na nakalagay sa talataan (1) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay maaaring baguhin ng bawat isa sa sumusunod:

(A) (i) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa tatlong daan at apatnapung libong dolyar ($340,000) ngunit mas maliit sa apat na raan at walong libong dolyar ($408,000), ang antas ng buwis ay ang 10.3 porsiyento ng halagang lalampas sa tatlong daan at apatnapung libong dolyar ($340,000).

(ii) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa apat na raan at walong libong dolyar ($408,000) ngunit mas maliit sa anim na raan at walumpung libong dolyar ($680,000), ang antas ng buwis ay ang 11.3 porsiyento ng halagang lalampas sa apat na raan at walong libong dolyar ($408,000).

(iii) Para sa bahaging iyon ng kitang napapatawan ng buwis na mas malaki sa anim na raan at walumpung libong dolyar ($680,000), ang antas ng buwis ay ang 12.3 porsiyento ng halagang lalampas sa anim na raan at walumpung libong dolyar ($680,000).

(B) Ang mga bracket ng buwis sa kita na nakasaad sa sugnay (i), (ii), at (iii) ng napapailalim na talataan (A) ay dapat lang muling kalkulahin, sa ibang paraan na nakasaad sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa mga taong mapapatawan ng buwis simula sa, at pagkalipas ng Enero 1, 2013.

(C) (i) Para sa mga layunin ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 19136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ituturing na naipasa na ang talataang ito sa ~~petsa kung kailan ito magkakaroon ng bisa~~ *Nobyembre 6, 2012*.

(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksiyon 17001) ng, at Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksiyon 18401) ng, Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang mga itinakda at ipinataw na binago nang bracket ng buwis at antas ng buwis ng talataang ito ay ituturing na naitakda at naipataw na alinsunod sa Seksiyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

(D) Mawawalan ng bisa ang talataang ito sa Disyembre 1, ~~2019~~ *2031*.

(g) (1) Magagawa ng Tagapamahala, alinsunod sa kanyang lupon na itinakda ng batas, na suriin ang mga paggasta mula sa Pondo ng Lokal na Kita 2011 at ang anumang Pondo ng Lokal na Kita ng County 2011, dapat niyang suriin ang Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon upang matiyak na nagagamit at nailalaan ang mga pondong iyon sa paraang naaayon sa seksiyong ito.

(2) Ang Pangkalahatang Abugado o ang lokal na abugado ng distrito ay dapat magsagawa ng masusing imbestigasyon ng, o maaaring maghanap ng mga sibil o kriminalistang parusa para sa, anumang maling paggamit sa mga pera mula sa Pondo ng Lokal na Kita ng County 2011 o ng Kuwenta ng Proteksyon sa Edukasyon.

SEK. 5. Magkakasalungat na Panukala.

Kung sakaling lumabas ang panukalang ito kasabay ng ibang panukalang nakakaapekto sa mga antas ng buwis para sa personal na kita sa iisang pambuong-estadong balota sa halalan,ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng batas na ito. Kung sakaling makakuha ang panukalang ito ng mas maraming boto ng pagsang-ayon kaysa sa panukalang kasalungat nito, dapat ay ganap na mangibabaw ang mga tadhana ng batas na ito, at dapat ay mapawalang-bisa ang lahat

ng tadhana ng ibang panukala o mga panukala.

SEK. 6. Naibubukod.

Kung mapag-aalamang walang bisa o labag sa batas ang mga tadhana ng panukalang ito o ang anumang bahagi nito, hindi dapat maapektuhan ang iba pang mga tadhana at sa halip, dapat ay patuloy pa ring ipatupad at magkaroon ng bisa ang mga ito, sa puntong ito, maaaring paghiwa-hiwalayin ang mga tadhana ng panukalang ito.

55

SEK. 7. Katayuan ng May-panukala.

Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, kung hindi mapapatibayan ng estado, isang ahensiya ng pamahalaan o sinuman sa mga opisyal nito ang pagsunod sa batas ng panukalang ito matapos itong aprubahan ng mga botante, may karapatan ang iba pang taga-empleyo ng pamahalaan, ang may-panukala, o ang sinumang mamamayan ng estadong ito, kapag wala ang may-panukala, na makibahagi sa anumang pagkilos ng hukuman na sumusuri sa pagsunod ng panukalang ito sa batas para sa layunin ng pagpapatibay sa pagsunod nito, nasa hukuman man, inaapela o sinusuri ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang naturang pagkilos. Ang mga bayarin at gastusin sa pagpapatibay sa pagkilos ay kukunin sa mga pondong inilaan ng Pangkalatang Abugado, na dapat ay matugunan kaagad.

SEK. 8. Epektibong Petsa.

Ang panukalang ito ay dapat magkabisa kaagad pagkatapos ipasa.

56

PROPOSISYON 56

Ang panukalang inisyatibong ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang panukalang inisyatibong ito ay nagdaragdag ng seksiyon sa Saligang-Batas ng California at nagsususog at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis; dahil doon, ang mga umiiral na probisyon na iminumungkahing tanggalin ay nakalathala sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong probisyon na iminungkahing idagdag ay nakalathala sa *tipong italika* upang ipabatid na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California ng taong 2016

SEKSIYON 1. Mga Ipinasiya at Mga Pagpapahayag.

(a) Ang paggamit ng tabako ay isang pinakamabisang pagpigil sa dahilan ng pagkamatay at pagkakasakit sa California, na kumikitil sa buhay ng mahigit 40,000 tao kada taon. Bawat taon, libu-libong Taga-California ang inaatasan ng medikal at dental na paggamot bilang resulta ng paggamit ng tabako.

(b) Ang paggamot sa pangangalaga ng kalusugan ng lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, oral disease at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako ay patuloy na nagdudulot ng malaking suliraning pinansyal sa namomroblemang sistema sa pangangalaga ng kalusugan ng California. Ang paggamit ng tabako ay nagpapapasan ng mahigit $13.29 bilyon sa mga gastusin ng mga Taga-California sa pangangalaga ng kalusugan kada taon, kung saan ang $3.5 bilyon ay binabayaran ng mga tagabayad ng Buwis sa mga umiiral na programa at serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, paggamot at mga serbisyo para sa mga Taga-California. Ang halaga ng nawalang kita dahil sa paggamit ng tabako ay nagdaragdag ng tinatayang $10.35 bilyon sa mga taunang epekto sa ekonomiya ng paninigarilyo at paggamit ng tabako sa California.

(c) Ang pagpapataas sa buwis sa tabako ay isang naaangkop na paraan upang mabawasan ang paggamit ng tabako at mabawasan ang mga gastusin sa paggamot sa pangangalaga ng kalusugan at mapahusay ang mga umiiral nang programang nagbibigay ng de-kalidad na pangangalaga ng kalusugan at makakuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan ang mga pamilya at bata. Magliligtas ito ng mga buhay at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap.

(d) Ang pagpapataas sa pagpopondo para sa mga umiiral na programa at serbisyo sa pangangalaga ng kalusguan na lumulunas sa lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, oral disease at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako at mga kundisyon ay magdaragdag sa bilang ng mga provider ng pangangalaga ng kalusugan na gumagamot sa mga pasyente na may nasabing sakit at kundisyon. Ang mga pondong ginastos para sa layuning ito ay magagamit upang pantayan ang mga pampederal na pondo, habang naglalaan ang pederal na pamahalaan ng halos siyam na dolyar sa bawat dolyar na ginagastos mula sa pondong ito.

(e) Halos lahat ng electronic cigarette ay nagtataglay ng nicotine, na nakuha mula sa tabako at isang gamot na labis na nakakaadik. Sa kasalukuyan, hindi napapailalim ang mga electronic cigarette sa anumang pagbubuwis sa tabako, kaya mas mura at mas kahika-hikayat ang mga ito, lalo na sa kabataan.

(f) May mahigit 470 brand ng electronic cigarette na ibinebenta ngayon na inaalok sa 7,700 flavor kabilang ang mga may flavor na candy na mabenta sa kabataan, gaya ng Captain Crunch, gummy bear, cotton candy, Atomic Fireball at fruit loops. Ang mga mag-aaral sa panggitnang paaralan at mataas na paaralan ay ang mga edad na may dumaraming bilang ng gumagamit ng mga electronic cigarette at ayon sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit sa U.S., naging triple ang paggamit ng electronic cigarette sa pangkat na ito mula 2013 hanggang 2014.

(g) Ang pananaliksik tungkol sa mga sanhi, maagang pag-alam at mabisang paggamot, pangangalaga, pagpigil at mga potensyal na lunas sa lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, oral disease at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako ay labis na makakapagligtas ng mga buhay at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap.

(h) May maigting na pangangailangan sa pananaliksik sa California para sa mga bago at mabisang paggamot sa lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, sakit sa bibig at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako. Ang mga naturang pananaliksik ay magagawang ilapat ang mga siyentipikong pagtuklas sa mga klinikal na pagsasanay na makakabawas sa mga insidente at pagkamatay dahil sa mga naturang sakit at kundisdyon.

(i) Ang pagpopondo sa mga programang pagpigil na idinisenyo upang ibaling ang atensyon ng mga indibidwal, lalo na ang kabataan, mula sa paninigarilyo at paggamit ng iba pang mga produkto ng tabako sa pamamagitan ng edukasyong pangkalusugan at mga programang nagsusulong ng kalusugan ay magliligtas ng mga buhay at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap.

(j) Ang pinahusay na programa sa pagkontrol ng paggamit ng tabako ay magbibigay-daan sa mga hakbang sa pampublikong kalusugan upang kalabanin ang malaking pagbebenta ng industriya ng tabako sa mga pangkat etniko, na nagpapababa sa bilang ng mga naninigarilyo at labis na nagpapabawas sa cancer, sakit sa cardiovascular at baga, sakit sa bibig at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako sa mga komunidad na ito ng California.

(k) Ang pagpopondo sa pagpapatupad at mga programa ng pamahalaan upang masuportahan ang mga hakbang sa pagpapatupad ng batas upang mabawasan ang mga ilegal na pagbebenta ng mga produkto ng tabako sa mga menor de edad, pagpupuslit ng sigarilyo at pag-iwas sa buwis sa tabako ay magliligtas ng mga buhay at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap.

(*l*) Nahaharap ang California sa kakulangan sa mga doktor at dentista na tutugon sa mga lumalaking pangangailangan ng mga naninirahan sa pangangalaga ng kalusugan. Bilang resulta, magiging mahirap ang pagkuha ng pangunahin at oral na pangangalaga ng kalusugan, paggamot para sa mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako, mga regular na pagpapa-check up at iba pang mga agarang pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan. Sinusuportahan ng mga tagabayad ng buwis ng California ang edukasyon ng libu-libong medikal at dental na mag-aaral kada taon, ngunit dahil sa mga limitasyon sa bilang ng mga programa para sa mga naninirahan, napipilitan ang karamihan sa mga doktor at dentista na iyon na ipagpatuloy

ang kanilang pagsasanay sa labas ng estado, at naiiwan ang mga pasyente sa California nang walang nakukuhang pangangalaga. Ang pagpopondo sa pagpapatupad at mga programa ng pamahalaan na magdaragdag ng daan-daan pang doktor sa California kada taon upang mapabuti ang kalusugan ng mga Taga-California ay magliligtas ng mga buhay at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap.

(m) Napag-alaman sa mga medikal na pag-aaral na ang paninigarilyo at paggamit ng mga produkto ng tabako ay nakakaapekto sa kalusugan ng bibig sa pamamagitan ng pagdudulot ng sakit sa ngipin, kabilang ang sakit sa gilagid at pagkabungi, mga cancer sa bibig at lalamunan at malalang pagkaupod ng ngipin (tooth wear). Ang paninigarilyo ay nagiging sanhi ng kalahati sa mga kaso ng sakit sa gilagid, na nagreresulta sa pagdami ng bungi. Ang panganib ng cancer sa bibig para sa mga naninigarilyo ay nasa hindi bababa sa anim na beses na mas mataas kaysa sa mga hindi naninigarilyo at 75% ng lahat ng cancer sa bibig sa Estados Unidos ay nauugnay sa paggamit ng tabako. Tumataas ang panganib ng cancer sa bibig para sa tabako na walang usok nang 50 beses para sa lahat ng hindi naninigarilyo. May kaugnayan ang paninigarilyo ng ina habang siya ay buntis sa pagkakaroon ng bingot ng mga fetus. Kapag tumigil sa paggamit ng tabako, nababawasan ang panganib ng cancer sa bibig at lalamunan ng 50%. Ang pagpopondo sa mga programa na nagbibigay kaalaman, pumipigil at gumagamot sa mga sakit sa ngipin, kabilang ang mga nakuha mula sa paggamit ng tabako, ay magpapabuti ng mga buhay ng mga Taga-California at magtatabi ng pera ng estado at lokal na pamahalaan na hinaharap.

(n) Ang pagtataas ng halaga ng mga sigarilyo at produkto ng tabako ay kinikilala ng marami bilang pinakamabisang paraan upang mabawasan ang paninigarilyo sa buong California, lalo na ng kabataan. Napag-alaman ng Ulat sa Pangkalahatan ng Dalubhasa sa Pag-opera ng taong 2000, Pagbabawas sa Paggamit ng Tabako, na ang pagtaas sa mga presyo ng produkto ng tabako ay nagpapabawas sa pagiging talamak ng paggamit ng tabako, partikular na sa mga bata at teenager, at na nagdudulot ang mga pagtaas sa buwis sa tabako ng "malalaki at mga pangmatagalang pagpapabuti ng kalusugan." Para sa pagsusuri nito sa umiiral na pananaliksik, ipinahayag ng ulat na ang pagsusulong ng mga buwis sa tabako ay isa sa pinakamabibisang diskarte sa pagpigil at pagkontrol sa paggamit ng tabako. Sa pagbabawas ng paninigarilyo, maliligtas ang mga buhay at makapagtatabi ng pera ang estado at lokal na pamahalaan para sa hinaharap.

(o) Dahil sa pagtataas sa buwis sa tabako, mababawasan ang paninigarilyo at paggamit ng mga produkto ng tabako, mahalagang protektahan ang mga umiiral nang programa na pinopondohan ng buwis sa tabako mula sa mga kita sa buwis.

(p) Sa kasalukuyan, pinapatawan ng buwis ng California ang mga sigarilyo nang $0.87 lang kada kaha, at rumaranggo sa ika-35 pwesto sa rate ng buwis sa tabako, na nagpapakita bilang isa sa pinakamababababang buwis sa tabako sa Estados Unidos. Noong Enero 2016, ang pambansang average ay $1.60 kada kaha. Tatlumpu't dalawang estado ang may mga rate ng buwis sa tabako na $1 kada kaha o mas mataas pa, at nasa ilalim ang California ng iba pang mga kanluraning estado (Washington: $3.025; Oregon: $1.31; Nevada: $1.80; at Arizona: $2). Huling tinaasan ng California ang buwis nito sa tabako noong 1998.

SEK. 2. Pahayag ng Layunin.

Ang layunin ng batas na ito ay ang taasan ang buwis sa tabako at iba pang mga produkto ng tabako, kabilang ang mga electronic cigarette, upang:

(a) Mailigtas ang mga buhay ng mga Taga-California at maitabi ang pera ng estado at lokal na pamahalaan sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbabawas ng paninigarilyo at paggamit ng tabako ng lahat ng Taga-California, lalo na ang kabataan.

(b) Magbigay ng mga pondo upang mapataas ang pagpopondo para sa mga umiiral nang programa at serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na lumulunas sa lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, sakit sa bibig at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako, maparami ang bilang ng mga tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan at mabawasan ang pederal na pagpopondo para sa mga programa at serbisyong ito.

(c) Magbigay ng mga pondo upang masuportahan ang pananaliksik tungkol sa mga sanhi ng at lunas sa lahat ng uri ng cancer, sakit sa cardiovascular at baga, sakit sa bibig at mga sakit na nauugnay sa paggamit ng tabako, at upang magawang ilapat ang mga naturang siyentipikong pagtuklas sa mga klinikal na kasanayan upang mabawasan ang mga insidente at pagkamatay nang dahil sa mga naturang sakit at kundisyon.

(d) Magbigay ng mga pondo upang masuportahan ang mga programa sa pagpigil na naglalayong ibalik ang pansin ng mga indibidwal mula sa paggamit ng mga sigarilyo at iba pang mga produkto ng tabako, kabilang ang mga electronic cigarette.

(e) Magbigay ng mga pondo para sa pagpapatupad at mga administratibong layunin upang mabawasan ang pagpupuslit ng sigarilyo, pag-iwas sa buwis sa tabako at ilegal na pagbebenta ng mga produkto ng tabako sa mga menor de edad, pondohan ang medikal na pagsasanay para sa mga bagong doktor upang magamot ang mga sakit, kabilang ang mga nakukuha sa paggamit ng tabako, at pondohan ang mga programa upang mapigilan at malunasan ang mga dental na sakit, kabilang na ang mga nakukuha sa paggamit ng tabako.

(f) Maprotektahan ang mga umiiral nang programang pinopondohan mula sa buwis sa tabako, kung saan kasalukuyang natitipid ang milyung-milyong dolyar ng mga Taga-California sa mga gastusin sa pangangalaga ng kalusugan.

(g) Magbigay ng ganap na pagtutuos sa kung paano ginagastos ang mga pondong itinaguyod upang mapalawak ang mga layunin ng batas na ito nang hindi bumubuo ng mga bagong burukrasya.

SEK. 3. Pagpapakahulugan ng Mga Produkto ng Tabako.

SEK. 3.1. Ang Seksiyon 30121 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinusugan upang mabasa bilang:

30121. Para sa mga layunin ng artikulong ito:

(a) Ang "Mga Sigarilyo" ay may kaparehong kahulugan ng nasa Seksiyon 30003, gaya ng basa rito noong Enero 1, 1988.

(b) Kabilang sa "Mga produkto ng tabako" ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, ~~lahat ng uri ng sigarilyo, paninigarilyo ng tabako, pangnguya ng tabako, paghithit, at anumang iba pang mga artikulo o produktong gawa sa, o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyento, tabako~~ *isang produktong nagtataglay, gawa o mula sa tabako o nicotine na nakalaan para gamitin ng tao, sa paraan man ng paninigarilyo, pagpapainit, pagnguya, pag-absorb, pagtunaw, paghithit, paglagok, pagsinghot o pagkain sa pamamagitan ng iba pang mga paraan, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga sigarilyo, maliliit na sigarilyo, nganga, tabakong nasa pipa o sinisinghot*, ngunit hindi kabilang ang mga sigarilyo. *Dapat kabilang din sa mga produkto ng tabako ang mga electronic cigarette. Hindi dapat kabilang sa mga produkto ng tabako ang anumang produkto na inaprubahan ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot sa Estados Unidos (United States Food and Drug Administration) para sa pagbebenta bilang produktong nagpapahinto sa paggamit ng tabako o para sa iba pang mga therapeutic na layunin kung saan ang produkto ay ibinebenta lang para sa inaprubahang paggamit. Hindi kabilang sa mga produkto ng tabako ang anumang produktong pagkain gaya ng pagpapakahulugan sa terminong iyon alinsunod sa Seksiyon 6359.*

(c) Ang "Mga electronic cigarette" ay nangangahulugang anumang device o sistema ng pagbibigay na ibinebenta nang may kasamang nicotine na magagamit upang makapagbigay ng nicotine sa tao sa paraang naka-aerosolize o naka-vaporize, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, e-cigarette, e-cigar, e-pipe, vape pen o e-hookah. Kabilang sa mga electronic cigarette ang anumang bumubuo, bahagi o accessory ng naturang device na ginagamit sa pagpapagana ng device kapag ibinebenta nang may kasamang anumang likido o substance na nagtataglay ng nicotine. Kabilang din sa mga electronic cigarette ang anumang likido o substance na nagtataglay ng nicotine, ibinebenta man nang hiwalay o ibinebenta nang kasama ang anumang device na maaaring gamitin upang makapagbigay ng nicotine sa tao sa paraang naka-aerosolize o naka-vaporize. Hindi kabilang sa mga

electronic cigarette ang anumang device na hindi ibinebenta kasama ang anumang likido o substance na nagtataglay ng nicotine, o anumang baterya, charger ng baterya, lalagyanan o iba pang accessory na hindi ginagamit sa pagpapagana ng device kung ibinebenta nang hiwalay. Hindi dapat kabilang sa mga electronic cigarette ang anumang produkto na inaprubahan ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot sa Estados Unidos (United States Food and Drug Administration) para sa pagbebenta bilang produktong nagpapahinto sa paggamit ng tabako o para sa iba pang mga therapeutic na layunin kung saan ang produkto ay ibinebenta lang para sa inaprubahang paggamit. Gaya ng ginamit sa subdibisyon na ito, hindi kabilang sa nicotine ang anumang produktong pagkain gaya ng pagpapakahulugan sa terminong iyon alinsunod sa Seksiyon 6359.

~~(c)~~ *(d)* Ang "Pondo" ay tumutukoy sa Pondo mula sa Dagdag na Buwis sa Mga Sigarilyo at Produktong Tabako na ginawa ng Seksiyon 30122.

SEK. 3.2. Seksiyon 30131.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinusugan upang mabasa bilang:

30131.1. Nalalapat ang mga sumusunod na kahulugan para sa mga layunin artikulong ito:

(a) Ang "Sigarilyo" ay may kahulugang katulad sa Seksiyon 30003, ayon sa naisaad noong Enero 1, 1997.

(b) Kasama sa "Mga produktong tabako"~~, ngunit hindi limitado sa, ang lahat ng uri ng sigarilyo, paninigarilyo ng tabako, pangnguya ng tabako, paghithit, at anumang iba pang mga artikulo o produktong gawa sa, o naglalaman ng hindi bababa sa 50 porsyentong tabako, ngunit hindi kasama ang mga sigarilyo~~ *ay dapat katulad ng nakasaad na kahulugan sa subdibisiyon (b) ng Seksyon 30121, ayon sa pagbabago sa Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016.*

SEK. 4. Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016.

SEK. 4.1. Artikulo 2.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 30130.50) ay idinagdag sa Kabanata 2 ng Bahagi 13 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, upang mabasa bilang:

Artikulo 2.5. Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016

30130.50. Mga Pagpapakahulugan.

Para sa mga layunin ng artikulong ito:

(a) Ang "Sigarilyo" ay may kaparehong kahulugan ng nasa Seksiyon 30003 gaya ng basa rito noong Enero 1, 2015.

(b) Ang "Mga produkto ng tabako" ay may kaparehong kahulugan ng nasa subdibisyon (b) ng Seksiyon 30121, gaya ng nasusog ng batas na ito.

30130.51. Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 sa Pamamahagi ng Sigarilyo.

(a) Bilang karagadagan sa iba pang mga buwis na ipinataw sa pamamahagi ng mga sigarilyo sa ilalim ng bahaging ito, dapat may ipataw na karagdagang buwis sa bawat tagapamahagi ng mga sigarilyo sa daming isang daang mill ($0.100) para sa bawat ipinamahaging sigarilyo sa o pagkatapos ng unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na magsisimula mahigit 90 araw pagkatapos ng epektibong petsa ng batas na ito.

(b) Dapat magapatupad ang lupon ng mga regulasyon na nagpapataw ng katumbas na buwis sa mga electronic cigarette dahil inilarawan ang termino sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 30121, at mga pamamaraan ng pagkolekta ng buwis. Ang mga naturang regulasyon ay dapat magsama ng pagpapatupad ng katumbas na buwis sa anumang device na nakalaang gamitin upang makapagbigay ng naka-aerosolize o naka-vaporize na nicotine sa taong humihithit mula sa device kapag ibinebenta nang hiwalay o bilang package; anumang bumubuo, bahagi o accessory ng naturang device na ginagamit upang paganahin ang device, ibinebenta man nang hiwalay o bilang package kasama ang naturang device; at anumang likido o substance na nagtataglay ng nicotine, ibinebenta man nang hiwalay o bilang package kasama ang anumang device na magagamit upang mahithit ito. Maaaring kabilang sa mga naturang regulasyon ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, naglalarawan kung sino ang tagapamahagi ng mga electronic cigarette alinsunod sa Seksiyon 30011 at ang mga kinakailangan sa pagpapalisensya ng sinumang naturang tao.

(c) Sa kabila ng iba pang probisyon ng bahaging ito, ang lahat ng kita na nagmumula sa buwis na ipinataw ng subdibisyon (a) at lahat ng kita na nagmumula sa katumbas na pagtaas sa buwis sa mga produkto ng tabako, kabilang ang mga electronic cigarette, na ipinataw ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123, ay dapat ideposito sa Pondo ng Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 na ginawa ng Seksiyon 30130.53.

30130.52. Batas ukol sa Pangangalaga sa Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 Mga Buwis sa Pag-iimbak (Floor Tax) ng Sigarilyo.

(a) (1) Bilang dagdag sa iba pang buwis, ang bawat mangangalakal at tagabenta ng pakyawan, para sa pribilehiyo ng pamamahala o pag-iimbak ng mga sigarilyo para sa pagbebenta, paggamit o pagkonsumo, ay dapat magbayad ng floor stock tax para sa bawat sigarilyong mayroon sila o nasa kanilang pangangalaga sa estadong ito sa ganap na 12:01 a.m. sa unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula mahigit 90 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng atas na ito sa bilang na isang daang mill ($0.100) para sa bawat sigarilyo.

(2) Ang bawat mangangalakal at tagabenta ng pakyawan ay dapat maghain ng tugon sa lupon sa o bago ang unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa mahigit 180 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito sa isang form na inirekomenda ng lupon, na ipinapakita ang bilang ng mga sigarilyong mayroon ang mga ito o nasa pangangalaga ng mga ito sa estadong ito sa ganap na 12:01 a.m. sa unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa mahigit 90 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito. Ang halaga ng buwis ay dapat makalkula at maipakita sa tugon.

(b) (1) Ang bawat lisensiyadong tagapamahagi ng sigarilyo, para sa pribilehiyo ng pamamahagi ng mga sigarilyo at para sa pangangalaga at pag-iimbak ng mga sigarilyo para sa pagbebenta, paggamit o pagkonsumo, ay dapat magbayad ng buwis para sa senyales ng pagkakaroon ng sigarilyo para sa bawat selyo ng buwis sa sigarilyo ng California na ipinataw sa anumang package ng mga sigarilyo at para sa bawat hindi ipinataw na selyo ng buwis sa sigarilyo ng California na mayroon ito o nasa pangangalaga nito sa ganap na 12:01 a.m. Sa unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa mahigit 90 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito sa mga sumusunod na rate:

(A) Dalawang dolyar at limampung sentimo ($2.50) para sa bawat selyo na nagsasaad ng "25."

(B) Dalawang dolyar ($2) para sa bawat selyo na nagsasaad ng "20."

(C) Isang dolyar ($1) para sa bawat selyo na nagsasaad ng "10."

(2) Ang bawat lisensyadong tagapamahagi ng sigarilyo ay dapat maghain ng tugon sa lupon sa o bago ang unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa mahigit 180 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito sa isang form na inirekomenda ng lupon, na nagpapakita sa bilang ng mga selyo na nakasaad sa mga nakapailalim na talata (A), (B) at (C) sa talata (1). Ang halaga ng buwis ay dapat makalkula at maipakita sa tugon.

(c) Ang mga buwis na inaatasang mabayaran ayon sa seksiyong ito ay dapat bayaran at maaaring bayaran sa o bago ang unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa 180 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito. Ang mga pagbabayad ay dapat isagawa sa pamamagitan ng mga remittance na maaaring bayaran sa lupon at ang mga pagbabayad ay dapat may kasamang tugon at mga form na inaatasang

sagutan ayon sa seksiyong ito.

(d) Ang anumang iniatas na halagang babayaran ayon sa seksiyong ito na hindi nabayaran sa tamang oras at dapat patawan ng interes sa rate at ayon sa pamamaraang itinatag alinsunod sa Seksiyon 30202 mula sa unang araw ng unang tatlong buwan sa kalendaryo na nagsisimula sa 180 araw pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito, hanggang sa mabayaran, ay dapat sumailalim sa pag-aaral, at muling pag-aaral, at ang anumang parusang ibibigay ayon sa mga nasabing pag-aaral at muling pag-aaral.

30130.53. Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016.

(a) Ang Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 ay itinatag sa Tresurerya ng Estado.

(b) Ang lahat ng kita na nalikom alinsunod sa mga buwis na ipinataw ng artikulong ito, na binawasan ng mga refund na ginawa alinsunod sa Artikulo 1 (na nagsisimula sa Seksiyon 30361) ng Kabanata 6, ay dapat ideposito sa Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California ng taong 2016.

(c) Sa kabila ng iba pang batas, ang Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California ng taong 2016 ay isang ipinagkakatiwalang pondo na naitatag lang upang isagawa ang mga layunin ng batas na ito at ang lahat ng kita na naideposito sa Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016, kasama ang interes na naipon ng pondo, ay patuloy na naaangkop para sa taon ng pananalapi at dapat gastusin lang ayon sa mga probisyon ng batas na ito at sa mga layunin nito.

(d) Sa kabila ng iba pang batas, ang mga kitang naideposito sa Pondo ng Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016, kabilang ang anumang interes na naipon ng pondo, ay dapat magamit lang para sa mga partikular na layuning nakasaad sa batas na ito, at dapat maging naaangkop at gastusin lang para sa mga layuning ipinahayag sa batas na ito at hindi dapat sumailalim sa mga apropriyasyon, pagbabaliktad o paglilipat ng Lehislatura, Gobernador, Direktor ng Pananalapi o Tagapamahala para sa anumang layunin na hindi nakasaad sa batas na ito, at hindi rin dapat ipautang ang mga naturang kita sa Pangkalahatang Pondo o anumang pondo ng estado o anumang pondo ng lokal na pamahalaan.

30130.54. Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 Epekto sa Pagkonsumo ng Tabako at Kita sa Buwis.

(a) Dapat mapag-alaman ng lupon sa loob ng isang taon ng epektibong petsa ng batas na ito, at taun-taon simula nito, ang epektong idinudulot ng mga karagdagang buwis sa mga sigarilyo ayon sa artikulong ito, at ang nagreresultang pagtaas ng buwis sa mga produkto ng tabako na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123, sa pagkonsumo ng mga sigarilyo at produkto ng tabako sa estadong ito. Hanggang sa matukoy ng lupon ang pagbaba ng pagkonsumo bilang direktang resulta ng karagdagang buwis na ipinapataw sa mga sigarilyo ayon sa artikulong ito, at ang nagreresultang pagtaas sa buwis sa mga produkto ng tabako na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123, dapat alamin ng lupon ang epekto sa pananalapi ng pagbaba ng pagkonsumo sa Pondo ng Dagdag na Buwis sa Sigarilyo at Mga Produkto ng Tabako na ginawa ng Seksiyon 30122 (Proposisyon 99 na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 8, 1988, pambuong-estadong pangkalahatang halalan), ang Pondo para sa Kanser sa Suso na ginawa ng Seksiyon 30461.6, at ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng mga Bata at Pamilya Muna ng California na ginawa ng Seksiyon 30131 (Proposisyon 10 na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 3, 1998, pambuong-estadong pangkalahatang halalan), at ang mga kitang nagmula sa Seksiyon 30101.

(b) Dapat ilipat ng Tagapamahala ang pondo mula sa Pondo ng Batas ng California sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Buwis sa Pagpigil sa Tabako para sa taong 2016 sa mga apektadong pondo na nakasaad sa subdibisyon (a) ang halagang kinakailangan upang pagaanin ang pagbaba ng kita na direktang nagreresulta mula sa pagpapataw ng mga karagdagang pondo ayon sa artikulong ito.

(c) Dapat mapag-alaman ng lupon sa loob ng isang taon ng epektibong petsa ng batas na ito, at taun-taon simula nito, ang epekto, kung mayroon man, na idinudulot ng mga karagdagang buwis sa mga sigarilyo ayon sa artikulong ito, at ang nagreresultang pagtaas ng buwis sa mga produkto ng tabako na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123, sa pagkonsumo ng mga sigarilyo at produkto ng tabako sa estadong ito, kabilang ang mga mula sa ilegal na pagbebenta ng mga sigarilyo at produkto ng trabaho. Hanggang sa may kakulangan sa mga kita sa buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at lokal na pamahalaan at ang naturang kakulangan ay napag-alaman ng lupon bilang direktang resulta ng ipinapataw na karagdagang buwis sa mga sigarilyo ayon sa artikulong ito, at ang nagreresultang pagtaas sa buwis sa mga produkto ng tabako na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123, kabilang ang mga mula sa ilegal na pagbebenta ng mga sigarilyo at produkto ng tabako, dapat alamin ng lupon ang epekto sa pananalapi sa mga kita sa buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at lokal na pamahalaan.

(d) Dapat ilipat ng Tagapamahala ang pondo mula sa Pondo ng Batas ng California sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Buwis sa Pagpigil sa Tabako para sa taong 2016 sa pangkalahatang pondo ng estado at sa mga apektadong lokal na pamahalaan na nakasaad sa subdibisyon (c) ang halagang kinakailangan upang pagaanin ang pagbaba ng kita sa buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at lokal na direktang nagreresulta mula sa pagpapataw ng mga karagdagang buwis ayon sa artikulong ito, kabilang ang mula sa ilegal na pagbebenta ng mga sigarilyo at produkto ng tabako.

(e) Ang mga paglilipat sa ilalim ng seksiyon na ito ay dapat isagawa ng Tagapamahala sa mga pagkakataong natutukoy ng Tagapamahala na kinakailangan sa abot ng masasaklaw ng seksiyong ito.

30130.55. Batas sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako ng California para sa taong 2016 Pamamahagi ng Kita.

Pagkatapos bawasan at ilipat ang mga kinakailangang pondo alinsunod sa Seksiyon 30130.54 at subdibisyon (a), (b), (c), (d) at (e) ng Seksiyon 30130.57, dapat taun-taong ilaan at ilipat ng Tagapamahala ang mga natitirang pondo sa Pondo ng Batas ng California sa Pangangalaga ng Kalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Buwis sa Tabako para sa taong 2016 gaya ng mga sumusunod:

(a) Walumpu't-dalawang porsiyento ay dapat ilipat sa Pondo ng Paggamot sa Pangangalagang Pangkalusugan, na nililikha sa pamamagitan nito, at dapat gamitin ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado upang itaas ang pagpopondo para sa mga kasalukuyang programa at serbisyong pangangalagang pangkalusugan na inilarawan sa Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksiyon 14000) hanggang Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 14700), inklusibo, ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, kabilang ang mga nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan, paggamot, at mga serbisyo para sa mga Taga-California na may mga sakit at kondisyon na may kaugnayan sa tabako, sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pinahusay na mga pagbabayad, para sa lahat ng pangangalagang pangkalusugan, paggamot, at mga serbisyong inilarawan sa Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksiyon 14000) hanggang Kabanata 8.9 (nagsisimula sa Seksiyon 14700), inklusibo, ng Bahagi 3 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon. Kung posible sa kabila ng mga limitasyon sa pagpopondo sa ilalim ng artikulong ito, ang mga pagbabayad at suporta para sa di-pederal na kabahagi ng mga pagbabayad para sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga serbisyo, at paggamot ay dapat itaas batay sa pamantayang binuo at isinapanahon pana-panahon bilang bahagi ng taunang proseso ng badyet ng estado, sa kondisyon na ang mga pondong ito ay hindi dapat gamitin upang dagdagan ang kasalukuyang mga pangkalahatang pondo ng estado para sa mga katulad na layunin. Ang mga pamantayang ito ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtiyak ng napapanahong kakayahang makagamit, paglimita sa mga ispesipikong heograpikong mga kakulangan ng mga serbisyo, o pagtiyak ng

56

mahusay na pangangalaga. Kaayon ng pederal na batas, ang pagpopondo ay dapat gamitin upang kumuha ng mga pederal na pondo. Ang pagpopondo ay dapat gamitin lamang para sa pangangalagang ipinagkakaloob ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, klinika, pasilidad ng kalusugan na lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 1250 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at sa mga planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado upang magkaloob ng mga benepisyong pangkalusugan alinsunod sa seksiyong ito. Ang pagpopondo ay magagamit para sa di-pederal na kabahagi ng mga pagbabayad mula sa mga entidad ng pamahalaan na angkop. Ang kagawaran ay dapat, kung inaatasan, na humingi ng anumang kailangang pederal na pag-aproba para sa pagpapatupad ng seksiyong ito.

(b) Labintatlong porsiyento ay dapat gamitin para sa pagpopondo sa masaklaw na mga programa para sa pagpigil at pagkontrol ng tabako, sa kondisyon na ang mga pondong ito ay hindi gagamitin upang dagdagan ang kasalukuyang pang-estado o lokal na pondo para sa mga katulad na layunin. Ang mga pondong ito ay dapat paghati-hatiin sa mga sumusunod na paraan:

(1) Walumpu't-limang porsiyento sa Programang Pagkontrol ng Tabako ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado upang gamitin para sa mga programang pagkontrol ng tabako na inilarawan simula sa Seksiyon 104375 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat maggawad ng mga pondo sa mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan, mga tribo, unibersidad at kolehiyo, nakabase-sa-komunidad na organisasyon, at ibang mga kuwalipikadong ahensiya para sa pagpapatupad, pagtaya, at pagpapakalat ng mga aktibidad ng nakabase sa ebidensiya na pagtataguyod ng kalusugan at komunikasyong pangkalusugan upang subaybayan, tayahin, at bawasan ang paggamit ng tabako at nikotina, mga antas ng sakit na may kaugnayan sa tabako, at mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na may kaugnayan sa tabako, at bumuo ng isang mas malakas na nakabase sa ebidensiya na mabisang pagprograma sa pagpigil nang hindi bababa sa 15 porsiyento ng pagtataguyod na pangkalusugan, mga aktibidad sa komunikasyong pangkalusugan, at pagtaya at pasubaybay ng paggamit ng tabako na iginagawad upang pabilisin at subaybayan ang antas ng pagbaba sa mga hindi pagkakapantay-pantay na may kaugnayan sa tabako na may hangaring alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay na may kaugnayan sa tabako.

(2) Labinlimang porsiyento sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado upang gamitin para sa mga programa sa paaralan upang pigilan at bawasan ang paggamit ng mga produktong tabako at nikotina ng mga kabataan gaya ng inilarawan sa Seksiyon 104420 Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan na ang hindi kukulangin sa 15 porsiyento ng mga pondong ito ay iginagawad upang pabilisin at subaybayan ang antas ng pagbaba sa mga hindi pagkakapantay-pantay na may kaugnayan sa tabako para sa layuning alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay na may kaugnayan sa tabako.

(c) Limang porsiyento sa Unibersidad ng California para sa pananaliksik na medikal tungkol sa kanser, mga sakit sa puso at baga na may kaugnayan sa tabako alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 104500) ng Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 103 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan upang suplementuhan ang Programang Medikal na Pananaliksik ng Dagdag ng Buwis sa Sigarilyo at Produktong Tabako, sa kondisyon na ang mga pondong ito ay gagamitin sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

(1) Ang mga pondo ay dapat gamitin para sa mga gawad at kontrata para sa basiko, ginagamit, at naisasalin na pananaliksik na medikal sa California sa pagpigil ng, maagang pagtuklas ng, mga paggamot para sa, mga pantulong na paggamot para sa, at posibleng mga lunas para sa lahat ng uri ng kanser, caridovascular na sakit at sakit sa baga, sakit sa bibig, at mga sakit na may kaugnayan sa tabako. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang Unibersidad ng California, sa pamamagitan ng Programang Pananaliksik na May Kaugnayan sa Tabako, ay dapat magkaroon ng awtoridad na gastahin ang mga pondong natanggap sa ilalim ng batas na ito para sa mga layuning nakalagay sa subdibisyong ito.

(2) Anumang mga gawad at mga kontratang iginawad ay dapat igawad gamit ang kasalukuyang impra-istruktura ng programang pananaliksik na medikal at batay sa siyentipikong merito gaya ng ipinasiya ng isang bukas, pagalingang proseso ng pagrepaso ng kapantay na tumitiyak ng pagkaobhetibo, katatagan, at mataas na kalidad.

(3) Ang mga indibidwal o entidad na tumatanggap ng mga gawad at kontrata alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat na naninirahan o matatagpuan nang buo sa loob nig California.

(4) Ang pananaliksik ay dapat isagawa nang buo sa loob ng California.

(5) Ang mga pondo ay hindi dapat gamitin upang dagdagan ang kasalukuyang pang-estado o lokal na pondo para sa mga katulad na layunin.

30130.56. Independiyenteng Pagsusuri at Pagsisiwalat.

Upang magkaloob ng buong pampublikong pananagutan na nauukol sa mga paggamit kung saan ang mga pondo mula sa Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California ay inilalagay, at upang tiyakin ang buong pagsunod sa Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California:

(a) Ang di-partidistang Tagasuri ng Estado ng California ay dapat magsagawa ng hindi kukulangin sa kada dalawang taon na independiyenteng pagsusuri ng pananalapi ng estado at mga lokal na ahensiyang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California. Ang isang pagsusuri na isinagawa alinsunod sa seksiyong ito ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang pagrepaso ng mga gastos na pampangasiwaan na ginasta ng mga ahensiya ng estado na nangangasiwa ng pondo.

(b) Batay sa independiyenteng pagsusuri, ang di-partidistang Tagasuri ng Estado ng California ay dapat maghanda ng isang ulat na nagdedetalye ng pagrepaso nito at isama ang anumang mga rekomendasyon para sa mga pagpapahusay. Ang ulat ay dapat na makukuha ng publiko.

(c) Bawat ahensiya at kagawaran ng estado na tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa batas na ito ay dapat, nang taunan, maglathala sa kani-kanilang website sa Internet ng isang pagtutuos ng kung magkano ang natanggap mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California at paano ginasta ang pera. Ang taunang pagtutuos ay dapat ding ilagay sa anumang lugar ng pagpapahayag ng social media na itinuturing na angkop ng ahensiya o kagawaran ng estado.

(d) Ang paggamit ng mga pondong natanggap ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30130.55 ay dapat na napapailalim sa mga katulad na kabawalan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pagsusuri at pagpigil sa pandaraya, na ipinataw ng kasalukuyang batas.

(e) Ang paggamit ng mga pondong natanggap ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado, at ng Unibersidad ng California alinsunod sa mga subdibisyon (b) at (c) ng Seksiyon 30130.55 ay dapat na napapailalim sa pagbabantay ng Komite sa Pagbabantay sa Edukasyon at Pananaliksik sa Tabako alinsunod sa mga Seksiyon 104365 at 104370 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

30130.57. Mga Gastos sa Pagpapatupad at Pangangasiwa.

(a) Ang mga pera mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California ay dapat gamitin upang bayaran ang lupon para sa mga gastos na natamo sa pangangasiwa, pagkuwenta, at pagsingil ng buwis na ipinataw ng artikulong ito at para sa mga gastos na natamo sa pagkuwenta at pamamahagi ng mga pondo at sa pagpapalaganap ng mga regulasyon gaya ng iniaatas ng batas na ito, sa kondisyon, gayunman, na pagkatapos ibawas ang mga kailangang pondo alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 30130.54, hindi mas malaki kaysa 5 porsiyento taun-taon ng mga pondong natitira sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California ay dapat gamitin para sa naturang mga gastos na pampangasiwaan.

(b) Ang mga pera mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California ay dapat gamitin upang bayaran ang independiyentng di-partidistang Tagasuri ng Estado ng California ng hanggang apat na raang libong dolyar ($400,000) taun-taon para sa mga tunay na gastos na natamo sa pagsasagawa ng bawat isa ng mga pagsusuring iniaatas ng Seksiyon 30130.56 para sa layunin na magkaloob ng pampublikong kalinawan at pagtiyak na ang mga kitang nalikha ng artikulong ito ay ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan, pagpigil at pananaliksik sa paggamit ng tabako.

(c) Ang mga pera mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California sa halagang apatnapung milyong dolyar ($40,000,000) taun-taon ay dapat gamitin upang magkaloob na pagpopondo sa Unibersidad ng California para sa layunin at hangarin na itaas ang bilang ng mga doktor ng pangunahing pangangalaga at emerhensisya na sinanay sa California. Ang hangaring ito ay dapat makamit sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pagpopondo sa Unibersidad ng California upang bigyang-lakas, ipagpatuloy, panatilihin, at palawakin ang mga programang gradwadong edukasyong medikal upang makamit ang hangarin na itaas ang bilang ng mga doktor ng pangunahing pangangalaga at emerhensiya sa Estado ng California batay sa ipinakitang mga pangangailangan ng lakas paggawa at mga priyoridad.

(1) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "pangunahing pangangalaga" ay nangangahulugang panloob na medisina, pampamilyang medisina, pag-aalaga ng nagbubuntis/sakit ng babae, at paggamot ng mga sakit ng bata.

(2) Ang pagpopondo ay dapat unahin para sa tuwirang mga gastos sa gradwadong edukasyong medikal na naglilingkod sa mga lugar at populasyon na kulang sa paglilingkod na medikal.

(3) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, lahat ng programang alopatiko at osteopatiko na akreditado ng pederal na kinikilalang mga organisasyon ng pag-akredito at matatagpuan sa California ay dapat maging karapat-dapat na mag-aplay upang tumanggap ng pagpopondo upang suportahan ang edukasyon ng residente sa California.

(4) Ang Unibersidad ng California ay dapat magrepaso taun-taon ng mga kakulangan ng doktor batay sa espesyalidad sa buong estado at batay sa rehiyon. Batay sa pagrepasong ito, kung may ipinakitang pang-estado o panrehiyong mga kakulangan ng mga doktor ng pangunahing pangangalaga, ang mga pondo ay maaaring gamitin upang palawakin ang mga programang gradwadong edukasyong medikal na naglalayong tugunan ang mga naturang kakulangan.

(d) Ang mga pera mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California sa halagang tatlumpung milyong dolyar ($30,000,000) ay dapat gamitin taun-taon upang magkaloob ng pagpopondo sa programa sa ngipin ng estado ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado para sa layunin at hangarin na magturo tungkol sa, pagpigil at paggamot ng sakit sa ngipin, kabilang ang sakit sa ngipin na dulot ng paggamit ng mga sigarilyo at ibang mga produktong tabako. Ang hangaring ito ay dapat makamit ng programa sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pagpopondong ito sa mga aktibidad na sumusuporta sa plano sa ngipin ng estado batay sa ipinakitang mga pangangailangan ng kalusugan ng bibig, inuuna ang paglilingkod sa mga lugar at populasyon na kulang sa paglilingkod. Ang pinopondohang mga aktibidad ng programa ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, sumusunod: edukasyon, pagpigil sa sakit, paggamot ng sakit, pagsubaybay, at pamamahala ng kaso.

Ang kagawaran ay dapat magkaroon ng malawak na awtoridad upang lubos na ipatupad at isulong ang mga layunin ng subdibisyong ito, kabilang ang pagpapasiya ng mga komunidad na kulang sa paglilingkod, ang pagbuo ng mga protokol sa programa, ang awtoridad na bayaran ang inisponsor ng estado na mga serbisyong may kinalaman sa programa, at sa awtoridad na magkontrata sa isa o higit na mga indibidwal o pampubliko o pribadong entidad upang magkaloob ng mga aktibidad ng programa.

(e) Ang mga pera mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California sa halagang apatnapu't walong milyong dolyar ($48,000,000) taun-taon ay dapat gamitin para sa layuning pondohan ang mga pagsisikap sa pagpapatupad ng batas upang bawasan ang mga bawal na pagbebenta ng mga produktong tabako, partikular ang bawal na pagbebenta sa mga menor; upang bawasan ang pagpupuslit ng sigarilyo, pag-iwas sa buwis sa tabako, pagbebenta ng mga produktong tabako nang walang lisensiya at pagbebenta ng huwad na mga produktong tabako; upang ipatupad ang mga batas na may kaugnayan sa tabako, mga hatol ng hukuman, at mga pakikipag-ayos na pambatas; at upang magsagawa mg pagsasanay sa pagpapatupad ng batas at mga aktibidad sa teknikal na tulong para sa mga batas na may kaugnayan sa tabako; sa kondisyon na ang mga pondong ito ay hindi dapat gamitin upang palitan ang kasalukuyang pang-estado o lokal na mga pondo para sa mga katulad na layunin. Ang mga pondong ito ay dapat paghati-hatiin sa mga sumusunod na paraan:

(1) Tatlumpung milyong dolyar ($30,000,000) taun-taon sa Kagawaran ng Hustisya/Opisina ing Pangkalahatang Abugado ng California na ipamamahagi sa mga lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas upang suportahan at kunin ang mga pangharap na linya na mga opisyal na pangkapayapaan para sa mga programa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagpapatupad ng pang-estado at lokal na batas na may kaugnayan sa mga bawal na pagbebenta at pagpapalaganap ng tabako sa mga menor, at pagtataas ng mga nag-iimbistigang aktibidad at mga pagsusuri ng pagsunod upang bawasan ang mga bawal na pagbebenta ng mga sigarilyo at mga produktong tabako sa mga menor at kabataan.

(2) Anim na milyong dolyar ($6,000,000) taun-taon sa lupon upang gamitin upang ipatupad ang mga batas na nangangasiwa sa pamamahagi at tinging pagbebenta ng mga sigarilyo at ibang mga produktong tabako, tulad ng mga batas na nagbabawal ng pagpupuslit, panghuhuwad, pagbebenta ng sigarilyo at produktong tabako, pagbebenta ng hindi binuwisang mga sigarilyo at ibang mga produktong tabako, at pagbebenta ng mga sigarilyo at ibang mga produktong tabako nang walang wastong lisensiya.

(3) Anim na milyong dolyar ($6,000,000) taun-taon sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California upang gamitin para suportahan ang mga programa, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkakaloob ng mga gawad at kontrata sa mga lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas upang magkaloob ng pagsasanay at pagpopondo para sa pagpapatupad ng pag-estado at lokal na batas na may kaugnayan sa mga bawal na pagbebenta ng tabako sa mga menor, pagtataas ng mga nag-iimbistigang aktibidad, at mga pagsusuri ng pagsunod, at ibang mga angkop na aktibidad upang bawasan ang mga bawal na pagbebenta ng mga produktong tabako sa mga menor, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Batas sa Pagpapatupad ng Patigilin ang Paggamit ng Tabako ng mga Bata (STAKE), alinsunod sa Seksiyon 22952 ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.

(4) Animnapung milyong dolyar ($6,000,000) taun-taon sa Pangkalahatang Abugado ng California upang gamitin sa mga aktibidad, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagpapatupad ng mga batas na nangangasiwa sa pamamahagi at pagbebenta ng mga sigarilyo at ibang mga produktong tabako, tulad ng mga batas na nagbabawal sa pagpupuslit ng sigarilyo, panghuhuwad, pagbebenta ng hindi binuwisang tabako, pagbebenta ng tabako nang walang wastong lisensiya at pagbebenta ng tabako sa mga menor, at pagpapatupad ng mga batas na may kaugnayan sa tabako, mga hatol ng hukuman, at mga pakikipag-ayos.

(f) Hindi hihigit sa 5 porsiyento ng mga pondong natanggap alisunod sa artikulong ito ang dapat gamitin ng anumang estado o lokal na ahensiya o kagawaran na tumatanggap ng mga naturang pondo para sa mga gastos na pampangasiwaan.

(g) Ang Tagasuri ng Estado ng California ay dapat magpalaganap ng mga regulasyon alinsunod sa mga tadhana sa paggawa ng tuntunin ng Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon

11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) upang linawin ang mga gastos na pampangasiwaan para sa mga layunin ng artikulong ito. Ang mga naturang regulasyon ay dapat magsaalang-alang sa magkakaibang kalikasan ng ahensiya o kagawaran na tumatanggap ng mga pondo.

(h) Ang lupon ay dapat magpasiya simula sa dalawang taon kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, at taun-taon pagkaraan, ng anumang pagbawas sa mga kita, kasunod ng unang taon pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, resulta ng pagbawas sa pagkonsumo ng mga sigarilyo at mga produktong tabako dahil sa mga karagdagang buwis na ipinataw sa mga sigarilyo ng artikulong ito, at pagtaas sa buwis sa mga produktong tabako na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 30123. Kung ang lupon ay nagpasiya na may pagbawas sa mga kita, ang halaga ng mga pondong inilalaan alinsunod sa mga subdibisyon (c), (d) at (e) ay dapat bawasan nang ayon sa proporsiyon.

30130.58. Mga Pagtukoy sa Batas.

Maliban kung ipinahayag sa ibang paraan lahat ng pagbanggit sa batas na ito ay tumutukoy sa mga batas na naroon noong ika-1 ng Enero, 2016.

SEK. 5. Umaayong mga Susog sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

SEK. 5.1. Seksiyon 30014 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

56

30014. (a) "Tagahatid" ay nangangahulugang sinumang taong naghahatid patungo o sa loob ng estadong ito ng alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang mga sigarilyong hindi nakapaloob sa mga pakete kung saan nakalagay ang mga selyo ng buwis sa sigarilyo o mga impresyon ng metro ng California.

(2) Ang mga produktong tabako kung saan ang dagdag na buwis sa produktong tabako ay ipinapataw ng Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 30121), *Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksiyon 30130.50),* at Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30131) ng Kabanata 2 ay hindi pa nababayaran.

(b) "Tagahatid" ay hindi kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang lisensiyadong tagapamahagi.

(2) Isang panlahat na tagadala.

(3) Isang taong naghahatid ng mga sigarilyo at mga produktong tabako sa ilalim ng pederal na panloob na kitang bono o mga pagkontrol ng adwana na hindi binabayaran ang buwis sa ilalim ng Kabanata 52 ng Batas ng 1954 sa Rentas Internas na sinusugan.

SEK. 5.2. Seksiyon 30104 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

30104. Ang mga buwis na ipinataw ng bahaging ito ay hindi dapat pairalin sa pagbebenta ng mga sigarilyo o produktong tabako ng isang tagapamahagi sa isang panlahat na tagadala na lumalahok sa estado sa estado o banyagang serbisyo sa pasahero o sa isang taong awtorisadong magbenta ng mga sigarilyo o produktong tabako sa mga pasilidad ng tagadala. Tuwing ang mga sigariyo o produktong tabako ay ibinebenta ng mga tagapamahagi sa mga panlahat na tagadala na lumalahok sa estado sa estado o banyagang serbisyo sa pasahero para gamitin o ibenta sa mga pasilidad ng mga tagadala, o sa mga taong awtorisadong magbenta ng mga sigarilyo o produktong tabako sa mga pasilidad na iyon, ang buwis na ipinataw ~~ng mga Seksiyon 30101, 30123, at 30131.2~~ *sa ilalim ng bahaging ito* ay hindi dapat ipataw sa pagbebenta ng mga sigarilyo o produktong tabako ng mga tagapamahagi, pero ang isang buwis ay ipinapataw sa pamamagitan nito sa mga tagadala o sa mga taong awtorisadong magbenta ng mga sigarilyo o produktong tabako sa mga pasilidad ng tagadala, anuman ang kaso, para sa pribilehiyong gumawa ng pagbebenta sa California sa kaparehong antas na nakalagay ~~nakalagay sa mga Seksiyon 30101, 30123, at 30131.2.~~ *sa ilalim ng bahaging ito.* Ang mga panlahat na tagadalang ito at mga awtorisadong tao ay dapat magbayad ng buwis na ipinataw ng seksiyong ito at magharap ng mga ulat sa lupon, gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 30186.

SEK. 5.3. Seksiyon 30108 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

30108. (a) Bawat tagapamahaging kalahok sa negosyo sa estadong ito at nagbebenta o tumatanggap ng mga utos para sa mga sigarilyo o produktong tabako kung saan ipinataw ang buwis ~~ng mga seksiyon 30101, 30123, at 30131.2~~ *sa ilalim ng bahaging ito* ay hindi angkop, sa panahon ng paggawa ng pagbebenta o pagtanggap ng utos, o kung ang bumili ay hindi ubligado noon na magbayad ng buwis na nauukol sa kanyang pamamahagi ng mga sigarilyo o produktong tabako, kasabay ng pagiging ubligado ng bumili, singilin ang buwis mula sa bumili, kung iang bumili ay iba sa isang lisensiyadong tagapamahagi, at dapat magbigay sa bumili ng isang resibo sa paraan at anyong inilarawan ng lupon.

(b) Bawat taong lumalahok sa negosyo sa estadong ito at gumagawa ng mga regalo na hindi binuwisang mga sigarilyo o mga produktong tabako bilang mga sampol kung saan ang buwis ay ipinapataw ~~ng mga Seksiyon 30101, 30123, at 30131.2~~ *sa ilalim ng bahaging ito* ay hindi angkop ay dapat, sa panahon ng paggawa ng regalo o, kung ang nagbigay ay hindi ubligado noon na magbayad ng buwis na nauukol sa kanyang pamamahagi ng mga sigarilyo o mga produktong tabako, sa panahong ang nagbigay ay naging ubligado, singilin ang buwis mula sa nagbigay, kung ang nagbigay ay iba sa isang lisensiyadong tagapamahagi, at dapat magbigay sa nagbigay ng resibo sa paraan at anyong inilarawan ng lupon. Ang seksiyong ito ay hindi dapat pairalin sa mga pamamahaging iyon ng mga sigarilyo o mga produktong tabako ~~na~~ *na* di-saklaw ng buwis sa ilalim ng Seksiyon 30105.5.

(c) "Lumalahok sa negosyo sa estado" ay nangangahulugang at kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang pagpapanatili, pag-okupa, o paggamit, nang permanente o pansamantala, tuwiran o di-tuwiran, o sa pamamagitan ng isang sangay, o ahente, ng anumang ang tawag, isang opisina, lugar ng pamamahagi, silid o lugar ng pagbebenta o sampol, bodega o lugar ng pag-iimbak, o ibang lugar ng negosyo.

(2) Ang pagkakaroon ng anumang kinatawan, ahente, tagabenta, tagakambas o tagahingi na nagpapatakbo sa estadong ito sa ilalim ng awtoridad ng tagapamahagi o sangay nito para sa layuning magbenta, maghatid, o kumuha ng mga order para sa mga sigarilyo o mga produktong tabako.

(d) Ang mga buwis na iniaatas na singilin ng seksiyong ito ay bumubuo sa mga utang na dapat bayaran ng tagapamahagi, o ibang taong iniaatasang sumingil ng mga buwis, sa estado.

SEK. 5.4. Seksiyon 30166 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

30166. Ang mga kaayusan ng mga selyo at rehistro ng meetro ay dapat ibenta *sa mga lisensiyadong tagamahagi* sa kanilang nasa denominasyong halaga na ibinawas ang *isang diskuwentong* 0.85 porsiyento*, na dapat na hanggang sa unang isang dolyar ($1.00) sa nasa denominasyong halaga* ~~sa mga lisensiyadong tagapamahagi~~. Ang pagbabayad para sa kaayusan ng mga selyo o rehistro ng metro ay dapat gawin sa panahon ng pagbili, sa kondisyon na ang isang lisensiyadong tagapamahagi, napapailalim sa mga kondisyon at tadhana ng artikulong ito, ay maaaring pahintulutang antalahin ang mga pagbabayad nito.

SEK. 5.5. Seksiyon 30181 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

30181. (a) ~~Kapag~~ *Kung* ang anumang buwis na ipinapataw sa mga sigarilyo sa ilalim ng ~~Artikulo 1 (nagsisimula sa Seksiyon 30101), Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 30121), at Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30131) ng Kabanata 2~~ *ng bahaging ito* ay hindi binabayaran sa pamamagitan ng paggamit ng mga selyo o impresyon ng metro, ang buwis ay dapat bayaran buwan-buwan sa o bago ang ika-25 araw ng buwan kasunod na buwan sa kalendaryo kung saan ang isang pamamahagi ng mga sigarilyo ay nangyari, o sa kaso ng isang pagbabenta ng mga sigarilyo sa mga pasilidad ng isang panlahat na tagadala kung saan ang buwis ay ipinataw alinsunod sa

Seksiyon 30104, ang buwis ay dapat bayaran at babayaran buwan-buwan sa o bago ang ika-25 araw ng buwan kasunod ng buwan ng kalendaryo kung saan ang isang pagbebenta ng mga sigarilyo sa mga pasilidad ng tagadala ay nangyari.

(b) Ang bawat tagapamahagi ng mga produktong tabako ay dapat magharap ng isang pahayag sa anyo, gaya ng itinagubilin ng lupon, ~~na~~ *na* maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, elektronikong media na gumagalang sa mga tagapamahagi ng mga produktong tabako at ang pakyawang halaga sa sinundang buwan, at anumang ibang impormasyon na maaaring iatas ng lupon upang isakatuparan ang bahaging ito. Ang pahayag ay dapat iharap sa lupon sa o bago ang ika-25 araw ng buwan ng kalendaryo kasunod ng pagsasara ng buwanang panahon na may kaugnayan ito, kasama ng isang halagang binabayaran sa lupon, ng halaga ng buwis, kung mayroon, dapat bayaran sa ilalim na Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 30121) ng Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30131) ng Kabanata 2 para sa panahong iyon.

(c) Upang pabilisin ang pangangasiwa ng bahaging ito, ang lupon ay maaaring mag-atas ng paghaharap ng mga pahayag para sa mas matagal kaysa mga buwanang panahon.

(d) Ang mga pahayag ay dapat patunayan sa isang anyo o alinsunod sa mga paraan na maaaring itagubilin ng lupon.

~~(e) Ang seksiyong ito ay dapat magkabisa sa ika-1 ng Enero, 2007.~~

SEK. 6. Pag-ayon sa Saligang-batas ng Estado.

SEK. 6.1. Seksiyon 23 ay idinaragdag sa Artikulo XVI na Saligang-batas ng California, upang mabasang:

Sek. 23. Ang buwis na ipinapataw ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California at ang kitang galing dito, kabilang ang interes sa pamumuhunan, ay hindi dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksiyon 8 at ng mga batas nito sa pagpapatupad, at hindi dapat ituring na "mga kita ng Pangkalahatang Pondo," "mga kita ng estado," o "mga nalikom ng mga buwis ng Pangkalahatang Pondo" para sa mga layunin ng subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 8 at mga nito sa pagpapatupad.

SEK. 6.2. Seksiyon 14 ay idinaragdag sa Artikulo XIII B na Saligang-batas ng California, upang mabasang:

Sek. 14. "Ang mga paglalaan na napapailalim sa limitasyon" ng bawat entidad ng pamahalaan ay hindi dapat kabilang ang mga paglalaan ng kita mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California na nilikha ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California. Walang pag-aakma sa limitasyon sa mga paglalaan o anumang entidad ng pamahalaan na dapat atasan alinsunod sa Seksiyon 3 bilang resulta ng pagdeposito ng kita o paglalaan mula sa Pondo ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California.

SEK. 7. Naihihiwalay.

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi nito, sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang mga natitirang tadhana ay hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatiling may buong puwersa at epekto at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay naihihiwalay.

SEK. 8. Mga Kasalungat na Panukala.

(a) Hangarin ng mga tao na kung sakaling ang panukalang ito at ibang panukala na may kaugnayan sa pagbubuwis sa tabako ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota sa halalan, ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay hindi dapat ituring na salungat sa panukalang ito, at kung aprobahan ng mga botante, ang panukalang ito ay dapat magkabisa sa kabila ng pag-aproba ng mga botante sa ibang panukala na may kaugnayan sa pagbubuwis sa tabako ng isang malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto.

(b) Kung ang panukalang ito ay aprobahan ng mga botante pero pinawalang-bisa ng batas sa pamamagitan ng anumang kasalungat na panukala na inaprobahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at ang kasalungat na panukala sa balota ay ipinasiyang walang-bisa sa huli, ang panukalang ito ay dapat magpatupad sa sarili at bigyan ng buong puwersa ng batas.

SEK. 9. Mga Susog.

(a) Maliban kung itatadhana dito, ang batas na ito ay maaari lamang susugan ng mga manghahalal gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

(b) Ang Lehislatura ay maaaringg magsusog sa mga subdibisyon (a) at (c) ng Seksiyon 30130.55 at Seksiyon 30130.57 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis upang isulong ang mga layunin ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong pagtawag sa pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon.

(c) Ang Lehislatura ay maaaring magsusog sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 30130.55 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis upang isulong ng ang mga layunin ng Batas ng 2016 sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan, Pananaliksik at Pagpigil sa Tabako ng California sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong pagtawag sa pangalan na ipinasok sa talaan, apat-na-ikalima ng mga miyembro ang sumang-ayon.

SEK. 10. Petsa ng Pagkakabisa.

Ang batas na ito ay dapat magkabisa gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California, sa kondisyon, gayunman, na ang susog sa Seksiyon 30121 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay dapat magkabisa sa ika-1 ng Abril, 2017.

56

PROPOSISYON 57

Ang panukalang inisyatibong ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang panukalang inisyatibong ito ay nagdaragdag ng seksiyon sa Saligang-batas ng California at nagsususog sa mga seksiyon ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon; samakatuwid, ang mga umiiral na tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang tukuyin na bago ang mga iyon.

57

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan ng Publiko at Rehabilitasyon

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat kilalanin at maaaring tawagin bilang "Ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan ng Publiko at Rehabilitasyon."

SEK. 2. Layunin at Hangarin.

Sa pagpapatibay ng batas na ito, layunin at hangarin ng mamamayan ng Estado ng California na:

1. Protektahan at mas paigtingin ang kaligtasan ng publiko.

2. Magtipid ng pera sa pamamagitan ng pagbabawas sa maaksayang paggasta sa mga bilangguan.

3. Pigilan ang mga pederal na hukuman sa pabayang pagpapalaya sa mga bilanggo.

4. Ihinto ang paglabas-pasok sa bilangguan ng mga kriminal sa pamamagitan ng pagtuon sa rehabilitasyon, lalo na para sa mga kabataan.

5. Atasan ang isang hukom, at hindi isang tagausig, na magpasiya kung dapat bang litisin ang mga kabataan sa isang hukumang para sa nasa hustong gulang.

SEK. 3. Idinagdag ang Seksiyon 32 sa Artikulo I ng Saligang-Batas ng California, upang mabasa ang:

SEK. 32. (a) Sa pamamagitan nito, ang mga sumusunod na tadhana ay ipinapatupad upang mas paigtingin ang kaligtasan ng publiko, pahusayin ang rehabilitasyon at iwasan ang pagpapalaya sa mga bilanggo alinsunod sa atas ng pederal na hukuman, sa kabila ng anumang bagay sa artikulong ito o anumang iba pang tadhana ng batas:

(1) Pagsasaalang-alang sa Parol: Ang sinumang tao na nahatulan para sa isang hindi marahas ngunit malaking pagkakasalang paglabag at sinentensiyahang makulong sa bilangguan ng estado ay karapat-dapat na isaalang-alang para sa parol kapag natapos na niya ang buong taning para sa kanyang primaryang pagkakasala.

(A) Para lang sa mga layunin ng seksiyong ito, ang ibig sabihin ng buong taning para sa primaryang pagkakasala ay ang pinakamatagal na pagkakakulong na ipinataw ng hukuman para sa anumang pagkakasala, maliban sa pagpapataw ng mas matinding parusa, magkakasunod na sentensiya o alternatibong sentensiya.

(2) Pagkamit ng Kredito: Ang Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat na magkaroon ng awtoridad na maggawad ng mga kredito na makakamit sa pamamagitan ng mabuting asal at mga inaprubahang pangrehabilitasyon o pang-edukasyong bagay na nagawa ng isang bilanggo.

(b) Dapat pagtibayin ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ang mga regulasyon para sa pagsulong ng mga tadhanang ito, at dapat sertipikahan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon na pinoprotektahan at mas pinapaigting ng mga regulasyong ito ang kaligtasan ng publiko.

SEK. 4. Proseso ng Panghukumang Paglipat.

SEK. 4.1. Sinusog ang Seksiyon 602 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon upang mabasa ang:

602. ~~(a)~~ Maliban na lang kung tinukoy sa ~~subdibisyon (b)~~ ng *Seksiyon 707*, ang sinumang wala pang 18 taong gulang noong sumuway sa anumang batas ng estadong ito o ng Estados Unidos o ng anumang ordinansa ng anumang lungsod o county ng estadong ito, na tumutukoy sa isang krimen maliban sa ordinansang nagtakda ng oras kung kailan ipinagbabawal sa mga sibiliyang lumabas ng kanya-kanyang bahay batay lang sa edad, ay nasasaklawan ng hurisdiksiyon ng hukumang pangkabataan, na maaaring ideklarang nasa pangangalaga ng hukuman.

~~(b) Ang sinumang pinaratangan, noong 14 na taong gulang siya o mas matanda, na nagsagawa ng isa sa mga sumusunod na paglabag ay dapat usigin sa ilalim ng pangkalahatang batas sa hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon.~~

~~(1) Pagpatay ng tao, ayon sa inilarawan sa Seksiyon 187 ng Kodigo Penal, kung ipinaratang ng tagausig ang isa sa mga sitwasyong kabilang sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 190.2 ng Kodigo Penal, at kung ipinaparatang ng tagausig na personal na pinatay ng menor de edad ang biktima.~~

~~(2) Ang mga sumusunod na sekswal na pagkakasala, kung ipinaparatang ng tagausig na personal na isinagawa ng menor de edad ang paglabag, at kung ipinaparatang ng tagausig ang isa sa mga sitwasyong kabilang sa batas sa Isang Beses na Pagkakasala, subdibisyon (d) o (e) ng Seksiyon 667.61 ng Kodigo Penal, ay umiiral:~~

~~(A) Panggagahasa, ayon sa inilarawan sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 261 ng Kodigo Penal.~~

~~(B) Panggagahasa sa asawa, ayon sa inilarawan sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 262 ng Kodigo Penal.~~

~~(C) Mga sapilitang sekswal na pagkakasala na isinagawa kasama ng iba pang tao, ayon sa inilarawan sa Seksiyon 264.1 ng Kodigo Penal.~~

~~(D) Mga sapilitang mahalay at malaswang pagkilos sa isang batang wala pang 14 na taong gulang, ayon sa inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 288 ng Kodigo Penal.~~

~~(E) Mga sapilitang sekswal na penetrasyon, ayon sa inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 289 ng Kodigo Penal.~~

~~(F) Sodomya o oral na panggagahasa na sumusuway sa Seksiyon 286 o 288a ng Kodigo Penal, sa pamamagitan ng puwersa, karahasan, pamimilit, pananakot, o takot sa agaran at labag sa batas na pisikal na pinsala sa panig ng biktima o iba pang tao.~~

~~(G) Mahahalay at malalaswang pagkilos sa isang batang wala pang 14 na taong gulang, ayon sa tinukoy sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 288, maliban na lang kung kuwalipikado ang nasasakdal para sa probasyon sa ilalim ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 1203.066 ng Kodigo Penal.~~

SEK. 4.2. Sinusog ang Seksiyon 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon upang mabasa ang:

707. (a) (1) Sa anumang kaso kung saan pinaratangan ang isang menor de edad bilang isang taong inilarawan sa ~~subdibisyon (a) ng~~ Seksiyon 602 nang dahil sa pagsuway, noong siya ay 16 na taong gulang o mas matanda, sa anumang batas sa *malaking pagkakasalang* kriminal*,* ~~o ordinansa maliban sa mga nakalista sa subdibisyon (b),~~ *o sa anumang pagkakasalang nakalista sa subdibisyon (b) noong siya ay 14 o 15 taong gulang, maaaring gumawa ng mosyon ang abogado ng distrito o iba pang may kakayahang opisyal sa pag-uusig na ilipat ang menor de edad mula sa isang hukumang pangkabataan patungo sa hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon.* ~~sa~~ *Ang* mosyon~~ng nagpetisyon~~ *ay dapat* ihain bago kaharapin ng nasasakdal ang panganib na mahatulan at maparusahan. *Sa naturang mosyon,* dapat *utusan* ng hukumang *pangkabataan* ~~magdulot~~ ang alagad ng probasyon na ~~mag-imbestiga at~~ magharap ng ulat tungkol sa mga paulit-ulit na asal at kasaysayang panlipunan ng menor de edad. ~~isinasaalang-alang para sa pagtukoy sa katunayan ng hindi pag-akma.~~ *Dapat ay kabilang sa ulat ang anumang nakasulat o pasalitang pahayag na ibinigay ng biktima alinsunod sa Seksiyon 656.2.*

(2) Pagkatapos iharap at isaalang-alang ang ulat, at ang anumang nauugnay na ebidensiya na ibinigay ng nagpetisyon o na maaaring gustong iharap ng menor de edad, dapat magdesisyon ang hukumang pangkabataan *kung dapat bang ilipat ang menor de edad sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon. Sa paggawa ng desisyong ito, dapat isaalang-alang ng hukuman ang pamantayang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A) hanggang (E). Kung nag-utos ang hukuman ng paglipat ng hurisdiksiyon, dapat isalaysay ng hukuman ang batayan para sa desisyon nito ayon sa pagkakasunud-sunod ng bawat detalyeng naganap. Sa anumang kaso kung saan may inihaing paunawa sa pagdinig alinsunod sa seksiyong ito, dapat iantala ng hukuman ang panunumpa sa petisyon hanggang sa mapagdesisyunan ang paglipat ng pagdinig, at hindi maaaring gamitin ang anumang panunumpa na maaaring naisagawa na bilang ebidensiya sa pagdinig.* ~~maaaring mapagpasiyahang hindi akma at angkop ang kaso ng menor de edad na mapapasailalim sa batas ng hukumang pangkabataan kung ang naging desisyon nito ay hindi maaasahan ang pakikisama ng menor de edad sa programa ng pangangalaga, paggamot at pagsasanay na nakahanda sa pamamagitan ng mga pasilidad ng hukumang pangkabataan, batay sa pagsusuri sa pamantayang tinukoy sa sugnay (i) ng napapasailalim na talataan (A) hanggang (E), na sumasaklaw sa:~~

(A) (i) Antas ng pagkakumplikado ng kriminal na asal na ipinamalas ng menor de edad.

(ii) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa sugnay (i), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik sa pagkakumplikado ng kriminal na asal na ginawa ng menor de edad, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, edad ng menor de edad, kakayahang magpasiya, intelektwal na kapasidad, at pisikal, mental at emosyonal na kalusugan sa panahon ng pagsasagawa ipinaparatang na pagkakasala, ang kapusukan o kawalang kakayahan ng menor de edad na magtimbang ng panganib at kahihinatnan sa paggawa ng kriminal na asal, ang epekto ng impluwensiya ng pamilya, nakatatanda o kasamahan sa pagkilos ng menor de edad, at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata.

(B) (i) Kung maaari bang ipasailalim sa rehabilitasyon ang menor de edad bago ang pagwawakas ng hurisdiksiyon ng hukumang pangkabataan.

(ii) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa sugnay (i), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, potensyal ng menor de edad na tumanda at magkaroon ng mas mahusay na kakayahan sa pagpapasiya.

(C) (i) Ang kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad.

(ii) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa sugnay (i), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, kalubhaan ng kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata sa dating asal ng pagiging delingkuwente ng menor de edad.

(D) (i) Tagumpay ng mga dating pagtatangka ng hukumang pangkabataan na ipasailalim ang menor de edad sa rehabilitasyon.

(ii) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa sugnay (i), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagiging sapat ng mga serbisyong dating ibinigay upang matugunan ang mga pangangailangan ng menor de edad.

(E) (i) Ang mga pangyayari at bigat ng ipinaparatang na pagkakasala sa petisyon na di-umano'y ginawa ng menor de edad.

(ii) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa sugnay (i), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, aktwal na asal ng tao, katayuan ng pag-iisip ng tao, tindi ng pagkakasangkot ng tao sa krimen, antas ng pinsalang aktwal na idinulot ng tao, at pangkaisipan at emosyonal na pag-unlad ng tao.

~~Ang pagtukoy na hindi akma o angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa batas ng hukumang pangkabataan ay maaaring ibatay sa isa o kumbinasyon ng alinman mga salik na itinakda sa sugnay (i) ng napapasailalim na talataan (A) hanggang (E), na sumasaklaw sa lahat ng ito, na dapat isalaysay ayon sa pagkakasunud-sunod ng katunayan ng hindi pag-akma. Sa anumang kaso kung saan may inihaing paunawa sa pagdinig alinsunod sa seksiyong ito, dapat iantala ng hukuman ang panunumpa sa petisyon hanggang sa mapagdesisyunan ang pagdinig sa pagiging akma, at hindi maaaring gamitin ang anumang panunumpa na maaaring naisagawa na bilang ebidensiya sa pagdinig.~~

~~(2) (A) Ang talataang ito ay dapat umiral sa isang menor de edad na pinaratangan bilang isang taong inilarawan sa Seksiyon 602 nang dahil sa pagsuway, noong 16 na taong gulang na siya, sa anumang malaking pagkakasalang paglabag kung saan idineklarang nasa pangangalaga ng hukuman ang menor de edad alinsunod sa Seksiyon 602 sa isa o higit pang nagdaang pangyayari kung umiiral ang pareho sa sumusunod:~~

~~(i) Nahatulan na noon ang menor de edad para sa pagsasagawa ng dalawa o higit pang malaking pagkakasalang paglabag.~~

~~(ii) Ang mga paglabag kung saan ibinatay ang nagdaang petisyon o mga petisyon ay isinagawa noong 14 na taong gulang na ang menor de edad.~~

~~(B) Sa pamamagitan ng mosyon ng nagpetisyon na ihinain bago kaharapin ng nasasakdal ang panganib na mahatulan at maparusahan., dapat na pag-imbestigahin at pagharapin ng hukuman ang alagad ng probasyon ng isang ulat tungkol sa mga paulit-ulit na asal at kasaysayang panlipunan ng menor de edad para sa pagtukoy sa katunayan ng hindi pag-akma. Pagkatapos ng paghaharap at pagsasaalang-alang sa ulat, at ng anumang iba pang nauugnay na ebidensiya na maaring gustong iharap ng menor de edad, dapat na ipagpalagay na hindi akma at angkop na ipasailalim ang kaso ng menor de edad sa batas ng hukumang pangkabataan maliban na lang kung mapagdesisyunan ng hukumang pangkabataan, batay sa ebidensiya, kung saan ang ebidensiya ay maaaring maging mga sitwasyong nakakapagpababa at nakakapagpagaan ng sala, na maaasahan ang pakikisama ng menor de edad sa programa ng pangangalaga, paggamot at pagsasanay na nakahanda sa pamamagitan ng mga pasilidad ng hukumang pangkabataan batay sa isang pagsusuri sa pamantayang tinukoy sa napapasailalim n sugnay (I) ng sugnay (i) hanggang (v), na sumasaklaw sa:~~

~~(i) (I) Antas ng pagkakumplikado ng kriminal na asal na ipinamalas ng menor de edad.~~

~~(II) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na sugnay (I), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik sa pagkakumplikado ng kriminal na asal na ginawa ng menor de edad, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, edad ng menor de edad, kakayahang magpasiya, intelektwal na kapasidad, at pisikal, mental at emosyonal na kalusugan sa panahon ng pagsasagawa ipinaparatang na pagkakasala, ang kapusukan o kawalang kakayahan ng menor de edad na magtimbang ng panganib at kahihinatnan sa paggawa ng kriminal na asal, ang epekto ng impluwensiya ng pamilya, nakatatanda o kasamahan sa pagkilos ng menor de edad, at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata.~~

~~(ii) (I) Kung maaari bang ipasailalim sa rehabilitasyon ang menor de edad bago ang pagwawakas ng hurisdiksiyon ng hukumang pangkabataan.~~

~~(II) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na sugnay (I), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, potensyal ng menor de edad na tumanda at magkaroon ng mas mahusay na kakayahan sa pagpapasiya.~~

~~(iii) (I) Ang kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad.~~

~~(II) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na sugnay (I), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, kalubhaan ng kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata sa dating asal ng pagiging delingkuwente ng menor de edad.~~

~~(iv) (I) Tagumpay ng mga dating pagtatangka ng hukumang pangkabataan na ipasailalim ang menor de edad sa rehabilitasyon.~~

~~(II) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na sugnay (I), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagiging sapat ng mga serbisyong dating ibinigay upang matugunan ang mga pangangailangan ng menor de edad.~~

~~(v) (I) Ang mga pangyayari at bigat ng ipinaparatang na pagkakasala sa petisyon na di-umano'y ginawa ng menor de edad.~~

~~(II) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na sugnay (I), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, aktwal na asal ng tao, katayuan ng pag-iisip ng tao, tindi ng pagkakasangkot ng tao sa krimen, antas ng pinsalang aktwal na idinulot ng tao, at pangkaisipan at emosyonal na pag-unlad ng tao.~~

~~Ang pagtukoy na akma o angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa batas ng hukumang pangkabataan ay dapat ibatay sa katunayan na maaasahan ang pakikisama ng nasasakdal pagkatapos ng pagsasaalang-alang sa pamantayang itinakda sa napapasailalim na sugnay (I) ng sugnay (i) hanggang (v), na sumasaklaw sa lahat ng ito, at mga pagtuklas dahil doon na isinalaysay ayon sa pagkakasunud-sunod batay sa bawat pamantayang iyon na ang menor de edad ay akma at angkop sa ilalim ng bawat isa at lahat ng pamantayang iyon. Sa pagpapasiya sa pagiging akma ng nasasakdal, maaaring isaalang-alang ng hukuman ang mga sitwasyong nakakapagpababa at nakakapagpagaan ng sala pagsusuri sa mga pamantayang iyon. Sa anumang kaso kung saan may inihaing paunawa sa pagdinig alinsunod sa seksiyong ito, dapat iantala ng hukuman ang panunumpa sa petisyon hanggang sa mapagdesisyunan ang pagdinig sa pagiging akma, at hindi maaaring gamitin ang anumang panunumpa na maaaring naisagawa na bilang ebidensiya sa pagdinig. Kung napag-alamang akma at naaangkop na ipasailalim ang kaso ng menor de edad sa~~

57

~~batas ng hukumang pangkabataan alinsunod sa subdibisyong ito, dapat na iatas ang paglalagak sa menor de edad sa isang bulwagang pangkabataan, rantsong kampo, kampo ng paggugubat, kampo ng pamamagitan o ligtas na bahay ng kabataan alinsunod sa Seksiyon 730, o sa anumang institusyong pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, Dibisyon ng Mga Pasilidad na Pangkabataan.~~

~~(3) Kung, alinsunod sa subdibisyong ito, napag-alamang hindi akma at angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa pagdinig sa isang hukumang pangkabataan at sa halip ay nilitis sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon at nahatulang may sala ng tagasubok ng katotohanan, maaaring iatas ng hukom na dalhin ang menor de edad sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, Dibisyon ng Mga Pasilidad na Pangkabataan, bilang panghalili sa pagsesentensiya sa menor de edad sa bilangguan ng estado, maliban na lang kung umiiral ang mga tinukoy na limitasyon sa Seksiyon 1732.6.~~

(b) Iiral ang subdibisyon ~~(c)~~ *(a)* sa anumang kaso kung saan pinaratangan ang isang menor de edad bilang isang taong inilarawan sa Seksiyon 602 nang dahil sa pagsuway sa isa sa mga sumusunod na paglabag *noong siya ay 14 o 15 taong gulang*:

(1) Pagpatay ng tao.

(2) Panununog, ayon sa itinakda sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksiyon 451 ng Kodigo Penal.

(3) Pagnanakaw.

(4) Panggagahasa sa pamamagitan ng puwersa, karahasan o pagbabanta ng matinding pisikal na pananakit.

(5) Sodomya sa pamamagitan ng puwersa, karahasan, pamimilit, pananakot o pagbabanta ng matinding pisikal na pananakit.

(6) Isang mahalay o malaswang pagkilos ayon sa itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 288 ng Kodigo Penal.

(7) Oral na panggagahasa sa pamamagitan ng puwersa, karahasan, pamimilit, pananakot o pagbabanta ng matinding pisikal na pananakit.

(8) Isang paglabag na tinukoy sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 289 ng Kodigo Penal.

(9) Pandurukot ng tao para sa kapalit na halaga.

(10) Pandurukot ng tao para sa mga layunin ng pagnanakaw.

(11) Pandurukot ng tao na may kasamang pisikal na pananakit.

(12) Pagtatangkang pumatay ng tao.

(13) Pananalakay nang may baril o nakakapanakit na armas.

(14) Pananalakay sa pamamagitan ng anumang paraang gumagamit ng puwersang malamang na magdulot ng matinding pisikal na pinsala.

(15) Pagpapaputok ng baril sa isang gusali kung saan mayroong nakatira o mayroong gumagamit.

(16) Isang paglabag na inilarawan sa Seksiyon 1203.09 ng Kodigo Penal.

(17) Isang paglabag na inilarawan sa Seksiyon 12022.5 o 12022.53 ng Kodigo Penal.

(18) Isang malaking pagkakasalang paglabag kung saan personal na gumamit ng armas ang menor de edad na inilarawan sa alinmang tadhanang nakalista sa Seksiyon 16590 ng Kodigo Penal.

(19) Isang malaking pagkakasalang paglabag na inilarawan sa Seksiyon 136.1 o 137 ng Kodigo Penal.

(20) Paggawa, pagtitimpla o pagbebenta ng kalahati o higit pang onsa ng asin o solusyon ng kontroladong sangkap na tinukoy sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 11055 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(21) Isang marahas na malaking pagkakasala, ayon sa tinukoy sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 ng Kodigo Penal, na ituturing ding malaking pagkakasalang pagsuway sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 186.22 ng Kodigo Penal.

(22) Pagtakas, sa pamamagitan ng puwersa o karahasan, sa isang bulwagang pangkabataan ng county, tahanan, rantso, kampo, o kampo ng paggugubat na sumusuway sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 871 kung intensyonal na idinulot ang matinding pisikal na pananakit sa isang empleyado ng pasilidad na pangkabataan habang isinasagawa ang pagtakas.

(23) Pagpapahirap ayon sa inilarawan sa Seksiyon 206 at 206.1 ng Kodigo Penal.

(24) Pinalubhang kaguluhan, ayon sa inilarawan sa Seksiyon 205 ng Kodigo Penal.

(25) Pagnanakaw ng sasakyan nang may dahas, ayon sa inilarawan sa Seksiyon 215 ng Kodigo Penal, habang armado ng mapanganib o nakamamatay na armas.

(26) Pandurukot ng tao para sa mga layunin ng sekswal na pang-aabuso, na mapaparusahan alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 209 ng Kodigo Penal.

(27) Pandurukot ng tao na mapaparusahan alinsunod sa Seksiyon 209.5 ng Kodigo Penal.

(28) Ang paglabag na inilarawan sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 26100 ng Kodigo Penal.

(29) Ang paglabag na inilarawan sa Seksiyon 18745 ng Kodigo Penal.

(30) Pagpatay ng tao dala ng emosyon, alinsunod sa inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 192 ng Kodigo Penal.

~~(c) Kaugnay ng isang menor de edad na pinaratangan bilang isang taong inilarawan sa Seksiyon 602 nang dahil sa pagsuway, noong siya ay 14 na taong gulang o mas matanda, sa anumang mga paglabag na nakalista sa subdibisyon (b), sa pamamagitan ng mosyon ng nagpetisyon na ihinain bago kaharapin ng nasasakdal ang panganib na mahatulan at maparusahan, dapat na pag-imbestigahin at pagharapin ng ulat ng hukuman ang alagad ng probasyon tungkol sa mga paulit-ulit na asal at kasaysayang panlipunan ng menor de edad bago ito isaalang-alang sa pagtutukoy sa katunayan ng hindi pag-akma. Pagkatapos iharap at isaalang-alang ang ulat, at ang anumang nauugnay na ebidensiya na ibinigay ng nagpetisyon o na maaaring gustong iharap ng menor de edad, dapat na ipagpalagay na hindi akma at angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa batas ng hukumang pangkabataan maliban na lang kung mapagdesisyunan ng hukumang pangkabataan na, batay sa ebidensiya, kung saan ang ebidensiya ay maaaring maging mga sitwasyong nakakapagpababa at nakakapagpagaan ng sala, na maaasahan ang pakikisama ng menor de edad sa programa ng pangangalaga, paggamot at pagsasanay na nakahanda sa pamamagitan ng mga pasilidad ng hukumang pangkabataan batay sa isang pagsusuri sa bawat pamantayang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A) ng talataan (1) hanggang (5), na sumasaklaw sa:~~

~~(1) (A) Antas ng pagkakumplikado ng kriminal na asal na ipinamalas ng menor de edad.~~

~~(B) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik sa pagkakumplikado ng kriminal na asal na ginawa ng menor de edad, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, edad ng menor de edad, kakayahang magpasiya, intelektwal na kapasidad, at pisikal, mental at emosyonal na kalusugan sa panahon ng pagsasagawa ipinaparatang na pagkakasala, ang kapusukan o kawalang kakayahan ng menor de edad na magtimbang ng panganib at kahihinatnan sa paggawa ng kriminal na asal, ang epekto ng impluwensiya ng pamilya, nakatatanda o kasamahan sa pagkilos ng menor de edad, at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata.~~

~~(2) (A) Kung maaari bang ipasailalim sa rehabilitasyon ang menor de edad bago ang pagwawakas ng hurisdiksiyon ng hukumang pangkabataan.~~

~~(B) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay~~

~~na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, potensyal ng menor de edad na tumanda at magkaroon ng mas mahusay na kakayahan sa pagpapasiya.~~

~~(3) (A) Ang kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad.~~

~~(B) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, kalubhaan ng kasaysayan sa pagiging delingkuwente ng menor de edad at ang epekto ng katayuan ng kanyang pamilya at komunidad pati na rin ang naranasan niyang trauma sa pagkabata sa dating asal ng pagiging delingkuwente ng menor de edad.~~

~~(4) (A) Tagumpay ng mga dating pagtatangka ng hukumang pangkabataan na ipasailalim ang menor de edad sa rehabilitasyon.~~

~~(B) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagiging sapat ng mga serbisyong dating ibinigay upang matugunan ang mga pangangailangan ng menor de edad.~~

~~(5) (A) Ang mga pangyayari at bigat ng mga ipinaparatang na paglabag sa petisyon na di-umano'y ginawa ng menor de edad.~~

~~(B) Sa pagsusuri sa saligang tinukoy sa napapasailalim na talataan (A), maaaring bigyang-diin ng hukumang pangkabataan ang anumang nauugnay na salik, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, aktwal na asal ng tao, katayuan ng pag-iisip ng tao, tindi ng pagkakasangkot ng tao sa krimen, antas ng pinsalang aktwal na idinulot ng tao, at pangkaisipan at emosyonal na pag-unlad ng tao.~~

~~Ang pagtukoy na akma o angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa batas ng hukumang pangkabataan ay dapat ibatay sa katunayan na maaasahan ang pakikisama ng nasasakdal pagkatapos ng pagsasaalang-alang sa pamantayang itinakda sa napapasailalim na talataan (A) ng talataan (1) hanggang (5), na sumasaklaw sa lahat ng ito, at mga pagtuklas dahil doon na isinalaysay ayon sa pagkakasunud-sunod batay sa bawat pamantayang iyon na ang menor de edad ay akma at angkop sa ilalim ng bawat isa at lahat ng pamantayang iyon. Sa pagpapasiya sa pagiging akma ng nasasakdal, maaaring isaalang-alang ng hukuman ang mga sitwasyong nakakapagpababa o nakapagpapagaan ng sala sa pagsusuri sa mga pamantayang iyon. Sa anumang kaso kung saan may inihaing paunawa sa pagdinig alinsunod sa seksiyong ito, dapat iantala ng hukuman ang panunumpa sa petisyon hanggang sa mapagdesisyunan ang pagdinig sa pagiging akma, at hindi maaaring gamitin ang anumang panunumpa na maaaring naisagawa na bilang ebidensiya sa pagdinig. Kung, alinsunod sa subdibisyong ito, napag-alamang hindi akma at angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa pagdinig sa isang hukumang pangkabataan at sa halip ay nilitis sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon at nahatulang may sala ng tagasubok ng katotohanan, maaaring iatas ng hukom na dalhin ang menor de edad sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, Dibisyon ng Mga Pasilidad na Pangkabataan, bilang panghalili sa pagsesentensiya sa menor de edad sa bilangguan ng estado, maliban na lang kung umiiral ang mga tinukoy na limitasyon sa Seksiyon 1732.6.~~

~~(d) (1) Maliban na lang kung itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 602, maaaring maghain ang abogado ng distrito o iba pang may kakayahang opisyal sa pag-uusig ng pahayag ng pag-aakusa sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon laban sa sinumang menor de edad na 16 na taong gulang o mas matanda na inaakusahang nagsagawa ng paglabag na kabilang sa subdibisyon (b).~~

~~(2) Maliban na lang kung itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 602, maaaring maghain ang abogado ng distrito o iba pang may kakayahang opisyal sa pag-uusig ng pahayag ng pag-aakusa sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon laban sa isang menor de edad na 14 na taong gulang o mas matanda sa anumang kaso kung saan umiiral ang isa o higit pa sa mga sumusunod:~~

~~(A) Pinaparatangan ang menor de edad na nagsagawa ng paglabag na kung isang taong nasa hustong gulang na ang gumawa ay mapaparusahan ng kamatayan o pagkakakulong sa bilangguan ng estado habambuhay.~~

~~(B) Pinaparatangang personal na gumamit ng baril ang menor de edad habang isinasagawa o pinagtatangkang gawin ang isang malaking pagkakasala, ayon sa inilarawan sa Seksiyon 12022.5 o 12022.53 ng Kodigo Penal.~~

~~(C) Pinaparatangan ang menor de edad na nagsagawa ng paglabag na nakalista sa subdibisyon (b) kung saan nalalapat ang isa o higit pa sa alinman sa mga sumusunod na pangyayari:~~

~~(i) Dati nang nahatulan ang menor de edad bilang isang taong inilarawan sa Seksiyon 602 nang dahil sa pagsasagawa ng paglabag na nakalista sa subdibisyon (b).~~

~~(ii) Isinagawa ang paglabag para sa benepisyo ng, ayon sa utos ng, o kaugnay ng anumang kriminal na gang sa kalye, ayon sa tinukoy sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 186.22 ng Kodigo Penal, nang may partikular na hangaring itaguyod, isulong o tumulong sa kriminal na gawain ng mga miyembro ng gang.~~

~~(iii) Isinagawa ang paglabag para sa mga layunin ng pananakot o paghadlang sa malayang paggamit o pagtamasa ng sinumang iba pang tao sa karapatang ganap na ibinigay sa kanya ng Saligang-batas o ng mga batas ng Estados Unidos, at nang dahil sa lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, kapansanan, kasarian o sekswal na oryentasyon ng taong iyon, o dahil sa nalaman ng menor de edad na mayroong isa o higit pa sa mga katangiang iyon ang naturang tao, ayon sa inilarawan sa Titulo 11.6 (nagsisimula sa Seksiyon 422.55) ng Bahagi 1 ng Kodigo Penal.~~

~~(iv) Ang biktima ng paglabag ay 65 taong gulang o mas matanda, o bulag, bingi, paralisado ang parehong braso o binti, paralisado ang kalahati ng katawan sa bandang ibaba, may kapansanan sa pag-unlad ng isip o katawan, o may limitadong pagkilos nang dahil sa wheelchair, at na alam o mabilis malalaman ng menor de edad ang kapansanang iyon sa panahon ng pagsasagawa ng paglabag.~~

~~(3) Maliban sa itinakda sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 602, ang abogado ng distrito o iba pang may kakayahang opisyal na tagapag-usig ay maaaring maghain ng pahayag ng pag-aakusa sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon laban sa sinumang menor de edad na 16 na taong gulang o mas matanda na inaakusahang nagsagawa ng isa o higit pa sa mga sumusunod na paglabag, kung dati nang nahatulan ang menor de edad bilang isang taong inilarawan sa Seksiyon 602 nang dahil sa pagsuway sa malaking pagkakasalang paglabag, noong siya ay 14 na tong gulang o mas mtanda.~~

~~(A) Isang malaking pagkakasalang paglabag kung saan ipinaparatang na ang biktima ng paglabag ay 65 taong gulang o mas matanda, o bulag, bingi, paralisado ang parehong braso o binti, paralisado ang kalahati ng katawan sa bandang ibaba, may kapansanan sa pag-unlad ng isip o katawan, o may limitadong pagkilos nang dahil sa wheelchair, at na alam o mabilis malalaman ng menor de edad ang kapansanang iyon sa panahon ng pagsasagawa ng paglabag.~~

~~(B) Isang malaking pagkakasalang paglabag na isinagawa para sa mga layunin ng pananakot o paghadlang sa malayang paggamit o pagtamasa ng sinumang iba pang tao sa karapatang ganap na ibinigay sa kanya ng Saligang-batas o ng mga batas ng Estados Unidos, at nang dahil sa lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, kapansanan, kasarian o sekswal na oryentasyon ng taong iyon, o dahil sa nalaman ng menor de edad na mayroong isa o higit pa sa mga katangiang iyon ang naturang tao, ayon sa inilarawan sa Titulo 11.6 (nagsisimula sa Seksiyon 422.55) ng Bahagi 1 ng Kodigo Penal.~~

~~(C) Isinagawa ang paglabag para sa benepisyo ng, ayon sa utos ng, o kaugnay ng anumang kriminal na gang sa kalye alinsunod sa ipinagbabawal ng Seksiyon 186.22 ng Kodigo Penal.~~

~~(4) Sa anumang kaso kung saan naghain ang abogado ng distrito o ang iba pang may kakayahang opisyal sa pag-uusig ng pahayag ng pag-aakusa laban sa isang menor de edad sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon~~

~~alinsunod sa subdibisyong ito, dapat umusad ang kaso batay sa mga batas na umiiral sa isang kasong kriminal. Kasabay ng preliminaryong pagdinig alinsunod sa itinakda sa Seksiyon 738 ng Kodigo Penal, dapat maghatol ang mahistrado kung saan may umiiral na katuwiran upang paniwalaan na nasasaklawan ng subdibisyong ito ang menor de edad. Kung walang naitatag na makatwirang dahilan, dapat ilipat ng kriminal na hukuman ang kaso sa hukumang pangkabataan na may hurisdiksiyon sa kaso.~~

~~(5) Para sa isang paglabag kung saan maaaring ihain ng tagausig ang pahayag ng pag-aakusa sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon alinsunod sa subdibisyong ito, ngunit sa halip ay pinili nitong maghain sa isang hukumang pangkabataan, kung pagkatapos nito ay hinatulan ang menor de edad bilang isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 602, dapat na iatas ang paglalagak sa menor de edad sa isang bulwagang pangkabataan, rantsong kampo,kampo ng paggugubat, kampo ng pamamagitan o ligtas na bahay ng kabataan alinsunod sa Seksiyon 730, o sa anumang institusyong pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, Dibisyon ng Mga Pasilidad na Pangkabataan.~~

~~(6) Kung, alinsunod sa subdibisyong ito, napag-alamang hindi akma at angkop ang kaso ng menor de edad na mapasailalim sa pagdinig sa isang hukumang pangkabataan at sa halip ay nilitis sa isang hukuman ng kriminal na hurisdiksiyon at nahatulang may sala ng tagasubok ng katotohanan, maaaring iatas ng hukom na dalhin ang menor de edad sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, Dibisyon ng Mga Pasilidad na Pangkabataan, bilang panghalili sa pagsesentensiya sa menor de edad sa bilangguan ng estado, maliban na lang kung umiiral ang mga tinukoy na limitasyon sa Seksiyon 1732.6.~~

~~(e) Dapat ay kasama sa ulat na iniharap ng alagad ng probasyon alinsunod sa seksiyong ito kaugnay ng mga paulit-ulit na asal at kasaysayang panlipunan ng menor de edad na isinasaalang-alang para sa pagtukoy sa katunayan ng hindi pag-akma ang anumang nakasulat o sinabing pahayag na ibinigay ng biktima, ng magulang o tagapag-alaga ng biktima kung menor de edad ang biktima, o kung namatay ang biktima, ang pinakamalapit na kamag-anak ng biktima alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 656.2. Dapat isaalang-alang ng hukuman ang mga pahayag ng biktima sa hangganan ng kaugnayan ng mga ito sa pagtukoy ng hukuman sa katunayan ng hindi pag-akma.~~

SEK. 5. Susog.

Ang batas na ito ay dapat na malawak na bigyang-kahulugan na nagkakamit ng mga layunin nito. Ang mga tadhana ng Seksiyon 4.1 at 4.2 ng batas na ito ay maaaring susugin hangga't ang mga naturang pagsusog ay alinsunod sa, at lalong sumusuporta sa, hangarin ng batas na ito sa pamamagitan ng isang batas na pumasa nang dahil sa pagboto ng mayoriya ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador.

SEK. 6. Kakakayang Ihiwalay.

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi ng batas na ito, o ang paggamit ng anumang tadhana o bahagi sa sinumang tao o pangyayari, ay napagpasiyahang walang-bisa para sa anumang dahilan, ang mga natitirang tadhana, o ang mga aplikasyon ng mga tadhana, ay hindi dapat maapektuhan, at sa halip ay manatiling may ganap na kapangyarihan at epekto, at para sa layuning ito, maaaring ihiwalay ang mga tadhana ng panukalang ito.

SEK. 7. Magkakasalungat na Inisyatibo.

(a) Kung sakaling lumitaw sa parehong pambuong-estadong balota ang batas na ito at isa pang batas na tumutugon sa kuwalipikasyon sa mga kredito at parol ng mga bilanggo ng estado o pag-uusig sa mga kabataang nasasakdal sa hukumang para sa nasa hustong gulang, ang mga tadhana ng iba pang batas o mga batas ay dapat ipagpalagay na sumasalungat sa batas na ito. Kung makakatanggap ang batas na ito ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto kumpara sa batas na ipinagpapalagay na sumasalungat dito, mananaig ang kabuuan ng mga tadhana ng batas na ito, at ang iba pang batas o mga batas ay mapapawalang-bisa at mapapawalang-saysay.

(b) Kung ang batas na ito ay inaprobahan ng mga botante ngunit pinalitan ng batas ng anumang iba pang kasalungat na batas na inaprobahan ng mga botante sa parehong halalan, at sa huli'y napagpasiyahang walang-bisa ang kasalungat na balota, ang batas na ito ay awtomatikong magkakabisa at magkakaroon ng ganap na kapangyarihan at epekto.

SEK. 8. Katayuan ng May-panukala.

Sa kabila ng anumang iba pang tadhana ng batas, kung hindi nagawang depensahan ng Estado, ahensiya ng pamahalaan o ng alinman sa mga opisyal ang pagsunod sa saligang-batas ng batas na ito, pagkatapos ng pag-aproba ng mga botante, ang sinumang iba pang nag-eempleyo sa pamahalaan, ang may-panukala, o sa pagkawala ng mga ito, ang sinumang mamamayan ng Estado ay magkakaroon ng awtoridad na humadlang sa anumang pagkilos ng hukuman na humahamon sa pagsunod sa saligang-batas ng batas na ito para sa layunin ng pagdepensa sa pagsunod nito sa saligang-batas, idaan man sa hukuman sa paglilitis ang nasabing pagkilos, sa pag-apela o sa pagsusuring ayon sa pagpapasiya ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos. Ang mga makatwirang bayarin at halaga sa pagdepensa sa pagkilos ay dapat na singilin sa mga pondong inilaan sa Kagawaran ng Hustisya, na dapat ay agad na matugunan.

SEK. 9. Liberal na Konstruksiyon.

Ang batas na ito ay dapat na liberal na bigyang-kahulugan na magkakamit ng mga layunin nito.

PROPOSISYON 58

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-batas 1174 ng Senado ng Regular na Sesyon ng 2013–2014 (Kabanata 753, Mga Batas ng 2014) ay iniharap sa mga tao alinsunod sa Seksiyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Itong iminumungkahing batas ay nagsususog at nagpapawalang-bisa sa mga seksiyon ng Kodigo sa Edukasyon; dahil doon, ang mga tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tukuyin bilang Inisyatibong "California Ed.G.E. Initiative" o "Inisyatibong Edukasyon ng Californa para sa isang Pandaigdig na Ekonomiya."

SEK. 2. Seksiyon 300 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinusugan upang mabasang:

300. Ipinasiya at ipinahahayag ng ~~Mga Tao~~ *mga tao* ng California ang mga sumusunod:

(a) Sapagka't, Ang Wikang Ingles ay ang pambansang pampublikong wika ng Estados Unidos ng Amerika at ng Estado ng California, ay sinasalita ng malawak na mayoriya ng mga residente ng California at ang nangungunang wika sa mundo para sa ~~agham, teknolohiya, at pandaigdig na negosyo,~~ *agham at teknolohiya,* sa gayon ay ~~ang~~ *isang mahalagang* wika ng pagkakataong pangkabuhayan; at

(b) Sapagka't, ~~Imigrante~~*Lahat* ng magulang ay sabik na ang kanilang mga anak ay ~~magtamo ng isang mahusay na kaalaman sa Ingles, kaya nagpapahintulot~~ *magpakadalubhasa sa wikang Ingles at magtamo ng mataas ang kalidad na edukasyon, sa gayon ay naghahanda* sa kanila na lubos ng lumahok sa Amerikanong Pangarap na pag-asensong pangkabuhayan at panlipunan.

(c) Sapagka't, Ang California ay tahanan ng libu-libong pangmaraming-bansang negosyo na dapat makipag-ugnayan araw-araw sa mga kasamahan sa buong mundo; at

(d) Sapagka't, Ang mga tagapag-empleyo ng California sa lahat ng sektor, pampubliko at pribado, ay aktibong kumakalap ng mga empleyadong marunong ng maraming wika dahil sa kanilang kakayahang bumuo ng mas

malakas na mga pakikipag-ugnayan sa mga parokyano, kliyehte, at kabakas sa negosyo; at

(e) Sapagka't, Ang kasanayan sa maraming wika ay kailangan ng pambansang seguridad ng ating bansa at mahalaga sa pagsasagawa ng diplomasya at pandaigdig na mga programa; at

(f) Sapagka't, Ang California ay may likas na reserba ng pinakamalaking mga wika ng mundo, kabilang ang Ingles, Mandarin, at Kastila, na napakahalaga sa kalakalang pangkabuhayan ng estado at mga diplomatikong pagsisikap; at

(g) Sapagka't, Ang California ay may natatanging pagkakataong magkaloob sa lahat ng magulang ng pagpili na bigyan ng edukasyon ang kanilang mga anak sa matataas na pamantayan sa Ingles at isa o higit na mga karagdagang wika, kabilang ang mga wika ng Katutubong Amerikano, sa gayon ay nagtataas ng kakayahan ng mga mag-aaral na makakuha ng mas mataas na edukasyon at mga karera na gusto nila; at

~~(c)~~ *(h)* Sapagka't, Ang pamahalaan at ang mga pampublikong paaralan ng California ay may moral na obligasyon at isang tungkulin ayon sa saligang-batas na magkaloob sa lahat ng mga bata ng California, anuman ang kanilang etnisidad o bansang ~~mga pinagmulan,~~ *pinagmulan,* ng mga kasanayang kailangan upang maging produktibong mga miyembro ng ating lipunan, at sa mga kasanayang ito, ang karunungang bumasa't sumulat sa wikang Ingles ay kasama sa pinakamahalaga; at

~~(d)~~ *(i)* Sapagka't, Ang ~~mga pampublikong paaralan ng California ay kasalukuyang gumagawa ng mahinang trabaho sa pagtuturo sa mga imigranteng bata, inaaksaya ang mga pinansiyal na kakayahan sa magastos na pagsubok na mga programang pangwika na ang kabiguan sa nakalipas na dalawang dekada ay ipinakikita ng kasalukuyang mataas na mga antas ng tumitigil sa pag-aaral at mababang mga antas ng karunungan sa Ingles ng maraming imigranteng bata;~~ *ang Lehislatura ng California, at ang Gobernador ay pumirma, sa isang makasaysayang reporma sa pagpopondo sa paaralan na nagbago sa istruktura ng pagpopondo sa pampublikong edukasyon sa isang mas pantay na paraan, nagtatagubilin ng tinaasang mga tagapagdulot upang pahusayin ang pagtatamo ng wikang Ingles, at nagkakaloob ng lokal na kontrol sa mga distrito ng paaralan, mga opisina sa edukasyon ng county, at mga paaralan tungkol sa kung paano gagastahin ang pagpopondo sa pamamagitan ng pormula sa pagpopondo na may lokal na kontrol at mga plano sa lokal na kontrol at pananagutan;* at

(j) Sapagka't, Ang mga magulang ngayon ay may pagkakataong lumahok sa pagbuo ng malilikhaing bagong programa na mag-aalay sa mga mag-aaral ng mas malaking mga pagkakataon upang magtamo ng ika-21 siglo na mga kasanayan, tulad ng multilingualismo; at

(k) Sapagka't, Lahat ng magulang ay magkakaroon ng mapipili at tinig upang humingi ng pinakamahusay na edukasyon para sa kanilang mga anak, kabilang ang kakayahang makagamit ng mga programa sa wika na magpapahusay sa paghahanda ng kanilang mga anak para sa kolehiyo at mga karera, at magpapahintulot sa kanila na maging mas malakas makipagtagisan sa isang pandaigdig na ekonomiya; at

(l) Sapagka't, Ang mga kasalukuyang batas ay naglalagay ng hadlang sa mga guro at mga paaralan, na nagkakait sa maraming mag-aaral ng mga pagkakataong bumuo ng mga kasanayan sa maraming wika; at

~~(e)~~ *(m)* Sapagka't, ~~Ang mga batang imigrante ay madaling makakapagtamo ng buong kasanayan sa isang bagong wika, tulad ng Ingles, kung sila ay matinding nakahantad sa wikang iyong sa silid-aralan sa maagang edad.~~ *Ang isang malaking kalipunan ng pananaliksik ay nagpakita ng pang-unawa, pangkabuhayan, at pangmatagalang pang-akademikong benepisyo ng multiligualismo at maraming karunungan.*

~~(f)~~ *(n)* Dahil doon, ipinapasiya na: *ang mga susog sa, at ang pagpapawalang-bisa ng, partikular na mga tadhana ng kabanatang ito sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2016 ay magsusulong sa hangarin ng mga botante upang matiyak na* lahat ng bata sa mga pampublikong paaralan ng California ay dapat ~~turuan ng Ingles nang mabilis at mabisa hanggang magagawa.~~ *tumanggap ng pinakamataas na mahusay na edukasyon, alaming mabuti ang wikang Ingles, at kumuha ng mataas ang kalidad, malikhain, at nakabase-sa-pananaliksik na mga programa sa wika na nagkakaloob ng California Ed.G.E. (Edukasyon ng California para sa isang Pandaigdig na Ekonomiya).*

SEK. 3. Seksiyon 305 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinusugan upang mabasang:

305. ~~Napapailalim~~ *(a) (1)* ~~sa mga eksepsiyong itinatadhana sa Artikulo 3~~ *Bilang bahagi ng proseso ng paglahok ng magulang at komunidad na iniaatas para sa pagbuo ng isang plano sa lokal na kontrol at pananagutan alinsunod sa Artikulo 4.5* (nagsisimula sa Seksiyon ~~310), lahat ng bata sa mga pampublikong paaralan ng California ay dapat turuan ng Ingles sa pamamagitan ng pagtuturo sa Ingles. Sa partikular, ito ay dapat mag-atas na ang lahat ng bata ay ilagay sa mga silid-aralan ng wikang Ingles. Ang mga batang nag-aaral ng Ingles ay dapat turuan sa pamamagitan ng nakakanlong na paglubog sa Ingles sa isang pansamantalang panahon ng transisyon na hindi normal na nilalayong humigit ng isang taon. Ang mga lokal na paaralan ay dapat pahintulutang maglagay sa isang silid-aralan ng mga nag-aaral ng Ingles na magkakaiba ang edad pero ang antas ng kasanayan sa Ingles ay magkakapareho. Ang mga lokal na paaralan ay dapat himuking paghaluin sa isang silid-aralan ng mga nag-aaral ng Ingles mula sa magkakaibang grupo ng katutubong wika pero may magkakaparehong antas ng kasanayan sa Ingles. Sa sandaling magtamo ang mga nag-aaral ng Ingles ng mahusay na nagagamit na kaalaman sa Ingles, sila ay dapat ilipat sa pangkaraniwang mga silid-aralan ng wikang Ingles. Hanggang magagawa, ang kasalukuyang suplementongg pagpopondo para sa mga nag-aaral ng Ingles ay dapat panatilihin, napapailalim sa posibleng pagbabago sa ilalim ng Artikulo 8 (nagsisimula sa Seksiyon 335) sa ibaba.~~ *52060) ng Kabanata 6.1 ng Bahagi 28 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2, ang mga distrito ng paaralan at mga opisina sa edukasyon ng county ay dapat humingi ng ambag sa, at dapat magkaloob sa mga mag-aaral, ng mabisa at angkop na mga paraan ng pagtuturo, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagtatatag ng mga programa sa pagtatamo ng wika, gaya ng binigyang-kahulugan sa Seksiyon 306. Ang iniaatas na ito ay nilalayong tiyakin na ang lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga nag-aaral ng Ingles at katutubong nagsasalita ng Ingles, ay may daan sa mga pamantayan sa pangunahing nilalamang pang-akademiko, kabilang ang mga pamantayan sa pagpapaunlad sa wikang Ingles, gaya ng angkop, at maging sanay sa Ingles alinsunod sa mga priyoridad ng estado na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 52060 at ng Seksiyon 52066.*

(2) Ang mga distrito ng paaralan at mga opisina sa edukasyon ng county ay dapat, sa pinakamababa, na magkaloob sa mga nag-aaral ng Ingles ng isang nakabalangkas na programang paglubog sa Ingles, gaya ng tinukoy sa Seksiyon 306, para sa mga layuning tiyakin na ang mga nag-aaral ng Ingles ay may kakayahang makagamit ng mga pamantayan sa pangunahing nilalamang pang-akademiko, kabilang ang mga pamantayan sa pagpapaunlad sa wikang Ingles, at maging sanay sa Ingles alinsunod sa mga priyoridad ng estado na tinukoy sa talataan (2) ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 52060 at ng Seksiyon 52066.

(b) Kapag ang isang distrito ng paaralan o isang opisina sa edukasyon ng county ay nagtatatag ng isang programa sa pagtatamo ng wika alinsunod sa seksiyong ito, ang distrito ng paaralan o opisina sa edukasyon ng county ay dapat sumangguni sa wastong mga tauhan ng paaralan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga tagapangasiwa at sertipikadong mga guro na may angkop na mga awtorisasyon at karanasan.

(c) Ang mga distrito ng paaralan at mga opisina sa edukasyon ng county ay hinihimok din na magkaloob ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na mga katutubong nagsasalita ng Ingles na turuan sa ibang wika sa isang antas na sapat upang lumikha ng kasanayan sa wikang iyon. Ang di-Ingles na wika ay dapat na sa sariling pagpapasiya ng mga magulang, komunidad, at paaralan, depende sa mga kakayahang pangwika at pinansiyal ng komunidad ng paaralan at ibang mga lokal na isinasaalang-alang.

(d) Ang isang programa sa pagtatamo ng wika na itinatag alinsunod sa seksiyong ito ay dapat sumunod sa mga iniaatas ng Seksiyon 310.

SEK. 4. Seksiyon 306 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinusugan upang mabasang:

306. Ang mga kahulugan ng katawagang ginagamit sa artikulong ito at sa Artikulo ~~3~~ *1* (nagsisimula sa Seksiyon ~~310)~~ *300)* ay ang mga sumusunod:

(a) "Nag-aaral ng Ingles" ay nangangahulugang ~~isang batang hindi nagsasalita ng Ingles o ang katutubong wika ay hindi Ingles at hindi kasalukuyang nakagagawa ng ordinaryong gawain sa silid-aralan sa Ingles, kilala rin bilang isang Limitado ang Kasanayan sa Ingles o LEP na bata.~~ *mag-aaral na "limitado ang kasanayan sa Ingles" kung paano ang katawagang iyon ay binigyang-kahulugan sa pederal na Batas ng 2001 na Walang Batang Maiiwan (20 U.S.C. 7801(25)).*

(b) ~~"Silid-aralan ng wikang Ingles" ay nangangahulugang isang silid-aralan kung saan ang wika ng pagtuturo na karaniwang ginagamit ng mga tauhan sa pagtuturo ay wikang Ingles, at kung saan ang naturang mga tauhan sa pagtuturo ay nagtataglay ng mahusay na kaalaman sa wikang Ingles.~~ *"Katutubong nagsasalita ng Ingles" ay nangangahulugang isang mag-aaral na natuto at gumagamit ng Ingles sa kanyang tahanan mula sa unang bahagi ng pagkabata at ang Ingles ay ang kanyang pangunahing paraan ng pagbuo ng konsepto at komunikasyon*

(c) ~~"Karaniwang silid-aralan ng wikang Ingles" ay nangangahulugang isang silid-aralan kung saan ang mga mag-aaral ay katutubong nagsasalita ng wikang Ingles o nakapagtamo na ng makatwirang kasanayan sa Ingles.~~ *"Ang mga programang pagtatamo ng wika" ay tumutukoy sa mga programang pang-edukasyon na idinisenyo upang tiyakin ang pagtatamo ng Ingles nang mabilis at mabisa hanggang magagawa at nagkakaloob ng pagtuturo sa mga mag-aaral sa pinagtibay-ng-estado na mga pamantayan sa nilalamang pang-akademiko, kabilang ang pagbuo ng mga pamantayan sa wikang Ingles. Ang mga programang pagtatamo ng wika na ipinagkakaloob sa mga mag-aaral ay dapat na tumatanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng pananaliksik at dapat humantong sa antas ng grado na kasanayan at nakakamit sa akademiko sa pareho ng Ingles at ibang wika. Ang mga programang pagtatamo ng wika ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:*

(1) Mga programang paglubog sa dalawang wika na nagkakaloob ng pinagsamang pag-aaral ng wika at pagtuturo ng akademiko para sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles at katutubong nagsasalita ng ibang wika, na may hangarin para sa mataas na nakakamit sa akademiko, kasanayan sa una at ikalawang wika, at pagkaunawa sa magkaibang kultura.

(2) Mga programa para sa transisyon o pagpapaunlad ng mga nag-aaral ng Ingles na nagkakaloob ng pagtuturo sa mga mag-aaral na gumagamit ng Ingles at ng katutubong wika ng mag-aaral para sa pagtuturo ng karunungang bumasa't sumulat at akademiko at nagbibigay ng kakayahan sa nag-aaral ng Ingles upang magkamit na kasanayan sa Ingles at kadalubhasaan sa nilalamang pang-akademiko ng paksa at mas mataas sa mga kasanayan sa kaayusan, kabilang ang mapanuring pag-iisip, upang tugunan ang pinagtibay-ng-estado na mga pamantayan sa nilalamang pang-akademiko.

~~(d)~~ *(3)* ~~"Nakakanlong na paglubog sa Ingles" o "nakabalangkas na paglubog sa Ingles" ay nangangahulugang isang proseso ng pagtatamo ng wikang Ingles para sa mga bata~~ *Nakabalangkas na mga programang paglubog sa Ingles para sa mga nang-aaral ng Ingles* kung saan halos lahat ng pagtuturo sa silid-aralan ay *ipinagkakaloob* sa ~~Ingles~~ *Ingles,* pero sa pamamagitan ~~ng~~ kurikulum at *isang* presentasyon na idinisenyo para sa ~~mga bata~~ *mga mag-aaral* na nag-aaral ~~ng wika.~~ *Ingles.*

~~(e) "Edukasyon sa dalawang wika/pagtuturo sa katutubong wika" ay nangangahulugang isang proseso ng pagtatamo ng wika para sa mga mag-aaral kung saan marami o lahat ng mga aklat-aralin, at mga materyal sa pagtuturo ay nasa katutubong wika ng bata.~~

SEK. 5. Seksiyon 310 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinusugan upang mabasang:

310. ~~Ang~~ *(a)* ~~mga iniaatas ng Seksiyon 305 ay maaaring talikdan nang may naunang nakasulat na may-kaalamang pahintulot, upang ipagkaloob taun-taon, ng mga magulang ng bata~~ *Ang mga magulang o legal na tagapangalaga ng mga mag-aaral na nakaenrol sa paaralan ay maaaring pumili ng isang programang pagtatamo ng wika na pinakabagay sa kanilang anak alinsunod sa seksiyong ito. Ang mga paaralan kung saan ang* magulang o legal na ~~tagapangalaga sa ilalim ng mga kalagayang tinukoy sa ibaba at nasa Seksiyon 311. Ang naturang may-kaalamang pahintulot ay dapat mag-atas na ang nasabing~~ *mga tagapangalaga ng 30 mag-aaral o higit kada paaralan o ang*mga magulang o legal na ~~tagapangalaga ay personal na bumisita sa paaralan upang mag-aplay para sa pagtalikdan at sila ay dapat pagkalooban ng isang buong paglalarawan ng mga materyal na pang-edukasyon na gagamitin sa magkakaibang mapipiling programang pang-edukasyon at lahat ng pagkakataong pang-edukasyon na makukuha ng bata. Sa ilalim ng naturang mga kondisyon sa pagtalikdan ng magulang, ang mga bata ay maaaring ilipat sa mga klase kung saan sila ay tinuturuan ng Ingles at ibang mga asignatura sa pamamagitan ng paraan ng edukasyon sa dalawang wika o ibang pangkaraniwang tinatanggap na mga pamamaraang pang-edukasyon na ipinahihintulot ng batas. Ang mga indibidwal na paaralan kung saan~~ *ang mga tagapangalaga ng* 20 mag-aaral o higit ~~ng isang antas ng grado ay tumanggap ng isang pagtalikdan~~ *sa anumang grado ay humiling ng isang programang pagtatamo ng wika na idinisenyo upang magkaloob ng pagtuturo sa wika* ay dapat atasan na mag-alay ng naturang ~~klase, kung hindi, dapat nilang pahintulutan ang mga mag-aaral na lumipat sa isang pampublikong paaralan kung saan ang naturang klase ay iniaalay.~~ *programa hanggang posible, batay sa mga iniaatas ng Seksiyon 305.*

(b) Kung ang isang distrito ng paaralan ay nagpapatupad ng isang programang pagtatamo ng wika alinsunod sa seksiyong ito, dapat nitong gawin ang pareho ng mga sumusunod:

(1) Sumunod sa mga iniaatas sa sukat ng klase sa kindergarten at mga grado 1 hanggang 3, inklusibo, na tinukoy sa Seksiyon 42238.02.

(2) Magkaloob, bilang bahagi ng taunang paunawa sa magulang na iniaatas alinsunod sa Seksiyon 48980 o pagkatapos mag-enrol, sa magulang o legal na tagapangalaga ng isang menor na mag-aaral ng impormasyon sa mga uri ng mga programa sa wika na makukuha ng mga mag-aaral na nakaenirol sa distrito ng paaralan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang paglalarawan ng bawat programa.

SEK. 6. Seksiyon 311 ng Kodigo sa Edukasyon ay pinawawalang-bisa.

~~311. Ang mga kalagayan kung saan ang isang pagtalikdan sa eksepsiyon ng magulang ay maaaring igawad sa ilalim ng Seksiyon 310 ay ang mga sumusunod:~~

~~(a) Mga batang marunong na ng Ingles: ang batang nagtataglay na ng mahusay na mga kasanayan sa wikang Ingles, gaya ng sinukat ng mga pagsubok na ayon sa pamantayan ng pagkaunawa sa bokabularyong Ingles, pagbabasa, at pagsusulat, kung saan ang bata ay nakapuntos ng o mas mataas sa pangkaraniwan sa estado para sa kanyang antas ng grado o mas mataas kaysa pangkaraniwan sa ika-5 grado, alinman ang mas mababa; o~~

~~(b) Mas matandang mga bata: ang bata ay 10 taong gulang o mas matanda, at ang punong-guro ng paaralan at mga tauhan ng paaralan ay may-kaalamang naniniwala na ang panghaliling kurso ng pag-aaral na pang-edukasyon ay magiging mas angkop sa mabilis na pagtatamo ng bata ng basikong mga kasanayan sa Ingles; o~~

~~(c) Mga batang may mga espesyal na pangangailangan: ang bata ay inilagay na sa isang panahon na hindi mas kaunti sa tatlumpung araw sa taon ng paaralan na iyon sa isang silid-aralan ng wikang Ingles at sa huli ang naging may-kaalamang paniniwala ng punong-guro at mga tauhang pang-edukasyon ay ang bata ay may naturang espesyal na pisikal, pandamdamin, pangkaisipan, pang-edukasyon na mga pangangailangan na ang isang panghaliling kurso ng pag-aaral na pang-edukasyon ay magiging mas angkop sa kabuuang pag-unlad ng bata. Ang isang nakasulat na paglalarawan ng mga espesyal na pangangailangang ito ay dapat ipagkaloob at ang anumang naturang desisyon ay dapat gawin nang napapailalim sa pagsusuri at pag-aproba ng superintendente ng lokal na paaralan, sa ilalim ng mga patnubay na itinatag ng at napapailalim sa pagrepaso ng lokal na Lupon ng Edukasyon~~

58

~~at sa huli ng Lupon ng Edukasyon ng Estado. Ang pagkakaroon ng naturang mga espesyal na pangangailangan ay hindi dapat magtulak ng pag-isyu ng isang pagtalikdan, at ang mga magulang ay dapat na lubos na bigyan ng kaalaman ng kanilang karapatang tumanggi sa isang pagtalikdan.~~

SEK. 7. Seksiyon 320 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinusugan upang mabasang:

320. Gaya ng idinetalye sa ~~Artikulo~~ *Seksiyon 5 ng Artikulo IX ng Saligang-batas ng California, ang Artikulo* 2 (nagsisimula sa Seksiyon 305) at Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 310), *ayon sa pagkakasunod-sunod,* lahat ng batang nasa edad para sa paaralan ng California ay may karapatang pagkalooban ng ~~isang pampublikong edukasyon sa wikang Ingles. Kung ang isang batang nasa edad para sa paaralan ng California ay pinagkaitan ng opsiyon ng isang kurikulum ng pagtuturo sa wikang Ingles sa pampublikong paaralan, ang magulang ng bata o legal na tagapangalaga ay dapat magkaroon ng katayuang pambatas na maghabla para sa pagpapatupad ng mga tadhana ng batas na ito, at kung magtagumpay ay dapat gawaran ng normal at nakaugaliang mga fee ng abugado at mga aktuwal na bayad-pinsala, pero hindi nagpaparusa o ibinungang mga bayad-pinsala. Sinumang miyembro ng lupon o ibang inihalal na opisyal o guro sa pampublikong paaralan o tagapangasiwa na sadya at paulit-ulit na tumangging ipatupad ang mga tadhana ng batas na ito sa pamamagitan ng pagkakaloob ng naturang~~ *isang libreng pampublikong edukasyon at* isang wikang Ingles ~~opsiyong pang-edukasyon sa isang nakahandang pampublikong paaralan sa isang batang nasa edad para sa paaralan ng California ay maaaring personal na papanagutin para sa mga fee at mga aktuwal na bayad-pinsala ng mga magulang o legal na tagapangalaga ng bata.~~ *pampublikong edukasyon.*

SEK. 8. Seksiyon 335 ng Kodigo sa Edukasyon ay sinususugan upang mabasang:

335. Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring susugan ng isang batas na nagkabisa pagkaaproba ng mga manghahalal o sa pamamagitan ng isang batas ~~upang isulong ang layunin ng batas~~ na ipinasa ng isang ~~dalawang-ikatlong~~ *mayoriyang* boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador.

SEK. 9. Ang mga Seksiyon 2 hanggang 8, inklusibo, ng batas na ito ay dapat magkabisa sa ika-1 ng Hulyo, 2017.

PROPOSISYON 59

Ang sumusunod na nagpapayong katanungan ay isinumite sa mga tao alinsunod sa Seksiyon 4 ng Panukalang-batas ng Senado 254 ng Regular na Sesyon ng 2015–16 (Kabanata 20, Mga Batas ng 2016).

Katanungan para sa Pagpapayo: "Dapat bang gamitin ng mga inihalal na opisyal ng California ang lahat ng kanilang awtoridad na iginagarantiya ng saligang-batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagmungkahi at pagratipika ng isa o higit pa sa mga susog sa Saligang-batas ng Estados Unidos, upang pawalang-bisa ang Citizens United v. Federal Election Commission (2010) 558 U.S. 310, at ibang angkop na mga saligang panghukuman, upang ipahintulot ang buong regulasyon o limitasyon ng mga kontribusyon at paggasta sa kampanya, upang matiyak na ang lahat ng mamamayan, anuman ang kayamanan, ay maaaring magpahayag ng kanilang mga pananaw sa isa't-sa, at upang linawin na ang mga korporasyon ay hindi dapat magkaroon ng mga karapatang iginagarantiya ng saligang-batas na katulad ng sa mga tao?"

PROPOSISYON 60

Ang panukalang inisyatibong ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga pagkakaloob ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang panukalang inisyatibong ito ay nagdaragdag ng isang seksiyon sa Kodigo sa Paggawa; dahil doon, ang mga bagong pagkakaloob na iminungkahing idagdag ay naka-print sa *tipong nakahilig* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas sa Mas Ligtas na Pagtatalik sa Industriya ng Pelikula Para sa May Sapat na Gulang sa California

Sa pamamagitan nito ay itinatakda ng mga tao ng Estado ng California ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang Batas na ito ay dapat kilalanin at maaaring isipi bilang "Ang Batas sa Mas Ligtas na Pagtatalik sa Industriya ng Pelikula Para sa May Sapat na Gulang ng California" (ang "Batas").

SEK. 2. Mga Ipinasiya at mga Pagpapahayag.

Sa pamamagitan nito ay napagpasiyahan at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Ang malawakang pagkalat ng mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik na nauugnay sa paggawa ng mga pelikula para sa may sapat na gulang sa California ay nadokumento ng isa o higit pang kagawaran sa pampublikong kalusugan ng county. Karapatan ng lahat ng manggagawa sa industriya ng pelikula para sa may sapat na gulang na magtrabaho at huwag magkasakit. Mahalagang iatas ang mas ligtas na mga kasanayan sa paggawa ng mga pelikula para sa may sapat na gulang, at ang paggamit ng mga condom ng mga tagapagganap sa partikular, nang sa gayon ay malimitahan ang pagkalat ng HIV/AIDS at iba pang mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik sa industriya ng pelikula para sa may sapat na gulang. Hindi lamang ang peligro na magkaroon ang mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang ng HIV/AIDS at iba pang mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik ang alalahanin ng publiko, ngunit maging ang peligro na magkahawahan ng HIV/AIDS at iba pang mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik ang mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang at ang mas malawak na populasyon.

(b) Inuuna ng industriya ng pelikula para sa may sapat na gulang ang kagustuhang kumita kaysa sa kaligtasan ng manggagawa, at aktibo nilang pinipigilan at hindi hinihikayat ang paggamit ng mga kinakailangang pamamaraan para sa mas ligtas na pagtatalik. Sa kasalukuyan, hindi makatwiran na ang mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang ang sumasagot sa mga halaga ng pagpapabakuna, pagpapasuri at medikal na pagpapatingin na may kinalaman sa HIV/AIDS at iba pang mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik, habang umiiwas ang mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang sa pag-ako sa mga halaga at responsibilidad na ito. Kinakailangan at naaangkop ang Batas na ito upang matugunan ang mga alalahaning iyon ng publiko.

SEK. 3. Mga Layunin at Hangarin.

Sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang mga sumusunod na layunin at hangarin sa pagpapatupad sa Batas na ito:

(a) Upang maprotektahan ang mga tagapagganap sa industriya ng pelikula para sa may sapat na gulang at mabawasan ang pagkalat ng mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik na naidudulot ng paggawa ng mga pelikula para sa may sapat na gulang sa California, nang sa gayon ay mapababa ang negatibong epekto nito sa kalusugan ng mga tao at mapahusay ang kalidad ng buhay ng mga taga-California.

(b) Upang atasan ang mga prodyuser ng mga pelikula para sa may sapat na gulang na sumunod sa batas sa pamamagitan ng pag-aatas na gawing protektado ng mga condom ang mga tagapagganap laban sa mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik, bukod sa iba pang mga bagay.

(c) Upang bigyang-awtorisasyon at atasan ang Dibisyon para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California (California Division of Occupational Safety and Health o Cal/OSHA) at ang Lupon para sa Mga Pamantayan sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California (California Occupational Safety and Health Standards Board) na magsagawa ng mga naaangkop na hakbang para sa pagpapatupad sa Batas.

(d) Upang atasan ang mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na bayaran ang mga halaga ng ilang partikular na pagpapabakuna, pagpapasuri at medikal na pagpapatingin na may kinalaman sa HIV/AIDS at iba pang mga impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik, at bigyan ang mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang ng pribadong karapatang makakilos upang mabawi ang mga pinsalang sibil para sa pagkasirang pangkabuhayan o personal na sanhi ng pagkabigo ng mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na makasunod sa mga iniaatas ng Batas na ito sa usapin ng kalusugan at kaligtasan.

(e) Upang panagutin ang lahat ng indibidwal at entidad na may interes para sa pananalapi sa paggawa o pamamahagi ng mga pelikula para sa may sapat na gulang na lalabag sa Batas na ito.

(f) Upang atasan ang mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na magbigay ng paunawa tungkol sa paggawa ng pelikula, na magpanatili ng ilang partikular na rekord patungkol sa paggawa ng pelikula, na maglagay ng paunawa patungkol sa iniaatas na paggamit ng mga condom para sa mga partikular na eksena, at na tumugon sa mga karagdagang iniaatas para sa kalusugan.

(g) Upang hindi hikayatin ang hindi pagsunod at hikayatin ang pagsunod sa mga iniaatas ng Batas na ito sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na magpalisensiya.

(h) Upang patagalin ang panahon ng paghahabol ng Estado ng California sa mga lumalabag sa Batas.

(i) Upang bigyang-kakayahan ang mga tagapagsumbong at pribadong mamamayan na maghabol ng mga lumalabag sa Batas kung saan hindi nagtagumpay ang estado.

(j) Upang pagbawalan ang mga ahente ng talent na hayagang magdala sa mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang sa mga lokasyon kung saan hindi makakagamit ng mga condom sa paggawa ng mga pelikula para sa may sapat na gulang.

(k) Upang maglaan ng maayos na legal na depensa ng Batas kung kailangan man itong pagtibayin at pagkatapos ay idulog sa hukuman.

SEK. 4. Nakakodigo dapat ang Batas sa Mas Ligtas na Pagtatalik sa Industriya ng Pelikula Para sa May Sapat na Gulang ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng Mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, sa Kodigo sa Paggawa.

SEK. 4.1. Idinaragdag ang Seksiyon 6720 sa Kodigo sa Paggawa, upang mabasa bilang:

6720. Mga Iniaatas para sa Kalusugan at Pagtatrabaho: Industriya ng Pelikula Para sa May Sapat na Gulang.

(a) Dapat ay magpanatili ang isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ng mga kontrol sa inhinyeriya at kontrol sa kasanayan sa trabaho na sapat upang protektahan ang mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang na malantad sa dugo at anuman pang ibang posibleng nakakahawang materyal at impeksyong naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik (other potentially infectious material-sexually transmitted infections o "OPIM-STI"). Kasama dapat sa mga kontrol sa inhinyeriya at kontrol sa kasanayan sa trabaho ang:

(1) Pagkakaloob ng at iniaatas na paggamit ng mga condom sa panahon ng paggawa ng mga pelikula para sa may sapat na gulang.

(2) Pagkakaloob ng mga lubricant na ligtas gamitin sa condom, gawa sa tubig o silicone upang pangunahan ang paggamit ng mga condom.

(3) Anuman pang ibang mga makatwirang kontrol sa inhinyeriya at kontrol sa kasanayan sa trabaho na pampigil sa STI gaya ng iniaatas ng mga regulasyong pinagtibay ng lupon sa pamamagitan ng proseso ng paggawa ng panuntunan sa pamamahala, hangga't ang mga nasabing kontrol sa inhinyeriya at kontrol sa kasanayan sa trabaho ay makatwirang naaangkop sa mga layunin at hangarin ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(b) Dapat sagutin ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ang mga halaga ng lahat ng pagpapabakunang pampigil sa STI, lahat ng pagpapasuri para sa STI at lahat ng pagbalik sa doktor na kinakailangan upang maging isang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang ang isang indibidwal.

(c) Dapat panatilihing mahigpit na kumpidensyal ng mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, gaya ng iniaatas ng batas, ang anumang impormasyon sa kalusugan ng tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang na nakuha sa anumang paraan.

(d) Ang anumang pagkabigo ng isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na mag-alok, magbigay at magbayad para sa isang bakunang pampigil sa STI, pagpapasuri para sa STI o medikal na pagpapatingin, gaya ng iniaatas upang maging isang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang, kung ang nasabing bakuna, pagpapasuri o pagpapatingin ay pinayagan ng tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang, ay dapat humantong sa isang parusa laban sa prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, na kailangang bayaran sa Estado ng California, na katumbas ng halaga ng bawat bakunang pampigil sa STI, bawat pagpapasuri para sa STI at sa bawat medikal na pagpapasuri na nabigong ialok, ibigay o bayaran ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang para sa tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang.

(e) Ang sinumang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang, bukod sa anuman pang ibang mga remedyo o pinsalang pinapayagan ng batas, ay maaaring humingi at mapagkalooban ng kabayaran para sa mga pinsalang sibil na hanggang limampung libong dolyar ($50,000), na napapailalim sa taunang mga pagtaas ayon sa indise ng presyo ng mamimili, kung ang tagapaghusga ng katotohanan ay: (1) magpasiyang nagdusa ang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang dahil sa pagkasirang pangkabuhayan o personal bilang resulta ng pagkabigo ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na sumunod sa mga subdibisyon (a), (b), o (c); (2) gumawa ng resultang nagpapatunay na ang pagkabigo ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ay dulot ng kapabayaan, kawalan ng pakialam o kusang-loob; at (3) magpasiyang naaangkop ang pagkakaloob. Dapat magkaloob ang hukuman ng pambayad sa mga halaga at sa abugado sa namamayaning nagsakdal sa paghahablang inihain alinsunod sa subdibisyong ito o sa subdibisyon (f). Maaaring ipagkaloob ang mga makatwirang pambayad sa abugado sa isang namamayaning nasasakdal kapag ipinasiya ng hukuman na hindi matapat ang pag-uusig sa aksyon ng nagsakdal. Kung sakaling saklaw ng seguro sa kabayaran ng mga manggagawa ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ang mga pinsala para sa pagkasirang pangkabuhayan o personal ng tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang, hindi iiral ang subdibisyong ito.

(f) Ang sinumang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang na naaangkop na magsagawa ng aksyon sa ilalim ng subdibisyon (e) ay naaangkop na magsagawa ng nasabing aksyon sa ngalan ng lahat ng tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang na nasasadlak sa kaparehong sitwasyon, na napapailalim sa sertipikasyon sa uri ng hukuman.

(g) Sa Enero 1, 2018, dapat ay pagtibayin ng lupon ang mga regulasyon sa pagpapatupad at pagpapabisa sa mga pagkakaloob at layunin ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, alinsunod sa mga pagkakaloob sa paggawa ng panuntunan ng Batas sa Pamamaraan ng Pamamahala o Administrative Procedure Act (Chapter 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan).

(h) Hindi dapat ipagpalagay ang seksiyong ito bilang nag-aatas na dapat ipakita ang mga condom, panghadlang o iba pang mga personal na kagamitang pamprotekta sa pinal na produkto ng pelikula para sa may sapat na gulang. Gayunpaman, mayroon dapat nasasagot na pagpapalagay na ang anumang pelikula para sa may sapat na gulang na walang nakikitang mga condom na ipinamamahagi para sa mga layuning pangkomersiyo sa Estado ng California sa anumang paraan ay ginawa nang lumalabag sa seksiyong ito.

(i) Ang pananagutan sa ilalim ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, ay hindi dapat umiral sa mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang, tunay na empleyado/empleyada, indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyong may independiyenteng kontrata o mga boluntaryo sa produksiyon ng isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na gumaganap sa loob ng saklaw ng mga pangkalahatang serbisyo na ibinibigay at alinsunod sa mga tagubilin ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, kung ang nasabing mga indibidwal ay walang interes para sa pananalapi sa pelikula para sa may sapat na gulang at hindi mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang. Hindi dapat ituring ang mga nasabing indibidwal bilang mga ahente ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang para sa mga layunin ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(j) Wala sa mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, ang dapat makapigil sa isang ahensiya ng estado, tulad ng dibisyon o lupon, na magpahayag ng mga regulasyong namamahala sa paggawa, pagbuo ng produksiyon, pagpipinansya at pamamahagi ng mga pelikula para sa may sapat na gulang, hangga't ang mga nasabing regulasyon ay nagpapaigting sa mga proteksyon sa kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuhan at sa mga karapatan para sa mga tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang at hindi nagpapahina sa mga iniaatas ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(k) Kung sakaling ang halaga ng parusang pera na naitakda sa mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, ay napagpasiyahang di-wasto ng hukuman ng batas, may kapangyarihan na at dapat bumuo ang dibisyon, at may kapangyarihan na at dapat magpagtibay ang lupon, ng mga parusang pera sa pamamagitan ng proseso sa paggawa ng panuntunan sa pamamahala sa isang makatwirang halaga na sapat upang hadlangan ang hindi pagsunod at hikayatin ang pagsunod sa mga iniaatas ng mga pagkakaloob kung saan mapagpasiyahang di-wasto ang mga parusa.

SEK. 4.2. Idinaragdag ang Seksiyon 6720.1 sa Kodigo sa Paggawa, upang mabasa bilang:

6720.1. Paunawa at Pagsisiwalat.

(a) Sa loob ng 10 araw pagkatapos ng simula ng paggawa ng pelikula, dapat isiwalat ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang sa dibisyon, nang nakasulat, na nilagdaan sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, ang sumusunod na impormasyon:

(1) Ang tirahan o mga tirahan kung saan ginawa, ginagawa o gagawin ang pelikula, at dapat isiwalat sa dibisyon ang anumang mga pagbabago sa lokasyon sa loob ng 72 oras pagkatapos mangyari ang nasabing mga pagbabago.

(2) Ang petsa o mga petsa kung kailan ginawa, ginagawa o gagawin ang pelikula, at dapat isiwalat sa dibisyon ang anumang mga pagbabago sa petsa o mga petsa ng paggawa ng pelikula sa loob ng 72 oras pagkatapos mangyari ang nasabing mga pagbabago.

(3) Ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(4) Ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng itinalagang tagapag-ingat ng mga rekord gaya ng iniaatas ng subdibisyon (h).

(5) Ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng anumang ahensiya ng talent na nagpakilala sa sinumang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang sa prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(6) Isang sertipikasyong nilagdaan ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag, na:

(A) Gagamit at gumagamit ng mga condom sa lahat ng oras sa panahon ng paggawa ng pelikula sa mga akto ng pagtatalik sa pwerta o puwit;

(B) Ang lahat ng pagpapasuri para sa STI, pagpapabakunang pampigil sa STI at medikal na pagpapatingin, gaya ng iniaatas upang maging isang tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang ang isang indibidwal, ay naialok sa indibidwal bago magsimula ang paggawa ng pelikula nang walang sinisingil mula sa indibidwal; at

(C) Ang mga halaga ng lahat ng ibinigay na pagpapasuri para sa STI, pagpapabakunang pampigil sa STI at medikal na pagpapatingin ay binayaran ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(7) Ang anuman pang ibang dokumentasyon o impormasyon na maaaring iatas ng dibisyon o lupon upang tiyakin ang pagsunod sa mga pagkakaloob ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(b) Sa paghaharap ng impormasyong iniatas ng seksiyong ito, dapat magbayad ang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ng bayaring itinakda ng dibisyon o lupon sa halagang sapat para sa seguridad ng data, imbakan ng data at iba pang mga gugol na pampangasiwaan na nauugnay sa pagtanggap, pagpoproseso at pagpapanatili sa lahat ng impormasyong iniharap sa ilalim ng seksiyong ito. Hanggang sa itakda ng dibisyon o lupon ang bayad, dapat ay isang daang dolyar ($100) ang bayad. Ang mga bayad na makokolekta alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi dapat gamiting pambayad sa mga halaga ng pagpapatupad sa mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(c) Kung ang isang pelikula para sa may sapat na gulang ay may dalawa o higit pang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, ang isa sa mga prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ay maaaring magpasa ng impormasyong iniaatas ng subdibisyon (a) na isiwalat sa ngalan ng lahat ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(d) Ang pagkabigo ng isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na maagap na magsiwalat sa dibisyon ng impormasyong iniaatas ng seksiyong ito, o na sumunod sa iniaatas ng programa sa pagsasanay ng subdibisyon (f), sa iniaatas sa paglagda ng subdibisyon (g), o sa iniaatas sa paggawa ng rekord ng subdibisyon (h), ay dapat patawan ng parusang hindi bababa sa isang libong dolyar ($1,000) at hindi hihigit sa pitong libong dolyar ($7,000) sa bawat paglabag, gaya ng ipinasiya sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad sa pamamahala o ng isang aksyong sibil. Ang bawat maulit na paglabag ay dapat patawan ng parusang hindi bababa sa pitong libong dolyar ($7,000) at hindi bababa sa labinlimang libong dolyar ($15,000), gaya ng ipinasiya sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad sa pamamahala o ng isang aksyong sibil. Ang pagkabigong magbigay ng anumang indibidwal na piraso ng impormasyong iniaatas ng subdibisyon (a) ay bubuo ng isang hiwalay na paglabag.

(e) Ang isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na kusang gumawa ng anumang maling pahayag, pagkatawan o sertipikasyon sa pagsunod sa subdibisyon (a) ay dapat tasahan ng parusang hindi hihigit sa pitumpung libong dolyar ($70,000) gaya ng ipinasiya sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad sa pamamahala o ng isang aksyong sibil.

(f) Dapat magbigay ang isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ng programa sa pagsasanay sa bawat tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang at empleyado/empleyada gaya ng iniaatas ng mga regulasyong pinagtibay ng lupon alinsunod sa proseso ng paggawa ng panuntunan sa pamamahala.

(g) Dapat magpakita ng nababasang paskil sa lahat ng oras sa lokasyon kung saan ginagawa ang isang pelikula para sa may sapat na gulang sa isang pangkaraniwang tipo ng pagsulat na mas maliit sa 48-point na font, na nagpapahayag sa sumusunod na paunawa upang malinaw na makita ng lahat ng tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang sa nasabing mga pelikula para sa may sapat na gulang:

> *Iniaatas ng Estado ng California ang paggamit ng mga condom para sa lahat ng akto ng pagtatalik sa pwerta at puwit sa panahon ng paggawa sa mga pelikula para sa may sapat na gulang upang*

60

protektahan ang mga tagapagganap laban sa mga impeksyon at sakit na naisasalin sa pamamagitan ng pagtatalik.

Ang anumang mga alalahanin para sa pampublikong kalusugan patungkol sa anumang mga aktibidad na nangyayari sa panahon ng paggawa ng anumang mga pelikula para sa may sapat na gulang ay dapat idirekta sa:

_____.

Ang dibisyon o ang lupon ay dapat magpasiya, at dapat maglahad sa publiko at sa lahat ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, sa wika na dapat ilagay nang direkta sa itaas ng blangkong linya sa paskil na iniaatas ng subdibisyong ito, at dapat sumunod ang lahat ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ayon sa nasabing pagpapasiya sa pamamagitan ng paglalagay sa nasabing wika nang direkta sa itaas ng blangkong linya sa paskil.

(h) Dapat magtalaga ang isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ng tagapag-ingat ng mga rekord para sa mga layunin ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan. Para sa panahong hindi iikli sa apat na taon, dapat magpanatili ang tagapag-ingat ng mga rekord ng:

(1) Isang kopya ng bawat orihinal at hindi na-edit na pelikula para sa may sapat na gulang na ginawa, na-produce, napinansiyahan o idinirekta ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(2) Isang kopya ng impormasyong iniaatas ng subdibisyon (a) na isiwalat.

(3) Patunay na ang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ay nagbigay ng programa sa pagsasanay sa bawat tagapagganap sa pelikula para sa may sapat na gulang at empleyado/empleyada alinsunod sa subdibisyon (f).

(4) Patunay na ang isang nababasang paskil ay ipinakita sa mga lokasyon kung saan ginawa ang pelikula para sa may sapat na gulang alinsunod sa subdibisyon (f).

(i) Sa Enero 1, 2018, dapat pagtibayin ng dibisyon o lupon ang mga regulasyon sa pagpapatupad at pagpapabisa sa seksiyong ito at sa Seksiyon 6720.2 alinsunod sa mga pagkakaloob sa paggawa ng panuntunan ng Batas sa Pamamaraan ng Pamamahala (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan).

SEK. 4.3. Idinaragdag ang Seksiyon 6720.2 sa Kodigo sa Paggawa, upang mabasa:

6720.2. Mga Prodyuser ng Pelikula para sa May Sapat na Gulang: Lisensiya.

(a) Sa loob ng 10 araw pagkatapos ng simula ng paggawa ng pelikula para sa may sapat na gulang, ang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang ay dapat magbayad sa iniaatas na bayad sa aplikasyon, magsumite ng iniaatas na aplikasyon sa dibisyon at kumuha ng lisensiya. Ang isang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na may lisensiyang may bisa sa simula ng paggawa ng pelikula para sa may sapat na gulang ay hindi dapat atasang magsumite ng bagong aplikasyon at bayad sa lisensiya. Dapat itakda ang bayad sa aplikasyon ng dibisyon sa pamamagitan ng paggawa ng panuntunan sa pamamahala, sa halagang sapat para tugunan ang halagang kinakailangan para sa seksiyong ito. Hanggang sa itakda ng dibisyon ang dapat ibayad, dapat ay isang daang dolyar ($100) ang bayad. Ang mga bayad na makokolekta alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi dapat gamiting pambayad sa mga halaga ng pagpapatupad sa mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(b) Dapat magkabisa agad ang isang lisensiya kapag natanggap na ng dibisyon ang resibo ng aplikasyon at bayad kung ipapasa ang aplikasyon at bayad sa dibisyon sa loob ng 10 araw pagkatapos ng simula ng paggawa ng pelikula. Bukod pa rito, may bisa dapat ang lisensiya sa nakaraan nang 10 araw o dapat itong magkabisa sa araw ng simula ng paggawa ng pelikula, kung alinman ang mauna.

(c) Ang pagpapalabas ng lisensiya ay gawain dapat ng ministro ng gobyerno na isasagawa ng dibisyon. Dapat lamang pahintulutan ang pagsuspinde ng lisensiya kapag ayon sa kundisyon ng prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang o kapag maayos na ipinakita sa isang nangangasiwang opisyal, na pipiliin ng dibisyon na manguna sa pandinig, na napagpasiyahan, sa pamamagitan ng proseso sa pagpapatupad sa pamamahala o ng isang aksyong sibil, na lumabag sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720.

(d) Para sa sinumang prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang na hindi indibidwal, walang lisensiyang magkakabisa maliban na lamang kung kukuha ng lisensiya ang lahat ng may-ari at namamahalang ahente ng nasabing prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang.

(e) May bisa dapat ang isang lisensiya sa loob ng dalawang taon, maliban na lamang kung sususpindehin ito ng dibisyon. Pagkatapos ng huling araw ng panahon ng pagsuspinde, dapat ipaalam ng dibisyon sa nasuspindeng lisensiyado ang tungkol sa pagbabalik ng lisensiya.

(f) Mga iniaatas para sa paglilisensiya:

(1) Ang bawat aplikante at lisensiyado ay hindi dapat mapagpasiyahan, sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad sa pamamahala o ng hukuman, na lumabag sa alinman sa mga iniaatas ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720 sa loob ng 12 buwan bago ang paghahain ng aplikasyon sa dibisyon o sa panahon ng pagsuspinde sa prodyuser ng pelikula para sa may sapat na gulang, kung alinman sa mga ito ang mas maikli. Dapat ituring ang lahat ng tao na sumusunod sa mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan, pagdating ng petsa ng pagkabisa ng mga Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, sa pangkalahatan.

(g) Sa tuwing mapapagpasiyahan ng dibisyon na nabigo ang isang lisensiyado na sumunod sa mga iniaatas ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720, dapat mag-isyu ang dibisyon ng nakasulat na paunawa sa lisensiyado. Ang paunawa ay dapat kabilangan ng isang pahayag ng mga nakitang kakulangan, dapat magtakda ng mga hakbang sa pagwawasto, kung mayroon man, na kinakailangan upang makasunod ang lisensiyado sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720, at dapat magbigay-alam sa lisensiyado na maaaring humantong ang sitwasyon sa mga parusa o pagsuspinde ng lisensiya.

(h) Ang isang nakasulat na kahilingan para sa pampangasiwaang pagrepaso, o para sa pagpapatuloy kung makapagpakita ng mabuting sanhi, ay dapat isagawa ng lisensiyadong nabigyan ng paunawa sa loob ng 15 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagpapalabas sa paunawang sumunod, o kung hindi man, tatalikdan ang nasabing pagrepaso o pagpapatuloy.

(i) Sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagsusuri o pagtalikdan ng pamahalaan, hindi kasama ang mga Sabado at Linggo at pista, dapat magbigay ang division ng nakasulat na paunawa ng pasya sa lisensiyado, na tumutukoy sa anumang mga parusang ipinataw sa lisensiyado. Para sa mga lisensiyang nasuspinde, dapat tukuyin ng paunawa ng pasya ang mga pagtugon o hindi pagtugon na nakita bilang paglabag sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, at, sa sitwasyon ng isang suspedidong lisensiya, dapat isaad ang haba at saklaw ng suspensyon. Dapat din isaad ng paunawa ng pasya ang mga tadhana, kung mayroon man, kung saan maaaring maibalik o muling maibigay ang lisensiya.

(j) Ang lisensiyang ibinigay alinsunod sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ay maaaring maibalik kung mapapag-alaman ng dibisyon na ang mga kundisyon na nagdulot ng pagsuspinde ay hindi na umiiral at ang anumang mga parusang ipinataw alinsunod sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ay natugunan. Hindi kailanman dapat unawain ang seksiyong ito bilang naglilimita sa karapatan ng lisensiyado na maghanap ng mandamus o na mag-apela ng salungat na pasya sa lisensiya.

(k) Ang pagganap bilang isang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula nang walang lisensiya ay magreresulta sa multang aabot sa limampung dolyar ($50) kada araw para sa sinumang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na kamakailang napag-alamang lumabag sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720. Ang sinumang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na hindi nakapagparehistro bilang isang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula sa loob ng 10 araw pagkatapos maging kwalipikado bilang isang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula ay papatawan ng multang aabot sa dalawampu't limang dolyar ($25) kada araw para sa pagganap bilang isang prodyuser ng pang-nasa hustong

gulang na pelikula nang walang lisensiya.

SEK. 4.4. Ang Seksiyon 6720.3 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.3. Batas ng mga Limitasyon.

(a) Sa kabila ng Seksiyon 6317, bilang tugon upang usigin ang sinumang mga pinaghihinalaang lumalabag sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, o anumang regulasyon ng pang-nasa hustong gulang na pelikula o itinatag mula rito, dapat simulang ipatupad ang tugon pagkatapos ng mga sumusunod:

(1) Isang taon pagkatapos ng petsa ng paglabag.

(2) Isang taon pagkatapos matuklasan ang paglabag, o sa pamamagitan ng makatwirang pagsisikap, ay natuklasan.

SEK. 4.5. Ang Seksiyon 6720.4 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.4. Pananagutan at Mga Parusa.

(a) Sa kabila ng anumang mga kasalungat na probisyon sa Seksiyon 6423 hanggang 6436, kasama ang lahat, ang sinumang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, o sinumang nasa ahensiya na may kaugnayan sa isang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, na gumawa ng anuman sa mga sumusunod ay dapat, bilang pagtugon sa pamahalaan o sibil, masuri ng isang parusa gaya ng nakasaad sa subdibisyon (b):

(1) Paglabag nang dahil sa kapabayaan sa anumang probisyon ng subdibisyon (a), (b) o (c) ng Seksiyon 6720;

(2) Alam at paulit-ulit na paglabag sa anumang probisyon ng subdibisyon (a), (b) o (c) ng Seksiyon 6720;

(3) Hindi sumusunod o tumatangging sumunod sa, pagkatapos ng pag-aabiso at pgtatapos ng anumang panahon ng pagpapatighaw, anumang probisyon ng subdibisyon (a), (b) o (c) ng Seksiyon 6720; o

(4) Tumutulong o umuudyok sa paggawa ng anumang sa mga nakasaad sa talataan (1), (2) o (3) ng subdibisyon (a).

(b) Ang anumang paglabag sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ay may parusang hindi bababa sa isanlibong dolyar ($1,000) at hindi lalampas sa limanlibong dolyar ($5,000); ang anumang paglabag sa talataan (2) o (3) ng subdibisyon (a) ay may parusang hindi bababa sa limanlibong dolyar ($5,000) at hindi lalampas sa pitompung libong dolyar ($70,000); at ang anumang paglabag sa talataan (4) ng subdibisyon (a) ay may parusang hindi bababa sa isanlibong dolyar ($1,000) at hindi lalampas sa tatlumpu't limang libong dolyar ($35,000).

(c) Sa kabila ng anumang mga kasalungat na probisyon sa Seksiyon 6423 hanggang 6436, kasama ang lahat, ang sinumang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula na sinadyang lumabag sa subdibisiyon (a) ng Seksiyon 6720, ang paglabag na nagiging sanhi ng pagkamatay, o permanente o pangmatagalang kapansanan sa katawan, sa tagapaggap sa pang-nasa hustong guloang na pelikula, ay may kaparusahang hindi lalampas sa isandaang libong dolyar ($100,000) sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pamahalaan o aksyong sibil. Kung ang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula ay isang kumpanya o korporasyon na may maliit na pananagutan, hindi maaaring lumampad ng isang milyon at limampung daang libong dolyar ($1,500,000) ang multa.

SEK. 4.6. Ang Seksiyon 6720.5 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.5. Mga Ahente ng Pagkontrol; Pagtulong at Pag-udyok; Maraming Paglabag.

(a) Ang bawat taong nagtataglay, sa pamamagitan ng pagbebenta para sa pangkomersiyong konsiderasyon, ng anumang mga karapatan sa isa o higit pang mga pang-nasa hustong gulang na pelikula na kinunan sa California na lumabag sa subdibisiyon (a) ng Seksiyon 6720 at siyang nagpapadala nang sinasasya o hindi o nagiging sanhi ng pagpapadala, o naghahatid o nagsasanhi na maghatid, papunta sa o sa loob ng California, para ibenta o ipamahagi, ang isa o higit pang mga pang-nasa hustong gulang na pelikula sa kinunan sa California na lumalabag s subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720, na may hangaring mamahagi, o nag-aalok na mamahagi, o namamahagi, ng mga naturang pelikula para sa mga pangkomersiyong layunin, ay dapat patawan ng parusa ng mahigit sa:

(1) Hindi bababa sa kalahating beses, ngunit hindi lalampas sa isa't kalahating beses, ang kabuuang halaga ng pangkomersyong konsiderasyon na ipinagpalit para sa anumang mga karapatan sa mga pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(2) Hindi bababa sa kalahating beses, ngunit hindi lalampas sa isa't kalahating beses, ang kabuuang halaga ng paggawa sa mga pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(b) Ang sinumang mapag-alamang tinutulungan at inuudyukan ang iba pang tao o mga tao sa paglabag sa subdibisiyon (a) ay dapat mahatulan ng paglabag sa subdibisiyon (a).

(c) Ang sinumang mapag-alamang may pananagutan para sa paglabag sa subidibisiyon (a) na dati nang napag-alamang lumabag sa subdibisiyon (a) ay dapat patawan ng pausa ng mahigit sa:

(1) Hindi bababa sa dalawang beses, ngunit hindi lalampas sa tatlong beses, ang halaga ng pangkomersyong konsiderasyon na ipinagpalit para sa anumang mga karapatan sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(2) Hindi bababa sa dalawang beses, ngunit hindi lalampas sa tatlong beses, ang kabuuang halaga ng paggawa sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(d) Ang sinumang mapag-alamang may pananagutan para sa paglabag sa subidibisiyon (a) na napag-alamang lumabag na sa subdibisiyon nang dalawa o higit pang beses (a) ay dapat patawan ng pausa ng mahigit sa:

(1) Hindi bababa sa tatlong beses, ngunit hindi lalampas sa apat na beses, ang halaga ng pangkomersyong konsiderasyon na ipinagpalit para sa anumang mga karapatan sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(2) Hindi bababa sa tatlong beses, ngunit hindi lalampas sa apat na beses, ang kabuuang halaga ng paggawa sa pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(e) Ang Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ay hindi dapat malapat sa mga lehitimong aktibidad pangmedikal, pang-edukasyon at pangsiyentipiko, sa mga kumpanyang telekomunikasyon na nagpapasa o nagdadala ng mga pang-nasa hustong gulang na pelikula, sa pagpapatupad ng batas pangkriminal at mga ahensiyang nang-uusig sa imbestigasyon at pang-uusig ng mga kriminal na paglabag, at sa anumang pelikula na niranggo ng Motion Picture Association ng Amerika maliban na lang kung ang naturang pelikula ay isang pang-nasa hustong gulang na pelikula.

SEK. 4.7. Ang Seksiyon 6720.6 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.6. Pagpapatupad; Mga Saksi; Mga Pribadong Karapatan ng Aksyon.

(a) Ang sinumang lumabag sa anumang probisyon ng Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ay dapat managot sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad ng pamahalaan, o sa pamamagitan ng aksyong sibil ihinahatid ng dibisyon o ng gumawa nito, o isang sibil na tagausig, isang tagapagganap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula na nabiktima ng paglabag sa Seksiyon 6720, o isang indibidwal na naninirahan sa Estado ng California. Ang sinumang tagapagganap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula o indibidwal, bago maghain ng aksyong sibil alinsunod sa subdibisiyong ito, ay dapat maghain ng nakasulat na kahilingin sa dibisyon upang tugisin ng dibisyon ang pinaghihinalaang lumalabag o mga lumalabag sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad ng pamahalaan o sa pamamagitan ng pagsisimula ng aksyong sibil. Dapat may kasamang pahayag ng mga batayan ang kahilingan para sa paniniwalang nilabag ang Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat. Dapat tumugon ang dibisyon sa indibidwal nang pasulat, na naglalaman kung magsasagawa ito ng administratibo o sibil na aksyon, o wala itong gagawing aksyon. Kung ang dibisyon, sa loob ng 21 araw ng pagtanggap ng kahilingin, ay sumagot

na tutugiusin nito ang pinaghihinalaang lumalabag o mga lumalabag sa pamamagitan ng proseso ng pagpapatupad ng pamahalaan o isang aksyong sibil, at nagsimula ng mga pamamaraan ng pagpapatupad o nagkain ng aksyong sibil sa loob ng 45 araw ng pagtanggap ng kahilingan, walang ibang aksyon ang isasagawa maliban na lang kung inabandona o itinigil ang kasyon ng dibisyon nang walang pagsusuri. Kung ang dibisyon, sa loob ng 21 araw ng pagtanggap ng kahilingan, ay sumagot nang negatibo, o hindi sumagot, maaaring magsampa ang taong humihiling ng aksyon ng aksyong sibil.

(b) Ag panahon kung saan sisimulan ang aksyong sibil na sisimulan mula sa petsa ng pagtanggap ng dibisyon sa kahilingan sa alinman sa petsa ng pagbabasura sa aksyong sibil o pag-aabandoina sa aksyon ng pagpapatupad ng pamahalaan, alinman ang mahuhuli, ngunit para lang sa aksyong sibil na nagpahain sa indibidwal ng kahilingan.

(c) Walang aksyong sibil ang maaaring ihain sa ilalim ng seksiyong ito tungkol sa sinuman para sa mga paglabag sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, pagkatapos maglabas ang dibisyon ng utos alinsunod sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, o nagkolekta ng multa laban sa taong iyon para sa parehong paglabag. Bagaman ang Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ay hindi nagpapataw ng kriminal na pananagutan, walang aksyong sibil na naghihinala ng paglabag sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, ang maaaring ihain laban sa isang tao alinsunod sa seksiyong ito kung ang tagausig ng kriminal ay laban sa tao ng iyon tungkol sa parehong transaksyon o pangyayari. Hindi maaaring makuha ang isang hatol sa mga katangian alinsunod sa anumang partikular na paglabag sa Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, sa ilalim ng seksiyong ito laban sa sinuman. Maaaring itigil ng hukuman ang isang nakabiting aksyon, nang walang pagsusuri sa iba pang aksyon, para sa pagkabigo ng nagsakdal na magpatuloy nang masigasig o matapat.

(d) Kung nagkaroon ng hatol laban sa isa o higit pang mga nasasakdal sa isang aksyong nagmula sa ilalim ng seksiyong ito, ang mga multang nakuha mula sa nagsakdal ay ipapamahagi gaya ng mga sumusunod: 75 porsyento sa Estado ng California at 25 porsyento sa nagsakdal. Dapat gawaran ng hukuman ang nagsakdal o nasasakdal na hindi bahagi ng ahensiya ng pamahalaan na nananaig sa anumang aksyong pinapahintulutan ng Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, at inihatid alinsunod sa seksiyong ito ang mga gastusin ng paghahabla, kabilang mga makatwirang bayad sa abugado. Gayunpaman, upang mabawi ng nasasakdal ang mga bayad sa abugado mula sa isang nagsakdal, dapat munang mapag-alaman ng hukuman na ang reklamo ng nagsakdal sa paghahabla ay walang katuturan o hindi maaasahan.

SEK. 4.8. Ang Seksiyon 6720.7 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.7. Pananagutan ng Ahensiyang Kumukuha ng mga Gumaganap.

(a) Labag sa batas para sa ahensiyang kumukuha ng mga tagapagganap, gaya ng paglalarawan sa terminong iyon sa subdibisyon (a) ng Subdibisyon 1700.4, upang irekomenda, para sa pagsasaalang-alang sa pananalapi, ang sinumang tagapagganap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula sa sinumang prodyuser, o ahente ng prodyuser, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga direktor ng pagpili ng gaganap ng papel, ng mga pang-nasa hustong gulang na pelikula na hindi sumusunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 6720. Ang anumang ahensiyang kumukuha ng mga tagapagganap na napag-alamang may pananagutan sa paglabag sa subdibisiyong ito ay mananagot sa tagapaggap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula para sa halaga ng pagsasaalang-alang sa pananalapi na natanggap ng kumukuha ng tagapagganap bilang resulta ng rekomendasyon sa paglabag ng seksiyong ito at para sa mga makatwirang bayad sa abogado na nauugnay sa matagumpay na pagtugis sa ahensiyang kumukuha ng tagapagganap para sa pananagutan sa paglabag ng subdibisyong ito.

(b) Ang anumang ahensiyang kumukuha ng mga tagapagganap na makakakuha ng nakasulat na kumpirmasyon bago ang pagsisimula ng paggawa ng pelikula, na nilagdaan sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag ayon sa prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula, kung saan sumusunod ang prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula , walang pananagutan ang lahat ng iniaatas ng subdibisiyon (a) ng Seksiyon 6720 para sa paglabag ng seksiyong ito.

(c) Ang paglabag sa seksiyong ito ay maaaring maging batayan para sa pagsuspinde o pagbawi sa lisensya ng lumalabag na ahensiyang kumukuha ng mga tagapagganap. Ang Dibisyon ng Kaligtasan sa Trabaho at Dibisyon ng Pagpapatuypad ng Mga Pamantayan sa Paggawa ay dapat magpanatili ng hurisdiksyon na umiiral sa dalawa o higit pang hukuman sa pagpapatupad ng seksiyong ito.

(d) Sa pagpapasiya ng pananagutan para sa mga paglabag sa subidibisiyon (a) ng Seksiyon 6720, dapat ipada ng dibisyoin ang impormasyon sa talataan (5) ng subdibisiyon (a) ng Seksiyon 6720.1 sa Departamento ng Mga Ugnayang Pang-industriya, Dibisyon ng Pagppatupad ng Mga Pamantayan sa Paggawa, o anumang kapalit na ahensiya.

SEK. 4.9. Ang Seksiyon 6720.8 ay idinagdag sa Kodigo ng Paggawa, upang mabasang:

6720.8. Mga Pagpapakahulugan.

Para sa mga layunin ng Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat, dapat ilapat ang mga sumusunod na pagpapakahulugan:

(a) Ang "Pang-nasa hustong gulang na pelikula" ay anumang nirekord, ipinalabas o nabrodkast nang real-time ng anumang pelikula, video, multimedia, o iba pang representasyon ng pagtatalik kung saan aktwal na ipinapasok ang ari ng mga lalaking tagapagganap sa ari o puwit ng mga babaeng tagapagganap.

(b) Ang "Tagapagganap sa pang-nasa hustong gulang na pelikula" ay sinumang indibidwal na ipinapasok ang kaniyang ari sa ari o puwit ng isa pang indibidwal habang kinukunan, o vice versa.

(c) Ang "Prodyuser ng pang-nasa hustong gulang na pelikula" ay sinumang gumagawa, nagpoprodyus, nagtutustos o nagdidirek ng isa o higit pang mga pang-nasa hustong gulang na pelikula na kinunan sa California at ibinebenta, inaalok upang ibenta o nagdudulot na ibenta ang naturang pang-nasa hustong gulang na pelikula kapalit ng pangkomersiyong pagsasaalang-alang.

(d) Ang "Mga regulasyon ng pang-nasa hustong gulang na pelikula" ay ang lahat ng regulasyong ipinapatupad ng lupon alinsunod sa mga probisyong gumagawa ng panuntunan ng Batas sa Pamamaraan ng Pamahalaan (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) na makatwirang nauugnay sa mga layunin at hangarin ng Seksiyon 6720 hanggang 6720.8, kasama ang lahat.

(e) Ang "Tinutulungan at inuudyukan" ay ang pagbibigay ng malaking tulong sa isang tao nang sinasadya o hindi.

(f) Ang "Pagsisimula ng paggawa ng pelikula" ay ang punto kung saan sinisimulang irekord, ipalabas o ibrodkast nang real-time ang isang pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(g) Ang "Lupon" ay ang Lupon ng Mga Pamantayan sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

(h) Ang "Pangkomersiyong pagsasaalang-alang" ay anumang halaga, kabilang ang ngunit hindi nalilimitahan sa, tunay o digital na pananalapi, o pansamantala o iginawad na mga karapatan sa anumang kasalukuyang kita o kita sa hinaharap.

(i) Ang "Mga pangkomersiyong layunin" ay ang pagbebenta, pag-aalok na ibenta o nagdudulot ng pagbebenta kapalit ng pangkomersiyong pagsasaalang-alang.

(j) Ang "Ipinamamahagi" o "ipinamahagi" ay ang paglipat ng pag-aari kapalit ng pangkomersiyong pagsasaalang-alang.

(k) Ang "Dibisyon" ay ang Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

(l) Ang "Kinunan" at "kinukunan" ay ang pagrerekord, pagpapalabas o pagbobrodkast nang real-time ng anumang pang-nasa hustong gulang na pelikula.

(m) Ang "Lisensiya" ay ang Lisensiya ng Kalusugan ng Prodyuser ng Pang-nasa Hustong Gulang na Pelikula.

(n) Ang "Lisensiyado" ay sinumang may may-bisang Lisensiya ng Kalusugan ng Prodyuser ng Pang-nasa Hustong Gulang na Pelikula.

(o) Ang "Iba pang mga materyal na maaaring nagtataglay ng impeksyon-mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik" o "OPIM-STI" ay ang mga likidong nanggaling sa katawan na maaaring nagtataglay at nagpapasa ng mga mikrobyo na nakukuha sa pakikipagtalik.

(p) Ang "Tao" ay sinumang indibidwal, pakikipagsosyo, kompanya, kapisanan, korporasyon, kompanyang may maliit na pananagutan o iba pang legal na entidad.

(q) Ang "Impeksyong Nakukuha sa Pakikipagtalik" o "STI" ay anumang impeksyon o sakit na nakakahawa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, kanilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, HIV/AIDS, gonorrhea, syphilis, chlamydia, hepatitis, trichomoniasis, genital human papillomavirus infection (HPV) at genital herpes.

SEK. 5. Liberal na Konstruksiyon.

Ang Batas na ito ay isang pagsasagawa ng pampublikong kapangyarihan ng mamamayan ng Estado ng California para sa proteksyon ng kanilang kalusugan, kaligtasan at pamumuhay, at dapat liberal na unawain upang ipatupad ang mga layunin nito.

SEK. 6. Mga Magkakasalungat na Panukala.

Nakalaang maging komprehesibo ang Batas na ito. Dapat lumabas ang hangarin ng mamamayan ng Estado ng California sa pagkakugnay ng ginaganap sa Batas na ito at ng isa o higit pang mga panukala sa parehong paksa sa parehong pambuong-estadong balota, ang mga probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na salungat sa Batas na ito. Kung ang Batas na ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng Batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang lahat ng probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay dapat pawalang-bisa.

SEK. 7. Pananagutan ng May-panukala.

Idinedeklara ng mamamayan ng Estado ng California na ang may-panukala ng Batas na ito ay dapat magkaroon ng pananagutang sibil sa ginaganap kung saan ipinawalang-bisa ang Batas na ito, pagkatapos ng pagpapasa, sa kabuuan o sa bahagi, ng isang korte bilang hindi mapapahintulutan nang legal at ayon sa batas. Ang naturang inisyatibong hindi mapapahintulutan nang legal at ayon sa batas ay hindi tamang paggamit ng mga pondo ng tagabayad ng Buwis at pinagkukunan sa halalan at ang may-panukala ng Batas, bilang burador ng Batas, ay dapat managot para sa naturang pangyayari.

Sa ginaganap kung saan pinawalang-bisa ang Batas na ito sa hukuman, pagkatapos ng pagpapasa, sa kabuuan o sa bahagi, bilang hindi legal o labag s batas, at ang lahat ng lugar para sa pag-aapela at pagbabasura sa pasya ng hukuman ay ubos na, dapat magbayad ang may-panukala ng sibil na parusa na $10,000 sa Pangkalahatang Pondo ng Estado ng California para sa hindi pagbuburador ng inisyatibong batas nang legal sa kabuuan o pinahihintulutan ng batas. Walang partido o entidad ang maaaring magtalikdan sa parusang sibil na ito.

SEK. 8. Pagsusog at Pagbasura.

Maaaring susugan ang Batas na ito upang mas mapalawak ang mga layunin nito ayon sa naipasa sa batas sa pamamagitan ng dalawang-katlong (2/3) boto ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador.

SEK. 9. Naibubukod.

Kung ang anumang probisyon ng Batas na ito, o bahagi nito, o ang pagiging angkop ng anumang tadhana o bahagi sa sinuman o anumang pangyayari, para sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa, o hindi legal, ang mga natitirang probisyon at mga bahagi ay hindi dapat maapektuhan, ngunit dapat manataling buong puwersa at mabisa, at sa layuning ito ang mga tadhana ng Batas na ito ay maaaring ihiwalay. Idinedeklara ng mga botante na ang Batas na ito, at ang bawat bahagi, kung ipinatupad nang hindi alinsunod sa anumang probisyon o mga probisyon o bahagi ay tutukuyin bilang walang-bisa o hindi legal.

SEK. 10. Depensang ayon sa Batas.

Gusto ng mamamayan ng Estado ng California na ang Batas, kung maaprubahan ng mga botante, at mahatulan sa hukuman, ay depesahan ng Estado ng California. Ang mamamayan ng Estado ng California, sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Batas na ito, ay idinedeklara na may direkta at personal na interes ang may-panukala ng Batas na ito sa pagdepensa sa Batas na ito mula sa mga hamon sa pagiging legal at pagkaangkop sa batas sa pagkakabisa ng Batas. Kapag hindi nadepensahan ng Pangkalahatang Abugado ang Batas na ito; o hindi nakapag-apela ang Pangkalahatang Abugado ng salungat na hatol laban sa pagiging legal o pagpapahintulot ayon sa batas ng Batas na ito, sa kabuuan o sa bahagi, sa anumang hukuman, dapat maging karapat-dapat ang may-panukala ng Batas na igiit ang kaniyang direkta at personal na interes sa pamamagitan ng pagdepensa sa pagkakabisa ng Batas sa anumag hukuman at dapat siyang bigyan ng kapangyarihan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng Batas na ito bilang isang ahente ng mga mamamayan ng Estado ng California na napapailalim sa mga sumusunod na kundisyon: (1) hindi dapat ituring ang may-panukala bilang isang empleyado na "may sariling pasya" ng Estado ng California, ngunit ang Lehislatura ay dapat magkaroon ng awtoridad na tanggalin ang may-panukala sa tungkulin sa ahensiya sa pamamagitan ng boto ng mayoriya ng bawat kinatawan ng Lehislatura kapag kinakailangan para sa "magandang layunin", gaya ng paglalarawan ng batas sa kaso ng California sa terminong iyon; (2) dapat isagawa ng may-panukala ang Panunumpa sa Katungkulan sa ilalim ng Seksiyon 3 ng Artikulo XX ng Saligang-Batas ng California, bilang isang empleyado ng Estado ng California; (3) dapat sumailalim ang may-panukala sa lahat ng pinagkakatiwalaan, etikal at legal na tungkuling nakasaad sa batas; at (4) dapat pagbayarin ng Estado ng California ang may-panukala ng danyos para lang sa mga makatwirang dahilan at iba pang pagkawala na idinulot ng may-panukala, bilang ahente, na dinedepensahan ang pagkakabisa ng hinataulang Batas. Ang laki ng babayarang danyos ay hindi dapat lalampas sa halaga na gagastusin ng Estado sa pagdedepensa mismo nito.

SEK. 11. Petsa ng Pagkakabisa.

Maliban na lang kung hindi nakasaad dito, dapat magkaroon ng bisa ang Batas na ito sa araw pagkatapos itong maaprubahan ng mga botante.

PROPOSISYON 61

Ang panukalang inisyatibo na ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

May mga idinaragdag na seksiyon sa Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon ang panukalang inisyatibo na ito; dahil doon, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay ililimbag nang *naka-italicize* upang ipabatid na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Batas para sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot sa California

Sa pamamagitan nito, itinatakda ng mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang Batas na ito ay tatawagin, at maaaring banggitin, bilang ang "Batas para sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot sa California" (ang "Batas").

SEK. 2. Mga Ipinasiya at Pagpapahayag.

Sa pamamagitan nito, ipinasiya at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

(a) Mula noon hanggang ngayon, ang mga gastos sa mga inireresetang

gamot ay patuloy na nagiging isa sa pinakamalalaking dahilan kung bakit tumataas ang gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa California.

(b) Mula 1990 hanggang 2013, tumaas ang gastusin sa mga inireresetang gamot nang mahigit sa 800 porsiyento sa buong bansa, at ito ay naging isa sa pinakamabibilis na lumagong bahagi ng pangangalagang pangkalusugan.

(c) Ang gastusin sa mga espesyal na gamot, gaya ng mga gamot para sa HIV/AIDS, Hepatitis C, at kanser, ay mas mabilis tumaas kaysa sa gastusin sa iba pang mga uri ng mga gamot. Noong 2014, tumaas nang mahigit sa 23 porsiyento ang kabuuang gastusin sa mga espesyal na gamot.

(d) Dahil sa pagsingil ng industriya ng parmasyutiko ng mas matataas na presyo ng gamot, kumita ang mga kumpanya ng parmasyutiko nang mas malaki kaysa sa mga kita ng mga industriya ng pamumuhunan at pagbabangko.

(e) Lumaki ang ibinabayad ng mga kumpanya ng gamot sa mga tagapagpaganap ng mga ito dahil sa pagtaas ng presyo ng gamot.

(f) Ang mga napakamahal na gamot ay patuloy na nagiging pasanin ng mga nagbabayad ng buwis sa California, dahil pa rito, nababawasan ang mga serbisyo at tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng mga taong nangangailangan.

(g) Bagama't sinubukan na ng California na pababain ang mga gastos sa mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng mga pagsasauli, nagagawa pa rin ng mga tagapagyari ng gamot na singilin ang estado nang mas malaki para sa mga gamot na ibinebenta rin ng iba pang mga nagbabayad sa pamahalaan, kaya nagkakaroon ng mga pagkakaiba sa mga singil na dapat nang iwasto.

(h) Kung magagawa ng California na magbayad ng mga inireresetang gamot sa presyong kagaya ng sa binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng Estados Unidos, lubos na makakatipid ang California at ang mga nagbabayad ng buwis dito. Kinakailangan at naaangkop ang Batas na ito upang matugunan ang mga nabanggit na pampublikong alalahanin.

SEK. 3. Mga Layunin at Hangarin.

Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang mga sumusunod na layunin at hangarin para sa pagpapatupad ng Batas na ito:

(a) Bigyang-daan ang Estado ng California na magbayad ng mga inireresetang gamot sa presyong kagaya ng sa binabayaran Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng Estados Unidos, na magwawasto sa pagkakaiba-iba ng binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis sa pamahalaan.

(b) Bigyang-daan ang California at ang mga nagbabayad ng buwis dito na lubos na makatipid, na makakatulong sa pagpigil sa pagtaas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa California.

(c) Bigyan ng naaangkop na legal na depensa ang Batas kung sakaling pagtibayin ito at kuwestiyunin sa hukuman.

SEK. 4. Dapat isakodigo ang Batas para sa Pagpapababa ng Presyo ng Gamot sa California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng Seksiyon sa 14105.32 sa Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, kung saan nakasaad ang sumusunod:

14105.32. Pagpepresyo ng Gamot.

(a) Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas at hanggang sa sukdulang ipinapahintulot ng batas na pederal, ang Estado ng California, o ang anumang ahensiyang pampangasiwaan ng estado o iba pang entidad ng estado, kasama ang, ngunit hindi limitado sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado, ay hindi dapat pumasok sa anumang kasunduan sa isang tagapagyari ng anumang gamot para sa pagbili ng isang inireresetang gamot, maliban kung matutukoy ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado na ang netong halaga ng gamot, kasama ang mga diskwento, libreng produkto, diskwento sa pangmaramihang pagbili, pagsasauli, o iba pang mga diskwento o kredito ay kapareho ng, o mas mura sa pinakamurang presyo na binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng Estados Unidos para sa parehong gamot.

(b) Ang limitasyon sa presyo na inilalarawan sa subdibisyon (a) ay dapat ding ilapat sa lahat ng programa kung saan ang Estado ng California, ang anumang ahensiyang pampangasiwaan ng estado o ang iba pang entidad ng estado ang tumatayong pangunahing tagapagbayad ng gamot, kahit hindi ito ang mismong bumili sa gamot. Ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, programang fee-for-service para sa gamot ng outpatient ng Medi-Cal sa California, at Programa ng Tulong para sa Gamot sa AIDS ng California. Bukod pa sa mga kasunduan para sa anumang mga diskwento, libreng produkto, diskwento sa pangmaramihang pagbili, pagsasauli, o iba pang mga diskwento o kreditong magagamit na sa mga programang ito, dapat ding pumasok ang nanunungkulang ahensiya ng estado sa mga karagdagang kasunduan sa mga tagapagyari ng gamot upang mas lalong mapababa ang netong halaga ng gamot, alinsunod sa pagpapasiya ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado, upang ang nabanggit na netong halaga ay maging kapresyo ng, o maging mas mura sa, binabayaran ng Kagawaran ng mga Gawain ng mga Beterano ng Estados Unidos para sa parehong gamot. Hindi mailalapat ang mga iniaatas ng seksiyong ito sa mga gamot na nabibili o nakukuha, o sa mga antas na nabubuo, alinsunod sa anumang programa sa pinamamahalaang kalusugan ng Medi-Cal.

(c) Hangarin ng mga tao ng Estado ng California na magawa ng Estado ng California, lahat ng ahensiya ng estado at iba pang mga entidad ng estado, na pumapasok sa isa o higit pang mga kasunduan sa tagapagyari ng anumang gamot para sa pagbili ng mga inireresetang gamot, na ipatupad ang seksiyong ito sa loob ng makatwirang tagal ng panahon, dahil dito, inaatasan ang Estado ng California, lahat ng nabanggit na ahensiya ng estado at iba pang mga entidad ng estado na ipatupad at sundin ang batas na ito bago ang, o sa mismong araw ng Hulyo 1, 2017.

(d) Ang Estado ng California, at ang bawat ahensiyang pampangasiwaan ng estado o iba pang entidad ng estado ay maaaring may mga pagtibaying tuntunin at regulasyon upang maipatupad ang mga tadhana ng seksiyong ito, at maaaring humiling ng anumang mga pagtalikdan sa batas, tuntunin at regulasyon ng pederal upang maipatupad ang mga tadhana ng seksiyong ito.

SEK. 5. Malayang Pagpapakahulugan.

Ang Batas na ito ay isang pagpapamalas ng pampublikong kapangyarihan ng mga tao ng Estado ng California na protektahan ang kanilang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan, malaya itong bibigyang-kahulugan upang maabot ang mga layunin nito.

SEK. 6. Magkakasalungat na Panukala.

Ginawa ang Batas na ito upang maging komprehensibo. Hangarin ng mga tao ng Estado ng California na kung sakaling lumabas ang Batas na ito o ang isa o higit pang mga panukala tungkol sa iisang paksa sa iisang pambuong-estadong balota, ang mga tadhana ng kabilang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng Batas na ito. Kung sakaling makakuha ang Batas na ito ng mas maraming boto ng pagsang-ayon, dapat ay ganap na mangibabaw ang mga tadhana ng Batas na ito, at dapat ay mapawalang-bisa ang lahat ng tadhana ng kabilang panukala o mga panukala.

SEK. 7. Pananagutan ng May-panukala.

Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na ang may-panukala ng Batas na ito ang sasagot ng danyos o mga gastusin kung sakaling ipawalang bisa ng hukuman ang ilan sa, o ang lahat ng bahagi ng Batas na ito matapos itong isabatas dahil sa paglabag nito sa saligang-batas o isang kautusan. Ang nabanggit na paglabag sa inisyatibong saligang-batas o isang kautusan ay isang pang-aabuso sa mga pondo ng mga nagbabayad ng buwis at tagapagdulot sa halalan, at bilang ang sumulat ng Batas, ang may-panukala ng Batas ang dapat managot kung sakaling mangyari iyon.

Kung sakaling ipawalang bisa ng isang hukuman ang ilan sa, o ang lahat ng

bahagi ng Batas na ito matapos itong isabatas pagkatapos mapatunayang lumalabag ito sa saligang-batas o isang kautusan, at naubos na ang lahat ng paraan ng pag-apela, dapat magbayad ang may-panukala ng parusang sibil na nagkakahalaga ng $10,000 sa Pangkalahatang Pondo ng Estado ng California para sa kawalan niya ng kakayahang sumulat o mag-isponsor ng inisyatibong batas na ganap na sumusunod sa saligang-batas o isang kautusan, ngunit hindi siya magkakaroon ng iba pang pananagutan sa sinumang tao o anumang entidad kaugnay ng, tungkol sa, o magmumula sa naturang Batas. Hindi magagawa ng anumang partido o entidad na talikdan ang parusang sibil na ito.

SEK. 8. Pagsusog at Pagpapawalang-saysay.

Maaaring susugin ang Batas na ito upang mas maabot ang mga layunin nito sa pamamagitan ng isang kautusang naipasa ng dalawang katlo ng mga boto ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador.

SEK. 9. Naibubukod.

Kung mapag-aalamang walang bisa o labag sa batas ang anumang tadhana ng Batas na ito o ang anumang bahagi nito, o ang kaangkupan ng anumang tadhana o bahagi nito sa sinumang tao o anumang mga sitwasyon para sa anumang dahilan, hindi dapat maapektuhan ang iba pang mga tadhana at ang mga bahagi ng mga ito, sa halip, dapat ay patuloy pa ring ipatupad at magkaroon ng bisa ang mga ito, at sa puntong ito, maaaring paghiwa-hiwalayin ang mga tadhana ng Batas na ito. Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng mga botante na pagtitibayin nila ang Batas na ito, at ang bawat bahagi nito, mapag-alaman mang walang bisa o labag sa batas ang isa o higit pa sa mga tadhana o bahagi nito.

SEK. 10. Legal na Depensa.

Hangarin ng mga tao ng Estado ng California na magawa ng Estado ng California na depensahan ang Batas na ito kung maaaprobahan ito ng mga botante at makukuwestiyon sa hukuman. Sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Batas na ito, ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na may direkta at personal na tungkulin ang may-panukala ng Batas na ito na depensahan ang Batas na ito laban sa mga pagkuwestiyon sa pagsunod ng Batas na ito sa saligang-batas o isang kautusan. Kung sakaling hindi madepensahan ng Pangkalahatang Abugado ang Batas na ito, o hindi magawa ng Pangkalahatang Abugado na iapela sa anumang hukuman ang hatol ng kabilang partido laban sa pagsunod ng ilan sa, o lahat ng bahagi ng Batas na ito sa saligang-batas o isang kautusan, karapatan ng may-panukala ng Batas na gampanan ang kanyang direkta at personal na tungkulin sa pamamagitan ng pagdepensa sa bisa ng Batas sa anumang hukuman, at sa pamamagitan ng Batas na ito, bibigyan din siya ng kapangyarihan ng mga mamamayan na kumilos bilang isang ahente ng mga mamamayan ng Estado ng California alinsunod sa mga sumusunod na kondisyon: (1) ang may-panukala ay hindi dapat maging isang "malayang" empleyado ng Estado ng California, may awtoridad ang Lehislatura na alisin sa pagiging ahente ng mga mamamayan ang nabanggit na may-panukala sa pamamagitan ng pagkuha sa karamihan ng mga boto sa bawat kapulungan ng Lehislatura kapag mayroong "sapat na dahilan" upang gawin iyon, alinsunod sa pagkakalarawan ng terminong iyon sa batas sa kaso ng California; (2) ang may-panukala ay dapat ay magsagawa ng Panunumpa sa Katungkulan alinsunod sa Seksiyon 3 ng Artikulo XX ng Saligang-Batas ng California bilang isang empleyado ng Estado ng California; (3) dapat mapailalim ang may-panukala sa lahat ng tungkuling may kaugnayan sa mga asset, etika at batas na iniaatas ng batas; at (4) bilang ahente, maniningil lang ang Estado ng California ng mga makatwirang halaga at iba pang mga danyos sa may-panukala kung nauugnay ito sa pagdepensa sa kinukuwestiyong Batas. Hindi dapat lumampas ang antas ng bayad-pinsala sa halagang gagastusin ng estado kung ito mismo ang nagsagawa sa depensa.

SEK. 11. Epektibong Petsa.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad dito, magkakaroon ng bisa ang Batas na ito sa susunod na araw matapos itong aprobahan ng mga botante.

PROPOSISYON 62

Ang panukalang inisyatibo na ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang panukalang inisyatibo na ito ay may mga sinususog at pinapawalang-saysay na seksiyon ng Kodigo Penal; dahil doon, ang mga kasalukuyang tadhana na iminumungkahing tanggalin ay ililimbag sa ~~tipong pantanggal~~, at ang mga bagong tadhana na iminumungkahing idagdag ay ililimbag nang *naka-italicize* upang ipabatid na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Batas ng Makabuluhang Hustisya ng 2016

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang inisyatibong ito ay tatawagin at maaaring banggitin bilang ang "Batas ng Makabuluhang Hustisya ng 2016."

SEK. 2. Mga Ipinasiya at Pagpapahayag.

Sa pamamagitan nito, ipinasiya at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang sumusunod:

1. Ang mga mamamatay-tao na nahatulan ng unang digring pagpatay ay dapat ilayo sa lipunan at patawan ng matinding parusa.

2. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maraming kriminal na nagsasagawa ng unang digring pagpatay ang pinapatawan ng parusang kamatayan ng California, ngunit madalang lang itong isagawa ng estado. Sa halip, gumagastos ang estado ng milyon-milyong dolyar mula sa mga nagbabayad ng buwis upang bigyan ang mga naturang preso ng mga abugado, na nawawalan din ng saysay dahil namamatay lang sa katandaan ang mga presong ito sa paglipas ng panahon.

3. Mula 1978, gumastos na ang California nang mahigit sa 4 na bilyong dolyar sa isang sistema ng parusang kamatayan na halos isang libong kriminal na ang pinatawan ng kamatayan, ngunit 13 tao pa lang ang binibitay. Bagama't mahigit sa 700 preso ngayon ang may parusang kamatayan, halos labing-isang taon nang walang binibitay ang California.

4. Ang mga mamamatay-tao na pinatawan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol sa California ay hindi kailanman magiging karapat-dapat sa parol. Habambuhay silang makukulong, at mamamatay na sila sa bilangguan.

5. Wala pang 1% ng mga presong nahatulan ng parusang kamatayan ang nagtatrabaho at kumikita upang mabayaran ang kanilang mga biktima. Ang mga mamamatay-tao na pinatawan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol ay inaatasang magtrabaho sa bilangguan at gamitin ang kanilang mga sahod bilang bayad-pinsala sa kanilang mga biktima.

6. Ang lahat ng nahatulang mamamatay-tao na pinatawan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol ay dapat atasan ng batas na magtrabaho sa bilangguan at ibigay ang 60% ng kanilang mga sahod bilang pambayad sa kanilang mga biktima.

7. Bagama't para sa maraming tao ay mas murang mambitay ng mga mamamatay-tao kaysa habambuhay silang ikulong, sa katunayan ay mas mahal iyong gawin. Ayon sa pag-aaral ni Arthur Alarcon, isang dating tagausig ng parusang kamatayan at hukom, at ni Paula Mitchell, isang propesor ng batas, 100 milyong dolyar na mas malaki ang gastusin sa sistema ng parusang kamatayan kada taon, kaysa sa gastusin sa pagpapanatili ng isang sistema kung saan ang pinakamatinding parusa ay ang habambuhay na pagkabilanggo na walang parol. Kapag pinalitan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol ang parusang kamatayan, makakatipid ng mahigit sa 100 milyong dolyar ang mga nagbabayad ng buwis sa California kada taon.

8. Ang parusang kamatayan ay isang palpak na programa ng pamahalaan na lumulustay sa pera ng mga nagbabayad ng buwis at gumagawa ng mga pagkakamaling maaaring humantong sa kamatayan. Mahigit 150 inosenteng tao na ang pinatawan ng kamatayan sa bansang ito, at ilang inosenteng tao

61

62

na ang nabitay. Dahil sa mga maling paghatol, ilang taon ang nasasayang sa buhay ng mga inosenteng tao, ilang dolyar ng buwis ang nalulustay, at mas lalong naaapektuhan ang mga pamilya ng mga biktima habang nananatiling malaya ang mga tunay na salarin.

9. Kung ang mga bahagi ng batas na ito na may bisa sa nakaraan ang ating susundin, mawawakasan kaagad ang magastos at hindi epektibong kasanayang ito, at tiyak na wala nang inosenteng tao na mahahatulan ng kamatayan sa California.

10. Walang kabuluhan ang parusang kamatayan ng California. Tumatagal nang ilang taon bago umusad ang mga kasong nauugnay dito. Ang habambuhay na pagkabilanggo na walang parol ay magbibigay sa mga apektadong pamilya ng mabilis at tunay na hustisya.

11. Sa habambuhay na pagkabilanggo na walang parol, tiyak na habambuhay na makukulong ang pinakamasasamang kriminal, at makakatipid ng pera ang estado. Kapag pinalitan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol ang parusang kamatayan, makakatipid ang estado ng 1 bilyong dolyar sa loob ng 5 taon nang walang pinapalayang kahit isang bilanggo—1 bilyong dolyar na maaaring ilaan sa mga diskarte kontra krimen, serbisyo para sa mga biktima, edukasyon, at pagpapanatiling ligtas sa ating mga komunidad at pamilya.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang kanilang layunin at hangarin sa pamamagitan ng mga sumusunod na layunin ng batas:

1. Wakasan ang magastos at hindi epektibong sistema ng parusang kamatayan ng California, at palitan ito ng isang sentido kumon na pamamaraang magpapataw sa mga taong nahatulan ng unang digring pagpatay ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol sa ilalim ng mga natatanging pangyayari, nang sa gayon ay permanente silang maihiwalay sa lipunan at kailanganin nilang magbigay ng bayad-pinsala sa kanilang mga biktima.

2. Atasan ang lahat ng nahatulan ng unang digring pagpatay at pinatawan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol na magtrabaho sa bilangguan, at na ilaan ang 60% ng kanilang mga sahod bilang bayad-pinsala sa kanilang mga biktima.

3. Alisin ang tsansang mabitay ang isang inosenteng tao.

4. Wakasan ang proseso ng apela na tumatagal nang ilang taon, kung saan napipilitan ang mga apektadong miyembro ng pamilya na pumunta sa ilang pagdinig at balikan ang mga nangyari.

5. Maging patas at makatarungan sa pagpapataw ng parusa, sa pamamagitan ng pagpapatupad sa mga bahagi ng batas na ito na may bisa sa nakaraan upang mapalitan ang parusang kamatayan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol.

SEK. 4. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 190 ng Kodigo Penal:

190. (a) Ang bawat taong may salang pagpatay sa unang digri ay dapat patawan ng ~~kamatayan,~~ habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol, o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado sa loob ng 25 taon nang may tsansang makakuha ng parol. Dapat tukuyin ang ipapataw na parusa sa pamamagitan ng Seksiyon ~~190.1,~~ 190.2, ~~190.3,~~ 190.4, at 190.5.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad sa subdibisyon (b), (c), o (d), ang bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat patawan ng pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan sa loob ng 15 taon nang may tsansa ng parol.

(b) Maliban na lang kung iba ang nakasaad sa subdibisyon (c), ang bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat patawan ng pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan sa loob ng 25 taon nang may tsansang makakuha ng parol kung ang biktima ay isang alagad ng batas, gaya ng inilalarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 830.1, subdibisyon (a), (b), o (c) ng Seksiyon 830.2, subdibisyon (a) ng Seksiyon 830.33, o Seksiyon 830.5, na napatay habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na isang alagad lang ng batas ang biktima na may mga ginagampanang tungkulin.

(c) Ang bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat patawan ng habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol kung ang biktima ay isang alagad ng batas, gaya ng inilalarawan sa (a) ng Seksiyon 830.1, subdibisyon (a), (b), o (c) ng Seksiyon 830.2, subdibisyon (a) ng Seksiyon 830.33, o Seksiyon 830.5, na napatay habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na isang alagad lang ng batas ang biktima na may mga ginagampanang tungkulin, at naisampa at napatunayang totoo ang alinman sa mga sumusunod na impormasyon:

(1) Sa partikular, layunin ng nasasakdal na patayin ang alagad ng batas.

(2) Sa partikular, layunin ng nasasakdal na magdulot ng matinding pinsala sa nabanggit na alagad ng batas, gaya ng inilalarawan sa Seksiyon 12022.7.

(3) Personal na gumamit ang nasasakdal ng isang mapanganib o nakakamatay na armas upang maisagawa ang krimen, na lumalabag sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 12022.

(4) Personal na gumamit ang nasasakdal ng isang baril upang maisagawa ang krimen, na lumalabag sa Seksiyon 12022.5.

(d) Ang bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat patawan ng pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan sa loob ng 20 taon nang may tsansang makakuha ng parol, kung isinagawa ang pagpatay sa pamamagitan ng sadyang pagbaril sa isang tao sa labas sakay ng isang sasakyan, nang may hangaring magdulot ng matinding pinsala.

(e) Hindi dapat ilapat ang Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksiyon 2930) ng Kabanata 7 ng Titulo 1 ng Bahagi 3 upang paikliin ang anumang minimum na tagal ng isang ipinataw na parusa alinsunod sa seksiyong ito. Ang isang taong papatawan ng parusa alinsunod sa seksiyong ito ay hindi dapat palayain nang naka-parol hangga't hindi niya natatapos ang minimum na tagal ng pagkabilanggo na iniaatas ng seksiyong ito.

(f) Ang bawat taong nagkasala ng pagpatay, na papatawan o muling papatawan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang parol alinsunod sa seksiyong ito ay aatasan na magtrabaho sa isang bilangguang mahigpit ang seguridad sa loob ng ilang oras bawat araw, para sa kabuuang termino ng kanyang pagkabilanggo ayon sa iaatas ng mga tuntunin at regulasyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, alinsunod sa Seksiyon 2700. Kung may pinapabayarang bayad-pinsala sa bilanggo o may kautusang nag-aatas sa kanyang magbigay ng ganito, dapat kaltasan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ang mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, at dapat niyang ilipat ang mga pondong iyon sa Lupon ng mga Paghahabol para sa Bayad-pinsala at Pangangasiwa sa Mga Biktima ng California ayon sa mga tuntunin at regulasyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, alinsunod sa Seksiyon 2085.5 at 2717.8.

SEK. 5. Napawalang-saysay na ang Seksiyon 190.1 ng Kodigo Penalo.

~~190.1. Ang isang kasong maaaring patawan ng parusang kamatayan alinsunod sa kabanatang ito ay dapat litisin sa magkakahiwalay na yugto sa sumusunod na paraan.~~

~~(a) Dapat munang alamin kung nagkasala ba ang nasasakdal. Kung mapapatunayan ng hukom o mga tagapaghatol na nagkasala sa unang digring pagpatay ang nasasakdal, kasabay nito ay dapat niya/nilang alamin kung totoo ba ang lahat ng naisampa nang natatanging pangyayari laban sa kanya, ayon sa nakalista sa Seksiyon 190.2, maliban sa isang natatanging pangyayaring naisampa alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 190.2, kung saan diumano'y nahatulan na ang nasasakdal sa isang dating pamamaraan para sa salang pagpatay na nasa una o ikalawang digri.~~

~~(b) Kung mapapatunayang nagkasala ang nasasakdal sa unang digring pagpatay at may naisampa nang isa sa mga natatanging pangyayari alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 190.2 na nagsasabing nahatulan na ang nasasakdal sa isang dating pamamaraan~~

62

~~para sa salang pagpatay sa una o ikalawang digri, dapat ay magsagawa ng iba pang mga pamamaraan upang malaman kung totoo ba ang nabanggit na natatanging pangyayari.~~

~~(c) Kung mapapatunayang nagkasala ang nasasakdal sa unang digring pagpatay, at may naisampa at napatunayan nang totoo sa isa o higit pa sa mga natatanging pangyayari, ayon sa nakalista sa Seksiyon 190.2, aalamin kung wala ba sa katinuan ang kanyang pag-iisip noong isinagawa niya ang krimen ayon sa Seksiyon 1026, alinsunod sa nakasaad na Seksiyon 190.4. Kung mapag-aalamang nasa katinuan ang kanyang pag-iisip, magsasagawa ng iba pang mga pamamaraan upang malaman kung ano bang parusa ang ipapataw sa kanya. Isasagawa ang mga naturang pamamaraan alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 190.3 at 190.4.~~

SEK. 6. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 190.2 ng Kodigo Penal:

190.2. (a) ~~Kamatayan o~~ Pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol ang ipapataw na parusa sa isang nasasakdal na nagkasala ng pagpatay sa unang digri kung mapapatunayang totoo ang isa o higit pa sa mga sumusunod na natatanging pangyayari alinsunod sa Seksiyon 190.4:

(1) Sinadya ang pagpatay at ginawa ito para sa mga layuning pampinansyal.

(2) Dati nang nahatulan ang nasasakdal ng pagpatay sa una o ikalawang digri. Para sa layunin ng talataang ito, ang isang krimen na isasagawa sa ibang hurisdiksiyon, na paparusahan bilang una o ikalawang digring pagpatay kung isinagawa ito sa California, ay ituturing na pagpatay sa una o ikalawang digri.

(3) Nahatulan na ang nasasakdal, sa pamamaraang ito, nang mahigit sa isang salang pagpatay sa una o ikalawang digri.

(4) Isinagawa ang pagpatay sa pamamagitan ng isang mapanirang kagamitan, bomba, o pampasabog na itinanim, itinago, o ikinubli sa anumang lugar, tirahan, gusali, o imprastruktura, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na maaaring magresulta sa pagkamatay ng isa o higit pang mga tao ang kanyang ginawa.

(5) Isinagawa ang pagpatay upang maiwasan o mapigilan ang isang pang-aarestong naaayon sa batas, o upang matagumpay na makatakas o subukang makatakas sa pag-iingat ng batas.

(6) Isinagawa ang pagpatay sa pamamagitan ng isang mapanirang kagamitan, bomba, o pampasabog na mismong ang nasasakdal ang nagpadala o naghatid, sumubok magpadala o maghatid, o nag-utos na ipadala o ihatid, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na maaaring magresulta sa pagkamatay ng isa o higit pang mga tao ang kanyang ginawa.

(7) Ang biktima ay isang alagad ng batas, ayon sa pagkakalarawan sa Seksiyon 830.1, 830.2, 830.3, 830.31, 830.32, 830.33, 830.34, 830.35, 830.36, 830.37, 830.4, 830.5, 830.6, 830.10, 830.11, o 830.12, na sinadyang patayin habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, at dapat ay alam ng nasasakdal, na isang alagad lang ng batas ang biktima na may mga ginagampanang tungkulin; o ang biktima ay isang alagad ng batas, ayon sa pagkakalarawan sa mga seksiyong nakalista sa itaas, o isang dating alagad ng batas na napapailalim sa alinman sa mga seksiyong iyon, na sinadyang patayin bilang ganti sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(8) Ang biktima ay isang opisyal o ahente ng pagpapatupad ng batas ng pederal na sinadyang patayin habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na isang opisyal o ahente lang ng pagpapatupad ng batas ng pederal ang biktima na ginagampanan ang kanyang mga tungkulin; o ang biktima ay isang opisyal o ahente ng pagpapatupad ng batas ng pederal na sinadyang patayin bilang ganti sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(9) Ang biktima ay isang bumbero, ayon sa pagkakalarawan sa Seksiyon 245.1, na sinadyang patayin habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o dapat ay alam ng nasasakdal, na ang biktima ay isa lang bumberong gumaganap sa kanyang mga tungkulin.

(10) Ang biktima ay isang saksi sa isang krimen, na sinadyang patayin upang hindi siya makatestigo sa anumang pamamaraang pangkriminal o pangkabataan, at hindi siya pinatay habang isinasagawa o sinusubukang isagawa ang krimen na kanyang nasaksihan; o ang biktima ay isang saksi sa isang krimen na sinadyang patayin bilang ganti sa kanyang pahayag sa anumang pamamaraang pangkriminal o pangkabataan. Ayon sa pagkakagamit sa talataang ito, ang "pamamaraang pangkabataan" ay tumutukoy sa isang pamamaraang isinasagawa alinsunod sa Seksiyon 602 o 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(11) Ang biktima ay isang tagausig o katulong na tagausig, o isang dating tagausig o katulong na tagausig ng isang opisina ng sinumang lokal o pang-estadong tagausig sa estadong ito o sa iba pang estado, o ng isang opisina ng isang pederal na tagausig, at sinadya ang pagpatay bilang ganti sa, o upang mapigilan ang, pagganap ng biktima sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(12) Ang biktima ay isang hukom o dating hukom ng anumang hukuman ng mga rekord sa lokal, pang-estado, o pederal na sistema sa estadong ito o sa iba pang estado, at sinadya ang pagpatay bilang ganti sa, o upang mapigilan ang, pagganap ng biktima sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(13) Ang biktima ay isang nahalal o itinalagang opisyal o dating opisyal ng pederal na pamahalaan, o ng anumang pamahalaan ng lokal o estado sa estadong ito o sa iba pang estado, at sinadya ang pagpatay bilang ganti sa, o upang mapigilan ang, pagganap ng biktima sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(14) Ang pagpatay ay talaga namang karumal-dumal, napakarahas o brutal, at nagpapakita ng labis na kasamaan. Ayon sa pagkakagamit sa seksiyong ito, ang praseng "talaga namang karumal-dumal, napakarahas o brutal, at nagpapakita ng labis na kasamaan," ay tumutukoy sa isang krimeng isinagawa nang walang konsensiya o awa, na nagdulot ng labis na pahirap sa biktima.

(15) Sinadyang patayin ng nasasakdal ang biktima sa pamamagitan ng pagtatago sa paligid.

(16) Sinadyang patayin ang biktima dahil sa kanyang lahi, kulay, nasyonalidad, o pinagmulang bansa.

(17) Isinagawa ang pagpatay habang ang nasasakdal ay nagsasagawa ng, o nagsisilbing isang kasabwat sa, pagpatay o pagsubok na pumatay, o sa agarang pagtakas matapos gawin o subukang gawin ang mga sumusunod na krimen:

(A) Pagnanakaw, na labag sa Seksiyon 211 o 212.5.

(B) Pagkidnap, na labag sa Seksiyon 207, 209, o 209.5.

(C) Panggagahasa, na labag sa Seksiyon 261.

(D) Pakikipagtalik sa pamamagitan ng bibig o puwit, na labag sa Seksiyon 286.

(E) Pagsasagawa ng malaswa o malibog na pagkilos sa isang bata na wala pang 14 na taong gulang, na labag sa Seksiyon 288.

(F) Pagdidikit ng bibig, at ari o puwit, na labag sa Seksiyon 288a.

(G) Pagnanakaw sa una o ikalawang digri, na labag sa Seksiyon 460.

(H) Panununog, na labag sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 451.

(I) Pagsisimula ng malaking gulo, na labag sa Seksiyon 219.

(J) Sadyang pananakit o panlulumpo sa isang tao, na labag sa Seksiyon 203.

(K) Panggagahasa sa pamamagitan ng isang kagamitan, na labag sa Seksiyon 289.

(L) Pag-carjack, gaya ng pagkakalarawan sa Seksiyon 215.

(M) Upang mapatunayan ang mga natatanging pangyayari ng pagkidnap sa napapailalim na talataan (B), o ng panununog sa napapailalim na talataan (H), at kung may partikular na hangaring pumatay, nararapat lang na magkaroon ng ebidensiya para sa mga aspeto ng mga krimeng iyon. Matapos mapag-alaman ang mga aspeto nito, mapapatunayan ang dalawang

natatanging pangyayari na iyon kahit na ginawa lang ang salang pagkidnap o panununog upang maisagawa ang pagpatay.

(18) Sinadya ang pagpatay at nauugnay ito sa pagpapahirap ng isang tao.

(19) Sinadyang patayin ng nasasakdal ang biktima sa pamamagitan ng pagbibigay ng lason.

(20) Ang biktima ay isang tagapaghatol sa anumang hukuman ng mga rekord sa lokal, pang-estado, o pederal na sistema sa estadong ito o sa iba pang estado, at sinadya ang pagpatay bilang ganti sa, o upang mapigilan ang, pagganap ng biktima sa kanyang mga opisyal na tungkulin.

(21) Sinadya ang pagpatay at ginawa ito sa pamamagitan ng pagbaril sa isang tao o mga tao sa labas sakay ng isang sasakyan, nang may hangaring pumatay. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang "sasakyan" ay tumutukoy sa anumang sasakyang inilalarawan sa Seksiyon 415 ng Kodigo sa Sasakyan.

(22) Sinadyang patayin ng nasasakdal ang biktima habang siya ay isang aktibong miyembro ng isang kriminal na gang sa lansangan, gaya ng pagkakalarawan sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 186.22, at isinagawa ang pagpatay upang maisagawa ang iba pang mga aktibidad ng kriminal na gang sa lansangan.

(b) Maliban kung partikular na kinakailangan ng hangaring pumatay sa ilalim ng subdibisyon (a) para sa isang natatanging pangyayari na nakalista doon, ang isang aktwal na mamamatay-tao, na nauugnay sa isang natatanging pangyayari na napatunayan nang totoo alinsunod sa Sekisyon 190.4, ay hindi kailangang magkaroon ng anumang hangaring pumatay sa mismong oras ng pagsasagawa sa krimen, na naging batayan ng natatanging pangyayari, upang mapatawan siya ng ~~kamatayan o~~ habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol.

(c) Ang bawat tao, hindi ang aktwal na mamamatay-tao, na may hangaring pumatay at magbibigay-daan, manunulsol, magpapayo, magpapasimula, manghihingi ng pera, hihiling, o tutulong sa isang tao sa pagsasagawa ng pagpatay sa unang digri ay dapat patawan ng ~~kamatayan o~~ habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol, kung mapapatunayang totoo ang isa o higit pa sa mga natatanging pangyayari na nakalista sa subdibisyon (a) alinsunod sa Seksiyon 190.4.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (c), ang bawat tao, hindi ang aktwal na mamamatay-tao, na walang pakialam sa buhay ng tao at magbibigay-daan, manunulsol, magpapayo, magpapasimula, manghihingi ng pera, hihiling, o tutulong bilang isang pangunahing kasabwat sa pagsasagawa ng isang krimen na nakalista sa talataan (17) ng subdibisyon (a), na magreresulta sa pagkamatay ng isang tao o ilang tao, at mapapatunayang nagkasala ng pagpatay sa unang digri, ay dapat patawan ng ~~kamatayan o~~ habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol, kung mapapatunayang totoo ang isang natatanging pangyayaring nakalista sa talataan (17) ng subdibisyon (a) alinsunod Seksiyon 190.4.

Dapat tukuyin ang parusa sa pamamagitan ng nakasaad sa seksiyong ito, at sa Seksiyon ~~190.1, 190.3,~~ 190.4~~,~~ at 190.5.

SEK. 7. Napawalang-saysay na ang Seksiyon 190.3 ng Kodigo Penalo.

~~190.3. Kung mapapatunayang nagkasala ang nasasakdal ng pagpatay sa unang digri, at may naisampang natatanging pangyayari at napatunayan nang totoo ito, o kung maaaring patawan ang nasasakdal ng parusang kamatayan matapos mapatunayang lumabag siya sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 1672 ng Kodigo ng Militar at mga Beterano o sa Seksiyon 37, 128, 219, o 4500 ng kodigong ito, dapat tukuyin ng hukom o mga tagapaghatol kung kamatayan o habambuhay bang pagkabilanggo nang walang parol ang parusang dapat ipataw sa nasasakdal. Sa mga pamamaraang nauugnay sa pagpapataw ng parusa, maaaring parehong magpakita ng ebidensiya ang mga tao at nasasakdal para sa anumang usaping nauugnay sa pagbigat ng parusa, mitigasyon at pagpapataw ng sentensya kasama ang, ngunit hindi limitado sa uri at mga pangyayari ng kasalukuyang krimen, o anumang hatol o mga hatol sa dating krimen, nauugnay man ang naturang hatol o mga hatol sa isang krimen ng karahasan, pagsasagawa o hindi pagsasagawa ng nasasakdal ng iba pang kriminal na aktibidad na nauugnay sa paggamit o pagsubok na gumamit ng puwersa o karahasan, hayagan o ipinabatid na pagbabantang gumamit ng puwersa o karahasan, at pagkatao, karanasan, kasaysayan, pag-iisip at aktwal na pangangatawan ng nasasakdal o hindi.~~

~~Gayunpaman, walang tatanggaping anumang ebidensiya para sa iba pang kriminal na aktibidad kung saan hindi gumamit o sumubok gumamit ng puwersa o karahasan ang nasasakdal, o kung saan hindi siya hayagan o pabatid na nagbantang gumamit ng puwersa o karahasan. Ayon sa pagkakagamit sa seksiyong ito, hindi kinakailangang hatulan ang nabanggit na kriminal na aktibidad.~~

~~Gayunpaman, hindi kailanman tatanggapin ang anumang ebidensiya para sa isang dating kriminal na aktibidad kung saan inusig at napatunayan nang walang sala ang nasasakdal. Ang paghihigpit sa paggamit ng ebidensiyang ito ay ilalapat lang sa mga pamamaraan alinsunod sa seksiyong ito, at hindi ginawa upang maapektuhan ang batas ayon sa naging kautusan o desisyon, na magbibigay-daan upang pahintulutang gamitin ang naturang ebidensiya sa iba pang mga pamamaraan.~~

~~Maliban kung para sa ebidensiyang nagpapatunay ng krimen o sa mga natatanging pangyayari na nagiging dahilan upang patawan ng parusang kamatayan ang nasasakdal, hindi maaaring magpakita ang nag-uusig ng ebidensiya na magpapagbigat sa parusa ng nasasakdal, maliban kung naibigay na sa nasasakdal ang ipapakitang ebidensiya sa loob ng makatwirang tagal ng panahon, ayon sa pagpapasiya ng hukuman bago ang paglilitis. Maaaring magpakita ng ebidensiya nang walang paunawa bilang sagot sa ebidensiyang ipinakita ng nasasakdal sa mitigasyon.~~

~~Dapat sabihan ang hukom o mga tagapaghatol na pagkatapos ipataw ang isang parusa, maaaring pagaanin o baguhin ng Gobernador ng Estado ng California ang isang parusang habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol at gawin itong isang parusang may tsansang makakuha ng parol.~~

~~Sa pagtukoy ng parusa, dapat isaalang-alang ng hukom o mga tagapaghatol ang mga sumusunod na salik kung nauugnay ang mga ito:~~

~~(a) Ang mga detalye ng krimen kung saan napatawan ng parusa ang nasasakdal sa kasalukuyang pamamaraan, at ang pagkakaroon ng anumang mga natatanging pangyayari na napatunayan nang totoo alinsunod sa Seksiyon 190.1.~~

~~(b) Ang pagsasagawa o hindi pagsasagawa ng nasasakdal ng kriminal na aktibidad na nauugnay sa paggamit o pagsubok na gumamit ng puwersa o karahasan, o na nauugnay sa hayagan o ipinabatid na pagbabantang gumamit ng puwersa o karahasan.~~

~~(c) Ang pagkakaroon o kawalan ng anumang hatol sa dating krimen.~~

~~(d) Ginawa man ang krimen habang wala sa tamang katinuan ang nasasakdal o hindi.~~

~~(e) Nakibahagi man o nagbigay ng pahintulot ang biktima para sa pagpatay ng nasasakdal o hindi.~~

~~(f) Ginawa man ang krimen habang naniniwala ang nasasakdal na isa itong moral na pangangatwiran o dahilan para sa kanyang asal o hindi.~~

~~(g) Kumilos man ang nasasakdal dahil sa labis na pananakot o pag-uutos ng ibang tao o hindi.~~

~~(h) Wala man sa katinuan ang nasasakdal sa panahon ng krimen dahil sa isang sakit o problema sa pag-iisip, o mga epekto ng alak, at hindi niya nauunawaan ang ginawa niyang krimen o hindi niya nasunod ang mga iniaatas ng batas.~~

~~(i) Ang edad ng nasasakdal sa panahon ng krimen.~~

~~(j) Kasabwat man o hindi ang nasasakdal sa pagsasagawa ng krimen, at malaki man o hindi ang naitulong niya sa krimen.~~

~~(k) Iba pang pangyayari na nagpapagaan sa bigat ng krimen, kahit hindi ito isang legal na dahilan upang maabswelto sa krimen.~~

~~Pagkatapos marinig at matanggap ang lahat ng ebidensya, at pagkatapos marinig at isaalang-alang ang mga argumento ng konseho, dapat ay~~

~~magawa ng hukom o mga tagapaghatol na pag-isipan at isaalang-alang ang mga nagpapabigat at nagpapagaan na pangyayaring binabanggit sa seksiyong ito at magabayan ng mga ito, at dapat siya/silang magpataw ng parusang kamatayan kung mapapatunayan ng hukom o mga tagapaghatol na mas nangingibabaw ang mga nagpapabigat na pangyayari kaysa sa mga nagpapagaan na pangyayari. Kung mapag-aalaman ng hukom o mga tagapaghatol na mas nangingibabaw ang mga nagpapagaan na pangyayari kaysa sa mga nagpapabigat na pangyayari, dapat magpataw ang hukom o mga tagapaghatol ng habambuhay na pagkabilanggo sa pang-estadong bilangguan nang walang parol.~~

SEK. 8. Ang Seksiyon 190.4 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

190.4. (a) Sa tuwing ang mga natatanging pangyayari na nakasaad sa Seksiyon 190.2 ay pinaghihinalaan at napag-alaman ng tagapagsiyasat ng katotohanan na may-sala ang nasasakdal ng unang digring pagpatay, dapat ding magsagawa ang tagapagsiyasat ng katotohanan ng natatanging pagpapasiya kung ano ang katotohanan sa likod ng bawat pinaghihinalaang natatanging pangyayari. Ang pagtukoy sa katotohanan ng anuman o ng lahat ng natatanging pangyayari ay dapat manggaling sa tagapagsiyasat ng katotohanan batay sa ebidensiyang iniharap sa paglilitis ~~o sa pandinig na ginanap alinsunod sa Subdibisyon (b) ng Seksiyon 190.1~~.

Sa sitwasyong nagkakaroon ng makatwirang pag-aalinlangan kung totoo ang natatanging pangyayari, may karapatan ang nasasakdal sa isang pagpapasiya na hindi totoo. Dapat magsagawa ang tagapagsiyasat ng katotoohanan ng natatanging pagpapasiya kung ang nahatulang natatanging pangyayaring iyon ay totoo o hindi totoo. Sa tuwing ang isang natatanging pangyayari ay nangangailangan ng pruweba ng paggawa o tinangkang paggawa ng krimen, ang naturang krimen ay dapat hatulan at patunayan alinsunod sa pangkalahatang batas na nalalapat sa paglilitis at paghatol ng krimen.

Kung nahatulan ang nasasakdal ng hukuman na humaharap nang walang lupon ng mga tagahatol, ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay dapat maging isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan ng nasasakdal at ng mamamayan ang isang lupon ng mga tagahatol, kung saan ang tagapagsiyasat ng katotohanan ang dapat maging hukuman. Kung nahatulan ang nasasakdal ayon sa pag-amin sa pagkakasala, ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay dapat maging isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan ng nasasakdal at ng mamamayan ang isang lupon ng mga tagahatol.

Kung napag-alaman ng tagapagsiyasat ng katotohanan na ang isa o higit pa sa mga natatanging pangyayari na nakasaad sa Seksiyon 190.2 ay nahatulan bilang totoo, ~~dapat magkaroon ng hiwalay na pandinig tungkol sa parusa,~~ *dapat maparusahan ang nasasakdal ng habambuhay na pagkakabilanggo sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad na mabigyan ng parol.* ~~at wala sa pagpapasiya na ang anuman sa natitirang mga natatanging pangyayari ang nahatulan bilang totoo, o s kung ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay isang lupon ng mga tagahatol, ang kawalan ng kakayahan ng lupon ng mga tagahatol na sumang-ayon sa isyu ng katotohanan o walang katotohanan ng alinman sa natitirang mga natatanging pangyayari ang nahatulan, ay dapat mapigilan ang pagsasagawa ng hiwalay na pandinig tungkol sa parusa.~~

~~Sa anumang sitwasyon kung saan napag-alamang ng lupon ng mga tagahatol na may-sala ang nasasakdal, at hindi nagkaroon ng nagkakaisang hatol ang lupon ng mga tagahatol na ang isa o higit pa sa mga natatanging pangyayari ay nahatulan bilang totoo, at hindi sila nagkaroon ng nagkakaisang hatol na ang lahat ng natatanging pangyayari ay nahatulan bilang hindi totoo, dpat patalsikin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol at dapat humanap ng bagong lupon ng mga tagahatol na haharap sa paglilitis ng mga isyu, ngunit ang isyu ng pagkakasala ay hindi dapat litisin ng naturang lupon ng mga tagahatol, at hindi rin dapat muling litisin ng naturang lupon ng mga tagahatol ang isyu ng katotohanan ng alinman s mga natatanging pangyayari na napagpasiyahan sa pamamagitan ng nagkakaisang hatol ng nakaraang lupon ng mga tagahatol na hindi totoo. Kung hindi nagkaroon ng nagkakaisang hatol ang naturang lupon ng mga tagahatol na ang isa o higit pa sa mga natatanging pangyayari na nililitis nito ay totoo, dapat patalsikin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol at batay sa kagustuhan ng hukuman, ay dapat humanap ng bagong lupon ng mga tagahatol na haharap upang litisin ang mga isyu na hindi nabigyan ng nagkakaisang hatol ng nakaraang lupon ng mga tagahatol, o magpataw ng parusa ng pagkakakulong sa bilangguan ng estado sa loob ng 25 taon.~~

~~(b) Kung nahatulan ang nasasakdal ng hukuman na humaharap nang walang lupon ng mga tagahatol, ang tagapagsiyasat ng katotohanan sa pandinig tungkol sa parusa ay dapat maging isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan ng nasasakdal at ng mamamayan ang isang lupon ng mga tagahatol, kung saan ang tagapagsiyasat ng katotohanan ang dapat maging hukuman. Kung nahatulan ang nasasakdal ayon sa pag-amin sa pagkakasala, ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay dapat maging isang lupon ng mga tagahatol maliban kung tinalikdan ng nasasakdal at ng mamamayan ang isang lupon ng mga tagahatol.~~

~~Kung ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay isang lupon ng mga tagahatol at hindi nagkaroon ng nagkakaisang hatol kung ano ang magiging parusa, dapat patalsikin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol na humaharap upang litisin ang isyu kung ano ang magiging parusa. Kung ang naturang lupon ng mga tagahatol ay hindi nagkaroon ng nagkakaisang hatol kung ano ang magiging parusa, batay sa kagustuhan ng hukuman, dapat itong maghanap ng bagong lupon ng mga tagahatol o magpataw ng parusa ng habambuhay na pagkakakulong sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad na mabigyan ng parol.~~

~~(c)~~ *(b)* Kung isang lupon ng mga tagahatol ang tagapagsiyasat ng katotohanan na nghatol sa nasasakdal ng krimen kung saan maaari siyang sumailalim sa *habambuhay na pagkakabilanggo sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad na mabigyan ng parol* ~~parusang kamatayan~~, ang lupon ng mga tagahatol na iyon din ay dapat makinig sa anumang pag-amin ng hindi pagkakasala nang dahil wala siya sa tamang pag-iisip Seksiyon 1026, *at* ang katotohanan ng anumang mga natatanging pangyayari na maaaring pinaghihinalaan~~, at lalapatan ng parusa~~, maliban kung pinatalsik ang lupon ng mga tagahatol ayon sa makatwirang dahilan na ipinakita sa hukuman kung saan kakailanganing magkaroon ng bagong lupon ng mga tagahatol. Dapat magpahayag ng katotohanan ang hukuman bilang suporta sa pasiya ng makatwirang dahilan sa rekord at nagdulot upang mailagay ang mga ito sa talaan.

~~(d) Sa anumang sitwasyon kung saan maaaring sumailalim ang nasasakdal sa parusang kamatayan, ang ebidensiyang iniharap sa anumang naunang hakbang ng paglilitis, kabilang ang anumang pamamaraan sa ilalim ng pag-amin ng hindi pagkakasala ayon sa dahilan ng pagkawala sa tamang pag-iisip alinsunod sa Seksiyon 1026 ay dapat ituring na anumang kasunod na hakbang ng paglilitis, kung parehong lang tagapagsiyasat ng katotohanan sa naunang hakbang at sa susunod na hakbang.~~

~~(e) Sa bawat sitwasyon kung saan ang tagapagsiyasat ng katotohanan ay nagbigay ng hatol o pasiya na nagpapataw ng parusang kamatayan, kakailanganing gumawa ng aplikasyon ng nasasakdal para sa pagbabago ng naturang hatol o pasiya alinsunod sa Subdibisyon 7 ng Seksiyon 11. Sa pamamahala ng aplikasyon, dapat suriin ng hukom ang ebidensiya, pakinggan, bigyan ng pagkakataon at dapat siyang magabayan ng mga tumitindi at gumagaang pangyayari na nakasaad sa Seksiyon 190.3, at dapat matukoy kung ang pasiya at hatol ng lupon ng mga tagahatol na ang mga tumitinding pangyayari na mas matimbang kasya sa mga gumagaang pangyayari ay salungat sa batas o sa ebidensiyang iniharap. Dapat isaad ng hukom sa rekord ang mga dahilan para sa pasiyang ito.~~

~~Dapat isaad ng hukom ang mga dahilan para sa pamamahala sa aplikasyon at iutos na ilagay ang mga ito sa tlaan ng Klerk. Ang pagtanggi sa pagbabago ng hatol na parusang kamatayan alinsunod sa subdibisyon (7) ng Seksiyon 1181 ay dapat suriin sa awtomatikong apela ng nasasakdal alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1239. Ang pagpapahintulot sa aplikasyon at dapat masuri sa apela ng mamamayan alinsunod sa talataan (6).~~

SEK. 9. Ang Seksiyon 2085.5 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

62

2085.5. (a) *(1)* Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggo na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (b) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1202.4, ang Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 50 poryento mula sa mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal, at dapat ilipat ang halaga sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa deposito sa Pondo ng Bayad-danyos sa Tresurya ng Estado. Ang halagang ibinawas ay dapat ikredito mula sa natitirang halaga ng mulota. Dapat bigyan ng rekord ng mga pagbabayad ang hukumang naghahatol.

(2) Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggong nahatulan o muling nahatulan sa o pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad na mabigyan ng parol na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (b) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1202.4, ang Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 60 poryento mula sa mga sahod at hanggang sa hindi lalampas sa 50 porsyento mula sa deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal, at dapat ilipat ang halaga sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa deposito sa Pondo ng Bayad-danyos sa Tresurya ng Estado. Ang halagang ibinawas ay dapat ikredito mula sa natitirang halaga ng mulota. Dapat bigyan ng rekord ng mga pagbabayad ang hukumang naghahatol.

(b) (1) Kapag naparusahan ang isang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggo na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (b) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1202.4, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakabilanggo ang bilanggo ay pinapahintulutang magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 50 poryento mula sa bilangguan ng county na katumbas ng mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal, at dapat ilipat ang halaga sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa deposito sa Pondo ng Bayad-danyos sa Tresurya ng Estado. Ang halagang ibinawas ay dapat ikredito mula sa natitirang halaga ng mulota. Dapat bigyan ng rekord ng mga pagbabayad ang hukumang naghahatol.

(2) Kung itatalaga ng lupon ng mga superbisor ang siyerip ng county bilang ahensiyang kumukolekta, kailangan munang makuha ng lupon ng mga superbisor ang pagsang-ayon ng siyerip ng county.

(c) *(1)* Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggo na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (h) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (f) ng Seksiyon 1202.4, ang Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 50 poryento mula sa mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal. Dapat ilipat ng kalihim ang halagang iyon sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa direktang pagbabayad sa biktima, o dapat isagawa ang pagbabayad sa Pondo ng Bayad-danyos hanggang sa matanggap na ng biktima ang tulong alinsunod sa programang iyon. Dapat bigyan ng rekord ng pagbabayad para sa mga biktima ang hukumang naghahatol at ng mga pagbabayad na naideposito sa Pondo ng Bayad-danyos alinsunod sa subdibisyong ito.

(2) Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggong nahatulan o muling nahatulan sa o pagkatapos ng araw ng pagkakabisa ng batas na ito ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad na mabigyan ng parol na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (h) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (f) ng Seksiyon 1202.4, ang Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 60 poryento mula sa mga sahod at hanggang sa hindi lalampas sa 50 porsyento mula sa deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal. Dapat ilipat ng kalihim ang halagang iyon sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa direktang pagbabayad sa biktima, o dapat isagawa ang pagbabayad sa Pondo ng Bayad-danyos hanggang sa matanggap na ng biktima ang tulong alinsunod sa programang iyon. Dapat bigyan ng rekord ng pagbabayad para sa mga biktima ang hukumang naghahatol at ng mga pagbabayad na naideposito sa Pondo ng Bayad-danyos alinsunod sa subdibisyong ito.

(d) Kapag naparusahan ang isang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng bilanggo na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bago ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (h) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1202.4, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakabilanggo ang bilanggo ay pinapahintulutang magbawas ng hindi bababa sa 20 porsyento o ang balanse natitira sa halaga ng multa, alinman ang mas maliit, hanggang sa hindi lalampas sa 50 poryento mula sa bilangguan ng county na katumbas ng mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo, maliban kung ipinagbawal ng batas na pederal. Dapat ilipat ng ahensiya ang halagang iyon sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa direktang pagbabayad sa biktima, o dapat isagawa ang pagbabayad sa Pondo ng Bayad-danyos hanggang sa matanggap na ng biktima ang tulong alinsunod sa programang iyon, o maaaring bayaran nang direkta ang biktima. Dapat bigyan ng rekord ng pagbabayad para sa mga biktima ang hukumang naghahatol at ng mga pagbabayad na naideposito sa Pondo ng Bayad-danyos alinsunod sa subdibisyong ito.

(e) Dapat magbawas at magpanatili ang kalihim mula sa mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng isang bilanggo, maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal, ng bayad sa pamahalaan na may kabuuang 10 porsyento ng anumang halagang inilipat sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California alinsunod sa sa subdibisyon (a) o (c). Dapat magbawas o magpanatili ang kalihim mula sa anumang pag-areglo o paggawad sa paglilitis, ng bayad sa pamahalaan na mau kabuuang 5 porsyento ng anumang halagang binayaran mula sa pag-areglo o paggawas upang mapunan ang umiiral na bayad-danyos o multa alinsunod sa subdibisyon (n), maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Dapat ideposito ng kalihim ang mga pera na bayad sa pamahalaan sa isang espesyal na kuwenta sa pagdeposito para mapalitan at matustusan ang mga halaga ng programa ng bayad-danyos ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon. Maaaring magpanatili ang kalihim, batay sa kaniyang kagustuhan, ng anumang mga labis na pondo sa espesyal na kuwenta sa pagdeposito para sa mga gagawing pamalit ng pamahalaan ng kagawaran at upang matustusan ang mga gastusin para sa programa ng bayad-danyos o maaaring ilipat niya ang lahat o ang bahagi ng mga labis na pondo para sa pagdeposito sa Pondo ng Bayad-danyos.

(f) Kapag pinarusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang

bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilango ay pinapahintulutang magbawas o magpanatili mula sa bilangguan ng county na katumbas ng mga sahod at deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng isang bilanggo, maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal, ng bayad sa pamahalaan na may kabuuang 10 porsyento ng anumang halagang inilipat sa Lupon sa Kabayaran para s Biktima ng California alinsunod sa subdibisyon (b) o (d). Pinahihintulutan ang ahensiya na magbawas o magpanatili mula sa isang pag-areglo o paggawad sa paglilitis ng bayad sa pamahalaan na mau kabuuang 5 porsyento ng anumang halagang binayaran mula sa pag-areglo o paggawas upang mapunan ang umiiral na bayad-danyos o multa alinsunod sa subdibisyon (n), maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Kapag nailabas na sa pangangalaga alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, pinahihintulutan ang ahensiya na magsingil ng bayad upang mapalitan ang aktwal na halaga ng pagkoleta ng pamahalan, na hindi lalampas sa 10 porsyento ng kabuuang halagang nakolekta. Dapat ideposito ng ahensiya ang mga pera na bayad sa pamahalaan sa isang espesyal na kuwenta sa pagdeposito para mapalitan at matustusan ang mga halaga ng programa ng bayad-danyos ng ahensiya. Pinahihintulutan ang ahensiya na magpanatili ng anumang mga labis na pondo sa espesyal na kuwenta sa pagdeposito para sa mga gagawing pamalit ng pamahalaan ng ahensiya at upang matustusan ang mga gastusin para sa programa ng bayad-danyos o maaaring ilipat niya ang lahat o ang bahagi ng mga labis na pondo para sa pagdeposito sa Pondo ng Bayad-danyos.

(g) Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng danyos ng isang bilanggong nabigyan ng parol na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bgo ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (b) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o subdibisyon (b) ng Seksiyon 1202.4, ang kalihim, o, kapag naparusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilanggo, ay maaaring mangolekta mula sa bilanggong nabigyan ng parol o, alinsunod sa Seksiyon 2085.6, mula sa isang taong dati nang ikinulong sa bilangguan ng county ng anumang mga perang ipambabayad sa halaga ng danyos, maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Dapat ilipat ng kalihim o ahensiya ang halagang iyon sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa pagdeposito sa Pondo ng Bayad-danyos sa Tresurya ng Estado. Ang halagang ibinawas ay dapat ikredito mula sa natitirang halaga ng mulota. Dapat bigyan ng rekord ng mga pagbabayad ang hukumang naghahatol.

(h) Sa anumang sitwasyon kung saan kailangang magbayad ng direktang danyos ng isang bilanggong nabigyan ng parol na ipinataw alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 13967 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ipapatupad bgo ang Setyembre 29, 1994, subdibisyon (h) ng Seksiyon 730.6 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 1202.4, ang kalihim, o, kapag naparusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilanggo o isang lokal na programa sa pagkolekta, ay maaaring mangolekta mula sa bilanggong nabigyan ng parol o, alinsunod sa Seksiyon 2085.6, mula sa isang taong dati nang ikinulong sa bilangguan ng county ng anumang mga perang ipambabayad, maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Dapat ilipat ng kalihim o ahensiya ang halagang iyon sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa direktang pagbabayad sa biktima, o dapat isagawa ang pagbabayad sa Pondo ng Bayad-danyos hanggang sa matanggap na ng biktima ang tulong alinsunod sa programang iyon, o maaaring bayaran ng ahensiya nang direkta ang biktima. Dapat bigyan ng rekord ng mga pagbabayad ng may-sala ang hukumang naghahatol alinsunod sa subdibisyong ito.

(i) Ang kalihim, o, kapag pinarusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilango, ay maaaring magbawas o magpanatili mula sa mga perang nakolekta mula sa mga bilanggong nabigyan ng parol o sa mga taong dati nang nabilanggo sa bilangguan ng county ng bayad sa pamahalaan na may kabuuang 10 porsyento ng anumang halagang inilipat sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California alinsunod sa subdibisyon (g) o (h), maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Dapat magbawas o magpanatili ang kalihim mula sa anumang pag-areglo o paggawad sa paglilitis ng bilanggong nabigyan ng parol ng bayad sa pamahalaan na mau kabuuang 5 porsyento ng halagang binayaran mula sa pag-areglo o paggawas upang mapunan ang umiiral na bayad-danyos o multa alinsunod sa subdibisyon (n), maliban kung ipinagbabawal ng batas na pederal. Pinahihintulutan ang ahensiya na magbawas o magpanatili mula sa anumang pag-areglo o paggawad sa paglilitis ng taong dati nang nabilanggo sa bilangguan ng county ng bayad sa pamahalaan na may kabuuang 5 porsyento ng anumang halagang binayaran mula sa pag-areglo o paggawas upang mapunan ang umiiral na bayad-danyos o multa alinsunod sa subdibisyon (n). Dapat ideposito ng kalihim o ahensiya ang mga pera na bayad sa pamahalaan sa isang espesyal na kuwenta sa pagdeposito para mapalitan at matustusan ang mga halaga ng programa ng bayad-danyos ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon o ahensiya, gaya ng naaangkop. Maaaring magpanatili ang kalihim, batay sa kaniyang kagustuhan, o ang ahensiya, ng anumang mga labis na pondo sa espesyal na kuwenta sa pagdeposito para sa mga gagawing pamalit ng pamahalaan ng kagawaran o ahensiya at upang matustusan ang mga gastusin para sa programa ng bayad-danyos o maaaring ilipat niya ang lahat o ang bahagi ng mga labis na pondo para sa pagdeposito sa Pondo ng Bayad-danyos.

(j) Kapag ang bilanggo ay may multa at utos sa pagbabayad ng danyos mula sa hukumang naghahatol, dapat kolektahin muna ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ang utos sa pagbabayad ng danyos alinsunod sa subdibisyon (c).

(k) Kapag naparusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 at ang bilanggong iyon ay may multa at utos sa pagbabayad ng danyos mula sa hukumang naghahatol, kung ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilanggo ay kumokolekta ng multa o utos, dapat kolektahin muna ng ahensiya ang utos sa pagbabayad ng danyos alinsunod sa subdibisyon (d).

(*l*) Kapag ang bilanggong nabigyan ng parol ay may multa o utos sa pagbabayad ng danyos mula sa hukumang naghahatol, ang Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, o, kapag naparusahan ang bilanggo ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, ang ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilanggo, ay maaaring kolektahin muna ang utos sa pagbabayad ng danyos, alinsunod sa subdibisyon (h).

(m) Kung nakapiit ang isang preso sa isang institusyon na nangangailangang bumili ng pagkain sa kantina ng institusyon para sa mga hindi binabantayang pagbisita nang buong gabi, at kung ang pera para sa pagbili ng pagkaing ito ay natanggap mula sa mga pondong hindi galing sa mga sahod ng preso, dapat malibre ang perang iyon mula sa mga pagbawas sa bayad-danyos. Dapat ilapat ang pagkalibreng ito sa aktwal na halagang nagastos sa pagkain para sa pagbisita na hanggang sa hindi bababa sa limampung dolyar ($50) para sa mga pagbisita na kasama ang preso at isang bisita, pitumpung dolyar ($70) para sa mga pagbisita na kasama ang preso at dalawa o tatlong bisita, at walompung dolyar ($80) para sa mga pagbisita na kasama ang preso at apat o higit pang mga bisita.

(n) Ang mga binabayaran o may-kaparusahang danyos na iginawad ng paglilitis o pag-areglo sa sinumang preso, bilanggong nabigyan ng parol, taong pinanatili sa pangangasiwa ng komunidad pagkalaya alinsunod sa Seksiyon 3451, o nasasakdal sa mandatoryong pangangasiwang ipinataw alinsunod sa nakapailalim sa talataan (5) ng subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, na nauugnay sa aksyong sibil na isinampa laban sa isang kulungan, bilangguan o pasilidad sa pagwawasto ng pederal, estado o lokal , o sinumang opisyal o ahente, ay dapat bayaran ng direkta, pagkatapos magbayad ng mga bayad sa abugado at gastusin sa paghahabla na inaprubahan ng hukuman,

upang mapunan ang anumang namumukod na mga utos sa pagbabayad ng danyos o mula laban sa taong iyon. Dapat ibigay ang balanse ng iginawad sa ngbayad pagkatapos ng kumpletong pagbabayad ng lahat ng namumukod na utos at multa sa pagbabayad ng danyos, na napapailalim sa subdibisyon (e) at (i). Dapat gawin ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ang lahat ng makatwirang hakbang upang abusihan ang mga biktima ng krimen kung saan nahatulan ang tao na may kaugnayan sa nakabinbing pagbabayad sa anumang mga binabayaran o may-kaparusahang danyos. Para sa sinumang bilanggong naparusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, pinahihintulutan ang ahensiya na gawin ang lahat ng makatwirang hakbang upang abisuhan ang mga biktima ng krimen kung saan nahatulan ang tao na may kaugnayan sa nakabinbing pagbabayad sa anumang mga binabayaran o may-parusang danyos.

(o) (1) Ang mga halagang inilipat sa Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California para sa pagbabayad ng mga direktang utos sa pagbabayad ng danyos ay dapat ibayad sa biktima sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan natanggap ang mga kita sa bayad-danyos ng Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California. Kung ang pagbabayad sa danyos sa isang biktima ay mas mababa sa dalawampu't limang dolyar ($25), hindi na kailangang ibigay ang bayad sa biktimang iyon hanggang sa umabot ito ng dalawampu't limang dolyar ($25) o kapag humiling ang biktima ng bayad na mas mababa ang halaga.

(2) Kung hindi matagpuan ang isang biktima, ang mga kita sa bayad-danyos na natanggap ng Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California sa ngalan ng biktima ay dapat isagawa sa ipinagkakatiwala sa Pondo ng Bayad-danyos hanggang sa pagtatapos ng taon ng pananalapi ng estado kasunod ng taon ng pananalapi ng estado kung saan idineposito ang mga pondo o hanggang sa makapagbigay ang biktima ng kasalukuyang impormasyon ng address information, alinman ang mauuna. Ang mga halagang matitira sa ipinagkakatiwala sa pagtatapos ng natukoy na panahon ay dapat maibalik sa Pondo ng Bayad-danyos.

(3) (A) Ang isang biktimang hindi nakapagbigay ng kasalukuyang address sa loob ng panahon na natukoy sa talataan (2) ay maaaring magbigay ng dokumentasyon sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, kung saan papatotohanan na ang mga pera ay nakolekta sa ngalan ng biktima. Kapag natanggap na ang napatotohanang impormasyong iyon mula sa Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, dapat ipasa ng Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California ang mga kita sa bayad-danyos sa biktima alinsunod sa mga probisyon ng subdibisyon (c) o (h).

(B) Ang isang biktimang hindi nakapagbigay ng kasalukuyang address sa loob ng panahon na natukoy sa talataan (2) ay maaaring magbigay ng dokumentasyon sa ahensiyang itinalaga ng lupon ng mga superbisor sa county kung saan nakakulong ang bilanggo ay pinarusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170, kung saan maaaring patotohanan ang mga perang nakolekta sa ngalan ng biktima. Kapag natanggap na ang napatotohanang impormasyong iyon mula sa ahensiya, dapat ipasa ng Lupon sa Kabayaran para sa Biktima ng California ang mga kita sa bayad-danyos sa biktima alinsunod sa mga probisyon ng subdibisyon (d) o (h).

SEK. 10. Aplikasyon ng Batas na May Bisa sa Nakaraan.

(a) Upang makamit sa pinakamainam na paraan ang layunin ng batas na ito gaya ng nakasaad sa Seksiyon 3 at upang makamit ang pagkapatas, pagkakapantay-pantay at pagkakaisa sa paghahatol, maaaring ilapat ang batas na ito nang may bisa sa nakaraan.

(b) Sa anumang sitwasyon kung saan nahatulan ng kamatayan ang isang nasasakdal o preso bago ang araw ng pagkakabisa ng batas na ito, awtomatikong mababago ang hatol at magiging habambuhay na pagkakabilanggo nang walang posibilidad na mabigyan ng parol sa ilalim ng mga tuntunin at kundisyon ng batas na ito. Hindi dapat magsagawa ang Estado ng California ng anumang pagpatay simula sa araw ng pagkakabisa ng batas na ito.

(c) Simula sa araw ng pagkakabisa ng batas na ito, maaaring ilipat ng Korte Suprema ang lahat ng apela sa parusang kamatayan at petisyon sa habeas na nakabinbin sa Korte Suprema sa anumang distrito ng hukuman ng paghahabol o hukumang superyor, sa pagpasiya ng Korte Suprema.

SEK. 11. Petsa ng Pagkakabisa.

Dapat magkaroon ng bisa ang batas na ito sa araw simula ng halalan kung kailan ito naaprubahan, alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

SEK. 12. Naibubukod.

Naihihiwalay ang mga probisyon ng batas na ito. Kung may anumang probisyon ng batas na ito o aplikasyon nito ang napawalang-bisa, kabilang ang ngunit hindi nalilimitahan sa Seksiyon 10, ang pagkakawalang-bisang iyon ay hindi dapat makaapekto sa iba pang mga probisyon o aplikasyon na maaaring magkaroon ng bisa nang hindi kasama ang walang-bisang probisyon o aplikasyon.

PROPOSISYON 63

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog, nagpapawalang-bisa, at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo Penal; dahil doon, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan para sa Lahat

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan para sa Lahat."

SEK. 2. Mga Ipinasiya at mga Pagpapahayag.

Ipinasiya at ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California ang mga sumusunod:

1. Ang karahasang kaugnay ng baril ay sumisira ng mga buhay, pamilya at komunidad. Mula 2002 hanggang 2013, ang California ay nawalan ng 38,576 indibidwal sa karahasang kaugnay ng baril. Iyon ay higit sa pitong beses ng bilang ng mga sundalo ng U.S. na namatay sa labanan sa pinagsamang mga digmaan sa Iraq at Afghanistan. Sa kaparehong panahon, 2,258 bata ang napatay sa mga pinsala ng putok ng baril sa California. Ang kaparehong bilang ng mga batang pinatay sa masaker sa paaralang elementarya ng Sandy Hook ay napapatay sa pamamagitan ng putok ng baril sa estadong ito bawat 39 na araw.

2. Noong 2013, ang mga baril ay ginamit upang patayin ang 2,900 Taga-California, kabilang ang 251 bata at tinedyer. Noong taong iyon, hindi kukulangin sa 6,035 na iba pa ang naospital o ginamot sa mga silid ng emerhensiya para sa di-nakamamatay na mga sugat sa tama ng baril, kabilang ang 1,275 bata at tinedyer.

3. Ang mga baril ay pangkaraniwang ginagamit ng mga kriminal. Alinsunod sa Kagawaran ng Hustisya ng California, noong 2014 may 1,169 pagpatay sa baril sa California, 13,546 na armadong pagnanakaw na kaugnay ang isang baril, at 15,801 mabigat na pag-atake na kaugnay ang isang baril.

4. Ang nakalulungkot na karahasan ay nagpapataw ng malalaking pasaning pangkabuhayan sa ating lipunan. Ang mga mananaliksik ay konserbatibong tumatantiya na ang karahasang kaugnay ng baril ay ginagastusan ng ekonomiya ng hindi kukulangin sa $229 bilyon bawat taon, o mas mataas kaysa $700 kada Amerikano kada taon. Noong 2013 lamang, ang mga pagkamatay at pinsala sa baril sa California ay nagpataw ng $83 milyon sa mga gastos na medikal at $4.24 bilyon sa nawalang pagkaproduktibo.

5. Makakagawa ang California ng mas mahusay. Ang makatwiran, sentido-kumon na mga batas sa baril ay nagbabawas ng mga pagkamatay at pinsala sa baril, pinananatiling malayo mula sa mga kriminal ang mga baril at nilalabanan ang bawal na pagtrapiko ng baril. Bagaman ang California ay namuno sa bansa sa mga batas sa kaligtasan sa baril, ang mga batas na ito ay may mga butas na iniiwan ang mga komunidad sa buong estado na mahina sa karahasang kaugnay ng baril at maramihang pamamaril. Masasarhan natin ang mga butas na ito habang ipinagsasanggalang pa rin ang kakayahan ng masunurin sa batas, responsableng mga Taga-California na mag-ari ng mga baril para sa pagtatanggol sa sarili, pangangaso at libangan.

6. Alam natin na ang pagsusuri ng nakaraan ay mabisa. Ang pederal na mga pagsusuri ng kasaysayan ay nakapigil na ng higit sa 2.4 na milyon na pagbebenta ng baril sa mga nahatulang kriminal at ibang mga bawal bumili sa Amerika. Noong 2012 lamang, ang mga pagsusuri ng kasaysayan ay humarang sa 192,043 pagbebenta ng mga baril sa mga bawal bumili kabilang ang 82,000 tangkang pagbili ng mga nakagawa ng peloni. Iyon ay nangangahulugang ang mga pagsusuri ng kasaysayan ay pumigil sa halos 225 na nakagawa ng peloni mula sa pagbili ng mga baril araw-araw. Pero ang batas ng California ay nag-aatas lamang ng mga pagsusuri ng kasaysayan para sa mga taong bumibili ng baril, hindi para sa mga taong bumibili ng bala. Dapat nating sarhan ang butas na ito.

7. Sa ngayon, sinumang marahas na nakagawa ng peloni o mapanganib na taong may sakit sa isip ay maaaring pumasok sa isang tindahan ng mga panindang pampalakasan o tindahan ng baril sa California at bumili ng bala, wala nang mga tanong. Iyon ay dapat magbago. Dapat nating iatas ang mga pagsusuri ng kasaysayan para sa pagbebenta ng bala tulad ng pagbebenta ng baril, at patigilin ang pareho sa pagbagsak sa mga kamay ng mga mapanganib na indibidwal.

8. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga tindahan na nagbebenta ng bala ay hindi inaatasang mag-ulat sa mga tagapagtupad ng batas kapag ang bala ay nawala o ninakaw. Ang mga tindahan ay dapat mag-ulat ng nawala o ninakaw na bala sa loob ng 48 oras pagkatapos matuklasan na ito ay nawawala upang ang mga tagapagpatupad ng batas ay makapagtrabaho upang pigilan ang balang iyon na labag sa batas na maitrapiko patungo sa mga kamay ng mga mapanganib na indibidwal.

9. Ang mga Taga-California ay hindi inaatasan ngayon na mag-ulat ng nawala o ninakaw na mga baril sa mga tagapagpatupad ng batas. Ginagawa nitong mahirap para sa mga tagapagpatupad ng baras na imbistigahan ang mga krimeng ginagawa sa pamamagitan ng mga ninakaw na baril, wasakin ang mga sindikato ng pagtrapiko ng baril, at ibalik ang mga baril sa mga may-ari nito na masunurin sa batas. Dapat nating atasan ang mga may-ari ng baril na iulat ang kanilang nawala o ninakaw na baril sa mga tagapagpatupad ng batas.

10. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga taong gumagawa ng mga peloni at ibang mga seryosong krimen ay pinagbabawalang mag-angkin ng mga baril. Pero ang mga kasalukuyang batas ay walang itinatadhanang malinaw na proseso para sa mga taong ito upang isuko ang kanilang mga baril kapag ang mga ito ay ipinagbawal sa sandaling mahatulan. Bilang resulta, noong 2014, ang Kagawaran ng Hustisya ay tumukoy sa mas marami kaysa 17,000 taong nag-aangkin ng mas marami kaysa 34,000 baril nang labag sa batas, kabilang ang mas marami kaysa 1,400 sandata ng pag-atake. Kailangan nating sarhan ang mapanganib na butas na ito sa pamamagitan ng hindi lamang pag-aatas sa mga pinagbabawalang tao na isuko ang kanilang mga baril, kundi tiyakin din na ito ay nangyari.

11. Ang istilong-militar na malaking-kapasidad na mga magasin ng bala—ang ilan ay may kakayahang humawak ng higit sa 100 rolyo ng bala—nagtataas nang malaki sa kakayahan ng bumabaril na pumatay ng maraming tao sa maikling panahon. Iyon ang dahilan kung bakit ang malalaki ang kapasidad na magasing ito ng bala ay pangkaraniwan sa marami ng pinakakakila-kilabot na maramihang pamamaril, mula sa mga pagpatay sa 101 California Street sa San Francisco noong 1993 hanggang sa Mataas na Paaralan ng Columbine noong 1999 hanggang sa masaker sa Paaralang Elementarya ng Sandy Hook sa Newtown, Connecticut noong 2012.

12. Ngayon, ang batas ng California ay nagbabawal ng pagyari, pang-angkat at pagbebenta ng istilong-militar, malaking kapasidad na mga magasin ng bala, pero hindi nagbabawal sa pangkalahatang publiko na mag-angkin ng mga ito. Dapat nating sarhan ang butas na ito. Walang sinuman maliban sa mga sinanay na tagapagpatupad ng batas na dapat mag-angkin nitong mga mapanganib na magasin ng bala.

13. Bagaman ang Estado ng California ay nagsasagawa ng mga pagsusuri ng kasaysayan sa mga bumibili ng baril na naninirahan sa California, tayo ay kailangang umasa sa ibang mga estado at sa FBI upang magsagawa ng mga pagsusuri ng kasaysayan sa mga bumibili ng baril na naninirahan sa ibang lugar. Dapat nating gawin ang mga pagsusuri ng kasaysayan sa labas ng California na mas mabisa sa pamamagitan ng patuloy na pag-aatas sa estado na iulat kung sino ang pinagbabawalang mag-angkin ng mga baril sa pederal na sistema ng pagsusuri ng kasaysayan.

14. Ang pagnanakaw ng baril ay isang seryoso at posibleng marahas na krimen. Dapat nating linawin na ang mga naturang krimen ay maaaring ikaso bilang mga peloni, at pigilan ang mga tao na nahatulan ng mga naturang krimen na mag-angkin ng mga baril.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapahayag na ang kanilang layunin at hangarin sa pagpapatibay ng "Ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan para sa Lahat" (ang "Batas") ay ang mga sumusunod:

1. Upang ipatupad ang makatwiran at sentido-kumon na mga reporma upang gawin ang mga batas sa kaligtasan sa baril ng California na pinakamahigpit sa bansa habang ipinagsasanggalang pa rin ang mga karapatan sa Ikalawang Susog ng lahat ng masunurin sa batas, responsableng mga Taga-California.

2. Upang panatilihin ang mga baril at bala na wala sa mga kamay ng mga nahatulang nakagawa ng peloni, ng mga mapanganib na may-sakit sa isip, at ibang mga taong pinagbabawalan ng batas na mag-angkin ng mga baril at bala.

3. Upang tiyakin na ang mga bumibili ng bala sa California—tulad ng mga bumibili ng mga baril—ay napapailalim sa mga pagsusuri ng kasaysayan.

4. Upang atasan ang lahat ng tindahan na nagbebenta ng bala na iulat ang anumang nawala o ninakaw na bala sa loob ng 48 oras matapos matuklasang ito ay nawawala.

5. Upang matiyak na ang California ay nagbabahagi ng napakahalagang impormasyon sa pederal na mga tagapagtupad ng batas sa pamamagitan ng patuloy na pag-aatas sa estado na iulat ang mga indibidwal na pinagbabawalan ng batas na mag-angkin ng mga baril sa pederal na sistema ng pagsusuri ng kasaysayan.

6. Upang iatas ang pag-uulat ng nawala o ninakaw na mga baril sa mga tagapagpatupad ng batas.

7. Upang mas mahusay na ipatupad ang mga batas na nag-aatas sa mga tao na isuko ang kanilang mga baril sa sandaling sila ay mahatulan ng isang krimen na ginagawa sila na hindi karapat-dapat mag-angkin ng mga baril.

8. Upang gawing labag sa batas sa California na mag-angkin ng mga uri ng istilong-militar na mga magasin ng bala na nagbibigay ng kakayahan sa mga maramihang pagpatay na tulad ng Paaralang Elementarya ng Sandy Hook, isang sinehan sa Aurora, Colorado; Mataas na Paaralan ng Columbine; at isang gusali ng opisina sa 101 California Street sa San Francisco, California.

9. Upang pigilan ang mga taong nahatulan ng pagnanakaw ng isang baril na mag-angkin ng mga baril, at upang ipatupad ang hangarin ng Proposisyon 47 na ang pagnanakaw ng isang baril ay isang peloning malaking pagnanakaw, anuman ang halaga ng baril, na katugma ng mga Seksiyon 25400 at 1192.7 ng Kodigo Penal.

SEK. 4. Nawala o Ninakaw na mga Baril.

SEK. 4.1. Ang Dibisyon 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 25250) ay idinaragdag sa Titulo 4 ng Bahagi 6 ng Kodigo Penal, upang mabasang:

63

DIBISYON 4.5. NAWALA O NINAKAW NA MGA BARIL

25250. (a) Magsisimula sa ika-1 ng Hulyo, 2017, ang bawat tao ay dapat mag-ulat ng pagkawala o pagnanakaw ng isang baril na pag-aari o angkin niya sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa hurisdiksiyon kung saan ang pagnanakaw o pagkawala ay nangyari sa loob ng limang araw ng panahon na nalaman niya o makatwirang dapat malaman na ang baril ay ninakaw o nawala.

(b) Bawat taong nag-ulat ng isang nawala o ninakaw na baril sa ilalim ng subdibisyon (a) ay dapat magbigay ng paunawa sa ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa hurisdiksiyon kung saan ang pagnanakaw o pagkawala ay nangyari sa loob ng limang araw kung ang baril ay nabawi sa huli ng tao.

(c) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang isang tao ay hindi dapat atasan na iulat ang pagkawala o pagnanakaw ng isang baril na isang antigong baril sa loob ng kahulugan ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 16170.

25255. Seksiyon 25250 ay hindi dapat pairalin sa mga sumusunod:

(a) Alinmang ahensiya ng pagpapatupad ng batas o opisyal na pangkapayapaan na umaakto sa loob ng panahon at saklaw ng kanyang pagtatrabaho o opisyal na mga tungkulin kung siya ay mag-uulat ng pagkawala o pagnanakaw sa kanyang ahensiyang nag-eempleyo.

(b) Sinumang mariskal ng Estados Unidos o miyembro ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos o ng Pambansang Guwardiya, habang tinutupad ang kanyang mga opisyal na tungkulin.

(c) Sinumang taong lisensiyado, alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at ng mga regulasyong inisyu alinsunod dito, at nag-uulat ng pagnanakaw o pagkawala alinsunod sa Seksiyon 923(g)(6) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos, o ng tadhana sa kapalit nito, at angkop na mga regulasyon na inisyu nito.

(d) Sinumang taong ang baril ay nawala o ninakaw bago ang ika-1 ng Hulyo, 2017.

25260. Alinsunod sa Seksiyon 11108, bawat syerip o hepe ng pulisya ay dapat magsumite ng isang paglalarawan ng bawat baril na iniulat na nawala o ninakaw nang tuwiran sa May-awtomasyong Sistema ng mga Baril ng Kagawaran ng Hustisya.

25265. (a) Bawat taong lumabag sa Seksiyon 25250 ay, para sa isang unang paglabag, nagkasala ng pagsuway, maparurusahan ng isang multang hindi dapat humigit sa isang daang dolyar ($100).

(b) Bawat taong lumabag sa Seksiyon 25250 ay, para sa isang ikalawang paglabag, nagkasala ng pagsuway, maparurusahan ng isang multang hindi dapat humigit sa isang libong dolyar ($1,000).

(c) Bawat taong lumabag sa Seksiyon 25250 ay, para sa ikatlo o kasunod na paglabag, nagkasala ng isang misdemenor, maparurusahan ng pagkabilanggo sa isang kulungan ng county na hindi hihigit sa anim na buwan, o ng isang multang hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000), o ng pareho ng multa at pagkabilanggong iyon.

25270. Bawat taong nag-ulat ng isang nawala o ninakaw na baril alinsunod sa Seksiyon 25250 ay dapat mag-ulat ng yari, modelo, at numero ng serye ng baril, kung alam ng tao, at anumang karagdagang may-kaugnayang impormasyon na iniaatas ng lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas na kumuha ng ulat.

25275. (a) Walang taong dapat mag-ulat sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas na ang isang baril ay nawala o ninakaw, alam na ang ulat ay hindi totoo. Ang paglabag sa seksiyong ito ay isang pagsuway, maparurusahan ng isang multang hindi hihigit sa dalawang daan limampung dolyar ($250) para sa isang unang pagkakasala, at ng isang multang hindi hihigit sa isang libong dolyar ($1,000) para sa ikalawa o kasunod na pagkakasala.

(b) Ang seksiyong ito ay hindi dapat humadlang sa pag-uusig sa ilalim ng ibang batas.

SEK. 4.2. Seksiyon 26835 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

26835. Ang isang lisensiyado ay dapat maglagay nang madaling makita sa loob ng lisensiyadong mga lugar ng mga sumusunod na babala sa mga blokeng letra na hindi mas maliit kaysa isang pulgada ang taas:

(a) "KUNG IKAW AY NAGPAPANATILI NG ISANG MAY-BALANG BARIL SA LOOB NG ANUMANG MGA LUGAR SA ILALIM NG IYONG PAG-IINGAT O KONTROL, AT KINUHA AT GINAMIT ITO NG ISANG TAONG WALA PANG 18 TAONG GULANG, NAGRESULTA SA PINSALA O PAGKAMATAY, O DINALA ITO SA ISANG PAMPUBLIKONG LUGAR, IKAW AY MAAARING NAGKASALA NG ISANG MISDEMENOR O PELONI MALIBAN KUNG ITINATAGO MO ANG BARIL SA ISANG NAKASUSING SISIDLAN O IKINANDADO ANG BARIL SA PAMAMAGITAN NG ISANG KAGAMITANG PANGKADADO UPANG ITO AY PANSAMANTALANG HINDI GUMANA."

(b) "KUNG NAGPAPANATILI KA NG ISANG PISTOLA, REBOLBER, O IBANG BARIL NA KAYANG ITAGO SA TAO, SA LOOB NG MGA LUGAR NA NASA ILALIM NG IYONG PAG-IINGAT O KONTROL, AT ANG ISANG TAONG WALA PANG 18 TAONG GULANG AY NAKAGAMIT SA BARIL, AT INILABAS ITO SA MGA LUGAR, IKAW AY MAAARING NAGKASALA NG MISDEMENOR, MALIBAN KUNG ITINATAGO MO ANG BARIL SA ISANG NAKASUSING SISIDLAN, O IKINANDADO ANG BARIL SA ISANG NAGKAKANDADONG KAGAMITAN, UPANG PANSAMANTALANG PIGILIN ITO NA GUMANA."

(c) "KUNG PANANATILIHIN MO ANG ANUMANG BARIL SA LOOB NG ANUMANG LUGAR NA NASA ILALIM NG IYONG PAG-IINGAT O KONTROL, AT ANG ISANG TAONG WALA PANG 18 TAONG GULANG AY NAKAGAMIT NG BARIL, AT DINALA ITO SA LABAS NG LUGAR PATUNGO SA ISANG PAARALAN O INISPONSOR NG PAARALAN NA GINAGANAP, IKAW AY MAAARING NAGKASALA NG MISDEMENOR, KABILANG ANG ISANG MULTANG HANGGANG LIMANG LIBONG DOLYAR ($5,000), MALIBAN KUNG ITINATAGO MO ANG BARIL SA ISANG NAKASUSING SISIDLAN, O IKINANDADO ANG BARIL SA PAMAMAGITAN NG ISANG NAGKAKANDADONG KAGAMITAN."

(d) "KUNG IKAW AY PABAYANG NAGTAGO O NAG-IWAN NG ISANG MAY-BALANG BARIL SA LOOB NG ANUMANG LUGAR NA NASA IYONG PAG-IINGAT O KONTROL, KUNG SAAN ANG ISANG TAONG WALA PANG 18 TAONG GULANG AY MALAMANG NA MAKUHA ITO, IKAW AY MAAARING NAGKASALA NG MISDEMENOR, KABILANG ANG ISANG MULTANG HANGGANG ISANG LIBONG DOLYAR ($1,000), MALIBAN KUNG ITINAGO MO ANG BARIL SA ISANG NAKASUSING SISIDLAN,O IKINANDADO ANG BARIL SA PAMAMAGITAN NG ISANG NAGKAKANDADONG KAGAMITAN."

(e) "ANG PAGPAPAPUTOK NG MGA BARIL SA MGA LUGAR NA MAHINA ANG BENTILASYON, PAGLILINIS NG MGA BARIL, O PAGHAWAK NG BALA AY MAAARING MAGRESULTA SA PAGKAHANTAD SA TINGGA, ISANG SUBSTANSIYA NA ALAM NA NAGDUDULOT NG MGA DEPEKTO SA PAGSILANG, PINSALA SA PAGPAPARAMI, AT IBANG MGA SERYOSONG PISIKAL NA PINSALA. MAGKAROON NG SAPAT NA BENTILASYON SA LAHAT NG PANAHON. HUGASAN ANG MGA KAMAY NANG MABUTI PAGKATAPOS NG PAGKAHANTAD."

(f) "ANG MGA PEDERAL NA REGULASYON AY NATATADHANA NA KUNG HINDI MO PISIKAL NA KINUHA ANG BARIL NA GUSTO MONG ANGKININ SA LOOB NG 30 ARAW PAGKATAPOS MONG KUMPLETUHIN ANG UNANG PAPEL NG PAGSUSURI NG KASAYSAYAN, KAILANGAN MONG SUMAILALIM SA PROSESO NG PAGSUSURI NG KASAYSAYAN SA IKALAWANG PAGKAKATAON UPANG PISIKAL NA MAKUHA ANG BARIL NA IYON."

(g) "WALANG TAONG DAPAT MAG-APLAY NA BUMILI NG HIGIT SA ISANG PISTOLA, REBOLBER, O IBANG BARIL NA KAYANG ITAGO SA TAO SA LOOB NG ANUMANG 30-ARAW NA PANAHON AT WALANG PAGHAHATID NA DAPAT GAWIN SA SINUMANG TAO NA NAG-APLAY NA BUMILI NG HIGIT SA ISANG PISTOLA, REBOLBER, O IBANG BARIL NA KAYANG ITAGO SA TAO SA LOOB NG ANUMANG 30-ARAW NA PANAHON."

(h) "KUNG ANG ISANG BARIL NA PAG-AARI O ANGKIN MO AY NAWALA O NINAKAW, DAPAT MONG IULAT ANG PAGKAWALA O PAGNANAKAW SA ISANG SA ISANG LOKAL NA AHENSIYA NG PAGPAPATUPAD NG BATAS KUNG SAAN ANG PAGKAWALA O PAGNANAKAW AY NANGYARI SA LOOB NG LIMANG ARAW NG PANAHON NA NALAMAN O MAKATWIRANG DAPAT NA NALAMAN NA ANG BARIL AT NAWALA O NINAKAW."

SEK. 5. Pagpapalakas ng Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kasaysayang Pangkrimen.

SEK. 5.1. Seksiyon 28220 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

28220. (a) Pagkatapos ng pagsusumite ng impormasyon tungkol sa bumibili ng baril, ang Kagawaran ng Hustisya ay dapat magsuri ng mga rekord nito, gayon din ang mga rekord na ito ay pinahihintulutang humiling mula sa Kagawaran ng mga Ospital ng Estado alinsunod sa Seksiyon 8104 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, upang malaman kung ang bumibili ay isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, o pinagbabawalan ng pang-estado o pederal na batas na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng baril.

(b) ~~Kung ang pagpopondo ay makukuha, ang~~ *Ang* Kagawaran ng Hustisya ay ~~maaaring~~ *dapat* lumahok sa Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kasaysayang Pangkrimen (NICS), gaya ng inilarawan sa (t) ng Seksiyon 922 ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos, at~~, kung ang paglahok na iyon ay ipinatupad,~~ ay dapat magbigay ng paunawa sa tagabenta at sa hepe ng kagawaran ng pulisya ng lungsod o lungsod at county kung saan ang pagbebenta ay ginawa, o kung ang pagbebenta ay ginawa sa isang distrito kung saan walang munisipal na kagawaran ng pulisya, ang syerip ng county kung saan ang pagbebenta ay ginawa, na ang bumibili ay isang taong pinagbabawalang magtamo ng isang baril isa ilalim ng pederal na batas.

(c) Kung ang kagawaran ay nagpasiya na ang bumibili ay pinagbabawalan ng pang-estado o pederal na batas na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng isang baril o isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, ito ay dapat na magbigay agad ng paunawa sa tagabenta at sa hepe ng kagawaran ng pulisya ng lungsod o lungsod at county kung saan ang pagbebenta ay ginawa, o kung ang pagbebenta ay ginawa sa isang distrito kung saan walang munisipal na kagawaran ng pulisya, ang syerip ng county kung saan ginawa ang pagbebenta, ng katotohanang iyon.

(d) Kung ang kagawaran ay nagpasiya na ang mga kopya ng rehistrong isinumite dito alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 28210 ay nagtataglay ng anumang mga blangkong espasyo o hindi tumpak, hindi mabasa, o hindi kumpletong impormasyon, pumipigil sa pagkilala sa bumili o ang pangkamay na baril o ibang baril na bibilhin, o kung ang anumang fee na iniaatas alinsunod sa Section 28225 ay hindi isinumite ng tagabenta kasabay ng pagsusumite ng mga kopya ng rehistro, ang kagawaran ay maaaring magbigay ng paunawa sa tagabenta ng katotohanang iyon. Pagkatapos ng paunawa ng kagawaran, ang tagabenta ay dapat magsumite ng mga itinamang kopya ng rehistro sa kagawaran, o dapat magsumite ng anumang fee na iniaatas alinsunod sa Seksiyon 28225, o pareho, gaya ng angkop at, kung ang paunawa ng kagawaran ay natanggap ng tagabenta kahit kailan bago ang paghahatid ng baril na bibilhin, ang tagabenta ay dapat huwag munang maghatid hanggang ang pagtatapos ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540.

(e) Kung ang kagawaran ay nagpasiya na ang impormasyong ipinadala dito sa alinsunod sa Seksiyon 28215 ay nagtataglay ng hindi tama o hindi kumpletong impormasyon na pumipigil sa pagkilala ng bumibili o ng pangkamay na baril o ibang baril na bibilhin, o kung ang fee na iniaatas alinsunod sa Seksiyon 28225 ay hindi ipinadala ng tagabenta kasabay ng paghahatid ng elekroniko o teleponikong rekord, ang kagawaran ay maaaring magbigay ng paunawa sa tagabenta ng katotohanang iyon. Pagkatapos ng paunawa ng kagawaran, ang tagabenta ay dapat magsumite ng mga pagtatama sa rekord ng elektroniko o teleponikong paglipat sa kagawaran, o dapat magpadala ng anumang fee na iniaatas alinsunod sa Seksiyon 28225, o pareho, gaya ng angkop at, kung ang paunawa ng kagawaran ay natanggap ng tagabenta kahit kailan bago ang paghahatid ng baril na bibilhin, ang tagabenta ay dapat huwag munang maghatid hanggang sa pagtatapos ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540.

(f) (1) (A) Ang kagawaran ay dapat magbigay agad ng paunawa sa tagabenta upang antalahin ang paglipat ng baril sa bumibili kung ang mga rekord ng kagawaran, o ng mga rekord na makukuha ng kagawaran sa Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kasaysayang Pangkrimen, ay nagpapabatid ng isa sa mga sumusunod:

(i) Ang bumibili ay isinailalim sa pag-iingat at inilagay sa isang pasilidad para sa paggamot o pagtaya ng kalusugan ng isip at maaaring isang taong inilarawan sa Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon at ang kagawaran ay hindi kayang tumiyak kung ang bumibili ay isang taong pinagbabawalan na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng isang baril, alinsunod sa Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, bago ang pagtatapos ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540.

(ii) Ang bumibili ay inaresto para sa, o kinasuhan ng, isang krimen na gagawin siya, kung mapatunayang nagkasala, na isang taong pinagbabawalan ng pang-estado o pederal na batas na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng isang baril, at ang kagawaran ay hindi kayang tumiyak kung ang bumili ay nahatulan ng pagkakasalang iyon bago ang pagtatapos ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540.

(iii) Ang bumibili ay maaaring isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, at ang kagawaran ay hindi kayang tumiyak na ang bumibili, sa katotohanan, ay isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, bago ang pagtatapos ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540.

(B) Ang tagabenta ay dapat magkaloob sa bumibili ng impormasyon tungkol sa paraan kung paano siya maaaring makipag-ugnayan sa kagawaran tungkol sa pagkaantalang inilarawan sa subtalataan (A).

(2) Ang kagawaran ay dapat magbigay ng paunawa sa bumibili sa pamamagitan ng koreo na tungkol sa pagkaantala at ipaliwanag ang proseso kung paano ang bumibili ay maaaring kumuha ng kopya ng rekord na pangkrimen at pangkaisipan na nasa talaan ng kagawaran para sa bumibili. Pagkatanggap ng rekord na pangkrimen o pangkalusugan ng isip, ang bumibili ay dapat mag-ulat ng anumang hindi tumpak o hindi kumpleto sa kagawaran sa isang inaprobahang anyo.

(3) Kung natiyak ng kagawaran ang pangwakas na disposisyon ng pag-aresto o kasong pangkrimen, o ang resulta ng paggamot o pagtaya ng paggamot sa kalusugan ng isip, o ang kakayahan ng bumibili na bumili ng baril, gaya ng inilarawan sa talataan (1), pagkaraan ng panahon ng paghihintay na inilarawan sa mga Seksiyon 26815 at 27540, pero sa loob ng 30 araw ng orihinal na pagsumite ng tagabenta ng impormasyon tungkol sa bumibili sa kagawaran alinsunod sa seksiyong ito, ang kagawaran ay dapat gumawa ng mga sumusunod:

(A) Kung ang bumibili ay hindi isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, at hindi isang pinagbabawalan ng pang-estado o pederal na batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng baril, ang kagawaran ay dapat magbigay agad ng paunawa sa tagabenta ng katotohanang iyon at ang tagabenta ay maaari pagkaraan na agad na ilipat ang baril sa bumibili, pagkatapos itala ng tagabenta sa rehistro o rekord ng elektronikong paglipat na nagpapabatid ng paghahatid ng baril sa bumibiling iyon, at ang bumibili ay pumirma sa rehistro o rekord ng elektronikong paglipat na ipinagbibigay-alam ang pagtanggap ng baril sa petsa na ang baril ay inihatid sa kanya.

(B) Kung ang bumibili ay isang taong inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 27535, o pinagbabawalan ng pang-estado o pederal na batas, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, na mag-angkin, tumanggap, mag-ari, o bumili ng baril, ang kagawaran ay dapat na magbigay agad ng paunawa sa tagabenta at sa hepe ng kagawaran ng pulisya sa lungsod o lungsod at county kung saan ang pagbebenta ay ginawa, o kung ang pagbebenta ay ginawa sa isang distrito kung saan walang munisipal na kagawaran ng pulisya, ang syerip ng county kung saan ang pagbebenta ay ginawa, ng katotohanang iyon bilang pagsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 28220.

(4) Kung ang kagawaran ay hindi kayang tumiyak ng pangwakas na disposisyon ng pag-aresto o hablang pangkrimen, o ang resulta ng paggamot

63

o pagtaya ng kalusugan ng isip, o ng pagiging karapat-dapat ng bumibili na bumili ng baril, gaya ng inilarawan sa talataan (1), sa loob ng 30 araw pagkatapos ng orihinal na pagsumite ng tagabenta ng impormasyon tungkol sa bumibili sa kagawaran alinsunod sa seksiyong ito, ang kagawaran ay dapat magbigay agad ng paunawa sa tagabenta at ang tagabenta pagkaraan ay maaaring agad na ilipat ang baril sa bumibili, pagkatapos itala ng tagabenta sa rehistro o rekord ng elektronikong paglipat ang petsa na inilipat ang baril, ang tagabenta ay pipirma sa rehistro o rekord ng elektronikong paglipat na nagpapabatid ng paghahatid ng baril sa bumibili, at ang bumibili ay pipirma sa rehistro o rekord ng elektronikong paglipat na nagbibigay-alam sa pagtanggap ng baril sa petsang ang baril ay inihatid sa kanya.

(g) Magsisimula sa ika-1 ng Hulyo, 2017, pagkatanggap ng impormasyon na nagpapakita na ang isang tao ay pinagbabawalang mag-ankin ng baril alinsunod sa pederal o pang-estadong batas, ang kagawaran ay dapat magsumite ng pangalan, petsa ng kapanganakan, at pisikal na paglalarawan ng tao sa Indise, Talaan ng mga Tinangggihan Tao ng Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri ng Kasaysayang Pangkrimen. Ang impormasyong ipinagkaloob ay dapat manatiling batay sa pribilehiyo at kompidensiyal, at hindi dapat isiwalat, maliban sa layuning ipatupad ang pederal o pang-estadong mga batas sa baril.

SEK. 6. Pagmamay-ari ng Mga Magasin na Nagkakarga ng Mahigit sa 10 Bala.

SEK. 6.1. Ang Seksiyon 32310 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32310. (a) Maliban sa nakasaad sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 32400) ng kabanatang ito at sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 17700) ng Dibisyon 2 ng Titulo 2, ~~simula Enero 1, 2000,~~ ang sinumang nasa estadong ito na nagyayari o nagbibigay-daan sa pangyayari, nag-aangkat sa estado, nagtatabi para sa pagbebenta, o nag-aalok o naglalantad para sa pagbebenta, o nagbibigay, nagpapahiram, bumibili, o tumatanggap ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ay maaaring maparusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county nang hindi lalampas ng isang taon o pagkakabilanggo alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170.

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, kabilang sa "pagyayari" ang pagbuo ng magasin mula sa pagsasama-sama ng mga bahagi, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, kaha, spring, follower, at floor plate o end plate, upang gumana nang maayos ang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala.

(c) Maliban sa nakasaad sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 32400) ng kabanatang ito at sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 17700) ng Dibisyon 2 ng Titulo 2, simula Hulyo 1, 2017, ang sinumang nasa estadong ito na nagmamay-ari ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala, anupamang petsa napasakamay ang magasin, ay may-sala ng paglabag na maaaring maparusahan ng multang hindi lalampas sa isandaang dolyar ($100) kada magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala, o may-sala ng maliit na paglabag sa batas na maaaring maparusahan ng multang hindi lalampas sa isandaang dolyar ($100) kada magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala, ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county nang hindi lalampas sa isang taon o maaaring maparusahan ng multa at pagkakabilanggo.

(d) Ang sinumang ilegal na nagmamay-ari ng magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala simula Hulyo 1, 2017 ay dapat, bago ang Hulyo 1, 2017:

(1) Ilabas sa bansa ang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala;

(2) Ibenta ang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril; o

(3) Isuko ang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala sa isang ahensiyang nagpapatupad ng batas para sa pagsira.

SEK. 6.2. Ang Seksiyon 32400 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32400. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa pagbebenta, pagbibigay, pagpapahiram, *pagmamay-ari,* pag-aangkat sa estadong ito, o pagbili, ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala sa o ng pederal, estado, county, lunsod at county, o ahensiya ng lunsod na itinalaga sa pagpapatupad ng anumang batas, upang magamit ng mga empleyado ng ahensiya sa paggampan ng kanilang mga opisyal na tungkulin, sa oras man ng pagtatrabaho o hindi, at kung saan ang paggamit ay pinapahintulutan ng ahensiya at nasasaklaw ng kanilang mga tungkulin.

SEK. 6.3. Ang Seksiyon 32405 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32405. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa pagbebenta sa, pagpapahiram sa, paglipat sa, pagbili ng, pagtanggap ng, *pagmamay-ari ng,* o pag-aangkat sa estadong ito ng, magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng isang nanumpang alagad ng batas, gaya ng inilarawan sa Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 830) ng Titulo 3 ng Bahagi 2, *o nanumpang opisyal ng pagpapatupad ng batas na pederal,* na pinapahintulutang magdala ng baril sa nasasaklawan ng mga tungkulin ng opisyal.

SEK. 6.4. Ang Seksiyon 32406 ay idinagdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

32406. Hindi nalalapat ang subdibisyon (c) ng Seksiyon 32310 sa isang marangal na retiradong nanumpang alagad ng batas, gaya ng inilarawan sa Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 830) ng Titulo 3 ng Bahagi 2, o marangal na retiradong nanumpang opisyal ng pagpapatupad ng batas na pederal, na pinapahintulutang magdala ng baril sa nasasaklawan ng mga tungkulin ng opisyal. Ang "Marangal na retirado" ay dapat maging kasingkahulugan ng nakasaad sa Seksiyon 16690.

SEK. 6.5. Ang Seksiyon 32410 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32410. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa pagbebenta*,* ~~o~~ pagbili*, o pagmamay-ari* ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala sa o ng isang taong lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 26700 hanggang 26915, kabilang ang lahat.

SEK. 6.6. Ang Seksiyon 32420 ng Kodigo Penal ay pinawalang-saysay:

~~32420. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa pag-aangkat sa estado ng magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng isang tao na legal na nagmamay-ari sa magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala bago ang Enero 1, 2000, legal na naglabas nito sa bansa, at iniuuwi sa estado ang parehong magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala.~~

SEK. 6.7. Ang Seksiyon 32425 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32425. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa ~~alinman~~ *sa* sumusunod:

(a) Ang pagpapahiram o pagbibigay ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala sa isang taong lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 26700 hanggang 26915, kabilang ang lahat, o sa isang tagagawa ng baril, para sa mga layunin ng pagpapanatili, pag-aayos o pagbabago ng magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala.

(b) Ang pagmamay-ari ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng isang taong tinukoy sa subdibisyon (a) para sa mga layuning tinukoy sa subdibisyon (a).

~~(b)~~ *(c)* Ang pagsasauli sa mag-ari ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng isang taong tinukoy sa subdibisyon (a).

SEK. 6.8. Ang Seksiyon 32435 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32435. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa alinman sa sumusunod:

(a) Ang pagbebenta, pagbibigay, pagpapahiram, *pagmamay-ari,* pag-aangkat sa bansang ito, o pagbili, ng anumang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala, sa o ng sinumang entidad na nagpapatakbo ng negosyo sa armadong sasakyan alinsunod sa mga batas ng estadong ito.

(b) Ang pagpapahiram ng mga magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng isang entidad na tinukoy sa subdibisyon (a) sa mga pinapahintulutan

nitong empleyado, habang nasa nasasaklawan ng trabaho para sa mga layunin patungkol sa negosyo sa armadong sasakyan ng entidad.

(c) Ang pagmamay-ari ng anumang mga magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng mga empleyado ng isang entidad na tinukoy sa subdibisyon (a) para sa mga layunin patungkol sa negosyo sa armadong sasakyan ng entidad.

~~(c)~~ *(d)* Ang pagsasauli ng mga magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala na iyon sa entidad na tinukoy sa subdibisyon (a) ng mga empleyadong iyon na tinukoy sa subdibisyon (b).

SEK. 6.9. Ang Seksiyon 32450 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

32450. Hindi nalalapat ang Seksiyon 32310 sa pagbili *o pagmamay-ari* ng isang magasin na nagkakarga ng mahigit sa 10 bala ng taong may naisyung pahintulot para sa mga espesyal na armas alinsunod sa Seksiyon 31000, 32650, o 33300, o alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 18900) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 5 ng Titulo 2, o alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksiyon 32700) ng Kabanata 6 ng dibisyong ito, para sa alinman sa mga sumusunod na layunin:

(a) Para lang sa paggamit bilang isang prop para sa isang pelikula, telebisyon o paggawa ng video.

(b) Para sa pagluwas alinsunod sa mga regulasyon ng pederal.

(c) Para sa muling pagbebenta sa mga ahensiyang nagpapatupad ng batas, ahensiya ng pamahalaan o kasundaluhan, alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon ng pederal.

SEK. 7. Mga Mangangalakal ng Baril.

SEK. 7.1. Ang Seksiyon 26885 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

26885. (a) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (b) at (c) ng Seksiyon 26805, ang lahat ng baril na nasa imbentaryo ng isang lisensiyado ay dapat panatilihin sa lisensiyadong lokasyon.

(b) Sa loob ng 48 oras ng pagkakatuklas, dapat iulat ng lisensiyado ang pagkawala o pagnanakaw ng alinman sa mga sumusunod na bagay sa naaangkop na ahensiya sa pagpapatupad ng batas sa lunsod, county, o lunsod at county kung saan matatagpuan ang nasasakupan ng negosyo ng lisensiyado:

(1) Ang anumang baril *o bala* na ikinakalakal ng lisensiyado.

(2) Ang anumang baril *o bala* na napasakamay ng lisensiyado alinsunod sa Kabanata 5 (nagsisimula sa Seksiyon 28050)*, o alinsunod sa Seksiyon 30312*.

(3) Ang anumang baril *o bala* na nakaimbak sa lugar ng negosyo ng lisensiyado.

SEK. 7.2. Ang Seksiyon 26915 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

26915. (a) *Simula Enero 1, 2018, ang* ~~isang~~ mangangalakal ng mga baril ~~ay maaaring~~ *dapat* mag-atas sa sinumang ahente *o empleyado* na nangangalaga, nagbebenta o naghahatid ng mga baril na kumuha at magbigay sa mangangalakal ng sertipikasyon ng pagiging kwalipikado mula sa Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa Seksiyon 26710. Sa aplikasyon para sa sertipikasyon, dapat ibigay ng ahente o empleyado ang pangalan at numero ng mangangalakal ng mga baril ng California ng mangangalakal ng mga baril kung saan siya nagtatrabaho.

(b) Dapat abisuhan ng kagawaran ang mangangalakal ng mga baril kapag ang ahente o empleyado na may sertipikasyon ng pagiging kwalipikado ay pinagbabawalan o pinagbawalan sa pagmamay-ari ng mga baril.

(c) Kung nangangailangan ang lokal na hurisdiksiyon ng pagsusuri sa karanasan ng mga ahente o empleyado ng isang mangangalakal ng mga baril, dapat kumuha ang ahente o empleyado ng sertipikasyon ng pagiging kwalipikado alinsunod sa subdibisyon (a).

(d) (1) Walang nakasaad sa seksiyong ito ang nagpapahayag na hadlangan ang isang lokal na hurisdiksiyon mula sa pagsasagawa ng karagdagang pagsusuri sa karanasan alinsunod sa Seksiyon 11105. Hindi maaaring maningil ang lokal na hurisdiksiyon ng bayad para sa karagdagang pagsusuri sa mga nagawang krimen.

(2) Walang nakasaad sa seksiyong ito ang nagpapahayag na hadlangan ang isang lokal na hurisdiksiyon mula sa pagbabawal sa pagbibigay ng trabaho batay sa mga nagawang krimen na hindi lumalabas bilang bahagi ng pagkuha ng sertipikasyon ng pagiging kwalipikado.

(e) Dapat pagbawalan ng lisensiyado ang sinumang ahente na alam niya o makatwitrang dapat nalalamang niya na napapabilang sa mga klase ng tao na pinagbabawalang magmay-ari ng mga baril alinsunod sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 29800) o Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksiyon 29900) ng Dibisyon 9 ng titulong ito, o Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, lumapit sa anumang baril na hindi ligtas at mabuksan ang anumang susi, kumbinasyon, kodigo o iba pang mga paraan upang mabuksan ang anumang mga kagamitan sa pagla-lock na nakasaad sa subdibisyon (g).

(f) Walang nakasaad sa seksiyong ito ang nagpapahayag na pigilan ang isang lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng ordinansang nagpapataw ng mga karagdagang kundisyon sa mga lisensiyado hinggil sa mga ahente *o empleyado*.

(g) Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang "ligtas" ay nangangahulugang isang baril na ginawang walang-bisa sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan:

(1) Walang-bisa ang baril dahil siniguro ito sa pamamagitan ng isang kagamitang pangkaligtasan ng baril na nakalista sa talaan ng mga inaprubahang kagamitang pangkaligtasan ng baril ng kagawaran alinsunod sa sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 23655.

(2) Nakaimbak ang baril sa isang naka-lock na kaha-de-yero ng baril o ng mahabang baril na tumutugon sa mga pamantayan para sa mga kaha-de-yero ng baril na inaprubahan ng kagawaran na nakasaad sa Seksiyon 23650.

(3) Nakaimbak ang baril sa isang nakahiwalay na nakakandadong silid o lugar sa gusali na ginagamit upang pag-imbakan ng mga abril, na maaari lang mabuksan sa pamamagitan ng susi, kumbinasyon o mga kaparehong paraan.

(4) Pinangangalagaan ang baril gamit ang isang pinatigas na baras na bakal o kable na hindi bababa sa isang-kawalong pulgada ang dyametro sa gatilyo ng baril. Dapat may pinatigas na bakal na lock ang baras o kableng bakal na may shackle. Dapat hindi magagawang sirain ang lock at shackle ng isang boltcutter at dapat nakaangkla ang baras o kable sa paraan na hindi maiaalis ang baril sa kinalalagyan nito.

SEK. 8. Pagbebenta ng Bala.

SEK. 8.1. Ang Seksiyon 16150 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

16150. (a) ~~Gaya ng ginamit sa Seksiyon 30300, ang "bala" ay ang bala ng maliit na baril gaya ng inilarawan sa Seksiyon 16650.~~ *Gaya ng ginamit sa bahaging ito, maliban sa subdibisyon (a) ng Subdibisyon 30305 at sa Seksiyon 30306, ang "bala" ay isa o higit pang mga basyo ng bala na may laman na binubuo ng primed case, propellant at may isa o higit pang mga projectile. Hindi kabilang sa "bala" ang mga basyong walang laman.*

(b) Gaya ng ginamit sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 at sa Seksiyon 30306, kabilang sa "bala" ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, anumang bala, basyo, magasin, clip, speed loader, autoloader o projectile na maaaring iputok mula sa baril na maaaring makapatay. Hindi kabilang sa "bala" ang mga basyong walang laman.

SEK. 8.2. Ang Seksiyon 16151 ay idinagdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

16151. (a) Gaya ng ginamit sa bahaging ito, simula Enero 1, 2018, ang "nagtitinda ng bala" ay sinuman, anumang kompanya, kompanya o iba pang negosyo na kasalukuyang may lisensiya ng nagtitinda ng bala na naisyu alinsunod sa Seksiyon 30385.

63

(b) Simula Enero 1, 2018, ang isang mangangalakal ng mga baril na lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 26700 hanggang 26915, kabilang ang lahat, ay dapat awtomatikong ituring bilang isang lisensiyadong nagtitinda ng bala, hangga't sumusunod ang mangangalakal sa mga iniaatas ng Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 30300) at 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30342) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4.

SEK. 8.3. Ang Seksiyon 16662 ng Kodigo Penal ay pinawalang-saysay.

~~16662. Gaya ng ginamit sa bahaging ito, ang "nagtitinda ng bala ng maliit na baril" ay sinuman, anumang kompanya, korporasyon, mangangalakal o iba pang negosyo na nagbebenta nang tingi ng anumang bala ng maliit na baril, o nagpapakilala sa sarili bilang may negosyo ng pagbebenta ng anumang bala ng maliit na baril.~~

SEK. 8.4. Ang Seksiyon 17315 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

17315. Gaya ng ginamit sa ~~Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30345)~~ *Artikulo 2 hanggang 5* ng Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4, ang "nagtitinda" ay ang nagtitinda ng bala ~~ng maliit na baril~~.

SEK. 8.5. Ang Seksiyon 30306 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

30306. (a) Ang sinuman, anumang korporasyon, ~~o~~ kompanya*, o iba pang negosyo* na nagbibigay, naghahatid, ngbebenta, o nagbibigay ng pagmamay-ari o pangangalaga, ng anumang bala sa sinuman batid o dapat makatwirang batid na pinagbabawalan siyang mag-angkin, magmay-ari o magkaroon sa ilalim ng pag-iingat o pagkontrol, ng anumang bala o reloaded na bala alinsunod sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksiyon 30305, ay may-sala ng maliit na paglabag sa batas, na maaaring mparusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county nang hindi lalampas ng isang taon, o ng multang hindi lalampas sa isanlibong dolyar ($1,000), o ng multa at pagkakabilanggo.

(b) Ang sinuman, anumang korporasyon, o kompanya, o iba pang negosyo na nagbibigay, naghahatid, nagbebenta, o nagbibigay ng pagmamay-ari o pangangalaga, ng anumang bala sa sinumang ang tao, korporasyon, kompanya o ibang negosyo ay batid o naging paraan upang mabatid na ang bala ay kasunod na ibinenta o inilipat sa taong pinagbabawalan mag-angkin, magmay-ari o magkaroon sa ilalim ng pag-iingat o pagkontrol, ng anumang bala o reloaded na bala alinsunod sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksiyon 30305, ay may-sala ng maliit na paglabag sa batas, na maaaring mparusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county nang hindi lalampas ng isang taon, o ng multang hindi lalampas sa isanlibong dolyar ($1,000), o ng multa at pagkakabilanggo.

~~(b)~~ *(c)* Ang mga probisyon ng seksiyong ito ay pinagsama-sama at hindi dapat basahin bilang nagbabawal sa paglalapat ng iba pang batas. Gayunpaman, ang isang pagtugon o hindi pagtugon na maaaring maparusahan sa iba't ibang paraan ayon sa seksiyong ito at isa pang probisyon ng batas ay hindi dapat maparusahan sa ilalim ng mahigit sa isang probisyon.

SEK. 8.6. ~~Ang~~ Seksiyon 30312 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

30312. (a) ~~Simula Pebrero 1, 2011, ang~~ *(1) Simula Enero 1, 2018, ang pagbebenta ng bala ng anumang partido ay dapat isagawa o iproseso sa pamamagitan ng isang lisensiyadong nagtitinda ng bala.*

(2) Kapag hindi isang lisensiyadong nagtitinda ng bala ang alinman sa partido, dapat ihatid ng nagbebenta ang bala sa isang nagtitinda upang iproseso ang transaksyon. Dapat agaran at maayos na ihatid ng nagtitinda ng bala ang bala sa bumibili, kung hindi pinagpapawalan ang pagbebenta, na para bang ang bala ay sariling kalakal ng nagtitinda. Kung hindi legal na maihahatid ng nagtitinda ng bala ang bala sa bumibili, dapat ibalik ng nagtitinda ang bala sa nagbebenta. Maaaring singilin ng nagtitinda ng bala ang bumibili ng bayad sa pamahalaan upang iproseso ang transaksyon, sa halaga na itatakda ng Kagawaran ng Hustisya, bilang karagdagan sa anumang mga naaangkop na bayad na maaaring singilin alinsunod sa mga probisyon ng titulong ito.

(b) Simula Enero 1, 2018, ang pagbebenta, paghahatid o paglilipat ng pagmamay-ari ng bala ~~ng maliit na baril~~ *ng anumang partido* ay maaari lang isagawa sa harapang transaksyon sa *nagbebenta,* naghahatid, o naglilipat ~~na nakapagbigay ng totoong ebidensiya ng pagkakalinlan mula sa bumibili o ibang nagpapalipat~~*, hangga't, gayunpaman,ang balang iyon ay maaaring bilhin o makuha sa pamamagitan ng Internet o iba png mga pamamaraan ng malayuang pag-order kung ang isang lisensiyadong nagtitinda ng bala ay paunang nakatanggap ng bala at pinroseso ang transaksyon alinsunod sa seksiyong ito at Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30342) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4 ng bahaging ito.*

~~(b)~~ *(c) Ang* ~~Subdibisyon~~ *Subdibisyon* (a) *at (b)* ay hindi dapat ilapat sa ~~o magkaroon ng bisa sa~~ pagbebenta, paghahatid o paglilipat ng bala ~~ng maliit na baril~~ sa alinman sa mga sumusunod:

(1) Isang pinapahintulutang kinatawan ng pagpapatupad ng batas ng isang lunsod, county, lunsod at county, o estado o pederal na pamahalaan, kung ang pagbebenta, paghahatid, o paglilipat ay para sa eksklusibong paggamit ng ahensiya ng pamahalaan na iyon at, bago ang pagbebenta, paghahatid, o paglilipat ng bala ng ~~maliit na baril~~, ang nakasulat na awtorisasyon mula sa pinuno ng ahensiyang nagbibigay ng trabaho sa bumibili o nagpapalipat ay nakuha, pagtukoy sa empleyado bilang isang indibidwal na pinapahintulutang magsagawa ng transaksyon, at pagpapahintulot sa transaksyon para sa eksklusibong paggamit ng ahensiya na nagbibigay ng trabaho sa indibidwal.

(2) Isang nanumpang alagad ng batas, gaya ng inilarawan sa Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 830) ng Titulo 3 ng Bahagi 2*, o nanumpang opisyal ng pagpapatupad ng batas na pederal,* na pinapahintulutang magdala ng baril sa nasasaklawan ng mga tungkulin ng opisyal.

(3) Isang tagaangkat o tagapagyari ng bala ~~ng maliit na baril~~ o mga baril na lisensiyadong magtayo ng negosyo alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at ang mga regulasyon na naisyu alinsunod sa nakasaad dito.

(4) Isang tao na nasa sentralisadong listahan *ng mga hindi saklaw na lisensiyado ng mga baril ng pederal* na pinapanatili ng Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 28450) ng Kabanata 6 ng Dibisyon 6 ng titulong ito.

(5) Isang tao na ang mga lisensiyado nasasakupan ay nasa labas ng estado at lisensiyado bilang isang mangangalakal o kolektor ng mga baril alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula *sa* Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at ang mga regulasyon na naisyu alinsunod sa nakasaad dito.

(6) Isang tao na lisensiyado bilang isang kolektor ng mga baril alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at mga regulasyon na naisyu alinsunod sa nakasaad sito, na ag mga lisensiyadong nasasakupan ay nasa loob ng estado, at may kasalukuyang sertipikasyon ng pagiging kwalipikado na naisyu ng Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa Seksiyon 26710.

(7) Isang nagtitinda ~~ng maliit na baril~~ bala.

(8) Isang kasangguni-tagasuri.

(9) Isang taong bumibili o tumatanggap ng bala sa isang target na pasilidad na nagpapatakbo ng negosyo o iba pang lisensiya ng regulatoryo, hangga't ang bala ay pinapanatili sa loob ng mga nasasakupan ng pasilidad sa lahat ng oras.

(10) Isang taong bumibili o tumatanggap ng bala mula sa asawa, nakarehistrong domestikong katambal o malapit na miyembro ng pamilya gaya ng inilarawan sa Seksiyon 16720.

~~(c)~~ *(d)* Ang paglabag sa seksiyong ito ay isang maliit na pagkakasala.

SEK. 8.7. ~~Ang~~ Section 30314 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

30314. (a) Simula Enero 1, 2018, ang naninirahan sa estadong ito ay hindi dapat magdala o paglakbay sa estadong ito ng anumang bala na nabili niya sa o nakuha mula sa labas ng estadong ito maliban kung ipinadala niya muna ang balang iyon sa isang lisensiyadong nagtitinda ng bala para

sa pagpapahatid sa naninirahang iyon alinsunod sa mga pamamaraang nakasaad sa Seksiyon 30312.

(b) Hindi nalalapat ang Subdibisyon (a) sa alinman sa sumusunod:

(1) Isang nagtitinda ng bala.

(2) Isang nanumpang alagad ng batas, gaya ng inilarawan sa Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 830) ng Titulo 3 ng Bahagi 2, o nanumpang opisyal ng pagpapatupad ng batas na pederal, na pinapahintulutang magdala ng baril sa nasasaklawan ng mga tungkulin ng opisyal.

(3) Isang tagaangkat o tagapagyari ng bala o mga baril na lisensiyadong magtayo ng negosyo alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at ang mga regulasyon na naisyu alinsunod sa nakasaad dito.

(4) Isang tao na nasa sentralisadong listahan ng mga hindi saklaw na lisensiyado ng mga baril ng pederal na pinapanatili ng Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 28450) ng Kabanata 6 ng Dibisyon 6.

(5) Isang tao na lisensiyado bilang isang kolektor ng mga baril alinsunod sa Kabanata 44 (nagsisimula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos at mga regulasyon na naisyu alinsunod sa nakasaad sito, na ag mga lisensiyadong nasasakupan ay nasa loob ng estado, at may kasalukuyang sertipikasyon ng pagiging kwalipikado na naisyu ng Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa Seksiyon 26710.

(6) Isang taong nakakuha ng bala mula sa asawa, nakarehistrong domestikong katambal o malapit na miyembro ng pamilya gaya ng inilarawan sa Seksiyon 16720.

(c) Ang paglabag sa seksiyong ito ay isang paglabag para sa anumang unang beses na pagkakasala, at paglabag o maliit na pagkakasala para sa anumang susunod na pagkakasala.

SEK. 8.8. Ang panimula ng Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 30342) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4 ng Bahagi 6 ng Kodigo Penal ay sinusugan upang mabasang:

Artikulo 3. Mga Nagtitinda ng Bala ~~ng Maliit na Baril~~

SEK. 8.9. Ang Section 30342 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, kaagad na sinusundan ang Seksiyon 30345, upang mabasang:

30342. (a) Simula Enero 1, 2018, ang isang may-bisang lisensiya ng nagtitinda ng bala ay dapat iatas para sa sinuman, anumang kompanya, korporasyon o iba pang negosyo upang magbenta ng mahigit sa 500 bala sa anumang 30 araw na panahon.

(b) Ang paglabag sa seksiyong ito ay isang maliit na pagkakasala.

SEK. 8.10. Ang Seksiyon 30347 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

30347. *(a) Dapat atasan ng nagtitinda ng bala ang sinumang ahente o empleyado na nangangasiwa, nagbebenta, naghahatid, o nangangalaga o kumokontrol ng anumang bala, upang makakuha at makapagbigay sa nagtitinda ng sertipikasyon ng pagiging kwalipikado mula sa Kagawaran ng Hustisya na naisyu alinsunod sa Seksiyon 26710. Sa aplikasyon para sa sertipikasyon, dapat ibigay ng ahente o empleyado ang pangalan at address ng nagtitinda ng bala kung saan siya nagtatrabaho, o ang pangalan at numero ng magkaloob ng mga baril ng California ng nagtitinda ng bala kung naaangkop.*

(b) Dapat abisuhan ng kagawaran ang nagtitinda ng bala kapag ang ahente o empleyado na may sertipikasyon ng pagiging kwalipikado ay pinagbabawalan o pinagbawalan sa pagpoproseso ng bala sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 o batas na pederal.

(c) ~~A~~ *Ang isang nagtitinda ng bala* ay hindi dapat magpahintulot ng sinumang *ahente o* empleyado na batid o makatwirang batid ng nagtitinda na ang taong inilarawan sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 29800) o Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksiyon 29900) ng Dibisyon 9 ng titulong ito o Seksiyon 8100 o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon na mangasiwa, magbenta, ~~o~~ magpadala*, o mangalaga o magkaroon ng kontrol, anumang bala* ~~ng maliit na baril~~ sa nasasaklawasan ng pagtatrabaho.

SEK. 8.11. Ang Section 30348 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

30348. (a) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (b), ang pagbebenta ng bala ng isang lisensiyadong nagtitinda ay dapat isagawa sa lokasyong tinukoy sa lisensiya.

(b) Maaaring magbenta ang nagtitinda ng bala sa isang paabas o kaganapan para sa baril kung hindi gaganapin ang mga ito mula sa anumang motorisado o naka-tow na sasakyan.

(c) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "palabas o kaganapan para sa baril" ay isang kaganapang iniisponsoran ng anumang pambansa, pang-estado, o lokal na organisasyon, na nakalaan para sa koleksyon, maipanlalabang paggamit, o iba pang paggamit ng mga baril na may kaugnayan sa sports, o isang organisasyon o kapisanan na nag-iisposir ng mga kaganapang nakalaan sa koleksyon, maipanlalabang paggamit, o iba pang paggamit ng mga baril na may kaugnayan sa sports sa komunidad.

(d) Ang pagbebenta ng bala sa isang palabas o kaganapan para sa baril ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas kabilang ang Seksiyon 30347, 30350, 30352, at 30360.

SEK. 8.12. Ang Seksiyon 30350 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

30350. ~~A~~ *Ang isang nagtitinda ng bala* ay hindi dapat magbenta o maglipat ng pagmamay-ari ng, ialok para sa pagbebenta o ialok upang ilipat ang pagmamay-ari ng, o ipakita para sa pagbebenta o ipakita para sa paglilipat ng pagmamay-ari ng anumang bala ~~ng maliit na baril~~ sa paraan kung saan madaling makukuha ang bala ng isang bumibili o nagpapalipat nang hindi kailangan ng tulong ng nagtitinda o ng empleyado ng nagtitinda.

SEK. 8.13. Ang Seksiyon 30352 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

30352. (a) Simula ~~Pebrero 1, 2011, a~~ *Hulyo 1, 2019, ang isang nagtitinda ng bala* ay hindi dapat magbenta o maglipat ng pagmamay-ari ng anumang bala ~~ng maliit na baril~~ nang hindi maaayos na nairerekord, sa pagpapadala, ang sumusunod na impormasyon *sa isang form na irerekomenda ng Kagawaran ng Hustisya*:

(1) Ang petsa ng pagbebenta o iba pang ~~transaksyon~~ *paglilipat*.

(2) Ang lisensya sa pagmamaneho ng bumibili o nagpapalipat o iba pang numero ng pagkakakilanlan at estado kung saan ito inisyu.

(3) Ang tatak, uri at halaga ng nabenta o nailipat na bala.

(4) Ang *buong pangalan at* ladga ng bumili o nagpalipat.

(5) Ang pangalan ng tagabenta na nagproseso sa pagbebenta o iba pang transaksyon.

~~(6) Ang kanang thumbprint ng bumili o nagpalipat sa form na nasa itaas.~~

~~(7)~~ *(6)* Ang kumpletong address ng tirahan at numero ng telepono ng bumili o nagpalipat.

~~(8)~~ *(7)* Ang petsa ng kapanganakan ng bumili o nagpalipat.

(b) Simula Hulyo 1, 2019, dapat isumite gamit ang elektroniko ng nagtitinda ng bala sa kagawaran ang impormasyong isinaad ng subdibisyon (a) para sa lahat ng pagbebenta at pagpapadala ng pagmamay-ari ng bala. Dapat panatilihin ng kagawaran ang impormasyong ito sa isang tipunan ng datos na makikila bilang Talaan ng Mga Rekord sa Pagbili ng Bala. Dapat manatiling kumpidensyal ang impormasyong ito at maaari itong gamitin ng kagawaran at ng mga entidad na tinukoy sa, at alinsunod sa, subdibisyon (b) o (c) ng Seksiyon 11105, sa pamamagitan ng Sistema ng Mga Telekomunikasyon sa Pagpapatupad ng Batas ng California, para lang sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas. Ang nagtitinda ng bala ay hindi dapat gumamit, magbenta, magsiwalat, o magbahagi ng naturang impormasyon para sa iba pang layunin na hindi para sa pagsusumiteng inaatas ng subdibisyong ito

63

nang walang ipinapahayag na nakasulat na pahintulot ng bumili o nagpalipat.

(c) Simula sa Hulyo 1, 2019, ang mga tao lang na nakalista sa subdibisyong ito, o ang mga tao o entidad na nakalista sa subdibisyon (e), ang pahihintulutang bumili ng amunisyon. Bago maghatid ng anumang amunisyon, ang isang vendor ng amunisyon ay mangangailangan ng totoong patunay ng pagkakakilanlan upang patibayan na ang ang taong tatanggap ng ihahatid na amunisyon ay isang tao o entidad na nakalista sa subdibisyon (e) o isa sa mga sumusunod:

(1) Isang taong pinahihintulutang bumili ng amunisyon alinsunod sa Seksiyon 30370.

(2) Isang taong inaprubahan ng kagawaran na makatanggap ng armas mula sa vendor ng amunisyon, alinsunod sa Seksiyon 28220, kung ang vendor na iyon ay isang lisensiyadong mangangalakal ng armas, at ihahatid sa tao ang amunisyon bilang bahagi ng transaksyon para sa armas.

(d) Simula sa Hulyo 1, 2019, patitibayan ng vendor ng amunisyon sa kagawaran, sa paraang itinatagubilin ng kagawaran, na ang tao ay pinahihintulutang bumili ng amunisyon sa pamamagitan ng paghahambing ng numero ng pahintulot ng tao na bumili ng amunisyon sa sentralisadong listahan ng mga pinahihintulutang bumili ng amunisyon. Kung hindi nakalista ang tao bilang isang pinahihintulutang tagabili ng amunisyon, tatanggihan ng vendor ang pagbebenta o paglilipat.

~~(b)~~ *(e)* ~~Ang Subdibisyon~~ *Subdibisyon* (a) *at (d)* ay hindi iiral para sa ~~o makakaapekto sa~~ mga pagbebenta o iba pang paglilipat ng pagmamay-ari ng ~~baril~~ amunisyon ng mga vendor ng ~~baril~~ amunisyon sa alinman sa mga sumusunod, kung matutukoy nang maayos:

~~(1) Isang taong lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 26700 hanggang 26915, kasama lahat.~~

~~(2)~~ *(1)* ~~Isang~~ vendor ng ~~baril~~ amunisyon.

~~(3)~~ *(2)* Isang taong kabilang sa sentralisadong listahan *ng mga hindi saklaw na tao o entidad na lisensiyado ng pederal na pamahalaan na magdala ng mga armas* na pinapanatili ng kagawaran alinsunod sa Artikulo 6 (simula sa Seksiyon 28450) ng Kabanata 6 ng Dibisyon 6 ng titulong ito.

~~(4)~~ *(3)* Isang ~~pasilidad para sa pagsasanay sa pamamaril na may lisensiya sa negosyo o lisensiyang panregulasyon~~ *taong bumibili o nakakatanggap ng amunisyon sa isang pasilidad para sa pagsasanay sa pamamaril na may lisensiya sa negosyo o lisensiyang panregulasyon, hangga't ang amunisyon ay hindi ilalabas ng pasilidad sa lahat ng oras.*

~~(5)~~ *(4)* Isang tagagawa ng baril.

~~(6)~~ *(5)* Isang tagabenta ng pakyawan.

~~(7)~~ *(6)* Isang tagapagyari o tagapag-angkat ng mga armas *o amunisyon* na lisensiyado alinsunod sa Kabanata 44 (simula sa Seksiyon 921) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos, at sa mga regulasyong inilabas alinsunod doon.

~~(8)~~ *(7)* Isang pinahihintulutang kinatawan ng pagpapatupad ng batas ng isang lunsod, county, lunsod at county, o ng pamahalaan ng estado o pederal na pamahalaan, kung ang pagbebenta o paglilipat ng pagmamay-ari ay para sa eksklusibong paggamit ng kagawarang iyon ng pamahalaan, at, bago ang pagbebenta, paghahatid, o paglilipat ng ~~baril~~ amunisyon, may ipinakitang nakasulat na awtorisasyon mula sa pinuno ng ahensiyang nagpapahintulot sa transaksyon sa taong nagbebenta, naghahatid, o naglilipat. Ang naaangkop na nakasulat na awtorisasyon ay inilalarawan bilang mapagtitibay na nakasulat na sertipikasyon mula sa pinuno ng ahensiya kung saan nagtatrabaho bilang isang empleyado ang tagabili, tagalipat, o taong kumukuha ng pagmamay-ari, na tumutukoy sa empleyado bilang isang indibidwal na pinahihintulutang magsagawa ng transaksyon, at nagpapahintulot sa transaksyon para sa eksklusibong paggamit ng ahensiya kung saan nagtatrabaho ang indibidwal bilang isang empleyado.

(8) Isang maayos na natukoy na sumumpang alagad ng batas, gaya ng tinukoy sa Kabanata 4.5 (simula sa Seksiyon 830) ng Titulo 3 ng Bahagi 2, o maayos na natukoy na sumumpang opisyal ng pagpapatupad ng batas mula sa pederal na pamahalaan, na pinahihintulang magdala ng armas habang isinasagawa ang at bilang bahagi ng mga tungkulin ng opisyal.

(f) (1) Ang maayos na pagkakakilanlan ay inilalarawan bilang mapagtitibay na nakasulat na sertipikasyon mula sa pinuno ng ahensiya kung saan nagtatrabaho bilang empleyado ang tagabili o tagalipat, na tumutukoy sa tagabili o tagalipat bilang isang full-time na binabayarang alagad ng batas na pinahihintulutang magdala ng baril habang isinasagawa ang at bilang bahagi ng mga tungkulin ng opisyal.

(2) Ihahatid ang sertipikasyon sa vendor sa oras ng pagbili o paglilipat at ang tagabili o tagalipat ay magbibigay ng totoong patunay ng pagkakakilanlan upang pagtibayin na siya ang taong pinahihintulutan sa sertipikasyon.

(3) Itatabi ng vendor ang sertipikasyon kasama ng rekord ng pagbebenta at isusumite niya ang sertipikasyon sa kagawaran.

(g) Pinahihintulutan ang kagawaran na magpatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang mga pagkakaloob ng seksiyong ito.

SEK. 8.14. Ang Seksiyon 30363 ay idinaragdag sa Kodigo Penal, upang maging:

30363. Sa loob ng 48 oras mula sa pagkakatuklas, iuulat ng isang vendor ng amunisyon ang pagkawala o pagkakanakaw ng alinman sa mga sumusunod na bagay sa naaangkop na ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa lunsod, county, o lunsod at county kung saan matatagpuan ang negosyo ng vendor:

(1) Anumang amunisyong ikinakalakal ng vendor.

(2) Anumang amunisyong nasa pag-aari ng vendor alinsunod sa Seksiyon 30312.

(3) Anumang amunisyon na nasa lugar ng negosyo ng vendor.

SEK. 8.15. Ang Artikulo 4 (simula sa Seksiyon 30370) ay idinaragdag sa Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4 ng Bahagi 6 ng Kodigo Penal, upang maging:

Artikulo 4. Mga Pahintulot para sa Pagbili ng Amunisyon

30370. (a) (1) Simula sa Enero 1, 2019, sinumang 18 taong gulang o mas matanda ay maaaring mag-apply sa Kagawaran ng Hustisya para sa pahintulot para sa pagbili ng amunisyon.

(2) Ang pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ay maaaring gamitin ng pinahihintulutang tao upang bumili o ilipat ang pagmamay-ari ng amunisyon mula sa isang vendor ng amunisyon, gaya ng pagpapakahulugan sa terminong iyon sa Seksiyon 16151, at hindi magkakaroon ng iba pang kapangyarihan o epekto.

(3) Ang pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ay magkakaroon ng apat na taong bisa mula Hulyo 1, 2019, o mula sa petsa ng pagbibigay, alinman ang mas huli, maliban na lang kung ipapawalang-bisa ito ng kagawaran alinsunod sa subdibisyon (b).

(b) Ang pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ay ipapawalang-bisa kaagad ng kagawaran kapag nagkaroon ng kaganapan na dahilan upang mawalan ng karapatang mabigyan ng pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ang may-hawak alinsunod sa seksiyong ito. Kung mapapawalang-bisa ang isang pahintulot, ilalahad ng kagawaran ang dahilan kung bakit iyon ginawa kapag nakatanggap ito ng nakasulat na kahilingan mula sa may-hawak, at magbibigay ito sa may-hawak ng pagkakataong sumailalim sa proseso ng apela upang subukin ang pagpapawalang-bisang iyon.

(c) Ang kagawaran ay gagawa at magpapanatili ng panloob na sentralisadong listahan ng lahat ng taong may pahintulot na bumili ng amunisyon at aalisin nito kaagad sa listahan ang sinumang taong may pahintulot na pinawalang-bisa ng kagawaran alinsunod sa seksiyong ito. Ang kagawaran ay magbibigay ng access sa listahan para sa mga vendor ng amunisyon para sa pagbebenta ng amunisyon o iba pang uri ng paglilipat, at magbibigay ng access sa listahan para sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas para sa pagpapatupad ng batas.

(d) Ang kagawaran ay magbibigay ng pahintulot para sa pagbili ng amunisyon sa aplikante kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

(1) Ang aplikante ay 18 taong gulang o mas matanda.

(2) Ang aplikante ay hindi pinagbabawalang kumuha o magkaroon ng amunisyon ayon sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 o batas na pederal.

(3) Binayaran ng aplikante ang mga bayad na nakalagay sa subdibisyon (g).

(e) (1) Kapag nakatanggap ito ng bagong aplikasyon o aplikasyon para sa pag-renew, susuriin ng kagawaran ang mga rekord nito, at ang mga rekord na may pahintulot itong hilingin sa Kagawaran ng Estado para sa mga Ospital sa Estado, alinsunod sa Seksiyon 8104 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, at kung pinahihintulutan ito, sa Pambansang Sistema ng Agarang Pagsusuri sa Karanasan ng Kriminal, gaya ng inilalarawan sa Seksiyon 922(t) ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estados Unidos, upang matukoy kung pinagbabawalan ang aplikante na magkaroon o makakuha ng amunisyon ayon sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 o batas na pederal.

(2) Aaprubahan o tatangihan ang aplikante sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagsusumite ng aplikasyon sa kagawaran. Kung tinanggihan ang apllikasyon, isasaad ng kagawaran ang mga dahilan kung bakit iyon ginawa at magbibigay ito sa aplikante ng pagkakataong sumailalim sa proseso ng apela upang subukin ang pagtangging iyon.

(3) Kung hindi matiyak ng kagawaran ang pinal na pasya patungkol sa aplikasyon sa loob ng 30 araw mula sa pagsusumite ng aplikante, bibigyan ng pahintulot ng kagawaran ang aplikante.

(4) Ang numero ng pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ay siya ring numerong nasa dokumentong ibinigay ng tao bilang totoong patunay ng pagkakakilanlan.

(f) Ire-renew ng kagawaran ang pahintulot para sa pagbili ng amunisyon ng isang tao bago ito mag-expire, hangga't matutukoy ng kagawaran na hindi pinagbabawalan ang tao na makakuha o magkaroon ng amunisyon ayon sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 o batas na pederal, at hangga't babayaran ng aplikante ang bayad sa pagpapa-renew na nakalagay sa subdibisyon (g) sa tamang oras.

(g) Ang kagawaran ay maaaring maningil ng makatwirang bayad na hindi lalampas nang limampung dolyar ($50) kada tao para sa pagbibigay ng pahintulot para sa pag-renew, gayunpaman, hindi itatakda ng kagawaran ang mga bayad na ito nang mas mataas kaysa sa kailangan upang mabawi ang mga makatwiran at tinantiyang gastos upang pondohan ang programa para sa pahintulot sa amunisyon na itinatakda sa seksiyong ito at sa Seksiyon 30352, kasama na ang pagpapatupad ng programang ito at ang pagpapanatili ng anumang sistema ng data na nauugnay sa programang ito.

(h) Dahil dito, gagawin ang Espesyal na Pondo para sa Kaligtasan at Pagpapatupad kaugnay ng Amunisyon sa loob ng Kabang-yaman ng Estado. Ang lahat ng bayad na natanggap alinsunod sa seksisyong ito ay idedeposito sa Espesyal na Pondo para sa Kaligtasan at Pagpapatupad kaugnay ng Amunisyon ng Pangkalahatang Pondo, at, sa kabila ng nakasaad sa Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay tuluy-tuloy na inilalaan sa pagpapatupad, pagsasagawa, at pagsusulong ng programa para sa pahintulot sa amunisyon na itinatakda sa seksiyong ito at sa Seksiyon 30352, at para sa pagbabayad sa pautang para sa pagsisimula na itinatakda sa Seksiyon 30371.

(i) Taun-taong susuriin at maaaring iakma ng kagawaran ang lahat ng bayad na tinukoy sa subdibisyon (g) upang isaalang-alang ang inflation o pagtaas ng presyo ng bilihin.

(j) Pinahihintulutan ang kagawaran na magpatibay ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga pagkakaloob ng seksiyong ito.

30371. (a) Dahil dito, may nakalaang dalawampu't limang milyong dolyar ($25,000,000) mula sa Pangkalahatang Pondo bilang pautang para sa mga gastos sa pagsisimula ng pagpapatupad, pagsasagawa at pagsusulong ng mga pagkakaloob ng programa para sa pahintulot sa amunisyon na itinatakda sa Seksiyon 30352 at 30370.

(b) Para sa pagbabayad sa pautang, pagkatapos ilabas ang perang kailangan upang ipatupad, isagawa at isulong ang programa para sa pahintulot sa amunisyon na itinatakda sa Seksiyon 30352 at 30370, ililipat ng Controller ang lahat ng nalikom mula sa mga bayad na natanggap ng Espesyal na Pondo para sa Kaligtasan at Pagpapatupad kaugnay ng Amunisyon hanggang sa halaga ng pautang na itinatakda sa seksiyong ito, kasama na ang interes sa antas ng kuwenta ng pamumuhunan ng pinagsama-samang pera, sa Pangkalahatang Pondo.

SEK. 8.16. Ang Artikulo 5 (simula sa Seksiyon 30385) ay idinaragdag sa Kabanata 1 ng Dibisyon 10 ng Titulo 4 ng Bahagi 6 ng Kodigo Penal, upang maging:

Artikulo 5. Mga Lisensiya ng Vendor ng Amunisyon

30385. (a) May pahintulot ang Kagawaran ng Hustisya na magbigay ng mga lisensiya ng vendor ng amunisyon alinsunod sa artikulong ito. Simula sa Hulyo 1, 2017, tatanggap na ang kagawaran ng mga aplikasyon para sa mga lisensiya ng vendor ng amunisyon. Kung tinanggihan ang isang aplikasyon, ipagbibigay-alam ng kagawaran sa aplikante ang dahilan kung bakit ito tinanggihan, sa paraang pasulat.

(b) Ibibigay ang lisensiya ng vendor ng amunisyon sa anyong itinatagubilin ng kagawaran at magkakaroon ito ng isang taong bisa. Ang kagawaran ay maaaring magpatibay ng mga regulasyon upang maibigay ang aplikasyon at ang mga pagkakaloob sa pagpapatupad ng artikulong ito. Magbibigay-daan ang lisensiya sa lisensiyado na magbenta ng amunisyon sa lokasyong tinukoy sa lisensya o sa isang palabas o kaganapan kaugnay ng mga baril gaya ng nakalagay sa Seksiyon 30348.

(c) (1) Sa kaso ng isang entidad na hindi natural na tao, ibibigay ng kagawaran sa entidad ang lisensiya, ngunit kailangan nitong pumasa sa pagsusuri sa karanasan ng isang may pananagutang tao alinsunod sa Seksiyon 30395.

(2) Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang ibig sabihin ng "may pananagutang tao" ay isang taong may kapangyarihang kontrolin ang pamahalaan, mga patakaran, at mga kasanayan ng entidad na may kinalaman sa amunisyon.

(d) Simula sa Enero 1, 2018, ang isang mangangalakal ng armas na lisensiyado alinsunod sa Seksiyon 26700 hanggang 26915, kasama lahat, ay awtomatikong ituturing na lisensiyadong vendor ng amunisyon, hangga't nakakasunod ang mangangalakal sa mga iniaatas ng Artikulo 2 (simula sa Seksiyon 30300) at Artikulo 3 (simula sa Seksiyon 30342).

30390. (a) Ang Kagawaran ng Hustisya ay maaaring maningil sa mga aplikante ng lisensiya ng vendor ng amunisyon ng makatwirang bayad na sapat upang mabayaran sa kagawaran ang mga makatwiran at tinantiyang gastos sa pagpapatupad ng programa para sa lisensiya, kasama na ang pagpapatupad ng programang ito at pagpapanatili ng talaan ng mga vendor ng amunisyon.

(b) Ang mga bayad na natanggap ng kagawaran alinsunod sa artikulong ito ay idedeposito sa Espesyal na Kuwenta para sa mga Vendor ng Amunisyon, na gagawin bilang resulta nito. Sa kabila ng nakasaad sa Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang kita mula sa pondo ay tuluy-tuloy na ilalaan para sa paggamit ng kagawaran para sa pagpapatupad, pagsasagawa at pagsusulong ng mga pagkakalooob ng artikulong ito, at para sa pangongolekta at pagpapanatili ng impormasyong isinusumite alinsunod sa Seksiyon 30352.

(c) Ang kita sa Espesyal na Pondo para sa Kaligtasan at Pagpapatupad kaugnay ng mga Armas ay magagamit din kapag inilaan sa kagawaran para sa pagpapatupad at pagsusulong ng mga pagkakaloob ng artikulong ito.

30395. (a) Ang Kagawaran ng Hustisya ay may pahintulot na magbigay ng lisensiya ng vendor ng amunisyon sa mga aplikanteng natukoy ng kagawaran na hindi pinagbabawalang magkaroon, makatanggap, magmay-ari, o bumili ng amunisyon, bilang isang indibidwal o may pananagutang tao, ayon sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 30305 o batas na pederal, at magbibigay ng kopya ng anumang lisensiyang panregulasyon o lisensiya sa negosyo na hinihingi ng lokal na pamahalaan, isang may-bisang permiso ng nagbebenta na ibinigay ng Lupon ng Tagapamahala ng Buwis sa Estado, isang lisensiya ng armas kung may lisensiya ang tao mula sa pederal na pamahalaan, at isang sertipikasyon ng pagiging kwalipikado na ibinigay ng kagawaran.

63

(b) Magpapanatili ng kagawaran ng talaan ng lahat ng lisensiyadong vendor ng amunisyon. Bibigyan ng access ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa talaan, para sa pagpapatupad ng batas.

(c) Maaaring mawalan ng bisa ang lisensiya ng isang vendor ng amunisyon kung lumabag ito sa alinman sa mga pagbabawal at iniaatas ng Artikulo 2 (simula sa Seksiyon 30300) o Artikulo 3 (simula sa Seksiyon 30342).

SEK. 9. Walang anumang nakasaad sa Batas na ito ang hahadlang o pipigil sa isang lokal na ordinansa na nagpapatupad ng mga karagdagang parusa o iniaatas kaugnay ng pagbebenta o paglilipat ng amunisyon.

SEK. 10. Pagkuha ng mga Armas mula sa mga Pinagbabawalang Tao.

SEK. 10.1. Sinusugan ang Seksiyon 1524 ng Kodigo Penal upang maging:

1524. (a) Maaaring magbigay ng mandamyento sa paghahanap kapag nangyari ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Kapag ninakaw ang ari-arian.

(2) Kapag ginamit ang ari-arian o mga bagay sa pagsasagawa ng isang malaking pagkakasala.

(3) Kapag ang ari-arian o mga bagay ay nasa pag-aari ng sinumang taong naglalayong gamitin ang mga iyon sa paggawa ng krimen, o nasa pag-aari ng ibang tao kung kanino niya ito inihatid nang sa gayon ay maitago ang mga ito.

(4) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may laman o itinuturing na ebidensiyang nagpapakita na may malaking pagkakasalang nagawa, o nagpapakita na may malaking pagkakasalang nagawa ang isang partikular na tao.

(5) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may lamang ebidensiyang nagpapakita na may nangyari o nangyayaring pananamantala sa bata sa paraang sekswal, na labag sa Seksiyon 311.3, o pagkakaroon ng bagay na nagpapakita ng pagkilos ng isang taong wala pang 18 taong gulang sa sekswal na paraan, na labag sa Seksiyon 311.11.

(6) Kapag may mandamyentong arestuhin ang isang tao.

(7) Kapag ang isang tagapagbigay ng serbisyo sa elektronikong komunikasyon o serbisyo sa pag-iimbak sa computer o pagpoproseso ng data ay may mga rekord o ebidensiya, gaya ng tinukoy sa Seksiyon 1524.3, na nagpapakita na ninakaw ang ari-arian bilang bahagi ng isang maliit na pagkakasala, o may ari-arian o mga bagay na nasa pag-aari ng sinumang taong naglalayong gamitin ang mga iyon sa paggawa ng maliit na pagkakasalang itinuturing na krimen, o kung ang ari-arian o mga bagay na ito ay nasa pag-aari ng ibang tao kung kanino niya ito inihatid nang sa gayon ay maitago ang mga ito.

(8) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may kasamang bagay o ebidensiyang nagpapakita ng paglabag sa Seksiyon 3700.5 ng Kodigo ng Paggawa, o nagpapakita na nilabag ng isang partikular na tao ang Seksiyon 3700.5 ng Kodigo ng Paggawa.

(9) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may kasamang armas o iba pang sandata sa pinangyarihan, o sa lugar na kinaroroonan o kinokontrol ng taong inaresto kaugnay ng, isang insidente ng karahasan sa tahanan na kinasasangkutan ng pagbabanta sa buhay ng tao o pisikal na pananakit gaya ng itinatakda sa Seksiyon 18250. Hindi apektado ng seksiyong ito ang mga pagkumpiskang walang mandamyento na pinahihintulutan ng Seksiyon 18250.

(10) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may kasamang armas o iba pang sandata na pagmamay-ari, o nasa pag-aari, o nasa kontrol, ng isang taong inilalarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 8102 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(11) Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may kasamang armas na pagmamay-ari, o nasa pag-aari, o nasa kustodiya o kontrol, ng isang taong napapailalim sa mga pagbabawal kaugnay ng mga armas alinsunod sa Seksiyon 6389 ng Kodigong Pampamilya, kung ang isang ipinagbabawal na armas ay nasa pag-aari, pagmamay-ari, nasa kustodiya, o kontrolado ng isang taong hinainan ng kautusang pamproteksyon alinsunod sa Seksiyon 6218 ng Kodigong Pampamilya, nahainan ng kautusang iyon ang tao ayon sa batas, at hindi naisuko ng tao ang armas gaya ng iniaatas ng batas.

(12) Kapag ang impormasyong matatanggap mula sa paggamit ng aparatong pagsubaybay ay maituturing na ebidensiyang nagpapakita na may malaking pagkakasala, maliit na paglabag sa Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, o maliit na paglabag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot na ginawa o ginagawa, o makakatulong sa paghahanap ng indibidwal na may ginawa o ginagawang malaking magkakasala, maliit na paglabag sa Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, o maliit na paglabag sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot. Ang isang mandamyento sa paghahanap ng aparatong pansubaybay na inilabas alinsunod sa talataang ito ay ipapatupad sa paraang nakakatugon sa mga iniaatas na tinukoy sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1534.

(13) Kapag ang sample ng dugo ng isang tao ay maituturing na ebidensiyang nagpapakita ng paglabag sa Seksiyon 23140, 23152, o 23153 ng Kodigong Pansasakyan at ang taong hinihingan ng sample o tumanggi sa kahilingan ng isang opisyal na magpagsuri ng dugo o hindi nakapagpasuri ng dugo gaya ng iniaatas sa Seksiyon 23612 ng Kodigong Pansasakyan, at kukunin ang sample sa tao sa paraang makatwiran at sang-ayon sa mga pamamaraang medikal. Hindi ginawa ang talataang ito upang ipawalang-bisa ang kapasiyahan ng isang hukuman na tukuyin ang kaangkupan ng paglalabas ng mandamyento sa paghahanap batay sa bawat sitwasyon.

(14) Simula sa Enero 1, 2016, ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay mga armas o amunisyon o pareho na pagmamay-ari, nasa pag-aari, o nasa kustodiya o kontrol ng isang taong may utos ng pagpigil sa paggamit ng baril na inihain alinsunod sa Dibisyon 3.2 (simula sa Seksiyon 18100) ng Titulo 2 ng Bahagi 6, kung may ipinagbabawal na armas o amunisyon na nasa pag-aari, pagmamay-ari, nasa kustodiya, o kontrolado ng isang taong hinainan ng utos ng pagpigil sa paggamit ng baril, kung naihain ang utos na iyon sa tao ayon sa batas, at hindi naisuko ng tao ang armas gaya ng iniaatas ng batas.

(15) Simula sa Enero 1, 2018, ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay may kasamang armas na pagmamay-ari, nasa pag-aari, o nasa kustodiya o kontrol ng isang taong napapailalim sa mga pagbabawal kaugnay ng mga armas alinsunod sa Seksiyon 29800 o 29805, at may ipinasiya na ang hukuman alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 29810 na hindi naisuko ng tao ang armas gaya ng iniaatas ng batas.

~~(15)~~ *(16)* Kapag ang ari-arian o mga bagay na kukumpiskahin ay mga kontroladong substance o isang aparato, inimbentong kasangkapan, instrumento o parapernalya na ginagamit para sa paggamit o pagbibigay ng kontroladong substance alinsunod sa awtoridad na inilalarawan sa Seksiyon 11472 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

~~(16)~~ *(17)* (A) Kapag naaangkop ang lahat ng sumusunod:

(i) Ang sample ng dugo ng isang tao ay maituturing na ebidensiyang nagpapakita ng paglabag sa subdibisyon (b), (c), (d), (e), o (f) ng Seksiyon 655 ng Kodigo sa mga Daungan at Nabigasyon.

(ii) Ang taong hinihingan ng sample ay tumanggi sa kahilingan ng isang opisyal na magpasuri ng dugo o hindi nakapagpasuri ng dugo gaya ng iniaatas ng Seksiyon 655.1 ng Kodigo sa mga Daungan at Nabigasyon.

(iii) Kukunin ang sample sa tao sa paraang makatwiran at sang-ayon sa mga pamamaraang medikal.

(B) Hindi ginawa ang talataang ito upang ipawalang-bisa ang kapasiyahan ng isang hukuman na tukuyin ang kaangkupan ng paglalabas mandamyento sa paghahanap batay sa bawat sitwasyon.

(b) Ang ari-arian, mga bagay, tao, o mga taong inilalarawan sa subdibisyon (a) ay maaaring kunin gamit ang mandamyento sa anumang lugar, o sa sinumang tao kung nakanino ang ari-arian o mga bagay.

(c) Sa kabila ng nakasaad sa subdibisyon (a) o (b), walang ilalabas na mandamyento sa paghahanap para sa anumang ebidensiyang dokumento na nasa pag-aari o kontrol ng sinumang tao na isang abugado ayon sa pakahulugan sa Seksiyon 950 ng Kodigo sa Ebidensiya, isang doktor ayon sa pakahulugan sa Seksiyon 990 ng Kodigo sa Ebidensiya, isang tagalunas

na pangkaisipan ayon sa pakahulugan sa Seksiyon 1010 ng Kodigo sa Ebidensiya, o isang kasapi ng kaparian ayon sa pakahulugan sa Seksiyon 1030 ng Kodigo sa Ebidensiya, at hindi pinaghihinalaan na nakikisangkot sa kriminal na aktibidad na may kinalaman sa ebidensiyang dokumento na inihihingi ng mandamyento maliban na lang kung nasunod na ang sumusunod na pamamaraan:

(1) Sa oras ng paglalabas ng mandamyento, magtatalaga ang hukuman ng espesyal na pinuno alinsunod sa subdibisyon (d) upang samahan ang taong maghahain ng mandamyento. Kapag naihain na ang mandamyento, ipagbibigay-alam ng espesyal na pinuno sa hinainang partido ang mga partikular na bagay na hinihingi at na magkakaroon ang partido ng pagkakataong ibigay ang mga bagay na hinihiling. Kung hindi naibigay ng partido, sa paghuhusga ng espesyal na pinuno, ang mga bagay na hinihiling, magsasagawa ang espesyal na pinuno ng paghahanap ng mga bagay sa lugar na nakasaad sa mandamyento sa paghahanap.

(2) (A) Kung isinaad ng partidong hinainan na hindi dapat isiwalat ang isang bagay o mga bagay, iseselyado ang mga ito ng espesyal na pinuno at dadalhin ito sa hukuman para sa isang pagdinig.

(B) Sa pagdinig, magkakaroon ng karapatan ang hinanapang partido na magpaabot ng anumang isyu na maaaring ipaabot alinsunod sa Seksiyon 1538.5 gayundin ng paghahabol na hindi maaaring isapubliko ang bagay o mga bagay, gaya ng itinatakda ng batas. Isasagawa ang pagdinig sa hukumang superyor. Ang hukuman ay magbibigay ng sapat na oras upang makakuha ng tagapayo ang mga partido at makagawa sila ng mga mosyon o makapagpakita ng ebidensiya. Isasagawa ang pagdinig sa loob ng tatlong araw mula sa paghahain ng mandamyento maliban na lang kung magkakaroon ng kapasiyahan ang hukuman na hindi posibleng magsagawa ng pinabilis na pagdinig. Sa ganoong sitwasyon, ididinig ang usapin sa lalong madaling panahon.

(C) Kung dadalhin sa hukuman ang isang bagay o mga bagay para sa isang pagdinig, ipagpapaliban ang anumang limitasyon sa oras na itinatagubilin sa Kabanata 2 (simula sa Seksiyon 799) ng Titulo 3 ng Bahagi 2 mula sa oras ng pagkumpiska hanggang sa pinal na kongklusyon ng pagdinig, kasama ang anumang nauugnay na paglilitis na may kinalaman sa atas o paghahabol.

(3) Ihahain ang mandamyento, sa tuwing posible, sa normal na oras ng negosyo. Dagdag pa rito, ihahain ang mandamyento sa isang partidong mukhang may hawak o kontrol sa mga bagay na hinahanap. Kung, pagkatapos magsagawa ng mga makatwirang hakbang, hindi mahanap ng partidong maghahain ng mandamyento ang tao, iseselyado at ibabalik ng espesyal na pinuno sa hukuman, para sa pagpapasiya ng hukuman, ang anumang bagay na mukhang hindi maaaring isapubliko gaya ng itinatakda ng batas.

(d) (1) Gaya ng pagkakagamit sa seksiyong ito, ang "espesyal na pinuno" ay isang abugado na isang kasaping may magandang katayuan sa Abugasya ng Estado ng California at napili sa isang listahan ng mga kwalipikadong abugado na pinapanatili ng Abugasya ng Estado partikular na para sa pagsasagawa ng mga paghahanap na inilalarawan sa seksiyong ito. Maglilingkod ang mga abugadong ito nang walang kabayaran. Ituturing na pampublikong empleyado ang isang espesyal na pinuno, at ang entidad ng pamahalaan na nagpalabas ng mandamyento sa paghahanap ang ituturing na employer ng espesyal na pinuno at ang naaangkop na pampublikong entidad, para sa mga layunin ng Dibisyon 3.6 (simula sa Seksiyon 810) ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan, kaugnay ng mga paghahabol at pagkilos laban sa mga pampublikong entidad at pampublikong empleyado. Sa pagpili ng espesyal na pinuno, gagawin ng hukuman ang lahat ng makakaya nito upang matiyak na walang kaugnayan ang taong mapipili sa alinman sa mga partidong sangkot sa nakabinbing usapin. Ang impormasyong makukuha ng espesyal na pinuno ay ituturing na kumpidensyal at hindi maaaring ibunyag maliban na lang kung gagamitin ito bilang direktang tugon sa pagtatanong ng hukuman.

(2) Kung sakaling mapag-alaman ng mahistrado, matapos niyang gawin ang lahat upang makakuha ng espesyal na kinatawan, na walang maaaring tumayo bilang isang espesyal na kinatawan at na walang makukuhang ganito sa loob ng makatwirang tagal ng panahon, maaaring ang mahistrado, sa halip na ang espesyal na kinatawan, ang mag-atas sa partidong nagsampa ng kaso na isagawa ang pagsisiyasat sa paraang inilalarawan sa seksiyong ito.

(e) Ang anumang pagsisiyasat ng espesyal na kinatawan, na isasagawa alinsunod sa seksiyong ito ay maaaring isagawa sa paraang magbibigay-daan sa partidong nagbibigay ng mandamyento o sa kanyang itinalaga na samahan ang espesyal na kinatawan habang isinasagawa niya ang kanyang pagsisiyasat. Gayunpaman, hindi maaaring makibahagi ang partido o ang kanyang itinalaga sa nabanggit na pagsisiyasat, hindi rin niya maaaring suriin ang alinman sa mga aytem na sinisiyasat ng espesyal na kinatawan, maliban na lang kung papayagan siya ng partidong nabigyan ng mandamyento.

(f) Ayon sa pagkakagamit sa seksiyong ito, ang "nakadokumentong ebidensiya" ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa anumang uri o klase ng mga sulat, dokumento, blueprint, drawing, larawan, computer printout, microfilm, X-ray, talaan, diagram, ledger, aklat, tape, audio at video recording, pelikula, at papeles.

(g) Hindi dapat magbigay ng anumang mandamyento para sa anumang aytem o mga aytem na inilalarawan sa Seksiyon 1070 ng Kodigo ng Ebidensiya.

(h) Sa kabila ng iba pang batas, walang anumang paghahabol sa mga materyales ng isang abugado, alinsunod sa inilalarawan sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 2018.010) ng Titulo 4 ng Bahagi 4 ng Kodigo ng mga Pamamaraang Sibil, ang maaaring katigan sa isang paglilitis kung saan may sapat na dahilan upang paniwalaan na ang abugado ay bahagi, o naging bahagi ng isang kriminal na aktibidad na nauugnay sa nakadokumentong ebidensiya na binigyan ng mandamyento, maliban na lang kung mapapatunayan sa pagdinig, patungkol sa nakuhang nakadokumentong ebidensiya nang may mandamyento, na hindi kinuha ang mga serbisyo ng naturang abugado upang bigyang-daan o tulungan ang sinuman na magsagawa o magplanong magsagawa ng isang krimen o panloloko.

(i) Walang anumang bahagi ang seksiyon na ito na ginawa upang limitahan ang kakayahan ng isang abugado na humiling ng pribadong pagdinig alinsunod sa pagpapasiya ng Korte Suprema ng California sa People v. Superior Court (Laff) (2001) 25 Cal.4th 703.

(j) Bukod sa iba pang sitwasyon na nagbibigay-daan sa mahistrado na magbigay ng mandamyento para sa isang tao o ari-arian sa ibang county, kapag ang mga kukuning ari-arian o bagay ay naglalaman ng anumang aytem o ebidensiya na nagpapakita ng paglabag sa Seksiyon 530.5, maaaring magbigay ang mahistrado ng isang mandamyentong nag-uutos na siyasatin ang isang tao o ari-arian sa ibang county kung nakatira ang taong nagmamay-ari sa nakuha o ginamit na impormasyon ng pagkakakilan sa county kung nasaan ang hukumang magbibigay ng mandamyento.

(k) Hindi dapat bigyang-kahulugan ang seksiyong ito sa paraang gagawa ng pagkilos laban sa anumang korporasyon sa loob o labas ng California, mga opisyal, empleyado, ahente o iba pang mga partikular na tao nito kaugnay ng pagbibigay nila ng impormasyon sa lokasyon.

SEK. 10.2. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 27930 ng Kodigo Penal:

27930. Ang Seksiyon 27545 ay hindi nalalapat sa mga paghahatid, paglipat, o pagbabalik ng mga baril alinsunod sa alinman sa mga sumusunod:

(a) Seksiyon 18000 at 18005.

(b) Dibisyon 4 (nagsisimula sa Seksiyon 18250) ng Titulo 2.

(c) Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 33850) ng Dibisyon 11.

(d) Seksiyon 34005 at 34010.

(e) Seksiyon 29810.

SEK. 10.3. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 29810 ng Kodigo Penal:

29810. (a) Para sa sinumang taong napapailalim sa Seksiyon 29800 o 29805, sa panahon ng paghatol, dapat magbigay ang hukuman, sa

pamamagitan ng isang porma mula sa Kagawaran ng Hustisya, ng isang paunawa sa nasasakdal na pinagbabawalan ng kabanatang ito na magmay-ari, bumili, tumanggap, humawak o magkaroon ng kustodiya o kontrol sa anumang baril. Dapat ipaalam ng abiso sa nasasakdal ang tungkol sa pagbabawal ng mga baril, at dapat ay mayroon itong isang porma na magagamit sa paglipat ng mga baril. Kung mag-e-expire ang pagbabawal na magmay-ari o humawak ng isang baril sa isang petsang nakasaad sa utos ng hukuman, dapat ipaalam ng porma sa nasasakdal na maaari niyang piliing ilipat ang kanyang baril sa isang mangangalakal ng mga baril na nilisensyahan alinsunod sa Seksiyon 29830.

(b) Ang hindi pagbibigay sa paunawang inilalarawan sa subdibisyon (a) ay hindi isang dahilan upang lumabag sa kabanatang ito.

(c) Mawawalan ng saysay ang seksiyong ito simula sa Enero 1, 2018.

SEK. 10.4. Narito ang nakasaad sa idinagdag na Seksiyon 29810 sa Kodigo Penal:

29810. (a) (1) Kapag nahatulan na ang anumang paglabag na nagpapailalim sa isang tao sa Seksiyon 29800 o Seksiyon 29805, dapat isuko ng tao ang lahat ng baril na kanyang pag-aari, hawak o nasa kustodiya o kontrol sa paraang inilalarawan sa seksiyong ito.

(2) Matapos hatulan ang nasasakdal para sa anumang krimeng inilalarawan sa subdibisyon (a), dapat ipaalam ng hukuman sa nasasakdal na pinagbabawalan siyang magmay-ari, bumili, tumanggap, humawak, o magkaroon ng kustodiya o kontrol sa anumang mga baril, armas, at kagamitan para sa armas na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga magasin, at dapat niyang atasan ang nasasakdal na isuko ang lahat ng kanyang baril sa paraang inilalarawan sa seksiyong ito. Dapat ding bigyan ng hukuman ang nasasakdal ng isang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao mula sa Kagawaran ng Hustisya.

(3) Gamit ang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao, dapat magtalaga ang nasasakdal ng isang kinatawan at bigyan iyon ng kapangyarihan ng abugado upang mailipat o maibigay sa iba ang anumang mga baril. Ang itinalaga ay maaaring maging isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas o isang sumasang-ayong ikatlong partido na hindi pinagbabawalan ng batas ng estado o pederal na humawak ng mga baril. Sa loob ng mga yugto ng panahong nakasaad sa subdibisyon (d) at (e), dapat ay magawa ng itinalaga na isuko ang mga baril sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, ibenta ang mga ito sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril o ilipat ang mga ito sa isang mangangalakal ng mga baril upang itago, alinsunod sa Seksiyon 29830.

(b) Dapat magawa ng Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao ang lahat ng sumusunod:

(1) Ipaalam sa nasasakdal na pinagbabawalan siyang magmay-ari, bumili, tumanggap, humawak, o magkaroon ng kustodiya o kontrol sa anumang mga baril, armas, at kagamitan para sa armas na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa mga magasin, at na dapat niyang isuko ang lahat ng kanyang baril sa isang itinalaga sa loob ng mga yugto ng panahong nakalagay sa subdibisyon (d) o (e) sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga baril sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, pagbebenta ng mga ito sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril, o paglipat ng mga ito sa isang mangangalakal ng mga baril upang itago, alinsunod sa Seksiyon 29830.

(2) Ipaalam sa nasasakdal na dapat itago ng sinuman sa kanyang mga kasama sa bahay ang kanyang mga baril alinsunod sa Seksiyon 25135.

(3) Atasan ang nasasakdal na ideklara ang anumang mga baril na naging pag-aari, nahawakan o napailalim sa kanyang kustodiya o kontrol sa panahon ng paghatol sa kanya, at ilarawan ang mga naturang baril at ibigay ang lahat ng makatwirang impormasyon tungkol sa lokasyon ng mga ito upang magawa ng itinalaga o mga opisyal ng pagpapatupad ng batas na makita ang mga ito.

(4) Atasan ang nasasakdal na kumuha ng kinatawan, kung ipapahayag ng nasasakdal na siya ay nagmay-ari, humawak, o nagkaroon ng kustodiya o kontrol sa anumang mga baril sa panahon ng paghatol sa kanya, at bigyan ang itinalaga ng kapangyarihan ng abugado upang mailipat o maibigay sa iba ang lahat ng baril.

(5) Atasan ang itinalaga na pahintulutan ang pagkakatalaga sa kanya, maliban kung isa itong ahensiya ng pagpapatupad ng batas, at na ipahayag, sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag, na hindi siya pinagbabawalan ng batas ng estado o pederal na humawak ng anumang mga baril.

(6) Atasan ang itinalaga na sabihin kung kailan isinuko ang bawat baril, at ang pangalan ng partido kung saan ito isinuko, at atasan siyang maglakip ng mga resibo mula sa opisyal ng pagpapatupad ng batas o lisensiyadong mangangalakal ng mga baril na kumuha sa mga isinukong baril.

(7) Ipaalam sa nasasakdal at itinalaga ang kanilang obligasyon na isumite ang nasagutan nang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon sa loob ng mga yugto ng panahong nakasaad sa subdibisyon (d) at (e).

(c) (1) Kapag nahatulan ang isang nasasakdal para sa isang krimeng inilalarawan sa subdibisyon (a), dapat ay italaga kaagad ng hukuman ang nabanggit na usapin sa isang opisyal ng probasyon upang malaman kung ipinapakita ba ng Awtomatikong Sistema ng mga Baril o ng iba pang mapagkakatiwalaang impormasyon, gaya ng ulat ng pulis, na may mga baril na pag-aari, hawak, o nasa kustodiya o kontrol ang nasasakdal. Kung naaangkop, dapat matanggap ng nakatalagang opisyal ng probasyon ang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao mula sa nasasakdal o itinalaga ng nasasakdal, at dapat niyang tiyakin na maayos na na-update ang Awtomatikong Sistema ng mga Baril upang ipakitang isinuko na ng nasasakdal ang mga pinag-uusapang baril.

(2) Bago ang huling pagpapasiya o paghatol sa kaso, dapat iulat ng nakatalagang opisyal ng probasyon sa hukuman kung sumunod ba ang nasasakdal sa mga iniaatas ng seksiyong ito sa pamamagitan ng pagsuko sa lahat ng baril na natukoy sa imbestigasyon ng opisyal ng probasyon, o na idineklara ng mismong nasasakdal sa Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao, at sa pamamagitan ng pagsusumite ng nasagutan nang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa tamang oras. Dapat ding iulat ng opisyal ng probasyon sa Kagawaran ng Hustisya, sa pamamagitan ng isang porma na gagawin ng kagawaran, kung na-update na ba ang Awtomatikong Sistema ng mga Baril upang ipakita ang mga baril na isinuko na ng nasasakdal.

(3) Bago ang huling pagpapasiya o paghatol sa kaso, dapat munang siyasatin ng hukuman kung ipinapakita ba sa ulat ng opisyal ng probasyon na isinuko na ng nasasakdal ang lahat ng kanyang baril gaya ng iniaatas, at kung nakatanggap ba ang hukuman ng Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao, nang may mga resibong inilalarawan sa talataan (1) ng subdibisyon (d) o talataan (1) ng subdibisyon (e). Dapat tiyakin ng hukuman na isasama ang mga ipinasiyang ito sa abstract ng hatol. Upang hindi maantala ang paghatol, maaaring gawin ng hukuman ang mga ipinasiyang ito sa loob ng 14 na araw bago ang paghatol, kung kinakailangan.

(4) Kung makakakita ang hukuman ng sapat na dahilan na magpapatunay na walang isinukong anumang mga baril ang nasasakdal gaya ng iniaatas, dapat ipag-utos ng hukuman na hanapin o alisin ang anumang mga baril sa anumang lokasyon kung saan may sapat na dahilan ang hukom upang paniwalaang nandoon ang mga baril ng nasasakdal. Dapat idetalye ng hukuman ang mga dahilan at ang saklaw ng paghahanap at pagsamsam na ipinahintulot ng kautusan.

(5) Kapag hindi naisumite ng nasasakdal ang nasagutang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon sa tamang oras, papatawan siya ng multang hindi lalampas sa sa isang daang dolyar ($100).

(d) Ang mga sumusunod na pamamaraan ay ilalapat sa sinumang nasasakdal na itinuturing na isang pinagbabawalang tao alinsunod sa kahulugan ng talataan (1) ng subdibisyon (a), na wala sa kustodiya anumang oras sa loob ng limang araw matapos mahatulan:

(1) Dapat isuko ng itinalaga ang anumang mga baril na pag-aari, hawak

o nasa kustodiya o kontrol ng nasasakdal sa loob ng limang araw matapos ang paghatol sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga baril sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, pagbebenta ng mga ito sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril, o paglipat ng mga ito sa isang mangangalakal ng mga baril upang itago, alinsunod sa Seksiyon 29830, ayon sa kahilingan ng nasasakdal. Ibibigay sa nasasakdal ang anumang mga kikitain sa pagbebenta ng mga baril. Alinsunod sa subdibisyong ito, dapat bigyan ng opisyal ng pagpapatupad ng batas o lisensiyadong mangangalakal ang itinalaga ng isang resibong naglalarawan sa mga baril at naglilista sa numero ng serye o iba pang pagkakakilanlan ng mga baril noong isinuko ito.

(2) Kung may anumang mga pag-aari, hawak o nasa kustodiya o kontrol na baril ang nasasakdal na dapat niyang isuko, dapat isumite ng itinalaga ng nasasakdal ang nasagutang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon sa loob ng limang araw matapos ang paghatol, nang may mga resibong inilalarawan sa talataan (1) ng subdibisyon (d) na nagpapakitang isinuko ang mga baril ng nasasakdal sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, o ibinenta o inilipat sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril.

(3) Kung walang anumang mga pag-aari, hawak, o nasa kustodiya o kontrol na baril ang nasasakdal na dapat niyang isuko, magagawa niya, sa loob ng limang araw matapos ang paghatol, na isumite ang nasagutan nang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon, nang may kasamang isang pahayag na nagkukumpirmang wala siyang mga baril na dapat isuko.

(e) Ang mga sumusunod na pamamaraan ay ilalapat sa sinumang nasasakdal na itinuturing na isang pinagbabawalang tao alinsunod sa kahulugan ng talataan (1) ng subdibisyon (a), na nasa kustodiya anumang oras sa loob ng limang araw matapos mahatulan:

(1) Dapat isuko ng itinalaga ang anumang mga baril na pag-aari, hawak o nasa kustodiya o kontrol ng nasasakdal sa loob ng 14 na araw matapos ang paghatol sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga baril sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, pagbebenta ng mga ito sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril, o paglipat ng mga ito sa isang mangangalakal ng mga baril upang itago, alinsunod sa Seksiyon 29830, ayon sa kahilingan ng nasasakdal. Ibibigay sa nasasakdal ang anumang mga kikitain sa pagbebenta ng mga baril. Alinsunod sa subdibisyong ito, dapat bigyan ng opisyal ng pagpapatupad ng batas o lisensiyadong mangangalakal ang itinalaga ng isang resibong naglalarawan sa mga baril at naglilista sa numero ng serye o iba pang pagkakakilanlan ng mga baril noong isinuko ito.

(2) Kung may anumang mga pag-aari, hawak o nasa kustodiya o kontrol na baril ang nasasakdal na dapat niyang isuko, dapat isumite ng itinalaga ng nasasakdal ang nasagutang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon sa loob ng 14 na araw matapos ang paghatol, nang may mga resibong inilalarawan sa talataan (1) ng subdibisyon (e) na nagpapakitang isinuko ang mga baril ng nasasakdal sa isang lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas, o ibinenta o inilipat sa isang lisensiyadong mangangalakal ng mga baril.

(3) Kung walang anumang mga pag-aari, hawak, o nasa kustodiya o kontrol na baril ang nasasakdal na dapat niyang isuko, magagawa niya, sa loob ng 14 na araw matapos ang paghatol, na isumite ang nasagutan nang Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao sa nakatalagang opisyal ng probasyon, nang may kasamang isang pahayag na nagkukumpirmang wala siyang mga baril na dapat isuko.

(4) Kung lalabas sa kustodiya ang nasasakdal sa loob ng 14 na araw matapos ang paghatol at hindi pa pansamantalang nakukuha ng itinalaga ang bawat baril na dapat niyang isuko alinsunod sa inilalarawan sa itaas, dapat ay isuko ng nasasakdal, sa loob ng limang araw matapos siyang palabasin, ang bawat baril na dapat niyang isuko alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (d).

(f) Kung naaayon sa batas, magagawa ng hukuman na paikliin o palawigin ang mga yugto ng panahon na nakasaad sa subdibisyon (d) at (e), palawigin ang yugto ng panahon na nakasaad sa talataan (3) ng subdibisyon (c), o pahintulutan ang isang alternatibong paraan ng pagsuko.

(g) Hindi dapat litisin ang nasasakdal para sa ilegal na pagkakaroon ng anumang mga baril na nakasaad sa Porma ng Pagsuko ng mga Armas ng mga Pinagbabawalang Tao kung isusuko ang mga baril gaya ng iniaatas.

(h) Ang anumang mga baril na dapat isuko ng nasasakdal sa ibang paraan alinsunod sa seksiyong ito, na legal na pag-aari ng kanyang kasama sa bahay ay hindi isasama sa mga dapat isuko kung maaabisuhan ang nasasakdal na dapat itago ng kanyang kasama sa bahay ang naturang baril alinsunod sa Seksiyon 25135.

(i) Dapat i-update ng ahensiya ng pagpapatupad ng batas ang Awtomatikong Sistema ng mga Baril upang maipakita ang anumang mga baril na isinuko sa nabanggit na ahensiya alinsunod sa seksiyong ito. Dapat itabi ng isang ahensiya ng pagpapatupad ng batas ang isang baril na isinuko rito alinsunod sa seksiyong ito sa loob ng 30 araw matapos isuko ang nabanggit na baril. Pagkalipas ng 30 araw, ang baril ay sisirain, itatago, ibebenta o ililipat ng ahensiya, maliban na lang kung makakatanggap ito ng sertipiko mula sa isang hukom ng hukuman ng mga rekord o isang abugado ng distrito ng county na nagsasaad na kinakailangan o naaangkop na itago ang nabanggit na baril ayon sa batas, o kung magbibigay ang nasasakdal ng isang nakasulat na paunawa patungkol sa kanyang hangarin na iapela ang isang hatol para sa isang krimeng inilalarawan sa subdibisyon (a), o kung nakasaad sa Awtomatikong Sistema ng mga Baril na naiulat ng legal na may-ari na nawala o ninakaw ang baril. Kung naiulat na nawala o ninakaw ang naturang baril, ibabalik kaagad ito sa legal na may-ari kapag tapos na itong siyasatin bilang isang ebidensiya, kapag natukoy na ito ng legal na may-ari at may naipakita na siyang ebidensiya na pag-aari niya ito, at kapag sumusunod na ang ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 33850) ng Dibisyon 11 ng Titulo 4. Dapat abisuhan ng ahensiya ang Kagawaran ng Hustisya tungkol sa kalagayan ng mga isinukong baril alinsunod sa Seksiyon 34010.

(j) Ang isang ahensiya ng lunsod, county, o lunsod at county, o estado ay maaaring may pagtibaying isang regulasyon, ordinansa, o resolusyon na nagpapataw ng singiling katumbas ng mga gastos na pampangasiwaan nito kaugnay ng pagsamsam, pagkuha, pagtatago, o pagbibigay ng isang baril alinsunod sa Seksiyon 33880.

(k) Magkakaroon ng bisa ang seksiyong ito sa Enero 1, 2018.

SEK. 11. Pagnanakaw ng mga Baril.

SEK. 11.1. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 490.2 ng Kodigo Penal:

(a) Sa kabila ng Seksiyon 487 o iba pang tadhana ng batas na naglalarawan ng malakihang pagnanakaw, ang pagnanakaw ng anumang ari-arian, kung saan ang halaga ng nakuhang pera, gawa, tunay o personal na ari-arian ay hindi lumalampas sa siyam na raan at limampung dolyar ($950) ay dapat ituring bilang maliit na pagnanakaw at parusahan bilang isang maliit na pagkakasala, maliban na lang kung maaaring parusahan ang taong iyon alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 dahil dati na siyang nahatulan nang isa o higit pang beses para sa isang krimeng nakasaad sa sugnay (iv) ng napapailalim na talataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 667, o para sa isang krimeng nangangailangan ng pagpaparehistro alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 290.

(b) Hindi malalapat ang seksiyong ito sa anumang pagnanakaw na maaaring kasuhan bilang isang paglabag sa batas alinsunod sa iba pang tadhana ng batas.

(c) Hindi malalapat ang seksiyong ito sa pagnanakaw ng isang baril.

SEK. 11.2. Narito ang nakasaad sa sinusugang Seksiyon 29805 ng Kodigo Penal:

29805. Maliban na lang kung nakasaad sa Seksiyon 29855 o subdibisyon (a) ng Seksiyon 29800, ang sinumang taong nahatulan ng maliit na pagkakasala na lumalabag sa Seksiyon 71, 76, 136.1, 136.5, o 140, subdibisyon (d) ng Seksiyon 148, Seksiyon 171b, talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 171c, 171d, 186.28, 240, 241, 242, 243, 243.4, 244.5, 245, 245.5, 246.3, 247, 273.5, 273.6, 417, 417.6, 422, 626.9, 646.9, o 830.95, subdibisyon (a)

63

ng nakaraang Seksiyon 12100, alinsunod sa nakasaad sa seksiyong iyon noong isinabatas ito ng Seksiyon 3 ng Kabanata 1386 ng mga Kautusan ng 1988 noong ipinawalang-saysay ito ng Seksiyon 18 ng Kabanata 23 ng mga Kautusan ng 1994, Seksiyon 17500, 17510, 25300, 25800, 30315, o 32625, subdibisyon (b) o (d) ng Seksiyon 26100, o Seksiyon 27510, o Seksiyon 8100, 8101, o 8103 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, ang anumang krimeng nauugnay sa baril alinsunod sa Seksiyon 871.5 at 1001.5 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, *Section 490.2 kung isang baril ang nakuhang ari-arian,* o kung nakuha ito sa paraang pinapatawan ng parusa sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 27590, at na, sa loob ng 10 taon matapos mahatulan, ay magmamay-ari, bibili, tatanggap, hahawak, o magkakaroon ng kustodiya o kontrol sa anumang baril na ginamit sa pampublikong krimen, na maaaring patawan ng pagkabilanngo sa isang bilangguan ng county o pang-estadong bilangguan nang hindi lalampas sa isang taon, sa pamamagitan ng pagmumulta ng halagang hindi lalampas sa isang libong dolyar ($1,000), o sa pamamagitan ng pagkabilanggo o pagmumulta. Sa pamamagitan ng mga porma na ibinigay ng Kagawaran ng Hustisya, dapat abisuhan ng hukuman ang kagawaran tungkol sa mga taong napapailalim sa seksiyong ito. Gayunpaman, maaaring bawasan, alisin, o iangkop ang pagbabawal sa seksiyong ito alinsunod sa Seksiyon 29855 o 29860.

SEK. 12. Mga Pansamantalang Pamantayan.

Sa kabila ng Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan (APA), at upang agarang maipatupad ang Batas na Kaligtasan para sa Lahat ng 2016, maaaring may mga pagtibaying pansamantalang pamantayan ang Kagawaran ng Hustisya ng California nang hindi sumusunod sa mga pamamaraang nakalagay sa APA. Magkakaroon ng bisa ang mga pansamantalang pamantayan sa loob nang hindi mahigit sa dalawang taon, at maaaring mapangibabawan kaagad ang mga ito ng mga regulasyong pagtitibayin alinsunod sa APA. Ang "mga pansamantalang pamantayan" ay tumutukoy sa mga panandaliang pamantayan na kumikilos bilang "mga pang-emerhensiyang regulasyon" alinsunod sa Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), kapag kailangan ng publiko ng mas malaking oportunidad upang magpahayag ng kanilang mga saloobin tungkol dito, maaaring tumagal ang bisa ng mga pansamantalang pamantayan sa loob ng dalawang taon, sa halip na sa loob ng 180 araw.

SEK. 13. Pagsusog sa Panukala.

Upang makamit ang mga layunin nito, dapat ay maging malawak ang pagpapakahulugan sa Batas na ito. Ang mga tadhana ng panukalang ito ay maaaring susugan kung makukuha nito ang 55 porsiyento ng boto ng mga miyembro sa bawat kapulungan ng Lehislatura at kung lalagdaan ito ng Gobernador, sa kondisyong naaayon at nagsusulong sa hangarin ng Batas na ito ang mga pagsusog.

SEK. 14. Magkakasalungat na Panukala.

(a) Kung sakaling lumabas ang panukalang ito kasabay ng iba pang panukalang nauugnay sa parehong usapin, kasama ang, ngunit hindi limitado sa paghihigpit sa pagbebenta o pagkakaroon ng mga baril o armas, ang mga tadhana ng iba o higit pang mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng batas na ito. Kung sakaling makakuha ang panukalang ito ng mas maraming boto ng pagsang-ayon kaysa sa panukalang itinuturing na kasalungat nito, dapat ay ganap na mangibabaw ang mga tadhana ng panukalang ito, at dapat ay mapawalang-bisa ang lahat ng tadhana ng iba o higit pang mga panukala.

(b) Kung aaprobahan ng mga botante ang panukalang ito ngunit mapapalitan ito ng iba pang kasalungat na panukalang inaprobahan ng mga botante sa halalan ding iyon alinsunod sa batas, at mapapatunayang walang bisa ang nabanggit na kasalungat na panukala sa balota, awtomatikong ipapatupad at magkakaroon ng bisa ang panukalang ito.

SEK. 15. Naibubukod.

Kung mapag-aalamang walang bisa o labag sa batas ang anumang tadhana o bahagi ng panukalang ito, o ang paglalapat ng anumang tadhana o bahagi nito sa sinumang tao o anumang sitwasyon para sa anumang dahilan, hindi dapat maapektuhan ang iba pang mga tadhana o paglalapat ng mga ito, sa halip, dapat ay patuloy pa ring ipatupad at magkaroon ng bisa ang mga ito, at sa puntong ito, maaaring paghiwa-hiwalayin ang mga tadhana ng panukalang ito.

SEK. 16. Katayuan ng May-panukala.

Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, kung hindi mapapatibayan ng Estado, isang ahensiya ng pamahalaan, o sinuman sa mga opisyal nito ang pagiging konstitusiyonal ng Batas na ito matapos itong aprubahan ng mga botante, may karapatan ang iba pang taga-empleyo ng pamahalaan, ang may-panukala, o ang sinumang mamamayan ng estadong ito, kapag wala ang mga nabanggit, na makibahagi sa anumang pagkilos ng hukuman na sumusuri sa pagiging konstitusiyonal ng Batas na ito, upang mapagtibay ang nabanggit na pagsunod nito sa batas, nasa korte ng paglilitis man, inaapela o pinagpapasiyahan ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang naturang pagkilos o hindi. Ang mga makatwirang bayarin at gastusin sa pagpapatibay ng nabanggit na pagkilos ay kukunin sa mga pondong inilaan ng Kagawaran ng Hustisya, na dapat ay mabayaran kaagad.

64

PROPOSISYON 64

Ang panukalang inisyatibong ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang panukalang inisyatibong ito ay nagsususog, nagpapawalang-bisa at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Negosyo at Mga Propesyon, sa Kodigo sa Pagkain at Agrikultura, sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, sa Kodigo sa Trabaho, sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, at sa Kodigo sa Tubig; samakatuwid, ang mga umiiral na tadhana na iminungkahi na tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhana na iminungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang tukuyin na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat kilalanin at maaaring sipiin bilang ang Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ("ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang").

SEK. 2. Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag.

A. Sa kasalukuyan sa California, hindi napangangasiwaan at nabubuwisan ang hindi medikal na paggamit ng marijuana, at nangyayari ito nang walang mga proteksyon sa mamimili o sa kapaligiran. Ang Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ay naglalayong gawing legal ang marijuana para sa mga taong mas matanda sa 21 taong gulang, protektahan ang mga bata, at magtatag ng mga batas upang pangasiwaan ang pag-aalaga, pamamahagi, pagbebenta at paggamit ng marijuana, at protektahan ang mamamayan ng California at ang kapaligiran laban sa mga potensyal na panganib. Itinatatag nito ang Kawanihan ng Pagkontrol sa Marijuana sa loob ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili upang pangasiwaan at lisensiyahan ang industriya ng marijuana.

B. Kasalukuyang legal ang marijuana sa ating estado para sa medikal na paggamit at ilegal para sa hindi medikal na paggamit. Matagal nang talamak ang pang-aabuso sa sistema ng medikal na marijuana sa California, ngunit ang kamakailang doble-partidistang batas na pinirmahan ng Gobernador na si Jerry Brown ay nagtatatag ng masaklaw na plano sa regulasyon para sa medikal na marijuana. Pagsasamahin at aayusin ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang (na simula ngayon ay tatawagin bilang ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang) ang regulasyon at pagbubuwis para sa hindi medikal at medikal na marijuana.

C. Sa kasalukuyan, ang pagpapatubp at pagbebenta ng marijuana ay hindi binubuwisan ng Estado ng California, na nangangahulugang nawawala sa

ating estado ang daang milyong dolyar ng potensyal na kita sa buwis kada taon. Bubuwisan ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang pagpapatubo at pagbebenta ng marijuana upang makalikom ng daang milyong dolyar taun-taon. Sasaklawan ng mga kita ang halaga ng pagbibigay ng bagong batas at magkakaloob ng mga pondo na gagamitin sa: pamumuhunan sa mga pampublikong programa sa kalusugan na nagtuturo sa kabataan na iwasan at gamutin ang malubhang paggamit ng substansiya; pagsasanay sa tagapagpatupad ng batas sa pagpapatupad sa bagong batas nang my pagtuon sa pagpapatupad sa DUI; pamumuhunan sa mga komunidad upang bawasan ang labag sa batas na bentahan at paggawa ng mga oportunidad sa trabaho; at pagkakaloob para sa paglilinis ng kapaligiran at pagpapanumbalik sa mga pampublikong lupa na napinsala ng ilegal na pag-aalaga ng marijuana.

D. Sa kasalukuyan, madali lang para sa mga batang wala pang 18 taong gulang na bumili ng marijuana sa ilegal na bentahan gaya ng mga may sapat na gulang. Sa pamamagitan ng pagsasalegal sa marijuana, tatanggalan ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang ilegal na bentahan na makapagnegosyo, at ilalagay nito sa legal na istruktura ang mga pagbili ng marijuana nang may mahihigpit ng proteksyon laban sa mga batang kumukuha nito. Ipinagbabawal ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang pagbebenta ng hindi medikal na marijuana sa mga taong wala pang 21 taong gulang, at nagkakaloob ng mga bagong mapagkukunan upang turuan ang kabataan laban sa labis na paggamit ng droga at sanayin ang lokal na tagapagpatupad ng batas sa pagpapatupad ng bagong batas. Ipinagbabawal nito ang pagkakaroon ng mga negosyong nagbebenta ng marijuana sa loob ng 600 talampakan ng mga paaralan at iba pang mga lugar kung saan nagtitipon-tipon ang mga bata. Nagtatatag ito ng mga sapilitan at mahigpit na kinakailangan sa pagsasapakete at pagtatatak para sa marijuana at mga produkto ng marijuana. At inuutos nito na hindi maaaring ianunsiyo o ibenta ang marijuana at mga produkto ng marijuana sa mga bata.

E. Walang mga batas sa kasalukuyan na namamahala sa mga negosyong nagbebenta ng marijuana sa mga may sapat na gulang na nagtitiyak na kumikilos sila alinsunod sa mga umiiral na batas ng California. Nakakakuha lang ng marijuana ang mga may sapat na gulang mula sa bentahang hindi napangangasiwaan at ilegal. Nagtatakda ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ng komprehensibong sistema na namamahala sa mga negosyong nagbebenta ng marijuana sa antas ng estado at pumoprotekta sa lokal na kontrol, na nagbibigay-daan sa mga lokal na pamahalaan na pangasiwaan ang mga aktibidad na nauugnay sa marijuana, upang ipasailalim ang mga negosyong nagbebenta ng marijuana sa pagsosona at mga inaatas sa pagpapahintulot, at upang pagbawalan ang mga negosyong nagbebenta ng marijuana sa pamamagitan ng pagboto ng mga tao sa isang lokalidad.

F. Sa kasalukuyan, ninanakaw o inililihis ng mga ilegal na nagtatanim ng marijuana ng milyun-milyong galon ng tubig nang walang inaakong pananagutan. Gagawa ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ng mahihigpit na regulasyong pangkapaligiran upang matiyak na may bisa at legal ang pagtatanim ng marijuana, upang kontrolin ang paggamit ng mga pestisidyo, upang pigilan ang pag-aaksaya ng tubig at upang paliitin hangga't maaari ang paggamit ng tubig. Huhulihin ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang ilegal na paggamit ng tubig at paparusahan ang mga lumalabag, habang nagkakaloob ng mga pondo sa pagpapanumbalik ng mga lupang napinsala ng mga ilegal na nagtatanim ng marijuana. Kung hindi kumikilos ang isang negosyo nang may ganap na pagsunod sa mga naaangkop na batas sa paggamit ng tubig at kapaligiran, babawiin ang kanilang lisensiya.

G. Sa kasalukuyan, natatambakan ang mga hukuman ng mga kaso ng hindi marahas na paglabag na nauugnay sa paggamit ng mga droga. Sa pagsasalegal sa marijuana, pagagaanin ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang mga kasong hinaharap ng mga hukuman, ngunit patuloy nitong pahihintulutan ang m tagausig na magsampa ng kaso sa mga pinakamalubhang paglabag na nauugnay sa marijuana gaya ng mga mabibigat na pagkakasala, habang pinapababa ang mga parusa para sa mga paglabag ng menor de edad na nauugnay sa marijuana ayon sa itinakda sa batas.

H. Sa pamamagitan ng paglalagay sa marijuana sa isang napangangasiwaan at lehitimong bentahan, naghahatid ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ng malinaw at may-pananagutan sistema. Makakatulong ito sa paghuli ng pulisya sa lihim na ilegal na bentahan na kasalukuyang pinapakinabangan ng mararahas na kartel ng droga at gang na kumikilos sa labas ng bansa, na kumikita ng bilyun-bilyon sa pangangalakal ng marijuana at na naglalagay sa panganib sa kaligtasan ng publiko.

I. Gumagawa ang Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat ng Gulang ng regulatoryong istruktura kung saan ang bawat negosyong nagbebenta ng marijuana ay pinangangasiwaan ng espesyal na ahensiyang may nauugnay na kadalubhasaan. Pangangasiwaan ng Kawanihan ng Pagkontrol sa Marijuana, na napapasailalim sa Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili, ang buong sistema at titiyakin nito na may pulidong paglipat sa legal na bentahan, kung saan may magaganap na pag-iisyu ng mga lisensiya simula sa 2018. Lilisensiyahan at pangangasiwaan din ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili ang mga tagapagtingi, tagapamahagi at microbusiness ng marijuana. Lilisensiyahan at pangangasiwaan ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura at pag-aalaga ng marijuana, na magtitiyak na ligtas ito sa kapaligiran. Lilisensiyahan at pangangasiwaan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ang pagmamanupaktura at pagsubok, na magtitiyak na nakakatanggap ang mga mamimili ng ligtas na produkto. Kokolektahin ng Lupon ng Tagapamahala ng Buwis ng Estado ang mga espesyal na buwis sa marijuana, at ilalaan ng Kontroler ang kita sa pagbibigay ng bagong batas at pagkakaloob ng mga pondo sa mahahalagang pamumuhunan.

J. Tinitiyak ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang na mananatili ang industiya ng hindi medikal na marijuana sa California sa maliliit at katamtamang laki ng negosyo sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga lisensiya para sa malawakang pag-aalaga sa loob ng unang limang taon. Pinprotektahan din ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ang mga mamimili at maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagpapataw ng mahihigpit na mga kabawalan laban sa monopolyo para sa mga negosyong kabilang sa industriya ng hindi medikal na marijuana.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Ang layunin ng Batas sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ay ang pagtatatag ng komprehensibong sistema sa pagsasalegal, pagkontrol at pangangasiwa sa pag-aalaga, pagpoproseso, pagmamanupaktura, pamamahagi, pagsubok at pagbebenta ng hindi medikal na marijuana, kabilang ang mga produkto ng marijuana, na nakalaan sa paggamit ng mga may sapat na gulang na 21 taong gulang at mas matanda, at ang pagbubuwis sa komersyal na pagpapatubo at pagbebenta nang tingi ng marijuana. Hangarin ng mga taong nagpapatibay sa batas na ito na maisakatuparan ang sumusunod:

(a) Alisin ang produksiyon at mga pagbebenta ng hindi medikal na marijuana sa kontrol ng labag sa batas na bentahan at ipasailalim ito sa isang regulatoryong istruktura na pumipigil sa pagkakaroon nito ng mga menor de edad at pumoprotekta sa kaligtasan ng publiko, sa pampublikong kalusugan at sa kapaligiran.

(b) Mahigpit na kontrolin ang pag-aalaga, pagpoproseso, pagmamanupaktura, pamamahagi, pagsubok at pagbebenta ng hindi medikal na marijuana sa pamamagitan ng isang sistema ng paglilisensiya, regulasyon at pagpapatupad ng estado.

(c) Pahintulutan ang mga lokal na pamahalaan na magpatupad ng mga batas at regulasyon ng estado para sa mga negosyong nagbebenta ng hindi medikal na marijuana at magpatibay ng mga karagdagang lokal na iniaatas para sa mga negosyong nagbebenta ng hindi medikal na marijuana, ngunit hindi nito inaatas na gawin ito para sa isang negosyong nagbebenta ng hindi medikal na marijuana na makakatanggap ng lisensiya ng estado at magiging legal sa ilalim ng batas.

(d) Pahintulutan ang mga lokal na pamahalaan na ipagbawal ang mga negosyong nagbebenta ng hindi medikal na marijuana ayon sa itinakda sa batas na ito.

(e) Iatas ang mga pamamaraan sa pamamahala sa pagtunton at paghahanap upang tuntunin ang mga hindi medikal na marijuana mula sa pag-aalaga hanggang sa pagbebenta.

(f) Iatas na komprehensibong masubukan ang hindi medikal na marijuana ng mga independiyenteng serbisyo sa pagsubok upang alamin kung mayroong mga nakakapagparuming sangkap ang mga ito, kabilang ang amag at mga pestisidyo, bago ito maibenta sa mga lisensiyadong negosyo.

(g) Iatas na ang mga hindi medikal na marijuana na ibinebenta ng mga lisensiyadong negosyo ay dapat na nakapakete sa mga lagayang hindi mabubuksan ng bata at may tatak upang ganap na maunawaan ng mga mamimili ang lakas at mga epekto ng paggamit ng hindi medikal na marijuana.

(h) Iatas sa mga lisensiyadong negosyo na nagbebenta ng hindi medikal na marijuana na sumunod sa mahihigpit na pamantayan sa kaligtasan ng kapaligiran at produkto bilang kundisyon sa pagpapanatili sa kanilang lisensiya.

(i) Pagbawalan ang pagbebenta ng hindi medikal na marijuana ng mga negosyong nagbebenta rin ng alak at sigarilyo.

(j) Pagbawalan ang pagbebenta at pag-aanunsiyo ng hindi medikal na marijuana sa mga taong wala pang 21 taong gulang o malapit sa mga paaralan at iba pang mga lugar kung saan mayroong mga bata.

(k) Patatagin ang umiiral na sistema sa medikal na marijuana ng estado sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga pasyente na kumuha, hanggang sa pagsapit ng Enero 1, 2018, ng bagong rekomendasyon mula sa kanilang doktor na nakakatugon sa mahihigpit na pamantayan na pinirmahan at isinabatas ng Gobernador noong 2015, at sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga bagong proteksyon sa pagkapribado para sa mga pasyenteng kumukuha ng mga card ng pagkakakilanlan para sa medikal na marijuana ayon sa itinakda sa batas na ito.

(*l*) Pahintulutan ang mga may sapat na gulang na 21 taong gulang o mas matanda na gumamit, magdala, bumili at magtanim ng hindi medikal na marijuana sa loob ng mga tinukoy na limitasyon sa paggamit ng mga may sapat na gulang na 21 taong gulang at mas matanda ayon sa itinakda sa batas na ito.

(m) Payagan ang mga lokal na pamahalaan na makatwirang pangasiwaan ang pag-aalaga ng hindi medikal na marijuana para sa personal na paggamit ng mga may sapat na gulang na 21 taong gulang o mas matanda sa pamamagitan ng pasosona at iba pang mga lokal na batas, at pagbawalan lang ang pag-aalaga sa labas ng bahay ayon sa itinakda sa batas na ito.

(n) Pagbawalan ang pagkuha ng marijuana ng mga taong wala pang 21 taong gulang o hindi pasyente ng medikal na marijuana.

(o) Pagbawalan ang paggamit ng marijuana sa pampublikong lugar na walang lisensiya para sa naturang paggamit, kabilang ang mga K–12 na paaralan at iba pang mga lugar kung saan mayroong mga bata.

(p) Panatilihin ang mga umiiral na batas na ginagawang labag sa batas ang pagpapatakbo ng kotse o sasakyan na ginagamit para sa transportasyon habang nasa impluwensiya ng marijuana.

(q) Pagbawalan ang pag-aalaga ng marijuana sa mga pampublikong lupa o sa mga pribadong lupa nang walang pahintulot.

(r) Pahintulutan ang mga pampubliko at pribadong nag-eempleyo na magpatibay at magpatupad ng mga patakaran sa pinagtatrabahuhan na may kinalaman sa workplace marijuana.

(s) Buwisan ang pagpapatubo at pagbebenta ng marijuana sa isang paraan na nagsasantabi sa labag sa batas na bentahan para sa marijuana at hindi naghihikayat sa mga menor de edad na gumamit, at sa labis na paggamit ng mga may sapat na gulang.

(t) Kumolekta ng daang milyong dolyar sa bagong taunang kita ng estado para sa pagpapanumbalik at pagsasaayos sa kapaligiran, paggamot at pag-iwas sa paggamit para sa kabataan, pamumuhunan sa komunidad at pagpapatupad ng batas.

(u) Pigilan ang ilegal na produksiyon o pamamahagi ng marijuana.

(v) Pigilan ang ilegal na paglilihis sa marijuana mula California patungong iba pang mga estado o batas o sa labag sa batas na bentahan.

(w) Panatilihin ang kaunting tagapagdulot ng pagpapatupad ng batas sa pagpigil at pag-usig sa marahas na krimen.

(x) Bawasan ang mga harang sa pagpasok sa legal at napangangasiwaang bentahan.

(y) Iatas sa mga menor de edad na nagsasagawa ng mga paglabag na nauugnay sa marijuana na tapusin ang isang kurso ng edukasyon o pagpapayo sa pagpigil sa droga o serbisyo sa komunidad.

(z) Awtorisahan ang mga hukuman na muling sentensiyahan ang mga taong kasalukuyang may tinatapos na sentensiya para sa mga paglabag na may parusang pinagaan ng batas, hangga't hindi gumagawa ang taong iyon ng anumang bagay kung saan maaari siyang ituring na panganib sa kaligtasan ng publiko, at na muling italaga o alisin ang mga naturang paglabag sa mga kriminal na tala ng mga taong nakatapos sa kanilang mga sentensiya ayon sa itinakda sa batas na ito.

(aa) Pahintulutan ang pagpapatubo ng pang-industriyang hemp bilang isang pang-agrikulturang produkto, at para sa pang-agrikultura o akademikong pananaliksik, at hiwalay na mapangasiwaan mula sa mga uri ng cannabis na may mas mataas na konsentrasyon ng delta-9 tetrahydrocannabinol.

SEK. 4. Personal na Paggamit.

SEK. 4.1. Sinusugan ang Seksiyon 11018 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan upang mabasa ang:

11018. *Marijuana.*

Tumutukoy ang salitang "marijuana" sa lahat ng bahagi ng halamang Cannabis sativa L., tumutubo man o hindi; ang mga buto nito; ang dagtang kinatas mula sa anumang bahagi ng halaman; at ang bawat timpla, pagmamanupaktura, asin, produktong ginawa mula rito, paghahalo o paghahanda ng halaman, ng mga buto o dagta nito. Hindi kabilang dito ang ~~mga tangkay ng halaman na husto na sa gulang, hiblang kinuha mula sa mga tangkay, langis o cake na ginawa mula sa mga buto ng halaman, anumang iba pang timpla, pagmamanupaktura, asin, produktong ginawa mula rito, paghahalo o paghahanda ng mga tangkay na nasa hustong gulang (maliban sa dagtang kinatas mula sa mga ito), hibla, langis o cake, o ang pinakuluang buto ng halaman na walang kakayahang tumubo~~*:*

(a) Pang-industriyang hemp, ayon sa itinukoy sa Seksiyon 11018.5; o

(b) Ang timpla ng anumang iba pang sangkap na inihalo sa marijuana upang maghanda ng ipinapahid o iniinom na produkto, pagkain, inumin o iba pang produkto.

SEK. 4.2. Idinagdag ang Seksiyon 11018.1 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11018.1. Mga Produkto ng Marijuana.

Tumutukoy ang mga salitang "mga produkto ng marijuana" sa marijuana na napasailalim sa proseso kung saan ang materyal ng halaman ay ginagawang purong katas, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, purong katas ng cannabis, o isang nakakain o naipapahid na produkto na may sangkap na marijuana o purong katas ng cannabis at iba pang mga sangkap.

SEK. 4.3. Idinagdag ang Seksiyon 11018.2 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11018.2. Mga Kagamitan para sa Marijuana.

Tumutukoy ang mga salitang "mga kagamitan para sa marijuana" sa anumang kagamitan, produkto o anumang uri ng materyal na ginagamit, nakalaan para sa paggamit, o idinisenyo para sa paggamit, sa pagtatanim,

pagpaparami, pag-aalaga, pagpapatubo, pag-aani, pagmamanupaktura, pagtitimpla, pagbabago, paggawa, pagpoproseso, paghahanda, pagsubok, pagsusuri, pagpapakete, muling pagpapakete, pagtatago, paghithit, pagpapausok o pagtatago ng marijuana, o para sa pagkain, paglanghap, o kung hindi naman ay paggamit ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa katawan ng tao.

SEK. 4.4. Idinagdag ang Seksiyon 11362.1 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.1. (a) Napapailalim sa Seksiyon 11362.2, 11362.3, 11362.4 at 11362.45, ngunit sa kabila ng anumang iba pang tadhana ng batas, dapat na ituring na legal sa ilalim ng batas ng estado at lokal na batas, para sa mga taong 21 taong gulang o mas matanda, na:

(1) Magdala, magproseso, maghatid, bumili, kumuha o magbigay sa mga taong 21 taong gulang na o mas matanda nang walang anumang kabayaran sa anumang anyo, nang hindi dadami sa 28.5 gramo ng marijuana na wala sa anyo ng purong katas ng cannabis;

(2) Magdala, magproseso, maghatid, bumili, kumuha o magbigay sa mga taong 21 taong gulang na o mas matanda nang walang anumang kabayaran sa anumang anyo, nang hindi dadami sa walong gramo ng marijuana na nasa anyo ng purong katas ng cannabis, kabilang ang mga anyong napapasailalim sa mga produkto ng marijuana;

(3) Magdala, magtanim, mag-alaga, mag-ani, magpatuyo o magproseso ng hindi hihigit sa anim na buhay na halaman ng marijuana at magdala ng marijuana na mula sa mga naturang halaman;

(4) Humitihit o kumain ng marijuana o mga produkto ng marijuana; at

(5) Magdala, maghatid, bumili, kumuha, gumamit, magmanupaktura o magbigay ng mga kagamitan para sa marijuana sa mga taong 21 taong gulang na o mas matanda nang walang anumang kabayaran sa anumang anyo.

(b) Nilalayon ng talataan (5) ng subdibisyon (a) na matugunan ang mga inaatas ng napapasailalim na seksiyon (f) ng Seksiyon 863 ng Titulo 21 ng Kodigo ng Estados Unidos (21 U.S.C. Sek. 863(f)) sa pamamagitan ng pag-aawtorisa, sa ilalim ng batas ng estado, sa sinumang tao bilang pagsunod sa seksiyong ito na magmanupaktura, magdala o mamigay ng mga kagamitan para sa marijuana.

(c) Ang marijuana at mga produkto ng marijuana na nauugnay sa anumang paraan sa pagkilos na itinuturing na legal ng seksiyong ito ay hindi kontrabando o napapailalim sa pagkumpiska, at walang anumang pagkilos na itinuturing na legal ng seksiyong ito ang maaaring maging batayan ng detensyon, pangangapkap o pagkaka-aresto.

SEK. 4.5. Idinagdag ang Seksiyon 11362.2 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.2. (a) Ang personal na pag-aalaga ng marijuana sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.1 ay napapailalim sa mga sumusunod na paghihigpit:

(1) Ang isang tao ay maaaring magtanim, mag-alaga, mag-ani, magpatuyo o magproseso ng mga halaman alinsunod sa mga lokal na ordinansa, kung mayroon, na pinagtibay ng subdibisyon (b).

(2) Ang mga buhay na halaman at anumang marijuana na nakuha mula sa mga halaman na hihigit sa 28.5 gramo ay pinapanatili sa loob ng pribadong tirahan ng tao, o sa loob ng lupain ng pribadong tirahan (hal., sa isang lugar sa hardin sa labas ng bahay), pinapanatili sa isang nakakulong na espasyo at hindi makikita ng sinumang karaniwan at hindi ginagabayang tumitingin mula sa isang pampublikong lugar.

(3) Hindi hihigit sa anim na buhay na halaman ang maaaring itanim, alagaan, anihin, patuyuin o iproseso sa iisang pribadong tirahan, o sa loob ng lupain ng nasabing pribadong tirahan, sa bawat pagkakataon.

(b) (1) Ang isang lungsod, county, o lungsod at county ay maaaring magpatibay at magpatupad ng mga makatwirang regulasyon upang makatwirang pangasiwaan ang mga pagkilos at asal sa talataaan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.1.

(2) Sa kabila ng talataan (1), walang lungsod, county, o lungsod at county ang may karapatang ganap na pagbawalan ang mga taong nagsasagawa ng mga pagkilos at asal sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.1 sa loob ng isang pribadong tirahan, o sa loob ng istrukturang para sa marijuana sa isang pribadong tirahan na makikita sa loob ng lupain ng pribadong tirahan na ganap na nakasara at ligtas.

(3) Sa kabila ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.1, maaaring ganap na pagbawalan ng isang lungsod, county, o lungsod at county, ang mga taong nagsasagawa ng mga pagkilos o asal sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.1 sa labas ng bahay sa lupain ng isang pribadong tirahan.

(4) Dapat na mapawalang-bisa ang talataan (3) sa oras na magpasiya ang Pangkalahatang Abugado ng California na legal ang paggamit ng hindi medikal na marijuana sa Estado ng California sa ilalim ng batas na pederal, at dapat na ituring na walang saysay ang batas na isinagawa ng isang lungsod, county, o lungsod at county sa ilalim ng talataan (3) sa petsa kung kailan inihatol ang naturang pagpapasiya ng Pangkalahatang Abugado.

(5) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang mga salitang "pribadong tirahan" ay tumutukoy sa isang bahay, apartment unit, sasakyang bahay o iba pang katulad na tahanan.

SEK. 4.6. Idinaragdag ang Seksiyon 11362.3 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.3. (a) Walang anumang bagay sa Seksiyon 11362.1 and dapat na bigyang-kahulugan na nagbibigay ng pahintulot na:

(1) Humithit o kumain ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa anumang pampublikong lugar, maliban sa alinsunod sa Seksiyon 26200 ng Kodigo sa Negosyo at Mga Propesyon.

(2) Humithit ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa isang lokasyon kung saan ipinagbabawal ang paggamit ng tabako.

(3) Humithit ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa loob ng 1,000 talampakan mula sa isang paaralan, day care center, o sentro ng kabataan habang may mga batang naroon sa naturang paaralan, day care center, o sentrong pangkabataan, maliban na lang kung nasa loob ng, o nasa lupain ng, isang pribadong tirahan, o alinsunod sa Seksiyon 26200 ng, o Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo sa Negosyo at Mga Propesyon, at kung naaamoy o nakikita lang ang naturang paghithit ng ibang tao na nasa lupain ng naturang paaralan, day care center o sentro ng kabataan habang may mga batang naroon.

(4) Magdala ng bukas na lagayan o bukas na pakete ng marijuana o mga produkto ng marijuana habang nagmamaneho, nagpapatakbo o nakasakay sa upuang pampasahero o likuran ng isang sasakyan, bangka, bapor, sasakyang panghimpapawid o iba pang sasakyan na ginagamit sa transportasyon.

(5) Magdala, humithit o kumain ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa loob ng, o sa lupain ng, isang paaralan, day care center o sentro ng kabataan habang may mga batang naroon.

(6) Magmanupaktura ng purong katas ng cannabis gamit ang madaling matuyong panunaw, maliban na lang kung isinagawa alinsunod sa isang lisensiya sa ilalim ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng, o Dibisyon 10 ng, Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(7) Humithit o kumain ng marijuana o mga produkto ng marijuana habang nagmamaneho, nagpapatakbo ng sasakyan, bangka, bapor, sasakyang panghimpapawid o iba pang sasakyan na ginagamit sa transportasyon.

(8) Humithit o kumain ng marijuana o mga produkto ng marijuana habang nakasakay sa pampasaherong upuan o likuran ng isang sasakyan, bangka, bapor, sasakyang panghimpapawid o iba pang sasakyang ginagamit para sa transportasyon maliban na lang kung pinapahintulutan sa isang sasakyan, bangka, bapor, sasakyang panghimpapawid na ginagamit para sa transportasyon na pinapaandar alinsunod sa Seksiyon 26200 ng Kodigo ng

Negosyo at Mga Propesyon at habang walang sinumang wala pang 21 taong gulang ang naroon.

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "day care center" ay may parehong kahulugan sa Seksiyon 1596.76.

(c) Para sa mga layunin sa seksiyong ito, ang ibig sabihin ng "paghithit" ay ang paglanghap, pagbuga, pagsusunog, o pagbibitbit ng anumang iba pang sinindihan o pinainitang marijuana o produkto ng marijuana na nakalaan para sa paglanghap, natural man o sintetiko, sa anumang paraan o porma. Kabilang sa "paghithit" ang paggamit ng elektronikong kagamitan sa paghithit na gumagawa ng aerosol o usok, sa anumang paraan o porma, o ang paggamit ng anumang oral na kagamitan sa paghithit para sa layunin ng pagtakas sa pagbabawal sa paghithit sa isang lugar.

(d) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang ibig sabihin ng "madaling matuyong panunaw" ay anumang mga organikong compound na madaling matuyo, kabilang ang: (1) mga sumasabog na gas, gaya ng Butane, Propane, Xylene, Styrene, Gasolina, Kerosene, 0_2 o H_2; at (2) mga mapanganib na lason, toxin o carcinogen, gaya ng Methanol, Iso-propyl Alcohol, Methylene Chloride, Acetone, Benzene, Toluene at Tri-chloro-ethylene.

(e) Para sa mga layunin ng seksiyon ito, ang ibig sabihin ng "sentrong pangkabataan" ay pareho sa tinukoy sa Section 11353.1.

(f) Walang anumang bagay sa seksiyong ito ang dapat na bigyang-kahulugan o ituring na sumususod, nagpapawalang-saysay, nakakaapekto, nagbabawal o pumipigil sa mga batas na tumutukoy sa Batas sa Medikal na Paggamit ng Marijuana ng 1996.

64

SEK. 4.7. Idinagdag ang Seksiyon 11362.4 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.4. (a) Ang isang taong nagsasagawa ng pagkilos na inilarawan sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.3 ay nagkasala sa pagsuway na mapaparusahan ng pagmumultang hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100); at sa halip na pagmumulta, dapat atasan ang mga taong wala pang 18 taong gulang na tapusin ang apat na oras na edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga, at hanggang sa 10 oras ng serbisyo sa komunidad, sa loob ng hindi hihigit 60 araw kapag naihanda na sa tao ang edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at oportunidad sa pagseserbisyo sa komunidad.

(b) Ang isang taong nagsasagawa ng pagkilos na inilarawan sa talataan (2) hanggang (4) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.3 ay nagkasala sa pagsuway na mapaparusahan ng pagmumultang hindi hihigit sa dalawang daan at limampung dolyar ($250), maliban na lang kung ang naturang aktibidad ay pinahihintulutan ng batas ng estado at lokal na batas; at sa halip na pagmumulta, dapat atasan ang mga taong wala pang 18 taong gulang na tapusin ang apat na oras na edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga, at hanggang sa 20 oras ng serbisyo sa komunidad, sa loob ng hindi hihigit 90 araw kapag naihanda na sa tao ang edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at oportunidad sa pagseserbisyo sa komunidad.

(c) Ang isang taong nagsasagawa ng pagkilos na inilarawan sa talataan (5) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.3 ay dapat na mapatawan ng parehong parusa gaya ng itinakda sa ilalim ng subdibisyon (c) o (d) ng Seksiyon 11357.

(d) Ang isang taong nagsasagawa ng pagkilos na inilarawan sa talataan (6) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.3 ay dapat na mapatawan ng parusang napapailalim sa Seksiyon 11379.6.

(e) Ang isang taong sumuway sa mga paghihigpit sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.2 ay nagkasala sa pagsuway na mapaparusahan ng pagmumultang hindi hihigit sa dalawang daan at limampung dolyar ($250).

(f) Sa kabila ng subdibisyon (e), ang isang taong wala pang 18 taong gulang na sumuway sa mga paghihigpit sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.2 ay dapar na maparusahan sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11358.

(g) (1) Ang bilang ng oras ng programa ng edukasyon o pagpapayo na inaatas sa seksiyong ito ay sapilitan maliban na lang kung mapagpasiyahan ng hukuman na ang naturang programa o pagpapayo ay hindi kinakailangan ng isang tao o na walang maihahandang programa ng edukasyon o pagpapayo.

(2) Ang programa ng edukasyong inaatas ng seksiyong ito para sa mga taong wala pang 18 taong gulang ay dapat madaluhan ng mga lalahok nang libre, at dapat itong magbigay ng hindi bababa sa apat na oras na pangkatang talakayan o tagubilin na batay sa agham at mga prinsipyo at kasanayang batay sa ebidensya na partikular sa paggamit at labis na paggamit ng marijuana at iba pang mga kontroladong substansiya.

(h) Kung may makitang magandang dahilan, maaaring pahabain ng hukuman ang kailangang tapusing oras ng isang tao para sa edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga, at ang serbisyo sa komunidad na inaatas sa seksiyong ito.

SEK. 4.8. Idinaragdag ang Seksiyon 11362.45 sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.45. Walang anumang bagay sa Seksiyon 11362.1 ang maaaring bigyang-kahulugan o ipagpalagay na sumususog, nagpapawalang-saysay, nakakaapekto naghihigpit o pumipigil sa:

(a) Mga batas na ginagawang labag sa batas ang pagmamaneho o pagpapatakbo ng isang sasakyan, bangka o sasakyang panghimpapawid, habang humihithit, kumakain o nasa impluwensiya ng, marijuana o mga produkto ng marijuana, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, subdibisyon (e) ng Seksiyon 23152 ng Kodigo sa Sasakyan, o ang mga parusang pinapataw para sa paglabag sa mga batas na iyon.

(b) Ang mga batas na nagbabawal sa pagbebenta, pagbibigay, pagtatago o pamimigay ng marijuana, mga produkto ng marijuana o mga kagamitan para sa marijuana, o ang pag-aalok na magbenta, magbigay, magtago o mamigay ng marijuana, mga produkto ng marijuana o mga kagamitang para sa marijuana sa isang taong wala pang 21 taong gulang.

(c) Mga batas na nagbabawal sa isang taong wala pang 21 taong gulang sa pagsasagawa ng anumang mga pagkilos o asal maliban na lang kung pinahintulutan sa ilalim ng Seksiyon 11362.1.

(d) Ang mga batas na tumutukoy sa paghithit o pagkain ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa mga lupain ng, o sa loob ng, anumang pasilidad o institusyon sa ilalim ng hurisdiksiyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon o ng Dibisyon ng Hustisyang Pangkabataan, o sa mga lupain ng, o sa loob ng, anumang iba pang pasilidad o institusyon na binanggit sa Seksiyon 4573 ng Kodigo Penal.

(e) Mga batas na nagsasaad na ituturing na pagpapabaya o pag-abuso sa propesyonal na tungkulin ang pagsasagawa ng anumang tungkulin habang nasa impluwensiya ng marijuana o mga produkto ng marijuana nang dahil sa paghithit o pagkain nito.

(f) Ang mga karapatan at obligasyon ng mga pampubliko at pribadong nag-eempleyo na magpanatili ng pinagtatrabahuhang walang droga at alak o na nag-aatas sa nag-eempleyo na pahintulutan o payagan ang paggamit, pag-ubos, pagdadala, paghahatid, pagpapakita, pagbebenta o pagpapatubo ng marijuana sa pinagtatrabahuhan, o na makaapekto sa kakayahan ng mga nag-eempleyo na magkaroon ng mga patakaran na nagbabawal sa paggamit ng marijuana sa mga empleyado at mga empleyado sa hinaharap, o pigilan ang mga nag-eempleyo sa pagsunod sa batas ng estado o batas na pederal.

(g) Ang kakayahan ng ahensiya ng estado o lokal na pamahalaan na pagbawalan o paghigpitan ang anumang mga pagkilos o asal maliban na lang kung pinahintulutan sa Seksiyon 11362.1 sa loob ng isang gusaling pagmamay-ari, nirerentahan o kung saan naroon ang isang ahensiya ng estado o lokal na pamahalaan.

(h) Ang kakayahan ng isang indibidwal o pribadong entidad na pagbawalan o paghigpitan ang anumang mga pagkilos o asal maliban na lang kung pinapahintulutan sa ilalim ng Seksiyon 11362.1 sa pribadong ari-arian na pagmamay-ari ng indibidwal o entidad.

(i) Mga batas na tumutukoy sa Batas sa Paggamit ng Medikal na Marijuana ng 1996.

SEK. 5. Paggamit ng Marijuana para sa Mga Layuning Medikal.

SEK. 5.1. Ang Seksiyon 11362.712 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.712. (a) Simula sa Enero 1, 2018, ang isang kwalipikadong pasyente ay dapat na mayroong rekomendasyon ng doktor na sumusunod sa Artikulo 25 (na nagsisimula sa Seksiyon 2525) ng Kabanata 5 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon. Gayunpaman, ang hindi pagsunod sa mga iniaatas na ito ay hindi makakaapekto sa alinman sa mga proteksyong ibinigay sa mga pasyente o sa mga pangunahin nilang tagapagbigay ng pag-aalaga ng Seksiyon 11362.5.

(b) Ang kagawaran ng kalusugan ng county o ang itinalaga ng county ay dapat bumuo ng mga protokol upang matiyak na, simula sa Enero 1, 2018, ang lahat ng kard ng pagkakakilanlan na inisyu alinsunod sa Seksiyon 11362.71 ay sinusuportahan ng rekomendasyon ng isang doktor na sumusunod sa Artikulo 25 (na nagsisimula sa Seksiyon 2525) ng Kabanata 5 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

SEK. 5.2. Ang Seksiyon 11362.713 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.713. (a) Ang impormasyong tumutukoy sa mga pangalan, tirahan, o numero ng seguridad sosyal ng mga pasyente, sa kanilang mga medikal na kondisyon, o sa mga pangalan ng kanilang mga pangunahing tagabigay ng pag-aalaga, na tinanggap at nakapaloob sa mga rekord ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado at ng alinmang kagawaran ng pampublikong kalusugan ng county ay itinuturing na "medikal na impormasyon" batay sa pagpapakahulugan ng Batas sa Pagiging Kumpidensyal ng Medikal na Impormasyon (Bahagi 2.6 (na nagsisimula sa Seksiyon 56) ng Dibisyon 1 ng Kodigo Sibil) at hindi dapat ibunyag ng kagawaran o ng alinmang kagawaran ng pampublikong kalusugan ng county maliban kung bilang pagsunod sa mga kabawalan sa pagbubunyag ng impormasyong makakapagpakilala ng indibidwal sa ilalim ng Batas sa Pagiging Kumpidensyal ng Medikal na Impormasyon.

(b) Sa loob ng 24 na oras mula noong matanggap ang anumang kahilingan na ibunyag ang pangalan, tirahan, o numero ng seguridad sosyal ng isang pasyente, ng kanilang medikal na kondisyon, o ang pangalan ng kanilang pangunahing tagabigay ng pag-aalaga, dapat makipag-ugnayan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado o alinmang ahensiya ng pampublikong kalusugan ng county sa pasyente at ipaalam sa pasyente ang tungkol sa kahilingan at kung ginawa ang kahilingan sa pamamagitan ng liham, isang kopya ng kahilingan.

(c) Sa kabila ng Seksiyon 56.10 ng Kodigo Sibil, wala sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, o sa alinmang ahensiya ng pampublikong kalusugan ng county, ang dapat magbunyag, o dapat utusan ng ahensiya o hukuman na ibunyag, ang mga pangalan, tirahan, o numero ng seguridad sosyal ng mga pasyente, kanilang mga medikal na kondisyon, o ang mga pangalan ng kanilang mga pangunahing tagabigay ng pag-aalaga, bago sumapit ang ika-10 araw pagkatapos makipag-ugnayan sa pasyente na gusto ninyong mabunyag ang mga rekord.

(d) Hindi dapat maglaman ang sistema ng aplikasyon para sa kard ng pagkakakilanlan o database na ginagamit o pinapanatili ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado o ng alinmang kagawaran ng pampublikong kalusugan ng county o ng itinalaga ng county alinsunod sa ipinagkakaloob sa Seksiyon 11362.71 ng anumang personal na impormasyon ng sinumang kwalipikadong pasyente, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pangalan ng pasyente, tirahan, numero ng seguridad sosyal, mga medikal na kondisyon, o mga pangalan ng kanilang mga pangunahing tagabigay ng pag-aalaga. Ang nasabing sistema ng aplikasyon o database ay maaari lang maglaman ng natatanging numero ng pagkakakilanlan ng gumagamit, at kapag inilagay ang numerong iyon, ang tanging impormasyon na maaaring ibigay ay kung may bisa o walang bisa ang kard.

SEK. 5.3. Ang Seksiyon 11362.755 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

11362.755. (a) ~~Dapat magtakda ang kagawaran ng mga bayad para sa aplikasyon at pag-renew para sa mga taong gustong kumuha o mag-renew ng mga kard ng pagkakakilanlan na sapat upang masaklawan ang mga gastusing maiipon ng kagawaran, kasama na ang halaga ng pag-startup, ang halaga ng mga pinababang bayad para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal alinsunod sa subdibisyon (b), ang halaga ng pagtukoy at pagbuo ng sulit na Web-based na sistema sa Internet, at ang halaga ng pagpapanatili sa 24 na oras na walang bayad na numero ng telepono.~~ Ang bawat kagawaran ng kalusugan ng county o itinalaga ng county ay maaaring maningil ~~ng karagdagang~~ *ng* bayad para sa lahat ng halagang naipon ng county o ng itinalaga ng county para sa pamamahala sa programa alinsunod sa artikulong ito.

(b) Hindi kailanman dapat lumampas ang halaga ng bayad na sisingilin ng isang kagawaran ng kalusugan ng county sa isang daang dolyar ($100) sa bawat aplikasyon o pag-renew.

~~(b)~~ *(c)* Pagkatapos magbigay ng kasiya-siyang patunay ng paglahok at pagiging karapat-dapat sa programang Medi-Cal, dapat makatanggap ang isang benepisyaryo ng Medi-Cal ng 50 porsiyentong diskwento sa mga bayad na itinakda alinsunod sa seksiyong ito.

(d) Pagkatapos magbigay ng kasiya-siyang patunay na ang kwalipikadong pasyente, o ang legal na tagapangalaga ng isang kwalipikadoong pasyente na wala pang 18 taong gulang, ay isang medikal na mahirap na may sapat na gulang na karapat-dapat para sa at lumalahok sa Programa ng Mga Serbisyong Medikal ng County, dapat alisin ang bayad na itinakda alinsunod sa seksiyong ito.

(e) Sakaling ang mga bayad na sinigil at kinolekta ng isang kagawaran ng kalusugan ng county ay hindi sapat upang mabayaran ang mga gastos na pampangasiwaan na naipon sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng kagawaran ng kalusugan ng county na nauugnay sa mandatoryong sistema ng kard ng pagkakakilanlan, dapat ibalik ng Lehislatura, kapag hiniling ng kagawaran ng kalusugan ng county, ang mga ginastos ng kagawaran ng kalusugan ng county para sa mga makatuwirang gastos na pampangasiwaan na iyon na lalampas sa mga bayad na siningil at kinolekta ng kagawaran ng kalusugan ng county.

SEK. 5.4. Ang Seksiyon 11362.84 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.84. Ang katayuan at pag-uugali ng isang kwalipikadong pasyente na kumikilos alinsunod sa Batas sa Nauunawaang Paggamit ay hindi dapat gamitin, nang iyon lamang, upang pagbawalan o putulin ang mga karapatan sa kustodiya o karapatan ng magulang sa mga anak na wala pa sa legal na gulang sa anumang pagkilos o pamamaraan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng hukumang pampamilya o pangkabataan.

SEK. 5.5. Ang Seksiyon 11362.85 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11362.85. Kapag natukoy ng Pangkalahatang Abogado ng California na sinusugan ang pederal na iskedyul ng mga kinokontrol na substance upang i-reclassify o i-declassify ang marijuana, maaaring susugan o ipawalang-saysay ng Lehislatura ang mga pagkakaloob ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung kinakailangan, upang umayon ang batas ng estado sa mga nasabing pagbabago sa batas na pederal.

SEK. 6. Regulasyon at Kaligtasan mula sa Marijuana.

SEK. 6.1. Ang Dibisyon 10 (na nagsisimula sa Seksiyon 26000) ay idinaragdag sa Kodigo ng Negosyo at Mga Propresyon, kung saan mababasa ang:

DIBISYON 10. MARIJUANA

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG TADHANA AT PAGPAPAKAHULUGAN

26000. (a) Ang layunin at intensyon ng dibisyong ito ay magtakda ng kumprehensibong sistema upang makontrol at malimitahan ang pag-aalaga, pamamahagi, pagbibiyahe, pag-iimbak, pagmamanupaktura, pagpoproseso, at pagbebenta ng hindi medikal na marijuana at mga produkto ng marijuana para sa mga may sapat na gulang na 21 taon at mas matanda.

(b) Sa pagsusulong ng subdibisyon (a), pinapalawak ng dibisyong ito ang mga kapangyarihan at tungkulin ng mga kasalukuyang ahensiya ng estado

na may pananagutan sa pagkontrol at paglimita sa industriya ng medikal na cannabis sa ilalim ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 upang maisama ang kapangyarihan at tungkulin na kontrolin at limitahan ang industriya ng pangkomersiyo at hindi medikal na marijuana.

(c) Ang Lehislatura ay maaaring, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, magpatibay ng mga batas upang maipatupad ang dibisyong ito, basta't ang mga nasabing batas ay alinsunod sa mga layunin at intensyon ng Batas sa Pagkontrol, Paglilimita at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang.

26001. Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ilalapat ang mga sumusunod na pagpapakahulugan:

(a) Ang kahulugan ng "aplikante" ay ang sumusunod:

(1) Ang may-ari o mga may-ari ng iminungkahing lisensiyado. Ang "may-ari" ay nangangahulugang lahat ng tao na mayroong (A) interes sa kabuuang pagmamay-ari (maliban sa interes sa security, lien, o sagutin) na 20 porsiyento o higit pa sa lisensiyado at (B) kapangyarihang idirekta o magdulot ng pagdidirekta, ang pamamahala o pagkontrol sa lisensiyado.

(2) Kung ang aplikante ay isang kompanyang pampublikong may ikinakalakal na stocks, kasama sa "may-ari" ang opisyal na punong tagapagpaganap at sinumang miyembro ng lupon ng mga direktor at sinumang tao o entidad na may interes sa kabuuang pagmamay-ari sa kompanya na 20 porsiyento o higit pa. Kung ang aplikante ay isang di-nagtutubong entidad, ang "may-ari" ay nangangahulugang ang opisyal na punong tagapagpaganap at sinumang miyembro ng lupon ng mga direktor.

(b) Ang "kawanihan" ay tumutukoy sa Kawanihan ng Pagkontrol ng Marijuana na nasa ilalim ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili.

(c) Ang "pampigil sa bata" ay nangangahulugang dinisenyo o ginawa upang maging lubos na mahirap para sa mga batang wala pang limang taon gulang na buksan, at hindi mahirap para sa mga karaniwang may sapat na gulang na gamitin nang maayos.

(d) Kasama sa "pangkomersiyong aktibidad sa marijuana" ang pag-aalaga, pagmamay-ari, pagmamanupaktura, pamamahagi, pagpoproseso, pag-iimbak, pagsusuri sa laboratoryo, paglalagay ng label, pagbibiyahe, pamamahagi, paghahatid o pagbebenta ng marijuana at mga produkto ng marijuana alinsunod sa binanggit sa dibisyong ito.

(e) Ang "pag-aalaga" ay nangangahulugan ng anumang aktibidad na kinasasangkutan ng pagtatanim, pagpapalaki, pag-aani, pagpapatuyo, pag-cure, pag-grade, o pagtabas ng marijuana.

(f) Ang "customer" ay nangangahulugang isang taong may edad na 21 o higit pa.

(g) Ang "sentro ng pag-aalaga sa araw" ay dapat magkaroon ng parehong kahulugan gaya ng nakasaad sa Seksiyon 1596.76 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(h) Ang "paghahatid" ay nangangahulugang ang pangkomersiyong paglilipat ng marijuana o mga produkto ng marijuana patungo sa isang customer. Kasama rin sa "paghahatid" ang paggamit ng tagapagtingi ng anumang anyo ng teknolohiya na pagmamay-ari at kinokontrol ng tagapagtingi, o hiwalay na binigyan ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito, na nagbibigay-daan sa mga customer na ayusin o pangasiwaan ang pangkomersiyong paglilipat ng isang lisensiyadong tagapagtingi ng marijuana o mga produkto ng marijuana.

(i) Ang "direktor" ay nangangahulugang ang Direktor ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili.

(j) Ang "pamamahagi" ay nangangahulugang ang pagkuha, pagbebenta, at pagbibiyahe ng marijuana at mga produkto ng marijuana sa pagitan ng mga entidad na binigyan ng lisensiya alinsunod sa dibisyong ito.

(k) Ang "pondo" ay nangangahulugang ang Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana na itinakda alinsunod sa Seksiyon 26210.

(l) Ang "uri" ay nangangahulugang ang naaangkop na uri o tawag ukol sa partikular na variant ng marijuana o uri ng produkto ng marijuana, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pangalan ng strain o iba pang tatak-pangkalakal ng nagpalaki, o tawag sa lugar kung saan ito pinalaki.

(m) Ang "lisensiya" ay nangangahulugang isang lisensiya mula sa estado na inisyu sa ilalim ng dibisyong ito.

(n) Ang "lisensiyado" ay nangangahulugang sinumang tao o entidad na mayroong lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito.

(o) Ang "awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya" ay nangangahulugang ang ahensiya ng estado na responsable para sa pag-iisyu, pagre-renew, o pagbabalik ng lisensiya, o ang ahensiya ng estado na binigyan ng awtorisasyon na magsagawa ng pandisiplinang pagkilos laban sa lisensiyado.

(p) Ang "lokal na hurisdiksiyon" ay nangangahulugang isang lunsod, county, o lunsod at county.

(q) Ang "pagmanupaktura" ay nangangahulugang pagsasama, paghahalo, pag-extract, pag-infuse, o kung hindi man ay pagagawa o paghahanda ng produkto ng marijuana.

(r) Ang "tagapagyari" ay nangangahulugang isang taong nagsasagawa ng produksiyon, paghahanda, pagpaparami, o pagsasama-sama ng marijuana o mga produkto ng marijuana nang direkta o hindi direkta o sa pamamagitan ng mga paraan ng pag-extract, o nang hiwalay sa pamamagitan ng mga paraan ng kemikal na sintesis, o sa pamamagitan ng kumbinasyon ng pag-extract at kemikal na sintesis sa isang pirming lokasyon na nagpa-package o nagre-repackage ng marijuana o mga produkto ng marijuana o naglalagay ng mga label o nagpapalit ng mga label sa mga lalagyan nito, na may hawak na lisensiya ng estado alinsunod sa dibisyong ito.

(s) Ang "marijuana" ay may parehong kahulugan gaya ng nasa Seksiyon 11018 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, maliban sa hindi rito kabilang ang marijuana na inaalagaan, pinoproseso, ibinabiyahe, ipinapamahagi, o ibinebenta para sa mga medikal na layunin sa ilalim ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(t) Ang "mga accessory sa paggamit ng marijuana" ay may parehong kahulugan gaya ng nasa Seksiyon 11018.2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(u) Ang "mga produkto ng marijuana" ay may parehong kahulugan gaya ng nasa Seksiyon 11018.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, maliban sa hindi kasama rito ang mga produkto ng marijuana na namanupaktura, naproseso, nailipat, naipamahagi, o naibenta para sa mga medikal na layunin sa ilalim ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(v) Ang "paminhian" ay nangangahulugang isang lisensiyado na nagtatanim lang ng mga clone at punla, buto, at iba pang mga produktong pang-agrikultura na ginagamit partikular para sa pagtatanim, pagpaparami, at pag-aalaga ng marijuana.

(w) Ang "pagpapatakbo" ay nangangahulugang anumang pagkilos kung saan kinakailangan ng lisensiya sa ilalim ng mga pagkakaloob ng dibisyong ito, o anumang pangkomersiyong paglilipat ng marijuana o mga produkto ng marijuana.

(x) Ang "package" ay nangangahulugang anumang lalagyan o sisidlang ginagamit bilang lalagyan ng marijuana o mga produkto ng marijuana.

(y) Kasama sa "tao" ang sinumang indibidwal, kompanya, kasosyo, pinag-isang pakikipagsapalaran, kapisanan, korporasyon, kompanyang may limitadong pananagutan, ari-arian, trust, trust ng negosyo, tagatanggap, sindikato, o anumang iba pang grupo o kombinasyong kumikilos bilang isang yunit, at ang pangmaramihan pati ang pang-isahan.

(z) Ang "bumibili" ay nangangahulugang ang customer na nakikipagtransaksiyon sa isang lisensiyado para sa mga layunin ng pagkuha ng marijuana o mga produkto ng marijuana.

(aa) Kasama sa "magbenta," "pagbebenta," at "ibenta" ang anumang transaksyon kung saan, para sa anumang pagsasaalang-alang, ang karapatan sa marijuana ay inililipat mula sa isang tao patungo sa iba, at kasama rito ang paghahatid ng marijuana o mga produkto ng marijuana

alinsunod sa ibinigay na order para sa pagbili ng mga ito at pagkuha o pagtanggap ng order para sa mga ito, ngunit hindi kasama rito ang pagsasauli ng marijuana o mga produkto ng marijuana ng isang lisensiyado patungo sa isa pang lisensiyado kung kanino binili ang nasabing marijuana o mga produkto ng marijuana.

(bb) Ang "serbisyo sa pagsusuri" ay nangangahulugang isang laboratoryo, pasilidad, o entidad sa estado, na nag-aalok o nagsasagawa ng mga pagsusuri sa marijuana o mga produkto ng marijuana, kasama na ang kagamitang ibinibigay ng nasabing laboratoryo, pasilidad, o entidad, at na nakakatugon sa mga sumusunod:

(1) Nabigyan ng kapangyarihan ng isang samahang nagbibigay ng kapangyarihan na independiyente mula sa lahat ng iba pang taong sangkot sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana sa estado.

(2) Nakarehistro sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

(cc) Ang "natatanging tagatukoy" ay nangangahulugang isang alphanumeric na code o marka na ginagamit bilang tawag sa isang partikular na halaman na nasa mga lisensiyadong gusali.

(dd) Ang pagiging "hindi makatwiran at hindi praktikal" ay nangangahulugan na ang mga pamamaraang kinakailangan upang makasunod sa mga regulasyon ay nangangailangan ng malaking pamumuhunan na may panganib, nangangailangan ng pera, oras, o anumang iba pang mapagkukunan o yaman, kung saan ang pagpapatakbo ng establisamyento ng marijuana ay hindi karapat-dapat na patakbuhin ng isang makatwirang masinop na negosyante.

(ee) Ang "sentrong pangkabataan" ay dapat magkaroon ng parehong kahulugan gaya ng nakasaad sa Seksiyon 11353.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

KABANATA 2. PANGANGASIWA

26010. (a) Ang Kawanihan ng Paglimita ng Medikal na Marijuana na itinakda sa Seksiyon 19302 ay pinalitan ng pangalan at ginawang Kawanihan ng Pagkontrol ng Marijuana. Dapat pamahalaan at ipatupad ng direktor ang mga pagkakaloob ng dibisyong ito bilang karagdagan sa mga pagkakaloob ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8. Ang direktor ay dapat magtaglay ng parehong kapangyarihan at awtoridad alinsunod sa ipinagkakaloob ng mga subdibisyon (b) at (c) ng Seksiyon 19302.1 para sa mga layunin ng dibisyong ito.

(b) Ang kawanihan at ang direktor ay dapat humalili sa at tinatalagahan ng lahat ng tungkulin, kapangyarihan, layunin, responsibilidad, at hurisdiksiyong nakatalaga sa Kawanihan ng Paglimita ng Medikal na Marijuana sa ilalim ng Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(c) Bukod pa sa mga kapangyarihan, tungkulin, layunin, responsibilidad, at hurisdiksiyong binanggit sa subdibisyon (b), ang kawanihan simula ngayon ay mayroon nang kapangyarihan, tungkulin, layunin, responsibilidad, at hurisdiksyon na kontrolin ang pangkomersiyong aktibidad sa marijuana alinsunod sa ipinagkakaloob sa dibisyong ito.

(d) Sa epektibong petsa ng seksiyong ito, sa tuwing lalabas ang "Kawanihan ng Paglimita ng Medikal na Marijuana" sa anumang batas, regulasyon, o kontrata, o sa anumang iba pang kodigo, dapat itong pakahulugan na tumutukoy sa kawanihan.

26011. Wala sa pinuno ng kawanihan o sinumang miyembro ng Panel ng Mga Apela sa Pagkontrol sa Marijuana na itinakda sa ilalim ng Seksiyon 26040 ang dapat gumawa ng sumusunod:

(a) Tumanggap ng anumang komisyon o kita, nang direkta o hindi direkta, mula sa sinumang taong nag-a-apply para sa o tumatanggap ng anumang lisensiya o permiso sa ilalim ng dibisyong ito o Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(b) Makilahok o magkaroon ng anumang interes sa pagbebenta o anumang segurong sumasaklaw sa negosyo o gusali ng isang lisensiyado.

(c) Makilahok o magkaroon ng anumang interes sa pagbebenta ng kagamitan para sa paggamit sa loob ng mga gusali ng isang lisensiyado na sangkot sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana.

(d) Sadyang manghingi sa sinumang lisensiyado para sa pagbili ng mga ticket para sa mga benepisyo o mga kontribusyon para sa mga benepisyo.

(e) Sadyang hilingin sa sinumang lisensiyado na magbigay ng donasyon o tumanggap ng pera, o anumang ibang bagay na mamahalin, para sa benepisyo ng sinumang ibang tao.

26012. (a) Dahil isa itong usaping nauugnay sa buong estado, maliban kung hindi pinahintulutan sa dibisyong ito:

(1) Ang Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili ay dapat magkaroon ng eksklusibong awtoridad na gumawa, mag-isyu, mag-renew, magdisiplina, magsuspinde, o magpawalang-bisa ng mga lisensiya para sa pagbibiyahe, pag-iimbak na walang kaugnayan sa mga aktibidad ng pagmamanupaktura, pamamahagi, at pagbebenta ng marijuana sa loob ng estado.

(2) Dapat pamahalaan ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ang mga pagkakaloob ng dibisyong ito na nauugnay sa pag-aalaga ng marijuana. Dapat magkaroon ng awtoridad ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura na gumawa, mag-isyu, at magsuspinde o magpawalang-bisa ng mga lisensiya sa pag-aalaga para sa mga paglabag sa dibisyong ito.

(3) Dapat pamahalaan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ang mga pagkakaloob ng dibisyong ito na nauugnay sa pagmamanupaktura at pagsusuri ng marijuana. Dapat magkaroon ng awtoridad ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na gumawa, mag-isyu, at magsuspinde o magpawalang-bisa ng mga lisensiya sa pagmamanupaktura at pagsusuri para sa mga paglabag sa dibisyong ito.

(b) Dapat magkaroon ng awtoridad ang mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya at ang kawanihan na mangolekta ng mga bayad kaugnay ng mga aktibidad na kinokontrol nila patungkol sa marijuana. Ang kawanihan ay maaaring gumawa ng mga lisensiya bilang karagdagan sa mga tinukoy sa dibisyong ito na sa palagay ng kawanihan ay kinakailangan upang maisagawa ang mga tungkulin nito sa ilalim ng dibisyong ito.

(c) Dapat simulan ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang pag-iisyu ng mga lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito sa Enero 1, 2018.

26013. (a) Ang mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat gumawa at magtakda ng mga makatwirang tuntunin at regulasyon na maaaring kinakailangan upang maipatupad, mapamahalaan at maisagawa ang kanya-kanya nilang mga tungkulin sa ilalim ng dibisyong ito alinsunod sa Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga nasabing tuntunin at regulasyon ay dapat sumusunod sa mga layunin at intensyon ng Batas sa Pagkontrol, Paglilimita at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang.

(b) Ang mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay maaaring magtagubilin, magpatibay, at magpatupad ng anumang mga emerhensiyang regulasyon kung kinakailangan upang maipatupad, mapamahalaan, at maisagawa ang kanya-kanya nilang mga tungkulin sa ilalim ng dibisyong ito. Ang anumang emerhensiyang regulasyon na itinagubilin, pinagtibay o ipinatupad alinsunod sa seksyong ito ay dapat pagtibayin alinsunod sa Kabanata 3.5 (na nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at, para sa mga layunin ng kabanatang iyon, kasama na ang Seksiyon 11349.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpapatibay ng regulasyon ay isang emerhensiya at dapat ituring ng Opisina ng Pampangasiwaang Batas na kinakailangan para sa agarang pagpapanatili ng pampublikong kapayapaan, kalusugan at kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan.

(c) Ang mga regulasyong inisyu sa ilalim ng dibisyong ito ay kinakailangan upang makamit ang mga layunin ng dibisyong ito, batay sa magagamit na pinakamatibay na ebidensya, at dapat na magtakda lang ng mga pamamaraan, teknolohiya, o iba pang mga iniaatas na komersyal na maisasagawa, at hindi nito dapat mapigilan o mahadlangan ang pagbuo ng mga alternatibong pamamaraan o teknolohiya upang makamit ang mga

katulad na mahahalagang iniaatas, o hindi dapat gawin ng mga nasabing regulasyon na hindi makatwiran at hindi praktikal ang pagsunod.

26014. (a) Ang kawanihan ay dapat magtipon ng isang nagpapayong komite upang mapayuhan ang kawanihan at mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya tungkol sa pagbuo ng mga pamantayan at regulasyon alinsunod sa dibisyong ito, kasama na ang tungkol sa mga pinakamainam na kasanayan at patnubay na magpoprotekta sa pampublikong kalusugan at kaligtasan habang tinitiyak ang kontroladong kapaligiran para sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana na hindi nagpapataw ng mga hindi makatwiran at hindi praktikal na balakid upang magpatuloy, sa halip na mabawasan at matanggal, ang ilegal na pamilihan para sa marijuana.

(b) Ang mga miyembro ng nagpapayong komite ay dapat kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga kinatawan ng industriya ng marijuana, mga kinatawan ng organisasyon ng paggawa, naaangkop na ahensiya ng estado at lokal na ahensiya, dalubhasa sa pampublikong kalusugan, at iba pang dalubhasa sa usapin, kasama na ang mga kinatawan mula sa Kagawaran ng Pagkontrol ng Inuming May Alak, na may kadalubhasaan sa pagkontrol sa pangkomersiyong aktibidad para sa paggamit ng may sapat na gulang ng mga inuming nakakalasing. Ang mga miyembro ng nagpapayong komite ay dapat tikuyin ng direktor.

(c) Simula sa Enero 1, 2019, dapat maglathala ang nagpapayong komite ng isang taunang pampublikong ulat na naglalarawan sa mga aktibidad nito kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, mga rekomendasyong ibinigay ng nagpapayong komite sa kawanihan at mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya sa kasunod na taon sa kalendaryo at kung ang mga rekomendasyong iyon ay ipinatupad ng kawanihan o mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

26015. Ang isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay maaaring mag-imbestiga o mag-utos ng pag-iimbestiga kung sa palagay niya ay kinakailangan ito upang maisagawa ang mga tungkulin nito sa ilalim ng dibisyong ito.

26016. Para sa anumang pagdinig na isinagawa alinsunod sa dibisyong ito, maliban sa pagdinig na isinagawa sa ilalim ng Kabanata 4 (na nagsisimula sa Seksiyon 26040), maaaring italaga ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang kapangyarihan sa pagdinig at pagpapasiya sa isang hukom ng pampangasiwaang batas. Ang anumang pagdinig sa harapan ng hukom ng pampangasiwaang batas ay dapat alinsunod sa mga pamamaraan, tuntunin, at limitasyong itinagubilin sa Kabanata 5 (na nagsisimula sa Seksiyon 11500) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

26017. Sa anumang pagdinig sa harapan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya alinsunod sa dibisyong ito, maaaring bayaran ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang sinumang taong lalabas bilang saksi sa pagdinig sa kahilingan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya alinsunod sa isang subpena, ang kanyang aktwal, kinakailangan, at makatwirang mga gastusin sa paglalakbay, pagkain, at tutuluyan, na hindi lalampas sa halagang pinahintulutan para sa mga empleyado ng estado.

26018. Ang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay maaaring kumilos nang mag-isa anumang oras bago ipatupad ang isang pagtatasa sa parusa, at nang walang anumang mga karagdagang pamamaraan, at repasuhin ang parusa, ngunit ang nasabing pagrepaso ay dapat limitahan sa pagbawas nito.

KABANATA 3. PAGPAPATUPAD

26030. Kabilang sa mga batayan para sa pandisiplinang pagkilos ang:

(a) Hindi pagsunod sa mga pagkakaloob ng dibisyong ito o anumang tuntunin o regulasyong pinagtibay alinsunod sa dibisyong ito.

(b) Pagkilos na nagbubunsod ng mga batayan para sa pagtanggi sa pagbibigay ng lisensiya alinsunod sa Kabanata 3 (na nagsisimula sa Seksiyon 490) ng Dibisyon 1.5.

(c) Anumang iba pang mga batayan na nakapaloob sa mga regulasyong pinagtibay ng isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya alinsunod sa dibisyong ito.

(d) Hindi pagsunod sa anumang batas ng estado kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pagbabayad ng mga buwis alinsunod sa iniaatas sa ilalim ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, maliban kung nakasaad sa dibisyong ito o sa iba pang batas ng California.

(e) May napag-alamang mga paglabag sa anumang batas ng estado o lokal na batas, ordinansa, o regulasyong nagbibigay ng mga proteksiyon sa manggagawa o mga legal na karapatan sa mga empleyado ng isang lisensiyado.

(f) Hindi pagsunod sa iniaatas ng lokal na ordinansa na nagkokontrol sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana.

(g) Ang sadya at napag-alamang pagbebenta ng marijuana o mga produkto ng marijuana ng isang lisensiyado sa isang taong wala pa sa legal na edad upang bumili o magmay-ari.

26031. Ang bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay maaaring magsuspinde o magpawalang-bisa ng mga lisensiya, pagkatapos ng wastong pag-abiso at pagdinig sa lisensiyado, kung napag-alaman na ang lisensiyado ay nakagawa ng anumang mga pagkilos o pag-aalis na nagbubunsod ng mga batayan para sa pandisiplinang pagkilos. Ang mga pandisiplinang pamamaraan sa ilalim ng kabanatang ito ay dapat isagawa alinsunod sa Kabanata 5 (na nagsisimula sa Seksiyon 11500) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at ang direktor ng bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat magtaglay ng lahat ng kapangyarihang ibinibigay rito.

26032. Ang bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay maaaring magpataw ng pandisiplinang pagkilos laban sa isang lisensiyado para sa anumang paglabag sa dibisyong ito kapag ang paglabag ay ginawa ng ahente o empleyado ng lisensiyado habang kumikilos sa ngalan ng lisensiyado o nasangkot sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana.

26033. Kapag sinuspinde o pinawalang-bisa ang isang lisensiya, dapat itong sabihin ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya sa kawanihan. Ang kawanihan naman ang magsasabi sa lahat ng iba pang mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

26034. Dapat ihain ang mga akusasyon laban sa mga lisensiyado sa ilalim ng disbisyong ito sa parehong mga limitasyon sa oras gaya ng tinukoy sa Seksiyon 19314 o kung iba ang nakasaad sa batas.

26035. Dapat italaga ng direktor ang mga taong nagtatrabaho sa Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili para sa mga layunin ng pamamahala at pagpapatupad ng dibisyong ito. Dapat tiyakin ng direktor na mga kwalipikadong opisyal ng kapayapaan ang malaking bilang ng mga empleyado para sa mga layunin ng pagpapatupad sa dibisyong ito.

26036. Walang anumang bagay sa dibisyong ito ang dapat na ituring na humahalili o naglilimita sa mga ahensiya ng estado sa pagpapatupad ng kasalukuyang awtoridad sa pagpapatupad ng mga ito, kasama na ang, ngunit hindi limitado, sa ilalim ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop, Kodigo sa Pagkain at Agrikultura, Kodigo ng Pamahalaan, Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, Kodigo sa Mga Pampublikong Tagapagdulot, Kodigo sa Tubig, o ang paglalapat ng mga batas na iyon.

26037. (a) Ang mga pagkilos ng isang lisensiyado, mga empleyado nito, at mga ahente nito na (1) pinapahintulutan sa ilalim ng lisensiyang inisyu sa ilalim ng dibisyong ito at anumang mga naaangkop na lokal na ordinansa at (2) isinagawa alinsunod sa mga iniaatas ng dibisyong ito at mga regulasyong pinagtibay alinsunod sa dibisyong ito, ay hindi labag sa batas sa ilalim ng batas ng estado at hindi dapat na ituring na isang paglabag kung saan maaaring arestuhin, usigin, o iba pang parusa sa ilalim ng batas ng estado, o mapasailalim sa isang sibil na multa o maging batayan para sa pagsamsam o pagkaremata ng mga yaman sa ilalim ng batas ng estado.

(b) Ang mga pagkilos ng isang tao na, sa mabuting hangarin, ay pinahintulutan na gamitin ang kanyang ari-arian ng isang lisensiyado, mga empleyado nito, at mga ahente nito, ayon sa binigyan ng permiso alinsunod sa lisensiya ng estado at anumang mga naaangkop na lokal na ordinansa, ay hindi labag sa batas sa ilalim ng batas ng estado at hindi dapat na ituring na

isang paglabag kung saan maaaring arestuhin, usigin, o iba pang parusa sa ilalim ng batas ng estado, o mapasailalim sa isang sibil na multa o maging batayan para sa pagsamsam o pagkaremata ng mga yaman sa ilalim ng batas ng estado.

26038. (a) Ang taong nakikilahok sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana nang walang lisensiya na iniaatas ng dibisyong ito ay dapat patawan ng mga multang sibil na hanggang tatlong beses ng halaga ng bayad sa lisensiya para sa bawat paglabag, at maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagsira ng marijuana na nauugnay sa paglabag na iyon alinsunod sa Seksiyon 11479 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan. Ang bawat araw ng pagpapatakbo ay dapat ituring na hiwalay na paglabag sa seksiyong ito. Ang lahat ng multang sibil na ipinataw at kinolekta alinsunod sa seksiyong ito ng isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat ideposito sa Pangkalahatang Pondo maliban kung nakasaad sa subdibisyon (b).

(b) Kung ang Pangkalahatang Abogado ang nagsagawa ng isang pagkilos para sa mga multang sibil laban sa lisensiyado alinsunod sa dibisyong ito sa ngalan ng mga tao, dapat ideposito sa Pangkalahatang Pondo ang multang makokolekta. Kung ang pagkilos ay isinagawa ng isang abogado ng distrito o konseho ng county, dapat munang gamitin ang multa upang maibalik sa abogado ng distrito o konseho ng county ang mga nagastos sa pagsasagawa ng pagkilos para sa mga multang sibil, kung saan ang matitira, kung mayroon man, ay idedeposito sa Pangkalahatang Pondo. Kung ang pagkilos ay isinagawa ng isang abogado ng lunsod o tagausig ng lunsod, ang nakolektang multa ay dapat munang gamitin upang maibalik sa abogado ng lunsod o tagausig ng lunsod ang mga nagastos sa pagsasagawa ng pagkilos para sa mga multang sibil, kung saan ang matitira, kung mayroon man, ay idedeposito sa Pangkalahatang Pondo.

(c) Sa kabila ng subdibisyon (a), dapat ay patuloy na ilapat ang mga parusa sa krimen sa isang taong walang lisensiyang lumalahok sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana na labag sa dibisyong ito.

Kabanata 4. Mga Pag-apela

26040. (a) Mayroong itinatinatag sa pamahalaan ng estado na Panel ng Mga Apela sa Pagkontrol sa Marijuana na bubuuin ng tatlong miyembrong itatalaga ng Gobernador at napapailalim sa boto ng mayoriya ng lahat ng miyembrong inihalal sa Senado. Ang bawat miyembro, sa panahon ng kanyang paunang pagkakatalaga, ay dapat na residente ng isang county na iba sa tinitirhan ng kahit sino sa iba pang mga miyembro. Ang mga miyembro ng panel ay makakatanggap ng taunang suweldo alinsunod sa Kabanata 6 (simula sa Seksiyon 11550) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Maaaring tanggalin ng Gobernador ang mga miyembro ng panel mula sa kanilang tungkulin, at nasa Lehislatura ang kapangyarihan, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya ng lahat ng miyembrong naihalal sa bawat house, na magtanggal ng sinumang miyembro sa kanilang tungkulin dahil sa pagpapabaya sa trabaho, katiwalian o kawalan ng kakayahan.

(c) Maaari lang magharap ng kasabay na resolusyon para sa pagtatanggal ng sinumang miyembro ng panel sa Lehislatura kung sasali bilang mga may-akda ang 5 Miyembro ng Senado o 10 Miyembro ng Asembleya.

26041. Itatalaga, pagtatrabahuhin, uutusan, at kokontrolin ng panel ang lahat ng kawani ng panel alinsunod sa mga iniaatas ng serbisyo sibil ng estado. Ang direktor ang magbibigay sa kagamitan, suplay, at matutuluyan na kinakailangan para sa mga awtorisadong aktibidad ng panel at gagawin niya ang iba pang mga ganitong mekanismo ng pangangasiwa sa paraang mapagakasunduan ng panel at ng direktor.

26042. Magpapatibay ang panel ng mga pamamaraan para sa mga pag-apela na katulad sa mga pamamaraang ginamit sa Artikulo 3 (simula sa Seksiyon 23075) at Artikulo 4 (simula sa Seksiyon 23080) ng Kabanata 1.5 ng Dibisyon 9 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon. Papagtibayin ang mga naturang pamamaraan alinsunod sa Batas sa Pamamaraan ng Pamamahala (Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan).

26043. (a) Kapag dahil dito ay may sinumang naagrabyado mula sa pasya ng kawanihan o anumang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya na mag-uutos ng anumang pagtatasa parusa, pagbibigay, pagtanggi, pagkukundisyon, pagsususpinde, o pagbawi ng anumang lisensiyang ibibigay sa ilalim ng dibisyong ito, maaaring suriin ng panel ang desisyon alinsunod sa mga naturang limitasyong maaaring ipataw ng Lehislatura Sa ganitong mga kaso, hindi makakatanggap ng ebidensiya ang panel bukod sa isinaalang-alang ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

(b) Ang pagsusuri ng panel sa isang pasya ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay malilimitan sa mga sumusunod na tanong:

(1) Kung gumawa ba ng aksyon ang kawanihan o anumang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya nang wala o labis sa hurisdiksiyon nito.

(2) Kung ginagawa ba ng kawanihan o anumang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang mga tungkulin nito sa paraang kinakailangan ng batas.

(3) Kung sinusuportahan ba ng mga ipinasiya ang pasya.

(4) Kung sinusuportahan ba ng malaking ebidensiya na nagmula sa buong rekord ang mga ipinasiya.

26044. (a) Sa mga apela kung saan mapapag-alaman ng panel na may nauugnay na ebidensiya kung saan, pagkatapos magsagawa ng nararapat ng pagkilos, na hindi mailalabas o maling naibukod sa pagdinig sa harap ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, maaari itong magpasa ng kautusan na nagpapabalik sa usapin sa kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya para sa muling pagsasaalang-alang dahil sa naturang ebidensiya

(b) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (a), sa lahat ng apela, magpapasa ang panel ng kautusan na pinapagtibay o ipinapawalang-bisa ang pasya ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya. Kapag ipinawalang-bisa ng kautusan ang pasya ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, maaaring pamunuan ng lupon ang muling pagsasaalang-alang sa usapin dahil sa utos nito at maaari nitong utusan ang kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya na magsagawa ng higit pang pagkilos sa paraang partikular na ipinag-uutos ng batas, ngunit hindi lilimitahan o kontrolin ng kautusan sa anumang paraan ang kalayaang magpasya na ipinagkaloob ng batas sa kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

26045. Mapapailalim ang mga kautusan ng panel sa pagrepasong panghukuman sa ilalim ng Seksiyon 1094.5 ng Kodigo ng mga Pamamaraang Sibil kapag hiniling ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya o sinumang panig na naaagrabiyado ng ganitong kautusan.

Kabanata 5. Pagbibigay ng Lisensiya

26050. (a) Ang klasipikasyon ng lisensiya alinsunod sa dibisyong ito, bilang minimum, ay ang sumusunod:

(1) Uri 1—Pagtatanim; Outdoor na espesyalidad; Maliit.

(2) Uri 1A—Pagtatanim; Indoor na espesyalidad; Maliit.

(3) Uri 1B—Pagtatanim; Mixed-light na espesyalidad; Maliit.

(4) Uri 2—Pagtatanim; Outdoor; Maliit.

(5) Uri 2A—Pagtatanim; Indoor; Maliit.

(6) Uri 2B—Pagtatanim; Mixed-light; Maliit.

(7) Uri 3—Pagtatanim; Outdoor; Katamtaman.

(8) Uri 3A—Pagtatanim; Indoor; Katamtaman.

(9) Uri 3B—Pagtatanim; Mixed-light; Katamtaman.

(10) Uri 4—Pagtatanim; Nursery.

(11) Uri 5—Pagtatanim; Outdoor; Malaki.

(12) Uri 5A—Pagtatanim; Indoor; Malaki.

(13) Uri 5B—Pagtatanim; Mixed-light; Malaki.

(14) Uri 6—Tagapagyari 1.

(15) Uri 7—Tagapagyari 2.

(16) Uri 8—Pagsusuri.

(17) Uri 10—Tagapagtingi.

(18) Uri 11—Tagapamahagi.

(19) Uri 12—Napakaliit na negosyo.

(b) Ang lahat ng lisensiyang iiisyu sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat na may malinaw na marka na ang lisensiya ay para sa komersiyal na aktibidad sa marijuana na iba sa komersiyal na aktibidad sa medikal na cannabis na nililisensiyahan sa ilalim ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8. Ang mga halimbawa ng mga naturang marka ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, "Uri 1—Di-medikal," o "Uri 1NM."

(c) Magkakaroon ng bisa sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng pag-iisyu ang isang lisensiya na iiisyu alinsunod sa dibisyong ito. Maaaring panibaguhin ang lisensiya taun-taon.

(d) Magtatakda ang bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ng mga pamamaraan para sa pagbibigay at pagpapanibago ng mga lisensiya.

(e) Sa kabila ng subdibisyon (c), maaaring mag-isyu ang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ng pansamantalang lisensiya para sa panahon na hindi lalampas sa 12 buwan. Mawawalan ng bisa ang subdibisyong ito sa Enero 1, 2019.

64

26051. (a) Sa pagpapasya kung ibibigay, tatanggihan, o paninibaguhin ang isang lisensiyang inawtorisahan sa ilalim ng dibisyong ito, dapat isaalang-alang ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang mga salik na makatwirang nauugnay sa pagpapasya, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, kung makatwirang maipagpapalagay ba na maaaring humantong ang pag-iisyu, pagtanggi, o pagpapanibago sa lisensiya sa:

(1) Pagbibigay-daan sa hindi makatwirang paghihigpit sa kumpetisyon sa pamamagitan ng paglikha o pagpapanatili ng labag sa batas na kapangyarihan sa monopolya;

(2) Pagpapanatili sa presensya ng ilegal na merkado ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa loob ng estado o sa labas ng estado;

(3) Paghihikayat sa paggamit ng menor de edad o pang-aabuso ng mga nasa hustong gulang sa marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, o ilegal na pagpapadala ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa labas ng estado;

(4) Pagkakaroon ng sobra-sobrang dami ng lisensiyado sa isang partikular na lunsod, county, o pareho;

(5) Pagdulot ng hindi makatwirang panganib sa mga menor de edad na malantad sa marijuana o mga produktong gawa sa marijuana; o

(6) Paglabag sa anumang mga batas para sa proteksyon ng kalikasan.

(b) Maaaring tanggihan ng isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang pagbibigay ng lisensiya o pagpapanibago ng lisensiya batay sa mga pagsasaalang-alang sa subdibisyon (a).

(c) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang ibig sabihin ng "labis na konsentrasyon" ay kapag ang puwesto para sa isang lisensiya para sa pagtitingi, lisensiya para sa napakaliit na negosyo o lisensiyang iiisyu sa ilalim ng Seksiyon 26070.5 ay nasa isang lugar na tutugunan ang isa sa mga sumusunod na kundisyon:

(1) Ang ratio ng isang lisensiyado sa populasyon sa lugar ng census o dibisyon ng census kung nasaan ang puwesto ng aplikante ay lumalampas sa ratio ng mga lisensiyado sa populasyon ng county kung nasaan ang puwesto ng aplikante, maliban kung hindi makatwirang lilimitahan ng pagtanggi sa aplikasyon ang pagpapaunlad sa legal na merkado upang maitaguyod ang ilegal na merkado para sa marijuana o mga produktong gawa sa marijuana.

(2) Ang ratio ng mga lisensiya sa pagtitingi, mga lisensiya sa napakaliit na negosyo, o mga lisensiya sa ilalim ng Seksiyon 26070.5 sa populasyon sa lugar ng census, dibisyon o hurisdiksiyon ay lampas sa pinapayagan ng lokal na ordinansa na ipinatupad sa ilalim ng Section 26200.

26052. (a) Hindi dapat isagawa ng sinumang lisensiyado ang alinman sa mga sumusunod na gawain, o pahintulutan na gawin ng sinumang empleyado, ahente, o kontratista ng naturang lisensiyado ang mga naturang gawain:

(1) Magsagawa ng anumang kontrata sa paghihigpit sa kalakalan na lumalabag sa Seksiyon 16600;

(2) Bumuo ng kapisanan o anumang iba pang pinagbabawalang organisasyon sa paghihigpit sa kalakalan na lumalabag sa Seksiyon 16720;

(3) Magbenta o makipagkontrata sa pagbebenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, o magtakda ng presyong sisingilin para sa mga ito, o makadiskwento sa, o magsauli ng, ganitong presyo, nang may kundisyon, kasunduan o pagkakaunawaan na ang mamimili o bumibili nito ay hindi gagamit o magbebenta ng mga produkto, kalakal, makinarya, suplay, bilihin, o serbisyo ng isang kakumpitensya o mga kakumpitensya ng naturang nagbebenta, kung saan ang epekto ng naturang pagbebenta, kontrata, kundisyon, kasunduan, o pagkakaunawaan ay para mabawasan nang malaki ang kumpetisyon o magsulong na makapagtatag ng monopolyo sa anumang larangan ng kalakalan o komersyo;

(4) Magbenta ng anumang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa presyong mas mababa sa nakatakda upang manira ng mga kakumpitensya, alisin ang kumpetisyon, o linlangin o dayain ang mga bumibili o maaaring bumili;

(5) Magkaroon ng pandidiskrimina sa pagitan ng iba't ibang seksiyon, komunidad, o lunsod o mga bahagi ng mga ito, o sa pagitan ng iba't ibang lokasyon sa mga naturang seksiyon, komunidad, o lunsod o mga bahagi ng mga ito sa estadong ito, sa pamamagitan o pagsusuplay ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa mas mababang presyo sa isang seksiyon, komunidad, o lunsod o mga bahagi ng mga ito, o sa isang lokasyon sa naturang seksiyon, komunidad, o lunsod o mga bahagi ng mga ito, kumpara sa isa pa, upang manira ng mga kakumpitensya o alisin ang kumpetisyon; o

(6) Magbenta ng anumang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa presyong mas mababa sa presyo ng naturang nagbebenta, o magpamigay ng anumang bagay o produkto upang manira ng mga kakumpitensya o alisin ang kumpetisyon.

(b) Ang sinumang tao, direktor, opisyal o ahente man ng anumang kompanya o korporasyon, o bilang ahente ng sinuman, na lalabag sa mga probisyon ng kabanatang ito, tumulong, nang direkta o hindi direkta, sa ganitong paglabag ay responsable sa parehong paraan sa tao, kompanya o korporasyon na pinagsisilbihan niya.

(c) Maaaring ipatupad ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang seksiyong ito sa pamamagitan ng naaangkop na regulasyon.

(d) Ang sinumang tao o anumang kapisanan sa pangangalakal ay maaaring magbigay ng utos upang pigilan ang anumang paglabag sa seksiyong ito para sa pagbawi sa mga naging pinsala.

26053. (a) Maaaring mag-isyu ang kawanihan at awtoridad sa pag-iisyu ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito sa mga tao o entidad na may hawak na mga lisensiya sa ilalim ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang isang tao o entidad na may hawak na lisensiya sa pagsubok ng estado sa ilalim ng dibisyong ito o ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ay pinagbabawalang mabigyan ng lisensiya para sa anumang iba pang aktibidad, bukod sa pagsubok, sa paraang pinapahintulutan sa ilalim ng dibisyong ito.

(c) Maliban sa nakasaad sa subdibisyon (b), maaaring mag-aplay at maisyuhan ang isang tao o entidad ng higit sa isang lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito.

26054. (a) Ang isang lisensiyado ay hindi rin maaaring bigyan ng lisensiya bilang tagapagtingi ng mga inuming may alkohol sa ilalim ng Dibisyon 9 (simula sa Seksiyon 23000) o ng mga produktong gawa sa tabako.

(b) Walang sinumang lisensiyado ang maaaring nasa loob ng 600

talampakang radius mula sa isang paaralang nagtuturo ng kindergarten o anumang baitang mula 1 hanggang 12, day care center, o youth center na nakatatag na sa panahon na iisyu ang lisensiya, maliban kung magtatakda ng ibang radius ang isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya o lokal na hurisdiksiyon. Ang distansyang isinaad sa seksiyong ito ay susukatin sa parehong paraang nakasaad sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 11362.768 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan maliban kung iba ang inaatas ng batas.

(c) Naaangkop sa ilalim ng pang-estado at lokal na batas, at hindi magiging paglabag sa pang-estado at lokal na batas, ang pagkakaroon, pagbiyahe, pagbili o pagkuha ng isang negosyong nauugnay sa pagmamanupaktura ng mga accessory sa paggamit ng marijuana ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa paraang kinakailangan upang makapagsagawa ng pananaliksik at pagpapahusay na nauugnay sa mga naturang accessory sa paggamit ng marijuana, hangga't ang naturang marijuana at mga produktong gawa sa marijuana ay nakuha mula sa isang tao o entidad na nilisensiyahan sa ilalim ng dibisyong ito o ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 na pinapahintulutan na magbigay o maghatid ng naturang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana.

26054.1. (a) Walang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang mag-iisyu o magpapanibago ng lisensiya sa sinumang hindi makakapagpatunay na tuloy-tuloy siyang nanirahan sa California mula o bago ang Enero 1, 2015. Sa mga pagkakataong entidad ang isang aplikante o lisensiyado, hindi ituturing na residente ang entidad kung mayroong sinumang taong nagkokontrol sa entidad na hindi makakapagpatunay na tuloy-tuloy siyang nanirahan sa California mula o bago ang Enero 1, 2015.

(b) Mawawalan ng bisa ang Subdibisyon (a) sa Disyembre 31, 2019, maliban kung muling isasabatas ng Lehislatura bago sumapit ang petsang iyon.

26054.2. (a) Bibigyang priyoridad ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang pagbibigay ng mga lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito ang mga aplikanteng makakapagpatunay hanggang masiyahan ang awtoridad na tumakbo ang aplikante alinsunod sa Compassionate Use Act o Batas sa Pinahihintulutang Paggamit ng Medikal na Marijuana at sa mga ipinapatupad nitong batas bago ang Setyembre 1, 2016, o kasalukuyan itong tumatakbo alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8.

(b) Hihilingin ng kawanihan na kilalanin ng mga lokal na hurisdiksiyon para sa kawanihan ang mga potensyal na aplikante batay sa dating pagpapatakbo ng mga aplikante sa lokal na hurisdiksiyon alinsunod sa batas ng estado, kabilang ang Batas sa Pinahihintulutang Paggamit ng Medikal na Marijuana at ang mga ipinapatupad nitong batas, at anumang mga naaangkop na lokal na batas. Bibigyang-daan ng kawanihan na makuha ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang hinihinging impormasyon.

(c) Bilang karagdagan sa o bilang kahalili ng impormasyong inilarawan sa subdibisyon (b), maaaring magbigay ang aplikante ng iba pang ebidensiya upang patunayan na sumusunod ang pagpapatakbo sa Batas sa Pinahihintulutang Paggamit ng Medikal na Marijuana o sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8. Maaaring tanggapin ng kawanihan at mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang naturang ebidensiya upang ipakita ang pagiging kuwalipikado para sa priyoridad na ipinagkakaloob ng subdibisyon (a).

(d) Mawawalan ng bisa ang seksiyong ito Disyembre 31, 2019, maliban kung ipagkakaloob ng batas.

26055. (a) Maaari lang mag-isyu ang mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ng mga lisensiya ng estado sa mga kuwalipikadong aplikante.

(b) Kapag binawian ng lisensiya ng estado na inisyu sa ilalim ng dibisyong ito, mawawalan ng kakayahan ang lisensiyado na magpatakbo sa loob ng California hanggang sa ibalik o muling iisyu ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang lisensiya ng estado.

(c) Mag-iisyu ng hiwa-hiwalay na lisensiya para sa bawat puwesto ng sinumang lisensiyado na mayroong higit sa isang lokasyon, maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas o regulasyon.

(d) Pagkatapos maisyuhan o mapasahan ng lisensiya, hindi dapat baguhin ng lisensiyado ang puwesto sa paraang iibahin nang malaki ang puwesto, ang paggamit sa puwesto, o ang paraan o karakter ng pagpapatakbo ng negosyo na isinasagawa mula sa puwesto, mula sa planong nakalagay sa diagram sa dokumentong kasama ng aplikasyon, maliban at hanggang makakuha ng nakasulat na pahintulot ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya o kawanihan. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, kabilang sa, ngunit hindi nalilimitahan ang, malaking pisikal na mga pagbabago sa puwesto, o sa paggamit sa puwesto, ang malaking pagdaragdag o pagbabawas sa kabuuang lawak ng lisensiyadong puwesto na dating iginuhit, o anumang iba pang pisikal na pagbabago na nauuwi sa malaking pagbabago sa paraan o karakter ng pagpapatakbo ng negosyo.

(e) Hindi dapat aprobahan ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang isang aplikasyon para sa isang lisensiya ng estado sa ilalim ng dibisyong ito kung lalabag ang pag-aproba sa lisensiya ng estado sa alinmang lokal na ordinansa o regulasyon na ipinapatupad sa ilalim ng Seksiyon 26200.

26056. Dapat sumunod ang aplikante para sa anumang uri ng lisensiya ng estado na iiisyu alinsunod sa dibisyong ito sa mga parehong kinakailangang nakalatag sa Seksiyon 19322 maliban kung iba ang nakasaad sa batas, kabilang ang electronikong pagsusumite ng mga larawan ng fingerprint, at anumang iba pang mga iniaatas ng batas o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, maliban sa mga sumusunod:

(a) Sa kabila ng talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 19322, hindi kailangang magbigay ang isang aplikante ng dokumentasyon na nakakuha ang aplikante ng lisensiya, permiso o anumang iba pang pagpapahintulot na magpatakbo mula sa lokal na hurisdiksiyon kung saan nilalayon ng aplikante na magpatakbo;

(b) Ang isang aplikasyon para sa isang lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito ay dapat na may ebidensiya na natutugunan ng iminumungkahing lokasyon ang mga paghihigpit sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 26054; at

(c) Para sa mga aplikanteng naghahangad na malisensiyahan para sa pagtatanim, pamamahagi, o pagmamanupaktura ng di-medikal na marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, dapat ding maglaman ang aplikasyon ng detalyadong paglalarawan sa mga pamamaraan sa pagpapatakbo ng aplikante para sa lahat ng sumusunod, gaya ng kinakailangan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya:

(1) Pagtatanim.

(2) Mga pamamaraan sa pag-extract at pag-infuse.

(3) Proseso ng transportasyon.

(4) Proseso ng pag-iimbak.

(5) Mga pamamaraan sa pagkontrol ng kalidad.

(6) Ang pagkukunan o mga pagkukunan ng tubig na gagamitin ng aplikante para sa mga lisensiyadong aktibidad, kabilang ang isang sertipikasyon na legal na magagamit ng aplikante ang tubig na iyon sa ilalim ng batas ng estado.

(d) Dapat magbigay ang aplikante ng kumpletong detalyadong guhit ng iminumungkahing puwesto kung saan gagamitin ang mga pribilehiyo ng lisensiya, na sapat ang pagiging partikular upang mabigyang-daan ang pagtukoy sa mga hangganan ng puwesto, nang ipinapakita ang lahat ng hangganan, dimensiyon, pasukan at labasan, pagkakahati ng looban, dingding, kuwarto, at panlahatang daanan, at magsama ng maikling pahayag o paglalarawan sa mga pangunahing gagawin sa loob ng mga ito, at, para sa mga lisensiyang nagbibigay ng pahintulot sa pagtatanim, ang mga sukat ng planong canopy kabilang ang pinagsama-samang kuwadradong talampakan at indibidwal na kuwadradong talampakan ng mga nakahiwalay na pagtataniman, kung mayroon man.

26056.5. Bubuo ang kawanihan ng mga protokol na dapat ipatupad ng bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya upang matiyak ang pagsunod sa mga batas at regulasyon ng estado na nauugnay sa mga epekto sa kalikasan, proteksiyon sa natural na mapagkukunan, kalidad ng tubig, suplay ng tubig, mga mapanganib na materyal, at paggamit ng pestisidyo na alinsunod sa

mga regulasyon, na kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa, Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (Dibisyon 13 (simula sa Seksiyon 21000) ng Kodigo sa Mga Pampublikong Tagapagdulot), Batas sa Mga Nanganganib na Uri ng California (Kabanata 1.5 (simula sa Seksiyon 2050) ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop), kasunduan sa pagbabago sa lawa o streambed (Kabanata 6 (simula sa Seksiyon 1600) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop), Batas sa Malinis na Tubig (33 U.S.C. Sec. 1251 at sumunod), Batas sa Pagkontrol ng Kalidad ng Tubig ng Porter-Cologne (Dibisyon 7 (simula sa Seksiyon 13000) ng Kodigo sa Tubig), mga sona ng produksiyon ng troso, mga iniaatas sa pagtatapon ng basurang tubig, at anumang permiso o karapatang kinakailangan upang maglihis ng tubig.

26057. (a) Tatanggihan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang isang aplikasyon kung ang aplikante, o ang puwesto na ginagawan ng aplikasyon ng lisensiya ng estado, ay hindi kuwalipikado para malisensiyahan sa ilalim ng dibisyong ito.

(b) Maaaring tanggihan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang aplikasyon para sa paglilisensiya at pagpapanibago ng lisensiya ng estado kung nalalapat ang alinman sa mga sumusunod na kundisyon:

(1) Ang hindi pagsunod sa mga probisyon ng dibisyong ito, sa anumang tuntunin o regulasyong ipinatupad alinsunod sa dibisyong ito, o sa anumang iniaatas upang protektahan ang mga natural na mapagkukunan, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga proteksyon para sa instream na daloy at kalidad ng tubig.

(2) Pag-aasal na bumubuo ng batayan para matanggihan ng paglilisensiya sa ilalim ng Kabanata 2 (simula sa Seksiyon 480) ng Dibisyon 1.5, maliban kung iba ang tinukoy sa seksiyong ito at sa Seksiyon 26059.

(3) Hindi pagbibigay ng impormasyong kinakailangan ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

(4) Ang aplikante o lisensiyado ay nahatulang may sala sa isang paglabag na may malaking kaugnayan sa mga kuwalipikasyon, gawain, o tungkulin ng negosyo o propesyon na ginagawan ng aplikasyon, maliban kung matukoy ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya na naaangkop ang aplikante o lisensiyado na maisyuhan ng lisensiya, at ang pagbibigay sa lisensiya ay hindi magiging dahilan upang makompromiso ang kaligtasan ng publiko, magsasagawa ang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ng masusing pagsusuri sa katangian ng krimen, pagkakahatol, mga pangyayari, at ebidensiya ng rehabilitasyon ng aplikante, at tatasahin nito ang pagiging angkop ng aplikante o lisensiyado na maisyuhan ng lisensiya batay sa ebidensiyang makikita sa buong pagsusuri. Sa pagtukoy sa kung aling mga paglabag ang may malaking kaugnayan sa mga kuwalipikasyon, gawain, o tungkulin ng negosyo o propesyon na ginagawan ng aplikasyon, dapat isama ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang sumusunod, ngunit hindi ito limitado rito:

(A) Pagkakahatol sa isang marahas na peloni, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 ng Kodigo Penal.

(B) Pagkakahatol sa isang matinding peloni, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (c) ng Seksiyon1192.7 ng Kodigo Penal.

(C) Pagkakahatol sa isang peloni na nauugnay sa pandaraya, panloloko, o paglulustay.

(D) Pagkakahatol sa isang peloni para sa pagkuha, pagpapatrabaho, o paggamit ng menor de edad sa pagbibiyahe, pagdadala, pagbebenta, pamimigay, paghahanda para sa pagbebenta, o paglalako, ng anumang kontroladong sangkap sa isang menor de edad; o pagbebenta, pag-aalok na magbenta, pagsusuplay, pag-aalok na magsuplay, pamamahagi, o pagbibigay ng isang kontroladong sangkap sa isang menor de edad.

(E) Pagkakahatol sa isang peloni para sa pagpupuslit ng droga na may mga pagdaragdag alinsunod sa Seksiyon 11370.4 o 11379.8.

(5) Maliban sa nakasaad sa mga subparagraph (D) at (E) ng talataan (4) at sa kabila ng Kabanata 2 (simula sa Seksiyon 480) ng Dibisyon 1.5, ang isang dating pagkakahatol, kung saan tapos na ang parusa, kabilang ang anumang termino ng probasyon, pagkakakulong, o pagpapalayang pinangangasiwaan, para sa pagkakaroon, pagkakaroon para ibenta, pagbebenta, pagmamanupaktura, transportasyon, o pagtatanim ng isang kontroladong sangkap ay hindi itinuturing na may malaking kaugnayan, at hindi dapat ito ang maging natatanging batayan para matanggihan ng lisensiya. Ang pagkakahatol para sa anumang peloning nauugnay sa kontroladong sangkap pagkatapos malisensiyahan ay magiging batayan para sa pagbawi ng lisensiya o pagtanggi sa pagpapanibago ng lisensiya.

(6) Napatawan ang aplikante, o sinuman sa mga opisyal, direktor, o may-ari nito, ng mga multa o parusa para sa pagtatanim o produksyon ng isang kontroladong sangkap sa mga pampubliko o pribadong lupain alinsunod sa Seksiyon 12025 o 12025.1 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(7) Ang aplikante, o sinuman sa mga opisyal, direktor, o may-ari nito, ay naparusahan ng isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya o isang lunsod, county, o lunsod at county para sa hindi pinapahintulutang mga komersiyal na aktibidad na nauugnay sa marijuana o komersiyal na aktibidad sa medikal na cannabis, ay binawian ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito o ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 sa loob ng tatlong taon na bago at magsisimula kaagad sa petsa ng paghahain ng aplikasyon sa awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, o naparusahan sa ilalim ng Seksiyon 12025 o 12025.1 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop.

(8) Hindi pagkuha o pagpapanatili ng wastong permiso ng nagbebenta na kailangan alinsunod sa Bahagi 1 (simula sa Seksiyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

(9) Anumang iba pang kondisyong tinukoy sa batas.

26058. Kapag tinanggihan ang anumang aplikasyon para sa isang lisensiya, dapat itong ipaalam ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya sa aplikante sa pamamagitan ng pagsulat.

26059. Hindi dapat tanggihan ang isang aplikante ng isang lisensiya ng estado kung ang pagtanggi ay batay lang sa alinman sa sumusunod:

(a) Isang pagkakahatol o gawain na may malaking kaugnayan sa mga kuwalipikasyon, gawain, o tungkulin ng negosyo o propesyon na ginagawan ng aplikasyon na kinunan ng aplikante o lisensiyado ng sertipikasyon ng rehabilitasyon alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 4852.01) ng Titulo 6 ng Bahagi 3 ng Kodigo Penal.

(b) Isang pagkakahatol na paglaon ay ipinawalang-bisa alinsunod sa Seksiyon 1203.4, 1203.4a, o 1203.41 ng Kodigo Penal o anumang iba pang probisyon na nagbibigay-daan para sa pagpapawalang-bisa ng isang hatol.

Kabanata 6. Mga Lisensiyadong Pagtataniman

26060. (a) Malalapat ang mga regulasyong inisyu ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura na nangangasiwa sa pagbibigay ng lisensiya sa indoor, outdoor, at mixed-light na pagtataniman sa mga lisensiyadong tagatanim sa ilalim ng dibisyong ito.

(b) Malalapat ang mga pamantayang binuo ng Kagawaran ng Regulasyon ng Pestisidyo, nang may pagsangguni sa Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura, para sa paggamit ng mga pestisidyo sa mga pananim, at maximum na tolerance para sa mga pestisidyo at iba pang latak ng panlabas na materyal sa naaning cannabis sa mga lisensiyadong tagatanim sa ilalim ng dibisyong ito.

(c) Maglalagay ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng mga kundisyon sa bawat lisensiyang hihilingin ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Hayop at Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado upang matiyak na ang paisa-isa at sama-samang epekto ng paglihis at paglabas ng tubig na nauugnay sa pagtatanim ay hindi nakakaapekto sa mga instream na daloy na kailangan para sa pagdami, pag-migrate, at pagpapalaki ng isda, at sa mga daloy na kailangan upang makapagpanatili ng natural na pagkakaiba ng daloy, at maprotektahan ang mga isda, maiilap na hayop-gubat, tirahan ng mga isda at maiilap na hayop-gubat, at kalidad ng tubig.

(d) Bilang minumum, dapat tugunan ng mga regulasyong ipinapatupad ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura sa ilalim nito, kaugnay ng komersiyal

na aktibidad sa marijuana, ang mga parehong usaping inilalarawan sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 19332.

(e) Dapat magpatupad ang Kagawaran ng Regulasyon ng Pestisidyo, nang sumasangguni sa Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, ng mga regulasyon na mag-aatas na dapat makatugon ang paggamit ng mga pestisidyo o iba pang pangkontrol sa peste kaugnay ng indoor, outdoor, o mixed light na pagtatanim ng marijuana sa mga pamantayang katumbas ng Dibisyon 6 (simula sa Seksiyon 11401) ng Kodigo ng Pagkain at Agrikultura at sa mga ipinapatupad nitong mga regulasyon.

26061. (a) Ang mga uri ng lisensiya ng tagatanim ng estado na iiisyu ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura sa ilalim ng dibisyong ito ay kabibilangan ng Uri 1, Uri 1A, Uri 1B, Uri 2, Uri 2A, Uri 2B, Uri 3, Uri 3A, Uri 3B, Uri 4, at Uri 5, Uri 5A, at Uri 5B maliban kung iba ang isinasaad ng batas.

(b) Maliban kung iba ang isinasaad ng batas, magbibigay-daan ang mga lisensiya na Uri 1, Uri 1A, Uri 1B, Uri 2, Uri 2A, Uri 2B, Uri 3, Uri 3A, Uri 3B at Uri 4 sa pagtatanim ng marijuana sa parehong halaga ng katumbas na uri ng lisensiya para sa pagtatanim ng medikal na cannabis gaya ng itinakda sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 19332.

(c) Maliban kung iba ang isinasaad ng batas:

(1) Ang Uri 5, o "outdoor," ay ang outdoor na pagtatanim na hindi gumagamit ng artipisyal na ilaw na mas malaki sa isang ektarya, inklusibo, ng kabuuang laki ng canopy sa isang puwesto.

(2) Ang Uri 5A, o "indoor," ay ang indoor na pagtatanim na gumagamit lang ng artipisyal na ilaw na mas malaki sa 22,000 kuwadradong talampakan, inklusibo, ng kabuuang laki ng canopy sa isang puwesto.

(3) Ang Uri 5B, o "mixed-light," ay ang pagtatanim gamit ang pinagsamang natural at karagdagang artipisyal na ilaw sa maximum na limitasyon na itatakda ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, na mas malaki sa 22,000 kuwadradong talampakan, inklusibo, ng kabuuang laki ng canopy sa isang puwesto.

(d) Hindi maaaring mag-isyu ng mga lisensiya sa pagtatanim na Uri 5, Uri 5A, o Uri 5B bago sumapit ang Enero 1, 2023.

(e) Simula sa Enero 1, 2023, maaaring mag-aplay at humawak ang isang lisensiyado ng Uri 5, Uri 5A, o Uri 5B ng isang lisensiya na Uri 6 o Uri 7 at mag-aplay at humawak ng lisensiya na Uri 10. Hindi magiging kuwalipikado ang isang lisensiyado ng Uri 5, Uri 5A, o Uri 5B na mag-aplay o humawak ng lisensiya na Uri 8, Uri 11, o Uri 12.

26062. Magpapatupad ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura, sa tulong ng kawanihan, ng pagtatalaga ng pagiging sertipikadong organiko at programa sa pagsesertipika sa pagiging organiko para sa marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa parehong paraan na nakasaad sa Seksiyon 19332.5.

26063. (a) Magpapatupad ang kawanihan ng mga pamantayan para sa pagkilala sa isang partikular na pagpapangalan ng pinagmulan na naaangkop sa marijuana na tinanim sa isang partikular na heyograpikal na lugar sa California.

(b) Hindi maaaring ikalakal, markahan, o ibenta ang marijuana sa isang county sa California kapag hindi tinanim ang marijuana na iyon sa county na iyon.

(c) Hindi maaaring gamitin ang pangalan ng isang county sa California sa pagmamarka, pangangalakal, o pagbabalot sa mga produktong gawa sa marijuana maliban kung ang marijuana na sangkap ng produktong iyon ay itinanim sa county na iyon.

26064. Dapat tiyakin ng bawat lisensiyadong tagatanim na walang hindi makatwirang panganib na masunog ang mga lisensiyadong puwesto. Dapat tiyakin ng bawat tagatanim na maayos na namementina ang lahat ng ilaw, kawad, elektrikal at mekanikal na aparato, o iba pang nauugnay na ari-arian upang maiwasan ang hindi makatwiran o mapanganib na peligro sa ari-arian o sa iba.

26065. Mapapailalim ang isang empleyadong nasasangkot sa pagtatanim ng marijuana sa ilalim ng dibisyong ito sa Utos sa Sahod Blg. 4-2001 ng Komisyon sa Industriyal na Kapakanan.

26066. Dapat isagawa ang indoor at outdoor na pagtatanim ng marijuana ng mga tao at entidad na lisensiyado sa ilalim ng dibisyong ito alinsunod sa mga pang-estado at lokal na batas na nauugnay sa pagpapalit ng lupa, paggagrado, paggamit ng kuryente, paggamit ng tubig, kalidad ng tubig, proteksyon sa mga tirahan ng hayop sa gubat at baybay-dagat, mga agrikultural na diskarga, at mga kaugnay na usapin. Dapat tugunan ng mga ahensiya ng estado, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Lupon sa Proteksyon sa Kagubatan at Sunog ng Estado, Kagawaran ng Isda at Maiilap na Hayop-gubat, Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, mga panrehiyong lupon sa pagkontrol ng kalidad ng tubig ng California, at mga tradisyunal na ahensiya ng tagapagpatupad ng batas ng estado, ang mga epekto sa kalikasan ng pagtatanim ng marijuana at dapat makipag-ugnayan ang mga ito sa mga lunsod at county at sa kani-kanilang mga ahesiya sa pagpapatupad ng batas sa pagsisikap sa pagpapatupad.

26067. (a) Magpapatupad ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng Programa sa Pagtatanim ng Marijuana na pangangasiwaan ng Kalihim ng Pagkain at Agrikultura. Pangangasiwaan ng kalihim ang seksiyong ito dahil sa hinggil ito sa pagtatanim ng marijuana. Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang marijuana ay isang agrikultural na produkto.

(b) Hindi maaaring magtanim ang isang tao o entidad ng marijuana na hindi muna nakakakuha ng lisensiya ng estado na iiisyu ng kagawaran alinsunod sa seksiyong ito.

(c) (1) Magpapatupad ang kagawaran, nang sumasangguni sa, ngunit hindi limitado sa, kawanihan, Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, at Kagawaran ng Isda and Maiilap na Hayop-gubat, ng natatanging programa sa pagkilala para sa marijuana. Sa pagpapatupad sa programa, dapat isaalang-alang ng kagawaran ang mga isyu na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, paggamit ng tubig at mga epekto sa kalikasan. Sa pagpapatupad sa programa, dapat tiyakin ng kagawaran na:

(A) Ang paisa-isa at sama-samang epekto ng paglihis at paglabas ng tubig na nauugnay sa pagtatanim ay hindi nakakaapekto sa mga instream na daloy na kailangan para sa pagdami, pag-migrate, at pagpapalaki ng isda, at sa mga daloy na kailangan upang makapagpanatili ng natural na pagkakaiba ng daloy. Kung hindi masusuportahan ng isang watershed ang karagdagang pagtatanim, walang iiisyu na mga bagong pantukoy ng halaman para sa watershed na iyon.

(B) Hindi makakasama ang pagtatanim sa mga bukal, basang lupa sa baybay-dagat at tirahan ng isda.

(2) Magtatakda ang kagawaran ng programa para sa pagkilala sa mga pinapahintulutang halaman ng marijuana sa isang pinagtataniman sa panahon ng pagtatanim. Magtatakda ng natatanging pagtukoy para sa bawat halaman ng marijuana. Titiyakin ng kagawaran na makakapag-isyu ng mga natatanging pantukoy sa halaman sa lalong madaling panahon para sa dibisyong ito. Maglalagay ng natatanging pantukoy sa ibaba ng bawat halaman o sa paraang inaatas ng batas o regulasyon kung naiiba.

(A) Mag-iisyu lang ng mga natatanging pantukoy sa mga taong naaangkop na nilisensiyahan ng seksiyong ito.

(B) Isasama ang impormasyong nauugnay sa itinalagang natatanging pantukoy sa programa sa pagsubaybay na tinukoy sa Seksiyon 26170.

(C) Maaaring maningil ang kagawaran upang saklawin ang mga makatwirang gastusin sa pag-iisyu sa natatanging pantukoy at pagsubaybay at pagsusuri sa bawat halaman ng marijuana.

(D) Maaaring magpahayag ang kagawaran ng mga regulasyon upang ipatupad ang seksiyong ito.

(3) Magsasagawa ang kagawaran ng mga sapat na hakbang upang magtakda ng mga proteksiyon laban sa mga pekeng natatanging pantukoy at limitahan ang ilegal na pagpapasa ng mga natatanging pantukoy sa mga

di-lisensiyadong tao.

(d) Dapat sumunod ang mga natatanging pantukoy at nauugnay na impormasyon sa pagtukoy na ibinibigay ng ma lokal na hurisdiksiyon sa mga iniaatas ng kagawaran at maging katumbas ng mga ibinibigay ng kagawaran.

(e) (1) Hindi nalalapat ang seksiyong ito sa pagtatanim ng marijuana alinsunod sa Seksiyon 11362.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o sa Batas sa Pinahihintulutang Paggamit ng Medikal na Marijuana.

(2) Hindi nalalapat ang Subdibisyon (b) sa mga tao o entidad na nilisensiyahan sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 26070 o subdibisyon (b) ng Seksiyon 26070.5.

(f) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "Kagawaran" ay ang Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura.

Kabanata 7 Mga Tagapagtingi at Tagapamahagi

26070. Mga Tagapagtingi at Tagapamahagi

(a) Ang mga lisensiya ng estado na ilalabas ng Kagawaran ng mga Gawain ng Mamimili ay ang mga sumusunod:

(1) "Tagapagtingi," para sa pagbebenta ng tingi at paghahatid ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa mga parokyano.

(2) "Tagapamahagi," para sa pamamahagi ng marihuwana at mga produktong marihuwana. Ang isang lisensiyadong tagapamahagi ay dapat na may garantiya at nakaseguro sa isang pinakamababang antas na itinatag ng naglilisensiyang awtoridad.

(3) "Mikronegosyo," para sa pagtatanim ng marihuwana sa isang lugar na mas maliit kaysa 10,000 kuwadradong talampakan at upang umakto bilang isang lisensiyadong tagapamahagi, Antas 1 na tagapagyari, at tagapagtingi sa ilalim ng subdibisyong ito, sa kondisyon na ang naturang lisensiyado ay sumusunod sa lahat ng iniaatas na ipinataw ng dibisyongg ito sa mga lisensiyadong tagapagtanim, tagapamahagi, Antas 1 na mga tagapagyari, at tagapagtingi kung ang lisensiyado ay gumagawa ng mga naturang aktibidad. Ang mga lisensiya sa mikronegosyo na nagpapahintulot ng pagtatanim ng marihuwana ay dapat kabilang ang mga kondisyong hiniling ng Kagawaran ng Isda at Maiilap na mga Hayop-Gubat at Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado upang matiyak na ang indibidwal at kumutibong mga epekto ng paglihis at paglabas ng tubig na kaugnay ng pagtatanim ay hindi nakakaapekto sa mga papasok na daloy na kailangan para sa pagbibinhi, migrasyon at pag-aalaga ng isda at ang daloy na kailangan upang panatilihin ang pagkakaiba-iba ng daloy at protektahan ang isda, maiilap na mga hayop-gubat, tirahan ng isda at maiilap na hayop-gubat at kalidad ng tubig.

(b) Ang kawanihan ay dapat magtatag ng pinakamababang mga iniaatas sa seguridad at kaligtasan ng transportasyon para sa pangkomersiyong pamamahagi at paghahatid ng marihuwana at mga produktong marihuwana. Ang mga pamantayan sa kaligtasan ng transportasyon na itinatag ng kawanihan ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, pinakamababang mga pamantayan na namamahala sa mga uri ng sasakyan kung saan ang marihuwana at mga produktong marihuwana ay maaaring ipamahagi at ihatid at ang pinakambabang mga kuwalipikasyon para sa taong karapat-dapat magpatakbo ng mga naturang sasakyan.

(c) Ang mga lisensiyadong tagapagtingi at mikronegosyo, at mga lisensiyadong di-nagtutubo sa ilalim ng Seksiyon 26070.5, ay dapat magpatupad ng mga hakbang na pangkaligtasan na idinisenyo upang pigilan ang hindi awtorisadong pagpasok sa mga lugar na nagtataglay ng marihuwana o mga produktong marihuwana at pagnanakaw ng marihuwana o mga produktong marihuwana mula sa mga lugar na sakop. Ang mga hakbang na panseguridad na ito ay dapat kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Pagbabawal sa mga indibidwal na manatili sa mga lugar na sakop ng lisensiyado kung sila ay hindi gumagawa ng aktibidad na malinaw na may kaugnayan sa mga pagpapatakbo ng dispensaryo.

(2) Pagtatatag ng limitado ang paggamit na mga lugar na mapupuntahan lamang ng mga awtorisadong tauhan.

(3) Bukod sa mga limitadong dami ng marihuwanang ginagamit para sa pagpapakita, mga sampol, o agad na pagbebenta, pag-iimbak ng lahat ng tapos na marihuwana at mga produktong marihuwana sa isang protektado at nakasusing silid, safe, o vault, at sa isang paraan na makatwirang idinisenyo upang pigilan ang paglihis, pagnanakaw, at pagkawala.

26070.5. (a) Ang kawanihan ay dapat, bago lumampas ang Enero 1, 2018, mag-imbistiga ng posibilidad ng paglikha ng isa o higit na mga klasipikasyon ng di-nagtutubong mga lisensisya sa ilalim ng seksiyong ito. Ang pagpapasiya ng posibilidad ay dapat gawin nang sumasangguni sa may-kaugnayang mga ahensiya ng paglilisensiya at mga kinatawan ng mga lokal na hurisdiksiyon na nag-iisyu ng mga pansamantalang lisensiya alinsunod sa subdibisyon (b). Ang kawanihan ay dapat magsaalang-alang ng mga bagay na kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

(1) Ang mga di-nagtutubong lisensiyado ay dapat bang palibrihin mula sa alinman o lahat ng buwis ng estado, mga fee sa paglisensiya at mga tadhana ng pangangasiwa na angkop sa ibang mga lisensiya sa dibisyong ito?

(2) Ang mga insentibo sa pagpopondo ay dapat bang likhain upang himukin ang iba na lisensiyado sa ilalim ng dibisyong ito na magkaloob ng mga propesyonal na serbisyo sa binawasan o walang gastos sa mga di-nagtutubong lisensiyado?

(3) Ang mga lisensiya ng di-nagtutubo ay dapat bang limitado, o nag-uuna, sa mga entidad na dating nagpapatakbo nang di-nagtutubo pangunahing nagkakaloob ng buong-halamang marihuwana at mga produktorng marihuwana at isang pagkakaiba-iba ng mga lahi ng marihuwana at stock ng buto sa mga taong maliit ang kita?

(b) Alinmang lokal na hurisdiksiyon ay maaaring mag-isyu ng mga pansamantalang lokal na lisensiya sa mga di-nagtutubong entidad na pangunahing nagkakaloob ng buong-halamang marihuwana at mga produktong marihuwana at isang pagkakaiba-iba ng mga lahi ng marihuwana at stock ng buto sa mga taong maliit ang kita hanggang ang lokal na hurisdiksiyon ay:

(1) Nagkukumpirma sa katayuan ng aplikante ng lisensiya bilang isang di-nagtutubomg entidad na nakarehistro sa Talaan ng mga Ipinagkakatiwalang Pangkawanggawa ng Pangkalahatang Abugado ng California at na ang aplikante ay nasa magandang katayuan sa lahat ng mga iniaatas ng estado na namamahala sa mga di-nagtutubong entidad;

(2) Naglilisensiya at nangangasiwa ng anumang naturang entidad upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, at upang iatas ang pagsunod sa lahat ng iniaatas na pangkapaligiran sa dibisyong ito;

(3) Nagkakaloob ng paunawa sa kawanihan ng anumang naturang lokal na lisensiya na inisyu, kabilang ang pangalan at lokasyon ng anumang naturang lisensiyadong entidad at lahat ng lokal na regulasyon na namamahala ng pagpapatakbo ng lisensiyadong entidad, at;

(4) Nagsesertipika sa kawanihan na ang anumang naturang lisensiyadong entidad ay hindi lilikha ng taunang kabuuang mga kita na higit sa dalawang milyong dolyar ($2,000,000).

(c) Ang mga pansamantalang lokal na lisensiyang ipinahintulot sa ilalim ng subdibisyon (b) ay dapat matapos pagkaraan ng 12 buwan maliban kung binigyan ng panibagong bisa ng lokal na hurisdiksiyon.

(d) Ang kawanihan ay maaaring magpataw ng makatwirang karagdagang mga iniaatas sa mga lokal na lisensiyang ipinahintulot sa ilalim ng subdibisyon (b).

(e) (1) Walang bagong pansamantalang lokal na lisensiya na dapat iisyu alinsunod sa seksiyong ito pagkaraan ng petsa na ipinasiya ng kawanihan na ang paglikha ng di-nagtutubong mga lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito ay hindi posible, o kung ang kawanihan ay nagpasiya na ang mga naturang lisensiya ay posible, pagkaraan ng petsa na nagsimula ang isang ahensiya ng paglilisensiya sa pag-isyu ng mga lisensiya ng di-nagtutubo ng estado.

(2) Kung ang kawanihan ay nagpasiya na ang mga naturang lisensiya ay

posible, walang pansamantalang lisensiya na inisyu sa ilalim ng subdibisyon (b) ang dapat bigyan ng panibagong bisa o palawigin pagkaraan ng petsa kung kailan ang isang ahensiya ng paglilisensiya ay nagsimulang mag-isyu ng mga lisensiya ng di-nagtutubo ng estado.

(3) Kung ang kawanihan ay nagpasiya na ang paglikha ng lisensiya ng di-nagtutubo sa ilalim ng dibisyong ito ay hindi posible, ang kawanihan ay dapat magkaloob ng paunawa ng pagpapasiyang ito sa lahat ng lokal na hurisdiksiyon na nag-isyu ng pansamantalang lisensiya sa ilalim ng subdibisyon (b). Ang kawanihan ay maaari, sa sariling pagpapasiya nito, magpahintulot ng anumang naturang lokal na hurisdiksiyon na bigyan ng panibagong bisa o palawigin nang taunan ang anumang pansamantalang lisensiya na naunang inisyu sa ilalim ng subdibisyon (b).

KABANATA 8 PAMAMAHAGI AT PAGHAHATID

26080. (a) Ang dibisyong ito ay hindi dapat ipakahulugan na nagbibigay ng awtorisasyon o permiso sa isang lisensiyado na maghatid o mamahagi, o magpahatid o magpamahagi, ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa labas ng estado, maliban kung ipinahihintulot ng pederal na batas.

(b) Ang isang lokal na hurisdiksiyon ay hindi dapat pumigil sa transportasyon ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa mga pampublikong daan ng isang lisensiyadong maghatid ng marihuwana o mga produktong marihuwana na sumusunod sa dibisyong ito.

KABANATA 9 PAGHAHATID

26090. (a) Ang mga paghahatid, gaya ng binigyang-kahulugan sa dibisyong ito, ay maaari lamang gawin ng isang lisensiyadong tagapagtingi o mikronegosyo, o isang lisensiyadong di-nagtutubo sa ilalim ng Seksiyon 26070.5.

(b) Ang isang parokyanong humihiling ng paghahatid ay dapat magpanatili ng isang pisikal o elektronikong kopya ng paghiling ng paghahatid at dapat ihanda ito sa kahilingan ng awtoridad sa paglilisensiya at mga opisyal ng pagpapatupad ng batas.

(c) Ang isang lokal na hurisdiksiyon ay hindi dapat pumigil sa paghahatid ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa mga pampublikong daan ng isang liensiyadong umaakto ng pagsunod sa dibisyong ito at lokal na batas gaya ng pinagtibay sa ilalim ng Seksiyon 26200.

KABANATA 10 MGA TAGAPAGYARI AT MGA LABORATORYO NG PAGSUBOK

26100. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magpatupad ng mga regulasyong namamahala sa paglilisensiya ng mga tagapagyari ng marihuwaa at mga laboratoryo ng pagsubok. Ang mga lisensiyang ilalabas ay ang mga sumusunod:

(a) "Antas 1 na Pagyari," para sa mga lugar na gumagawa ng mga produktong marihuwana na gumagamit ng mga nonvolatile solvent, o walang mga solvent.

(b) "Antas 2 na Pagyari," para sa mga lugar na gumagawa ng mga produktong marihuwana na gumagamit ng mga volatile solvent.

(c) "Pagsubok," para sa pagsubok ng marihuwana at mga produktong marihuwana. Ang mga lisensiyado sa pagsubok ay dapat palisensiyahan ang kanilang mga pasilidad o kagamitan alinsunod sa mga regulasyong itinatag ng kagawaran. Ang isang lisensiyado sa pagsubok ay hindi dapat humawak ng lisensiya sa ibang kategorya ng lisensiya ng dibisyong ito at hindi dapat mag-angkin o humawak ng interes ng may-ari sa isang di-pagsubok na pasilidad na lisensiyado alinsunod sa dibisyong ito.

(d) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang "mga volatile solvent" ay dapat magkaroon ng kahulugang katulad ng nasa subdibisyon (d) ng Seksiyon 11362.3 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan maliban kung itinatadhana ng batas o regulasyon.

26101. (a) Maliban kung itinatadhana ng batas, walang marihuwana o mga produktong marihuwana na maaaring ibenta alinsunod sa isang lisensiyang ipinagkaloob sa ilalim ng dibisyong ito maliban kung ang isang kinatawang sampol ng naturang marihuwana o produktong marihuwana ay sinubok ng isang sertipikadong serbisyo sa pagsubok upang malaman:

(1) Kung ang kemikal na paglalarawan ng sampol ay umaayon sa itinatak na nilalaman ng mga tambalan, kabilang ang, pero hindi liitado sa, lahat ng sumusunod:

(A) Tetrahydrocannabinol (THC).

(B) Tetrahydrocannabinolic Acid (THCA).

(C) Cannabidiol (CBD).

(D) Cannabidiolic Acid (CBDA).

(E) Ang mga terpense na inilarawan sa karamihan ng kasalukuyang bersiyon ng cannabis inflorescence monograph na inilathala ng American Herbal Pharmacopoeia.

(F) Cannabigerol (CBG).

(G) Cannabinol (CBN).

(2) Na ang presensiya ng mga nagkokontamina ay hindi hihigit sa mga antas sa pinakahuling bersiyon ng American Herbal Pharmacopoeia monograph. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang mga nagkokontamina ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(A) Residual solvent o mga kemikal ng pagproseso, kabilang ang mga sumasabog na gas, tulad ng Butane, propane, 0_2 o H_2, at mga poison, toxin, o mga nakakakanser, tulad ng Methanol, Iso-propyl Alcohol, Methylene Chloride, Acetone, Benzene, Toluene, at Tri-chloro-ethylene.

(B) Banyagang materyal, kabilang ang, pero hindi limitado sa, hangin, insekto, o katulad o kaugnay na adulterant.

(C) Mikrobiyolohikal na karumihan, kabilang ang kabuuang aerobic microbial count, kabuuang yeast mold count, P. aeruginosa, aspergillus spp., s. aureus, aflatoxin B1, B2, G1, or G2, o ochratoxin A.

(b) Ang mga antas ng natitia ng volatile na organikong tambalan ay dapat makatugon sa mga pamantayan ng cannabis inflorescence monograph na itinatag ng United States Pharmacopeia (U.S.P. Kabanata 467).

(c) Ang pagsubok na iniaatas ng talataan (a) ay dapat isagawa sa isang paraang kaayon ng mga pangkalahatang iniaatas para sa kakayahan ng mga aktibidad ng pagsubok at kalibrasyon, kabilang ang pagsampol gamit ang mga pangkaraniwang paraan na itinatag ng Pandaigdig na Organisasyon para sa Istandardisasyon, partikular sa ISO/IEC 17020 at ISO/IEC 17025 upang subukin ang marihuwana at mga produktong marihuwana na inaaprobahan ng isang lupon ng akreditasyon na pumirma sa Pandaigdig na Kasunduan sa Pagkilala sa Isa't Isa ng Pagtutulungan sa Akreditasyon ng Laboratoryo.

(d) Anumang inspeksiyon bago ang pagbebenta, paglipat ng pagsubok, o transportasyon ng mga produktong marihuwana alinsunod sa seksiyong ito ay dapat umayon sa isang tinukoy na protokol sa kawing ng pag-iingat at anumang ibang mga iniaatas na ipinataw sa ilalim ng dibisyong ito.

26102. Ang isang lisensiyadong serbisyo sa pagsubok ay hindi dapat humawak, sumubok, o magsuri ng marihuwana o mga produktong marihuwana maliban kung ang lisensiyadong laboratoryo ay nakatutugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 19343 o maliban kung itinatadhana ng batas.

26103. Ang isang lisensiyadong serbisyo sa pagsubok ay dapat mag-isyu ng isang sertipiko ng pagsusuri para sa bawat lote, na may sumusuportang mga datos, upang iulat ang kaparehong impormasyong iniaatas sa Seksiyon 19344 o maliban kung itinataddhana ng batas.

26104. (a) Ang isang lisensiyadong serbisyo sa pagsubok ay dapat, sa pagganap ng mga aktibidad na nauukol sa marihuwana at mga produktong marihuwana, sumunod sa mga iniaatas at kabawalang nakalagay sa angkop na batas at mga regulasyon.

(b) Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat bumuo ng mga pamamaraan upang:

(1) Tiyakin na ang pagsubok sa marihuwana at mga produktong marihuwana ay nangyayari bago ang pamamahagi sa mga tagapagtingi, mikronegosyo, o

di-nagtutubo na lisensiyado sa ilalim ng Section 26070.5;

(2) Tukuyin kung gaano kadalas na ang mga lisensiyado ay dapat sumubok sa marihuwana at mga produktong marihuwana, at ang gastos sa pagsubok sa marihuwana ay dapat sagutin ng mga lisensiyadong tagapagtanim at ang gastos sa pagsubok sa mga produktong marihuwana ay dapat sagutin ng lisensiyadong tagapagyari, at na ang mga gastos sa pagsubok sa marihuwana at mga produktong marihuwana ay dapat sagutin ng di-nagtutubong lisensiyado sa ilalim ng Seksiyon 26070.5; at

(3) Mag-atas ng pagsira ng mga inaning grupo na ang mga sampol sa pagsubok ay nagpapabatid ng hindi pagsunod sa mga pamantayan ng kaluusugan at kaligtasan na ipinatutupad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, maliban kung ang mga hakbang na panremedyo ay maaaring magdala sa marihuwana o mga produktong marihuwana sa pagsunod sa mga pamantayan sa pagtiyak ng kalidad gaya ng ipinatutupad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

26105. Ang mga lisensiyado sa pagyari Antas 2 ay dapat gumawa ng mga sapat na paraan o pamamaraan upang bihagin o limitahan ng panganib ng pagsabog, pagniningas, o anumang ibang hindi makatwirang panganib sa kaligtasan ng publiko na nililikha ng mga volatile solvent. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat magtatag ng pinakamababang mga pamantayan na nauukol sa mga naturang paraan at pamamaraan para sa Antas 2 na mga lisensiyado.

64

26106. Ang mga pamantayan para sa paggawa at pagtatatak ng lahat ng produktong marihuwana na binuo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ay dapat pairalin sa mga lisensiyadong tagapagyari at mikronegosyo, at mga di-nagtutubo na lisensiyado sa ilalim ng Seksiyon 26070.5 maliban kung tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

Kabanata 11 Pagtiyak ng Kalidad, Inspeksiyon, at Pagsubok

26110. (a) Lahat ng marihuwana at mga produktong marihuwana ay dapat na napapailalim sa pagtiyak ng kalidad, inspeksiyon at pagsubok.

(b) Lahat ng marihuwana at produktong marihuwana ay dapat sumailalim sa pagtiyak ng kalidad, inspeksiyon, at pagsubok sa paraang katulad ng itinatadhana sa Seksiyon 19326, maliban kung itinatadhana sa dibisyong ito o ng batas.

Kabanata 12 Pagpakete at Pagtatak

26120. (a) Bago ang paghahatid o pagbebenta sa isang tagapagtingi, ang marihuwana o mga produdktong marihuwana ay dapat tatakan at ilagay sa isang muling natatakpan, hindi nabubuksan ng bata na pakete.

(b) Ang mga pakete at tatak ay hindi dapat gawin upang maging kaakit-akit sa mga bata.

(c) Lahat ng tatak ng marihuwana at produktong marihuwana at mga ipinapasok ay dapat kabilang ang sumusunod na impormasyon na prominenteng ipinakikita sa isang malinaw at mababasang paraan alinsunod sa mga iniaatas, kabilang ang sukat ng font, na itinagubilin ng kawanihan o ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado:

(1) Petsa ng pagyari at pinagkunan.

(2) Ang mga sumusunod na pahayag, sa maiitim na letra:

(A) Para sa marihuwana: "BABALA NG PAMAHALAAN: ANG PAKETENG ITO AY NAGTATAGLAY NG MARIHUWANA, ISANG ISKEDYUL I NA KINOKONTROL NA SUBSTANSIYA. PANATILIHING HINDI NAABOT NG MGA BATA AT HAYOP. ANG MARIHUWANA AY MAAARI LAMANG ANGKININ O GAMITIN NG MGA TAONG 21 TAONG GULANG O MAS MATANDA MALIBAN KUNG ANG TAO AY ISANG KUWALIPIKADONG PASYENTE. ANG PAGGAMIT NG MARIHUWANA HABANG BUNTIS O NAGPAPASUSO AY MAAAARIG NAKAKAPINSALA. ANG PAGKONSUMO NG MARIHUWANA AY NAGPAPAHINA SA IYONG KAKAYAHANG MAGMANEHO AT MAGPATAKTO NG MAKINA. MANGYARING GUMAMIT NG SUKDULANG PAG-IINGAT."

(B) Para sa mga produktong marihuwana: "BABALA NG PAMAHALAAN: ANG PRODUKTONG ITO AY NAGTATAGLAY NG MARIHUWANA, ISANG ISKEDYUL NA KINOKONTROL NA SUBSTANSIYA. PANATILIHING HINDI NAABOT NG MGA BATA AT HAYOP. ANG MGA PRODUKTONG MARIHUWANA AY MAAARI LAMANG ANGKININ O GAMITIN NG MGA TAONG 21 TAONG GULANG O MAS MATANDA MALIBAN KUNG ANG TAO AY ISANG KUWALIPIKADONG PASYENTE. ANG NAKALALANGONG MGA EPEKTO NG PRODUKTONG MARIHUWANA AY MAAARING ANTALAHIN NG HANGGANG DALAWANG ORAS. ANG PAGGAMIT NG MARIHUWANA HABANG BUNTIS O NAGPAPASUSO AY MAAAARING NAKAKAPINSALA. ANG PAGKONSUMO NG MGA PRODUKTONG MARIHUWANA AY NAGPAPAHINA SA IYONG KAKAYAHANG MAGMANEHO AT MAGPATAKBO NG MAKINA. MANGYARING GUMAMIT NG SUKDULANG PAG-IINGAT."

(3) Para sa mga paketeng nagtataglay lamang ng tuyong bulaklak ang netong timbang ng marihuwana sa pakete.

(4) Pagkilala sa pinagkunan at petsa ng pagtatanim, ang uri ng marihuwana o produktong marihuwana at ang petsa ng pagyari at pagpake.

(5) Ang katawagan ng pinagmulan, kung mayroon.

(6) Listahan ng parmakolohikal na aktibong mga sangkap, kabilang ang, pero hindi limitado sa, tetrahydrocannabinol (THC), cannabidiol (CBD), at ibang nilalamang cannabinoid, ang THC at ibang dami ng cannabinoid sa mga milligram kada hain, mga hain kada pakete, at ang THC at ibang dami ng cannabinoid sa mga milligram para sa kabuuang pakete, at ang lakas ng marihuwana o produktong marihuwana sa pamamagitan ng pagtukoy sa dami ng tetrahydrocannabinol at cannabidiol sa bawat hain.

(7) Para sa mga produktong marihuwana, ang isang listahan ng lahat ng sangkap at pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa nutrisyon sa paraang katulad sa pederal na mga iniaatas na pagtatak ng nutrisyon sa Seksiyon 101.9 ng Titulo 21 ng Kodigo sa mga Pederal na Regulasyon.

(8) Isang listahan ng anumang mga solvent, di-organikong pestisidyo, herbisidyo, at pataba na ginamit sa pagtatanim, paglikha, at pagyari ng naturang marihuwana o produktong marihuwana.

(9) Isang babala kung ang mga mani o ibang alam na allergen ay ginagamit.

(10) Impormasyong kaugnay ng natatanging tagapagpakilala na inisyu ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura.

(11) Anumang ibang iniaatas na itinatag ng kawanihan o Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

(d) Tanging generic na mga pangalan ng pagkain ang maaaring gamitin upang ilarawan ang mga sangkap sa nakakaing mga produktong marihuwana.

(e) Kung ipinasiya ng kawanihan na ang marihuwana ay hindi na isang iskedyul I na kinokontrol na substansiya sa ilalim ng pederal na batas, ang tatak na itinagubiin sa subdibisyon (c) ay hindi kailangang mag-atas ng isang pahayag na ang marihuwana ay isang iskedyul I na kinokontrol na substansiya.

Kabanata 13 Mga Produktong Marihuwana

26130. (a) Ang mga produktong marihuwana ay dapat na:

(1) Hindi idinisenyo upang maging kaakit-akit sa mga bata o madaling mapagkamalang pangkomersiyong ibinebentang kendi o mga pagkain na hindi nagtataglay ng marihuwana.

(2) Nilikha at ibinebeneta na may isang ayon sa pamantayan na dosis ng mga cannabinoid na hindi dapat humigit sa sampung (10) milligram tetrahydrocannabinol (THC) kada hain.

(3) Inilarawan o pinuntusan ayon sa pamantayan na mga dami kung ang produktong marihuwana ay nagtataglay ng higit sa isang hain at isang nakakaing produktong marihuwana sa solidong anyo.

(4) Ginawang magkakauri upang matiyak ang magkakatulad na paghahatid ng mga cannabinoid sa buong produkto.

(5) Niyayari at ibinebenta sa ilalim ng mga pamantayan sa sanitasyon na itinatag ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, sa pagsangguni sa kawanihan, para sa paghahanda, pag-iimbak, paghawak at pagbebenta ng mga produktong pagkain.

(6) Ipinagkakaloob sa mga parokyanong may sapat na impormasyon upang magawa ang may-kaalamang pagkonsumo ng naturarng produkto, kabilang ang mga posibleng epekto ng produktong marihuwana at mga tagubilin kung paano dapat ikonsumo ang produktong marihuwana, gaya ng kailangan.

(b) Ang marihuwana, kabilang ang konsentradong cannabis, isinama sa isang produktong marihuwana na niyari na sumusunod sa batas ay hindi itinuturing na adulterant sa ilalim ng batas ng estado.

Kabanata 14 Proteksiyon ng mga Menor

26140. (a) Walang lisensiyado na dapat:

(1) Magbenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa mga taong wala pang 21 taong gulang.

(2) Magpahintulot sa sinumang taong wala pang 21 taong gulang sa mga lugar na sakop nito.

(3) Mag-empleyo o magpanatili ng mga taong wala pang 21 taong gulang.

(4) Magbemta o maglipat ng marihuwana o mga produktong marihuwana maliban kung ang tao na pagbebentahan ng marihuwana o produktong marihuwana ay nagpakita muna ng dokumentasyon na makatwirang lumilitaw na isang balidong inisyu ng pamahalaan na kard ng pagkakakilanlan na nagpapakita na ang tao ay 21 taong gulang o mas matanda.

(b) Ang mga taong wala pang 21 taong gulang ay maaaring gamitin ng mga opisyal na pangkapayapaan sa pagpapatupad ng dibisyong ito at upang hulihin ang mga lisensiyado, o mga empleyado o ahente ng lisensiyado, o ibang mga taong nagbebenta o nagkakaloob ng marihuwana a sa mga menor. Sa kabila ng anumang tadhana ng batas, sinumang taong wala pang 21 taong gulang na bumili o nagtangkang bumili ng anumang marihuwana habang nasa ilalim ng direksiyon ng isang opisyal na pangkapayapan ay hindi dapat usigin para sa pagbili o pagtatanggkang iyon na bumili ng marihuwana. Ang mga patnubay na nauukol sa paggamit ng mga taong wala pang 21 taong gulang bilang mga pain ay dapat pagtibayin at ilathala ng kawanihan alinsunod sa bahaging paggawa ng tuntunin ng Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng bahagi 1 of Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan).

(c) Sa kabilang ng subdibisyon (a), ang isang lisensiyado na isa ring dispensaryong lisensiyado sa ilalim ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ay maaaring:

(1) Pahintulutan sa mga lugar ang sinumang taong 18 taong gulang o mas matanda na nag-aangkin ng isang balidong kard ng pagkakakilanlan sa ilalim ng Seksiyon 11362.71 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at isang balidong inisyu ng pamahalaan na kard ng pagkakakilanlan.

(2) Magbenta ng marihuwana, mga produktong marihuwana, at mga aksesorya ng marihuwana sa isang taong 18 taong gulang o mas matanda na nag-aangkin ng isang balidong kard ng pagkakakilanlan sa ilalim ng Seksiyon 11362.71 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at isang balidong inisyu ng pamahalaan ng kard ng pagkakikilanlan.

Kabanata 15 Mga Kabawalan sa Anunsiyo at Pagbebenta

26150. Para sa mga layunin ng kabanatang ito:

(a) "Mag-anunsiyo" ay nangangahulugang ang paglalathala o pamamahagi ng isang anunsiyo.

(b) "Anunsiyo" ay kabilang ang anumang nakasulat o pabigkas na pahayag, paglalarawan, o pagpapaliwanag na kinalkula upang umakit ng pagbebenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana, kabilang ang anumang nakasulat, nakalimbag, grapiko, o ibang materyal, paskilan, tanda, o ibang panlabas na pagpapakita, kard ng pampublikong paghahatid, ibang pana-panahong literatura, publikasyon, o sa isang pagsasahimpawid sa radyo o telebisyon, o sa anumang ibang media; maliban sa ang naturang katawagan ay hindi dapat kabilang ang:

(1) Anumang tatak na inilagay sa anumang marihuwana o produktong marihuwana, o anumang indibidwal na pabalat, karton, o ibang balot ng naturang sisidlan na bumubuo ng isang bahagi ng pagtatak sa ilalim ng mga tadhana ng dibisyong ito.

(2) Anumang editoryal o ibang materyal ng babasahin (halimbawa, pagbabalita) sa anumang pahayagan o publikasyon o diyaryo na para sa paglalathala nito ay walang pera o mahalagang pagsasaalang-alang na ibinabayad o ipinangako, tuwiran o di-tuwiran, ng sinumang lisensiyado, at hindi isinulat ng o sa tagubilin ng lisensiyado.

(c) "Tanda ng anunsiyo" ay anumang tanda, poster, display, paskilan, o anumang ibang nakapirmi o permanenteng nakakabit na anunsiyo na nagtataguyod ng pagbebenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana na hindi itinatanim, niyayari, ipinamamahagi, o ibinebenta sa kaparehong lote.

(d) "Pahayag na may kaugnayan sa kalusugan" ay nangangahulugang anumang pahayag na may kaugnayan sa kalusugan at kabilang ang mga pahayag ng paggamot o paglunas na, malinaw o sa pamamagitan ng implikasyon, ay nagmumungkahi ng kaugnayan sa pagitan ng pagkonsumo ng marihuwana o mga produktong marihuwana at mga benepisyong pangkalusugan, o mga epekto sa kalusugan.

(e) "Magbenta" o "Pagbebenta" ay nangangahulungang anumang aksiyon o proseso ng pagtataguyod o pagbebenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-insponsor ng mga palakasan, punto ng pagbebenta na anunsiyo, at pagbuo ng mga produkto na partikular na idinisenyo upang maging kaakit-akit sa partikuar na demograpiko.

26151. (a) Lahat ng anunsiyo at pagbebenta ay dapat na tumpak at nababasa upang matukoy ang lisensiyadong responsable para sa nilalaman nito.

(b) Anumang anunsiyo o pagbebentang inilagay sa himpapawid, kable, radyo, imprenta at digital na komunikasyon ay dapat lamang ipakita kung saan hindi kukulangin sa 71.6 porsiyento ng pinagpapakitaan ay makatwirang inaasahan na 21 taong gulang o mas matanda, gaya ng ipinasiya ng maaasahan, napapanahong mga datos ng bumubuo sa audience.

(c) Anumang anunsiyo o pagbebenta na kaugnay ang tuwiran, ibinabagay sa tao na komunikasyon o pag-uusap na kinokontrol ng lisensiyado ay dapat gumamit ng isang paraan ng pag-apirma ng edad upang beripikahin na ang tumatanggap ay 21 taong gulang o mas matanda bago lumahok sa naturang komunikasyon o pag-uusap na kinokontrol ng lisensiyado. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang naturang paraan ng pag-apirma ng edad ay maaaring kabilang ang kumpirmasyon ng gumagamit, pagsisiwalat ng petsa ng kapanganakan, o ibang katulad na paraan ng pagpaparehistro.

(d) Lahat ng anunsiyo ay dapat na makatotohanan at angkop na mapatutunayan.

26152. Walang lisensiyado na dapat:

(a) Mag-anunsiyo o magbenta sa isang paraan na mali o hindi totoo sa anumang materyal na partikular, o na, anuman ang pagiging mali, tuwiran, o sa pamamagitan ng kalabuan, pag-aalis, o palagay, o pagdagdag ng walang-kaugnayan, siyentipiko o teknikal na bagay, na dumadako sa paglikha ng nakapagliligaw na impresyon;

(b) Maglathala o mamahagi ng anunsiyo o pagbebenta na nagtataglay ng anumang pahayag na nauukol sa tatak o produkto na hindi kaayon ng anumang pahayag na nasa pagtatak nito;

(c) Maglathala o mamahagi ng anunsiyo o pagbebenta na nagtataglay ng anumang pahayag, disenyo, kagamitan, o pagkatawan na dumadako sa paglikha ng impresyon na ang marihuwanang galing sa isang partikular na lugar o rehiyon, maliban kung ang tatak ng inaanunsiyong produkto ay nagtataglay ng katawagan ng pinanggalingan, at ang naturang katawagan ng pinaggalingan ay anyong nasa anunsiyo;

(d) Mag-anunsiyo o magbenta sa isang paskilan o katulad na kagamitan sa pag-anunsiyo na matatagpuan sa isang Interstate na Haywey o Haywey ng Estado na tumatawid sa hangganan ng anumang ibang estado.

(e) Mag-anunsiyo o magbenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana

sa isang paraan na nilalayong himukin ang mga tao na wala pang 21 taong gulang na kumonsumo ng marihuwana o mga produktong marihuwana;

(f) Maglathala o mamahagi ng anunsiyo p pagbebenta na nagtataglay ng mga simbolo, pananalita, musika, muwestra, karakter sa cartoon o ibang mga elemento ng nilalaman na alam na kaakit-akit unang-una sa mga taong mas mababa sa edad na legal na maaaring kumonsumo; o

(g) Mag-anunsiyo o magbenta ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa isang tanda ng anunsiyo sa loob ng 1,000 talampakan ng isang sentro ng pag-aalaga sa araw, paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anumang mga grado 1 hanggang 12, palaruan, o sentro ng kabataan.

26153. Walang lisensiyado na dapat magbigay ng anumang dami ng marihuwana o mga produktong marihuwana, o anumang mga aksesorya ng marihuwana, bilang bahagi ng isang pagtataguyod ng negosyo o ibang pangkomersiyong aktibidad.

26154. Walang lisensiyado na dapat maglathala o mamahagi ng anunsiyo o pagbebenta na nagtataglay ng anumang kaugnay ng kalusugan na pahayag na hindi totoo sa anumang partikular na paraan o dumadako sa paglikha ng isang nakapagliligaw na impresyon tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng pagkonsumo ng marihuwana.

26155. (a) Ang mga tadhana ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 26152 ay hindi dapat pairalin sa paglalagay ng mga tanda ng anunsiyo sa loob ng isang lisensiyadong mga lugar at hindi nakikita ng normal na walang-tulong na paningin mula sa isang pampublikong lugar, sa kondisyon na ang mga tanda ng anunsiyo ay hindi nag-aanunsiyo ng marihuwana o mga produktong marihuwana sa isang paraan na nilalayong himukin ang mga taong wala pang 21 taong gulang na kumonsumo ng marihuwana o mga produktong marihuwana.

(b) Ang kabanatang ito ay hindi pinaiiral sa anumang di-pangkomersiyong pagsasalita.

64

Kabanata 16. Mga Rekord

26160. (a) Dapat magtabi ang isang lisensiyado ng mga tumpak na rekord ng pangkomersiyong aktibidad sa marijuana.

(b) Ang lahat ng rekord na nauugnay sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana batay sa tinukoy ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat panatilihin sa loob ng hindi bababa sa pitong taon.

(c) Maaaring suriin ng kawanihan ang mga libro at rekord ng isang lisensiyado at siyasatin ang mga gusali ng isang lisensiyado bilang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, o ng isang ahensiya ng estado o lokal na ahensiya, kung itinuturing na kinakailangan upang maisagawa ang mga tungkulin nito sa ilalim ng dibisyong ito. Ang lahat ng pagsisiyasat ay dapat isagawa sa loob ng mga karaniwang oras ng negosyo ng lisensiyadong pasilidad o sa anumang iba pang makatwirang oras.

(d) Dapat itabi ng mga lisensiyado ang mga rekord na tinukoy ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya sa mga gusali ng lokasyong binigyan ng lisensiya. Maaaring suriin ng mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang mga rekord ng sinumang lisensiyado. Ang mga lisensiyado ay dapat ding magbigay at maghatid ng mga kopya ng mga dokumento sa awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya kung hihilingin.

(e) Ang isang lisensiyado, o ahente o empleyado nito, na tumanggi, humadlang, humarang, o nakialam sa isang pagsisiyasat ng mga gusali o rekord ng lisensiyado alinsunod sa seksiyong ito, ay nakagawa ng isang paglabag sa dibisyong ito.

(f) Kung hindi napanatili o naibigay ng isang lisensiyado, o ahente o empleyado ng isang lisensiyado, ang mga iniaatas na rekord alinsunod sa seksiyong ito, dapat bigyan ang lisensiyado ng isang utos na humarap sa hukuman (citation) at patawan ng multa na hanggang tatlumpung libong dolyar ($30,000) sa bawat indibidwal na paglabag.

26161. (a) Ang bawat pagbebenta o pagbibiyahe ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana mula sa isang lisensiyado patungo sa isa pang lisensiyado ay dapat irekord sa isang invoice ng pagbebenta o resibo. Maaaring panatilihin ang mga invoice ng pagbebenta at resibo sa paraang electronic at dapat nakaayos sa paraang madaling maa-access ang mga ito para sa pagsusuri ng mga empleyado ng kawanihan o Lupon ng Tagapamahala ng Buwis at hindi dapat ihalo sa mga invoice na sumasaklaw sa iba pang mga kalakal.

(b) Ang bawat invoice ng pagbebenta na iniaatas ng subdibisyon (a) ay dapat magtaglay ng pangalan at tirahan ng nagbebenta at dapat magtaglay ng mga sumusunod na impormasyon:

(1) Pangalan at tirahan ng bumibili.

(2) Petsa ng pagbebenta at numero ng invoice.

(3) Uri, dami, laki, at kapasidad ng mga package ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana na naibenta na.

(4) Ang halaga sa bumibili, kasama na ang anumang diskwentong inilapat sa presyo gaya ng ipinapakita sa invoice.

(5) Ang lugar kung saan ibiniyahe ang marijuana o produktong gawa sa marijuana maliban kung ginawa ang pagbibiyahe mula sa mga gusali ng lisensiyado.

(6) Anumang iba pang impormasyong tinukoy ng kawanihan o ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

Kabanata 17. Sistema ng Pagsubaybay

26170. (a) Dapat palawakin ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura, nang may pagkonsulta sa kawanihan at sa Lupon ng Tagapamahala ng Buwis ng Estado, ang programa ng pagsubaybay na ipinagkaloob sa ilalim ng Artikulo 7.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19335) ng Kabanata 3.5 ng Dibisyon 8 upang maisama ang pag-uulat sa paggalaw ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa kabuuan ng chain ng pamamahagi at ibigay, sa minimum, ang parehong antas ng impormasyon para sa marijuana at mga produktong gawa sa marijuana tulad ng iniaatas na iulat para sa medikal na cannabis at mga produktong gawa sa medikal na cannabis, at bilang karagdagan, ang halaga ng buwis sa pagtatanim na dapat bayaran alinsunod sa Bahagi 14.5 (nagsisimula sa Seksiyon 34010) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis. Ang pinalawak na programa ng pagsubaybay ay dapat magsama ng electronic na seed sa software tracking system para sa pagbebenta na may mga punto ng datos para sa iba't ibang antas ng pangkomersiyong aktibidad kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pagtatanim, pag-aani, pagpoproseso, pamamahagi, pag-imbentaryo, at pagbebenta.

(b) Dapat tiyakin ng kagawaran, nang may pagkonsulta sa kawanihan, na pinapayagan ang mga lisensiyado sa ilalim ng dibisyong ito na gumamit ng mga third-party na application, program at information technology system upang makasunod sa mga iniaatas ng pinalawak na programa ng pagsubaybay na inilalarawan sa subdibisyon (a) upang maiulat ang paggalaw ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa kabuuan ng chain ng pamamahagi at sabihin ang nasabing impormasyon sa mga ahensiya sa pagbibigay ng lisensiya ayon sa iniaatas ng batas.

(c) Dapat ay sinusuportahan ng anumang software, database o iba pang information technology system na ginagamit ng kagawaran upang maipatupad ang pinalawak na programa ng pagsubaybay ang pagiging madaling gumana sa mga third-party na software application para sa negosyo sa cannabis at payagan na maisagawa ang lahat ng aktibidad ng system na ginagamit ng lisensiyado sa pamamagitan ng isang ligtas na application programming interface (API) o kumportableng teknolohiya na may maayos na dokumentasyon, bi-directional, at naa-access ng alinmang third-party na application na naputunayan na at may mga naaangkop na kredensyal. Ang API o kaparehong teknolohiya ay dapat magkaroon ng kontrol sa bersiyon at magbigay ng naaangkop na abiso sa mga update sa mga third-party na application. Ang system ay dapat magbigay ng pansubok na kapaligiran upang matasa ang mga third-party na application kung sinasalamin ng mga ito ang kapaligiran ng produkto.

Kabanata 18. Mga Bayad sa Lisensiya

26180. Ang bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat magtakda

ng hanay ng mga bayad sa aplikasyon, paglilisensiya, at pag-renew, batay sa gastos sa pagpapatupad ng dibisyong ito, ayon sa sumusunod:

(a) Dapat singilin ng bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang bawat lisensiyado ng bayad sa pagkuha ng lisensiya at pag-renew, ayon sa naaangkop. Dapat kalkulahin ang bayad sa pagkuha ng lisensiya at pag-renew upang masaklawan ang mga gastos ng pamamahala sa dibisyong ito. Maaaring mag-iba-iba ang bayad sa pagkuha ng lisensiya depende sa iba-ibang gastos na nauugnay sa pamamahala sa iba't ibang iniaatas sa pagkontrol sa dibisyong ito dahil nauugnay ang mga ito sa uri at saklaw ng iba't ibang aktibidad ng pagkuha ng lisensiya, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, iniaatas na programa ng pagsubaybay alinsunod sa Seksiyon 26170, ngunit hindi ito dapat lumampas sa makatwirang gastos sa pagkontrol sa awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

(b) Ang kabuuang bayad na natasa alinsunod sa dibisyong ito ay dapat itakda sa halagang patas at balanse na makakakuha ng sapat na kabuuang kita upang ganap na masaklawan ang mga kabuuang gastos ng pamamahala sa dibisyong ito.

(c) Ang lahat ng bayad sa lisensiya ay dapat itakda batay sa isang hanay ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, depende sa laki ng negosyo.

(d) Dapat ideposito ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang lahat ng nakolektang bayad sa isang account ng bayad na partikular sa awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya na iyon, na itatakda sa Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana. Ang mga pera sa mga account ng bayad ng awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat gamitin, batay sa pagtatakda ng Lehislatura, ng itinalagang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya para sa pamamahala ng dibisyong ito.

26181. Ang Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, ang Kagawaran ng Isda at Maiilap na Hayop-gubat, at iba pang mga ahensiya ay maaaring magtakda ng mga bayad upang masaklaw ang mga gastos sa kanilang mga programa ng pagkontrol sa marijuana.

Kabanata 19. Mga Taunang Ulat; Pagsusuri ng Pagganap

26190. Simula sa Marso 1, 2020, at sa o bago ang Marso 1 ng bawat taon pagkatapos nito, ang bawat awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ay dapat maghanda at magsumite sa Lehislatura ng taunang ulat tungkol sa mga aktibidad ng awtoridad hinggil sa mga pangkomersiyong aktibidad sa marijuana at i-post ang ulat sa Web site sa Internet ng awtoridad. Ang ulat ay dapat maglaman ng, ngunit hindi limitado sa, parehong uri ng impormasyon na tinukoy sa Seksiyon 19353, at ng detalyadong listahan ng mga petisyon para sa pag-aalis ng kontrol o mga pagbabago sa paggawa ng tuntunin na natanggap ng opisina mula sa mga lisensiyado na humihiling ng mga pagbabago sa pagpapatupad ng mga tuntunin sa ilalim ng dibisyong ito.

26191. (a) Simula sa Enero 1, 2019, at sa Enero 1 ng bawat taon pagkatapos nito, ang Opisina ng Tagasuri ng Estado ng California ay dapat magsagawa ng pagsusuri ng pagganap sa mga aktibidad ng kawanihan sa ilalim ng dibisyong ito, at dapat iulat ang mga pagpapasiya nito sa kawanihan at sa Lehislatura sa Hulyo 1 ng parehong taon na iyon. Ang ulat ay dapat maglaman ng, ngunit hindi limtado sa, mga sumusunod:

(1) Ang aktwal na mga gastos sa programa.

(2) Ang pagiging epektibo sa pangkalahatan ng mga programa ng pagpapatupad.

(3) Ang anumang ulat na isinumite alinsunod sa seksiyong ito ay dapat isumite bilang pagsunod sa Seksiyon 9795 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang Lehislatura ay dapat magbigay ng mga sapat na pondo sa Opisina ng Tagasuri ng Estado ng California upang maisagawa ang taunang pagsusuri na iniaatas ng seksiyong ito.

Kabanata 20. Lokal na Pagkontrol

26200. (a) Walang anumang bagay sa dibisyong ito ang dapat na ituring na humahalili o naglilimita sa awtoridad ng isang lokal na hurisdiksiyon na magpatibay o magpatupad ng mga lokal na ordinansa upang kontrolin ang mga negosyong binigyan ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, mga iniaatas sa lokal na pagsosona at paggamit ng lupa, iniaatas sa lisensiya sa negosyo, at iniaatas na nauugnay sa pagbawas sa pagkakalantad sa secondhand na usok, o upang ganap na pagbawalan ang pagtatayo o pagpapatakbo ng isa o higit pang mga uri ng negosyong binigyan ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito sa loob ng lokal na hurisdiksiyon.

(b) Walang anumang bagay sa dibisyong ito ang dapat na ituring na nag-aatas sa isang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya na akuin ang mga responsibilidad sa pagpapatupad ng lokal na batas, magpatupad ng mga iniaatas sa lokal na pagsosona, o magpatupad ng mga iniaatas sa lokal na paglilisensiya.

(c) Dapat abisuhan ng isang lokal na hurisdiksiyon ang kawanihan ukol sa pagpapawalang-bisa ng anumang lokal na lisensiya, permiso, o awtorisasyon upang makalahok ang isang lisensiyado sa pangkomersiyong aktibidad sa marijuana sa loob ng lokal na hurisdiksiyon. Sa loob ng 10 araw mula noong ibinigay ang abiso, dapat sabihan ng kawanihan ang mga nauugnay na awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya. Sa loob ng 10 araw mula noong sabihan ng kawanihan, dapat simulan ng mga nauugnay na awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang mga pamamaraan sa ilalim ng Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksiyon 26030) upang matukoy kung ang lisensiyang inisyu sa lisensiyado ay dapat bang suspindihin o ipawalang-bisa.

(d) Sa kabila ng talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 11362.3 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, maaaring pahintulutan ng lokal na hurisdiksiyon ang pag-smoke, pag-vaporize, at pagkain ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa mga gusali ng isang tagatingi o maliit na negosyo na binigyan ng lisensiya sa ilalim ng dibisyong ito kung:

(1) Ang access sa lugar kung saan pinapahintulutan ang paggamit ng marijuana ay pinaghihigpitan para sa mga taong 21 taong gulang at mas matanda;

(2) Ang paggamit ng marijuana ay hindi nakikita mula sa anumang pampublikong lugar o lugar na walang pinaghihigpitang edad; at

(3) Hindi pinapahintulutan sa mga gusali ang pagbebenta at pagkonsumo ng alak o tabako.

26201. Ang anumang mga pamantayan, iniaatas, at regulasyon hinggil sa kalusugan at kaligtasan, proteksyon sa kapaligiran, pagsusuri, seguridad, pagiging ligtas ng pagkain, at proteksiyon ng manggagawa na itinakda ng estado ang dapat na maging mga pinakamababang pamantayan para sa lahat ng lisensiyado sa ilalim ng dibisyong ito sa buong estado. Ang lokal na hurisdiksiyon ay maaaring magtakda ng mga karagdagang pamantayan, iniaatas, at regulasyon.

26202. (a) Maaaring ipatupad ng lokal na hurisdiksiyon ang dibisyong ito at ang mga regulasyong pinapalaganap ng kawanihan o anumang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya kung tinalagahan ng kapangyarihan na gawin iyon ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya.

(b) Dapat ipatupad ng kawanihan o anumang awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ang pagtatalaga ng awtoridad sa pagpapatupad sa subdibisyon (a) sa pamamagitan ng memorandum ng pagkakaunawaan sa pagitan ng kawanihan o awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya at lokal na hurisdiksiyon kung saan itatalaga ang awtoridad sa pagpapatupad.

Kabanata 21. Pagpopondo

26210. (a) Ang Pondo ng Batas sa Regulasyon at Kaligtasan mula sa Medikal na Cannabis na itinakda sa Seksiyon 19351 ay pinalitan ng pangalan at ginawang Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana.

(b) Sa epektibong petsa ng seksiyong ito, sa tuwing lalabas ang "Pondo ng Batas sa Regulasyon at Kaligtasan mula sa Medikal na Cannabis" sa anumang batas, regulasyon, o kontrata, o sa anumang iba pang kodigo, dapat itong pakahulugan na tumutukoy sa Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana.

26211. (a) Ang mga pondo para sa paunang pagtatakda at suporta sa mga pangkontrol na aktibidad sa ilalim ng dibisyong ito, kasama na ang programa ng pampublikong impormasyon na inilarawan sa subdibisyon (c),

at para sa mga aktibidad ng Lupon ng Tagapamahala ng Buwis sa ilalim ng Bahagi 14.5 (nagsisimula sa Seksiyon 34010) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis hanggang Hulyo 1, 2017, o hanggang sa mapagtibay ang Batas sa Badyet ng 2017, alinman ang mangyari nang mas huli, ay dapat utangin mula sa Pangkalahatang Pondo at dapat bayaran sa pamamagitan ng mga paunang kita mula sa mga nakolektang bayad alinsunod sa dibisyong ito, anumang tuntunin o regulasyong pinagtibay alinsunod sa dibisyong ito, o mga kitang nakolekta mula sa buwis na ipinataw ng mga Seksiyon 34011 at 34012 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa Enero 1, 2025.

(1) Ang mga pondong inutang alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat ilaan sa kawanihan, na siyang dapat mamamahagi ng mga pera sa mga naaangkop na awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya, kung kinakailangan upang maipatupad ang mga pagkakaloob ng dibisyong ito, at sa Lupon ng Tagapamahala ng Buwis, kung kinakailangan, upang maipatupad ang mga pagkakaloob ng Bahagi 14.5 (nagsisimula sa Seksiyon 34010) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

(2) Sa loob ng 45 araw mula noong ipinatupad ang seksiyong ito:

(A) Dapat tukuyin ng Direktor ng Pananalapi ang halaga ng paunang pagpapautang mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana na hindi lalampas ng tatlumpung milyong dolyar ($30,000,000); at

(B) Dapat magpautang ng kabuuang limang milyong dolyar ($5,000,000) mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado upang magkaloob para sa programang pampublikong impormasyon na inilarawan sa subdibisyon (c).

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang Lehislatura ay dapat na magbigay ng mga sapat na pondo sa Pondo sa Pagkontrol ng Marijuana upang suportahan ang mga aktibidad ng kawanihan, mga awtoridad sa pagbibigay ng lisensiya ng estado sa ilalim ng dibisyong ito, at Lupon ng Tagapamahala ng Buwis upang suportahan ang mga aktibidad nito sa ilalim ng Bahagi 14.5 (nagsisimula sa Seksiyon 34010) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis. Inaasahang ibibigay ang pondong ito taun-taon simula sa Hulyo 1, 2017.

(c) Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado ay dapat magtakda at magpatupad ng programa ng pampublikong impormasyon na hindi lalampas sa Setyembre 1, 2017. Dapat ilarawan ng programa ng pampublikong impormasyon na ito, sa minimum, ang mga pagkakaloob ng Batas sa Pagkontrol, Paglilimita at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang ng 2016, ang siyentipikong batayan para sa pagbabawal sa access sa marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa mga taong wala pang 21 taong gulang, ilarawan ang mga parusa para sa pagbibigay ng access sa marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa mga taong wala pang 21 taong gulang, magbigay ng impormasyon ukol sa mga panganib ng pagmamaneho ng sasakyang de-motor, bangka, sasakyang pandagat, sasakyang panghimpapawid, o iba pang sasakyang ginagamit para sa pagbibiyahe habang hindi malinaw ang isipan mula sa paggamit ng marijuana, ang mga potensyal na pinsala ng paggamit ng marijuana habang buntis o nagpapasuso, at ang potensyal na pinsala ng labis na paggamit ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana.

SEK. 6.2. Ang Seksiyon 147.6 ay idinaragdag sa Kodigo ng Paggawa, kung saan mababasa ang:

147.6. (a) Sa Marso 1, 2018, ang Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ay dapat magtipon ng nagpapayong komite upang masuri kung mayroon bang pangangailangan na gumawa ng mga regulasyong partikular sa industriya na nauugnay sa mga aktibidad ng mga lisensiyado sa ilalim ng Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon, kasama na ang ngunit hindi limitado sa, kung kinakailangan ng mga partikular na iniaatas upang matugunan ang pagkakalantad sa second-hand na usok ng marijuana ng mga empleyado sa mga pasilidad kung saan ang paggamit ng marijuana sa lugar ay pinapahintulutan sa ilalim ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 26200 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon, kung kinakailangan ng mga partikular na iniaatas upang matugunan ang mga potensyal na panganib ng pagkasunog, paglanghap, mga armadong pagnanakaw o paulit-ulit na pinsala dahil sa strain.

(b) Sa Oktubre 1, 2018, ang nagpapayong komite ay dapat magpresenta sa lupon ng mga pasiya at rekomendasyon nito para sa pagsasaalang-alang ng lupon. Sa Oktubre 1, 2018, dapat magbigay ng pasiya ang lupon hinggil sa pagpapatibay ng mga regulasyong partikular sa industriya alinsunod sa seksiyong ito.

SEK. 6.3. Ang Seksiyon 13276 ng Kodigo sa Tubig ay sinususugan kung saan mababasa ang:

13276. (a) Dapat ipagpatuloy ng puwersang tagakilos mula sa maraming ahensiya, ang Kagawaran ng Isda at Maiilap na Hayop-gubat at pangunahing proyekto ng Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado upang matugunan ang Mga Epekto sa Kapaligiran ng Pagtatanim ng Cannabis, na itinalaga upang tumugon sa mga pagbabagong idinulot ng pagtatanim ng marijuana sa mga pampubliko at pribadong lupa sa California, ang mga pagsusumikap nito sa pagpapatupad nang permanente at palawakin ang mga ito sa antas na pambuong estado upang matiyak na mababawasan ang mga negatibong epekto ng pagtatanim ng marijuana sa kalidad ng tubig at sa isda at maiilap na hayop-gubat sa kabuuan ng estado.

(b) Dapat tugunan ng bawat panrehiyong lupon, at maaaring tugunan ng Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, ang mga pagtatapon ng dumi na resulta ng pagtatanim ng medikal na marijuana *at pagtatanim ng pangkomersiyong marijuana sa ilalim ng Dibisyon 10 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon* at mga kaugnay na aktibidad, kasama na sa pamamagitan ng pagpapatibay ng pangkalahatang permiso, pagtatakda ng mga iniaatas sa pagtatapon ng dumi, o pagsasagawa ng pagkilos alinsunod sa Seksiyon 13269. Bilang pagtugon sa mga pagtatapong ito, ang bawat panrehiyong lupon ay dapat magsama ng mga kondisyon upang matugunan ang mga item na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Pagpapaunlad at pagpapanatili ng lugar, pagkontrol sa erosyon, at mga tampok ng pagpapatubig.

(2) Pag-install at pagpapanatili ng tawiran sa batis.

(3) Pagprotekta at pamamahala sa lugar sa pagitan ng lupa at ilog at basang lupa.

(4) Pagtatapon ng lupa.

(5) Pag-iimbak at paggamit ng tubig.

(6) Daluyan ng irigasyon.

(7) Mga pataba at lupa.

(8) Mga pestisidyo at herbisidyo.

(9) Mga produktong gawa sa petrolyo at iba pang mga kemikal.

(10) Duming nauugnay sa pagtatanim.

(11) Basura at dumi ng tao.

(12) Paglilinis, pagpapanumbalik, at mitigasyon.

SEK. 7. Buwis sa Marijuana.

SEK. 7.1. Ang Bahagi 14.5 (nagsisimula sa Seksiyon 34010) ay idinaragdag sa Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, kung saan mababasa ang:

BAHAGI 14.5. BUWIS SA MARIJUANA

34010. Para sa mga layunin ng bahaging ito:

(a) Ang "lupon" ay tutukoy sa Lupon ng Tagapamahala ng Buwis o ahensiyang hahalili rito.

(b) Ang "kawanihan" ay tutukoy sa Kawanihan ng Pagkontrol ng Marijuana na nasa ilalim ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili.

(c) Ang "Pondo mula sa Buwis" ay tumutukoy sa Pondo mula sa Buwis sa Marijuana ng California na ginawa ng Seksiyon 34018.

(d) Ang "marijuana" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa

Seksiyon 11018 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at dapat ring tumukoy sa medikal na cannabis.

(e) Ang "mga produktong gawa sa marijuana" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa Seksiyon 11018.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at dapat ring tumukoy sa mga medikal na concentrate at mga produktong gawa sa medikal na cannabis.

(f) Ang "mga bulaklak ng marijuana" ay tutukoy sa mga pinatuyong bulaklak ng halaman ng marijuana ayon sa sinabi ng lupon.

(g) Ang "mga dahon ng marijuana" ay tutukoy sa lahat ng parte ng halaman ng marijuana maliban sa mga bulaklak ng marijuana na ibinebenta o kinokonsumo.

(h) Ang "mga kabuuang resibo" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa Seksiyon 6012.

(i) Ang "pagbebenta nang tingi" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa Seksiyon 6007.

(j) Ang "tao" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa Seksiyon 6005.

(k) Ang "maliit na negosyo" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 26070 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(l) Ang "di-nagtutubo" ay magkakaroon ng kahulugang gaya ng nakalagay sa Seksiyon 26070.5 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

34011. (a) Magkakabisa sa Enero 1, 2018, dapat patawan ng hindi tuwirang buwis sa marijuana ang mga bibili ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana na ibinebenta sa estadong ito sa antas na 15 porsiyente ng mga kabuuang resibo ng anumang pagbebenta nang tingi ng isang dispensaryo o ibang taong inaatasang kumuha ng lisensiya alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o isang tagatingi, maliit na negosyo, di-nagtutubo, o ibang taong inaatasang kumuha ng lisensiya alinsunod sa Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon na direktang magbenta ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa isang bumibili.

(b) Maliban kung hindi ipinagkaloob ng regulasyon, ang ipinataw na buwis sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat ilapat sa kabuuang presyo, kung hindi naka-itemize, ng alinmang transaksiyong kinabibilangan ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana at anumang iba pang mga natatangi at matutukoy na produkto o serbisyo, at ang presyo ng anumang mga produkto o serbisyo, kung ang bawas sa presyo ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana ay nakadepende sa pagbili ng mga produkto o serbisyong iyon.

(c) Ang dispensaryo o ibang taong inaatasang kumuha ng lisensiya alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o tagatingi, maliit na negosyo, di-nagtutubo, o ibang taong inaatasang kumuha ng lisensiya alinsunod sa Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon ay dapat na maging responsable para sa pagkolekta ng buwis na ito at pagre-remit nito sa lupon alinsunod sa mga tuntunin at pamamaraang itinakda sa ilalim ng batas at anumang mga regulasyong pinagtibay ng lupon.

(d) Ang hindi tuwirang buwis na ipinapataw ng seksiyong ito ay karagdagan sa buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng estado at mga lokal na pamahalaan.

(e) Ang mga kabuuang resibo mula sa pagbebenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana para sa mga layunin ng pagtatasa sa buwis sa pagbebenta at paggamit sa ilalim ng Bahagi 1 ng dibisyong ito ay dapat kinabibilangan ng buwis na ipinataw alinsunod sa seksiyong ito.

(f) Walang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana ang maaaring ibenta sa isang bumibili maliban kung ang hindi tuwirang buwis na iniaatas ng batas ay nabayaran na ng bumibili sa oras ng pagbebenta.

(g) Ang buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinapataw ng Bahagi 1 (nagsisimula sa Seksiyon 6001) ay hindi dapat ilapat sa mga pagbebenta nang tingi ng medikal na cannabis, concentrate ng medikal na cannabis, mga makakaing produktong gawa sa medikal na cannabis o ipinapahid na cannabis alinsunod sa kahulungan ng mga terminong iyon sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon kapag ibinigay ng kwalipikadong pasyente o pangunahing tagabigay ng pag-aalaga para sa isang kwalipikadong pasyente ang kanyang kard na inisyu sa ilalim ng Seksiyon 11362.71 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at isang wastong kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng pamahalaan.

34012. (a) Magkakabisa sa Enero 1, 2018, magpapataw na ng buwis sa pagtatanim sa lahat ng naaning marijuana na papasok sa pangkomersiyong pamilihan sa lahat ng taong inaatasang kumuha ng lisensiya upang makapag-tanim ng marijuana alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon. Dapat bayaran ang buwis pagkatapos na anihin ang marijuana.

(1) Ang buwis para sa mga bulaklak ng marijuana ay siyam na dolyar at dalawampu't limang sentimo ($9.25) sa bawat ounce ng dry-weight.

(2) Ang buwis para sa mga dahon ng marijuana ay dapat itakda sa dalawang dolyar at pitumpu't limang sentimo ($2.75) sa bawat ounce ng dry-weight.

(b) Maaaring isaayos ng lupon ang antas ng buwis para sa mga dahon ng marijuana taun-taon upang maipakita ang mga pagbabago sa nauugnay na presyo ng mga bulaklak ng marijuana sa mga dahon ng marijuana.

(c) Paminsan-minsan, maaaring magtakda ang lupon ng iba pang mga kategorya ng naaning marijuana, mga kategorya para sa hindi pa napoproseso o nagyeyelong marijuana o mga punla, o marijuana na direktang ipinapadala sa mga tagapagyari. Dapat buwisan ang mga kategoryang ito batay sa nauugnay na halaga ng mga ito kumpara sa mga bulaklak ng marijuana.

(d) Ang lupon ay maaaring magtagubilin sa pamamagitan ng pagkontrol ng paraan at pamamaraan ng pagbabayad sa buwis sa pagtatanim na gumagamit ng mga selyo ng buwis o mga bag ng produkto na inisyu ng estado na nagsasaad na nabayaran na ang lahat ng iniaatas na buwis sa produkto kung saan nakadikit ang selyo ng buwis o kung saan nakapakete ang marijuana.

(e) Ang mga selyo ng buwis at bag ng produkto ay dapat alinsunod sa mga disenyo, detalye at denominasyon na maaaring itagubilin ng lupon at maaaring bilhin ng sinumang lisensiyado sa ilalim ng Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o sa ilalim ng Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(f) Kasunod ng paggawa ng programa ng selyo ng buwis, maaaring itakda ng lupon sa pamamagitan ng pagkontrol na walang marijuana ang maaaring alisin sa isang lisensiyadong pasilidad ng pagtatanim o ibiyahe sa isang pampublikong highway maliban kung nasa isang bag ng produkto na inisyu ng estado na nagtataglay ng selyo ng buwis sa nasa tamang denominasyon.

(g) Ang mga selyo ng buwis at bag ng produkto ay dapat mabasa ng isang device sa pag-scan o katulad na device at dapat ay nasusundan gamit ang sistema ng pagsubaybay alinsunod sa Seksiyon 26170 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(h) Ang mga taong inaatasang kumuha ng lisensiya upang makapag-tanim ng marijuana alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon ang dapat na maging responsable para sa pagbabayad ng buwis alinsunod sa mga regulasyong pinagtibay ng lupon. Walang marijuana ang maaaring ibenta maliban na lang kung nabayaran na ang buwis ayon sa binanggit sa bahaging ito.

(i) Ang lahat ng marijuana na inalis sa mga gusali ng nagtatanim, maliban sa duming halaman, ay dapat na ituring na nabenta na at samakatuwid ay bubuwisan sa ilalim ng seksiyong ito.

(j) Ang buwis na ipinapataw ng seksiyong ito ay dapat ipataw sa lahat ng marijuana na itinanim sa estado alinsunod sa mga tuntunin at regulasyon na pinapalaganap ng lupon, ngunit hindi dapat ilapat sa marijuana na itinanim para sa personal na paggamit sa ilalim ng Seksiyon 11362.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o itinanim ng kwalipikadong pasyente o pangunahing tagabigay ng pag-aalaga alinsunod sa Compassionate Use Act.

(k) Simula sa Enero 1, 2020, ang mga antas na itinakda sa mga subdibisyon (a), (b), at (c) ay dapat isaayos ng lupon taun-taon pagkatapos nito para sa implasyon.

34013. (a) Dapat pamahalaan at kolektahin ng lupon ang mga buwis na ipinapataw ng bahaging ito alinsunod sa Batas sa Mga Pamamaraan ng Pagkolekta ng Bayad (Bahagi 30 (nagsisimula sa Seksiyon 55001) ng Dibisyon 2). Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang mga pagtukoy sa Batas sa Mga Pamamaraan ng Pagkolekta ng Bayad sa "bayad" ay kinabibilangan ng buwis na ipinapataw ng bahaging ito, at ang mga pagtukoy sa "tagabayad" ay kinabibilangan ng taong inaatasang bayaran o kolektahin ang buwis na ipinapataw ng bahaging ito.

(b) Ang lupon ay maaaring magtagubilin, magpatibay, at magpatupad ng mga regulasyong nauugnay sa pamamahala at pagpapatupad ng bahaging ito, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagkolekta, pag-uulat, pag-refund, at pag-apela.

(c) Ang lupon ay dapat magpatibay ng mga kinakailangang tuntunin at regulasyon upang pamahalaan ang mga buwis sa bahaging ito. Maaaring kabilang sa mga nasabing tuntunin at regulasyon ang mga paraan o pamamaraan upang malagyan ng tag ang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, o mga package nito, upang maitalaga ang paunang pagbabayad ng buwis.

(d) Ang lupon ay maaaring magtagubilin, magpatibay, at magpatupad ng anumang mga emerhensiyang regulasyon kung kinakailangan upang maipatupad, mapamahalaan, at maisagawa ang mga tungkulin nito sa ilalim ng dibisyong ito. Ang anumang emerhensiyang regulasyon na itinagubilin, pinagtibay o ipinatupad alinsunod sa seksiyong ito ay dapat pagtibayin alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, at, para sa mga layunin ng kabanatang iyon, kasama na ang Seksiyon 11349.6 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang pagpapatibay ng regulasyon ay isang emerhensiya at dapat ituring ng Opisina ng Pampangasiwaang Batas na kinakailangan para sa agarang pagpapanatili ng pampublikong kapayapaan, kalusugan at kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan. Sa kabila ng anumang iba pang pagkakaloob ng batas, ang mga emerhensiyang regulasyon na pinagtibay ng lupon ay maaaring magkaroon ng bisa sa loob ng dalawang taon mula noong pagpapatibay.

(e) Ang sinumang taong hindi makakapagbayad ng mga buwis na ipinapataw sa bahaging ito ay, bukod pa sa pagkakaroon ng utang dahil sa mga buwis na hindi binayaran, papatawan ng multa na hindi bababa sa kalahati ng halaga ng mga buwis na hindi binayaran, at ipapawalang-bisa ang lisensiya nito alinsunod sa Seksiyon 26031 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o alinsunod sa Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(f) Ang lupon ay maaaring magsagawa ng mga nasabing legal na pagkilos kung kinakailangan upang makolekta ang anumang kulang sa buwis na inaatas na bayaran, at, kung hihilingin ng lupon, dapat isagawa ng Pangkalahatang Abogado ang mga pagkilos.

34014. (a) Ang lahat ng taong kailangang malisensyahan na sangkot sa pagtatanim at pagbebenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana ay dapat kumuha ng hiwalay na permiso mula sa lupon alinsunod sa mga regulasyon na pinagtibay ng lupon. Hindi dapat singilin ang sinuman para sa pag-isyu ng permiso. Ang sinumang kailangang kumuha ng permiso na nakikipagnegosyo bilang nagtatanim, dispensaryo, nagbebenta, maliit na negosyo o di-nagtutubo alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 o Dibisyon 10 (simula sa Seksyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon nang walang permiso o pagkatapos makansela, masuspinde, o mapawalang-bisa ang isang permiso, at ang bawat opisyal ng anumang korporasyon na nakikipagnegosyo, ay napatunayang may maliit na pagkakasala.

(b) Maaaring iatas ng lupon sa bawat lisensyadong dispensaryo, nagtatanim, maliit na negosyo, di-nagtutubo, o iba pang tao na kailangang kumuha ng lisensya, na magbigay ng seguridad para saklawin ang pananagutan para sa mga buwis na ipinapataw ng batas ng estado sa marijuana na ginagawa o nakukuha ng nagtatanim, maliit na negosyo, di-nagtutubo, o iba pang taong kailangang maging lisensyado, alinsunod sa mga pamamaraang itatakda ng lupon. Sa kabila ng anumang bagay na nakapaloob dito na sumasalungat, maaaring alisin ng lupon ang anumang kinakailangang seguridad na ipinapataw nito para sa mabuting hangarin, ayon sa pagpapasya ng lupon. Kasama sa "mabuting hangarin" ang, ngunit hindi limitado sa, kawalan ng kakayahan ng nagtatanim, maliit na negosyo, di-nagtutubo, o iba pang taong kailangang kumuha ng lisensya, na kumuha ng seguridad dahil sa kawalan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo o dahil sa mga patakaran ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na nagbabawal sa serbisyo sa isang negosyo ng marijuana. Hindi maaaring magsimula o magtuloy ang sinuman ng anumang negosyo o pagpapatakbo na nauugnay sa pagtatanim ng marijuana hanggang sa maayos nang naihanda, naipatupad at naisumite ang anumang panagot na iniaatas ng lupon nang may pagsasaalang-alang sa negosyo o pagpapatakbo sa ilalim ng bahaging ito.

(c) Sa pagtatakda ng halaga ng anumang seguridad na iniaatas ng lupon, dapat isaalang-alang ng lupon ang pananagutang pinansyal na maaaring ipataw sa mga lisensiyado bilang resulta ng anumang kakulangan ng mga tagapagkaloob ng panagot.

34015. (a) Ang hindi tuwirang buwis sa marijuana at buwis sa pagtatanim na ipinapataw sa bahaging ito ay dapat bayaran sa lupon kada tatlong buwan sa huling araw ng buwan o bago ito nang sinusunod ang bawat tatlong buwang panahon. Sa mismong huling araw ng buwan o bago ito nang sinusunod ang bawat tatlong buwang panahon, dapat magsumite ng pahayag para sa naunang tatlong buwang panahon sa lupon ang bawat tao na kailangang maging lisensyado para sa pagtatanim o pagbebenta sa ilalim ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 o Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon gamit ang elektronikong media. Dapat patotohanan ang mga pahayag sa isang form o alinsunod sa mga paraang maaaring iatas ng lupon. Kung babayaran ang buwis sa pagtatanim sa pamamagitan ng pagpapatatak alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksiyon 34012 , maaaring pagpasyahan ng lupon, alinsunod sa regulasyon, kung kailan at kung paano babayaran ang buwis.

(b) Maaaring iatas ng lupon sa bawat taong nagtatanim, namamahagi o nagbebenta ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana na kailangang maging lisensiyado alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 o Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon na maghain, sa mismong ika-25 araw ng bawat buwan o bago ito, ng ulat gamit ang elektronikong media nang isinasaalang-alang ang imbentaryo, mga pagbili, at pagbebenta ng isang tao noong naunang buwan at anumang iba pang impormasyon na maaaring iatas ng lupon upang maisakatuparan ang mga layunin ng bahaging ito. Dapat patotohanan ang mga ulat sa isang form o alinsunod sa mga paraang maaaring iatas ng lupon.

34016. (a) Ang sinumang opisyal ng kapayapaan o empleyado ng lupon na binigyan ng limitadong katayuan sa pagiging opisyal ng kapayapaan alinsunod sa talataan (6) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 830.11 ng Kodigo Penal, pagkatapos maibigay ang mga naaangkop na kredensyal, ay inaawtorisahang pumasok saanmang lugar ayon sa inilalarawan sa talataan (3) at magsagawa ng mga pagsisiyasat alinsunod sa mga sumusunod na talaan.

(1) Dapat isagawa ang mga pagsisiyasat sa makatuwirang paraan at sa mga pagkakataong makatuwiran sa ilang kundisyon, nang isinasaalang-alang ang mga karaniwang araw ng negosyo ng lugar na papasukin.

(2) Maaaring isagawa ang mga pagsisiyasat saanmang lugar kung saan

nagbebenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa mga bumibili, nagtatanim, o nag-iimbak, o saanmang lugar kung saan maaaring may makitang ebidensya ng mga aktibidad na may kaugnayan sa pag-iwas sa buwis.

(3) Dapat hilingin o isagawa ang mga pagsisiyasat nang isang beses lang sa loob ng 24 na oras.

(b) Ang sinumang hindi papayag na magsagawa ng pagsisiyasat ay napatunayang may maliit na pagkakasala. Ang bawat paglabag ay magbabayad ng karampatang multa na hindi hihigit sa limang libong dolyar ($5,000), o makukulong nang hindi lalampas sa isang taon sa isang kulungan ng county, o parehong magbabayad ng multa at makukulong. Dapat iutos ng hukuman ang anumang tinasang multa na ideposito sa Pondo para sa Buwis sa Marijuana ng California.

(c) Kapag napag-alaman ng lupon o ng isang ahensiyang tagapagpatupad ng batas na ang isang lisensiyado o sinumang iba pang tao ay mayroon, nag-iimbak, nagmamay-ari, o nagbenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, nang walang ebidensya ng pagbabayad ng buwis o nang hindi ligtas na nakapakete, aawtorisahan ang lupon o ang ahensiyang tagapagapatupad ng batas na kumpiskahin ang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana. Ang anumang marijuana o mga produktong gawa sa marijuana na kukumpiskahin ng isang ahensiyang tagapagpatupad ng batas o ng lupon ay dapat isuko bilang multa sa loob ng pitong araw at dapat sumunod ang lupon sa mga pamamaraang nakatakda sa Seksiyon 30436 hanggang 30449.

(d) Ang sinumang gagawa ng mali o mapanlokong ulat ay napatunayang may maliit na pagkakasala at magmumulta ng halagang hindi lalampas sa isang libong dolyar ($1,000) para sa bawat paglabag.

(e) Ang anumang paglabag sa anumang mga probisyon sa bahaging ito, maliban kung nakasaad dito, ay isang maliit na pagkakasala at may karampatang kaparusahan.

(f) Ang lahat ng perang ipinadala sa lupon alinsunod sa bahaging ito ay dapat ikredito sa Pondo para sa Buwis sa Marijuana ng California.

34017. Ang Opisina ng Manunuri ng Batas ay dapat magsumite ng ulat sa Lehislatura bago ang Enero 1, 2020, nang naglalaman ng mga rekomendasyon sa Lehislatura para sa mga pag-aakma sa antas ng buwis upang makamit ang mga layunin na babaan ang mga ilegal na presyo sa merkado at hindi pagpapagamit sa mga taong wala pang 21 taong gulang habang tinitiyak na may sapat na kita para sa mga programang tinukoy sa Seksiyon 34019.

34018. (a) Sa pamamagitan nito ay mababuo ang Pondo para sa Buwis sa Marijuana ng California sa Tesorerya ng Estado. Ang Pondo para sa Buwis ay dapat naglalaman ng lahat ng buwis, interes, multa, at iba pang halagang nakolekta at binayaran sa lupon alinsunod sa bahaging ito, nang ibinawas na ang mga pagsasauli ng bayad.

(b) Sa kabila ng anumang iba pang batas, ang Pondo para sa Buwis sa Marijuana ng California ay isang espesyal na ipinagkakatiwalang pondo na binuo para lang sa pagsasakatuparan sa mga layunin ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang at ang lahat ng kitang idineposito sa Pondo para sa Buwis, kasama ang interes o mga dibidendong nakuha ng pondo, ay patuloy na ilalaan para sa Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang sa anumang taon ng pananalapi at dapat lang gastusin alinsunod sa mga probisyon ng bahaging ito at sa mga layunin nito.

(c) Sa kabila ng anumang iba pang batas, ang mga buwis na ipinapataw ng bahaging ito at ang mga kinita mula rito, kabilang ang interes sa pamumuhunan, ay hindi dapat ituring na bahagi ng Pangkalahatang Pondo, ayon sa paggamit sa terminong iyon sa Kabanata 1 (simula sa Seksiyon 16300) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 4 ng Kodigo ng Pamahalaan, at hindi dapat ituring na kita mula sa Pangkalahatang Pondo para sa mga layunin ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California at mga ipinapatupad na batas nito, at hindi dapat ituring na "pera" para sa mga layunin ng subdibisyon (a) at (b) ng Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California at mga ipinapatupad na batas nito.

34019. (a) Simula sa taon ng pananalapi 2017–2018 dapat tantiyahin ng Kagawaran ng Pananalapi ang mga kikitain alinsunod sa Seksiyon 34011 at 34012 at ibigay ang mga pagtatantiyang iyon sa Kontroler bago ang Hunyo 15 ng bawat taon. Dapat gamitin ng Kontroler ang mga pagtatantiyang ito sa pag-disburse ng mga pondo alinsunod sa seksyong ito. Bago i-disburse ang anumang pondo alinsunod sa subdibisyon (b), (c), (d), at (e) ng seksiyong ito, dapat munang i-disburse ng Kontroler mula sa Pondo para sa Buwis papunta sa naaangkop na account, anuman ang taon ng pananalapi, ang mga sumusunod:

(1) Ang mga makatwirang gastusing maiipon ng lupon para sa pangangasiwa at pagkolekta ng mga buwis na ipinapataw ng bahaging ito; sa kundisyon na hindi dapat lumampas ang mga naturang gastusin sa 4 na porsyento ng mga kinita mula sa buwis.

(2) Ang mga makatwirang gastusin na maiipon ng kawanihan, ng Kagawaran ng Mga Gawain ng Mamimili, ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura, at ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado sa pagsasagawa, pangangasiwa, at pagpapatupad sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon at Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon sa kundisyon na ang mga gastusing iyon ay hindi babayaran alinsunod sa Seksiyon 26180 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon. Dapat manatiling isinasagawa ang nilalaman ng talataang ito sa kabuuan ng taon ng pananalapi 2022–2023.

(3) Ang mga makatwirang gastusing maiipon ng Kagawaran ng Isda at Ligaw na Hayop, ng Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado, at ng Kagawaran ng Regulasyon ng Pestisidyo sa pagsasagawa ng mga kaukulang tungkulin ng mga ito sa ilalim ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 o Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon sa kundisyon na ang mga gastusing iyon ay hindi ire-reimburse.

(4) Ang mga makatwirang gastusin na maiipon ng Kontroler sa pagsasagawa ng mga tungkuling ipinapatupad ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang, kasama ang pagsusuring iniaatas ng Seksiyon 34020.

(5) Ang mga makatwirang gastusing maiipon ng Tagasuri ng Estado sa pagsasagawa ng pagsusuri sa pagganap alinsunod sa Seksiyon 26191 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(6) Ang mga makatwirang gastusing maiipon ng Opisina ng Manunuri ng Batas sa pagsasagawa ng mga tungkuling ipinapataw ng Seksiyon 34017.

(7) Ang mga sapat na pondo na ire-reimburse sa Dibisyon ng Pagpapatupad ng Mga Pamantayan sa Paggawa at sa Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho sa loob ng Kagawaran ng Mga Ugnayang Pang-industriya at sa Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Pagtatrabaho para sa mga gastusin sa pagpapatupad at pagsasagawa ng mga batas sa paggawa ng estado sa mga lisensiyado sa ilalim ng Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 at Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(b) Dapat kasunod na i-disburse ng Kontroler ang sampung milyong dolyar ($10,000,000) sa isang pampublikong unibersidad o mga unibersidad sa California kada taon simula sa taon sa pananalapi 2018–2019 hanggang sa taon sa pananalapi 2028–2029 upang magsaliksik at suriin ang pagpapatupad at bisa ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang, at kung naaangkop, dapat gumawa ng mga rekomendasyon sa Lehislatura at Gobernador hinggil sa mga posibleng susog sa Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang. Ang mga tatanggap ng mga pondong ito ay dapat gumawa ng mga ulat ukol sa kanilang mga napag-alaman kahit kada dalawang taon lang at dapat isapubliko ang mga ulat. Dapat piliin ng kawanihan ang mga

unibersidad na popondohan. Dapat ay kasama sa popondohang pananaliksik, alinsunod sa subdibisyong ito ang, ngunit hindi limitado sa:

(1) Mga epekto sa pampublikong kalusugan, kabilang ang mga gastusin sa kalusugan na nauugnay sa paggamit ng marijuana, pati na rin kung ang paggamit ng marijuana ay nauugnay sa pagtaas o pagbaba sa dami ng iniinom na alak o ginagamit na iba pang droga.

(2) Epekto ng paggagamot para sa maladaptive na paggamit ng marijuana at sa pagiging epektibo ng iba't ibang programa sa paggagamot.

(3) Mga isyu sa pampublikong kaligtasan na nauugnay sa paggamit ng marijuana, kabilang ang pag-aaral ukol sa pagiging epektibo ng pakete at mga iniaatas na tatak at pag-a-advertise at mga paghihigpit sa marketing na nakapaloob sa batas sa pagpigil sa pagkakaroon at paggamit ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana ng taong wala pa sa sapat na gulang, at pag-aaral ukol sa mga epektong may kaugnayan sa kalusugan ng mga gumagamit na may iba't ibang antas ng potency ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana.

(4) Mga antas ng paggamit ng marijuana, mga antas ng maladaptive na paggamit para sa mga may sapat na gulang at kabataan, at mga antas ng diagnosis sa mga sakit dulot ng paggamit ng substance na may kaugnayan sa marijuana.

(5) Mga presyo sa merkado ng marijuana, ilegal na presyo sa merkado, istruktura at antas ng buwis, kasama ang isang pagsusuri sa kung hihigitan ang buwis sa marijuana batay sa potency, at sa istruktura at layunin ng mga lisensiyadong negosyo ng marijuana.

(6) Pangangailangan ng mga karagdagang proteksyon upang mapigilan ang mga labag sa batas na monopolyo o kagawiang laban sa pakikipagkumpitensya sa industriya ng hindi medikal na marijuana at mga rekomendasyon para sa mga pinakaepektibong panukala para sa pagpigil sa naturang kagawian.

(7) Mga epekto sa ekonomiya sa mga pribado at pampublikong sektor, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng trabaho, kaligtasan sa trabaho, mga kita, buwis na nakukuha mula sa mga badyet ng estado at lokal, at mga epekto sa hustisya sa krimen, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga epekto sa pagpapatupad ng batas at mga pampublikong mapagkukunan, maikli at matagal na kahihinatnan ng pagkakaugnay sa sistema ng hustisya sa krimen, at mga gastos at kita na pampangasiwaan ng estado at lokal.

(8) Pagsasagawa ng tungkulin ng mga nangangasiwang ahensiya na ipatupad at isagawa ang Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang alinsunod sa mga layunin ng batas, at pag-alam kung mas maayos itong magagawa ng ibang mga ahensiya.

(9) Mga isyu sa kapaligiran na nauugnay sa produksyon ng marijuana at sa pagbabawal sa produksyon ng marijuana.

(10) Ang heograpikong lokasyon, istruktura, at layunin ng mga lisensiyadong negosyo ng marijuana, at demograpikong datos, kasama ang lahi, etnisidad, at kasarian, ng mga may hawak ng lisensya.

(11) Ang mga kahihinatnang makakamit mula sa mga pagbabago sa kaparusahan sa krimen sa ilalim ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang para sa mga paglabag na may kaugnayan sa marijuana, at sa mga kahihinatnan ng sistema ng hustisyang pangkabataan, sa partikular, mga paggagamot na batay sa probasyon at sa pagkatalamak ng ilegal na pagkakaroon ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana na hahantong sa mas mabigat na parusa.

(c) Dapat ay susunod na i-disburse ng Kontroler ang tatlong milyong dolyar ($3,000,000) kada taon sa Kagawaran ng Patrolya ng Haywey ng California simula sa taon ng pananalapi 2018–2019 hanggang sa taon ng pananalapi 2022–2023 upang magpatupad at magpatibay ng mga protokol para matukoy kung nagmamaneho ang isang drayber ng sasakyan nang may kapansanan, kasama ang kapansanan dulot ng paggamit ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana, at upang magpatupad at magpatupad ng mga protokol na magtatakda ng pinakamahuhusay na kagawian upang matulungan ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas. Maaaring kumuha ang kagawaran ng mga kawani upang bumuo ng mga protokol na tinutukoy sa subdibisyong ito. Bukod pa riyan, maaaring maggawad ang kagawaran, sa mga pampubliko at pribadong institusyon sa pananaliksik para sa layunin ng pagpapaunlad ng teknolohiya, para gamitin sa pagtukoy kung nagmamaneho ng sasakyan ang isang drayber nang may kapansanan, kasama ang kapansanan dulot ng paggamit ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana.

(d) Dapat ay susunod na i-disburse ng Kontroler ang sampung milyong dolyar ($10,000,000) simula sa taon ng pananalapi 2018–2019 at dagdagan ang sampung milyong dolyar ($10,000,000) sa bawat taon ng pananalapi hanggang sa taon ng pananalapi 2022–2023, kung kailan ang pag-disburse ay dapat umabot sa limampung milyong dolyar ($50,000,000) sa bawat taon, sa Opisina ng Pagpapaunlad ng Negosyo at Ekonomiya ng Gobernador, sa pagkonsulta sa Ahensiya ng Pagpapaunlad sa Trabaho at Lakas-paggawa at sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Estado, upang pangasiwaan ang isang programa ng gawad sa mga muling pamumuhunan sa komunidad sa mga lokal na kagawaran sa kalusugan at hindi bababa sa 50 porsyento sa mga kwalipikadong di-nagtutubong organisasyon sa komunidad upang suportahan ang pagbibigay ng trabaho, paggagamot sa kalusugan ng isipan, paggagamot sa sakit na dulot ng paggamit ng substance, mga serbisyo sa sistema ng nabigasyon, mga serbisyong legal upang matugunan ang mga hadlang sa muling pagpasok, at mga kaugnayan sa medikal na pangangalaga para sa mga komunidad na hindi patas na naaapektuhan ng mga dating patakaran sa droga ng pederal at estado. Dapat mangalap ang opisina ng opinyon mula sa mga kasanayan sa trabaho, pagkakaroon ng trabaho, at mga tagapagkaloob ng serbisyong legal na may nauugnay na kabihasaan pagdating sa pangangasiwa sa programa ng gawad. Bukod pa riyan, dapat ay pana-panahong suriin ng opisina ang mga programa na pinopondohan nito upang matukoy ang pagiging epektibo ng mga programa, hindi dapat gumastos nang mahigit 4 na porsyento para sa mga gastos na pampangasiwaang nauugnay sa pagpapatupad, pagsusuri at pagbabantay sa mga programa, at dapat magbigay ng mga gawad taun-taon, simula sa Enero 1, 2020.

(e) Dapat ay susunod na i-disburse ng Kontroler ang dalawang milyong dolyar ($2,000,000) kada taon sa Sentro para sa Pananaliksik ukol sa Medicinal Cannabis ng Unibersidad ng California at San Diego upang maisakatuparan ang mga layunin ng sentro, kabilang ang dagdag na pag-unawa sa pagiging mabisa at hindi magagandang epekto ng marijuana bilang isang pharmacological agent.

(f) Bago ang Hulyo 15 ng bawat taon ng pananalapi simula sa taon ng pananalapi 2018–2019, ang Kontroler ay dapat, pagkatapos mag-disburse ng mga pondo alinsunod sa subdibisyon (a), (b), (c), (d), at (e), mag-disburse ng mga pondo na nadeposito sa Pondo para sa Buwis sa naunang taon ng pananalapi sa mga sub-trust na account, na mabubuo sa pamamagitan nito, ayon sa sumusunod:

(1) Animnapung porsyento ang dapat ideposito sa Account para sa Pagtuturo, Pagpigil, Maagap na Pagpigil at Paggagamot sa Kabataan, at dapat na i-disburse ng Kontroler sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado para sa mga programa para sa kabataan na idinisenyo upang turuan at maiwasan ang mga sakit na dulot ng paggamit ng substance at upang maiwasan ang panganib na dulot nito. Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado ay dapat pumasok sa mga kasunduan sa iba't ibang ahensiya katuwang ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Estado at ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado upang ipatupad at pangasiwaan ang mga programang ito. Dapat ay pagtuunan ng mga programa ang mahusay na pagtuturo, epektibong pagpigil, maagang pamamagitan, retensyon sa paaralan, at mga napapanahong serbisyo sa paggagamot para sa kabataan, sa kanilang mga pamilya at mga tagapangalaga. Maaaring kasama sa mga programa, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

(A) Mga serbisyo ng pagpigil at maagap na pagpigil kabilang ang outreach,

survey ukol sa peligro at pagtuturo sa kabataan, mga pamilya, tagapangalaga, paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na apektado ng pag-uugali at sakit na dulot ng paggamit ng substance, mga organisasyong nakabase sa komunidad at pananampalataya, tagapagkaloob ng pagtangkilik na pangangalaga, hukumang pangkabataan at pampamilya at iba pa, upang matukoy at mabawasan ang mga peligrong nauugnay sa paggamit ng substance, at ang mga maagang senyales ng hindi wastong paggamit at ng mga sakit na dulot ng labis na paggamit ng substance.

(B) Mga gawad sa mga paaralan upang mapaunlad at masuportahan ang mga programa ng tulong sa estudyante, o iba pang mga katulad na programa, na idinisenyo upang mapigilan at mabawasan ang paggamit ng substance, at mapahusay ang retensyon sa paaralan at pagganap, sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga estudyante na nanganganib na mag-drop out sa paaralan at pagtataguyod sa mga alternatibo sa pagsususpinde o pagpapatalsik sa paaralan na nakatuon sa retensyon sa paaralan, pagwawasto, at propesyunal na pangangalaga. Ang mga paaralan na may antas ng dropout na mas mataas sa karaniwan ay dapat bigyan ng priyoridad para sa mga gawad.

(C) Mga gawad sa mga programa para sa outreach, edukasyon at paggagamot para sa mga kabataang walang tirahan at out-of-school na kabataan na may sakit na dulot ng paggamit ng substance.

(D) Akses at linkage sa pangangalagang ipinagkakaloob ng mga programa sa kalusugang apektado ng pag-uugali ng county para sa kabataan, at sa kanilang mga pamilya at tagapangalaga, na may sakit na dulot ng paggamit ng substance o nanganganib na magkaroon ng sakit na ito.

(E) Mga programa sa paggagamot sa sakit na dulot ng paggamit ng substance na nakatuon sa kabataan, may kabuluhan sa kultura at kasarian, may edukasyon ukol sa trauma, nakabase sa ebidensya at nagkakaloob ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung saan kasama ang pag-screen at pagtatasa (sakit na dulot ng paggamit ng substance at kalusugan ng isipan), maagap na pamamagitan, aktibong paggagamot, pagkakaugnay sa pamilya, pamamahala ng kaso, pag-iwas sa pagkaka-overdose, pagpigil sa mga nakakahawang sakit na nauugnay sa paggamit ng substance, pamamahala sa paggaling mula sa paggamit ng substance at iba pang mga kasabay na sakit sa kalusugang apektado ng pag-uugali, mga serbisyong bokasyonal, mga serbisyo sa literasiya, mga klase sa pagiging magulang, therapy at mga serbisyo ng pagpapayo sa pamilya, mga paggagamot na sinusuportahan ng gamot, gamot sa psychiatry at psychotherapy. Kapag nakasaad, dapat magbigay ng mga referral sa iba pang mga tagapagkaloob.

(F) Sa abot na pinapahintulutan ng batas at kung saan nakasaad, dapat gumamit ng dalawang henerasyong diskarte sa pagtugon sa mga sakit na dulot ng paggamit ng substance nang may kapasidad na gamutin ang mga kabataan at nasa sapat na gulang. Mapapabilang dito ang pagsuporta sa pagbuo ng mga pamamagitan na nakabase sa pamilya na tutugon sa mga sakit na dulot ng paggamit ng substance at mga nauugnay na problema sa pamilya, kasama ang mga magulang, tagapagtangkilik na magulang, tagapangalaga at ang lahat ng kanilang anak.

(G) Mga programa upang tulungan ang mga indibidwal, pati na rin ang mga pamilya at kaibigan ng mga kabataang gumagamit ng droga, upang mabawasan ang stigma na nauugnay sa paggamit ng substance kasama na ang pagkaka-diagnose na may sakit na dulot ng paggamit ng substance o paghingi ng mga serbisyo para sa sakit na dulot ng paggamit ng substance. Kasama rito ang outreach at edukasyong pinapangasiwaan ng mga kasapi upang mabawasan ang stigma, mga kampanya laban sa stigma, at mga network ng pagpapanumbalik sa komunidad.

(H) Pagsasanay sa lakas-paggawa at mga istruktura ng suweldo na nakakadagdag sa dami ng mga nag-a-aplay para maging kawani para sa kalusugan ng isip na apektado ng pag-uugali na dalubhasa sa pagpigil at paggagamot sa sakit na dulot ng paggamit ng substance. Magbigay ng tuluy-tuloy na edukasyon at paggabay na makakadagdag sa mga pangunahing kakayahan ng mga tagapagkaloob ng paggagamot sa sakit na dulot ng paggamit ng substance at magsasanay sa mga tagapagkaloob na tumupad sa pangako at maayos na pagsasagawa ng mga kasanayang nakabase sa ebidensya.

(I) Konstruksiyon ng mga pasilidad para sa paggagamot sa kabataan na nakabase sa komunidad.

(J) Maaaring makipagkontrata ang mga kagawaran sa bawat programa para sa kalusugan ng isip na apektado ng pag-uugali ng county para sa pagkakaloob ng mga serbisyo.

(K) Ang mga pondo ay dapat ilaan sa mga county batay sa nakikitang pangangailangan, kabilang ang dami ng kabataan sa county, ang paglaganap ng sakit na dulot ng paggamit ng substance sa mga may sapat na gulang, at kumpirmahin sa pamamagitan ng mga istatistikal na datos, pinatotohanang pagtatasa o isinumiteng ulat mula sa naaangkop na county upang maipakita at mapatotohanan ang pangangailangan.

(L) Dapat ay pana-panahong suriin ng mga kagawaran ang mga programa na pinopondohan ng mga ito upang matukoy ang pagiging epektibo ng mga programa.

(M) Maaaring gumamit ang mga kagawaran ng hanggang 4 na porsyento ng mga nakalaang pera para sa Account para sa Pagtuturo, Pagpigil, Maagap na Pagpigil at Paggagamot sa Kabataan para sa mga gastos na pampangasiwaan na nauugnay sa pagpapatupad, pagsusuri at pangangasiwa sa mga programa.

(N) Kung mapag-alaman ng Kagawaran ng Pananalapi na lumalampas ang pagpopondo alinsunod sa pagbubuwis sa marijuana ang pangangailangan para sa mga serbisyo para sa pagpigil at paggagamot sa mga kabataan sa estado, dapat magbigay ng plano ang mga kagawaran sa Kagawaran ng Pananalapi upang magkaloob ng mga serbisyo sa paggagamot sa mga may sapat na gulang pati na rin sa mga kabataan na gumagamit sa mga pondong ito.

(O) Dapat humingi ng input ang mga kagawaran mula sa mga boluntaryong organisasyong pangkalusugan, doktor na gumagamot sa adiksyon, mga mananaliksik sa paggagamot, mga tagapagkaloob ng terapiya at pagpapayo sa pamilya, at mga samahan ng pampropesyunal na edukasyon na may makabuluhang kadalubhasaan pagdating sa pangangasiwa sa anumang mga gawad na ipagkakaloob alinsunod sa talataang ito.

(2) Dapat ideposito ang dalawampung porsyento sa Account para sa Pagpapanumbalik at Pagprotekta sa Kapaligiran, at i-disburse ng Kontroler sa sumusunod:

(A) Sa Kagawaran ng Isdaan at Maiilap na Hayop-gubat at sa Kagawaran ng Mga Parke at Libangan para sa paglilinis, pag-aayos, at pagpapanumbalik mula sa pagkakapinsala ng kapaligiran sa mga himpilan ng tubig na naapektuhan ng pagtatanim ng marijuana at mga nauugnay na aktibidad kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pinsalang idinulot bago ipatupad ang bahaging ito, at upang suportahan ang mga lokal na pagtutulungan para sa layuning ito. Ang Kagawaran ng Isdaan at Maiilap na Hayop-gubat at ang Kagawaran ng Mga Parke at Libangan ay maaaring ibahagi ang isang porsyon ng mga pondong natatanggap ng mga ito mula sa Account para sa Pagpapanumbalik at Pagprotekta sa Kapaligiran sa pamamagitan ng mga gawad para sa mga layuning tinukoy sa talataang ito.

(B) Sa Kagawaran ng Isdaan at Maiilap na Hayop-gubat at sa Kagawaran ng Mga Parke at Libangan para sa pangangalaga at pagpapatakbo sa mga pagmamay-ari ng estado na lugar na tirahan ng maiilap na mga hayop-gubat at mga yunit ng parke ng estado sa paraan na nagbabawal at pumipigil sa ilegal na pagtatanim, produksyon, pagbebenta at paggamit ng marijuana at mga produktong gawa sa marijuana sa mga pampublikong lupain, at upang pangasiwaan ang imbestigasyon, pagpapatupad at pag-uusig sa ilegal na pagtatanim, produksyon, pagbebenta at paggamit ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana sa mga pampublikong lupain.

(C) Sa Kagawaran ng Isdaan at Maiilap na Hayop-gubat upang tulungan sa pagpopondo sa programa sa pagsasagawa ng himpilan ng tubig at multiagency taskforce na binuo alinsunod sa subdibisyon (b) at (c) ng Seksiyon 12029 ng Kodigo ng Isdaan at Laro upang pangasiwaan ang imbestigasyon,

pagpapatupad, at pag-uusig sa mga paglabag na ito at upang matiyak na mababawasan ang hindi magagandang epekto ng pagtatanim ng marijuana, produksyon, pagbebenta, at paggamit sa mga tirahan ng isda at mga hayop-gubat sa buong estado.

(D) Para sa mga layunin ng talataang ito, dapat pagpasyahan ng Kalihim ng Ahensiya ng Mga Likas na Kayamanan ang paglalaan ng mga kita sa bawat kagawaran. Sa unang limang taon ng pagpapatupad, dapat munang isaalang-alang ang mga layunin sa pagpopondo na nakasaad sa subparagraph (A).

(E) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa talataang ito ay dapat gamitin upang dagdagan at pahusayin ang mga aktibidad na inilalarawan sa subparagraph (A), (B), at (C), at hindi upang palitan ang paglalaan sa iba pang pondo para sa mga layuning ito. Ayon sa nararapat, ang mga taunang apropriyasyon ng Pangkalahatang Pondo sa Kagawaran ng Isdaan at Maiilap na Hayop-gubat at sa Kagawaran ng Mga Parke at Libangan ay hindi dapat bawasan o hindi dapat bumaba hanggang sa antas na nakasaad sa Batas sa Badyet ng 2014 (Kabanata 25 ng Mga Batas ng 2014).

(3) Dapat ideposito ang dalawampung porsyento sa Account para sa Pagpapatupad ng Batas ng Estado at Lokal na Pamahalaan, at i-disburse ng Kontroler sa sumusunod:

(A) Sa Kagawaran ng Patrolya ng Haywey ng California para sa pagsasagawa ng mga programa sa pagsasanay para matukoy, masubukan at maipatupad ang mga batas laban sa pagmamaneho nang nakainom o pagkatapos gumamit ng droga, kabilang ang pagmamaneho pagkatapos gumamit ng marijuana. Maaaring kumuha ang kagawaran ng mga kawani upang isagawa ang mga programa ng pagsasanay na tinutukoy sa subparagraph na ito.

(B) Sa Kagawaran ng Patrolya ng Haywey ng California upang pondohan ang panloob na mga programa ng Patrolya ng Haywey ng California at ang mga gawad sa mga kwalipikadong di-nagtutubong organisasyon at lokal na pamahalaan para sa edukasyon, pagpigil at pagpapatupad ng mga batas na may kaugnayan sa pagmamaneho nang nakainom o pagkatapos gumamit ng droga, kung saan kabilang ang marijuana; mga programa na tumutulong sa pagpapatupad ng mga batas sa trapiko, pagtuturo sa publiko tungkol sa kaligtasan sa trapiko, pagbibigay ng iba't iba at epektibong paraan ng pagbawas sa bilang ng mga pagkamatay, pagkapinsala at epekto sa ekonomiya dahil sa mga banggaan; at para sa pagbili ng kagamitang nauugnay sa pagpapatupad ng mga batas na nauugnay pagmamaneho nang nakainom o pagkatapos gumamit ng droga, kasama na ang marijuana.

(C) Sa Lupon ng Koreksyonal ng Estado at Komunidad para sa paggawa ng mga gawad sa mga lokal na pamahalaan bilang tulong sa pagpapatupad ng batas, pagpatay ng sunog, o iba pang mga lokal na programa na tumutugon sa pampublikong kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa pagpapatupad ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang. Hindi dapat gumawa ng anumang mga gawad ang lupon sa mga lokal na pamahalaan na nagbawal sa pagtatanim, kabilang na ang personal na pagtatanim sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 11362.2 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, o pagbebenta ng marijuana o mga produktong gawa sa marijuana alinsunod sa Seksiyon 26200 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon o maliban kung nakasaad sa batas.

(D) Para sa mga layunin ng talataang ito, dapat pagpasyahan ng Kagawaran ng Pananalapi ang paglalaan ng mga kita sa iba't ibang ahensiya; gayunpaman, sa simula ng taon ng pananalapi 2022–2023 ang halaga ng ilalaan alinsunod sa subparagraph (A) ay hindi dapat mas mababa sa sampung milyong dolyar ($10,000,000) kada taon at ang halagang inilaan alinsunod sa subparagraph (B) ay hindi dapat mas mababa sa apatnapung milyong dolyar ($40,000,000) kada taon. Sa pagpapasya sa halagang ilalaan bago ang taon ng pananalapi 2022–2023 alinsunod sa talataang ito, dapat ay unang priyoridad ng Kagawaran ng Pananalapi ang subparagraph (A).

(g) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa subdibisyon (f) ay dapat gamitin upang dagdagan ang pondo sa mga programa at para sa mga layuning tinukoy at hindi dapat gamitin upang palitan ang paglalaan ng iba pang mga pondo para sa mga layuning ito.

(h) Simula sa Hulyo 1, 2028, maaaring baguhin ng Lehislatura ang seksiyong ito sa pamamagitan ng boto ng mayoriya upang maisakatuparan ang mga layunin ng Batas ukol sa Pagkontrol, Pangangasiwa at Pagbubuwis sa Paggamit ng Marijuana ng May Sapat na Gulang, kabilang na ang paglalaan ng mga pondo sa mga programa na hindi kasama sa mga tinukoy sa subdibisyon (d) at (f). Ang anumang mga rebisyon alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi dapat magresulta sa pagkabawas ng mga pondo sa mga account na binuo alinsunod sa subdibisyon (d) at (f) sa anumang kasunod na taon mula sa halagang inalaan sa bawat account sa taon ng pananalapi 2027–2028. Bago ang Hulyo 1, 2028, hindi maaaring baguhin ng Lehislatura ang mga paglalaan sa mga programang tinukoy sa subdibisyon (d) at (f).

34020. Dapat ay pana-panahong suriin ng Kontroler ang Pondo para sa Buwis upang matiyak na ginagamit ang mga naturang pondo alinsunod sa bahaging ito at ayon sa nakasaad sa batas.

34021. Ang mga ipinapataw na buwis ng bahaging ito ay karagdagan lang sa anumang iba pang buwis na ipinapataw ng isang lunsod, county, o parehong lunsod at county.

34021.5. (a) (1) Ang isang county ay maaaring magpataw ng buwis sa pribilehiyo ng pag-aalaga, pagmamanupaktura, paggawa, pagpoproseso, paghahanda, pag-iimbak, pagbibigay, pagbibigay-donasyon, pagbebenta, o pamamahagi ng marijuana o mga produkto ng marijuana sa pamamagitan ng lisensya na tumatakbo alinsunod sa Kabanata 3.5 (simula sa Seksiyon 19300) ng Dibisyon 8 o Dibisyon 10 (simula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo sa Negosyo at Propesyon.

(2) Dapat tukuyin ng lupon ng mga superbisor ang ordinansa na nagmumungkahi sa buwis, aktibidad na napapailalim sa buwis, ang naaangkop na antas o mga antas, ang paraan ng paghahati, kung kinakailangan, at ang paraan ng koleksyon ng buwis. Maaaring ipataw ang buwis para sa pangkalahatang layunin ng pamahalaan o para sa mga layuning tinukoy sa ordinansa ng lupon ng mga superbisor.

(3) Bukod pa sa ibang paraan ng koleksyon na pinapahintulutan ng batas, maaaring magkaloob ang lupon ng mga superbisor para sa koleksyon ng ipinapataw na buwis alinsunod sa seksiyon na ito sa katulad na paraan, at napapailalim sa katulad na mga parusa at priyoridad ng lien, katulad sa iba pang mga singil at buwis na nakapirmi at kinokolekta ng county. Ang buwis na ipapataw alinsunod sa seksiyon na ito ay isang buwis at hindi bayad o espesyal na pagtatasa. Dapat tukuyin ng lupon ng mga superbisor kung nalalapat ang buwis sa buong county o sa lugar na hindi kasama sa korporasyon sa county.

(4) Ang buwis na papahintulutan ng seksiyon na ito ay maaaring ipataw sa anuman o sa lahat ng aktibidad na nakatakda sa talataan (1), ayon sa tinukoy sa ordinansa, hindi alintana kung ang aktibidad ay isinagawa sa indibidwal, kolektibo, o sama-samang paraan, at hindi alintana kung ang aktibidad ay para sa kabayaran o walang kapalit, ayon sa tinutukoy ng lupon ng mga superbisor.

(b) Ang isang buwis na ipinapataw alinsunod sa seksiyon na ito ay mapapailalim sa mga naaangkop na iniaatas sa pag-aproba ng botante na ipinapatupad ng batas.

(c) Ang seksiyon na ito ay pagpapahayag ng umiiral na batas at hindi naglilimita o nagbabawal sa pagpapataw o pagkolekta ng anumang iba pang bayad, singil, o buwis, o isang lisensya o bayad o singil sa serbisyo sa, o nauugnay sa, mga aktibidad na itinatakda sa subdibisyon (a) ayon sa ipinagkakaloob ng batas. Ang seksiyon na ito ay hindi dapat maunawaan bilang limitasyon sa awtoridad sa pagbubuwis ng county ayon sa ipinagkakaloob ng batas.

(d) Ang seksiyon na iyo ay hindi dapat maunawaan bilang nagpapahintulot sa isang county na magpatupad ng pagbebenta o paggamit ng buwis na ipinapatupad alinsunod sa ordinansa na sumusunod sa mga pagkakaloob ng Mga Seksiyon 7202 at 7203 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

SEK. 8. Mga Kriminal na Paglabag, Mga Rekord, at Muling Pagsisintensiya.

SEK. 8.1. Ang Seksiyon 11357 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

11357. *Pagdadala.* ~~(a) Maliban kung pinapahintulutan ng batas, bawat taong nagtataglay ng anumang konsentradong cannabis ay mapaparusahan ng pagkakabilanggo sa bilangguan ng county para sa yugto ng panahon na hindi hihigit sa isang taon o ng isang multang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), ngunit ang taong iyon ay maaaring maparusahan alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 ng Kodigo Penal o ng katulad ng naturang pagmumulta at pagkakabilanggo, maliban kung ang taong iyon ay may isa o higit na mga naunang paghatol para sa isang paglabag na tinukoy sa sugnay (iv) ng napapailalim na talataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 667 ng Kodigo Penal o para sa isang pagkakasalang nag-aatas ng pagpaparehistro alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 290 ng Kodigo Penal.~~

~~(b)~~ *(a)* Maliban kung pinapahintulutan ng batas, ~~bawat taong nagtataglay~~ *ang pagdadala* nang hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana, ~~maliban sa~~ *o hindi hihigit sa apat na gramo ng* konsentradong cannabis, ~~ay nagkasala ng isang pagsuway na napaparusahan ng isang multang hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100).~~ *o pareho, ay dapat parusahan o pagpapasiyahan ayon sa sumusunod:*

(1) Ang mga taong wala pang 18 taong gulang ay ituturing na may sala sa pagsuway at aatasan na:

(A) Kapag nalaman na nagawa ang unang pagkakasala, tatapusin ang apat na oras ng edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at hanggang sa 10 oras ng serbisyo sa komunidad sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa 60 araw.

(B) Kapag nalaman na nagawa ang pangalawang pagkakasala o kasunod na pagkakasala, tatapusin ang anim na oras ng edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at hanggang sa 20 oras ng serbisyo sa komunidad sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa 90 araw.

(2) Ang mga taong hindi bababa sa 18 taong gulang ngunit wala pang 21 taong gulang ay mapagpapasiyahang may sala sa pagsuway at pagmumultahin nang hindi lalampas sa isang daang dolyar ($100).

~~(c)~~ *(b)* Maliban kung papahintulutan batas, ~~ang bawat taong nagtataglay~~ *ang pagdadala ng* hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana, *o hihigit sa apat na gramo ng* ~~iba pa sa~~ konsentradong cannabis, ay mapaparusahan *ayon sa sumusunod:*

(1) Ang mga taong wala pang 18 taong gulang na nagtataglay nang hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana o hihigit sa apat na gramo ng konsentradong cannabis, o pareho, ay ituturing na may sala sa pagsuway at aatasan na:

(A) Kapag nalaman na nagawa ang unang pagkakasala, tatapusin ang walong oras ng edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at hanggang sa 40 oras ng serbisyo sa komunidad sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa 90 araw.

(B) Kapag nalaman na nagawa ang pangalawang o kasunod na pagkakasala, tatapusin ang 10 oras ng edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga at hanggang sa 60 oras ng serbisyo sa komunidad sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa 120 araw.

(*2) Ang mga taong 18 taong gulang o mas matanda pa na nagtataglay nang hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana o hihigit sa apat na gramo ng konsentradong cannabis, o pareho, ay mapaparusahan* ng pagkakabilanggo sa bilangguan ng county sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa anim na buwan o sa pamamagitan ng pagmumulta nang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng parehong pagmumulta at pagkakabilanggo.

~~(d)~~ *(c)* Maliban kung pinapahintulutan ng batas, ang bawat taong 18 taong gulang o mas matanda pa na nagtataglay nang hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana, *o hindi hihigit sa apat na gramo ng* ~~maliban sa~~ konsentradong cannabis, sa lugar ng, o sa loob ng, anumang paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anuman sa mga baitang 1 hanggang 12 sa mga oras na ang paaralan ay bukas para sa mga klase o mga programang may kaugnayan sa paaralan ay may sala sa maliit na pagkakasala at mapaparusahan ~~ng~~ *ayon sa sumusunod:*

(1) Isang multang hindi hihigit sa dalawang daan at limampung dolyar ($250), pagkatapos mapagpasiyahan na nagawa ang unang pagkakasala.

(2) Isang multang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o sa pamamagitan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county sa loob ng yugto ng panahon na hindi hihigit sa 10 araw, o pareho, *pagkatapos ng pagpapasiya na ang may pangalawa o kasunod na pagkakasalang nagawa.*

~~(e)~~ *(d)* Maliban kung pinapahintulutan ng batas, ang bawat taong wala pang 18 taong gulang na nagtataglay nang hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana, *o hindi hihigit sa apat na gramo ng* ~~maliban pa sa~~ konsentradong cannabis, sa lugar ng, o sa loob ng, anumang paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anumang baitang 1 hanggang 12 sa mga oras na ang paaralan ay bukas para sa mga klase o mga programang may kaugnayan sa paaralan ay may sala ~~sa maliit na pagkakasala~~ *ng pagsuway* at dapat *maparusahan sa katulad na paraang ikinakaloob sa talataan (1) ng subdibisyon (b).* ~~ay mapapailalim sa mga sumusunod na disposisyon.~~

~~(1) Isang multang hindi hihigit sa dalawang daan at limampung dolyar ($250), pagkatapos mapagpasiyahan na nagawa ang unang pagkakasala.~~

~~(2) Isang multang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o pagtigil sa isang bulwagang pangkabataan, rantso, kampo, kampo ng paggugubat, o ligtas na bahay ng kabataan para sa yugto ng panahon na hindi hihigit sa 10 araw, o pareho, pagkatapos mapagpasiyahan na nagawa ang pangalawa o kasunod na pagkakasala.~~

SEK. 8.2. Ang Seksiyon 11358 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

11358. *Pagtatanim, Pag-aani o Pagpoproseso.*

Ang bawat taong nagtatanim, nag-aalaga, nag-aani, nagpapatuyo, o nagpoproseso ng ~~anumang~~ *mga halaman* ng marijuana, o anumang bahagi nito, maliban kung ipinagkakaloob ng batas, *ay mapaparusahan ayon sa sumusunod:*

(a) Ang bawat taong wala pang 18 taong gulang na nagtatanim, nag-aalaga, nag-aani, nagpapatuyo, o nagpoproseo ng mga halaman ng marijuana ay mapaparusahan sa katulad na paraan na ipinagkakaloob sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 11357.

(b) Ang bawat taong hindi bababa sa 18 taong gulang ngunit wala pang 21 taong gulang, na nagtatanim, nag-aalaga, nag-aani, nagpapatuyo, o nagpoproseo nang hindi hihigit sa anim na nabubuhay na halaman ng marijuana ay may sala sa pagsuway at pagmumultahin nang hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100).

(c) Ang bawat taong 18 taong gulang o mas matanda pa na nagtatanim, nag-aalaga, nag-aani, nagpapatuyo, o nagpoproseo ng hihigit sa anim na nabubuhay na halaman ng marijuana ay mapaparusahan ng pagkakabilanggo sa bilangguan ng county sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa anim na buwan o sa pamamagitan ng multang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng parehong pagmumulta at pagkakabilanggo.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (c), ang isang taong 18 taong gulang na nagtatanim, nag-aalaga, nag-aani, nagpapatuyo, o nagpoproseo ng hihigit sa anim na nabubuhay na halaman ng marijuana, o anumang bahagi nito, maliban kung hindi ipinagkakaloob ng batas, ~~ay~~ *ay maaaring* maparusahan ng pagkakabilanggo alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 ng Kodigo Penal *kung:*

(1) Ang tao ay may isa o higit pang mga naunang paghatol para sa paglabag na tinukoy sa sugnay (iv) of napapailalim na talataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 667 ng Kodigo Penal o para sa isang paglabag na nag-aatas ng pagpaparehistro alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 290 ng Kodigo Penal;

(2) Ang tao ay may dalawa o higit pang mga naunang paghatol alinsunod sa subdibisyon (c); o

(3) Nagresulta ang paglabag sa anuman sa sumusunod:

(A) Paglabag sa Seksiyon 1052 ng Kodigo sa Tubig na nauugnay sa ilegal na

dibersyon ng tubig;

(B) Paglabag sa Seksiyon 13260, 13264, 13272, o 13387 sa Kodigo sa Tubig na nauugnay sa pagtatapos ng basura;

(C) Paglabag ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop Seksiyon 5650 o Seksiyon 5652 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na hayop na nauugnay sa mga anyong tubig ng estado;

(D) Paglabag sa Seksiyon 1602 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop na nauugnay sa mga ilog, sapa, at lawa;

(E) Paglabag sa Seksiyon 374.8 ng Kodigo Penal na nauugnay sa mapanganib na substansiya o Seksiyon 25189.5, 25189.6, o 25189.7 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan na nauugnay sa mga bagay na nakakasama sa kalusugan at kaligtasan;

(F) Paglabag sa Seksiyon 2080 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop na nauugnay sa nanganganib at malapit nang maubos na uri o Seksiyon 3513 ng Kodigo sa Isda at Ligaw na Hayop na nauugnay sa Batas sa Kasunduan sa Mga Migratoryong Ibon; o

(G) Pagsadya o ganap na pagpapabaya na nagdudulot ng matinding masamang epekto sa kapaligiran sa mga pampublikong lupain o iba pang pampublikong mapagkukunan.

SEK. 8.3. Ang Seksiyon 11359 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

64

11359. *Pagdadala para sa Pagbebenta.*

Ang bawat taong nagtataglay para sa pagbebenta ng anumang marijuana, maliban kung hindi ipinagkakaloob ng batas, ay mapaparusahan *ayon sa sumusunod:*

(a) Ang bawat taong wala pang 18 taong gulang na nagtataglay ng marijuana para sa pagbebenta ay mapaparusahan sa katulad na paraan na ipinagkakaloob sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 11357.

(b) Ang bawat taong 18 taong gulang o mas matanda pa na nagtataglay ng marijuana para sa pagbebenta ay mapaparusahan ng pagkakabilanggo sa bilangguan ng county sa loob ng yugto ng panahon na hindi lalampas sa anim na buwan o sa pamamagitan ng multang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng parehong pagmumulta at pagkakabilanggo.

(c) Sa kabila ng subdibisyon (b), ang isang tao na 18 taong gulang o mas matanda pa na nagtataglay ng marijuana para sa pagbebenta ay maaaring maparusahan sa pamamagitan ng pagkakabilanggo alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 ng Kodigo Penal *kung:*

(1) Ang tao ay may isa o higit pang mga naunang paghatol para sa paglabag na tinukoy sa sugnay (iv) of napapailalim na talataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 667 ng Kodigo Penal o para sa isang paglabag na nag-aatas ng pagpaparehistro alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 290 ng Kodigo Penal;

(2) Ang tao ay may dalawa o higit pang mga naunang paghatol alinsunod sa subdibisyon (b); o

(3) Ang nakamit na paglabag kaugnay ng kaalaman sa pagbebenta o pagsubok sa pagbebenta ng marijuana sa isang taong wala pang 18 taong gulang.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (b), ang isang taong 21 taong gulang o mas matanda pa o nagtataglay ng marijuana para sa pagbebenta ay maaaring maparusahan ng pagkakabilanggo alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 ng Kodigo Penal kung ang paglabag ay may kaugnayan sa sadyang pagkuha, pag-eempleyo, o pagbabayad ng taong 20 taong gulang o mas bata pa sa ilegal na pag-aalaga, paghahatid, pagdadala, pagbebenta, pag-aalok na magbenta, pagpapamigay, paghahanda para sa pagbebenta, o promosyon ng anumang marijuana.

SEK. 8.4. Ang Seksiyon 11360 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

11360. *Ilegal na Paghahatid, Pag-aangkat, Pagbebenta, o Pagreregalo.*

(a) Maliban kung hindi ipinagkakaloob ng seksiyon na ito o pinapahintulutan ng batas, ang bawat taong naghahatid, nag-aangkat sa estadong ito, nagbebenta, nagtatago, nagbibigay, o nagpapamahagi, o nag-aalok na maghatid, mag-angkat sa estadong ito, magbenta, magtago, magbigay, o magpamahagi, o sumusubok na mag-angkat sa estadong ito o maghatid ng anumang marijuana ay mapaparusahan *ayon sa sumusunod:*

(1) Ang mga taong wala pang 18 taong gulang ay mapaparusahan sa katulad na paraan ayon sa ipinagkakaloob sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 11357.

(2) Ang mga taong 18 taong gulang o mas matanda pa ay mapaparusahan ng pagkakabilanggo sa isang bilangguan ng county para sa isang yugto ng panahon na hindi hihigit sa anim na buwan o pagmumultahin nang hindi hihigit sa limang daang dolyar ($500), o ng pareho ng naturang pagmumulta at pagkakabilanggo.

(3) Sa kabila ng talataan (2), ang isang taong 18 taong gulang o mas matanda pa ay maaaring maparusahan sa pamamagitan ng pagkakabilanggo alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksiyon 1170 ng Kodigo Penal sa loob ng sa dalawa, tatlo o apat na taon *kung:*

(A) Ang tao ay may isa o higit pang naunang paghatol para sa isang paglabag na tinukoy sa sugnay (iv) ng napapailalim na talataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksiyon 667 ng Kodigo Penal o para sa isang paglabag na nag-aatas ng pagpaparehistro alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 290 ng Kodigo Penal;

(B) Ang tao ay may dalawa o higit pang mga naunang paghatol alinsunod sa talataan (2); ng

(C) Ang paglabag na may kaugnayan sa kaalaman sa pagbebenta, pagsubok na pagbebenta, o ang kaalaman sa pag-aalok na magbenta, magtago, magbigay o magpamahagi ng marijuana sa isang taong wala pang 18 taong gulang; o

(D) Ang paglabag na kaugnay ng pag-aangkat, pag-aalok na mag-angkat, o pagsubok na mag-angkat sa estadong ito, o sa paghahatid para sa pagbebenta, pag-aalok sa paghahatid para sa pagbebenta, o pagsubok na maghatid para sa pagbebenta sa labas ng estadong ito, nang hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana o hihigit sa apat na gramo ng konsetradong cannabis.

(b) Maliban kung pinapahintulutan ng batas, bawat taong nagpapamahagi, nag-aalok na magpamahagi, naghahatid, nag-aalok na maghatid, o sumusubok na maghatid nang hindi hihigit sa 28.5 gramo ng marijuana, maliban sa konsentradong cannabis, ay may sala ng isang *pagsuway* ~~sa maliit na pagkakasala~~ at mapaparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta nang hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100). Sa anumang kaso kung saan inaresto ang isang tao para sa isang paglabag sa subdibisyon na ito at hindi niya hiniling na maiharap sa mahistrado, papakawalan ng umarestong opisyal ang naturang tao kapag nagpakita siya ng sapat na ebidensya ng pagkakakilanlan at pagbibigay ng *kanyang* nakasulat na pangako na humarap sa hukuman, ayon sa ipinagkakaloob sa Seksiyon 853.6 ng Kodigo Penal, at hindi siya mapapailalim sa pagkuha sa kanyang detalye.

(c) Para sa mga layunin ng seksiyon na ito, ang ibig sabihin ng "paghahatid" ay paghahatid para sa pagbebenta.

(d) Hindi inihihiwalay o inililimitahan ng seksiyon na ito ang pag-uusig para sa anumang pantulong at pagkunsinti o paglabag kaugnay ng pagsasabuwatan.

SEK. 8.5. Ang Seksiyon 11361.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, kung saan mababasa ang:

11361.1. (a) Ang edukasyon at pagpapayo tungkol sa droga alinsunod sa Mga Seksiyon 11357, 11358, 11359, at 11360 ay:

(1) Mandatoryo, maliban kung mapagpapasiyahan ng hukuman na ang naturang edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga ay hindi kinakailangan para sa tao, o kung walang edukasyon o pagpapayo tungkol sa droga;

(2) Libre sa mga kalahok, at ang edukasyon tungkol sa droga at nagkakaloob nang hindi bababa sa apat na oras na pangkatang talakayan o tagubilin na batay sa agham at mga prinsipyo at kasanayang batay sa ebidensya na

partikular sa paggamit at labis na paggamit ng marijuana at iba pang mga kinokontrol na substansiya.

(b) Para sa mabuting layunin, maaaring magkaloob ang hukuman ng pagpapalawig ng yugto ng panahon na hindi lalampas ng 30 araw para sa isang tao na tapusin ang edukasyon at pagpapayo tungkol sa droga na iniaatas alinsunod sa Mga Seksiyon 11357, 11358, 11359, at 11360.

SEK. 8.6. Ang Seksiyon 11361.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan kung saan mababasa ang:

11361.5. *Pagsira ng Mga Rekord sa Pag-aresto at Paghatol; Pamamaraan; Mga Pagbubukod.*

(a) Ang mga rekord ng anumang hukuman ng estadong ito, anumang pampubliko o pribadong ahensiya na nagkakaloob ng mga serbisyo kapag my rekomendasyon alinsunod sa Seksiyon 1000.2 ng Kodigo Penal, o ng anumang ahensiyang estado ng nauukol sa pag-aresto o paghatol sa sinumang tao para sa isang paglabag sa ~~subdibisyon (b), (c), (d), o (e) ng~~ Seksiyon 11357 o subdibisyon (b) ng Seksiyon 11360, *o nauukol sa pag-aresto o paghatol sa sinumang tao na wala pang 18 taong gulang para sa isang paglabag ng anumang mga pagkakaloob ng artikulong ito maliban sa Seksiyon 11357.5,* ay hindi dapat mapanatili nang lampas sa dalawang taon mula sa petsa ng paghatol, o mula s petsa ng pag-aresto kung walang paghatol, maliban kung nauugnay sa isang paglabag sa subdibisyon ~~(e)~~ *(d)* ng Seksiyon 11357*, o anumang iba pang paglabag ng isang tao na wala pang 18 gulang na naganap sa lugar ng, o sa loob ng, anumang paaralan na nagkakaloob ng pagtuturo sa kindergarten o anuman sa mga baitang 1 hanggang 12 sa oras kung kailang nakabukas ang paaralan para sa mga klase o mga programang nauugnay sa paaralan*, papanatilihin ang mga rekord hanggang sa ang nagkasala ay tumungtong sa edad na 18 taong gulang, sa panahong iyon, sisirahin ang mga rekord ayon sa ipinagkakaloob sa seksiyong ito. Ang anumang hukuman o ahensya na may kustodiya sa mga rekord, *kabilang ang mga database ng mga kriminal ng buong estado,* ay magkakaloob ng napapanahon na pagsira ng mga rekord alinsunod sa subdibisyon (c), *at ang mga naturang rekord ay dapat ding alisin sa mga database ng mga kriminal ng buong estado. Katulad ng pagkakagamit sa subdibisyon na ito, "ang mga rekord na nauukol sa pag-aresto o paghatol" ay magsasama ng mga rekord ng mga pag-aresto na nagresulta sa kriminal na paglilitis at mga rekord na nauukol sa iba pang mga paglabag na isinampa sa pag-amin ng akusado, ang nasasakdal man ay napawalang-sala o winakasan na ang mga isinampang kaso. Paglampas ng dalawang taong yugto kung saan hindi na papanatilihin ang mga rekord alinsunod sa subdibisyon na ito, hindi malalapat sa sinuman, sa oras kung kailan ang subdibisyon ay hindi na nag-aatas ng pagsira ng rekord, na nabilanggo para sa isang paglabag alinsunod sa subdibisyon na ito. Para sa mga naturang tao, ang dalawang taong yugto ay tatakbo mula sa petsa kung kailan nawala sa kustodiya ang tao.* Ang mga iniaatas sa subdibisyon na ito ay hindi nalalapat sa mga rekord ng anumang paghatol na naganap bago ang Enero 1, 1976, o mga rekord ng anumang pag-aresto na hindi nasundan ng paghatol na naganap bago ang petsang iyon, *o mga rekord ng anumang pag-aresto para sa isang paglabag na tinukoy sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1192.7, o subdibisyon (c) ng Seksiyon 667.5 ng Kodigo Penal.*

(b) Ang subdibisyon na ito ay nalalapat lang sa mga rekord ng paghatol at pag-aresto na hindi nasundan ng paghatol na naganap bago ang Enero 1, 1976, para sa anuman sa mga sumusunod na paglabag:

(1) Ang anumang paglabag sa Seksiyon 11357 o isang batas na pinagbatayan nito.

(2) Ilegal na pagtataglay ng isang kagamitan, imbensyon, kasangkapan, o parapernalya na ginamit sa ilegal na paninigarilyo ng marijuana, na lumalabag sa Seksiyon 11364, ayon sa pag-iral nito bago ang Enero 1, 1976, o isang batas na pinagbatayan nito.

(3) Ilegal na pagbisita o presensya sa isang silid o lugar kung saan ilegal na sinisigarilyo o ginagamit, na lumalabag sa Seksiyon 11365, ayon sa pag-iral nito bago ang Enero 1, 1976, o isang batas na pinagbatayan nito.

(4) Ilegal na paggamit o pagiging nasa impluwesya ng marijuana, na lumalabag sa Seksiyon 11550, ayon sa pag-iral nito bago ang Enero 1, 1976, o isang batas na pinagbatayan nito.

Ang sinumang taong napailalim sa isang pag-aresto o paghatol para sa mga paglabag ay maaaring maghain sa Kagawaran ng Hustisya para sa pagsira ng mga rekord na nauukol sa pag-aresto o paghatol kung lumipas na ang dalawa o higit pang mga taon mula sa petsa ng paghatol, o mula sa petsa ng pag-aresto kung hindi ito sinundan ng paghatol. Ang aplikasyon ay dapat isumite sa porma na ibinigay ng Kagawaran ng Hustisya at dapat may kasamang bayad, na itatalaga ng kagawaran sa halagang makakapagtustos sa gastusin sa pagbibigay ng subdibisyon na ito at matatamong gastusin ng estado alinsunod sa subdibisyon (c), ngunit hindi lalampas sa tatlumpu't pitong dolyar at limampung sentimo ($37.50). Maaaring makuha ang aplikasyon sa bawat lokal na pulisya o kagawaran ng syerip at mula sa Kagawaran ng Hustisya at maaaring mag-atas ito na ang impormasyon na itinuturing ng kagawaran na kinakailangan para sa mga layunin ng pagkilala.

Maaaring hilingin, ngunit hindi iatas, ng kagawaran ang pagsasama ng sariling pagkuha ng fingerprint sa aplikasyon. Kung hindi magagawa ng kagawaran na sapat na makilala ang aplikante para sa mga layunin ng subdibisyon na ito nang walang fingerprint o walang mga karagdagang fingerprint, dapat nitong abisuhan ang aplikante na magsumite ng anumang mga fingerprint na maaaring inatas upang magkaroon ng bisa ang pagkilala, at kung kinakailangan, kabilang ang kumpletong hanay ng mga ito, o kung hindi naman ay wakasan na ang aplikasyon at humiling ng pagsasauli ng lahat o bahagi ng bayad na isinumite kasabay ng aplikasyon, ayon sa ipinagkakaloob sa seksiyon na ito. Kung hindi magagawa o tatanggi ang aplikante na magsumite ng mga fingerprint alinsunod sa kahilingan ng kagawaran sa loob ng makatwirang yugto ng panahon na itatalaga ng kagawaran, o kung ang aplikante ay humihiling ng pagbabalik ng bayad, dapat magpadala kaagad ang kagawaran ng pagbabalik ng bayad sa aplikasyon sa address na tinukoy o sa anumang iba pang address na tinukoy ng aplikante. Gayunpaman, kung naabisuhan ng kagawaran ang aplikante na ang pagpili sa pag-abanduna sa aplikasyon ay magreresulta sa pagkawala ng isang tinukoy na halaga na bahagi ng bayad, maaaring panatilihin ng kagawaran ang bahagi ng bayad na matutukoy ng kagawaran na makakapagtustos sa aktwal na gastusin ng pagpoproseso ng aplikasyon, ipinagkakaloob na ang halaga ng bahaging pinanatili ay hindi lalampas sa sampung dolyar ($10).

Kapag natanggap ang kumpletong aplikasyon, sisirain ng Kagawaran ng Hustisya ang mga rekord ng kagawaran, kung mayroon man na, nauukol sa pag-aresto o paghatol sa paraan iniaatas ng subdibisyon (c) at hindi nito aabisuhan ang Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon, ang ahensiya na nagpapatupad ng batas na nag-aresto sa aplikante, at, kung nahatulan ang aplikante, ang kagawaran ng probasyon na nag-imbestiga at ang Kagawaran ng Sasakyang De-motor, tungkol sa aplikasyon.

(c) Ang pagsira ng mga rekord ng pag-aresto o paghatol alinsunod sa subdibisyon (a) o (b) ay isasakatuparan sa pamamagitan ng permanenteng pagtatanggal ng lahat ng ipinasok o tala sa mga rekord na nauukol sa pag-aresto o paghatol, at ihahandang muli ang rekord upang mapalabas na ang pag-aresto o paghatol ay hindi naganap. Gayunpaman, kapag (1) ang mga tanging ipinasok sa rekord ay nauukol sa pag-aresto at paghatol at (2) maaaring sirain ang rekord nang hindi kinakailangang maapektuhan ang pagsira ng iba pang mga rekord, ang dokumento na bumubuo sa rekord ay aktwal na sisirain.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (a) o (b), ang mga nakasulat na transkripsyon ng berbal na testimonya sa mga pamamaraan ng hukuman at mga nakalathala na panghukumang pagdinig sa apela, ay hindi napapailalim sa seksiyong ito. Bukod pa rito, walang mga rekord ang sisirain alinsunod sa subdibisyon (a) kung ang nasasakdal o kasamang nasasakdal ay naghain ng aksyong sibil laban sa mga opisyal ng kapayapaan o hurisdiksiyon na nagpapatupad ng batas na nagsagawa ng pag-aresto o nagsagawa ng pag-uusig at kung ang ahensiya na tagapag-ingat sa mga rekord na iyon ay nakatanggap ng sertipikadong kopya ng reklamo sa aksyong sibil, hanggang sa malutas ang aksyong sibil. Kasunod kaagad ng pinal na resolusyon ng aksyong sibil, ang mga rekord na napapailalim sa subdibisyon (a) ay dapat sirain alinsunod sa subdibisyon (c) kung hihigit sa dalawang taon na ang lumipas mula sa petsa

ng paghatol o pag-aresto nang walang paghatol.

SEK. 8.7. Ang Seksiyon 11361.8 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

11361.8. (a) Ang isang taong humaharap sa sentensiya ng pagkakabilanggo, sa pamamagitan man ng paglilitis o sa pamamagitan ng bukas o nagkaunawaang sagot sa paratang, na siyang maaaring nagkasala sa isang paglabag, o siyang maaaring nagkasala sa mas maliit na paglabag sa ilalim ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang na nilabag sa panahon kung kailan ito nagkaroon ng bisa ay maaaring magpetisyon para sa pagbawi o pagbasura ng sentensiya sa hukuman ng paglilitis na naghatol ng pagkakabilanggo sa kaniyang kaso upang makahiling ng muling pagsesentensiya o pagbasura alinsunod sa Seksiyon 11357, 11358, 11359, 11360, 11362.1, 11362.2, 11362.3 at 11362.4 dahil nasusog o naidagdag ang mga ito ayon sa batas na iyon.

(b) Kapag nakatanggap ng petisyon sa ilalim ng subdibisyon (a), dapat ipagpalagay ng hukuman na natutugunan ng nagpasa ng petisyon ang mga pamantayan sa subdibisyon (a) maliban kung napatunayan ng partidong sumasalungat sa petisyon sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya na ang nagpasa ng petisyon ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan. Kung nakakatugon ang nagpasa ng petisyon sa mga pamantayan sa subdibisyon (a), dapat pagbigyan ng hukuman ang petisyon na bawiin o ibasura ang sentensiya dahil wala itong bisa ayon sa batas maliban kung mapag-alaman ng hukuman ang pagkakaloob sa petisyon ay maaaring magdulot ng hindi makatwirang banta ng panganib sa kaligtasan ng publiko.

(1) Ayon sa pagpapasiya ng hukuman, maaari nitong bigyan ng pagkakataon ang, ngunit hindi dapat malimitahan sa ebidensiyang ibinigay sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1170.18 ng Kodigo Penal.

(2) Gaya ng ginamit sa seksiyong ito, ang "hindi makatwirang banta ng panganib sa kaligtasan ng publiko" ay kasingkahulugan ng nakasaad sa subdibisyon (c) ng Seksiyon 1170.18 ng Kodigo Penal.

(c) Ang isang taong humaharap sa sentensiya at muling nasentensiyahan alinsunod sa subdibisyon (b) ay dapat mabigyan ng kredito para sa anumang panahong naigugol na niya at dapat sumailalim sa pangangasiwa nang isang taon kapag nakumpleto na niya ang kaniyang pamamalagi sa kostudiya o dapat sumailalim sa anumang pangangasiwa na pamamalagian niya pagkatapos makalaya, alinman ang mas maiksi, maliban kung palayain ng hukuman, ayon sa pagpapasiya nito, bilang bahagi ng utos nito sa muling pagsesentensiya, ang tao mula sa pangangasiwa. Ang naturang tao ay napapailalim sa pangangasiwa para sa pagbibigay ng parol sa ilalim ng Seksiyon 3000.08 ng Kodigo Penal o pangangasiwa sa komunidad na pamamalagian pagkatapos makalaya sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 3451 ng itinalagang ahensiya at sa hurisdiksiyon ng hukuman sa county kung saan ang may-sala ay inilabas o naninirahan, o kung saan ang ipinaparang na paglabag sa pangangasiwa ay nangyari, para sa layunin ng pagdinig sa mga petisyon upang mapawalang-saysay ang pangangasiwa at magpataw ng isang takdang panahon ng kostudiya.

(d) Hindi maaaring magresulta ang muling pagsesentensiya sa ilalim ng seksiyong ito sa pagpataw ng takdang panahon na mas mahaba kaysa sa orihinal na sentensiya, o pagbabalik ng mga hatol na ibinasura alinsunod sa isang napagkaunawaang kasuduan sa sagot sa paratang.

(e) Ang isang taong nakakumpleto na ng kaniyang sentensiya ng pagkakabilanggo sa ilalim ng Seksiyon 11357, 11358, 11359 at 11360, sa pamamagitan man ng paglilitis o sa pamamagitan ng bukas o nagkaunawaang sagot sa paratang, na siyang maaaring nagkasala sa isang paglabag o siyang maaaring nagkasala sa mas maliit na paglabag sa ilalim ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang na nilabag sa panahon kung kailan ito nagkaroon ng bisa, ay maaaring maghain ng aplikasyon sa hukuman ng paglilitis na naghatol ng pagkakabilanggo sa kaniyang kaso upang ibasura o tanggalin ang rekord ng pagkakabilanggo dahil ang naunang pagkakabilanggo ay wala nang bisa ayon sa batas o muling naitalaga bilang maliit na pagkakasala o paglabag alinsunod sa Seksiyon 11357, 11358, 11359, 11360, 11362.1, 11362.2, 11362.3 at 11362.4 dahil nasusog o naidagdag ang mga ito ayon sa batas na iyon.

(f) Dapat ipagpalagay ng hukuman na natutugunan ng nagpasa ng petisyon ang mga pamantayan sa subdibisyon (e) maliban kung napatunayan ng partidong sumasalungat sa aplikasyon sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya na ang nagpasa ng petisyon ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan sa subdibisyon (e). Kapag natugunan ng aplikante ang mga pamantayan sa subdibisyon (e), dapat muling italaga ng hukuman ang pagkakabilanggo bilang maliit na pagkakasala o paglabag o ibasura at tanggalin ang rekord ng pagkakabilanggo bilang may-bisa ayon sa batas gaya ng naitatag ngayon sa ilalim ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang.

(g) Maliban kung hiniling ng aplikante, walang pagdinig na kailangan upang igawad o ipagkait ang aplikasyon na iniharap sa ilalim ng subdibisyon (e).

(h) Ang anumang pagkakabilanggo dahil sa malaking pagkakasala na binawi at muling sinentensiyahan sa ilalim ng subdibisyon (b) o naitalaga bilang maliit na pagkakasala o paglabag sa ilalim ng subdibisyon (f) ay dapat ituring na maliit na pagkakasala o paglabag para sa lahat ng layunin. Ang anumang pagkakabilanggo dahil sa maliit na pagkakasala na binawi at muling sinentensiyahan sa ilalim ng subdibisyon (b) o naitalaga bilang paglabag sa ilalim ng subdibisyon (f) ay dapat ituring na maliit na pagkakasala o paglabag para sa lahat ng layunin.

(i) Kung ang hukuman na orihinal na nagsentensiya sa nagpetisyon ay hindi nakahanda, ang namamatnugot na hukom ay dapat magtalaga ng ibang hukom upang magpasiya sa petisyon o aplikasyon.

(j) Wala sa seksiyong ito na hinahangad bawasan o alisin ang anumang mga karapatan o remedyo na makukuha ng nagpetisyon o aplikante.

(k) Wala rito at sa mga kaugnay na seksiyon na hinahangad na magbawas o mag-alis sa pagiging pangwakas ng mga hatol sa anumang kaso na hindi pumatak sa loob ng saklaw ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang.

(l) Ang isang pagdinig sa muling pagsentensiya na ipinag-utos sa ilalim ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang ay dapat bumuo ng isang "pamamaraan sa pagpapalabas pagkatapos ng pagpapatunay ng pagkakasala" sa ilalim ng talataan (7) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California (Batas ni Marsy).

(m) Dapat ilapat ang mga probisyon ng seksiyong ito nang pantay sa mga pagpapasiya at disposisyon sa pagkakasala ng kabataan sa ilalim ng Seksiyon 602 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon kung ang kabataan ay maaaring mapawalang sala sa paglabag o maaaring magkasala sa mas maliit na paglabag sa ilalim ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang.

(n) Dapat ipahayag ng Panghukumang Konseho at dapat itong magbigay ng lahat ng kinakailangang form upang mapahintulutan ang paghahain ng mga petisyon at aplikasyong nakasaad sa seksiyong ito.

SEK. 9. Pang-industriyang Hemp.

SEK. 9.1. Ang Seksiyon 11018.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

11018.5. *Pang-industriyang Hemp.*

(a) Ang "Pang-industriyang hemp" ay isang fiber o oilseed na pananim, o pareho, na nalilimitahan sa mga ~~nonpsychoactive~~ na uri ng halamang Cannabis sativa L. ~~at ang binhi na nakukuha mula rito,~~ na hindi lalampas satatlong-ikasampu ng 1 porsyento ng tetrahydrocannabinol (THC) na nasa mga tinuyong ubod namumukadkad na ubod, *tumutubo man o hindi;* ~~at nalinang at naproseso nang eksklusibo para sa layunin ng pagpapalaki bng magugulang na tangkay ng halaman, fiber na nakuha mula sa mga tangkay, oil o cake na ginawa mula sa~~ mga binhi ng halaman,*; dagta na nakuha mula*

sa anumang bahagi ng halaman; at ~~o anupamang~~ *bawat* tambalan, pagyari, asin, nakukuha, pinaghalo, o paghahanda ng *halaman, mga binhi nito o* ~~magugulang na tangkay, maliban sa~~ dagta ~~o mga nakuhang namumukadkad na ubod~~ *na nakuha* mula rito~~, fiber, oil, o cake, o istirilasong binhi, o aumang bumubuo sa binhi, ng halaman na hindi kayang tumubo~~.

(b) Ang pagmamay-ari, paggamit, pagbili, pagbebenta, pagtatanim, pagpoproseso, pagyayari, pagbabalot, pagpapangalan, pagbabiyahe, pag-iimbak, pammahagi, paggamit at paglilipat ng pang-industriyang hemp ay hindi dapat sumailalim sa mga probisyon ng dibisyong ito o ng Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo sa Negosyo at Mga Propesyon, kundi dapat kontrolin ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura alinsunod sa mga probisyon ng Dibisyon 24 (nagsisimula sa Seksiyon 81000) ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura, kabilang ang lahat.

SEK. 9.2. Ang Seksiyon 81000 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura ay sinususugan upang mabasang:

81000. *Mga Pagpapakahulugan.*

Para sa mga layunin ng dibisyong ito, ang mga sumusunod na katawagan ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang "Lupon" ay ang Lupon Hinggil sa Pagpapayo sa Pang-industriyang Hemp.

(b) Ang "Komisyonado" ay ang komisyonado ng agrikultura ng bansa.

(c) Ang "Naitatag na institusiyon sa pang-agrikulturang pananaliksik" ay ~~isang pampubliko o pribadong institusiyon o organisasyon na nagpapanatili ng lupa para sa pang-agrikulturang pananaliksik, kabilang ang mga kolehiyo, unibersidad, sentro sa pang-agrikulturang pananaliksik at sentro sa pananaliksik para sa konserbasyon.~~ *anumang institusiyon na:*

(1) Isang pampubliko o pribadong institusiyon o organisasyon na nagpapanatili ng lupa o namamahaka para sa pang-agrikulturang pananaliksik, kabilang ang mga kolehiyo, unibersidad, sentro sa pang-agrikulturang pananaliksik at sentro sa pananaliksik para sa konserbasyon; o

(2) Isang institusiyon ng mas mataas na edukasyon (gaya ng inilarawan sa Seksiyon 1001 ng Batas sa Mas Mataas na Edukasyon ng taong 1965 (20 U.S.C. 1001)) na nagppatubo, naglilinang o nagyayari ng pang-industriyang hemp para sa mga layunin ng pananaliksik na isinasagawa sa ilalim ng programa para sa pilotong pang-agrikultura o pang-akademikong pananaliksik.

(d) Ang "Masamang pangyayari" ay kasingkahulugan ng inilalarawan sa Seksiyon 11018.5 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(e) Ang "Kalihim" ay ang Kalihim ng Pagkain at Agrikultura.

(f) Ang "Nagpapalago ng binhi" ay isang indibidwal o pampubliko o pribadong institusyon o organisasyon na nakarehistro sa komisyonado upang magpatubo ng mga nililinang na binhi para sa pagbebenta o pananaliksik.

(g) Ang "Nililinang na binhi" ay ang iba't ibang uri ng pang-industriyang hemp.

(h) Ang "Plano sa pagpapatubo ng binhi" ay isang diskarteng inaral ng isang nagpapalago ng binhi, o aplikante ng nagpapalago ng binhi, na nagdedetalye sa kaniyang pinlanong pamamaraan sa pagpapatubo at pagpapalago ng bagong nililinang na binhi para sa pang-industriyang hemp.

SEK. 9.3. Ang Seksiyon 81006 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura ay sinususugan upang mabasang:

81006. *Mga Limitasyon ng; Ipinagbabawal sa; Pag-aangkat ng; Pasusuri sa Laboratoryo ng Pagpapatubo ng Pang-industriyang Hemp.*

(a) (1) Maliban kapag pinatubo ng isang naitatag na institusiyon sa pang-agrikulturang pananaliksik o ng isang nakarehistrong nagpapalago ng binhi, dapat patubuin lang ang pang-industriyang hemp bilang fiber o oilseed crop na itinanim nang maramihan, o pareho, sa sukat ng lupain na hindi bababa sa ~~limang akre~~ *isang-kasampu ng isang akre* sa isang pagkakataon ~~at walang bahagi ng sukat ng lupain ng pang-industriyang hemp ang dapat magsama ng mga lupang mas mababa sa isang karatig na akre~~.

(2) Dapat lang patubuin ng mga nagpapatubo ng binhi, para sa mga layunin ng produksiyon ng binhi, ang pang-industriyang hemp bilang produktong itinanim nang maramihan sa mga sukat ng lupain na hindi bababa sa *isang-kasampu ng* ~~dalawang~~ akre sa parehong pagkakataon ~~at walang bahagi ng sukat ng lupain ng pang-industriyang hemp ang dapat magsama ng mga lupang mas mababa sa isang karatig na akre~~.

(3) Dapat patubuin ng mga nakarehistrong nagpapatubo ng binhi, para sa mga layunin ng paglilinang ng bagong nalilinang na binhi ng California, ang pang-industriyang hemp nang maramihan sa abot ng makakaya sa nakalaang sukat ng lupain na hindi bababa sa isang-*kasampu ng isang* akre at alinsunod sa plano sa pagpapatubo ng binhi. Hindi kinakailangang gamitin ang buong lugar ng nakalaang sukat ng lupain para sa paglilinang ng partikular na nalilinang na binhi.

(b) Ipinagbabawal ang pagpapalago para sa dekorasyon at palihim na pagpapalago ng pang-industriyang hemp. Ang lahat ng lupa ay dapat magkaroon ng sapat na palatandaan na nagssaad na pang-industriyang hemp ang mga ito.

(c) Ipinagbabawal ang pagpuputol at pangangalaga ng mga indibidwal na pang-industriyang halaman ng hemp, maliban kapag pinapatubo ng isang naitatag na institusiyon sa pang-agrikulturang pananaliksik o kapag kinakailangan itong gawin upang maisagawa ang pagsusuri sa tetrahydrocannabinol (THC) na nakasaad sa seksiyong ito.

(d) Ipinagbabawal ang pagkakaroon ng pang-industriyang hemp, maliban kung pinapatubo ng isang naitatag na institusiyon sa pang-agrikulturang pananaliksik, kapag kinakailangan itong gawin upang maisagawa ang pagsusuri sa tetrahydrocannabinol (THC) na nakasaad sa seksiyong ito, o para sa mga layunin ng produksiyon at pagpapalago ng binhi ng isang nakarehistrong nagpapatubo ng binhi.

(e) Dapat kabilang sa pang-industriyang hemp ang mga produktong inangkat sa ilalim ng Magkakatugmang Iskedyul sa Taripa ng Estados Unidos (2013) ng Komisyon sa Pandaigdigang Kalakalan ng Estados Unidos, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, binhi ng hemp, alinsunod sa nakapailalim na panimula 1207.99.03, hemp oil, alinsinod sa nakapailalim na panimula 1515.90.80, oilcake, alinsunod sa nakapailalim na panimula 2306.90.01, tunay na hemp, alinsunod sa panimula 5302, tunay na hemp yarn, alinsunod sa nakapailalim na panimula 5308.20.00, at mga hinabing tela ng mga tunay na hemp fiber, alinsunod sa nakapailalim na panimula 5311.00.40.

(f) Maliban kapag pinatubo ang pang-industriyang hemp ng isang naitatag na institusiyon sa pang-agrikulturang pananaliksik, ang isang nagrerehistro na nagpapatubo ng pang-industriyang hemp sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat, bago ang pag-ani ng bawat pananim at gaya ng nakasaad sa ibaba, magsagawa ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo na nagpapahayag sa mga antas ng THC ng isang random sampling ng mga tinuyong namumukadkad na ubod ng tumubong pang-industriyang hemp.

(1) Dapat isagawa ang sampling sa panahong naaangkop sa panahaon kung kailan ganap na nabubuo ang THC sa mga dahon sa paligid ng mga binhi at dapat itong magsimula kapag gumugulang na ang mga binhi, kapag ang mga unang binhi na humigit-kumulang 50 porsyento ng mga halaman ay hindi na madaling mapiga.

(2) Dapat gamitin ang buong bunga ng halaman kabilang ang mga binhi bilang isang sampol. Dapat isagawa ang sampol na pagputol nang direkta sa ilalim ng inflorescence na matatagpuan sa isang-katlong bahagi sa itaas ng halaman.

(3) Ang sampol na nakolekta para sa pagsusuri ng THC ay dapat may nakasama sa sumusunod na dokumentasyon:

(A) Patunay ng pagpaparehistro ng nagrerehistro.

(B) Dokumentasyon ng sertipikasyon ng binhi para sa ginamit na nalilinang na binhi.

(C) Ulat ng pagsusuri ng THC para sa bawat sertipikadong nalilinang na binhi na ginamit.

(4) Ang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ay dapat iisyu ng isang laboratoryong nakarehistro sa Pangasiwaan sa Pagpapatupad ng Gamot ng pederal, dapat ipahayag ang porsyento ng nilalamang na THC, dapat isaad ang petsa kung kailan at lokasyon kung saan kinuha ang mga sampol at dapat ipahayag ang mga coordinate ng Global Positioning System at kabuuang sukat ng lupain ng pananim. Kung nagsasaad ang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ng porsyento ng nilalamang THC na katumbas ng o mas mababa sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento, dapat makita ang mga salitang "NAKAPASA BILANG PANG-INDUSTRIYANG HEMP NG CALIFORNIA" sa o malapit sa itaas na bahagi ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo. Kung nagsasaad ang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ng porsyento ng nilalamang THC na mahigit sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento, dapat makita ang mga salitang "HINDI NAKAPASA BILANG PANG-INDUSTRIYANG HEMP NG CALIFORNIA" sa o malapit sa itaas na bahagi ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo.

(5) Kung nagsasaad ang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ng porsyento ng nilalamang THC na ktumbas ng o mas mababa sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento, dapat bigyan ng laboratoryo ang taong humiling ng pagsusuri ng hindi bababa sa 10 orihinal na kopyang nilagdaan ng isang empleyadong pinapahintulutan ng laboratoryo at dapat itong magrabi ng isa o higit pang mga orihinal na kopya ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo para sa hindi bababa sa dalawang taon mula sa petsa ng sampling nito.

(6) Kung nagsasaad ang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ng porsyento ng nilalamang THC na mahigit sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento at hindi lumampas sa 1 porsyento, dapat magsumite ang nagrerehistro na nagpapatubo ng pang-industriyang hemp ng mga karagdagang sampol para sa pagsusuri ng tumubong pang-industriyang hemp.

(7) Ang isang nagrerehistrto na nagpapatubo ng pang-industriyang hemp ay dapat sirain ang tumubong pang-industriyang hemp kapag nakatanggap siya ng unang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo na nagsasaad ng porsyento ng nilalamang THC na lumampas sa 1 porsyento o pangalawang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo alinsunod sa talataan (6) na nagsasaad ng porsyento ng nilalamang THC na lumampas sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento ngunit mas mababa sa 1 porsyento. Kung lumampas ng 1 porsyento ang porsyento ng nilalamang THC, dapat isagawa ang pagsira sa loob ng 48 oras pagatanggap ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo. Kung ang porsyento ng nilalamang THC sa pangalawang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo ay lumampas ng 1 porsyento, dapat isagawa ang pagsira sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa 45 araw pagkatanggap ng pangalawang ulat ng pagsusuri.

(8) Ang isang nagrerehistrong gustong magpatubo ng pang-industriyang hemp at sumusunod sa seksiyong ito ay hindi dapat usigin para sa paglilinang o pagmamay-ari ng marijuana bilang resulta ng isang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo na nagsasaad ng porsyento ng nilalamang THC na mahigit sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento ngunit mas mababa sa 1 porsyento.

(9) Dapat pahintulutan ang mga naitatag na institusyon sa pang-agrikulturang pananaliksik na maglinang o magmay-ari ng pang-industriyang hemp na may kasamang ulat ng pagsusuri sa laboratoryo na nagsasaad ng prsyento ng nilalamang THC na mahigit sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento kung nakapag-aambag ang paglilinang o pagmamay-aring iyon sa pagpapalago ng mga uri ng pang-industriyang hemp na susunod sa tatlong-ikasampu ng 1 porsyento ng limitasyon sa THC na naitatag sa dibisyong ito.

(10) Maliban sa isang naitatag na institusyon sa pang-agrikulturang pananaliksik, dapat magpanatili ang isang nagrerehistro na nagpapatubo ng pang-industriyang hemp ng orihinal na nilagdaang kopya ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo sa loob ng dalawang taon mula sa petsa ng sampling nito, gumawa ng orihinal na nilagdaang kopya ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo na makukuha sa kagawaran, komisyonado, o mga opisyal ng pagpapatupad ng batas o kanilang mga naitalaga kapag hiniling, at dapat magbigay ng orihinal na kopya ng ulat ng pagsusuri sa laboratoryo sa bawat taong bumibili, nagpapadala o kumukuha mula sa nagrerehistro na nagpapatubo ng pang-industriyang hemp ng fiber, oil, cake, o binhi, o anumang bumubuo sa binhi, ng haolaman.

(g) Kung, sa opinsyon ng Pangkalahatang Abugado na naisyu alinsunod sa Seksiyon 8 ng batas na nagdagdag sa dibisyong ito, napag-alaman na ang mga probisyon ng seksiyong ito ay hindi sapat upang makasunod sa batas na pederal, dapat magtatag ang kagawaran, sa pagsangguni sa lupon, ng mga pamamaraan para sa seksiyong ito na tumutugon sa mga inaatas ng batas na pederal.

SEK. 9.4. Ang Seksiyon 81007 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura ay pinawalang-saysay.

~~81007. (a) Maliban kung nakasaad sa subdibisyon (b) o kung kinakailangang magsagawa ng pagsusuri alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 81006, ipinagbabawal ang pagmamay-ari, sa labas ng sakop ng legal na paglilinang, ng dagtas, mga namumukadkad na ubod o mga dahon na inalis sa halaman ng hemp.~~

~~(b) Ang pagkakaroon ng de minimis na dami, o hindi kinakailangang bilang, ng mga dahon ng hemp o namumukadkad na ubod sa mga bigkis ng hemp na nagresulta mula sa normal at naaangkop na pagpoproseso ng pang-industriyang hemp ay hindi dapat magbunsod ng pagmamay-ari ng marijuana.~~

SEK. 9.5. Ang Seksiyon 81008 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura ay sinususugan upang mabasang:

81008. *Mga Ulat; Mga Iniaatas ng Pangkalahatang Abugado.*

(a) Hindi lalampas sa Enero 1, 2019, ~~o limang taon pagkataspos mapahintulutan ang mga probisyon ng dibisyong ito sa ilalim ng batas na pederal, alinman ang mas matagal,~~ dapat iulat ng Pangkalahatang Abugado sa Asembleya at Komite ng Senado sa Agrikultura at Asembleya at Komite ng Senado sa Kaligtasan ng Publiko ang mga naiulat na insidente, kung mayroon man, ng sumusunod:

(1) Isang taniman ng pang-industriyang hemp na ginagamit upang pagtakpan ang paglilinang ng marijuana.

(2) Mga paghahabol sa isang pandinig sa hukuman ng mga taong hindi kasama sa mga hindi saklaw sa subdibisyon (f) ng Seksiyon 81006 na ang marijuana ay pang-industriyang hemp.

(b) Ang isang ulat na isinumite alinsunod sa subdibisyon (a) ay dapat isumite alinsunod sa Seksiyon 9795 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Alinsunod sa Seksiyon 10231.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, mapawalang-saysay ang seksiyong ito sa Enero 1, 2023, o apat na taon pagkatapos ng petsa ng takdang panahon ng ulat, aliman ang mas matagal.

SEK. 9.6. Ang Seksiyon 81010 ng Kodigo sa Pagkain at Agrikultura ay sinususugan upang mabasang:

81010. *Pagpapatakbo ng Dibisyon.*

(a) Ang dibisyong ito*, at Seksiyon 221* ay ~~hindi~~ dapat magkaroon ng bisa ~~hangga't hindi pa napapahintulutan sa ilalim ng batas na pederal~~ sa Enero 1, 2017.

(b) Ang pagmamay-ari, paggamit, pagbili, pagbebenta, produksiyon, pagyayari, pagbabalot, pagpapangalan, pagbibiyahe, pag-iimbak, pamamahago, paggamit at paglilipat ng pang-industriyang hemp ay dapat kontrolin alinsunod sa dibisyong ito. Ang Kawanihan ng Pagkontrol sa Marijuana ay may kapangyarihang bawasan at kontrolin ang mga halaman at produkto na tumutugma sa paglalarawan ng pang-industriyang hemp ngunit itinanim, pinroseso, niyari, sinuro, inihatid, o pinangalagaan alinsunod sa isang lisensiyang naisyu sa ilalim ng Dibisyon 10 (nagsisimula sa Seksiyon 26000) ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

SEK. 10. Susog.

Ang batas na ito ay dapat malawakang maunawaan upang maisagawa ang mga layunin at hangarin nito gaya ng nakasaad sa Seksiyon 3. Maaaring susugan ng Lehislatura, ayon sa boto ng mayoriya, ang mga probisyon ng batas na ito na nakasaad sa Seksiyon 5 hanggang 5.5, kabilang ang lahat, at Seksiyon 6 hanggang 6.3, kabilang ang lahat, upang ipatupad ang mga tunay na probisyon ng mga seksiyong iyon, hangga't ang mga naturang pagsusog ay tugma at dagdag sa mga layunin at hangarin ng batas na ito aya ng

nakasaad sa Seksiyon 3. Ag mga pagsusuog sa batas na ito na ngpapatupad ng mga proteksyon para sa mga empleyado at iba pang mga manggagawa ng mga lisensiyado sa ilalim ng Seksiyon 6 hanggang 6.3, kabilang ang lahat, ng batas na ito ay karagdagan sa mga proteksyong nakasaad upang mapalawak ng batas na ito ang mga legal na karapatan ng mga naturang empleyado o manggagawa ng mga lisensiyado sa ilalim ng Seksiyon 6 hanggang 6.3, kabilang ang lahat, ng batas na ito ay dapat maging tugma at dagdag sa mga layunin at hangarin ng batas na ito. Ang Lehislatura ay maaari sa pamamagitan ng boto ng mayoriya na magsusog, magdagdag, o magpawalang-saysay sa anumang mga tadhana upang higit na bawasan ang mga parusa para sa alinman ng mga pagkakasalang tinugunan ng batas na ito. Maliban kung nakasaad, maaaring susugan ang mga probisyon ng batas ayon sa dalawang-katlong boto ng Lehislatura upang madagdagan ang mga layunin at hangarin ng batas.

SEK. 11. Konstruksiyon at Interpretasyon.

Ang mga probisyon ng batas na ito ay dapat malayaang maunawaan upang maipatupad ang mga layunin at hangarin ng Batas sa Pagkontrol, Pagbawas at Pagbuwis sa Paggamit ng Marijuana ng Mga Nasa Hustong Gulang; hangga't, gayunpaman, walang probisyon o mga probisyon sa batas na ito ang dapat intindihin o unawain sa paraang gagawa ng positibong sularinanin sa batas na pederal, kabilang ang Batas sa Mga Kontroladong Bagay ng pederal, hangga't ang probisyon o mga probisyong iyon ng batas na ito at batas ay hindi magkakatugma-tugma.

SEK. 12. Naibubukod.

Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o bahagi nito, o ang paggamit ng anumang tadhana o bahagi sa sinumang tao o pangyayari, para sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o ilegal, ang mga natitirang tadhana at bahagi ay hindi dapat maapektuhan, kundi dapat manatiling may buong puwersa at epekto, at sa layuning ito ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.

SEK. 13. Magkakasalungat na Inisyatibo.

Kung mangyari na ang panukalang ito at iba pang panukala o mga panukalang may kaugnayan sa pagkontrol, regulasyon at pagbubuwis ng marijuana, marijuana na ginagamit sa paggamot o pang-industriyang hemp ay lalabas sa parehong pambuong-estadong balota ng eleksyon, ang mga probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay ituturing na hindi kaugma sa panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay tumanggap ng mas malaking bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang panukala ay dapat pawalang-bisa.

PROPOSIYON 65

Ang panukalang inisyatibo na ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

May mga idinaragdag na seksiyon sa Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot ang panukalang inisyatibo na ito; dahil doon, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay ililimbag nang *naka-italicize* upang ipabatid na bago ang mga ito.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo.

Ang batas na ito ay tatawagin at maaaring banggitin bilang ang Batas para sa Proteksiyon ng Bayad Pangkapaligiran.

SEK. 2. Mga Ipinasiya at Pagpapahayag.

Ipinasiya at ipinapahayag ng mga tao ng California ang mga sumusunod:

(a) Noong 2014, nagpatupad ang Lehislatura ng Estado ng California ng isang ban sa mga plastic na bag sa pamimili matapos nitong maglobi para sa mga espesyal na interes, kasama ang Kapisanan ng mga Groser ng California.

(b) Ipinag-utos din ng batas na ibenta ng mga tindahan sa mga mamimili ang bawat bag sa pamimili na gawa sa papel o muling nagagamit sa minimum na 10 sentimos. Maaaring maningil nang mas malaki ang mga tindahan kung gugustuhin ng mga ito, at sa partikular, ang mga groser at tagapagtingi ay inaatasan ng batas na itabi ang mga ipinag-utos na singil sa pagbebenta na ito bilang karagdagang kita.

(c) Hindi gagamitin sa mga layuning pangkapaligiran ang alinman sa mga singil sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili na iniaatas ng batas ng estado. Sa partikular, isinulat ng Lehislatura ang naturang batas sa ganoong paraan upang ang mga singil sa pagbebenta na ito ay magsilbing karagdagang kita sa mga groser at tagapagtingi.

(d) Ang deal na ito sa mga espesyal na interes ay magbibigay sa mga groser at tagapagtingi nang mahigit sa 400 milyong dolyar na dagdag na kita kada taon—dahil sa pagsingil sa mga mamimili ng California, at nang may ilan o walang benepisyo sa kapaligiran.

(e) Karapatan ng mga tao ng California na umasang ang anumang mga singil sa pagbebenta ng mga bag sa pamimili, na iniaatas sa kanilang bayaran ng batas ng estado, ay ilalaan sa pagprotekta ng kapaligiran, at hindi sa pagpapayaman ng mga korporasyon.

SEK. 3. Pahayag ng Layunin.

Layunin ng Batas para sa Proteksiyon ng Bayad Pangkapaligiran na tugunan ang mga inaasahan ng mga taga-California sa pamamagitan ng pag-aatas na ilaan ang anumang mga singil sa mga bag sa pamimili, na binabayaran ng mga mamimili kaugnay ng, o para sa, anumang ban sa plastic bag, sa mga naaangkop at mahahalagang layuning pangkapaligiran gaya ng pagtugon sa tagtuyot, muling paggamit, malilinis at iniinom na panustos na tubig, parke, paglilinis ng dagat, pagtanggal ng mga basura, at pagpapanumbalik sa tirahan ng maiilap na hayop-gubat.

SEK. 4. Narito ang nakasaad sa idinagdag na Kabanata 5.2 (nagsisimula sa Seksiyon 42270) sa Bahagi 3 ng Dibisyon 30 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot:

Kabanata 5.2. Mga Singil sa Bag sa Pamimili: Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran

42270. Ang kabanatang ito ay tatawagin, at maaaring banggitin, bilang ang Batas para sa Proteksiyon ng Bayad Pangkapaligiran.

42271. (a) Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, ang lahat ng makukuha o makokolektang pera ng isang tindahan alinsunod sa isang batas ng estado, na nagbabawal sa pamamahagi ng anumang uri ng bag sa pamimili at nag-uutos na ibenta ang iba pang uri ng bag sa pamimimili, ay dapat ideposito sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran na nasa Tesorerya ng Estado at pinapangasiwaan ng Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat alinsunod sa Seksiyon 42272.

(b) Para sa mga layunin ng kabanatang ito:

(1) Ang "tindahan" ay tumutukoy sa isang establisamyento ng pagtitingi na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na iniaatas:

(A) Isang tindahan ng pagtitingi na maraming linya ng produkto kung saan ang mamimili ang mismong bumibili, na kumikita ng kabuuang dalawang milyong dolyar ($2,000,000) o higit pa kada taon, na nagbebenta ng dry goods, mga de-lata, o aytem bukod pa sa pagkain, at ilan pang nabubulok na aytem.

(B) May hindi bababa sa 10,000 kuwadradong talampakan na espasyo para sa pagtitingi, na nagbabayad ng buwis sa pagbebenta o paggamit alinsunod sa Batas ng Bradley-Burns sa Magkakaparehong Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit (Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksiyon 7200) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis) at may isang lisensiyadong parmasyutiko alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksiyon 4000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon.

(C) Isang convenience store, foodmart, o iba pang entidad na nauugnay sa pagtitingi ng isang limitadong linya ng mga produkto, na kinabibilangan ng gatas, tinapay, soda at mga pangmeryenda sa pangkalahatan, at may Uri 20 o Uri 21 na lisensya mula sa Kagawaran ng Pagkontrol sa mga Inuming may

Alkohol.

(D) Isang convenience store, foodmart, o iba pang entidad na nauugnay sa pagtitingi ng mga produktong ginawa upang gamitin o kainin sa labas ng establisamyento, at may Uri 20 o Uri 21 na lisensya mula sa Kagawaran ng Pagkontrol sa mga Inuming may Alkohol.

(2) Ang "batas ng estado" ay tumutukoy sa anumang kautusan, batas, regulasyon o iba pang legal na awtoridad na pinagtibay, isinabatas o ipinatupad ng Estado ng California, o anumang ahensiya o kagawaran bago sumapit ang, o pagkalipas ng epektibong petsa ng seksiyong ito.

(3) Ang "bag sa pamimili" ay tumutukoy sa mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili, bag na gawa sa papel, muling nagagamit na bag na gawa sa papel, plastic na bag, muling nagagamit na plastic na bag, nabubulok na bag, muling nagagamit na bag sa paggo-groseri, o iba pang uri ng mga bag na ginagamit sa pagbibitbit ng mga nabiling aytem mula sa isang tindahan.

(c) (1) Ang Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ay maaaring may mga pagtibaying regulasyon, at makipag-ugnayan o makipagkontrata sa iba pang mga ahensiya ng estado o lokal, upang matiyak na mapapangasiwaan o maipapatupad ang subdibisyon (a) ng seksiyong ito, ang Seksiyon 42272, at ang Seksiyon 42273.

(2) Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, sa pamamagitan nito, umuutang ang Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng limang daang milyong dolyar ($500,000) mula sa Pondo para sa Ligtas na Iniinom na Tubig, Kalidad ng Tubig at Panustos na Tubig, Pagkontrol sa Baha at Proteksiyon ng Ilog at Baybay-dagat ng 2006 (Seksiyon 75009) upang mapagtibay ang mga regulasyon para sa pangangasiwa at pagpapatupad ng subdibisyon (a) ng seksiyong ito, Seksiyon 42272, at Seksiyon 42273. Kung hindi sapat ang pera sa Pondo para sa Ligtas na Iniinom na Tubig, Kalidad ng Tubig at Panustos na Tubig, Pagkontrol sa Baha at Proteksiyon ng Ilog at Baybay-dagat ng 2006 upang maipautang ang iniaatas ng talataang ito, ang pinag-uusapang halaga ay uutangin na lang sa Pondo para sa Pagpapahusay ng Kalidad, Panustos at Imprastruktura ng Tubig ng 2014 (Seksiyon 79715 ng Kodigo sa Tubig). Dapat munang gamitin ang lahat ng perang nakadeposito sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran upang mabayaran nang buo ang nasabing utang. Dapat gawin ng Tagapamahala at ng lahat ng iba pang nauugnay na opisyal ng estado ang lahat ng kinakailangang pagkilos upang mabayaran ang utang na iniaatas ng talataang ito.

42272. (a) Sa pamamagitan nito, nagagawa ang Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran sa Tesorerya ng Estado.

(b) Sa kabila ng iba pang tadhana ng batas, ang Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran ay isang pondo ng mga tagapangasiwa na ginawa lang upang magawa ang mga layunin ng kabanatang ito. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, ang lahat ng perang nakadeposito sa pondo, kasama ang interes na naiipon ng pondo, ay patuloy na nailalaan sa Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat para lang sa mga layuning nakalagay sa subdibisyon (c), nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

(c) Dapat gamitin ng Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ang pera sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran upang mapondohan ang mga gawad para sa proteksiyon at pagpapaganda ng kapaligiran. Narito ang mga proyekto at programang karapat-dapat para sa mga gawad:

(1) Mga proyekto para sa pagtugon sa tagtuyot, kasama ang, ngunit hindi limitado sa pagtugon sa mga gubat na nakakaranas ng tagtuyot at mga proyektong nagpapalawak o nagpapanumbalik ng mga basang lupa, tirahan ng mga isda, o tirahan ng mga ibong nakatira sa tubig.

(2) Muling paggamit.

(3) Malilinis at iniinom na panustos na tubig.

(4) Mga pang-estado, panrehiyon at lokal na parke.

(5) Paglilinis ng dagat.

(6) Pagtanggal ng mga basura.

(7) Pagpapanumbalik ng mga tirahan ng maiilap na hayop-gubat.

(d) Hindi dapat gumamit ang Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng halagang mas malaki sa 2 porsiyento ng pera sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran para sa mga gugol na pampangasiwaan. Ang mga tatanggap ng gawad ay hindi dapat gumamit ng halagang mas malaki sa 5 porsiyento ng anumang perang natanggap para sa mga gawad.

(e) Bago ibigay ang anumang mga gawad alinsunod sa kabanatang ito, dapat munang magtakda ang Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ng mga patnubay para sa pangangalagap ng pondo at pagsusuri ng proyekto. Ang mga patnubay na ito ay maaaring may limitasyon sa dolyar na halaga ng mga ibibigay na gawad. Bago isapinal ang mga patnubay, dapat munang i-post ng Lupon sa Konserbasyon ng Maiilap na Hayop-Gubat ang mga paunang patnubay sa Internet Web site nito, at dapat muna itong magsagawa ng tatlong pampublikong pandinig upang malaman ang mga saloobin ng publiko. Isang pampublikong pandinig ang isasagawa sa Northern California, isang pandinig sa Central Valley, at isang pandinig sa Southern California.

(f) (1) Dapat magsagawa ang di-partidistang Tagasuri ng Estado ng California ng isang independiyenteng pagsusuri ng pananalapi kada dalawang taon para sa mga programang tumatanggap ng mga pondo alinsunod sa kabanatang ito. Dapat iulat ng Tagasuri ng Estado ng California ang mga ipinasiya nito sa Gobernador at mga kapulungan ng Lehislatura, at dapat nitong isapubliko ang mga ipinasiya nito sa Internet Web site nito.

(2) (A) Gamit ang pera sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran, dapat bayaran ang Tagasuri ng Estado ng California, para sa kanyang mga aktwal na nagastos sa iniaatas na pagsusuri ng subdibisyon na ito, ng halagang hindi lalampas sa apat na raang libong dolyar ($400,000) bawat pagsusuri.

(B) Ang apat na raang libong dolyar ($400,000) na pinakamalaking limitasyon para sa bawat pagsusuri ay dapat iangkop kada dalawang taon upang ipakita ang anumang naging pagtaas o pagbaba sa implasyon ayon sa pagsukat ng Indise ng Presyo ng Mamimili para sa Lahat ng Mamimili sa Kalunsuran (CPI-U). Dapat kalkulahin at ilathala ng opisina ng Tesorerya ang mga pag-aangkop na iniaatas ng talataang ito.

42273. (a) Sa kabila ng iba pang batas, maaaring iatas ng mga lokal na pamahalaan na ideposito ang perang makukuha o makokolekta alinsunod sa anumang batas, na nagbabawal sa libreng pamamahagi ng anumang uri ng bag sa pamimili at nag-uutos na ibenta ang iba pang uri ng bag sa pamimili, sa Pondo para sa Proteksiyon at Pagpapaganda ng Kapaligiran at gamitin para sa mga layuning nakalagay sa Seksiyon 42272.

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, "tumutukoy ang lokal na batas" sa anumang ordinansa, resolusyon, batas, regulasyon, o iba pang legal na awtoridad na pinagtibay, isinabatas o ipinatupad ng anumang lunsod, county, lunsod at county, lunsod ng karta, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, kolehiyo ng komunidad, o iba pang lokal o panrehiyon na entidad ng pamahalaan.

SEK. 5. Malayang Pagpapakahulugan.

Ang batas na ito ay malayang bibigyang-kahulugan upang maabot ang mga layunin nito.

SEK. 6. Magkakasalungat na Panukala.

(a) Kung sakaling ang panukalang ito at ang iba pang panukala o mga panukalang nauugnay sa paggamit ng perang nakuha o nakolekta ng mga tindahan, alinsunod sa mga batas na nagbabawal sa libreng pamamahagi at nag-uutos sa pagbebenta ng ilan sa o lahat ng uri ng mga bag sa pamimili, ay lumabas sa iisang pambuong-estadong balota, ang kabilang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung sakaling makakuha ang panukalang ito ng mas maraming boto ng pagsang-ayon, dapat ay ganap na mangibabaw ang mga tadhana ng panukalang ito, at dapat ay mapawalang-bisa ang mga tadhana ng kabilang panukala o mga panukala.

(b) Kung aaprobahan ng mga botante ang panukalang ito ngunit mapapalitan ang ilan sa o ang lahat ng bahagi nito ng iba pang kasalungat na inisyatibong inaprobahan ng mga botante sa halalan ding iyon, at mapapatunayang walang bisa ang kasalungat na inisyatibong iyon, awtomatikong ipapatupad at magkakaroon ng bisa ang panukalang ito.

SEK. 7. Naibubukod.

Naibubukod ang mga tadhana ng batas na ito. Kung mapag-aalamang walang bisa ang anumang bahagi, seksiyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita o aplikasyon ng batas na ito para sa anumang dahilan ayon sa desisyon ng hukuman o naaangkop na hurisdiksiyon, hindi dapat makaapekto ang desisyong iyon sa bisa ng iba pang mga bahagi ng batas na ito. Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na pagtitibayin nila ang batas na ito, at ang bawat bahagi, seksiyon, subdibisyon, talataan, sugnay, pangungusap, prase, salita at aplikasyon na hindi ipinahayag na walang bisa o labag sa batas, ipahayag mang walang bisa ang anumang bahagi ng batas o aplikasyong ito sa hinaharap o hindi.

SEK. 8. Legal na Depensa.

Kung maaaprobahan ng mga botante ng Estado ng California ang batas na ito at makukuwestiyon ang pagsunod nito sa batas na pederal, at tatanggi ang Gobernador at Pangkalahatang Abugado na depensahan ang batas na ito, isasagawa ang mga sumusunod na pagkilos:

(a) Sa kabila ng anumang kasalungat na pahayag na makikita sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 12500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan o iba pang batas, dapat magtalaga ang Pangkalahatang Abugado ng isang independiyenteng abugado na tapat at puspusang dedepensa sa batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

(b) Bago magtalaga ng independiyenteng abugado o tumayo bilang ganito ang Pangkalahatang Abugado, dapat muna niyang mabusising alamin ang mga kuwalipikasyon ng isang independiyenteng abugado, at dapat siyang kumuha ng nakasulat na pagpapatunay mula sa nabanggit na abugado na tapat at puspusan niyang dedepensahan ang batas na ito. Dapat ay isapubliko ang nabanggit na nakasulat na pagpapatunay kapag hiniling.

(c) Sa pamamagitan nito, patuloy na may nailalaang halaga sa Tagapamahala mula sa Pangkalahatang Pondo, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, na kinakailangan upang mabayaran ang mga gastos sa pagpapanatili ng independiyenteng abugado na tapat at puspusang dedepensa sa batas na ito sa ngalan ng Estado ng California.

PROPOSISYON 66

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagdaragdag sa mga seksiyon ng Kodigo ng Pamahalaan at ng Kodigo Penal; dahil doon, ang mga kasalukuyang tadhanang iminunumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Maikling Titulo

Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas ng 2016 para sa Reporma sa Parusang Kamatayan at Matitipid.

SEK. 2. Mga Ipinasiya at mga Pagpapahayag.

1. Ang sistema ng parusang kamatayan ng California ay hindi mabisa dahil sa pag-aaksaya, pagkaantala, at kawalang-kaya. Ang pag-aayos nito ay makapagtitipid ng milyun-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis ng California bawat taon. Ang mga naaksayang dolyar na ito ng nagbabayad ng buwis ay mas mahusay na gamitin para sa pagpigil sa krimen, edukasyon, at mga serbisyo para sa matanda at may kapansanan;

2. Ang mga biktima ng pagpatay at ang kanilang mga pamilya ay karapat-dapat sa hustisya at angkop na proseso. Ang mga mamamatay-tao na nasa hanay ng bibitayin ay pumatay ng higit sa 1,000 biktima, kabilang ang 229 bata at 43 opisyal ng pulisya; 235 biktima ang ginahasa at 90 biktima ang pinahirapan.

3. Ang mga pamilya ng mga biktima ng pagpatay ay hindi dapat pinaghihintay ng mararming dekada para sa hustisya. Ang mga pagkaantalang ito ay higit na bumibiktima sa mga pamilyang naghihintay ng hustisya. Halimbawa, ang mamamatay-taong serye ang pagpatay na si Robert Rhoades, na kumidnap, naggahasa, nagpahirap, at pumatay ng 8-taong-gulang na si Michael Lyons at nanggahasa at pumatay sa estudyante ng mataas na paaralan sa Bay Area na si Julie Connell, ay naghihintay sa hanay ng bibitayin nang higit sa 16 na taon. Daan-daang mamamatay-tao ang naghihintay sa hanay ng bibitayin ng higit sa 20 taon.

4. Noong 2012, ang Opisina ng Manunuri ng Lehislatura ay nagpasiya na ang pag-aalis ng espesyal na pinaglalagyan ng mga nasa hanay ng bibitayin ay makapagtitipid ng milyun-milyong dolyar bawat taon. Ang mga matitipid na ito ay maaaring ipuhunan sa ating mga paaralan, pagpapatupad ng batas, at mga komunidad upang panatilihin tayong mas ligtas.

5. Ang mga mamamatay-tao na nasa hanay ng bibitayin ay dapat atasang magtrabaho sa bilangguan at magbayad ng restitusyon sa mga pamilya ng kanilang mga biktima na kaayon ng Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima (Batas ni Marsy). Ang pagtangging magtrabaho at magbayad ng restitusyon ay dapat magresulta sa pagkawala ng mga espesyal na pribilehiyo.

6. Ang pagreporma sa kasalukuyang di-episyenteng proseso ng mga apela para sa mga kasong parusang kamatayan ay titiyak ng pagiging patas para sa pareho ng nasasakdal at mga biktima. Sa ngayon, ang mga kapital na nasasakdal ay naghihintay ng limang taon o higit pa para sa pakikipagtipan sa kanilang abugado sa paghahabol. Sa pagkakaloob ng agad na pakikipagtipan sa mga abugado, ang mga paghahabol ng mga nasasakdal ay madidinig nang mas maaga.

7. Ang pagsasabi ng nasasakdal na siya ay inosente ay hindi dapat limitado, pero ang mga walang-kabuluhan at hindi kailangang mga paghahabol ay dapat takdaan. Ang mga taktikang ito ay nag-aksaya ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis at nag-antala ng hustisya sa maraming dekada.

8. Ang ahensiya ng estado na dapat magpabilis ng sekundaryong pagrepaso ng mga kasong may parusang kamatayan ay nagpapatakbo nang walang anumang mabisang pagbabantay, nagiging dahilan ng mga pangmatagalang pagkaantala at pag-aaksaya ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Ang pangangasiwa ng Korte Suprema ng California sa ahensiyang ito ng estado ay titiyak ng pananagutan.

9. Ang mga burukratikong regulasyon ay hindi kailangang nag-antala ng pagpapatupad ng mga sentensiyang parusang kamatayan. Ang pag-aalis ng maaksayang paggasta sa mga paulit-ulit na pagsalungat sa mga regulasyong ito ay magreresulta sa patas at mabisang pagpapatupad ng hustisya.

10. Ang Saligang-Batas ng California ay nagbibigay sa mga biktima ng krimen ng karapatan sa nasa panahong hustisya. Ang isang kapital na kaso ay maaaring lubos at patas na marepaso ng pareho ng pang-estado at pederal na mga hukuman sa loob ng sampung taon. Sa pagpapatibay ng pang-estadong mga tuntunin at pamamaraan, ang mga biktima ay tatanggap ng nasa panahong hustisya at ang mga nagbabayad ng buwis ay makapagtitipid ng daan-daang milyong dolyar.

11. Ang Hanay ng Bibitayin ay kabilang ang mga mamamatay-taong serye ang pagpatay, mga pumatay ng pulis, pumatay ng bata, at pumatay ng maraming tao, at mga mamamatay ng tao dahil sa pagkamuhi. Ang sistema ng parusang kamatayan ay sira, pero ito ay magagawa at dapat na ayusin. Ang inisyatibong ito ay titiyak ng hustisya para sa mga biktima at nasasakdal, at makapagtitipid ng daan-daang milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis.

SEK. 3. Seksiyon 190.6 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

190.6. (a) Ang Lehislatura ay nagpasiya na ang sentensiya sa lahat ng kapital na kaso ay dapat ipataw nang mabilis.

(b) Dahil doon, sa lahat ng kaso kung saan ang sentensiyang kamatayan ay naipataw sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero,1997, ang pambungad na pahayag ng paghahabol sa Korte Suprema ng Estado ay dapat iharap nang hindi mas huli kaysa pitong buwan pagkatapos ng sertipikasyon ng rekord ng pagkakumpleto sa ilalim ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 190.8 o pagtanggap ng abugado ng naghahabol ng kinumpletong rekord, alinman ang mas huli, maliban kung may magandang dahilan. Gayunman, sa mga kasong ito kung saan ang transkrip ng paglilitis ay humigit sa 10,000 pahina, ang pahayag ay dapat kumpletuhin sa loob ng mga limitasyon sa panahon at alinsunod sa mga pamamaraang itinatag ng mga tuntunin ng hukuman na pinagtibay ng Konsehong Panghukuman.

(c) Sa lahat ng kaso kung saan ang isang sentensiyang kamatayan ay ipinataw sa o pagkaraan ng ika-1 ng Enero, 1997, hangarin ng Lehislatura na ang apela ay pagpasiyahan at ang isang opinyong umaabot sa mga merito ay dapat iharap sa loob ng 210 araw pagkatapos ng pagkumpleto ng pahayag. Gayunman, kapag ang apela at isang petisyon para sa writ of habeas corpus ay dinidinig nang kasabay, ang petisyon ay dapat pagpasiyahan at ang isang opinyong umaabot sa mga merito ay dapat iharap sa loob ng 210 araw pagkatapos ng pagkumpleto ng pahayag para sa petisyon.

(d) Ang karapatan ng mga biktima ng krimen sa isang agad at pangwakas na kongklusyon, gaya ng itinatadhana sa talataan (9) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California, ay kabilang ang karapatan ng magkaroon ng mga hatol na kamatayan na isinasakatuparan sa loob ng isang makatwirang panahon. Sa loob ng 18 buwan pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng inisyatibong ito, ang Konsehong Panghukuman ay dapat magpatibay ng mga unang tuntunin at pamantayan ng pangangasiwang idinisenyo upang pabilisin ang pagproseso ng mga kapital na apela at habeas corpus na pagrepaso ng estado. Sa loob ng limang taon ng pagpapatibay ng mga unang tuntunin o ng pagpasok ng hatol, alinman ang mas huli, ang mga hukuman ng estado ay dapat magkumpleto ng apela ng estado at ng unang pagrepaso ng habeas corpus ng estado sa mga kapital na kaso. Ang Konsehong Panghukuman ay dapat na patuloy na sumubaybay sa pagiging nasa panahon ng pagrepaso ng mga kapital na kaso at dapat baguhin ang mga tuntunin at pamantayan gaya ng kailangan upang kumpletuhin ang apela ng estado at unang habeas corpus na mga pamamaraan sa loob ng limang-taong panahon na itinatadhana sa subdibisyong ito.

~~(d)~~ *(e)* Ang kabiguan ng mga partido o ~~ng Korte Suprema na tugunan o sundin ang limitasyon sa panahon na itinatadhana ng seksiyong ito ay hindi dapat maging dahilan ng paggawad ng paglabas mula sa hatol na napatunayang pagkakasala o sentensiyang parusang kamatayan~~ *ng isang hukuman upang sumunod sa limitasyon sa panahon na nasa subdibisyon (b) ay hindi idapat makaapekto sa pagiging may-bisa ng hatol o mag-atas ng pagbasura ng isang apela o petisyong habeas corpus. Kung ang isang hukuman ay nabigong sumunod nang walang hindi pangkaraniwan at mapuwersang mga dahilan na nagbibigay-katwiran sa pagkakaantala, ang alinmang partido o sinumang biktima ng pagkakasala ay maaaring humingi ng paglabas sa pamamagitan ng petisyon para sa writ ng mandato. Ang hukuman kung saan ang petisyon ay iniharap ay dapat umakto dito sa loob ng 60 araw ng paghaharap. Talataan (1) ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 28 ng Article I ng Saligang-Batas ng California, na nauukol sa katayuan upang ipatupad ang mga karapatan ng mga biktima, pinaiiral sa subdibisyong ito at subdibisyon (d).*

SEK. 4. Seksiyon 1227 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

1227. *(a)* Kung sa anumang dahilang iba sa paghihintay sa apela alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 1239 ng kodigong ito ang isang hatol na kamatayan ay hindi naisagawa, at ito ay namamalaging may-bisa, ang hukuman kung saan ang hatol ay ginawa ay dapat, sa aplikasyon ng abugado ng distrito, o maaaring sa sarili nitong mosyon, gumawa at magpapasok ng isang utos na ~~na nagtatalaga ng isang araw pagkatapos~~ *tukuyin ang isang panahon na 10 araw kung kailan* ang hatol ay dapat isagawa~~, na hindi dapat mas kaunti kaysa 30 araw o mas marami kaysa 60 araw mula sa panahon ng paggawa ng naturang utos, at agad pagkaraan nito~~. *Ang 10-araw na panahon ay dapat magsimula nang hindi kukulangin sa 30 araw pagkatapos ipasok ang utos at dapat matapos nang hindi lalampas ng 60 araw pagkatapos ipasok ang utos. Agad pagkatapos ipasok ang utos,* ang isang sertipikadong kopya ng ~~naturang~~ *ang* utos, na pinatunayan ng klerk, sa ilalim ng selyo ng hukuman, ay dapat, para sa layunin ng pagsasagawa, ihatid sa pamamagitan ng nakarehistrong koreo sa warden ng bilangguan ng estado na nagpapanatili ng nasasakdal; sa kondisyon, na kung ang nasasakdal ay hindi nakakulong, isang utos para sa paghuli sa kanya ay maaaring ilabas, pagkahuli, siya ay dapat dalhin sa hukuman, kung saan ang hukuman ay dapat gumawa ng utos na nagtatagubilin sa warden ng bilangguan ng estado na ang syerip ay pinagbilinang paghatiran ng nasasakdal na isagawa ang hatol ~~sa isang tinukoy na panahon~~ *sa loob ng isang panahon na 10 araw,* na hindi dapat ~~na~~ *magsimula* mas kaunti kaysa 30 araw o dapat *matapos* nang marami kaysa 60 araw mula sa panahon ng paggawa ng naturang utos.

(b) Mula sa isang utos na nagtatakda ng panahon para sa at pagtatagubilin ng pagsasagawa ng naturarng hatol gaya ng itinatadhana dito, hindi dapat magkaroon ng apela.

SEK. 5. Seksiyon 1239.1 ay idinaragdag sa Kodigo Penal, upang:

1239.1. (a) Tungkulin ng Korte Suprema sa isang kapital na kaso na pabilisin ang pagrepaso ng kaso. Ang hukuman ay dapat magtalaga ng abugado para sa dukhang naghahabol sa pinakamaagang panahon na posible. Ang hukuman ay dapat lamang maggawad ng mga pagpapalawig ng panahon para sa pahayag para sa mapuwersa o hindi pagkaraniwang dahilan.

(b) Kapag kailangan upang tanggalin ang isang malaking bilang ng hindi nagagawa sa pakikipagtipan sa abugado para sa mga kapital na kaso, ang Korte Suprema ay dapat mag-atas sa mga abugadong kuwalipikado para sa pakikipagtipan sa mga pinakaseryosong di-kapital na mga apela at nakatutugon sa mga kuwalipikasyon para sa mga kapital na apela na tanggapin ang pakikipagtipan sa mga kapital na kaso bilang isang kondisyon para sa pamamalagi sa listahan ng pakikipagtipan ng hukuman. May isang "malaking bilang ng mga hindi nagagawa" para sa layuning ito kapag ang panahon mula sa pagpasok ng hatol sa hukuman ng paglilits hanggang sa pakikipagtipan sa abugado para sa apela ay humigit sa 6 na buwan sa isang panahon na 12 magkakasunod na buwan.

SEK. 6. Seksiyon 1509 ay idinaragdag sa Kodigo Penal, upang:

1509. (a) Ang seksiyong ito ay pinaiiral sa anumang petisyon para sa writ of habeas corpus na iniharap ng isang taong nakakulong alinsunod sa isang hatol na kamatayan. Ang isang writ of habeas corpus alinsunod sa seksiyong ito ay ang eklusibong pamamaraan para sa kolateral na atake sa isang hatol na kamatayan. Ang isang petisyon na iniharap sa alinmang hukuman na iba sa hukuman na nagpataw ng sentensiya ay dapat na agad ilipat sa hukumang iyon maliban kung ang magandang dahilan ay naipakita para dinggin ang petisyon ng ibang hukuman. Ang isang petisyon na iniharap o inilipat sa hukuman na nagpataw ng sentensiya ay dapat italaga sa orihinal na hukom ng paglilitis maliban kung ang hukom na iyon ay wala o may ibang magandang dahilan upang italaga ang kaso sa ibang hukom.

(b) Pagkatapos ng pagpasok ng isang hatol na kamatayan sa hukuman ng paglilitis, ang hukumang iyon ay dapat mag-alay ng abugado ng bilanggo gaya ng itinatadhana sa Seksiyon 68662 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(c) Maliban kung itinatadhana sa mga subdibisyon (d) at (g), ang unang petisyon ay dapat iharap sa loob ng isang taon pagkaraang ipasok ang utos sa ilalim ng Seksiyon 68662 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(d) Ang unang petisyon na wala sa panahon sa ilalim ng subdibisyon (c) o isang kasunod na petisyon tuwing inihaharap ay dapat ibasura maliban kung ang hukuman ay nagpasiya, sa pamamayani ng lahat ng ebidensiya, kung matatanggap o hindi sa paglilitis, na ang nasasakdal ay talagang inosente sa krimen na siya ay nahatulan o hindi karapat-dapat para sa sentensiya. Ang pag-antala ng pagsasagawa ay hindi dapat igawad para sa layuning isaalang-alang ang kasunod o wala sa panahon na petisyon maliban kung ang hukuman ay nagpasiya na ang nagpetisyon ay may malaking dahilan para sa aktuwal na pagiging inosente o pagiging hindi karapat-dapat. "Hindi karapat-dapat para sa sentensiyang kamatayan" ay nangangahulugang may mga kalagayang naglalagay sa sentensiyang iyon sa labas ng sariling

pagpapasiya ng nagsentensiya. Ang mga paghahabol tungkol sa pagiging hindi karapat-dapat ay kabilang ang isang paghahabol na wala sa mga espesyal na kalagayan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 190.2 na totoo, isang paghahabol na ang nasasakdal ay wala pang 18 taong gulang sa panahon ng krimen, o isang paghahabol na ang nasasakdal ay may kapansanang pangkaisipan, gaya ng binigyang-kahulugan sa Seksiyon 1376. Ang isang paghahabol na may kaugnayan sa desisyon sa pagsentansiya sa ilalim ng Seksiyon 190.3 ay hindi isang paghahabol ng aktuwal na pagiging inosente para sa layunin ng seksiyong ito.

(e) Ang isang nagpetisyon na nagsasabi ng pagiging inosente o pagiging hindi karapat-dapat sa ilalim ng subdibisyon (d) ay dapat magsiwalat ng lahat ng mahalagang impormasyon na may kaugnayan sa pagkakasala o pagiging karapat-dapat na pag-aangkin ng nagpetisyon o kasalukuyan o dating abugado ng nagpetisyon. Kung ang nagpetisyon ay sadyang hindi gumawa ng pagsisiwalat na iniaatas ng subdibisyon at magpahintulot ng pagsisiwalat ng abugado, ang petisyon ay maaaring ibasura.

(f) Ang mga pamamaraan sa ilalim ng seksiyong ito ay dapat isagawa nang mabilis hanggang posible, kaayon ng isang patas na pagpapasiya. Ang hukumang superyor ay dapat lumutas sa unang petisyon sa loob ng isang taon ng paghaharap maliban kung ang hukuman ay nagpasiya na ang isang pagkaantala ay kailangan upang lutasin ang isang makabuluhang paghahabol ng aktuwal na pagiging inosente, pero hindi kailanman dapat umabot ang hukuman ng mas matagal kaysa dalawang taon para lutasin ang petisyon. Sa desisyon ng unang petisyon, ang hukuman ay dapat mag-isyu ng isang pahayag ng desisyon na nagpapaliwanag ng batayan ng pagiging totoo at ayon sa batas para sa desisyon nito.

(g) Kung ang isang habeas corpus na petisyon ay nakabinbin sa petsa ng pakakabisa ng seksiyong ito, maaaring ilipat ng hukuman ang petisyon sa hukuman na nagpataw ng sentensiya. Sa isang kaso kung saan ang hatol na kamatayan ay ipinataw bago ang petsa ng pagkakabisa ng seksiyong ito, pero walang habeas corpus na petisyon na iniharap bago ang petsa ng pagkakabisa ng seksiyong ito, ang isang petisyon na ipagbabawal ng subdibisyon (c) ay maaaring iharap sa loob ng isang taon pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng seksiyong ito o sa loob ng panahon na ipinahihintulot sa ilalim ng naunang batas, alinman ang mas maaga..

SEK. 7. Seksiyon 1509.1 ay idinaragdag sa Kodigo Penal, upang:

1509.1. (a) Maaaring iapela ng alinmang partido ang desisyon ng isang hukumang superyor sa isang unang petisyon sa ilalim ng Seksiyon 1509 sa hukuman ng paghahabol. Ang isang apela ay dapat gawin sa pamamagitan ng paghaharap ng isang paunawa ng apela sa hukumang superyor sa loob ng 30 araw pagkatapos ng desisyon ng hukuman na naggagawad ng habeas na petisyon. Ang isang kasunod na petisyon ay hindi dapat gamitin bilang isang paraan ng pagrepaso ng isang pagkakait ng habeas na paglabas.

(b) Ang mga isyung isinaalang-alang sa isang apela sa ilalim ng subdibisyon (a) ay dapat na limitado sa mga paghahabol na dinala sa hukumang superyor, maliban sa ang hukuman ng paghahabol ay maaari ring magsaalang-alang ng isang paghahabol tungkol sa hindi mabisang tulong ng abugado ng paglilits kung ang kabiguan ng abugado ng habeas na iharap ang paghahabol na iyon sa hukumang superyor ay bumubuo ng hindi mabisang tulong. Ang hukuman ng paghahabol ay maaari, kung ang karagdagang pagpapasiya ng katotohanan ay iniaatas, gumawa ng isang limitadong paghingi sa hukumang superyor na isaalang-alang ang paghahabol.

(c) Maaaring iapela ng mga tao ang desisyon ng hukumang superyor na naggagawad ng paglabas sa isang kasunod na petisyon. Maaaring lamang iapela ng nagpetisyon ang desisyon ng hukumang superyor na nagkakait ng paglabas sa isang kasunod na petisyon kung ang hukumang superyor o ang hukuman ng paghahabol ay naggawad ng isang sertipiko ng pagiging mahahabol. Ang isang sertipiko ng pagiging mahahabol ay maaari lamang mailabas sa ilalim ng subdibisyon kung ang nagpetisyon ay nagpakita ng pareho ng isang makabuluhang paghahabol para sa paglabas, na dapat na ipinabatid sa sertipiko, at isang makabuluhang paghahahbol na ang mga iniaatas ng subdibisyon (d) ng Seksiyon 1509 ay natugunan. Ang isang apela sa ilalim ng subdibisyong ito ay dapat gawin sa pamamagitan ng isang paunawa ng apela sa hukumang superyor sa loob ng 30 araw pagkatapos ng desisyon ng hukuman. Ang hukumang superyor ay dapat maggawad o magkait ng isang sertipiko ng pagiging mahahabol kasabay ng isang desisyong nagkakait ng paglabas sa petisyon. Ang hukuman ng paghahabol ay dapat maggawad o magkait ng isang kahilingan para sa isang sertipiko ng pagiging mahahabol sa loob ng 10 araw pagkatapos ng aplikasyon para sa isang sertipiko. Ang hurisdiksiyon ng hukuman ng paghahabol ay limitado sa mga paghahabol na tinukoy sa sertipiko at anumang mga karagdagang paghahabol na idinagdag ng hukuman ng paghahabol sa loob ng 60 araw pagkatapos ng paunawa ng apela. Ang isang apela sa ilalim ng subdibisyong ito ay dapat magkaroon ng priyoridad sa lahat ng ibang bagay at pagpasiyahan nang mabilis hanggang posible.

SEK. 8. Seksiyon 2700.1 ay idinaragdag sa Kodigo Penal, upang:

2700.1. Seksiyon 2700 ay pinaiiral sa mga presong sinentensiyahan ng kamatayan, maliban kung iba ang itinatadhana sa seksiyong ito.

Bawat taong napatunayang nagkasala ng pagpatay ng tao, sinentensiyahan ng kamatayan, at nasa ilalim ng pag-iingat ng Kagawaran ng Pagwawasto alinsunod sa mga Seksiyon 3600 hanggang 3602 ay dapat atasang magtrabaho ng mga oras ng matapat na paggawa bawat araw na siya ay nasa pag-iingat gaya ng dapat itagubilin ng mga tuntunin at regulasyon ng kagawaran.

Ang mga programa sa pisikal na edukasyon at pisikal na kalakasan ay hindi dapat maging kuwalipikado bilang trabaho para sa mga layunin ng seksiyong ito. Ang Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay maaaring magpawalang-bisa sa mga pribilehiyo ng sinumang kinondenang preso na tumangging magtrabaho gaya ng iniaatas ng seksiyong ito.

Sa anumang kaso kung saan ang kinondenang presyo ay napapailalim sa multang restitusyon o utos na restitusyon, ang Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng 70 porsiyento ng balanseng dapat bayaran, alinman ang mas kaunti, mula sa mga sahod at mga deposito sa ipinagkakatiwalang kuwenta ng kinondenang preso, anuman ang pinagkunan ng kita, at dapat ilipat ang mga pondong iyon sa Lupon ng Kabayaran sa Biktima at mga Paghahabol ng Pamahalaan ng California alinsunod sa mga tuntunin at regulasyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon, alinsunod sa mga Seksiyon 2085.5 at 2717.8.

SEK. 9. Seksiyon 3600 ng Kodigo Penal ay sinususugan upang mabasang:

3600. ~~(a)~~ Bawat lalaki, na pinatawan ng hatol na kamatayan, ay dapat ihatid sa warden ng bilangguan ng estado ng California na itinalaga ng kagawaran~~, upang panatilihin doon hanggang sa pagsasagawa ng hatol, maliban itinatadhana sa subdibisyon (b)~~. *Ang preso ay dapat panatilihin sa isang bilangguan ng California hanggang sa pagsasagawa ng hatol. Maaaring ilipat ng kagawaran ang preso sa ibang bilangguan na ipinasiya nito upang magkaloob ng isang antas ng seguridad na sapat para sa presong iyon. Ang preso ay dapat ibalik sa bilangguang itinalaga para sa pagsasagawa ng parusang kamatayan pagkatapos itakda ang petsa ng pagsasagawa.*

~~(b) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas.~~

~~(1) Ang isang kinondenang preso na, habang nasa bilangguan, ay gumawa ng alinman sa mga sumusunod na pagkakasala, o na, bilang isang miyembro ng isang gang o magulong grupo, ay nag-utos sa ibang mga tao na gumawa ng mga pagkakasalang ito, ay maaari, kasunod ng mga pagpapasiyang pandisiplina at mga aksiyon ng klasipikasyon sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin, alinsunod sa mga regulasyong itinatag ng Kagawaran ng Pagwawasto, ay panatilihin sa isang protektadong lugar para sa kinondena na itinalaga ng Direktor ng Pagwawasto sa Bilangguan ng Estado ng California, Sacramento.~~

~~(A) Pagpatay ng Tao.~~

~~(B) Pag-atake sa pamamagitan ng sandata o pisikal na puwersang kayang magdulot ng seryosong mortal na pinsala.~~

~~(C) Pagtakas sa pamamagitan ng puwersa o tangkang pagtakas sa~~

66

~~pamamagitan ng puwersa.~~

~~(D) Inulit na mga seryosong paglabag sa mga tuntunin na nagbabanta nang malaki sa kaligtasan o seguridad.~~

~~(2) Ang programang pinalalagyan ng kinondena sa Bilangguan ng Estado ng California, Sacramento, ay dapat na lubos na tumatakbo bago ang paglipat ng sinumang kinondenang preso.~~

~~(3) Ang mga espesyal na protokol sa pagsasanay para sa pangangasiwa ng mga kinondenang preso ay dapat ipagkaloob sa mga nakalinyang tauhan at superbisor sa Bilangguan ng Estado ng California, Sacramento, na nangangasiwa ng mga kinondenang preso nang regular.~~

~~(4) Ang isang preso na ang mga pangangailangang medikal o pangkaisipan ay agaran dahil inilalagay sa panganib ang preso o ibang mga tao ay maaari, alinsunod sa mga regulasyong itinatag ng Kagawaran ng Pagwawasto, na panatilihin sa Pasilidad na Medikal ng California o ibang angkop na institusyon para sa paggamot na medikal o sa kalusugan ng isip. Ang preso ay dapat ibalik sa institusyon mula kung saan ang preso ay inilipat noong ang kondisyon ay sapat na ginagamot o nasa remisyon.~~

~~(c) Kapag pinananatili alinsunod sa subdibisyon (b) ang sumusunod ay dapat pairalin.~~

~~(1) Ang mga lokal na pamamaraang may kaugnayan sa mga pribilehiyo at mga pamamaraan sa klasipikasyon na itinatadhana sa Grado B na kinondenang mga preso sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin ay dapat na katulad na itinatag sa Bilangguan ng Estado ng Californria, Sacramento, para sa kinondenang mga preso na pinananatili alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 3600. Ang mga pamamaraan sa klasipikasyon ay dapat kabilang ang karapatang repasuhin ang isang klasipikasyon nang hindi mas mababa kaysa 90 araw at ang pagkakataon na magpetisyon para sa isang pagbabalik sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin.~~

~~(2) Ang katulad na mga pamamaraan sa kakayahang makagamit ng abugado-kliyente na ibinibigay sa mga konondenang presong pinananatili sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin ay dapat ibigay sa mga kinondenang preso na pinananatili sa protektadong pinaglalagyan ng kinondena na itinalaga ng Direktor ng Pagwawasto, sa Bilangguan ng Estado ng California, Sacramento. Ang kakayahang makagamit ng abugado-kliyente para sa mga kinondenang preso na pinananatili sa isang institusyon para sa paggamot na medikal o sa kalusugan ng isip ay dapat na nababagay sa mga pamamaraan sa pagbisita ng institusyon at angkop na mga protokol sa paggamot.~~

~~(3) Ang isang kinondenang preso na pinananatili sa protektadong pinaglalagyan ng kinondena alinsunod sa subdibisyon (b) ay dapat ibalik sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin nang hindi kukulangin sa 60 araw bago ang kanyang nakatakdang petsa ng pagbitay.~~

~~(4) Hindi hihigit sa 15 kinondenang preso ang maaaring muling panatilihin alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (b).~~

~~(d) Bago ang anumang paglipat ng lugar ng hanay na kinondena mula sa Bilangguan ng Estado sa San Quentin, kung iminungkahi sa pamamagitan ng batas o anumang ibang mga paraan, lahat ng pinakamataas na seguridad Antas IV, 180-digri na mga pasilidad ng yunit na pinaglalagyan na may elektripikadong bakod ay dapat tayahin ng Kagawaran ng Pagwawasto para sa kaangkupan sa protektadong lugar at pagbitay ng mga kinondenang preso.~~

SEK. 10. Ang Seksiyon 3604 ng Kodigo Penal ay sinusugan upang maging:

3604. (a) Ang parusang kamatayan ay isasagawa sa pamamagitan ng paglalantad sa nakamamatay na gas o sa pamamagitan ng pagtuturok ng kemikal o mga kemikal sapat ang dami upang makapatay, alinsunod sa mga pamantayan na pinagtibay ng Kagawaran ng Pagwawasto *at Pagbabagong-tatag*.

(b) Ang mga taong hinatulan ng kamatayan bago ang o pagkatapos ng araw ng pagpapatupad ng subdibisyong ito ay papipiliin kung isasagawa ang parusa sa pamamagitan ng nakamamatay na gas o nakamamatay na iniksyon. Isasagawa ang pagpiling ito sa pamamagitan ng pagsulat, at ihaharap ito sa warden alinsunod sa mga regulasyong pinagtibay ng Kagawaran ng Pagwawasto *at Pagbabagong-tatag*. Kung ang isang tao na hinatulan ng kamatayan ay hindi pipili sa pagitan ng nakamamatay na gas o nakamamatay na iniksyon sa loob ng 10 araw pagkatapos ibigay ng warden sa preso ang isang mandamyento ng kamatayan na ibinigay pagkatapos ng araw ng pagpapatupad ng subdibisyong ito, isasagawa ang parusang kamatayan sa pamamagitan ng nakamamatay na iniksyon.

(c) Kapag ang isang tao na hinatulan ng kamatayan ay hindi napatawan ng parusa sa petsang itinakda para sa pagpatay at nagtakda ng bagong petsa ng pagpatay kasunod nito, magkakaroon muli ang preso ng pagkakataong piliin kung isasagawa ang parusa sa pamamagitan ng nakamamatay na gas o nakamamatay na iniksyon, alinsunod sa mga pamamaraang itinakda sa subdibisyon (b).

(d) Sa kabila ng subdibisyon (b), kung mapagpapasyahan na hindi wasto ang paraan ng pagpatay na inilalarawan sa subdibisyon (a), ang parusang kamatayan ay isasagawa sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan na nakasaad sa subdibisyon (a).

(e) Ang Kagawaran ng Pagwawasto at Pagbabagong-tatag, o anumang kapalit na ahensya na may tungkuling magpatupad ng mga hatol ng kamatayan, ay palaging magkakaroon ng kakayahang magpatupad ng mga nasabing hatol.

SEK. 11. Ang Seksiyon 3604.1 ay idinagdag sa Kodigo Penal, upang maging:

3604.1. (a) Ang Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan ay hindi malalapat sa mga pamantayan, pamamaraan, o regulasyong ipinahayag alinsunod sa Seksiyon 3604. Ang mga pamantayang pinagtibay alinsunod sa subdibisyon (a) ng seksyong iyon ay ipagbibigay-alam ng kagawaran sa publiko at sa mga presong hinatulan ng kamatayan. Agad na aabisuhan ng kagawaran ang Pangkalahatang Abugado, ang Pampublikong Mananaggol ng Estado, at ang abugado para sa sinumang preso na mayroon nang nakatakdang petsa ng pagpatay o mayroong mungkahi para sa pagtatakda ng petsa ng pagpatay na nakabinbin dahil sa pagpapatibay o pagsusog sa mga pamantayan. Ang hindi pagsunod sa subdibisyong ito ay hindi isang dahilan upang ipagpaliban ang pagpatay o isang utos ng hukuman laban sa pagsasagawa ng pagpatay, maliban na lang kung talagang nakaapekto ang hindi pagsunod sa kakayahan ng preso na labanan ang pamantayan, at sa ganoong sitwasyon, ang tagal ng pagpapaliban ay lilimitahan lang sa 10 araw.

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 3604, ang isang pagpatay sa pamamagitan ng nakamamatay na iniksyon ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng ibang uri ng iniksyon bukod pa sa pamamagitan ng ugat kung mapagdesisyunan ng warden na hindi praktikal ang pag-iniksyon sa ugat dahil sa kundisyon ng preso.

(c) Ang hukuman na naghatol ng kamatayan ay may eksklusibong hurisdiksyon upang dinggin ang anumang paghahabol ng preso na hinatulan ng kamatayan na nagsasabing labag sa saligang-batas o hindi wasto ang paraan ng pagpatay. Ibabasura ang nasabing paghahabol kung mapagdesisyunan ng hukuman na naantala ang paghahain nito nang walang magandang dahilan. Kung mapagdesisyunan na hindi wasto ang paraan, ipag-uutos ng hukuman ang paggamit ng wastong paraan ng pagpatay. Kung ipinag-utos ng isang pederal na hukuman ang paggamit ng isang paraan ng pagpatay, ang Kagawaran ng Pagwawasto at Pagbabagong-tatag ay magpapatibay ng paraan na sumusunod sa mga pederal na iniaatas ng hukumang iyon sa loob ng 90 araw. Kung hindi magagawa ng kagawaran ang anumang tungkulin na kinakailangan upang maipatupad ang hatol, aatasan ito ng hukuman na naghatol ng kamatayan na gawin ang tungkuling iyon ayon sa sarili nitong mungkahi, sa mungkahi ng Abugado ng Distrito o Pangkalahatang Abugado, o sa mungkahi ng sinumang biktima ng krimen gaya ng inilalarawan sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California.

SEK. 12. Ang Seksiyon 3604.3 ay idinagdag sa Kodigo Penal, upang maging:

3604.3. (a) Maaaring dumalo ang isang doktor sa pagsasagawa ng

parusang kamatayan upang kumpirmahin ang pagkamatay, at maaari siyang magbigay ng payo sa kagawaran para sa paggawa ng protokol sa pagsasagawa ng parusang kamatayan upang mabawasan ang tsansang makaramdam ng sakit ang preso.

(b) Ang pagbili ng mga gamot, medikal na supply o kagamitang medikal na kinakailangan upang magsagawa ng parusang kamatayan ay hindi mapapailalim sa mga probisyon ng Kabanata 9 (simula sa Seksiyon 4000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at mga Propesyon, at awtorisado ang sinumang parmasyutiko, o taga-supply, taga-compound, o tagapagyari ng mga gamot na magbigay ng mga gamot at supply sa kalihim o sa itinalaga ng kalihim, nang walang reseta, para sa pagpapatupad ng mga probisyon ng kabanatang ito.

(c) Ang anumang lupon ng paglilisensya, kagawaran, komisyon, o ahensya ng pagbibigay-kapangyarihan na namamahala o nangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan o nagbibigay ng sertipikasyon o lisensya sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay walang karapatan na tanggihan o bawiin ang isang lisensya o sertipikasyon, punahin, pagalitan, suspindihin, o parusahan ang sinumang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan dahil sa anumang aksyon na pinahintulutan ng seksiyong ito.

SEK. 13. Ang Seksiyon 68660.5 ay idinagdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang maging:

68660.5. Ang layunin ng kabanatang ito ay bigyan ng awtorisasyon ang Estado ng California na pangasiwaan ang mga pederal na petisyon para sa habeas corpus alinsunod sa Kabanata 154 ng Titulo 28 ng Kodigo ng Estados Unidos, upang pabilisin ang pagkumpleto ng mga pagdinig para sa habeas corpus ng estado sa mga kaso ng parusang kamatayan, at upang makapagbigay ng de-kalidad na representasyon sa habeas corpus ng estado para sa mga preso na hinatulan ng kamatayan. Ang kabanatang ito ay bibigyang-kahulugan at ipapatupad alinsunod sa mga nabanggit na layunin.

SEK. 14. Ang Seksiyon 68661 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang maging:

68661. Magtatatag ng Sentrong Tagapagdulot sa Habeas Corpus ng California sa panghukumang sangay ng pamahalaan ng estado, na magkakaroon ng mga sumusunod na pangkalahatang kapangyarihan at tungkulin:

(a) Magkaroon ng hanggang 34 na abugado na maaaring hirangin ~~ng Korte Suprema~~ *alinsunod sa Seksiyon 68662* upang kumatawan para sa sinumang nahatulan ng kamatayan sa estadong ito na walang abugado, at natukoy bilang mahirap ng isang hukuman na may tamang hurisdiksyon, para sa pagpapasimula at pag-uusig ng ~~mga aksyon pagkatapos ng paghahatol~~ *mga petisyon sa habeas corpus* sa mga hukumang pederal at pang-estado, paghamon sa legalidad ng hatol o sentensya laban sa taong iyon, *alinsunod sa mga limitasyon sa Seksyon 68661.1,* at paghahanda ng mga petisyon para sa pagbibigay ng amnestiya. ~~Ang isang~~ *Ang anumang nasabing* paghirang ay maaaring kasabay ng paghirang ng Pampublikong Manananggol ng Estado o iba pang abugado para sa direktang pag-apela alinsunod sa Seksiyon 11 ng Artikulo VI ng Saligang-batas ng California.

(b) Humingi ng mga pagbabayad para sa representasyon at gastos alinsunod sa Seksiyon 3006A ng Titulo 18 ng Kodigo ng Estado Unidos kapag nagbibigay ng representasyon sa mahihirap na tao sa mga pederal na hukuman at iproseso ang mga pagbabayad na iyon sa pamamagitan ng Pederal na Pondo ng Katiwala.

(c) Makipagtulungan sa ~~Korte Suprema~~ *mga hukuman* sa pagkalap ng mga miyembro ng pribadong bar upang tumanggap ng mga paghirang sa kaso sa habeas corpus para sa parusang kamatayan.

(d) ~~Magtakda at paminsan-minsang magsapanahon~~ *Magrekomenda ng mga abugado sa Korte Suprema para sa pagsasama sa* isang listahan ng mga abugado na kuwalipikadong maging abugado sa mga pagdinig ~~pagkatapos ng paghahatol~~ *sa habeas corpus* sa mga kaso ng parusang kamatayan, *basta't ang Korte Suprema ang magbibigay ng pinal na desisyon hinggil sa kung magsasama ng abugado sa listahan at hindi itatakda sa sentro.*

(e) Magtakda at paminsan-minsang magsapanahon ng listahan ng mga may karanasan nang imbestigador at eksperto na kuwalipikadong tumulong sa mga pagdinig ~~pagkatapos ng paghahatol~~ *sa habeas corpus* sa mga kaso ng parusang kamatayan.

(f) Tumanggap ng mga imbestigador at eksperto bilang mga tauhan upang magkaloob ng mga serbisyo sa hinirang na abugado kapag hiniling ng abugado, basta't kapag ipinagkaloob ang mga serbisyong iyon sa pribadong abugado ~~kapag hinirang ng Korte Suprema~~, ang mga serbisyong iyon ay mapapailalim sa kontrata sa pagitan ng hinirang na abugado at ng sentro.

(g) Magbigay ng legal na payo o iba pang payo ~~o, kung wala, iba pang tulong~~ sa hinirang na abugado sa mga pagdinig ~~pagkatapos ng paghahatol~~ *sa habeas corpus* kapag naaangkop at kapag hindi ipinagbabawal ng batas.

(h) Gumawa ng maikling talaan ng mga pahayag at mga nauugnay na materyal tungkol sa mahahalaga at umuulit na isyu mula sa mga pagdinig ~~pagkatapos ng paghahatol~~ *sa habeas corpus* sa mga kaso ng parusang kamatayan at ipakita ang mga talaang iyon sa hinirang na abugado.

(i) Magsuri ng mga kaso at irekomenda ang pagtatalaga ng hukuman sa mga naaangkop na abugado.

(j) Magbigay ng tulong at subaybayan ang pag-usad ng kaso kung kinakailangan.

(k) Suriin kaagad ang mga batas hinggil sa kaso at magrekomenda ng kabayaran sa mga miyembro ng pribadong bar sa hukuman.

(*l*) Taun-taon, mag-uulat ang sentro *sa publiko,* sa Lehislatura, sa Gobernador, at sa Korte Suprema hinggil sa katayuan ng paghirang ng abugado para sa mahihirap na tao sa mga kaso hinggil sa parusang kamatayan ~~pagkatapos ng paghahatol~~ *sa habeas corpus*, at hinggil sa pagpapatakbo ng sentro. ~~Sa Enero 1, 2000 o bago ang petsang ito, susuriin ng Opisina ng Manunuri ng Lehislatura ang mga ulat.~~ *Ililista sa ulat ang lahat ng kaso kung saan nagbibigay ng representasyon ang sentro. Para sa bawat kaso na mahigit isang taon nang nakabinbin sa anumang hukuman, isasaad ng ulat ang dahilan ng pagkaantala at ang mga aksyon na ginagawa ng sentro upang makumpleto ang kaso.*

SEK. 15. Ang Seksiyon 68661.1 ay idinagdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang maging:

68661.1. (a) Maaaring kumatawan ang sentro para sa isang tao na hinatulan ng kamatayan na may pederal na petisyon para sa habeas corpus kung (1) hinirang ang sentro upang kumatawan para sa taong iyon sa habeas corpus ng estado, (2) hinirang ng pederal na hukuman ang sentro para sa bagay na iyon, at (3) napagdesisyunan ng tagapagpaganap na direktor na babayaran ng pederal na hukuman ang lahat ng gagastusin sa representasyon. Ang sentro o ang sinumang tao o entidad na nakakatanggap ng pondo ng estado ay hindi maaaring gumamit ng pondo ng estado upang labanan sa pederal na hukuman ang anumang desisyon ng isang hukuman ng California hinggil sa isang kaso ng parusang kamatayan, maliban na lang sa kaso na nirerepaso ng Korte Suprema, alinsunod sa Seksiyon 1257 ng Titulo 28 ng Kodigo ng Estados Unidos.

(b) Hindi awtorisado ang sentro na kumatawan para sa sinumang tao sa anumang kaso maliban sa habeas corpus na lumalaban sa desisyon o ginawa upang maantala o mapigilan ang pagpapatupad nito. Ang sentro ay hindi makikisangkot sa iba pang paghahabla o gagastos ng pondo sa anumang anyo ng pagtataguyod maliban sa mga bagay na malinaw na pinahintulutan ng seksiyong ito o ng Seksiyon 68661.

SEK. 16. Ang Seksiyon 68662 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang maging:

68662. Ang ~~Korte Suprema~~ *hukumang superyor na naghatol* ay mag-aalok na maghirang ng abugado upang kumatawan para sa ~~lahat~~ *isang* ~~ng preso~~ *preso* na hinatulan ng kamatayan sa mga pagdinig pagkatapos ng paghahatol ng estado, at magbibigay ng utos na naglalaman ng isa sa mga sumusunod:

(a) Ang paghirang ng isa o higit pang mga abugado upang kumatawan

66

para sa preso sa mga pagdinig ~~pagkatapos ng paghahatol~~ alinsunod *sa Seksiyon 1509 ng Kodigo Penal* kapag napag-alaman na mahirap ang preso at tinanggap niya ang alok na maghirang ng abugado o kapag wala syang kakayahan na magpasya kung tatanggapin o tatanggihan niya ang alok na iyon.

(b) Isang ipinasiya, pagkatapos ng isang pagdinig kung kinakailangan, na tinanggihan ng preso ang alok na maghirang ng abugado at ginawa niya ang pagpapasyang iyon kahit alam niya kung ano ang mga mangyayari dahil sa desisyong iyon.

(c) Ang pagtangging maghirang ng abugado kapag napag-alaman na hindi naman mahirap ang preso.

SEK. 17. Ang Seksiyon 68664 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang maging:

68664. (a) Ang sentro ay pamamahalaan ng isang tagapagpaganap na direktor na magiging responsable para sa pang-araw-araw na pagpapatakbo ng sentro.

(b) Ang tagapagpaganap na direktor ay pipiliin ng ~~lupon ng mga direktor na binubuo ng limang miyembro at kukumpirmahin ng Senado. Ang bawat Proyekto ng Paghahatol ay maghihirang ng isang miyembro ng lupon, na binubuo ng mga abugado. Gayunpaman, ang sinumang abugado na nagtatrabaho bilang hukom, tagausig, o sa pagpapatupad ng batas ay hindi karapat-dapat na maglingkod sa lupon~~ *Korte Suprema*. Ang tagapagpaganap na direktor ay maglilingkod para sa ~~lupon~~ *Korte Suprema*.

(c) ~~Ang bawat miyembro ng lupon ay hihirangin upang maglingkod sa loob ng apat na taon, at pupunan ang mga bakanteng puwesto alinsunod sa orihinal na paraan ng paghirang. Ang mga miyembro ng lupon ay hindi makakatanggap ng kabayaran, ngunit babayaran ang lahat ng gastusin na makatuwiran at kinakailangan para sa kanilang mga tungkulin. Hihirangin ang mga unang miyembro ng lupon bago sumapit ang Pebrero 1, 1998.~~ *Sisiguraduhin ng tagapagpaganap na direktor na ang lahat ng kaso kung saan nagbibigay ng representasyon ang sentro ay makukumpleto sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng mahusay na representasyon.*

(d) Dapat masapatan ng tagapagpaganap na direktor ang mga kuwalipikasyon sa paghirang ng Pampublikong Manananggol ng Estado alinsunod sa Seksiyon 15400.

(e) Matatanggap ng tagapagpaganap na direktor ang suweldo na itatakda para sa ~~tagapagpaganap na direktor~~ *Pampublikong Manananggol ng Estado* sa Kabanata 6 (simula sa Seksiyon 11550) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2. *Ang lahat ng iba pang abugado ng sentro ay bibigyan ng suweldo na kapantay ng bayad sa mga katulad na posisyon sa Opisina ng Pampublikong Manananggol ng Estado.*

SEK. 18. Ang Seksiyon 68665 ng Kodigo ng Pamahalaan ay sinusugan upang maging:

68665. *(a)* Ang Konsehong Panghukuman at ang Korte Sprema ay magpapatupad, ayon sa hatol ng hukuman, ng mga may-bisa at sapilitang pamantayan sa husay para sa paghirang ng abugado sa mga pagdinig ng direktang pag-apela at habeas corpus sa parusang kamatayan*, at susuriin nilang muli ang mga pamantayan kapag kinakailangan upang masiguradong masasapatan nila ang mga pamantayan sa subdibisyon (b).*

(b) Sa pagtatakda at muling pagsusuri sa mga pamantayan, isasaalang-alang ng Konsehong Panghukuman at ng Korte Suprema ang mga kuwalipikasyon na kinakailangan upang magkaroon ng mahusay na representasyon, ang pangangailangan na iwasang limitahan ang listahan ng mga kuwalipikadong abugado upang masigurado ang mabilis na paghirang, at ang mga pamantayan na kinakailangan upang maging kuwalipikado para sa Kabanata 154 ng Titulo 28 ng Kodigo ng Estados Unidos. Ang mga iniaatas sa karanasan ay hindi lang limitado sa karanasan sa depensa.

SEK. 19. Araw ng pagkakabisa. Maliban na lang kung partikular na nabanggit sa batas na ito, ang lahat ng seksiyon ng batas na ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos itong pagtibayin, at malalapat ito sa lahat ng pagdinig na gagawin sa araw ng pagkakabisa o pagkatapos nito.

SEK. 20. Mga Susog. Ang mga probisyon ayon sa batas ng batas na ito ay hindi susususgan ng Lehislatura, maliban na lang sa pamamagitan ng batas na pinagtibay sa bawat batasan sa pamamagitan ng pagboto na inilagay sa talaan, ng tatlong-kapat ng mga miyembro ng bawat batasan, o ng batas na magkakabisa lang kapag inaprubahan ng mga botante.

SEK. 21. Kakayahang Maibukod/Magkakasalungat na Panukala/Katayuan.

Kung ituturing na hindi wasto o labag sa saligang-batas ang anumang probisyon ng batas na ito, o anumang bahagi ng anumang probisyon, o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o anumang sitwasyon, hindi maaapektuhan ang mga natitirang probisyon at aplikasyon na maaaring magkabisa nang wala ang hindi wasto o labag sa saligang-batas na probisyon o aplikasyon, ngunit mananatiling may ganap na bisa, at maaaring ibukod ang mga probisyon ng batas na ito para dito.

Ginawa ang panukalang ito upang maging komprehensibo. Kagustuhan ng mga tao na kung sakaling lumabas sa balota sa halalan para sa buong estado ang panukalang ito o ang mga panukalang nauugnay sa paksa ng parusang kamatayan, ang mga probisyon ng iba pang panukala o mga panukala ay ituturing na sumasalungat sa panukalang ito. Kung sakaling makatanggap ng maraming boto na oo ang panukalang ito, mananaig nang buo ang mga probisyon ng panukalang ito, at hindi magkakaroon ng bisa ang lahat ng probisyon ng iba pang panukala o mga panukala.

Idinedeklara ng mga residente ng Estado ng California na ang may-panukala ng batas na ito ay may direkta at personal na kinalaman sa pagdepensa sa batas na ito, at binibigyan nila ng pormal na awtoridad ang may-panukala na depensahan ang batas na ito sa anumang legal na pagdinig, sa pamamagitan ng pakikialam sa nasabing legal na pagdinig, o sa pamamagitan ng pagdepensa sa batas sa ngalan ng mga tao at estado kung sakaling tumanggi ang estado na depensahan ang batas o apelahin ang isang hindi pabor na hatol laban sa batas. Kung sakaling dinedepensahan ng may-panukala ang batas na ito sa isang legal na pagdinig dahil tumanggi ang estado na depensahan ito o apelahin ang isang hindi pabor na hatol laban dito, gagawin ng may-panukala ang mga sumusunod: tumayo bilang ahente ng mga tao at ng estado; tuparin ang lahat ng etikal, legal, at pampananalaping tungkulin sa mga nasabing legal na pagdinig; magpahayag ng at mapailalim sa panunumpa sa katungkulan na iniaatas ng Seksiyon 3 ng Artikulo XX ng Saligang-batas ng California upang magkaroon ng limitadong kakayahan na kumilos sa ngalan ng mga tao at ng estado sa nasabing legal na pagdinig; at maging karapat-dapat na makatanggap ng kabayaran para sa mga makatuwirang legal na bayarin at nauugnay na gastos mula sa estado.

PROPOSISYON 67

Ang batas na ito na iminungkahi ng Panukalang-batas ng Senado 270 ng Regular na Sesyon ng 2013–2014 (Kabanata 850, Mga Batas ng 2014) ay iniharap sa mga tao bilang isang reperendum alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 9 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Mga Pampublikong Tagapagdulot; dahil dito, ang mga bagong tadhana na iminumungkahing idagdag ay naka-print sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Ang Kabanata 5.3 (nagsisimula sa Seksiyon 42280) ay idinaragdag sa Bahagi 3 ng Dibisyon 30 ng Kodigo sa Mga Pampublikong Tagapagdulot, kung saan mababasa ang:

Kabanata 5.3. Mga Pang-isahang Gamit na Bag sa Pamimili

Artikulo 1. Mga Pagpapakahulugan

42280. (a) Ang "kagawaran" ay tumutukoy sa Kagawaran ng Muling Paggamit at Pagpapanumbalik ng Mga Tagapagdulot.

(b) Ang "muling ginamit na postconsumer na materyal" ay tumutukoy sa

isang materyal na dapat sana ay dadalhin na sa pagtatapon ng solidong basura, dahil nagamit na ito sa nilalayong paggagamitan nito at nakumpleto na ang cycle ng buhay ng produkto. Hindi kabilang sa muling ginamit na postconsumer na materyal ang mga materyal at byproduct na nakuha mula sa, at karaniwang muling ginagamit sa loob ng, orihinal na proseso ng pagyari at paggawa.

(c) Ang "muling ginamit na papel na bag" ay tumutukoy sa papel na bag sa pamimili na ipinagkakaloob ng isang tindahan sa isang customer sa punto ng pagbebenta na nakakatugon sa lahat ng sumusunod na iniaatas:

(1) (A) Maliban kung ipinagkaloob sa subparagraph (B), nagtataglay ng hindi bababa sa 40 porsiyento ng mga muling ginamit na postconsumer na materyal.

(B) Ang walong libra o mas maliit na muling ginamit na papel na bag ay dapat magtaglay ng hindi bababa sa 20 porsiyento ng muling ginamit na postconsumer na materyal.

(2) Tinatanggap para sa muling paggamit sa mga curbside na programa sa karamihan ng mga sambahayan na may access sa mga curbside na programa ng muling paggamit sa estado.

(3) Naka-print sa bag ang pangalan ng tagapagyari, ang bansa kung saan niyari ang bag, at ang pinakamababang porsiyento ng nilalamang postconsumer.

(d) Ang "reusable na grocery bag" ay tumutukoy sa bag na ipinagkakaloob ng isang tindahan sa isang customer sa punto ng pagbebenta na nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(e) (1) Ang "prodyuser ng reusable na grocery bag" ay tumutukoy sa isang tao o entidad na nagsasagawa ng alinman sa mga sumusunod:

(A) Nagyayari ng mga reusable na grocery bag para sa pagbebenta o pamamahagi sa isang tindahan.

(B) Nag-aangkat ng mga reusable na grocery bag sa estadong ito, para sa pagbebenta o pamamahagi sa isang tindahan.

(C) Nagbebenta o namamahagi ng mga reusable na bag sa isang tindahan.

(2) Hindi kasama sa "prodyuser ng reusable na grocery bag" ang isang tindahan, kaugnay ng reusable na grocery bag kung saan mayroong tagapagyari o tagapag-angkat, gaya ng tinukoy sa subparagraph (A) o (B) ng talataan (1).

(f) (1) Ang "pang-isahang gamit na bag sa pamimili" ay tumutukoy sa bag na gawa sa plastic, papel, o iba pang materyal na ipinagkakaloob ng isang tindahan sa isang customer sa punto ng pagbebenta at hindi isang muling ginamit na papel na bag o isang reusable na grocery bag na nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(2) Hindi kabilang sa pang-isahang gamit na bag sa pamimili ang alinman sa mga sumuusnod:

(A) Isang bag na ibinigay ng parmasya alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksiyon 4000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon sa isang customer na bumibili ng inireresetang gamot.

(B) Isang walang hawakang bag na ginagamit upang protektahan ang isang biniling bagay upang hindi makasira o maka-contaminate ng iba pang mga biniling bagay kapag inilagay sa isang muling ginamit na papel na bag, isang reusable na grocery bag, o isang plastic bag na maaaring mabulok.

(C) Isang bag na ipinagkaloob upang maglaman ng walang balot na pagkain.

(D) Isang walang hawakang bag na dinisenyo upang ipantakip sa mga damit na nakalagay sa isang hanger.

(g) Ang "tindahan" ay tumutukoy sa isang establisamyento ng pagtitingi na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na iniaatas:

(1) Isang kumpletong self-service na tindahan ng pagtitingi na may kabuuang taunang benta na dalawang milyong dolyar ($2,000,000) o higit pa na nagbebenta ng isang linya ng mga dry grocery, de-lata, o bagay na hindi pagkain, at ilang bagay na madaling masira.

(2) Mayroong hindi bababa sa 10,000 kuwadradong talampakan ng espasyo ng pagtitingi na nakakapagbigay ng buwis sa pagbebenta at paggamit alinsunod sa Batas Bradley-Burns Ukol sa Magkaparehong Buwis sa Lokal na Pagbebenta at Paggamit (Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksiyon 7200) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis) at may lisensiyadong parmasya alinsunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksiyon 4000) ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Negosyo at Mga Propesyon.

(3) Isang convenience food store, foodmart, o iba pang entidad na nakikilahok sa pagbebenta nang tingi ng limitadong linya ng mga produkto, na sa pangkalahatan ay kinabibilangan ng gatas, tinapay, softdrink, at mga meryenda, at may hawak na Kategorya 20 o Kategorya 21 na lisensiya na inisyu ng Kagawaran ng Pagkontrol ng Inuming May Alak.

(4) Isang convenience food store, foodmart, o iba pang entidad na nakikilahok sa pagbebenta nang tingi ng mga produktong nilalayong gamitin o kainin sa labas ng mga gusali, at mayroong Kategorya 20 o Kategorya 21 na lisensiya na inisyu ng Kagawaran ng Pagkontrol ng Inuming May Alak.

(5) Hindi ito napapailalim sa talataan (1), (2), (3), o (4), kung boluntaryong sumang-ayon ang establisamyento ng pagtitingi na sumunod sa mga iniaatas na ipinapataw sa isang tindahan alinsunod sa kabanatang ito, nagpaabot ng hindi na mababawing paunawa sa kagawaran tungkol sa intensyon nitong sumunod sa mga iniaatas na ipinapataw sa isang tindahan alinsunod sa kabanatang ito, at sumusunod sa mga iniaatas na itinakda alinsunod sa Seksiyon 42284.

Artikulo 2. Mga Reusable na Grocery Bag

42281. (a) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay maaari lang magbenta o mamahagi ng reusable na grocery bag sa isang customer sa punto ng pagbebenta kung ang reusable na bag ay ginawa ng isang prodyuser na sertipikado alinsunod sa artikulong ito na nakakatugon sa lahat ng sumusunod na iniaatas:

(1) May hawakan at dinisenyo para sa hindi bababa sa 125 paggamit, ayon sa binanggit sa artikulong ito.

(2) May kakayahang maglaman ng hindi bababa sa 15 litro.

(3) Maaaring labhan sa makina o gawa sa materyal na maaaring linisin at alisan ng mikrobyo.

(4) Naka-print sa bag, o sa tiketang nakakabit sa bag na hindi nilalayong alisin, at sa paraang nakikita ng mamimili, ang lahat ng sumusunod na impormasyon:

(A) Ang pangalan ng tagapagyari.

(B) Ang bansa kung saan niyari ang bag.

(C) Isang pahayag na ang bag ay isang reusable na bag at dinisenyo para sa hindi bababa sa 125 paggamit.

(D) Kung ang bag ay karapat-dapat na muling gamitin sa estado, ang mga tagubilin na ibalik ang bag sa tindahan para sa muling paggamit o sa iba pang naaangkop na lokasyon ng muling paggamit. Kung muling magagamit sa estado, dapat makita sa bag ang simbolo ng muling paggamit na mga chasing arrow o ang terminong "maaaring muling gamitin," na naaayon sa mga patnubay ng Pederal na Komisyon ng Hanapbuhay sa paggamit ng terminong iyon, ayon sa naisapanahon.

(5) Hindi nagtataglay ng lead, cadmium, o anumang iba pang nakakalasong materyal na maaaring magdulot ng banta sa pampublikong kalusugan. Maaaring maipakita ng isang tagapagyari ng reusable na bag ang pagsunod sa iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagkuha ng liham na walang pagtutol mula sa pederal na Pangangasiwa ng Pagkain at Gamot. Ang iniaatas na ito ay hindi dapat makaapekto sa anumang awtoridad ng Kagawaran ng Pagkontrol ng Mga Nakakalasong Substance alinsunod sa Artikulo 14 (nagsisimula sa Seksiyon 25251) ng Kabanata 6.5 ng Dibisyon 20 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan at, sa kabila ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 25257.1 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, hindi dapat ituring ang reusable na grocery bag bilang isang kategorya ng produkto na kinokontrol na o napapailalim sa

67

regulasyon.

(6) Sumusunod sa Seksiyon 260.12 ng Bahagi 260 ng Titulo 16 ng Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon na nauugnay sa mga paghahabol na maaaring muling gamitin kung sinabi ng prodyuser ng reusable na grocery bag na maaaring muling gamitin ang reusable na grocery bag.

(b) (1) Bilang karagdagan sa mga iniaatas sa subdibisyon (a), dapat matugunan ng isang reusable na grocery bag na gawa sa plastic film ang lahat ng sumusunod na iniaatas:

(A) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2016, dapat ay gawa ito sa hindi bababa sa 20 porsiyento ng muling ginamit na postconsumer na materyal.

(B) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2020, dapat ay gawa ito sa hindi bababa sa 40 porsiyento ng muling ginamit na postconsumer na materyal.

(C) Dapat ay maaari itong muling gamitin sa estadong ito, at tatanggapin kung ibabalik sa mga tindahang napapailalim sa programa ng muling paggamit sa tindahan (Kabanata 5.1 (nagsisimula sa Seksiyon 42250)) para sa muling paggamit.

(D) Dapat itong magkaroon, bilang karagdagan sa impormasyong iniaatas na i-print sa bag o sa tiketa, alinsunod sa talataan (4) ng subdibisyon (a), isang pahayag na bahagya o ganap na gawa ang bag mula sa muling ginamit na postconsumer na materyal at ipinapahayag ang porsiyento ng nilalamang muling ginamit na postconsumer na materyal, kung naaangkop.

(E) Dapat ay makakabitbit ito ng 22 libra sa distansiya na 175 talampakan para sa hindi bababa sa 125 paggamit at dapat ay hindi bababa sa 2.25 mils ang kapal, na sinukat alinsunod sa Pamantayan ng Samahan ng Pagsusuri at Mga Materyales ng Amerikano (American Society of Testing and Materials o ASTM) D6988-13.

(2) Ang isang reusable na grocery bag na gawa sa plastic film na nakakatugon sa mga espesipikasyon ng Internasyonal na Pamantayang Espesipikasyon para sa Mga Plastic na Maaaring Mabulok D6400 ng Samahan ng Pagsusuri at Mga Materyales ng Amerikano (ASTM), ayon sa naisapanahon, ay hindi inaatasang tugunan ang mga iniaatas ng subparagraph (A) o (B) ng talataan (1), ngunit dapat itong lagyan ng label alinsunod sa naaangkop na batas ng estado patungkol sa mga plastic na maaaring mabulok.

(c) Bilang karagdagan sa mga iniaatas ng subdibisyon (a), ang isang reusable na grocery bag na hindi gawa sa plastic film at na gawa sa anumang iba pang natural o synthetic na tela, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, woven o nonwoven na nylon, polypropylene, polyethylene-terephthalate, o Tyvek, ay dapat makatugon sa lahat ng sumusunod:

(1) Dapat ay nakatahi ito.

(2) Dapat ay makakabitbit ito ng 22 libra sa distansiya na 175 talampakan para sa hindi bababa sa 125 paggamit.

(3) Dapat ay hindi bababa sa 80 gramo sa bawat kuwadradong metro ang minimum na timbang ng tela.

(d) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2016, ang isang tindahan ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (3), (4), o (5) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay dapat sumunod sa mga iniaatas ng seksiyong ito.

42281.5. Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang prodyuser ng mga reusable na grocery bag na gawa sa plastic film ay hindi dapat magbenta o mamahagi ng reusable na grocery bag sa estadong ito maliban kung ang prodyuser ay sertipikado ng isang ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon alinsunod sa Seksiyon 42282. Ang prodyuser ay dapat magkaloob ng katibayan ng sertipikasyon sa kagawaran na nagpapakita na sumusunod sa mga tadhana ng artikulong ito ang mga reusable na grocery bag na ginawa ng prodyuser. Kasama dapat sa katibayan ng sertipikasyon ang lahat ng sumusunod:

(a) Mga pangalan, lokasyon, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng pinagmumulan ng muling ginamit na postconsumer na materyal at mga supplier ng muling ginamit na postconsumer na materyal.

(b) Dami at mga petsa ng mga pagbili ng muling ginamit na postconsumer na materyal ng prodyuser ng reusable na grocery bag.

(c) Paano nakuha ang muling ginamit na postconsumer na materyal.

(d) Impormasyong nagpapakita na ang muling ginamit na postconsumer na materyal ay nilinis gamit ang naaangkop na kagamitan.

42282. (a) Simula sa o bago ang Hulyo 1, 2015, ang kagawaran ay dapat tumanggap mula sa isang prodyuser ng reusable na grocery bag ng katibayan ng sertipikasyon na isinagawa ng isang ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon, na isinumite sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag, para sa bawat uri ng reusable na grocery bag na niyari, inangkat, ibinenta, o ipinamahagi sa estado at ibinigay sa isang tindahan para sa pagbebenta o pamamahagi, sa punto ng pagbebenta, na nakakatugon sa lahat ng naaangkop na iniaatas ng artikulong ito. Ang katibayan ng sertipikasyon ay dapat may kasamang bayad para sa sertipikasyon, na itinakda alinsunod sa Seksiyon 42282.1.

(b) Ang prodyuser ng reusable na grocery bag ay dapat muling magsumite sa kagawaran ng katibayan ng sertipikasyon ayon sa inilalarawan sa subdibisyon (a) bawat dalawang taon. Ang prodyuser ng reusable na grocery bag ay dapat magkaloob sa kagawaran ng naisapanahong katibayan ng sertipikasyon na isinagawa ng ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon kung nagsagawa ng anumang pagbabago na hindi ganap na nauugnay sa estetiko sa isang reusable bag na dating nabigyan ng sertipikasyon. Ang hindi pagsunod sa subdibisyong ito ay magreresulta sa pag-aalis ng nauugnay na impormasyon na naka-post sa Web site sa Internet ng kagawaran alinsunod sa mga talataan (1) at (2) ng subdibisyon (e) para sa bawat reusable na bag na walang naisapanahong katibayan ng sertipikasyon na isinagawa ng isang ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon.

(c) Ang ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon ay kinakailangang isang independiyente at naka-accredit (ISO/IEC 17025) na laboratoryo. Dapat patunayan ng isang ikatlong partidong entidad ng sertipikasyon na natutugunan ng mga reusable na grocery bag ng prodyuser ang mga iniaatas ng Seksiyon 44281.

(d) Kinakailangang magkaloob ang kagawaran ng isang sistema upang makatanggap ng mga katibayan ng sertipikasyon online.

(e) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, dapat maglathala ang kagawaran ng isang listahan sa Web site nito sa Internet na kinabibilangan ng lahat ng sumusunod:

(1) Ang pangalan, lokasyon, at naaangkop na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga sertipikadong prodyuser ng reusable na grocery bag.

(2) Ang mga reusable na grocery bag ng mga prodyuser na nagkaloob ng iniaatas na sertipikasyon.

(f) Ang isang prodyuser ng reusable na grocery bag ay dapat magsumite ng mga naaangkop na sertipikadong resulta ng pagsusuri sa kagawaran na nagkukumpirma na natutugunan ng mga reusable na grocery bag ang mga iniaatas ng artikulong ito para sa bawat uri ng reusable na grocery bag na niyari, inangkat, ibinenta, o ipinamahagi sa estado at ibinigay sa isang tindahan para sa pagbebenta o pamamahagi.

(1) Maaaring tutulan ng isang tao ang sertipikasyon ng isang prodyuser ng reusable na grocery bag alinsunod sa seksiyong ito sa pamamagitan ng paghahain ng pagkilos para sa pagsusuri sa sertipikasyong iyon sa hukumang superyor ng isang county na may hurisdiksiyon sa prodyuser ng reusable na grocery bag. Ang hukuman ang dapat na magpasiya kung ang prodyuser ng reusable na grocery bag ay sumusunod sa mga iniaatas ng artikulong ito.

(2) Ang prodyuser ng reusable na grocery bag na mayroong sertipikasyong tinututulan alinsunod sa talataan (1) ay dapat na ituring na sumusunod sa artikulong ito habang nakabinbin ang pagpapasiya ng hukuman.

(3) Batay sa pagpapasiya nito, dapat utusan ng hukuman ang kagawaran na alisin ang prodyuser ng reusable na grocery bag sa, o panatilihin ang prodyuser ng reusable na grocery bag sa, listahan nito na nakalathala alinsunod sa subdibisyon (e).

(4) Kung inutusan ng hukuman ang kagawaran na alisin ang isang prodyuser ng reusable na grocery bag sa nakalathalang listahan nito, dapat ay

manatiling wala ang prodyuser ng reusable na grocery bag sa nakalathalang listahan sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagpapasiya ng hukuman.

42282.1. (a) Dapat magsumite ang prodyuser ng reusable na grocery bag ng bayad na itinakda alinsunod sa subdibisyon (b) sa kagawaran kapag nagkakaloob ng katibayan ng sertipikasyon o muling sertipikasyon alinsunod sa mga Seksiyon 42281.5 at 42282.

(b) Ang kagawaran ay dapat magtakda ng iskedyul ng bayad sa pampangasiwaang sertipikasyon na makapagbibigay ng mga kita sa bayad na sapat upang masaklawan ang, ngunit hindi lalampas sa, mga makatwirang gastos ng kagawaran upang maipatupad ang artikulong ito. Dapat ideposito ng kagawaran ang lahat ng perang isinumite alinsunod sa seksiyong ito sa Pondo sa Reusable na Grocery Bag, na itinatakda ngayon ng Tesorerya ng Estado. Sa kabila ng Seksiyon 11340 ng Kodigo ng Pamahalaan, patuloy na ilalaan ang mga pera sa pondo, nang hindi isinasaalang-alang ang taon ng pananalapi, sa kagawaran para sa layunin ng pagpapatupad ng artikulong ito.

Artikulo 3. Mga Pang-isahang Gamit na Bag sa Pamimili

42283. (a) Maliban kung ipinagkaloob sa subdibisyon (e), sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay hindi dapat magkaloob ng pang-isahang gamit na bag sa pamimili sa isang customer sa punto ng pagbebenta.

(b) (1) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay hindi dapat magbenta o mamahagi ng reusable na grocery bag sa punto ng pagbebenta maliban kung ipinagkaloob sa subdibisyong ito.

(2) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay maaaring gawing available para sa pagbili sa punto ng pagbebenta ang isang reusable na grocery bag na nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(3) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, na ginagawang available para sa pagbili ang mga reusable na grocery bag alinsunod sa talataan (2) ay hindi dapat ibenta ang reusable na grocery bag nang mas mura sa sampung sentimo ($0.10) upang matiyak na ang gastos sa pagkakaloob ng reusable na grocery bag ay hindi tinutustusan ng isang customer na hindi nag-aatas ng ganoong bag.

(c) (1) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay hindi dapat magbenta o mamahagi ng muling ginamit na papel na bag maliban kung ipinagkaloob sa subdibisyong ito.

(2) Ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay maaaring gawing available para sa pagbili ang isang muling ginamit na papel na bag. Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang tindahan ay hindi dapat magbenta ng muling ginamit na papel na bag nang mas mura sa sampung sentimo ($0.10) upang matiyak na ang gastos sa pagkakaloob ng muling ginamit na papel na bag ay hindi tinutustusan ng isang customer na hindi nag-aatas ng ganoong bag.

(d) Sa kabila ng anumang iba pang batas, sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, na ginagawang available para sa pagbili ang mga reusable na grocery bag o muling ginamit na papel na bag sa punto ng pagbebenta ay dapat magkaloob ng reusable na grocery bag o muling ginamit na papel na bag nang walang bayad sa punto ng pagbebenta sa isang customer na gumagamit ng kard ng pagbabayad o voucher na inisyu ng Espesyal na Programa ng Pandagdag na Pagkain ng California para sa Mga Babae, Sanggol, at Bata alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 123275) ng Kabanata 1 ng Bahagi 2 ng Dibisyon 106 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o ng isang electronic na kard ng paglilipat ng benepisyo na inisyu alinsunod sa Seksiyon 10072 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(e) Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2015, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay maaaring mamahagi ng bag na maaaring mabulok sa punto ng pagbebenta, kung ang bag na maaaring mabulok ay ipagkakaloob sa mamimili sa halagang tinukoy alinsunod sa talataan (2), natutugunan ng bag na maaaring mabulok, bilang minimum, ang Internasyonal na Pamantayang Espesipikasyon para sa Mga Plastic na Maaaring Mabulok D6400 ng Samahan ng Pagsusuri at Mga Materyales ng Amerikano (ASTM), ayon sa naipanahon, at sa hurisdiksiyon kung saan ibinebenta ang bag na maaaring mabulok at sa hurisdiksiyon kung saan matatagpuan ang tindahan, natutugunan ang mga sumusunod na iniaatas:

(1) Malaking bilang ng mga sambahayang pantahan sa hurisdiksiyon ay may access sa pagkolekta ng tira-tirang pagkain mula sa bangketa para sa paggawa ng pataba sa pamamagitan ng pagpapabulok (composting).

(2) Bumoto ang namamahalang awtoridad para sa hurisdiksiyon na payagan ang mga tindahan sa hurisdiksiyon na magbenta sa mga mamimili sa punto ng pagbebenta ng bag na maaaring mabulok sa halagang hindi bababa sa aktwal na halaga ng bag, na kung saan napag-alaman ng Lehislatura na hindi bababa sa sampung sentimos ($0.10) sa bawat bag.

(f) Ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay hindi dapat atasan ang isang customer na gumamit, bumili, o tumanggap ng pang-isahang gamit na bag sa pamimili, muling ginamit na papel na bag, bag na maaaring mabulok, o reusable na grocery bag bilang kondisyon ng pagbebenta ng alinmang produkto.

42283.5. Sa at pagkatapos ng Hulyo 1, 2016, ang isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (3), (4), o (5) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay dapat sumunod sa mga parehong iniaatas ng Seksiyon 42283 na ipinapataw sa isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280.

42283.6. (a) Ang opereytor ng isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa talataan (1) o (2) ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280 na ginagawang available ang muling ginamit na papel o mga reusable na grocery bag sa punto ng pagbebenta, ay dapat mapailalim sa mga tadhana ng programa ng muling paggamit sa tindahan (Kabanata 5.1 (nagsisimula sa Seksiyon 42250)).

(b) Ang isang tindahan na boluntaryong sumang-ayon na susunod sa mga tadhana ng artikulong ito alinsunod sa subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ay dapat ring sumunod sa mga tadhana ng programa ng muling paggamit sa tindahan (Kabanata 5.1 (nagsisimula sa Seksiyon 42250)).

42283.7. Ang lahat ng perang nakolekta alinsunod sa artikulong ito ay dapat itabi ng tindahan at maaari lang gamitin para sa mga sumusunod na layunin:

(a) Mga gastos na nauugnay sa pagsunod sa mga iniaatas ng artikulong ito.

(b) Mga aktwal na gastos sa pagkakaloob ng mga muling ginamit na papel na bag o reusable na grocery bag.

(c) Mga gastos na nauugnay sa mga pang-edukasyong materyal or pang-edukasyong kampanya ng tindahan na hinihikayat ang paggamit ng mga reusable na grocery bag.

42284. (a) Ang establisamyento ng pagtitingi na hindi partikular na inatasan na sumunod sa mga iniaatas ng kabanatang ito ay hinihikayat na bawasan ang pagbabahagi nito ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili.

(b) Alinsunod sa mga tadhana ng subdibisyon (g) ng Seksiyon 42280, ang anumang establisamyento ng pagtitingi na hindi isang "tindahan," na nagkaloob sa kagawaran ng hindi na mababawing nakasulat na paunawa gaya ng tinukoy sa subdibisyon (c), ay dapat kontrolin bilang isang "tindahan" para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(c) Ang hindi na mababawing nakasulat na paunawa ay dapat lagyan ng

petsa at lagdaan ng isang awtorisadong kinatawan ng establisamyento ng pagtitingi, at dapat magtaglay ng pangalan at pisikal na direksiyon ng lahat ng lokasyon ng pagtitingi na sinasaklaw ng paunawa. Dapat kumpirmahin ng kagawaran ang pagtanggap sa paunawa sa pamamagitan ng sulat at dapat tukuyin ang petsa kung kailan kokontrolin ang establisamyento ng pagtitingi bilang isang "tindahan," na hindi dapat mas maaga sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng pagkumpirma ng kagawaran. Dapat i-post ng kagawaran sa Web site nito sa Internet, nang nakaayos ayon sa county, ang pangalan at pisikal na lokasyon o mga lokasyon ng bawat establisamyento ng pagtitingi na napiling kontrolin bilang isang "tindahan."

Artikulo 4. Pagpapatupad

42285. (a) Maaaring magpataw ang isang lunsod, county, lunsod at county, o ang estado ng pananagutang sibil sa isang tao o entidad na sadyang lumabag sa kabanatang ito, o makatwirang dapat na nakakaalam na lumabag ito sa kabanatang ito, sa halagang isang libong dolyar ($1,000) bawat araw para sa unang paglabag sa kabanatang ito, dalawang libong dolyar ($2,000) bawat araw para sa pangalawang paglabag, at limang libong dolyar ($5,000) bawat araw para sa pangatlo at mga kasunod na paglabag.

(b) Ang anumang mga multang sibil na nakolekta alinsunod sa subdibisyon (a) ay dapat ibigay sa opisina ng abugado ng lunsod, tagausig ng lunsod, abogado ng distrito, o Pangkalahatang Abogado, anumang opisina ang nagsagawa ng pagkilos. Ang mga multang nakolekta alinsunod sa seksiyong ito ng Pangkalahatang Abogado ay maaaring gastusin ng Pangkalahatang Abogado, kung inilaan ng Lehislatura, upang ipatupad ang kabanatang ito.

Artikulo 5. Pag-preempt

42287. (a) Maliban kung ipinagkaloob sa subdibisyon (c), ang kabanatang ito ay pambuong-estadong interes at alalahanin at nalalapat sa kabuuan ng estado. Kaugnay nito, nasasaklawan ng kabanatang ito ang buong aspeto ng regulasyon ng mga reusable na grocery bag, mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili, at muling ginamit na papel na bag, ayon sa pagpapakahulugan sa kabanatang ito, na ipinagkakaloob ng isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa kabanatang ito.

(b) Sa at pagkatapos ng Enero 1, 2015, ang isang lunsod, county, o iba pang lokal na pampublikong ahensiya ay hindi dapat magpatupad, o magsakatuparan, ng isang ordinansa, resolusyon, regulasyon, o tuntunin, o anumang susog dito, na pinagtibay noong o pagkatapos ng Setyembre 1, 2014, na nauugnay sa mga reusable na grocery bag, pang-isahang gamit na bag sa pamimili, o muling ginagamit na papel na bag, sa isang tindahan, ayon sa pagpapakahulugan sa kabanatang ito, maliban kung hayagang pinahintulutan ng kabanatang ito.

(c) (1) Ang isang lunsod, county, o iba pang lokal na pampublikong ahensiya na nagpatibay, bago ang Setyembre 1, 2014, ng isang ordinansa, resolusyon, regulasyon, o tuntuning nauugnay sa mga reusable na grocery bag, pang-isahang gamit na bag sa pamimili, o muling ginamit na papel na bag ay maaaring ipagpatuloy ang pagpapatupad sa ordinansa, resolusyon, regulasyon, o tuntuning iyon na nagkabisa bago ang petsang iyon. Ang anumang mga susog sa ordinansa, resolusyon, regulasyon, o tuntuning iyon sa o pagkatapos ng Enero 1, 2015, ay dapat mapailalim sa subdibisyon (b), maliban kung ang lunsod, county, o iba pang lokal na pampublikong ahensiya ay maaaring magpatibay o magsusog ng isang ordinansa, resolusyon, regulasyon, o tuntunin upang dagdagan ang halagang dapat singilin ng isang tindahan ukol sa muling ginamit na papel na bag, bag na maaaring mabulok, o reusable na grocery bag sa halagang hindi mas bababa sa halagang tinukoy sa Seksiyon 42283.

(2) Ang isang lunsod, county, o iba pang lokal na pampublikong ahensiya na hindi sinasaklaw ng talataan (1) na, bago ang Setyembre 1, 2014, nagpasa ng unang pagbasa ng isang ordinansa o resolusyon na nagpapahayag ng intensyong ipagbawal ang mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili at, bago ang Enero 1, 2015, nagpatibay ng isang ordinansa upang ipagbawal ang mga pang-isahang gamit na bag sa pamimili, ay maaaring ipagpatuloy ang pagpapatupad sa ordinansa na nagkabisa bago ang Enero 1, 2015.

Artikulo 6. Mga Tadhana sa Pananalapi

42288.

[Ang subdibisyon (a) ng seksiyong ito ay hindi sasailalim sa reperendum]

(b) Maaaring gastusin ng kagawaran, kung may mga aplikanteng karapat-dapat sa pagpopondo mula sa Subaccount ng Revolving na Pautang para sa Pagpapaunlad ng Pamilihan ng Muling Paggamit, ang mga pondong inilaan alinsunod sa seksiyong ito upang magbigay ng mga pautang para sa mga sumusunod:

(1) Pagbuo at pag-convert ng mga makinarya at pasilidad para sa pagyari ng mga pang-isahang gamit na plastic na bag sa pamimili patungo sa mga makinarya at pasilidad para sa pagyari ng mga matibay na reusable na grocery bag na, bilang minimum, ay nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(2) Pagbuo ng kagamitan para sa pagyari ng mga reusable na grocery bag, na, bilang minimum, ay nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(c) Ang tatanggap ng pautang na pinahintulutan ng seksiyong ito ay dapat sumang-ayon na, bilang kondisyon ng pagtanggap sa pautang, papanatilihin at muling sasanayin ang mga kasalukuyang empleyado para sa pagyari ng mga reusable na grocery bag na, bilang minimum, ay nakakatugon sa mga iniaatas ng Seksiyon 42281.

(d) Ang anumang mga perang inilaan alinsunod sa seksiyong ito na hindi nagastos sa pagtatapos ng taon ng pananalapi 2015–16 ay dapat ibalik sa Subaccount ng Revolving na Pautang para sa Pagpapaunlad ng Pamilihan ng Muling Paggamit para sa paggastos alinsunod sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksiyon 42010) ng Kabanata 1.

(e) Ang mga aplikante para sa pagpopondo sa ilalim ng seksiyong ito ay maaari ding mag-apply para sa pagpopondo o mga benepisyo mula sa iba pang mga programa ng pagpapaunlad sa ekonomiya kung saan maaaring karapat-dapat sila, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

(1) Kredito sa buwis sa kita, ayon sa inilalarawan sa mga Seksiyon 17059.2 at 23689 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

(2) Pagkalibre sa buwis alinsunod sa Seksiyon 6377.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

SEK. 2. Hindi lalampas sa Marso 1, 2018, ang kagawaran, bilang bahagi ng iniaatas nito sa pag-uulat alinsunod sa Seksiyon 40507 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot, ay kinakailangang magkaloob ng ulat sa katayuan tungkol sa pagpapatupad ng Kabanata 5.3 (nagsisimula sa Seksiyon 42280) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 30 ng Kodigo sa mga Pampublikong Tagapagdulot.

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

TANDAANG BUMOTO!

Ang mga botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan!

OKTUBRE

Li	Lu	Ma	Mi	H	B	S
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

Ika-10 ng Oktubre, 2016

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Ika-24 ng Oktubre, 2016

Huling araw upang magparehistro para makaboto.

NOBYEMBRE

Li	Lu	Ma	Mi	H	B	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

Ika-1 ng Nobyembre, 2016

Huling araw na tatanggap ang mga opisyal sa halalan ng county ng anumang aplikasyon ng botante para sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ika-8 ng Nobyembre, 2016

Araw ng Halalan!

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

CALIFORNIA

PANGKALAHATANG HALALAN

I-text ang Vote sa GOVOTE (468683) upang mahanap ang lokasyon ng iyong lugar ng botohan.

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Martes, Ika-8 ng Nobyembre, 2016
Tandaang Bumoto!
Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ika-10 ng Oktubre
Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Ika-24 ng Oktubre
Huling araw upang magparehistro para makaboto.

Ika-1 ng Nobyembre
Huling araw na tatanggap ang mga opisyal sa mga halalan ng county ng anumang aplikasyon ng botante para sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa alinman ng mga sumusunod na wika, mangyaring tumawag sa:

English: (800) 345-VOTE (8683)
TDD: (800) 833-8683
Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)
★ 中文**/Chinese:** (800) 339-2857
हिन्दी**/Hindi:** (888) 345-2692
日本語**/Japanese:** (800) 339-2865
ខ្មែរ**/Khmer:** (888) 345-4917
한 국 어**/Korean:** (866) 575-1558
Tagalog: (800) 339-2957
ภาษาไทย**/Thai:** (855) 345-3933
Việt ngữ**/Vietnamese:** (800) 339-8163

Sa isang pagsisikap na bawasan ang mga gastos sa halalan, ang Lehislatura ng Estado ay nagpahintulot sa Estado at mga county na magpakoreo ng isa lamang patnubay sa mga tirahan kung saan higit sa isang botante na naninirahan ay nagtataglay na iisang apelyido. Maaari kang kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal sa mga halalan ng iyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 16 140507